# Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan

## Joseph Smith



MGA TURO NG MGA PANGULO NG SIMBAHAN

# JOSEPH SMITH

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Salt Lake City, Utah

Ang inyong mga puna at mungkahi tungkol sa aklat na ito ay lubos na pasasalamatan. Mangyaring ipadala ang mga ito sa Curriculum Development, 50 East North Temple Street, Room 2420, Salt Lake City, UT 84150-3220 USA. E-mail: cur-development@ldschurch.org

Isulat lamang ang inyong pangalan, tirahan, ward, at stake. Tiyaking ibigay ang pamagat ng aklat. Pagkatapos ay ibigay ang inyong mga puna at mungkahi tungkol sa mga kahusayan ng aklat at mga puntong maaari pang pagandahin.

© 2007 ng Intellectual Reserve, Inc.
Lahat ng karapatan ay nakalaan
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika

Pagsang-ayon sa Ingles: 8/00
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 8/00
Pagsasalin ng *Teachings of Presidents of the Church: Joseph Smith*
Tagalog

# Mga Nilalaman


| Pamagat | Pahina |
|---|---|
| Panimula | vii |
| Buod ng Kasaysayan | xv |
| Ang Buhay at Ministeryo ni Joseph Smith | 1 |
| 1 Ang Unang Pangitain: Nagpakita ang Ama at ang Anak kay Joseph Smith | 31 |
| 2 Diyos Amang Walang Hanggan | 43 |
| 3 Jesucristo, ang Banal na Manunubos ng Daigdig | 53 |
| 4 Ang Aklat ni Mormon: Saligang Bato ng Ating Relihiyon | 67 |
| 5 Pagsisisi | 81 |
| 6 Ang Misyon ni Juan Bautista | 91 |
| 7 Binyag at ang Kaloob na Espiritu Santo | 103 |
| 8 Ang Walang Hanggang Priesthood | 119 |
| 9 Mga Kaloob ng Espiritu | 133 |
| 10 Panalangin at Personal na Paghahayag | 145 |
| 11 Ang Organisasyon at Tadhana ng Tunay at Buhay na Simbahan | 157 |
| 12 Magpahayag ng Mabubuting Balita sa Buong Mundo | 173 |
| 13 Pagsunod: "Kapag Inutos ng Panginoon, Gawin Ito" | 185 |
| 14 Mga Salita ng Pag-asa at Kaaliwan sa Oras ng Kamatayan | 199 |
| 15 Pagtatatag ng Kapakanan ng Sion | 211 |
| 16 Paghahayag at ang Buhay na Propeta | 223 |
| 17 Ang Dakilang Plano ng Kaligtasan | 239 |
| 18 Kabilang Buhay: Buhay sa mga Kawalang-hanggan | 253 |
| 19 Manatiling Tapat sa mga Unos ng Buhay | 265 |
| 20 Isang Pusong Puspos ng Pagmamahal at Pananampalataya: Ang mga Liham ng Propeta sa Kanyang Pamilya | 277 |
| 21 Ang Ikalawang Pagparito at ang Milenyo | 289 |
| 22 Pagtatamo ng Kaalaman tungkol sa mga Walang Hanggang Katotohanan | 305 |

23 "Kaybuti at Kaysaya na Magsitahang Magkakasama sa Pagkakaisa" . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 317
24 Pamumuno sa Paraan ng Panginoon . . . . . . . . . . . . . . . . 329
25 Mga Katotohanan mula sa mga Talinghaga ng Tagapagligtas sa Mateo 13 . . . . . . . . . . . . . . . . . 341
26 Si Elijah at ang Pagpapanumbalik ng mga Susi sa Pagbubuklod . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 359
27 Mag-ingat sa Mapapait na Bunga ng Apostasiya . . . . . . . 369
28 Paglilingkod ng Misyonero: Isang Banal na Tungkulin, Isang Maluwalhating Gawain . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 383
29 Pamumuhay sa Piling ng Iba nang Mapayapa at May Pagkakasundo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 397
30 Magiting sa Layon ni Cristo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 409
31 "Ang Diyos ay Kasama Mo Magpakailanman at Walang Katapusan": Ang Propeta sa Liberty Jail . . . . . . . 421
32 Pagtugon sa Pang-aapi nang May Pananampalataya at Katapangan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 433
33 Mga Espirituwal na Kaloob na Magpagaling, Magsalita sa Iba't Ibang Wika, Magpropesiya, at Makahiwatig ng mga Espiritu . . . . . . . . . . . . . . . . . 445
34 Ang Kapangyarihan ng Pagpapatawad . . . . . . . . . . . . . . 459
35 Pagtubos sa mga Patay . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 471
36 Pagtanggap ng mga Ordenansa at Pagpapala ng Templo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 483
37 Pag-ibig sa Kapwa-tao, ang Dalisay na Pag-ibig ni Cristo . . 497
38 Ang Wentworth Letter . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 511
39 Relief Society: Banal na Organisasyon ng Kababaihan . . 525
40 Kasiya-siya ang mga Tapat, Matwid, at Tunay na Kaibigan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 537
41 Pagiging mga Tagapagligtas sa Bundok ng Sion . . . . . . . 549
42 Pamilya: Ang Pinakamatamis na Ugnayan sa Buhay na Ito at sa Kawalang-hanggan . . . . . . . . . . . . . 563
43 "Siya ay Propeta ng Diyos": Nagpatotoo ang mga Kasama at Kakilala ni Joseph Smith Tungkol sa Kanyang Misyon Bilang Propeta . . . . . . . . . . . . . . . . 577

44 Ang Panunumbalik ng Lahat ng Bagay: Ang Dispensasyon ng Kaganapan ng Panahon . . . . . . . . 593
45 Ang Damdamin ni Joseph Smith tungkol sa Kanyang Misyon Bilang Propeta . . . . . . . . . . . . . . . . . 605
46 Ang Pagkamatay Bilang Martir: Tinatakan ng Propeta ng Kanyang Dugo ang Kanyang Patotoo . . . . . . 617
47 "Purihin ang Propeta": Mga Patotoo ng mga Propeta sa mga Huling Araw tungkol kay Propetang Joseph Smith . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 633
Apendise: Mga Sangguniang Ginamit sa Aklat na Ito . . . . . . 651
Listahan ng mga Biswal . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 659
Indeks . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 663





*"Si Joseph Smith, ang Propeta at Tagakita ng Panginoon, ay nakagawa nang higit pa, maliban lamang kay Jesus, para sa kaligtasan ng mga tao sa daigdig na ito, kaysa sa sinumang tao na kailanman ay nabuhay rito. . . . Siya ay nabuhay na dakila, at siya ay namatay na dakila sa paningin ng Diyos at ng kanyang mga tao" (D at T 135:3).*

# Panimula

Ang Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawang Apostol ay nagpasimula ng seryeng *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan* para tulungan kayong higit na maunawaan ang ipinanumbalik na ebanghelyo at lalong mapalapit sa Panginoon sa pamamagitan ng mga turo ng mga Pangulo ng Simbahan sa mga huling araw. Sa pagdaragdag ng Simbahan ng mga tomo sa seryeng ito, magkakaroon kayo ng koleksyon ng mga sangguniang aklat ng ebanghelyo sa inyong tahanan. Ang mga tomo sa seryeng ito ay dinisenyong magamit kapwa sa personal na pag-aaral at sa pagtuturo sa korum at klase.

Tampok sa aklat na ito ang mga turo ni Propetang Joseph Smith, na tinawag ng Diyos na magbukas sa dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon sa mga huling araw na ito. Sa pagitan ng kanyang pangitain tungkol sa Ama at sa Anak noong tagsibol ng 1820 at ng kanyang pagkamatay bilang martir noong Hunyo 1844, itinatag niya Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at inihayag ang kaganapan ng ebanghelyo, na hindi na muling babawiin kailanman mula sa lupa.

## Personal na Pag-aaral

Sa pag-aaral ninyo ng mga turo ni Propetang Joseph Smith, hangarin ang inspirasyon ng Espiritu. Alalahanin ang pangako ni Nephi: "Siya na naghahanap nang masigasig ay makasusumpong; at ang mga hiwaga ng Diyos ay ilalahad sa kanila, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo" (1 Nephi 10:19). Simulan sa panalangin ang inyong pag-aaral, at patuloy na manalangin at magnilay-nilay sa inyong puso habang kayo ay nagbabasa.

Sa hulihan ng bawat kabanata, makikita ninyo ang mga tanong at sanggunian sa banal na kasulatan na makakatulong para maunawaan at maisagawa ninyo ang mga turo ni Joseph Smith. Repasuhin muna ang mga ito bago ninyo simulang basahin ang kabanata.

Isaalang-alang din ang sumusunod na mga mungkahi:

- Maghanap ng mahahalagang salita at parirala. Kung may makita kayong salita na hindi ninyo maunawaan, gumamit ng diksyunaryo o iba pang sanggunian para higit na maunawaan ang ibig sabihin nito. Isulat ang inyong puna sa gilid ng pahina para maalala ninyo ang inyong natutuhan tungkol sa salitang iyon.
- Isipin kung ano ang ibig sabihin ng mga turo ni Joseph Smith. Maaari ninyong markahan ang mga kataga at pangungusap na nagtuturo ng partikular na mga alituntunin ng ebanghelyo o aantig sa inyong puso't isipan, o maaari ninyong isulat sa gilid ng pahina ang naiisip ninyo at nadarama.
- Pagnilay-nilayin ang mga naging karanasan ninyo na may kinalaman sa mga turo ng Propeta.
- Pag-isipang mabuti kung paano naaangkop sa inyo ang mga turo ni Joseph Smith. Isipin kung ano ang kaugnayan ng mga turo sa inyong mga problema o katanungan. Magpasiya kung ano ang inyong gagawin bilang resulta ng natutuhan ninyo.

---

## Pagtuturo mula sa Aklat na Ito

Ang aklat na ito ay maaaring gamitin sa pagtuturo sa tahanan o sa simbahan. Ang sumusunod na mga mungkahi ay makakatulong sa inyo:

### *Pagtuunan ng Pansin ang mga Salita ni Joseph Smith at ang mga Banal na Kasulatan*

Inutusan tayo ng Panginoon na "wala nang iba pang bagay [tayong ituturo] kundi ang mga isinulat ng mga propeta at apostol, at ang yaong mga itinuro sa [atin] ng Mang-aaliw sa pamamagitan ng panalangin na may pananampalataya" (D at T 52:9). Ipinahayag din Niya na "ang mga elder, saserdote, at guro ng simbahang ito ay magtuturo ng mga alituntunin ng aking ebanghelyo, na nasa Biblia at Aklat ni Mormon, na kung saan ang kabuuan ng ebanghelyo" (D at T 42:12).

Ang tungkulin ninyo ay tulungan ang iba na maunawaan ang mga turo ni Propetang Joseph Smith at ng mga banal na kasulatan. Huwag isantabi ang aklat na ito o maghanda ng mga lesson mula sa iba pang mga materyal. Ilaan ang malaking bahagi ng lesson sa

pagbabasa ng mga turo ni Joseph Smith sa aklat na ito at talakayin ang kahulugan at aplikasyon ng mga ito.

Hikayatin ang mga miyembro ng klase na dalhin ang aklat na ito kapag nagsisimba upang lalo silang maging handang makilahok sa mga talakayan sa klase.

*Hangarin ang Patnubay ng Espiritu Santo*

Habang nagdarasal kayo para humingi ng tulong at masigasig na naghahanda, gagabayan kayo ng Espiritu Santo sa inyong mga pagsisikap. Tutulungan Niya kayong bigyang-diin ang mga bahagi ng bawat kabanata na hihikayat sa iba na unawain at ipamuhay ang ebanghelyo.

Kapag nagtuturo kayo, magdasal sa inyong puso na samahan ng kapangyarihan ng Espiritu ang inyong mga salita at ang mga talakayan sa klase. Sinabi ni Nephi, "Kapag ang isang tao ay nagsasalita sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, ang kapangyarihan ng Espiritu Santo ang nagdadala nito sa puso ng mga anak ng tao" (2 Nephi 33:1; tingnan din sa D at T 50:13–22).

*Maghandang Magturo*

Ang mga kabanata sa aklat na ito ay isinaayos upang tulungan kayong maghanda sa pagtuturo. Ang bahaging "Mula sa Buhay ni Joseph Smith" sa bawat kabanata ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa buhay ni Joseph Smith at sa kasaysayan ng Simbahan noon na maaaring gamitin sa pagpapasimula at pagtuturo ng lesson. Ang bahaging "Mga Turo ni Joseph Smith" ay nahahati sa ilang maliliit na bahagi, na may mga pamagat na nagbubuod sa mga pangunahing ideya sa kabanata. Ang mga pamagat na ito ay maaaring magsilbing balangkas na pagkukunan ninyo ng ituturo. Ang huling bahagi, "Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo," ay naglalaan ng mga tanong at banal na kasulatang may kaugnayan sa mga turo.

Mas magiging epektibo kayo sa inyong pagtuturo kapag ginawa ninyo ang sumusunod:

1. *Pag-aralan ang kabanata.* Basahin ang kabanata para magkaroon ng tiwala sa pagkaunawa ninyo sa mga turo ni Joseph Smith. Makapagtuturo kayo nang may higit na katapatan at

kapangyarihan kapag kayo ay personal na naimpluwensyahan ng kanyang mga salita (tingnan sa D at T 11:21). Habang nagbabasa, isaisip ang mga pangangailangan ng mga tinuturuan ninyo. Maaari ninyong markahan ang mga doktrina at alituntunin sa kabanata na inaakala ninyong makakatulong sa kanila.

2. *Magpasiya kung aling mga bahagi ang gagamitin.* Ang nilalaman ng bawat kabanata ay higit kaysa makakaya ninyong ituro sa isang lesson. Sa halip na sikaping talakayin ang buong kabanata, may panalanging piliin ang mga doktrina at alituntunin na sa inyong palagay ay makakatulong nang husto sa mga tinuturuan ninyo. Halimbawa, maaari kayong magtuon sa isa o dalawang maiikling bahagi at sa ilang katanungan na makakatulong sa mga miyembro ng klase na talakayin ang mga alituntunin sa mga bahaging napili ninyo.

3. *Magpasiya kung paano sisimulan ang lesson.* Para makuha ang pansin sa simula ng lesson, maaari ninyong ibahagi ang isang personal na karanasan o ipabasa sa mga miyembro ng klase ang isang kuwento sa simula ng kabanata o tingnan ang isang larawan sa kabanata. Pagkatapos ay maaari ninyong itanong, "Ano ang itinuturo ng kuwento (o larawan) na ito tungkol sa pangunahing paksa ng kabanata?" Ang iba pang opsyon sa pagsisimula ng lesson ay magpabasa ng banal na kasulatan o isang sipi mula sa kabanata o kaya'y umawit ng himno. Mabuti ring ipaalam sa klase kung ano ang mahahalagang punto ng lesson. Maaari din ninyong ipaalala sa mga miyembro ng klase ang nakaraang lesson mula sa aklat na ito sa paghiling sa kanila na gunitain ang tinalakay na mga pangyayari, tao, alituntunin, o doktrina.

4. *Magpasiya kung paano maghihikayat ng talakayan.* Dito kayo dapat mag-ukol ng mas maraming oras sa lesson dahil natututuhang mabuti ng mga miyembro ng klase ang mga doktrina at alituntunin kapag sumasali sila sa mga talakayan ukol sa mga ito. Repasuhin ang mga mungkahi kung paano mangasiwa ng nakasisiglang mga talakayan sa mga pahina xii–xiii ng aklat na ito. Maaari ninyong gamitin ang mga tanong mula sa "Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo" na nasa hulihan ng

kabanata. Maaari din kayong maghanda ng sarili ninyong mga tanong gamit ang sumusunod na mga mungkahi:

- Magtanong ng mga bagay na makakatulong sa mga miyembro ng klase na maghanap ng mga katunayan, pangyayari, doktrina, at alituntunin. Ang ganitong uri ng mga tanong ay nakakatulong para mapagtuunang mabuti ng mga miyembro ng klase ang partikular na mga katotohanang nais ninyong bigyang-diin at maging pamilyar sila sa partikular na impormasyon na nasa mga turo ng Propeta. Halimbawa, matapos tukuyin ang isang partikular na siping-banggit, maaari ninyong itanong, "Ano ang ilan sa mahahalagang salita o parirala sa siping-banggit na ito?" o "Ano ang paksa ng siping-banggit na ito?"
- Magtanong ng mga bagay na makakatulong sa mga miyembro ng klase na mag-isip tungkol sa mga doktrina at alituntunin na itinuro ni Joseph Smith. Ang ganitong uri ng mga tanong ay nakahihikayat sa mga miyembro ng klase na suriin at ibahagi ang kanilang naiisip at nadarama tungkol sa mga turo ni Joseph Smith. Halimbawa, "Sa inyong palagay bakit mahalaga ang turong ito?" o "Ano ang naiisip o nadarama ninyo tungkol sa siping-banggit na ito?" o "Para sa inyo ano ang kahulugan ng turong ito?"
- Magtanong ng mga bagay na hihikayat sa mga miyembro ng klase na ihambing ang natututuhan nila mula sa mga turo ng Propeta sa sarili nilang kaisipan, damdamin, at mga karanasan. Halimbawa, "Anong mga karanasan ninyo ang maiuugnay ninyo sa sinabi ni Propetang Joseph Smith?"
- Magtanong ng mga bagay na makakatulong sa mga miyembro ng klase na ipamuhay nila mismo ang itinuturo. Natutulungan ng mga tanong na ito ang mga miyembro ng klase na mag-isip ng mga paraan kung paano nila ipamumuhay ang naaayon sa mga turo ni Joseph Smith. Halimbawa, "Ano ang hinihikayat ni Joseph Smith na gawin natin? Sa paanong paraan natin maipamumuhay ang kanyang sinabi?" Paalalahanan ang mga miyembro ng klase na hindi lamang sa mga bagay na sinasabi sila matututo, kundi gayundin sa mga tuwirang paghahayag sa kanila (tingnan sa D at T 121:26).

5. *Magpasiya kung paano tatapusin ang lesson.* Maaari ninyong ibuod nang maikli ang lesson o ipagawa iyon sa isa o dalawang miyembro ng klase. Ayon sa paghihikayat ng Espiritu, magpatotoo tungkol sa mga turong tinalakay ninyo. Maaari din ninyong anyayahan ang iba na magbahagi ng kanilang patotoo. Himukin ang inyong mga tinuturuan na sundin ang mga paghihikayat na natanggap nila mula sa Espiritu Santo.

Habang naghahanda kayong magturo, maaari kayong humanap ng mga ideya sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* (36123 893), bahagi B, mga kabanata 14, 16, 28, at 29; o sa *Gabay na Aklat sa Pagtuturo* (34595 893).

### *Magsagawa ng Mabubuting Talakayan*

Ang sumusunod na mga mungkahi ay makakatulong sa inyo na makahikayat at magsagawa ng mabubuting talakayan:

- Hangarin ang patnubay ng Espiritu Santo. Maaari Niya kayong hikayating magtanong ng ilang partikular na bagay o magsama ng ilang partikular na tao sa talakayan.
- Tulungan ang mga miyembro ng klase na magtuon ng pansin sa mga turo ni Joseph Smith. Ipabasa sa kanila ang kanyang mga salita upang makapagsimula ng talakayan at masagot ang mga tanong. Kung napapalayo na sa paksa ang talakayan o nagpapalitan na lamang sila ng kuru-kuro o nagtatalu-talo, ibahin ang usapan sa pamamagitan ng pagbanggit na muli sa isang pangyayari, doktrina, o alituntunin sa kabanata.
- Kapag naaangkop, magbahagi ng mga karanasang may kaugnayan sa mga itinuturo sa kabanata.
- Hikayatin ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang kanilang naiisip, magtanong, at turuan ang isa't isa (tingnan sa D at T 88:122). Halimbawa, maaari ninyo silang hilingan na magbigay ng komentaryo tungkol sa sinabi ng iba, o maaari kayong magtanong sa ilang miyembro ng klase.
- Huwag mag-alala kung tumahimik ang klase pagkatapos ninyong magtanong. Kadalasan ay kailangan ng panahon ng mga tinuturuan ninyo para makapag-isip o magbuklat ng kanilang mga aklat bago sila magbahagi ng mga ideya, patotoo, at karanasan.

- Pakinggang mabuti, at sikaping unawain ang mga sinasabi ng bawat isa. Pasalamatan sila sa kanilang partisipasyon.
- Kapag may ilang ideyang ibinabahagi ang mga miyembro ng klase, isiping ilista ang mga ideyang ito sa pisara o kaya'y ipagawa ito sa iba.
- Humanap ng iba't ibang paraan para maisali ang mga miyembro ng klase sa talakayan. Halimbawa, maaari ninyong ipatalakay ang mga tanong sa maliliit na grupo o sa magkatabi sa upuan.
- Bago magsimula ay isiping kausapin nang maaga ang isa o dalawang miyembro ng klase. Papuntahin sila sa klase na handang sagutin ang isa sa mga tanong na inihanda ninyo.
- Gamitin ang isang himno, lalo na ang himno ng Panunumbalik, para mabigyang-diin ang talakayan tungkol sa isang katotohanan ng ebanghelyo. Ang pag-awit ng himno ay mabisang paraan din ng pagsisimula o pagtatapos ng isang lesson.
- Huwag tapusin ang magandang talakayan dahil lamang sa gusto ninyong talakayin ang lahat ng bagay na inihanda ninyo. Ang mahalaga ay nadarama ng mga miyembro ng klase ang impluwensya ng Espiritu at lalong tumitibay ang kanilang pangakong ipamuhay ang ebanghelyo.

---

## Mga Turo para sa Ating Panahon

Ang aklat na ito ay tungkol sa mga turo ni Propetang Joseph Smith na akma sa ating panahon. Halimbawa, hindi tinatalakay ng aklat na ito ang mga paksang tulad ng mga turo ng Propeta tungkol sa batas ng paglalaan na nauukol sa pangangasiwa ng ariarian. Binawi ng Panginoon ang batas na ito mula sa Simbahan dahil hindi pa handa ang mga Banal na ipamuhay ito (tingnan sa ulo ng D at T 119). Hindi rin tinatalakay ng aklat na ito ang pag-aasawa ng mahigit sa isa. Ang mga doktrina at alituntuning may kaugnayan sa pag-aasawa ng mahigit sa isa ay inihayag kay Joseph Smith noong 1831. Itinuro ng Propeta ang doktrina ng pag-aasawa ng mahigit sa isa, at may ilang nagsagawa ng gayong uri ng pag-aasawa noong panahon niya. Nang sumunod na ilang dekada, sa ilalim ng pamamahala ng mga Pangulo ng Simbahan

na humalili kay Joseph Smith, maraming miyembro ng Simbahan ang nag-asawa ng mahigit sa isa. Noong 1890, ipinalabas ni Pangulong Wilford Woodruff ang Manipesto, na nagpatigil sa pag-aasawa ng mahigit sa isa sa Simbahan (tingnan sa Opisyal na Pahayag 1). Hindi na itinuturo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang pag-aasawa ng mahigit sa isa.

## Impormasyon tungkol sa mga Sangguniang Binanggit sa Aklat na Ito

Ang mga turo ni Propetang Joseph Smith na itinanghal sa aklat na ito ay hango sa ilang kategorya ng mga sangguniang materyal: ang mga sermon ng Propeta, mga lathalaing inihanda para sa paglalathala ng Propeta o sa ilalim ng kanyang patnubay, ang mga liham at journal ng Propeta, naitalang mga alaala ng mga taong nakarinig sa pagsasalita ng Propeta, at ilan sa mga turo at isinulat ng Propeta na kalaunan ay isinama sa mga banal na kasulatan. Marami sa mga turo ni Joseph Smith ang sinipi mula sa *History of the Church*. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga sangguniang ito, tingnan ang apendise.

Ilang di nailathalang sanggunian ang sinipi sa aklat na ito. Pinagpare-pareho ang pagbabaybay, pagbabantas, pagpapalaki ng mga letra, at gramatika kung saan kailangan para mas madali itong basahin. Isiningit o binago rin ang pagkakahati ng mga talata para mas madali itong basahin. Kung hinango ang mga siping-banggit sa mga nakalathalang sangguniang materyal, sinipi ang mga pinagkunan nang walang binabago, maiban kung iba ang nakasaad. Lahat ng materyal na naka-bracket ay idinagdag ng mga editor ng aklat na ito, maliban kung iba ang nakasaad.

# Buod ng Kasaysayan

Ang sumusunod na kronolohiya ay nagbibigay ng maikling balangkas ng kasaysaysan ng mga turo ni Propetang Joseph Smith na tampok sa aklat na ito.

| | |
|---|---|
| 1805, Disyembre 23: | Isinilang sa Sharon, Windsor County, Vermont, panglima sa labing-isang anak nina Joseph Smith Sr. at Lucy Mack Smith. |
| bandang 1813: *(edad 7)* | Nagkasakit ng tipus; dahil sa mga kumplikasyon ay kinailangang operahan ang kanyang kaliwang binti. Sa panahong ito, ang pamilyang Smith ay nakatira sa West Lebanon, New Hampshire, isa sa ilang lugar na nilipatan ng pamilya sa pagitan ng 1808 at 1816 sa paghahanap ng mga oportunidad sa trabaho. |
| 1816: *(edad 10)* | Lumipat sa nayon ng Palmyra, New York, kasama ang kanyang pamilya. |
| bandang 1818–19: *(edad 12 o 13)* | Mula sa nayon ng Palmyra, lumipat sa isang tahanang yari sa troso sa Palmyra Township, New York, kasama ang kanyang pamilya. |
| 1820, maagang tagsibol: *(edad 14)* | Nanalangin sa kakahuyan malapit sa kanyang tahanan. Dinalaw ng Diyos Ama at ni Jesucristo. Nagtanong kung aling sekta ang dapat niyang sapian. Sinabi sa kanya ng Tagapagligtas na mali ang lahat ng sekta at hindi siya dapat sumapi sa alinman sa mga iyon. |
| 1823, Setyembre 21–22: *(edad 17)* | Dinalaw ni Moroni, na nagsabi sa kanya tungkol sa gawain ng Panginoon sa lupa sa mga huling araw at sa Aklat ni Mormon. |

| | |
|---|---|
| | Nakita ang mga laminang ginto, na nakabaon sa kalapit na burol, ngunit pinagbawalang kunin ang mga ito noong panahong iyon. |
| 1825: *(edad 19)* | Mula sa tahanang yari sa troso, lumipat sa isang bagong tayong tahanang yari sa kahoy na nasa kanilang sakahan sa Manchester Township, New York, kasama ang kanyang pamilya. |
| 1827, Enero 18: *(edad 21)* | Pinakasalan si Emma Hale ng Harmony, Pennsylvania; ikinasal sila sa South Bainbridge, New York. |
| 1827, Setyembre 22: | Natanggap ang mga lamina mula kay Moroni, matapos makipagkita kay Moroni tuwing Setyembre 22 ng bawat taon simula noong 1823. |
| 1827, Disyembre: *(edad 22)* | Lumipat sa Harmony, Pennsylvania, para makatakas sa mga mandurumog sa Palmyra at Manchester na nagtatangkang nakawin ang mga lamina. Pagkatapos niyon, agad sinimulan ang pagsasalin ng Aklat ni Mormon. |
| 1828, Pebrero: | Ipinakita ni Martin Harris ang isang kopya ng ilang titik mula sa mga laminang ginto sa mga bantog na iskolar, kabilang na sina Charles Anthon at Samuel L. Mitchill sa New York City. |
| 1828, Hunyo–Hulyo: | Ang 116 na pahina ng manuskrito ng salin ng Aklat ni Mormon ay nawala habang nasa mga kamay ni Martin Harris. |
| 1829, Abril 5: *(edad 23)* | Dumating si Oliver Cowdery sa Harmony upang magsilbing tagasulat para sa Aklat ni Mormon; itinuloy ang pagsasalin noong Abril 7. |

| | |
|---|---|
| 1829, Mayo 15: | Kasama si Oliver Cowdery, natanggap ang Aaronic Priesthood mula kay Juan Bautista. Bininyagan nina Joseph at Oliver ang isa't isa sa Ilog ng Susquehanna. |
| 1829, Mayo–Hunyo: | Kasama si Oliver Cowdery, natanggap ang Melchizedek Priesthood mula sa mga sinaunang Apostol na sina Pedro, Santiago, at Juan, malapit sa Ilog ng Susquehanna sa pagitan ng Harmony, Pennsylvania, at Colesville, New York. |
| 1829, Hunyo: | Nakumpleto ang pagsasalin ng Aklat ni Mormon sa sakahan ni Peter Whitmer Sr. sa Fayette Township, New York. Nakita ng Tatlong Saksi ang mga lamina at ang anghel na si Moroni sa Fayette; at nakita at nahawakan ng Walong Saksi ang mga lamina sa Palmyra Township. |
| 1830, Marso 26: *(edad 24)* | Ang unang nailimbag na mga kopya ng Aklat ni Mormon ay mabibili na ng publiko sa tindahan ng mga aklat ni Egbert B. Grandin sa Palmyra. |
| 1830, Abril 6: | Pormal na itinatag ang Simbahan sa tahanan ni Peter Whitmer Sr. sa Fayette (tingnan sa D at T 20:1). Noong una ang opisyal na pangalan ng Simbahan ay Simbahan ni Cristo. Noong Mayo 3, 1834, ang pangalan ay binago at naging Ang Simbahan ng mga Banal sa mga Huling Araw. Noong Abril 26, 1838, ang pangalan ay binago sa pamamagitan ng paghahayag at naging Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw (tingnan sa D at T 115:4). |

| | |
|---|---|
| 1830, Hunyo: | Sa utos ng Panginoon, sinimulan ang inspiradong pagsasalin ng Biblia, na kilala ngayon bilang Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia. |
| 1830, Hunyo 9: | Ginanap ang unang kumperensya ng Simbahan sa Fayette. |
| 1830, Setyembre: | Mula sa Harmony, Pennsylvania, lumipat sa Fayette, New York. Sa pagitan ng Disyembre 1827 at ngayon, tumira sina Joseph at Emma sa Harmony, ngunit paminsan-minsan ay naglalakbay si Joseph sa Manchester, Fayette, at Palmyra upang isagawa ang mga bagay na may kinalaman sa pagsasalin ng Aklat ni Mormon, ayusin ang paglalathala ng Aklat ni Mormon, itatag ang Simbahan, mangulo sa unang kumperensya ng Simbahan, at asikasuhin ang iba pang tungkulin sa Simbahan. |
| 1830, Setyembre: | Tumanggap ng paghahayag na ang mga misyonero ay dapat "magtungo sa mga Lamanita" para ipangaral ang ebanghelyo (D at T 28:8; tingnan din sa 30:5–6; 32:1–3). Noong Oktubre, apat na elder ang humayo sa misyong magturo sa Indian territory sa kanlurang bahagi ng estado ng Missouri. |
| 1830, Disyembre: *(edad 25)* | Tumanggap ng paghahayag na dapat magtipon ang mga Banal sa Ohio (tingnan sa D at T 37). |
| 1831, unang bahagi ng Pebrero: | Matapos maglakbay nang mahigit 400 kilometro mula sa New York, dumating sa Kirtland, Ohio. |
| 1831, Hulyo 20: | Sa Independence, Jackson County, Missouri, tumanggap ng paghahayag na tumutukoy sa Independence bilang |

| | |
|---|---|
| | "tampok na lugar" ng Sion (tingnan sa D at T 57:1–3). |
| 1831, Agosto 2: | Namuno habang inilalaan ni Sidney Rigdon ang Jackson County, Missouri, bilang lupain ng Sion. |
| 1831, Agosto 3: | Inilaan ang lugar na pagtatayuan ng templo sa Independence. |
| 1832, Enero 25: *(edad 26)* | Sinang-ayunan bilang Pangulo ng High Priesthood sa Amherst, Ohio. |
| 1832, Marso 8: | Binuo sa Kirtland ang Unang Panguluhan, at sina Sidney Rigdon at Jesse Gause ang mga tagapayo. Noong Marso 18, 1833, pinalitan ni Frederick G. Williams si Jesse Gause. |
| 1832, Disyembre 27–28: *(edad 27)* | Tumanggap ng utos na magtayo ng templo sa Kirtland (tingnan sa D at T 88:119–20). |
| 1833, Enero: | Sinimulan ang Paaralan ng mga Propeta. |
| 1833, Hulyo 2: | Nakumpleto ang sinimulan niyang gawain sa inspiradong pagsasalin ng Biblia, na ngayon ay kilala bilang Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia. Sa gawaing ito nagmula ang aklat ni Moises at ang Joseph Smith—Mateo, na ngayon ay nasa Mahalagang Perlas. |
| 1833, Hulyo 20: | Sinira ng mga mandurumog ang limbagan sa Independence, Missouri, kung saan inililimbag ang Aklat ng mga Kautusan, gayundin ang karamihan sa mga nailimbag na pahina. Noong Setyembre 1835 ang mga paghahayag mula sa Aklat ng mga Kautusan, gayundin ang iba pang mga paghahayag, ay inilathala sa Kirtland sa unang edisyon ng Doktrina at mga Tipan. |

| | |
|---|---|
| 1833, Hulyo 23: | Inilagak ang mga batong panulok para sa Kirtland Temple. |
| 1833, Disyembre 18: | Si Joseph Smith Sr. ay naorden bilang Patriarch ng Simbahan. |
| 1834, Mayo–Hulyo: *(edad 28)* | Pinamunuan ang Kampo ng Sion mula Kirtland, Ohio, patungong Clay County, Missouri, upang tulungan ang mga Banal na pinalayas sa kanilang mga tahanan sa Jackson County, Missouri. Nagbalik sa Kirtland matapos matanggap ang isang paghahayag na ang mga Banal ay kailangang "maghintay ng maikling panahon para sa ikatutubos ng Sion" (D at T 105:9). |
| 1835, Pebrero 14: *(edad 29)* | Binuo ang Korum ng Labindalawang Apostol. |
| 1835, Pebrero 28: | Inorganisa ang Korum ng Pitumpu. |
| 1835, Hulyo: | Nakuha ang Egyptian papyri na naglalaman ng mga itinala ni Abraham. |
| 1836, Marso 27: *(edad 30)* | Inilaan ang Kirtland Temple (tingnan sa D at T 109). |
| 1836, Abril 3: | Si Jesucristo ay nagpakita kina Joseph Smith at Oliver Cowdery sa Kirtland Temple at tinanggap ang templo. Sina Moises, Elias, at Elijah ay nagpakita rin at ipinagkaloob ang mga susi ng priesthood kina Joseph at Oliver. (Tingnan sa D at T 110). |
| 1837, Hunyo: *(edad 31)* | Nagpadala ng mga elder mula sa Kirtland at Upper Canada upang maglingkod bilang mga misyonero sa England, ang unang misyon sa labas ng North America. |

| | |
|---|---|
| 1838, Enero 12:<br>*(edad 32)* | Nilisan ang Kirtland at nagpunta sa Far West, Missouri, upang makatakas sa karahasan ng mga mandurumog. |
| 1838, Marso 14: | Dumating sa Far West at itinatag doon ang headquarters ng Simbahan. |
| 1838, Abril 27: | Sinimulan ang pagsusulat ng kanyang kasaysayan, na inilathala sa mga serye ng mga pahayagan ng Simbahan bilang "History of Joseph Smith" simula noong 1842; kalaunan ay muli itong inilathala bilang *History of the Church.* |
| 1838, Oktubre 27: | Ipinalabas ng gobernador ng Missouri na si Lilburn W. Boggs ang kilalang-kilalang "Utos na Paglipol [Extermination Order]." Ang utos na ito at matinding pagpapahirap ang dahilan kaya nilisan ng mga Banal ang Missouri para magtungo sa Illinois sa panahon ng taglamig at tagsibol ng 1838–39. |
| 1838, Disyembre 1: | Ikinulong sa Liberty, Missouri, kasama ang iba pang mga lider ng Simbahan. |
| 1839, Marso 20:<br>*(edad 33)* | Mula sa Liberty Jail, lumiham sa mga Banal, na ang ilang bahagi ay isinama kalaunan sa Doktrina at mga Tipan 121, 122, at 123. |
| 1839, kalagitnaan ng Abril: | Habang inililipat mula sa Gallatin papuntang Columbia, Missouri, dahil binago ang lugar na paglilitisan, hinayaan siyang makatakas ng kanyang mga tanod. |
| 1839, Abril 22: | Muling nakapiling ang kanyang pamilya sa Quincy, Illinois. |

| | |
|---|---|
| 1839, Mayo 10: | Lumipat sa maliit na bahay na yari sa troso sa Commerce, Illinois, kasama ang kanyang pamilya. Kalaunan ay binago ang pangalan at ginawang lungsod ng Nauvoo. |
| 1839, Nobyembre 29: | Dinalaw si Martin Van Buren, pangulo ng Estados Unidos, sa Washington, D.C., upang humingi ng bayad-pinsala sa mga kalupitang ginawa sa Missouri. Habang naroon, humingi rin siya ng tulong sa Kongreso ng Estados Unidos. |
| 1840, Agosto 15: *(edad 34)* | Ipinahayag sa publiko ang doktrina ng binyag para sa mga patay sa isang libing sa Nauvoo. Ang mga binyag para sa mga patay ay unang isinagawa sa Ilog Mississippi at sa mga ilog sa lugar na iyon. |
| 1840, Setyembre: | Sa isang mensahe ng Unang Panguluhan sa Simbahan, ipinahayag na dumating na ang oras para simulan ang pagtatayo ng templo sa Nauvoo. |
| 1841, Pebrero 4: *(edad 35)* | Nahalal na tinyente heneral ng bagong tatag na Nauvoo Legion, isang yunit ng hukbo ng estado ng Illinois. |
| 1841, Abril 6: | Inilagak ang batong panulok para sa Nauvoo Temple. |
| 1841, Nobyembre 21: | Ang mga unang binyag para sa mga patay sa Nauvoo Temple ay isinagawa sa bautismuhang yari sa kahoy na ginawa at inilaan bago pa natapos ang ibang bahagi ng templo. |
| 1842, Pebrero–Oktubre: *(edad 36)* | Naging editor ng *Times and Seasons,* ang pahayagan ng Simbahan sa Nauvoo. |

| | |
|---|---|
| 1842, Marso 1: | Inilathala ang Wentworth Letter sa *Times and Seasons;* noong Marso at Mayo, inilathala rin ang aklat ni Abraham sa *Times and Seasons.* |
| 1842, Marso 17: | Binuo ang Female Relief Society ng Nauvoo, at si Emma Smith ang pangulo. |
| 1842, Mayo 4: | Pinangasiwaan ang mga unang ordenansa ng endowment sa isang silid sa itaas ng kanyang Red Brick Store. |
| 1842, Mayo 19: | Nahalal na meyor ng Nauvoo. |
| 1843, Hulyo 12: *(edad 37)* | Itinala ang paghahayag tungkol sa bago at walang hanggang tipan, pati na ang kawalang-hanggan ng tipan ng kasal (tingnan sa D at T 132). |
| 1844, Enero 29: *(edad 38)* | Ibinalita ang kanyang kandidatura sa pagkapangulo ng Estados Unidos ng Amerika. |
| 1844, Marso: | Sa isang pulong sa Labindalawang Apostol at iba pa, inatasan ang Labindalawa na pamunuan ang Simbahan kapag siya ay namatay, at ipinaliwanag na ipinagkaloob na niya sa kanila ang lahat ng ordenansa, awtoridad, at mga susing kailangan para magawa iyon. |
| 1844, Hunyo 27: | Pinaslang kasama ang kanyang kapatid na si Hyrum sa bilangguan sa Carthage, Illinois. |
| 1844, Hunyo 29: | Inilibing kasabay ni Hyrum sa Nauvoo, Illinois. |



*Nang maganap ang Unang Pangitain, nakatira si Joseph Smith sa kanyang pamilya sa isang tahanang yari sa troso sa Palmyra, New York.*

# Ang Buhay at Ministeryo ni Joseph Smith

"Si Joseph Smith, ang Propeta at Tagakita ng Panginoon, ay nakagawa nang higit pa, maliban lamang kay Jesus, para sa kaligtasan ng mga tao sa daigdig na ito, kaysa sa sinumang tao na kailanman ay nabuhay rito" (D at T 135:3). Ang nakamamanghang pahayag na ito ay naglalarawan sa taong tinawag ng Diyos sa edad na 14 at nabuhay lamang hanggang sa edad na 38. Sa pagitan ng pagsilang ni Joseph Smith sa Vermont noong Disyembre 1805 at ng kalunus-lunos niyang pagkamatay sa Illinois noong Hunyo 1844, nangyari ang kagila-gilalas na mga bagay. Ang Diyos Ama at ang Kanyang Anak na si Jesucristo ay nagpakita sa kanya, na higit na nakapagturo sa kanya tungkol sa likas na katauhan ng Diyos kaysa batid ng tao sa loob ng maraming siglo. Ipinagkaloob ng mga sinaunang propeta at apostol ang sagradong kapangyarihan ng priesthood kay Joseph, kaya't siya ang naging bagong awtorisadong saksi ng Diyos sa huling dispensasyong ito. Ang walang katulad na pagbuhos ng kaalaman at doktrina ay inihayag sa pamamagitan ng Propeta, kabilang na ang Aklat ni Mormon, ang Doktrina at mga Tipan, at Mahalagang Perlas. Sa pamamagitan niya, ang totoong Simbahan ng Panginoon ay muling naitatag sa lupa.

Ngayon, ang gawaing sinimulan ni Joseph Smith ay patuloy na lumalaganap sa buong daigdig. Ito ang patotoo ni Pangulong Wilford Woodruff tungkol kay Propetang Joseph Smith: "Siya ay propeta ng Diyos, at inilatag niya ang pundasyon ng pinakadakilang gawain at dispensasyon na naitatag sa lupa."[1]

---

### Pinagmulang Angkan at Kabataan


Si Joseph Smith ay ikaanim na henerasyong Amerikano, dahil ang kanyang mga ninuno na nagmula sa England ay nandayuhan sa Amerika noong mga 1600s. Taglay ng mga ninuno ng Propeta ang mga katangiang madalas iugnay sa mga unang henerasyon

ng mga Amerikano: naniwala sila sa mapangalagang patnubay ng Diyos sa kanila, masipag sila sa trabaho, at masigasig sa paglilingkod sa kanilang mga pamilya at kanilang bayan.

Ang mga magulang ni Joseph Smith na sina Joseph Smith Sr. at Lucy Mack Smith, ay ikinasal noong 1796 sa Tunbridge, Vermont. Sila ay masisipag at may takot sa Diyos na nagsimula sa kanilang buhay may-asawa na maluwag ang kabuhayan. Sa kasawiang-palad, nawala kay Joseph Smith Sr. ang unang bukid na kanyang sinasaka at dumanas ng kahirapan nang sumunod na mga taon. Ang pamilyang Smith ay napilitang lumipat nang ilang beses sa pagsisikap ng kanilang ama na makapaghanapbuhay sa pamamagitan ng pagsasaka sa magubat na mga burol ng New England, pagtatrabaho sa iba pang mga sakahan, pangangalakal, o pagtuturo sa paaralan.

Si Joseph Smith Jr. ay isinilang noong Disyembre 23, 1805, sa Sharon, Vermont, at panglima sa labing-isang anak. Isinunod ang pangalan niya sa kanyang ama. Ang mga anak sa pamilyang Smith, mula panganay hanggang bunso, ay: isang anak na lalaking walang pangalan (na agad namatay matapos isilang), sina Alvin, Hyrum, Sophronia, Joseph, Samuel, Ephraim (na wala pang dalawang linggong nabuhay), William, Katharine, Don Carlos, at Lucy.[2]

Ang katibayan ng pambihirang pagkatao ng Propeta ay kitangkita kahit noong bata pa siya. Ang mga Smith ay nakatira noon sa West Lebanon, New Hampshire, nang dapuan ng nakamamatay na epidemya ng tipus o typhoid fever ang maraming tao sa komunidad, kabilang na ang lahat ng anak ng mga Smith. Bagaman gumaling sa sakit ang ibang mga anak nang walang kumplikasyon, si Joseph, na mga pitong taong gulang noon, ay nagkaroon ng matinding impeksyon sa kaliwang binti. Pumayag si Dr. Nathan Smith ng Dartmouth Medical School sa karatig na Hanover, New Hampshire, na isagawa ang bagong pamamaraan ng operasyon para subukang iligtas ang binti ng bata. Nang handa nang mag-opera si Dr. Smith at ang mga kasamahan nito, hiniling ni Joseph na lumabas ng silid ang kanyang ina para hindi nito masaksihan ang kanyang paghihirap. Sa pagtangging uminom ng alak para di gaanong maramdaman ang sakit at sa pag-asa lamang sa kapanatagang ibibigay ng paghawak ng kanyang ama, buong




*Ang pook ng Palmyra, New York. Maraming mahalagang pangyayaring naganap dito sa pagsisimula ng kasaysayan ng Simbahan, kabilang na ang Unang Pangitain at mga pagdalaw ni Moroni kay Joseph Smith.*

tapang na tiniis ni Joseph ang sakit habang hinihiwa at inaalis ng doktor ang bahagi ng buto sa kanyang binti. Tagumpay ang operasyon, bagaman naglakad nang may saklay si Joseph nang sumunod na ilang taon at nakitaan ng bahagyang pag-ika habang siya ay nabubuhay.

Noong 1816, matapos ang paulit-ulit na pagkasalanta ng mga pananim, inilipat ni Joseph Smith Sr. ang kanyang pamilya sa Palmyra, New York, mula sa Norwich, Vermont, sa pag-asang

magiging mas maganda ang kanilang buhay doon. "Dahil naghihirap kami," paggunita ng Propeta kalaunan, "napilitan [kaming] magtrabaho nang husto para buhayin ang isang malaking pamilya . . . , at dahil kinailangang kumilos ang lahat ng may kakayahang tumulong sa kahit anong paraan para masuportahan ang pamilya, hindi kami nagkaroon ng pagkakataong makapag-aral. Sapat nang sabihin na, natuto lamang akong bumasa, sumulat, at magsuma."[3]

---

## Ang Unang Pangitain

Ganito ang isinulat ni Joseph Smith tungkol sa maagang pagsasanay na ito: "Isinilang ako . . . sa butihing mga magulang na ginawa ang lahat upang maituro sa akin ang relihiyong Kristiyano."[4] Ngunit, tulad ng iba pang mga Kristiyano, naunawaan ng mga magulang ni Joseph na ang ilan sa mga alituntunin ng ebanghelyo na itinuro ni Jesus at ng Kanyang mga Apostol ay hindi umiiral sa mga simbahan noong panahong iyon. Sa lugar ng Palmyra noong 1820, sinikap ng ilang magkakaibang relihiyong Kristiyano na makapagbinyag sa kanilang simbahan. Ang ina ni Joseph, dalawa sa kanyang mga kapatid na lalaki, at kanyang ate ay sumapi sa simbahang Presbitero sa kanilang lugar, ngunit si Joseph, pati na ang kanyang ama at kapatid na si Alvin, ay hindi sumapi sa alinmang simbahan. Kahit bata pa, labis na nag-alala si Joseph sa sarili niyang katayuan sa harapan ng Diyos at sa pagkalito ng iba't ibang mga relihiyon.

Sa pag-aaral niya ng mga banal na kasulatan, humanga ang 14-na-taong-gulang na si Joseph sa isang talata mula sa aklat ni Santiago: "Kung nagkukulang ng karunungan ang sinoman sa inyo, ay humingi sa Dios, na nagbibigay ng sagana sa lahat at hindi nanunumbat; at ito'y ibibigay sa kaniya" (Santiago 1:5). Dahil nabigyang-inspirasyon ng pangakong ito mula sa Panginoon, nagpunta si Joseph sa kakahuyang malapit sa kanyang tahanan isang araw ng tagsibol noong 1820 para manalangin. Habang nakaluhod, inialay niya ang mga hangarin ng kanyang puso sa Diyos. Kaagad siyang sinunggaban ng mga kapangyarihan ng kadiliman, na ganap na dumaig sa kanya at nakadama siya ng takot na mawawasak siya. Pagkatapos, bilang



*Ang Sagradong Kakahuyan noong bandang 1907. Noong tagsibol ng 1820, nagtungo ang batang si Joseph Smith sa kakahuyang ito na malapit sa kanyang tahanan upang humiling ng patnubay sa Panginoon sa panalangin.*

sagot sa kanyang taimtim na dalangin, ang kalangitan ay nabuksan at naligtas siya mula sa kaaway na di nakikita. Sa isang haligi ng liwanag na higit pa sa liwanag ng araw, nakita niya ang dalawang Katauhan, na nakatayo sa hangin sa kanyang itaas. Ang isa ay nagsalita, tinawag ang pangalan ng bata, at sinabing, "Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak. Pakinggan Siya!" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:17).

Sa maluwalhating pagpapakitang ito, ang Diyos Ama at ang Kanyang Anak na si Jesucristo, ay nagpakita sa batang si Joseph. Nakipag-usap si Joseph sa Tagapagligtas, na nagsabi sa kanya na huwag sasapi sa alinmang simbahan noong panahon niya, sapagkat "lahat sila ay mali" at "lahat ng kanilang sinasampalatayanan ay karumal-dumal sa kanyang paningin; . . . itinuturo nila bilang mga doktrina ang mga kautusan ng tao, na may anyo ng kabanalan, datapwat tinatanggihan ang kapangyarihan nito" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:19). Pinangakuan din si Joseph "na ang kabuuan ng Ebanghelyo ay ihahayag sa [kanya] balang-araw."[5] Makaraan ang maraming siglo ng espirituwal na kadiliman, ang salita ng Panginoon at katunayan ng Diyos Ama at ng Kanyang Anak na si Jesucristo, ay inihayag sa daigdig sa pamamagitan ng bata at dalisay na sisidlang ito.

---

## Ang mga Pagdalaw ni Moroni

Lumipas ang tatlong taon, kung kailan hayagang binatikos at kinutya ng ibang mga tao sa kanyang komunidad ang pahayag ni Joseph Smith na nakita niya ang Diyos. Nais malaman ng batang Propeta, na ngayo'y 17 taong gulang na, kung ano ang mangyayari sa kanya sa hinaharap. Noong gabi ng Setyembre 21, 1823, taimtim niyang ipinagdasal na patnubayan siya at patawarin sa "mga kasalanan at kalokohan" ng kanyang kabataan (Joseph Smith—Kasaysayan 1:29). Bilang sagot sa kanyang dalangin, napuno ng liwanag ang kanyang silid sa ibabaw ng kisame, at isang sugo mula sa langit na nangangalang Moroni ang nagpakita. "Sinabi [niyang] siya ay anghel ng Diyos," paggunita ni Joseph, "na isinugo upang maghatid ng magandang balita na ang tipan na ginawa ng Diyos sa sinaunang Israel ay matutupad na, na ang gawain ng paghahanda para sa ikalawang pagparito ng Mesiyas ay mabilis na magsisimula; na panahon na para ang Ebanghelyo sa kabuuan nito ay maipangaral nang may kapangyarihan, sa lahat ng bansa upang maihanda ang isang grupo ng mga tao para sa paghahari sa Milenyo. Sinabihan ako na ako ang napiling maging kasangkapan sa mga kamay ng Diyos upang magsakatuparan ng ilan sa Kanyang mga layunin sa maluwalhating dispensasyong ito."[6]

Sinabi rin ni Moroni kay Joseph na isang katipunan ng mga isinulat noong sinauna, na inukit ng mga sinaunang propeta sa mga laminang ginto, ang nakabaon sa kalapit na burol. Inilarawan sa sagradong talaang ito ang mga taong inakay ng Diyos mula sa Jerusalem papunta sa Western Hemisphere 600 taon bago pa isilang si Jesus. Si Moroni ang huling propeta sa mga taong ito at nagbaon sa talaan, na ipinangakong ilalabas ng Diyos sa mga huling araw. Isasalin ni Joseph Smith ang sagradong gawang ito sa wikang Ingles.

Sa sumunod na apat na taon, nakipagkita si Joseph kay Moroni sa burol tuwing Setyembre 22 upang tumanggap ng dagdag na kaalaman at mga tagubilin. Kakailanganin niya ang mga taon na ito ng paghahanda at pagpapadalisay sa kanyang pagkatao upang maisalin ang sinaunang talaan. Kailangan siyang maging handa para sa tungkuling isakatuparan ang isang gawain na ang layunin ay mahikayat ang mga "Judio at Gentil na si Jesus ang Cristo, ang Diyos na Walang Hanggan, nagpapatunay ng kanyang sarili sa lahat ng bansa" (pahina ng pamagat ng Aklat ni Mormon).

---

## Pagtatatag ng Kaharian ng Diyos sa Lupa

### *Sinimulan ang Pagsasalin ng Aklat ni Mormon*



*Emma Smith*

Habang hinihintay na matanggap ang mga laminang ginto, tumulong si Joseph Smith sa pagtustos sa temporal na mga pangangailangan ng kanyang pamilya. Noong 1825, nagpunta siya sa Harmony, Pennsylvania, para magtrabaho kay Josiah Stowell. Doon ay nangasera siya sa pamilya nina Isaac at Elizabeth Hale at nakilala ang kanilang anak na si Emma, isang guro sa paaralan na matangkad at maitim ang buhok. Noong Enero 18, 1827, sina Joseph at Emma ay ikinasal sa South Bainbridge, New York. Bagaman ang kanilang pagsasama ay nasubukan sa pagkamatay ng mga anak, kagipitan sa pananalapi, at madalas na pagkawala ni Joseph sa tahanan sa pagtupad ng kanyang mga tungkulin, labis pa ring nagmahalan sina Joseph at Emma.

Noong Setyembre 22, 1827, apat na taon pagkaraang una niyang makita ang mga lamina, sa wakas ay ipinagkatiwala rin kay Joseph ang mga ito. Ngunit nang ibigay na sa kanya ang mga lamina, isang grupo ng mga mandurumog sa lugar nila ang paulit-ulit at pilit na nagtangkang nakawin ang mga ito. Para maiwasan ang pang-uusig na ito, noong Disyembre 1827, nagbalik sina Joseph at Emma sa Harmony, kung saan nakatira ang mga magulang ni Emma. Nang maayos na ang paninirahan nila doon, sinimulan ni Joseph ang pagsasalin ng mga lamina.

Sa mga unang buwan ng 1828, si Martin Harris, isang maunlad na magsasaka mula sa Palmyra, ay nakatanggap ng patotoo tungkol sa gawain ng Panginoon sa mga huling araw at naglakbay patungong Harmony para tulungan si Joseph sa pagsasalin. Pagsapit ng Hunyo ng taong iyon, 116 na pahina ng manuskrito ang naisalin na ni Joseph. Paulit-ulit na humingi ng pahintulot si Martin kay Propetang Joseph na maiuwi ang manuskrito sa kanyang tahanan sa Palmyra para ipakita sa ilang miyembro ng pamilya. Nagsumamo ang Propeta sa Panginoon at pinagbawalan siyang pahintulutan ito, ngunit makalawang beses pa siyang nagtanong sa Panginoon at sa bandang huli ay pinayagan si Martin na dalhin ang manuskrito. Habang nasa Palmyra ang manuskrito, ito ay ninakaw, at hindi na nabawi pa. Pansamantalang kinuha ng Panginoon ang Urim at Tummim at ang mga lamina mula sa Propeta, at iniwan siyang nagpapakumbaba at nagsisisi. Sa isang paghahayag mula sa Panginoon, natutuhan ni Joseph, na kailangan ay laging higit ang kanyang takot sa Diyos kaysa sa tao (tingnan sa D at T 3). Pagkatapos niyon, bagaman 22 taong gulang lamang siya, ang kanyang buhay ay naging halimbawa ng lubos na katapatan sa pagsunod sa bawat utos ng Panginoon.

Noong Abril 5, 1829, si Oliver Cowdery, na isang guro at mas bata nang isang taon kay Joseph, ay dumating sa tahanan ni Joseph sa Harmony. Bilang sagot sa dalangin, nakatanggap siya ng patotoo sa katotohanan ng gawain ng Propeta. Makalipas ang dalawang araw, muling nagsimula ang gawain ng pagsasalin, na si Joseph ang nagdidikta at si Oliver ang nagsusulat.

### *Panunumbalik ng Priesthood ng Diyos*

Habang isinasalin nina Joseph at Oliver ang Aklat ni Mormon, nabasa nila ang kuwento tungkol sa pagdalaw ng Tagapagligtas sa mga sinaunang Nephita. Dahil dito, nagpasiya silang hingin ang patnubay ng Panginoon tungkol sa binyag. Noong Mayo 15, 1829, nagpunta sila sa pampang ng Ilog ng Susquehanna, malapit sa tahanan ni Joseph sa Harmony, para manalangin. Namangha sila nang dumalaw sa kanila ang isang sugo ng langit, na nagsasabing siya si Juan Bautista. Iginawad niya sa kanila ang Aaronic Priesthood at tinagubilinan silang binyagan at iorden ang isa't isa. Sa huli, tulad ng ipinangako ni Juan Bautista, ang mga sinaunang Apostol na sina Pedro, Santiago, at Juan ay nagpakita rin kina Joseph at Oliver at iginawad sa kanila ang Melchizedek Priesthood at inorden sila bilang mga Apostol.

Bago ang mga pagdalaw na ito, may kaalaman at pananampalataya na sina Joseph at Oliver. Ngunit pagkatapos magpakita ang mga sugo mula sa langit, nagkaroon din sila ng awtoridad—ang kapangyarihan ng priesthood at awtoridad ng Diyos na kailangan para maitatag ang Kanyang Simbahan at maisagawa ang mga ordenansa ng kaligtasan.

### *Paglalathala ng Aklat ni Mormon at Pagtatatag ng Simbahan*

Noong Abril at Mayo ng 1829, ang ginagawang pagsasalin ng Propeta sa kanyang tahanan sa Harmony ay lalong nagambala ng pag-uusig. Bunga nito, pansamantalang lumipat sina Joseph at Oliver sa Fayette Township, New York, para tapusin ang pagsasalin sa tahanan ni Peter Whitmer Sr. Natapos ang pagsasalin noong Hunyo, wala pang tatlong buwan matapos magsimulang maglingkod si Oliver bilang tagasulat ng Propeta. Noong Agosto, kinausap ni Joseph ang tagalathalang si Egbert B. Grandin ng Palmyra para ilimbag ang aklat. Isinangla ni Martin Harris ang kanyang sakahan kay Ginoong Grandin para tiyak na mabayaran ang halaga ng pagpapalimbag, at kalaunan ay ipinagbili ang halos 62 ektarya niyang sakahan para matubos ang isinangla. Ang Aklat ni Mormon ay mabibili ng mga tao sa tindahan ng mga aklat ni Grandin noong Marso 26, 1830.



*Replika ng tahanan ni Peter Whitmer Sr. sa Fayette, New York. Ang tahanang ito na muling itinayo ay nasa lugar kung saan pormal na itinatag ng Propeta ang Simbahan noong Abril 6, 1830.*

Noong Abril 6, 1830, labing-isang araw lamang matapos maibalitang mabibili na ang Aklat ni Mormon, isang grupo ng 60 katao ang nagtipon sa tahanang yari sa troso ni Peter Whitmer Sr. sa Fayette, New York. Doon pormal na itinatag ni Joseph Smith ang Simbahan, na kalaunan ay pinangalanan sa pamamagitan ng paghahayag bilang Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw (tingnan sa D at T 115:4). Napakasayang okasyon niyon, na may matinding pagbuhos ng Espiritu. Ang sacrament ay pinangasiwaan, bininyagan ang mga sumasampalataya, iginawad ang kaloob na Espiritu Santo, at inorden sa priesthood ang mga kalalakihan. Sa isang paghahayag na natanggap habang nagpupulong, itinalaga ng Panginoon si Joseph Smith na maging lider ng Simbahan: "isang tagakita, tagapagsalin, propeta, isang apostol ni Jesucristo, elder ng simbahan sa pamamagitan ng kalooban ng Diyos Ama, at ng biyaya ng inyong Panginoong Jesucristo" (D at T 21:1). Ang Simbahan ni Jesucristo ay muling itinatag sa lupa.


## Kirtland, Ohio: Paglaganap ng Simbahan

Habang masigasig na ibinabahagi ng mga miyembro ng Simbahan ang natagpuan nilang katotohanan, mabilis na lumago ang bagong tatag na Simbahan. Di nagtagal nagkaroon ng mga branch sa mga bayan ng New York, ang Fayette, Manchester, at Colesville. Noong Setyembre 1830, pagkalipat nina Joseph at Emma Smith sa Fayette mula Harmony, Pennsylvania, inihayag ng Panginoon sa Propeta na ang mga misyonero ay dapat "magtungo sa mga Lamanita" na nakatira sa dulong kanluran ng Missouri (D at T 28:8). Ang paglalakbay ng mga misyonero ay naghatid sa kanila sa Kirtland, Ohio, ang lugar kung saan nakilala nila ang isang grupo ng mga relihiyosong naghahanap ng katotohanan at nabinyagan ang mga 130 sa kanila, kabilang na si Sidney Rigdon, na sa bandang huli ay naging miyembro ng Unang Panguluhan. Ang grupo ng mga Banal sa Kirtland ay umabot sa ilang daan nang ibahagi ng mga miyembro ang ebanghelyo sa mga nakapaligid sa kanila.

Habang lumalago ang Simbahan sa New York, tumindi rin ang oposisyon sa Simbahan. Noong Disyembre 1830, nakatanggap ang Propeta ng paghahayag na nagsasabi sa mga miyembro ng Simbahan na "[magtungo] sa Ohio" (D at T 37:1), na mahigit 400 kilometro ang layo. Nang sumunod na ilang buwan, marami sa mga Banal sa New York ang nagbenta ng kanilang ari-arian, sa halagang kadalasan ay malaki ang lugi, at ginawa ang mga sakripisyong kailangan upang matipon sa Kirtland, Ohio. Sina Joseph at Emma Smith ay kabilang sa mga naunang nagpunta sa Ohio, at dumating sa Kirtland noong Pebrero 1, 1831.

### *Dalawang Lugar ng Pagtitipon para sa mga Banal*

Noong Hunyo ng 1831, habang nagiging matatag ang Simbahan sa Kirtland, inutusan ng Panginoon ang Propeta at iba pang mga lider ng Simbahan na maglakbay papuntang Missouri. Doon Niya ihahayag sa kanila "ang lupain na [kanilang] mana" (tingnan sa D at T 52:3–5, 42–43). Noong Hunyo at Hulyo 1831, halos 1,448 kilometro ang nilakbay ng Propeta at ng iba pa mula Kirtland patungong Jackson County, Missouri, na nasa dulong




*Mahahalagang lugar sa pagsisimula ng kasaysayan ng Simbahan at sa buhay ni Propetang Joseph Smith.*

kanluran ng teritoryo ng Amerika. Pagdating ng Propeta, agad siyang nakatanggap ng paghahayag mula sa Panginoon na nagsasabing ang "lupain ng Missouri . . . [ang] lupaing aking itinakda at inilaan para sa pagtitipon ng mga banal. Dahil dito, ito ang lupang pangako, at ang lugar para sa lunsod ng Sion. . . . Ang lugar na ngayon ay tinatawag na Independence ang tampok na lugar; at ang dako para sa templo ay nasa gawing kanluran" (D at T 57:1–3).

Bilang katuparan ng mga propesiya ng mga propeta noon sa Biblia, sinimulang ilatag ng 25-taong-gulang na si Joseph Smith ang pundasyon ng lungsod ng Sion sa Amerika. Noong Agosto 1831, siya ang namuno sa dedikasyon ng lupain bilang lugar ng pagtitipon at inilaan ang lugar na pagtatayuan ng templo. Di nagtagal pagkatapos niyon, nagbalik ang Propeta sa Ohio, kung saan hinikayat niya ang ilan sa matatapat na magtipon sa Missouri. Tiniis ng daan-daang Banal ang hirap ng paglalakbay sa hindi pa natitirhang kanlurang bahagi ng Amerika noong ika-19 na siglo at tinahak ang landas patungo sa kanilang bagong tahanan sa Missouri.

Mula 1831 hanggang 1838, ang mga miyembro ng Simbahan ay nanirahan kapwa sa Ohio at Missouri. Ang Propeta, mga miyembro ng Korum ng Labindalawa, at marami pang miyembro ng Simbahan ay nanirahan sa Kirtland, samantalang ang iba pang mga miyembro ng Simbahan ay nagtipon sa Missouri at pinamunuan doon ng kanilang mga lider ng priesthood, sa ilalim ng pamamahala ng Propeta. Nag-ugnayan ang mga lider ng Simbahan sa pamamagitan ng liham at madalas na naglakbay sa pagitan ng Kirtland at Missouri.

### *Patuloy na Paghahayag*

Habang nakatira sa Kirtland, nakatanggap ng maraming paghahayag ang Propeta mula sa Panginoon tungkol sa panunumbalik ng ebanghelyo sa mga huling araw. Noong Nobyembre 1831, nagpasiya ang mga lider ng Simbahan na ilathala ang marami sa mga paghahayag sa isang katipunan na tatawaging Aklat ng mga Kautusan. Ang aklat ay ililimbag sa Independence, Missouri. Ngunit noong Hulyo 1833, winasak ng mga mandurumog ang limbagan at marami sa mga nailimbag na pahina. Maliban sa ilang



*Ang Kirtland Temple noong bandang 1900. Malaki ang sakripisyo ng mga Banal sa pagtatayo ng templong ito ngunit kinailangan nila itong iwan matapos silang itaboy ng pag-uusig sa Kirtland.*

kopya ng aklat na naisalba, hindi kailanman napasakamay ng mga miyembro ng Simbahan ang Aklat ng mga Kautusan. Noong 1835 ang mga paghahayag na para sa Aklat ng mga Kautusan, gayundin ang marami pang ibang paghahayag, ay inilathala sa Kirtland bilang Doktrina at mga Tipan.

Habang nakatira sa Kirtland, ipinagpatuloy rin ng Propeta ang kanyang gawain sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia, isang gawaing sinimulan niya noong 1830, ayon sa utos ng Panginoon. Maraming malinaw at mahahalagang bagay ang nawala sa Biblia

sa paglipas ng mga siglo, at ang Propeta ay ginabayan ng Espiritu na gumawa ng mga pagwawasto sa teksto ng King James Version ng Biblia at maibalik ang impormasyong nawala. Ang gawaing ito ang naging daan ng panunumbalik ng mahahalagang katotohanan ng ebanghelyo, pati na ang maraming paghahayag na kasama ngayon sa Doktrina at mga Tipan. Bagaman nilayon ng Propeta na ilathala ang pagbabago niya sa Biblia, naging hadlang ang mga bagay-bagay na higit na nangailangan ng kanyang atensyon, pati na ang pang-uusig, sa pagpapalathala ng kabuuan nito sa kanyang panahon.

Bilang bahagi ng kanyang inspiradong pagbabago sa Biblia, natanggap ni Joseph Smith ang paghahayag na ngayon ay aklat ni Moises at ang inspiradong pagsasalin ng Mateo 24, na tinatawag ngayong Joseph Smith—Mateo. Noong 1835, sinimulang isalin ng Propeta ang aklat ni Abraham mula sa sinaunang Egyptian papyri na binili ng Simbahan. Lahat ng pagsasaling ito ay naging bahagi ng Mahalagang Perlas.

Kabilang sa mga paghahayag na natanggap ng Propeta sa Kirtland ang pagtatatag ng pangkalahatang pamamahala ng Simbahan. Sa ilalim ng pamamahala ng Panginoon, itinatag ni Joseph Smith ang Unang Panguluhan noong 1832.[7] Itinatag niya ang Korum ng Labindalawang Apostol at isang Korum ng Pitumpu noong 1835. Isang stake ang binuo sa Kirtland noong 1834. Sa panahong ito, itinatag din niya ang mga korum ng Aaronic at Melchizedek Priesthood para mapangasiwaan ang mga pangangailangan ng mga lokal na miyembro ng Simbahan.

### *Ang Unang Templo sa Dispensasyong Ito*

Bilang isa sa mahahalagang bahagi ng Panunumbalik, inihayag ng Panginoon kay Joseph Smith na kailangan ang mga banal na templo. Noong Disyembre 1832, inutusan ng Panginoon ang mga Banal na simulang itayo ang templo sa Kirtland, Ohio. Bagaman maraming miyembro ng Simbahan ang kulang sa sapat na matitirhan, trabaho, at pagkain, masigla silang tumugon sa utos ng Panginoon, kasama ang Propeta na tumutulong sa kanila.

Noong Marso 27, 1836, inilaan ni Joseph Smith ang templo sa gitna ng pagbuhos ng Espiritu tulad noong araw ng Pentecostes. Makalipas ang isang linggo, noong Abril 3, 1836, naganap ang

ilan sa pinakamahahalagang pangyayari sa kasaysayan ng relihiyon. Nagpakita ang Panginoong Jesucristo kina Joseph Smith at Oliver Cowdery sa loob ng templo, na nagsasabing, "tinanggap ko ang bahay na ito, at ang aking pangalan ay malalagay rito; at ipakikita ko ang aking sarili sa awa sa aking mga tao sa bahay na ito" (D at T 110:7). Tatlong sugo mula sa mga dispensasyon ng Lumang Tipan—Moises, Elias, at Elijah—ang nagpakita rin. Ibinalik nila ang mga susi at awtoridad ng priesthood na matagal nang nawala sa mundo. Mayroon na ngayong awtoridad si Propetang Joseph Smith na tipunin ang Israel mula sa apat na sulok ng mundo at ibuklod ang mga pamilya sa panahon at buong kawalang-hanggan. (Tingnan sa D at T 110:11–16.) Ang panunumbalik na ito ng mga susi ng priesthood ay sumunod sa huwaran ng Panginoon ng pagbibigay sa Propeta ng "taludtod sa taludtod, tuntunin sa tuntunin; kaunti rito, at kaunti roon" (D at T 128:21) hanggang sa maibalik sa lupa ang kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo.

### *Pangangaral ng Walang Hanggang Ebanghelyo*

Sa buong ministeryo ng Propeta, inutusan siya ng Panginoon na magsugo ng mga misyonero upang "ipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng kinapal" (D at T 68:8). Nadama mismo ng Propeta ang bigat ng responsibilidad sa utos na ito at maraming beses na iniwan ang kanyang tahanan at pamilya upang ipangaral ang ebanghelyo. Noong mga unang taon ng Simbahan, ang mga misyonero ay tinawag na mangaral sa iba't ibang panig ng Estados Unidos at Canada.

Pagkatapos, noong tag-init ng 1837, ang Propeta ay nabigyang-inspirasyon na magpadala ng mga elder sa England. Inutusan ng Propeta si Heber C. Kimball, miyembro ng Korum ng Labindalawa, na pamunuan ang isang maliit na grupo ng mga misyonero sa mabigat na gawaing ito. Iniwan ang kanyang pamilya na halos naghihikahos, lumisan si Elder Kimball na naniniwalang gagabayan siya ng Panginoon. Sa loob ng isang taon, tinatayang mga 2,000 katao ang sumapi sa Simbahan sa England. Dahil dito ay isinugo ni Joseph Smith ang mga miyembro ng Labindalawa sa Great Britain upang maglingkod mula 1839 hanggang 1841, at naging malaking tagumpay din ang misyong ito. Pagsapit ng 1841,

mahigit 6,000 katao ang tumanggap sa ebanghelyo. Marami sa kanila ang nandayuhan sa Amerika, na pinatatatag at pinalalakas ang Simbahan sa panahon ng labis na kahirapan.

*Paglisan sa Kirtland*

Halos mula nang dumating sila roon, dumanas na ng pang-uusig ang mga Banal sa Kirtland, ngunit lalong tumindi ang oposisyon noong 1837 at 1838. "Patungkol sa kaharian ng Diyos," sabi ng Propeta, "laging sumasabay ang diyablo sa pagtatayo ng kanyang kaharian para salungatin ang Diyos."[8] Tumanggap ng matinding kalupitan ang Propeta, kapwa mula sa mga kalaban sa labas ng Simbahan at sa mga nag-apostasiyang kumalaban sa kanya. Pinaratangan siya ng maraming krimen nang wala sa katwiran, tinakot sa hukuman sa dose-dosenang kasong kriminal at sibil na walang batayan, at napilitang pagtaguan ang mga nagtatangka sa kanyang buhay. Ngunit nanatili siyang tapat at matapang sa gitna ng halos palagiang panggugulo at oposisyon.

Sa huli ay hindi na kayang tiisin pa ang pag-uusig sa Kirtland. Noong Enero 1838, napilitan ang Propeta at kanyang pamilya na lisanin ang Kirtland at magkanlong sa Far West, Missouri. Sa pagtatapos ng taon, karamihan sa mga Banal sa Kirtland ay sumunod sa kanya, at iniwan ang kanilang mga tahanan at ang pinakamamahal nilang templo.

---

## Ang mga Banal sa Missouri

*Pagpapatalsik mula sa Jackson County*
*at ang Paghayo ng Kampo ng Sion*

Habang sinisikap ng mga Banal sa Kirtland na patatagin ang Simbahan sa kanilang lugar, marami pang ibang miyembro ng Simbahan ang gayon din ang ginagawa sa Jackson County, Missouri. Nagsimulang manirahan sa bayan ang mga Banal sa mga Huling Araw noong tag-init ng 1831. Makalipas ang dalawang taon, umabot ng mga 1,200 ang mga Banal, o mga ikatlong bahagi ng populasyon doon.

Ang pagdating ng napakaraming mga Banal ay nakaligalig sa matatagal nang naninirahan sa lugar. Natakot ang mga taga-Missouri na baka manaig sa pulitika ang mga bagong salta, na

karamihan ay mula sa hilagang bahagi ng Estados Unidos at hindi sumusuporta sa kaugaliang pang-aalipin ng mga taga-timog. Naghinala rin ang mga taga-Missouri sa kakaibang doktrina ng mga Banal sa mga Huling Araw—tulad ng paniniwala sa Aklat ni Mormon, bagong paghahayag, at pagtitipon sa Sion—at hindi nila gusto ang pangangalakal ng mga Banal sa mga Huling Araw sa isa't isa. Sinimulang guluhin ng mga mandurumog at lokal na hukbo ang mga Banal at, noong Nobyembre 1833, itinaboy nila ang mga ito palabas ng Jackson County. Karamihan sa mga Banal ay nagpunta sa hilaga at tinawid ang Ilog ng Missouri patungong Clay County, Missouri.

Lubhang nababahala si Joseph Smith sa katayuan ng mga Banal sa Missouri. Noong Agosto 1833 mula sa Kirtland ay lumiham siya sa mga lider ng Simbahan sa Missouri: "Mga kapatid, kung nariyan lamang ako ay makikibahagi ako sa inyong mga pagdurusa, at bagaman likas sa tao ang umiwas sa sakit at kamatayan, gayunman hindi itutulot ng aking espiritu na pabayaan kayong mamatay, sa tulong ng Diyos. O, magsaya kayo, sapagkat nalalapit na ang ating pagkatubos. O Diyos, iligtas po Ninyo ang aking mga kapatid sa Sion."[9]

Noong Pebrero 1834, nakatanggap ng paghahayag si Joseph Smith na nag-uutos sa kanya na pangunahan ang ekspedisyon mula Kirtland patungong Missouri upang alalayan at tulungang maibalik ang nagdurusang mga Banal sa kanilang mga lupain sa Jackson County (tingnan sa D at T 103). Bilang tugon sa utos ng Panginoon, bumuo ng isang grupo ang Propeta na tinawag na Kampo ng Sion na hahayo sa Missouri. Noong Mayo at Hunyo ng 1834, ang grupo, na sa huli ay kinabilangan ng mahigit 200 miyembro, ay naglakbay pakanluran at tumawid sa Ohio, Indiana, Illinois, at Missouri. Dumanas sila ng maraming hirap, pati na ng paglaganap ng kolera. Noong Hunyo 22, 1834, nang parating na ang ekspedisyon sa Jackson County, nakatanggap ng paghahayag ang Propeta na buwagin na ang grupo. Gayunman, nangako ang Panginoon na tutubusin ang Sion sa Kanyang takdang panahon. (Tingnan sa D at T 105:9–14.) Matapos mag-organisa ng isang stake sa Clay County na si David Whitmer ang pangulo, bumalik ang Propeta sa Ohio.

Bagaman hindi na nabawi pa ng Kampo ng Sion ang mga ari-arian ng mga Banal, nagbigay ito ng makabuluhang pagsasanay sa mga magiging lider ng Simbahan, dahil natutuhan ng mga naka-sama rito ang mga alituntunin ng matwid na pamumuno mula sa halimbawa at mga turo ng Propeta. Sa isang pulong ng mga miyembro ng Kampo ng Sion at ng iba pang mga miyembro ng Simbahan na ginanap sa Kirtland noong Pebrero 14, 1835, binuo ng Propeta ang Korum ng Labindalawang Apostol. Makalipas ang dalawang linggo, binuo niya ang Korum ng Pitumpu. Naging bahagi ng Kampo ng Sion ang siyam sa mga miyembro ng Korum ng Labindalawa at lahat ng miyembro ng Korum ng Pitumpu.

### *Paninirahan sa Hilagang Missouri*

Malaking bilang ng mga miyembro ng Simbahan ang patuloy na nanirahan sa Clay County, Missouri, hanggang 1836, nang sabihin ng mga mamamayan sa bayang iyon na hindi na nila kayang maglaan ng kanlungan. Dahil dito nagsimulang lumipat ang mga Banal sa hilagang Missouri, karamihan sa kanila ay nani-rahan sa Caldwell County, isang bagong bayang inorganisa ng lehislatura ng estado upang mabigyan ng lugar ang mga Banal sa mga Huling Araw na walang tahanan. Noong 1838 sumama sa kanila ang malaking grupo ng mga Banal na napilitang lisanin ang Kirtland. Ang Propeta at ang kanyang pamilya ay dumating nang Marsong iyon sa Far West, ang umuunlad na paninirahan ng mga Banal sa mga Huling Araw sa Caldwell County, at itina-tag ang headquarters ng Simbahan doon. Noong Abril inutusan ng Panginoon si Joseph Smith na magtayo ng templo sa Far West (tingnan sa D at T 115:7–16).

Sa kasamaang-palad, hindi nagtagal ang kapayapaan para sa mga Banal sa hilagang Missouri. Noong taglagas ng 1838, muling pinagmalupitan at sinalakay ng mga mandurumog at sundalo ang mga Banal sa mga Huling Araw. Nang gumanti ang mga miyem-bro ng Simbahan at ipagtanggol ang kanilang sarili, dinakip si Joseph Smith at ang iba pang mga lider ng Simbahan sa kasong pagtataksil. Noong Nobyembre ikinulong sila sa Independence at pagkatapos ay sa Richmond, Missouri; at noong Disyembre 1, dinala sila sa bilangguan sa Liberty, Missouri. Nang taglamig na iyon, dumanas ng kalupitan ang Propeta at ang kanyang mga

kasama. Ikinulong sila sa bartolina ng bilangguan—isang madilim, malamig, at maruming silid sa ilalim ng lupa—at binigyan ng panis na pagkaing hindi nila makain hanggang sa mapilitan silang kainin ito dahil sa gutom. Inilarawan ng Propeta ang kalagayan niya at ng mga Banal na "isang pagsubok sa aming pananampalataya na katumbas ng pagsubok kay Abraham."[10]

Habang nakakulong ang Propeta, libu-libong Banal sa mga Huling Araw, kabilang na ang sariling pamilya ng Propeta, ang itinaboy sa kanilang mga tahanan sa Missouri sa panahon ng taglamig at tagsibol ng 1838–39. Noong Marso 7, 1839, lumiham si Emma kay Joseph mula sa Quincy, Illinois: "Diyos lamang ang nakaaalam ng aking iniisip at nadarama nang lisanin ko ang ating bahay at tirahan at halos lahat ng ating ari-arian maliban sa ating maliliit na anak, at naglakbay palabas ng estado ng Missouri, at iniwan kang nakakulong sa malungkot na bilangguang iyan."[11] Sa ilalim ng pamamahala ni Brigham Young at ng iba pang mga lider ng Simbahan, ang mga Banal ay naglakbay pakanluran patungong Illinois.



*Liberty Jail, kung saan ikinulong si Propetang Joseph Smith noong taglamig ng 1838–39.*

## Ang mga Taon sa Nauvoo

*Pinakamamahal na Lider ng Kanyang mga Tao*

Noong Abril 1839, inilipat ang Propeta at kanyang mga kasama sa Gallatin, Missouri, mula sa Liberty Jail dahil binago ang lugar na paglilitisan. Habang inililipat na muli ang mga bilanggo mula Gallatin papuntang Columbia, Missouri, hinayaan silang makatakas ng mga guwardiya sa di-makatarungang pagkabilanggo. Nagpunta sila sa Quincy, Illinois, kung saan nakatipon ang malaking grupo ng mga miyembro ng Simbahan matapos tumakas sa Missouri. Di nagtagal, sa ilalim ng pamamahala ng Propeta, karamihan sa mga Banal ay nagsimulang manirahan 80 kilometro pahilaga sa Commerce, Illinois, isang nayon sa gilid ng Ilog Mississippi. Pinalitan ni Joseph ng Nauvoo ang pangalan ng lungsod, at nang sumunod na mga taon ay dumagsa sa Nauvoo ang mga miyembro at bagong binyag mula sa Estados Unidos, Canada, at Great Britain, at naging isa ito sa mga pinakamataong lugar sa Illinois.

Nanirahan sina Joseph at Emma malapit sa ilog sa isang tahanang yari sa troso, na nagsilbing opisina ng Propeta noong mga unang araw ng Nauvoo. Ginawa niyang hanapbuhay ang pagsasaka at kalaunan ay nagbukas siya ng isang tindahan. Ngunit dahil marami siyang oras na iniuukol sa kanyang mga tungkulin sa Simbahan at sa pamayanan, madalas mahirapan ang Propeta sa paglalaan ng mga temporal na pangangailangan ng kanyang pamilya. Noong Oktubre 1841 nakalista sa kanyang personal na mga pag-aari si "matandang Charley (isang kabayo) na ibinigay sa kanya sa Kirtland, dalawang alagang usa, dalawang pabong matanda na at apat na bata pa, ang matandang baka na ibinigay sa kanya ng isang miyembro sa Missouri, ang kanyang alagang si Major (isang asong matanda na), . . . at isang maliit na muwebles sa bahay."[12]

Sa huling bahagi ng Agosto 1843 lumipat ang Propeta at kanyang pamilya sa pagtawid ng kalsada sa isang bagong tayong dalawang palapag na tahanan na tinawag na Mansion House. Sina Joseph at Emma ay mayroon nang apat na anak na buhay. Anim na anak ang inilibing nila sa nakalipas na mga taon, at isa pang anak ang isisilang pagkamatay ni Joseph. Ang labing-isang anak sa



*Ang Mansion House sa Nauvoo. Lumipat sa bahay na ito si Propetang Joseph Smith at ang kanyang pamilya noong Agosto 1843.*

pamilya nina Joseph at Emma Smith ay: si Alvin, isinilang noong 1828, na namatay kaagad matapos isilang; ang kambal na sina Thadeus at Louisa, isinilang noong 1831, na namatay kaagad matapos isilang; ang kambal na ampon na sina Joseph at Julia, isinilang kina John at Julia Murdock noong 1831 at kinalinga nina Joseph at Emma nang mamatay sa panganganak si Sister Murdock (ang 11-buwan na si Joseph ay namatay noong 1832)[13]; si Joseph III, isinilang noong 1832; si Frederick, isinilang noong 1836; si Alexander, isinilang noong 1838; si Don Carlos, isinilang noong 1840, na namatay sa edad na 14 na buwan; isang anak na lalaki na isinilang noong 1842, na namatay sa araw mismo ng kanyang pagsilang; at si David, isinilang noong 1844, halos limang buwan matapos paslangin ang kanyang ama.

Sa kanyang buong ministeryo, gustung-gustong makapiling ng Propeta ang mga Banal. Ganito ang sabi niya tungkol sa lungsod ng Nauvoo at sa mga naninirahan dito, "Ito ang pinakamagandang lugar at pinakamabubuting tao sa silong ng langit."[14] Minahal din siya ng mga Banal at nadama nilang siya ay kaibigan nila, at madalas nila siyang tawaging "Brother Joseph." Pagpuna

ng isang miyembro, "Nakakaakit ang kanyang pagkatao na gumayuma sa lahat ng taong nakakilala sa kanya."[15] "Hindi siya nagkunwaring walang mga pagkakamali at kalokohan," pagsulat ng isang mamamayan ng Nauvoo. "Siya ang taong hindi mo mapigilang mahalin; . . . ni hindi niya ipinagyabang ang kanyang kabantugan na tulad ng akala ng marami, ngunit sa kabaligtaran kinaibigan niya ang kahit sinong disenteng tao."[16] Si William Clayton, isang miyembrong Ingles, ay lumiham sa kanyang tahanan mula sa Nauvoo tungkol sa Propeta, na nagsasabing, "Sana ay naging katulad niya ako."[17]

Maraming ibinigay na talumpati ang Propeta sa Nauvoo, at gustung-gusto siyang pakinggan ng mga miyembro ng Simbahan, dahil itinuro niya ang mga inihayag na katotohanan ng ebanghelyo nang may kapangyarihan. Paggunita ni Angus M. Cannon: "Lagi akong kinikilabutan tuwing maririnig ko siyang magsalita at niluluwalhati ng buo kong kaluluwa ang Panginoon."[18] Sinabi ni Brigham Young: "Hindi ko kailanman pinalagpas ang pagkakataon upang makapiling si Propetang Joseph at makinig sa kanyang pagsasalita sa madla o nang sarilinan, upang maragdagan ang pangunawa ko sa ebanghelyo sa pakikinig sa kanya, upang taglayin ko ito at magamit kung kinakailangan. . . . Mas mahalaga sa akin ang gayong mga sandali kaysa lahat ng kayamanan sa mundo."[19]

Ang pamumuno ni Joseph Smith ay higit pa sa kanyang mga responsibilidad sa simbahan. Sa Nauvoo, kasama ang Propeta sa serbisyong sibil, legal, pangnegosyo, pang-edukasyon, at militar. Nais niyang maihandog ng lungsod ng Nauvoo sa mga mamamayan nito ang lahat ng kalamangan at pagkakataong umunlad ang kultura at lipunan. Noong Enero 1844, dahil hindi siya nasiyahan sa kabiguan ng mga opisyal ng estado at pamahalaan na iwasto at ibalik ang karapatan at ari-ariang kinuha sa mga Banal sa Missouri, ibinalita ni Joseph Smith ang kanyang kandidatura sa pagkapangulo ng Estados Unidos ng Amerika. Bagaman inamin ng karamihan sa mga nakamasid na maliit lamang ang pag-asa niyang mahalal, ang kandidatura niya ay tumawag sa pansin ng publiko sa laganap na paglabag sa karapatan ng mga Banal na ginarantiyahan sa saligang batas. Lahat ng tao, minsan ay ipinahayag ng Propeta, ay "may pantay na karapatan na makibahagi sa mga bunga ng malaking puno ng ating pambansang kalayaan."[20]

### *Kabanalan sa Panginoon: Pagtatayo ng Templo sa Nauvoo para sa Diyos*

Nang mapilitang lisanin ng mga Banal ang Kirtland, iniwan nila ang templong pinaghirapan nilang itayo. Ngunit minsan pa silang magkakaroon ng isang banal na templo sa kanilang kalipunan, dahil inutusan sila ng Panginoon na simulang itayo ang isang templo sa Nauvoo. Nagsimula ang gawain noong taglagas ng 1840, at ang mga batong panulok ay inilagak noong Abril 6, 1841, sa isang seremonyang pinamunuan ng Propeta. Ang pagtatayo ng Nauvoo Temple ang isa sa pinakamahahalagang proyekto sa pagtatayo sa noon ay kanlurang bahagi ng Amerika. Kinailangan ang malaking sakripisyo ng mga Banal sa pagtatayo ng templo, sapagkat sa patuloy na pandarayuhan sa umuunlad na lungsod, karamihan sa mga miyembro ng Simbahan ay naghihirap.

Sinimulang ituro ng Propeta ang doktrina ng binyag para sa mga patay noong Agosto 15, 1840. Dahil nagsisimula pa lamang sa pagtatayo ng templo, isinagawa muna ng mga Banal ang mga pagbibinyag para sa mga patay sa mga ilog at sapa sa lugar. Noong Enero 1841, inihayag ng Panginoon na maaari lamang ipagpatuloy ang kaugaliang ito kapag maisasagawa na ang mga binyag sa loob ng templo (tingnan sa D at T 124:29–31). Noong tag-init at taglagas ng 1841, nagtayo ang mga Banal ng pansamantalang bautismuhan na yari sa kahoy sa bagong hukay na ilalim ng templo. Ang mga pagbibinyag para sa mga patay ay unang isinagawa sa bautismuhang ito noong Nobyembre 21, 1841.

Noong 1841 isinagawa ang mga unang pagbubuklod ng mga mag-asawa, at noong 1843 idinikta ng Propeta ang paghahayag na naglalarawan sa kawalang-hanggan ng tipan ng kasal (tingnan sa D at T 132). Ang mga doktrina sa paghahayag na ito ay alam na ng Propeta noon pang 1831.[21] Ayon sa utos ng Diyos, itinuro din niya ang doktrina ng pag-aasawa ng mahigit sa isa (plural marriage).

Dahil matatagalan pa bago matapos ang templo, pinili ni Joseph Smith na isagawa na ang endowment sa templo sa labas ng mga sagradong dingding nito. Noong Mayo 4, 1842, sa silid sa itaas ng kanyang Red Brick Store sa Nauvoo, pinangasiwaan ng



*Ang Nauvoo Temple sa kalagitnaan ng 1840s. Sinunog ang templo noong 1848 matapos mapilitang lisanin ng mga Banal ang Nauvoo, at ilan sa mga dingding ay nasira kalaunan ng isang ipu-ipo, at napakahina ng natirang mga dingding kaya kinailangang gibain ang mga ito.*

Propeta ang mga unang endowment sa isang maliit na grupo ng mga miyembrong lalaki, kabilang na si Brigham Young. Hindi na nakabuhayan ng Propeta ang pagtatapos ng Nauvoo Temple. Gayunman, noong 1845 at 1846, natanggap ng libu-libong Banal ang endowment sa templo mula kay Brigham Young at sa iba pang nakatanggap ng mga pagpapalang ito mula sa Propeta.

### *Pagtatapos ng Ministeryo ni Joseph Smith*

Bagaman payapa noong una ang mga Banal sa Nauvoo, lalo namang pinag-usig ang Propeta, at naramdaman niyang patapos na ang kanyang misyon sa lupa. Sa isang di malilimutang pulong noong Marso 1844, inutusan ng Propeta ang Labindalawa na pamahalaan ang Simbahan pagkamatay niya, na ipinaliliwanag na nasa kanila na ang lahat ng susi at awtoridad na kailangan para magawa iyon. Noong panahong iyon, sinabi kalaunan ni Wilford Woodruff, isang miyembro ng Korum ng Labindalawa: "Nagpapatotoo ako na sa maagang tagsibol na iyon noong 1844, sa Nauvoo, tinipon ni Propetang Joseph Smith ang mga Apostol at ibinigay sa kanila ang mga ordenansa ng simbahan at kaharian ng Diyos. At lahat ng susi at kapangyarihang ipinagkaloob sa kanya ng Diyos ay pinagtibay niya sa aming mga ulunan, at sinabihan kaming maghanda at tanggapin ang responsibilidad na papagtagumpayin ang kahariang ito, o kung hindi ay isusumpa kami. . . . Ang Kanyang mukha ay singliwanag ng baga, at nalulukuban siya ng isang kapangyarihang hindi ko pa nakita sa sinumang nabubuhay na tao kailanman."[22] Pagkamatay ng Propeta, ang responsibilidad sa Simbahan at kaharian ng Diyos sa lupa ay babalikatin ng Korum ng Labindalawang Apostol.

Noong Hunyo 1844 isang kaso ng panggugulo ang isinampa laban sa Propeta. Bagaman napawalang-sala siya sa kasong ito sa Nauvoo, iginiit ng gobernador ng Illinois na si Thomas Ford na litisin si Joseph sa kaso ring ito sa Carthage, Illinois, ang sentro ng Hancock County. Pagdating ng Propeta at ng kanyang kapatid na si Hyrum sa Carthage, pinalaya sila matapos magpiyansa para sa orihinal na kaso ngunit pagkatapos ay kinasuhan ng pagtataksil laban sa estado ng Illinois at ikinulong sa lokal na bilangguan.

Sa mainit at maalinsangang hapon ng Hunyo 27, 1844, isang grupo ng mga mandurumog na may pintang itim sa mukha ang lumusob sa bilangguan at pinaslang sina Joseph at Hyrum Smith. Makalipas ang mga tatlong oras, sina Willard Richards at John Taylor, na nasa kulungan kasama ng mga pinaslang, ay nagpadala ng isang malungkot na mensahe sa Nauvoo: "Carthage Jail, alas-8:05 n.g., ika-27 ng Hunyo, 1844. Patay na sina Joseph at Hyrum. . . . Ang pagpatay ay ginawa sa isang iglap."[23] Sa edad



*Carthage Jail, kung saan pinaslang si Propetang Joseph Smith at ang kapatid niyang si Hyrum noong Hunyo 27, 1844.*

na 38, tinatakan ni Propetang Joseph Smith ng kanyang dugo ang kanyang patotoo. Nang matapos ang kanyang gawain sa mortalidad, at maitatag ang Simbahan at kaharian ng Diyos sa lupa sa huling pagkakataon, namatay si Joseph Smith sa tama ng mga bala ng mga mamamatay-tao. Tungkol kay Propetang Joseph Smith, ang Panginoon mismo ay nagpatotoo: "Aking tinawag [si Joseph Smith] sa pamamagitan ng aking mga anghel, na aking mga tagapaglingkod, at sa pamamagitan ng aking sariling tinig mula sa kalangitan, upang isagawa ang aking gawain; kung aling

saligan ay kanyang inilatag, at naging matapat; at siya ay kinuha ko sa aking sarili. Marami ang namangha dahil sa kanyang kamatayan; subalit kinakailangang kanyang tatakan ang kanyang patotoo ng kanyang dugo, upang siya ay maparangalan at ang masasama ay maparusahan" (D at T 136:37–39).

Si Joseph Smith, ang dakilang propeta, tagakita, at tagapaghayag sa mga huling araw, ay isang magiting at masunuring lingkod ng Kataas-taasang Diyos. Pinatotohanan ni Pangulong Brigham Young: "Sa aking palagay wala nang ibang taong nabubuhay sa mundo na higit na nakakikilala sa kanya kaysa sa akin; at buong tapang kong sasabihin na, maliban kay Jesucristo, wala nang mas mabuting taong nabuhay o nabubuhay sa mundong ito. Ako ang kanyang saksi."[24]

## *Mga Tala*

1. Wilford Woodruff, *Deseret News: Semi-Weekly,* Nob. 25, 1873, p. 1.
2. Dahil siyam lamang sa labing-isang anak nina Joseph Smith Sr. at Lucy Mack Smith ang nanatiling buhay matapos isilang, kadalasan ay sinasabi ng mga miyembro ng pamilya na siyam silang magkakapatid. Gayundin, iba-iba ang pagbabaybay sa pangalan ng kapatid ni Joseph na si Katharine noong nabubuhay pa ito, kabilang na ang Catherine.
3. Joseph Smith, History 1832, p. 1; Letter Book 1, 1829–35, Joseph Smith, Collection, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.
4. Joseph Smith, History 1832, p. 1; Letter Book 1, 1829–35, Joseph Smith, Collection, Church Archives.
5. *History of the Church,* 4:536; mula sa isang liham na isinulat ni Joseph Smith sa kahilingan nina John Wentworth at George Barstow, Nauvoo, Illinois, na inilathala sa *Times and Seasons,* Mar. 1, 1842, p. 707.
6. *History of the Church,* 4:536–37; mula sa isang liham na isinulat ni Joseph Smith sa kahilingan nina John Wentworth at George Barstow, Nauvoo, Illinois, na inilathala sa *Times and Seasons,* Mar. 1, 1842, p. 707.
7. Ang orihinal na Unang Panguluhan ay binubuo ni Joseph Smith bilang Pangulo at nina Sidney Rigdon at Jesse Gause bilang mga tagapayo. Ilang buwan matapos maging miyembro ng Unang Panguluhan si Jesse Gause, tinalikuran niya ang Simbahan. Noong Marso 18, 1833, itinalaga si Frederick G. Williams bilang tagapayo sa Unang Panguluhan.
8. *History of the Church,* 6:364; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mayo 12, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Thomas Bullock.
9. Dagdag-sulat ni Joseph Smith sa isang liham ni Oliver Cowdery sa mga lider ng Simbahan sa Jackson County, Missouri, Ago. 10, 1833, Kirtland, Ohio, Church Archives.
10. *History of the Church,* 3:294; mula sa isang liham ni Joseph Smith at ng iba pa kay Edward Partridge at sa Simbahan, Mar. 20, 1839, Liberty Jail, Liberty, Missouri.
11. Liham ni Emma Smith kay Joseph Smith, Mar. 7, 1839, Quincy, Illinois; sa Letter Book 2, 1837–43, p. 37, Joseph Smith, Collection, Church Archives.
12. *History of the Church,* 4:437–38; ginawang makabago ang pagbabantas; mula sa isang liham ng Labindalawang Apostol sa "Brethren

Scattered Abroad on the Continent of America," Okt. 12, 1841, Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Okt. 15, 1841, p. 569.

13. Noong Mayo 1831, halos kamamatay pa lamang ng sarili nilang bagong silang na kambal, inampon nina Joseph at Emma Smith ang bagong silang na kambal ng mga miyembro ng Simbahan na sina John at Julia Murdock. Ang kambal ng mga Murdock ay pinangalanang Joseph at Julia. Namatay si Sister Murdock sa panganganak, at hiniling ni Brother Murdock, na may limang anak na naulila sa ina, na alagaan ng mga Smith ang kambal.
14. *History of the Church,* 6:554; pahayag ni Joseph Smith noong Hunyo 24, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Dan Jones.
15. Mary Isabella Horne, "Testimony of Sister M. Isabella Horne," *Woman's Exponent,* Hunyo 1910, p. 6.
16. Liham ni George W. Taggart sa kanyang mga kapatid sa New Hampshire, Set. 10, 1843, Nauvoo, Illinois; sa Correspondence, ni Albert Taggart, 1842–48 at 1860, Church Archives.
17. Liham ni William Clayton sa mga miyembro ng Simbahan sa Manchester, England, Dis. 10, 1840, Nauvoo, Illinois, Church Archives.
18. Angus M. Cannon, sa "Joseph, the Prophet," *Salt Lake Herald Church and Farm Supplement,* Ene. 12, 1895, p. 212.
19. Brigham Young, *Deseret News: Semi-Weekly,* Set. 15, 1868, p. 2.
20. *History of the Church,* 3:304; mula sa isang liham ni Joseph Smith at ng iba pa kay Edward Partridge at sa Simbahan, Mar. 20, 1839, Liberty Jail, Liberty, Missouri.
21. Tingnan sa ulo ng Doktrina at mga Tipan 132.
22. Wilford Woodruff, pahayag noong Mar. 12, 1897, sa Salt Lake City, Utah; sa Journal History of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Mar. 12, 1897, p. 2.
23. *History of the Church,* 6:621–22; mula sa isang tagubilin nina Willard Richards at John Taylor, Hunyo 27, 1844, Carthage, Illinois.
24. Brigham Young, *Deseret News,* Ago. 27, 1862, p. 65.



*"Ako ay nakakita ng isang haligi ng liwanag na tamang-tama sa tapat ng aking ulo, higit pa sa liwanag ng araw, na dahan-dahang bumaba hanggang sa ito ay pumalibot sa akin."*

# Ang Unang Pangitain: Nagpakita ang Ama at ang Anak kay Joseph Smith

*"Nakakita ako ng dalawang Katauhan, na ang liwanag at kaluwalhatian ay hindi kayang maisalarawan, nakatayo sa hangin sa itaas ko. Ang isa sa kanila ay nagsalita sa akin, tinatawag ako sa aking pangalan, at nagsabi, itinuturo ang isa—Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak. Pakinggan Siya!"*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Kasunod ng pagkamatay at pagkabuhay na mag-uli ni Jesucristo, unti-unting lumaganap ang apostasiya. Ang mga Apostol ng Tagapagligtas ay tinanggihan at pinagpapatay, at ang Kanyang mga turo ay pinasama, at ang priesthood ng Diyos ay inalis sa lupa. Ang sinaunang propeta na si Amos ay nagpropesiya tungkol sa isang panahon ng apostasiya at espirituwal na kadiliman: "Narito, ang mga araw ay dumarating, sabi ng Panginoong Dios, na ako'y magpapasapit ng kagutom sa lupain, hindi kagutom sa tinapay, o kauhawan man dahil sa tubig, kundi sa pagkarinig ng mga salita ng Panginoon: at sila'y magsisilaboy sa dagat at dagat, at mula sa hilagaan hanggang sa silanganan; sila'y magsisitakbo ng paroo't parito upang hanapin ang salita ng Panginoon, at hindi masusumpungan" (Amos 8:11–12).

Isa sa mga naghahanap sa salita ng Panginoon na nawala sa daigdig si Joseph Smith, isang binatilyong nakatira sa kabukiran ng komunidad ng Palmyra, New York, noong 1820. Si Joseph ay isang malakas at aktibong binatilyo na maputi, murang kape ang kulay ng buhok, at asul ang mga mata, panglima sa labing-isang anak nina Joseph Smith Sr. at Lucy Mack Smith. Nagtrabaho siya

nang mahahabang oras sa pagtulong sa kanyang ama at mga kuya sa pagputol ng mga puno at pagtatanim sa magubat na 40.5 ektaryang sakahan ng kanyang pamilya. Ayon sa kanyang ina, siya ay "tahimik at mabait na anak,"[1] na "mas palaisip at palaaral" kaysa sinuman sa kanyang mga kapatid.[2] Nagtrabaho ang batang si Joseph para tumulong sa pagsuporta sa kanyang pamilya kaya sapat lamang ang napag-aralan niya sa paaralan para matutong bumasa, sumulat, at magsuma.

Sa panahong ito, mabilis na lumalaganap ang diwa ng kasigasigan ukol sa relihiyon sa buong rehiyon ng kanluraning New York kung saan nakatira ang pamilyang Smith. Ang mga Smith, gaya ng maraming iba pa, ay dumalo sa mga serbisyo ng mga Kristiyano sa pook na iyon. Bagaman sumapi ang ilang miyembro ng kanyang pamilya sa isa sa mga simbahan, si Joseph ay hindi. Kalaunan ay ganito ang isinulat niya tungkol sa panahong ito:

"Lubhang natuon ang aking isipan sa mahahalagang alalahanin tungkol sa kapakanan ng imortal kong kaluluwa, kaya sinaliksik ko ang mga banal na kasulatan, sa paniniwala, tulad ng itinuro sa akin, na naroroon ang salita ng Diyos. Sa gayon ang pagtutuon ko sa mga ito at pagkamalapit ko sa mga miyembro ng iba't ibang sekta ay naging daan upang lubha akong manggilalas, sapagkat natuklasan ko na hindi nila ipinakita ang ganda ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng banal na pamumuhay at makadiyos na pakikipag-usap ayon sa natuklasan kong nilalaman ng sagradong aklat na ito. Ito ang hinagpis ng aking kaluluwa. . . .

"Maraming bagay akong pinagnilay-nilay sa aking puso tungkol sa sitwasyon ng daigdig ng sangkatauhan—ang mga pagtatalo at pagkakahati, kasamaan at karumal-dumal na gawain, at kadilimang bumabalot sa isipan ng sangkatauhan. Nabagabag nang husto ang aking isipan, sapagkat nadama ko ang bigat ng aking mga kasalanan, at sa pagsasaliksik sa mga banal na kasulatan nalaman ko na hindi lumapit ang sangkatauhan sa Panginoon, kundi sila ay nag-apostasiya mula sa totoo at buhay na pananampalataya, at walang lipunan o sektang nakasalig sa ebanghelyo ni Jesucristo tulad ng nakatala sa Bagong Tipan, at nagdalamhati ako dahil sa sarili kong mga kasalanan at sa mga kasalanan ng mundo."[3]

Ang pagsasaliksik ng batang si Joseph Smith sa katotohanan ang nag-akay sa kanya sa kakahuyan para hingin sa Diyos ang karunungang kailangan niya noon. Bilang sagot sa kanyang panalangin, nagpakita sa kanya ang Ama sa Langit at si Jesucristo, na nagbigay-daan sa panunumbalik ng ebanghelyo sa mga huling araw. Ang kagila-gilalas na pangyayaring ito ay ikinuwento ni Joseph Smith sa simple ngunit malinaw na mga salita.

## Mga Turo ni Joseph Smith

### Itinuturo ng pagsasaliksik ni Joseph Smith sa katotohanan na ang pag-aaral ng banal na kasulatan at taimtim na panalangin ay nag-aanyaya ng paghahayag.

*Joseph Smith—Kasaysayan 1:5, 7–13:* "May kakaibang kaguluhan sa paksa ng relihiyon sa lugar na aming tinitirahan. Nagsimula ito sa mga Methodist, subalit dagliang naging karaniwan sa lahat ng sekta sa dakong yaon. Sa katunayan, ang buong purok ay tila nahikayat nito, at nagsama-sama ang maraming tao sa iba't ibang pangkat ng mga relihiyon, na lumikha ng hindi maliit na kaguluhan at pagkakahati ng mga tao, ang ilan ay nagsisigaw ng, 'Halina, rito!' at ang iba'y, 'Halina, roon!' Ang iba ay nakikipagtalo para sa pananampalatayang Methodist, ang iba para sa Presbyterian, at ang iba'y para sa Baptist. . . .

"Sa panahong ito ako ay nasa aking ikalabinlimang taong gulang. Ang mag-anak ng aking ama ay napaniwala sa pananampalatayang Presbyterian, at apat sa kanila ang sumapi sa simbahang yaon, alalaong baga'y ang aking ina, si Lucy; ang aking mga kapatid na sina Hyrum at Samuel Harrison; at ang aking kapatid na babaing si Sophronia.

"Sa panahong ito ng malaking kaguluhan, ang aking pag-iisip ay natawag sa matamang pagmumuni-muni at malaking pagkabahala; subalit, bagaman ang aking mga damdamin ay matindi at kadalasan ay masidhi, gayon man nanatili akong malayo sa mga pangkat na ito, bagaman ako ay dumadalo sa ilan nilang pagpupulong na kasindalas ng ipinahihintulot ng pagkakataon. Sa paglipas ng panahon, ang aking pag-iisip ay bahagyang pumapanig sa sekta ng Methodist, at nakaramdam ako ng kaunting pagnanais

na makiisa sa kanila; ngunit napakalaki ng kaguluhan at sigalutan ng iba't ibang sekta, na hindi maaari para sa isang tao na kasimbata ko, at walang kabatiran sa mga tao at bagay-bagay, na makarating sa anumang tiyak na pagpapasiya kung sino ang tama at kung sino ang mali.

"Kung minsan ang aking isipan ay labis na naguguluhan, ang sigawan at pag-iingay ay napakalakas at walang humpay. Ang mga Presbyterian ang pinakasalungat laban sa mga Baptist at Methodist, at ginamit ang lahat ng lakas kapwa sa pangangatwiran at sa kasanayan upang patunayan ang kanilang mga kamalian, o kahit paano, ay magawang papag-isipin ang mga tao na sila ay mali. Sa kabilang dako, ang mga Baptist at Methodist ay gayon din kasigasig sa pagpupunyagi na mapatunayan ang kanilang sariling aral at pasinungalingan ang lahat ng iba.

"Sa gitna nitong labanan ng mga salita at ingay ng mga hakahaka, madalas kong sabihin sa aking sarili: Ano ang nararapat gawin? Sino sa lahat ng pangkat na ito ang tama; o, lahat ba sila ay pare-parehong mali? Kung mayroon mang isang tama sa kanila, alin ito, at paano ko ito malalaman?

"Habang ako ay naghihirap sa ilalim ng masisidhing suliranin sanhi ng pagtutunggalian ng mga pangkat na ito ng mga relihiyoso, isang araw ako ay nagbabasa ng Sulat ni Santiago, unang kabanata at ikalimang talata, na mababasang: *Ngunit kung nagkukulang ng karunungan ang sinuman sa inyo, ay humingi sa Diyos, na nagbibigay nang sagana sa lahat, at hindi nanunumbat; at ito'y ibibigay sa kanya.*

"Wala sa alinmang sipi sa banal na kasulatan ang nakapukaw nang may higit na kapangyarihan sa puso ng tao kaysa sa nagawa nito sa akin sa oras na ito. Tila pumasok ito nang may malakas na kapangyarihan sa bawat himaymay ng aking puso. Paulit-ulit kong pinagmuni-muni ito, nalalaman na kung may tao mang nangangailangan ng karunungan mula sa Diyos, ako yaon; na kung paano kikilos ay hindi ko alam, at maliban na kung makakukuha ako ng higit na karunungan kaysa sa aking taglay na, hindi ko kailanman malalaman; sapagkat ang mga guro ng iba't ibang sekta ng relihiyon ay magkakaiba ang pagkaunawa sa iisang sipi



*"Wala sa alinmang sipi sa banal na kasulatan ang nakapukaw nang may higit na kapangyarihan sa puso ng tao kaysa sa nagawa nito sa akin sa oras na ito."*

ng banal na kasulatan na nakawawasak ng lahat ng tiwala sa paglutas ng katanungan sa pamamagitan ng pagsasangguni sa Biblia.

"Sa wakas nakarating ako sa pagpapasiya na alin sa dalawa, ako ay mananatili sa kadiliman at kaguluhan, o kaya'y kinakailangan kong gawin ang tagubilin ni Santiago, yaon ay, humingi sa Diyos. Sa wakas nakarating ako sa matibay na hangarin na 'humingi sa Diyos,' nagpapasiya na kung siya ay nagbigay ng karunungan sa mga yaong kulang ng karunungan, at magbibigay nang sagana, at hindi manunumbat, maaari akong magbakasakali."[4]

---

### Naligtas si Joseph Smith mula sa kapangyarihan ng kaaway ng lahat ng kabutihan.

*Joseph Smith—Kasaysayan 1:14–16:* "Kaya nga, alinsunod dito, sa aking matibay na hangaring humingi sa Diyos, nagtungo ako sa kakahuyan upang maisagawa ang aking pagtatangka. Ito ay sa umaga ng isang maganda, maaliwalas na araw, sa tagsibol

ng taong isanlibo walong daan at dalawampu. Ito ang kauna-unahang pagkakataon sa aking buhay na ako ay gumawa ng ganitong pagtatangka, sapagkat sa gitna ng lahat ng aking pagkabahala, kailanman ay hindi ko pa nagawa ang pagtatangkang manalangin nang malakas.

"Matapos na magtungo ako sa lugar na kung saan ko binalak magtungo, matapos kong tingnan ang aking paligid, at nang matiyak kong ako'y nag-iisa, ako'y lumuhod at nagsimulang ialay ang mga naisin ng aking puso sa Diyos. Bahagya ko pa lamang nagagawa ito, nang daglian akong sinunggaban ng isang kapangyarihan na ganap akong dinaig, at may kagila-gilalas na lakas na higit sa akin upang igapos ang aking dila nang hindi ako makapagsalita. Nagtipon ang makapal na kadiliman sa aking paligid, at sa wari ko ng sandaling yaon, na tila ako ay nakatadhana sa biglaang pagkawasak.

"Subalit, sa paggamit ng lahat ng aking lakas upang tumawag sa Diyos na iligtas ako sa kapangyarihan ng kaaway na ito na sumunggab sa akin, at sa sandaling yaon nang ako ay nakahanda nang pumailalim sa kawalang-pag-asa at ipaubaya ang aking sarili sa pagkawasak—hindi sa isang likhang-isip na pagkawasak, kundi sa kapangyarihan ng isang tunay na nilikha na mula sa hindi nakikitang daigdig, na may kagila-gilalas na lakas na kailanman ay hindi ko pa naramdaman sa anumang nilikha—sa sandaling ito ng labis na pangamba, ako ay nakakita ng isang haligi ng liwanag na tamang-tama sa tapat ng aking ulo, higit pa sa liwanag ng araw, na dahan-dahang bumaba hanggang sa ito ay pumalibot sa akin."[5]

---

## Ang Ama sa Langit at si Jesucristo ay nagpakita kay Joseph bilang sagot sa kanyang mapakumbabang dalangin.

*Joseph Smith—Kasaysayan 1:17–20:* "Hindi pa natatagalan nang ito'y lumitaw na natuklasan kong naligtas na ang aking sarili mula sa kaaway na gumapos sa akin. Nang tumuon sa akin ang liwanag, nakakita ako ng dalawang Katauhan, na ang liwanag at kaluwalhatian ay hindi kayang maisalarawan, nakatayo sa hangin sa itaas ko. Ang isa sa kanila ay nagsalita sa akin, tinatawag ako sa

aking pangalan, at nagsabi, itinuturo ang isa—*Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak. Pakinggan Siya!*

"Ang aking layunin sa pagtatanong sa Panginoon ay upang alamin kung alin sa lahat ng sekta ang tama, upang malaman kung alin ang sasapian ko. Hindi pa natatagalan, samakatwid, nang ako ay matauhan, upang makapagsalita, nang aking tanungin ang mga Katauhan na nakatayo sa itaas ko sa loob ng liwanag, kung alin sa lahat ng sekta ang tama (sapagkat sa panahong ito hindi pa kailanman pumasok sa aking puso na ang lahat ay mali)—at alin ang dapat kong sapian.

"Sinagot ako na hindi ako dapat sumapi sa alinman sa kanila, sapagkat lahat sila ay mali; at ang Katauhan na kumausap sa akin ay nagsabi na lahat ng kanilang sinasampalatayanan ay karumal-dumal sa kanyang paningin; na yaong mga guro ay tiwaling lahat; na: 'lumalapit sila sa akin sa pamamagitan ng kanilang mga labi, subalit ang kanilang mga puso ay malayo sa akin, itinuturo nila bilang mga doktrina ang mga kautusan ng tao, na may anyo ng kabanalan, datapwat tinatanggihan ang kapangyarihan nito.'

"Muli niya akong pinagbawalang sumapi sa alinman sa kanila; at marami pang ibang bagay ang sinabi niya sa akin, na hindi ko maaaring isulat sa ngayon. Nang ako ay muling matauhan, natagpuan ko ang aking sarili na nakahiga, nakatingin sa kalangitan. Nang maglaho ang liwanag, ako ay wala nang lakas; subalit nang bahagyang bumuti-buti ang aking pakiramdam agad akong umuwi. At habang ako ay nakasandig sa dapugan, ang aking ina ay nagtanong kung ano ang nangyari. Sumagot ako, 'Walang anuman, maayos ang lahat—mabuti na ang aking pakiramdam.' Pagkatapos ay sinabi ko sa aking ina, 'Nalaman ko para sa aking sarili na ang Presbyterianismo ay hindi totoo.' Tila baga nalalaman ng kaaway, sa napakaagang panahon ng aking buhay, na ako ay nakatalagang mapatunayang tagabulabog at tagasuya ng kanyang kaharian; kung hindi ay bakit nagsama-sama ang mga kapangyarihan ng kadiliman laban sa akin? Bakit lumitaw ang pagsalungat at pag-uusig laban sa akin, halos sa aking kamusmusan?"[6]

**Kapag matatag ang ating patotoo, hindi magiging dahilan ang pang-uusig para itatwa natin ang alam nating totoo.**

*Joseph Smith—Kasaysayan 1:21–26:* "Ilang araw pagkaraan ng pangitain kong ito, nagkataong ako'y kasama ng isa sa mga mangangaral ng Methodist, na napakasigasig sa nabanggit na kaguluhan sa relihiyon; at, sa pakikipag-usap sa kanya sa paksa hinggil sa relihiyon, ginamit ko ang pagkakataon upang ibigay sa kanya ang salaysay ng naging pangitain ko. Labis akong nagulat sa kanyang inasal; hindi lamang niya itinuring ang aking isinalaysay nang gayun-gayon lamang, kundi lakip ang labis na pag-aalipusta, nagsasabing ang lahat ng ito ay sa diyablo, na wala nang ganoong mga bagay tulad ng mga pangitain o paghahayag sa panahong ito; na ang ganoong mga bagay ay lumipas na kasama ng mga apostol, at kailanman ay hindi na magkakaroon ng mga gayon.

"Daglian kong natuklasan, gayon pa man, na ang pagsasabi ko ng salaysay ay pumukaw ng labis na kapinsalaan laban sa akin sa mga mangangaral ng relihiyon, at naging sanhi ng labis na pag-uusig, na patuloy na lumubha; at bagaman ako ay di kilalang bata na nasa pagitan lamang ng labing-apat at labinlimang taong gulang, at ang aking katayuan sa buhay ay gayon na lamang upang ituring na isang batang walang kahalagahan sa daigdig, gayon pa man ang matataas na tao ay sapat na nagbibigay-pansin upang pukawin ang isipan ng madla laban sa akin, at lumikha ng mapait na pag-uusig; at ito'y pangkaraniwan na sa lahat ng sekta—nagkaisa ang lahat upang usigin ako.

"Naging sanhi ito ng mataman kong pagmumuni-muni noon, at kadalasan na magbuhat noon, lubos na nakapagtataka na ang isang di kilalang bata, humigit lamang ng kaunti sa labing-apat na taong gulang at isa rin, na nakatadhana sa pangangailangan ng pagkuha ng di sapat na ikabubuhay sa pamamagitan ng kanyang pang-araw-araw na gawain, ay dapat isiping isang katauhang may sapat na kahalagahan upang tumawag ng pansin sa mga tanyag na tao sa mga kilalang sekta sa panahong yaon, at sa pamamaraan upang lumikha sa kanila ng damdamin ng pinakamapait na pag-uusig at panlalait. Subalit nakapagtataka o hindi,

gayon nga ito, at ito ang kadalasang sanhi ng labis na kalungkutan sa aking sarili.

"Gayon pa man, ito ay isang katotohanan na ako'y nakakita ng isang pangitain. Mula noon napag-isipan ko, na ako ay tulad ni Pablo, nang ipagtanggol niya ang kanyang sarili sa harapan ni Haring Agripa, at iniulat ang salaysay ng kanyang naging pangitain nang nakakita siya ng liwanag, at nakarinig ng isang tinig; ngunit kakaunti pa rin ang naniwala sa kanya; ang sabi ng ilan siya ay manlilinlang, ang sabi ng iba siya ay baliw; at siya ay kinutya at nilait. Subalit hindi nawasak ng lahat ng ito ang katotohanan ng kanyang pangitain. Nakakita siya ng pangitain, alam niyang nakakita siya, at hindi ito magagawang baguhin ng lahat ng pag-uusig sa silong ng langit; at bagaman inusig nila siya hanggang sa kamatayan gayon pa man, alam niya, at alam niya hanggang sa kanyang huling hininga, na siya ay nakakita ng liwanag at nakarinig ng tinig na nagsasalita sa kanya, at ang buong daigdig ay hindi siya mapag-iisip o mapaniniwala nang taliwas dito.

"At gayon din ako. Ako'y tunay na nakakita ng liwanag, at sa gitna ng liwanag na yaon nakakita ako ng dalawang Katauhan, at sa katotohanan kinausap nila ako; at bagaman kinamuhian ako at inusig dahil sa pagsasabi na nakakita ako ng pangitain, gayon man ito'y totoo; at habang ako'y kanilang inuusig, ako'y nilalait, at nagsasabi ng lahat ng uri ng kasamaan laban sa akin nang walang katotohanan sa pagsasabi nito, dahil dito ay nasabi ko sa aking puso: Bakit ako inuusig sa pagsasabi ng katotohanan? Ako ay tunay na nakakita ng pangitain; at sino ako na aking kakalabanin ang Diyos, o bakit iniisip ng sanlibutan na ipagkakaila ko ang tunay kong nakita? Sapagkat nakakita ako ng pangitain; ito'y alam ko, at nalalaman ko na ito ay alam ng Diyos, at ito'y hindi ko maipagkakaila, ni tangkain kong gawin ito; at nalalaman ko na kung ito'y aking gagawin ay magkakasala ako sa Diyos, at mapapasailalim sa sumpa.

"Ngayon ay palagay na ang aking isipan kung tungkol din lamang sa sekta ng mga relihiyon—na hindi ko katungkulang sumapi sa alinman sa kanila, kundi magpatuloy tulad ng dati hanggang sa

maatasan. Napag-alaman kong tama ang patotoo ni Santiago—na ang isang taong nagkukulang ng karunungan ay maaaring humingi sa Diyos, at makatatamo, at hindi masusumbatan."[7]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Repasuhin ang mga pahina 31–35. Isipin kung paano nagpakita ng halimbawa sa atin si Joseph Smith habang naghahanap tayo ng mga kasagutan sa ating mga tanong. Sa pag-aaral ninyo ng kuwento niya tungkol sa Unang Pangitain, ano ang natutuhan ninyo tungkol sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan? sa pagmumuni-muni? sa panalangin?
- Repasuhin ang mga pahina 36–37. Isipin ang mga katotohanang nalaman ni Joseph Smith tungkol sa Diyos Ama at kay Jesucristo nang matanggap niya ang Unang Pangitain. Bakit kailangang magkaroon ng patotoo ang bawat isa sa atin tungkol sa Unang Pangitain?
- Nang sabihin ni Joseph sa iba ang tungkol sa Unang Pangitain, maraming taong nagalit sa kanya at pinag-usig nila siya (pahina 38). Bakit kaya ganoon ang naging reaksyon ng mga tao? Pag-isipang mabuti ang tugon ni Joseph sa pang-uusig (mga pahina 38–40). Paano natin masusundan ang kanyang halimbawa kapag naharap tayo sa pag-uusig o iba pang mga pagsubok?
- Noong una ninyong malaman ang tungkol sa Unang Pangitain, ano ang naging epekto ng kuwento sa inyo? Ano ang naging epekto nito sa inyo mula noon? Sa anong mga paraan kayo napalakas nang muli ninyong pag-aralan ang kuwento sa kabanatang ito?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Isaias 29:13–14; Joel 2:28–29; Amos 3:7; Mormon 9:7–9

## *Mga Tala*

1. Lucy Mack Smith, "The History of Lucy Smith, Mother of the Prophet," 1845 manuscript, p. 72, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah. Idinikta ni Lucy Mack Smith, ang ina ng Propeta, ang kanyang kasaysayan, na kinabibilangan ng maraming bagay tungkol sa buhay ng Propeta, kay Martha Jane Knowlton Coray simula noong 1844 at nagpatuloy hanggang 1845. Tinawag ni Martha Coray ang naunang manuskritong ito na "History rough manuscript." Kalaunan noong 1845, binago at pinalawak nina Lucy Mack Smith, Martha Coray, at ng asawa ni Martha na si Howard Coray, ang naunang manuskrito. Ang 1845 manuscript ay pinamagatang "The History of Lucy Smith, Mother of the Prophet." Nagsipi ang aklat na ito mula sa 1844–45 manuscript maliban sa ilang pagkakataon na may materyal sa 1845 manucript na wala sa 1844–45 manuscript.
2. Lucy Mack Smith, "The History of Lucy Smith, Mother of the Prophet," 1844–45 manuscript, book 4, p. 1, Church Archives.
3. Joseph Smith, History 1832, pp. 1–2; Letter Book 1, 1829–35, Joseph Smith, Collection, Church Archives.
4. Joseph Smith–Kasaysayan 1:5, 7–13. Sa ilang pagkakataon isinulat o idinikta ni Propetang Joseph Smith ang mga detalyadong pangyayari sa Unang Pangitain. Ang mga sinipi sa kabanatang ito ay mula sa salaysay ng Unang Pangitain na unang nailathala noong 1842 sa "History of Joseph Smith," *Times and Seasons,* Mar. 15, 1842, pp. 726–28; Abr. 1, 1842, pp. 748–49; at kalaunan ay isinama sa Mahalagang Perlas at inilathala sa *History of the Church,* tomo 1, pp. 1–8. Ito ang opisyal na salaysay ng banal na kasulatan. Inihanda ni Propetang Joseph Smith ang salaysay na ito noong 1838 at 1839 sa tulong ng kanyang mga tagasulat.
5. Joseph Smith–Kasaysayan 1:14–16.
6. Joseph Smith–Kasaysayan 1:17–20.
7. Joseph Smith–Kasaysayan 1:21–26.



*Sa Unang Pangitain, nalaman mismo ni Joseph Smith na ang Ama at Anak ay magkahiwalay na mga nilalang at ang tao ay hinubog sa wangis ng Diyos—mga katotohanang napakahalaga sa pag-unawa sa tunay na kaugnayan natin sa ating Ama sa Langit.*

KABANATA 2

# Diyos Amang Walang Hanggan

*"Dakila ang mga layunin ng ating Diyos,*
*ang Kanyang pag-ibig ay hindi maarok,*
*walang katapusan ang Kanyang karunungan,*
*at walang hanggan ang Kanyang kapangyarihan;*
*samakatwid, may dahilan ang mga Banal*
*para magalak at magsaya."*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Kabilang sa mga ninuno ni Joseph Smith ang marami na naghangad na makilala ang totoong Diyos noong panahon nila. Ang mga magulang mismo ni Joseph ay napakaespirituwal, at bagaman hindi nila natagpuan ang buong katotohanan tungkol sa Diyos sa mga simbahan sa kanilang paligid, iginalang nila ang Biblia bilang salita ng Diyos at ginawang bahagi ng kanilang pang-araw-araw na buhay ang panalangin. Nagunita ng kapatid ng Propeta na si William: "Talagang matindi ang pagkarelihiyoso at kabaitan ng aking ama. . . . Sinasabihan akong makinig sa mga panalangin gabi't araw. . . . Ibinuhos ng aking mga magulang, ng tatay at nanay ko, ang kanilang kaluluwa sa Diyos, na nagkakaloob ng lahat ng pagpapala, na pangalagaan at bantayan ang kanilang mga anak at ilayo sila sa kasalanan at lahat ng masasamang gawain. Ganoon kadeboto ang mga magulang ko."[1] Sinabi rin ni William: "Laging nagdarasal ang aming pamilya mula pa nang magkaisip ako. Tandang-tanda ko pa na laging dala ni Itay sa bulsa ng kanyang tsaleko ang kanyang salamin sa mata, at kapag nakita na naming mga bata na kinakapa niya ang kanyang salamin, alam na namin na hudyat na ito upang maghanda sa panalangin, at kapag hindi namin iyon napansin ay sasabihin ni Inay, 'William,' o kung sinuman ang nakaligta, 'maghanda na kayo sa panalangin.' Pagkatapos ng panalangin kami ay umaawit;

natatandaan ko pa ang bahagi ng awit: 'Isang araw ang muling nagdaan, Kami'y nagbibihis na naman.' "[2]

Ang maagang espirituwal na pagsasanay na ito ay tumimong mabuti sa kaluluwa ng batang si Joseph Smith. Nang mag-alala siya tungkol sa kanyang walang hanggang kapakanan at hinangad na malaman kung saang simbahan siya sasapi, alam niyang makababaling siya sa Diyos para sa mga sagot:

"Nalaman ko sa mga banal na kasulatan na ang Diyos ay hindi nagbabago kahapon, ngayon, at magpakailanman, at wala Siyang kinikilingang tao, dahil Siya ang Diyos. Sapagkat namasdan ko ang araw, ang maluwalhating tanglaw ng mundo, at gayundin ang buwan sa karingalan [nito] sa buong kalangitan at pati na ang mga bituing nagniningning sa kanilang pag-inog; at ang lupa man na aking tinatapakan, at ang hayop sa bukirin at mga ibon sa kalangitan at mga isda sa tubig; at gayundin ang taong naglalakad sa ibabaw ng lupa nang buong ringal at ganda, [na may] kapangyarihan at talino sa pamamahala sa mga bagay na napakadakila at kagila-gilalas, maging sa wangis niya na lumikha sa kanila.

"At nang pag-isipan ko ang mga bagay na ito ibinulalas ng puso ko, Sinabi nga ng matalinong tao na isang [hangal] ang nagsasabi sa kanyang puso na walang Diyos [tingnan sa Mga Awit 53:1]. Ibinulalas ng puso ko, Lahat ng ito ay nagpapatotoo at nagpapahiwatig ng isang kapangyarihang walang hanggan at nasa lahat ng dako, isang Nilalang na gumagawa ng mga batas at nagtatakda at nagbubuklod sa lahat ng bagay sa kanilang mga hangganan, na pumupuno sa kawalang-hanggan, na siyang nabuhay noon at ngayon at sa buong kawalang-hanggan. At nang pag-isipan ko ang lahat ng ito at na hangad ng Nilalang na iyon na sambahin siya ng mga taong sumamba sa Kanya sa espiritu at sa katotohanan [tingnan sa Juan 4:23], ako ay nagmakaawa sa Panginoon, sapagkat wala na akong ibang malalapitan na maaawa sa akin."[3]

Ang tapat na panalangin ni Joseph para sa awa at karunungan ay nasagot sa Unang Pangitain. Ang pangitaing iyon ay nagbigay sa batang Propeta ng mas malaking kaalaman tungkol sa Diyos kaysa alinmang simbahan noong panahon niya, kaalamang

nawala sa daigdig sa loob ng maraming siglo. Sa Unang Pangitain, nalaman mismo ni Joseph na ang Ama at Anak ay magkahiwalay na mga nilalang, na ang Kanilang kapangyarihan ay higit pa sa kapangyarihan ng masama, at ang tao ay hinubog sa wangis ng Diyos—mga katotohanang napakahalaga sa pag-unawa sa tunay na kaugnayan natin sa ating Ama sa Langit.

Sumunod ang iba pang mga paghahayag tungkol sa likas na katangian ng Diyos, kabilang na ang maraming bagay na ngayon ay nasa ating mga banal na kasulatan sa mga huling araw. Bilang piling kasangkapan ng Diyos sa panunumbalik ng katotohanan ng ebanghelyo sa mundo, nagpatotoo ang Propeta tungkol sa Diyos sa buong pagmiministeryo niya. "Magtatanong ako sa Diyos," sabi niya, "sapagkat nais kong makilala ninyo Siya, at maging malapit kayo sa Kanya. . . . Sa gayon malalaman ninyo na ako ay Kanyang lingkod; sapagkat nagsasalita ako nang may awtoridad."[4]

## Mga Turo ni Joseph Smith

### Ang Diyos ang mapagmahal na Ama ng buong sangkatauhan at pinagmumulan ng lahat ng mabuti.

"Habang ang isang panig ng sangkatauhan ay hinahatulan at isinusumpa ang iba nang walang awa, ang Dakilang Magulang ng sansinukob ay nakatunghay sa buong sangkatauhan nang may pagmamahal at pagmamalasakit ng isang ama; anak ang turing Niya sa kanila, at dahil hindi makitid ang pang-unawa Niya na tulad ng mga anak ng tao, ay 'pinasisikat Niya ang kaniyang araw sa masasama at sa mabubuti, at nagpapaulan sa mga ganap at sa mga hindi ganap.' [Mateo 5:45.]"[5]

"Inaamin natin na ang Diyos ang dakilang pinagmumulan at bukal na pinanggagalingan ng lahat ng mabuti; na Siya ay perpektong katalinuhan, at sa Kanyang karunungan lamang ay sapat nang pamahalaan at isaayos ang makapangyarihang mga nilikha at daigdig na nagniningning at kumikinang nang napakarikit at napakaringal sa ating mga ulunan, na para bang hinihipo ng Kanyang daliri at pinakikilos ng Kanyang Makapangyarihang salita. . . . Ang kalangitan ay nagpapahayag ng kaluwalhatian ng Dios, at ipinakikilala ng kalawakan ang gawa ng Kaniyang kamay

[tingnan sa Mga Awit 19:1]; at sa sumandaling pagmumuni-muni ay sapat nang maturuan ang bawat taong karaniwan ang talino, na lahat ng ito ay hindi lamang bunga ng *pagkakataon*, ni masusuportahan ng anumang kapangyarihang mas mababa kaysa kamay ng Maykapal."[6]

"Nakikita ng Diyos ang mga lihim na layon ng kilos ng tao, at talos Niya ang puso ng lahat ng taong nabubuhay."[7]

"Dakila ang mga layunin ng ating Diyos, ang Kanyang pag-ibig ay hindi maarok, walang katapusan ang Kanyang karunungan, at walang hanggan ang Kanyang kapangyarihan; samakatwid, may dahilan ang mga Banal para magalak at magsaya, batid na 'ang Dios na ito ay ating Dios magpakailanman, at Siya'y magiging ating Patnubay hanggang kamatayan.' [Mga Awit 48:14.]"[8]

---

**Kapag nauunawaan natin ang katangian ng Diyos, nauunawaan natin ang ating sarili at alam natin kung paano lumapit sa Kanya.**

"Mangilan-ngilan lamang sa mga nilalang sa mundo ang nakauunawa nang wasto sa katangian ng Diyos. Karamihan sa sangkatauhan ay walang nauunawaang anuman, nakalipas man ito, o paparating pa lamang, patungkol sa kanilang kaugnayan sa Diyos. Hindi nila alam, ni hindi nila nauunawaan ang likas na katangian ng kaugnayang iyon; at dahil dito katiting lamang ang kahigtan ng kanilang kaalaman kaysa mabangis na hayop, o halos wala silang alam kundi kumain, uminom at matulog. Ito lamang ang alam ng tao tungkol sa Diyos o sa Kanyang pag-iral, maliban kung ibinigay ito sa pamamagitan ng inspirasyon ng Maykapal.

"Kung ang alam lang ng tao ay kumain, uminom at matulog, at hindi nauunawaan ang alinman sa mga plano ng Diyos, gayon din ang alam ng hayop. Kumakain, umiinom, at natutulog ang hayop, at wala nang iba pang alam tungkol sa Diyos; gayunman ay alam nito ang alam natin, maliban kung makauunawa tayo sa pamamagitan ng inspirasyon ng Makapangyarihang Diyos. Kung hindi nauunawaan ng mga tao ang katangian ng Diyos, hindi nila nauunawaan ang kanilang sarili. Gusto kong bumalik sa simula,



*"Sa pagkakaroon ng kaalaman tungkol sa Diyos, nalalaman natin kung paano lalapit sa Kanya, at paano magtatanong upang makatanggap ng sagot."*

at sa gayon ay iangat ang inyong mga kaisipan sa mas mataas na antas at mas maluwalhating pagkaunawa kaysa karaniwang hinahangad ng isipan ng tao.

". . . Sinasabi sa atin ng mga banal na kasulatan na 'Ito ang buhay na walang hanggan, na ikaw ay makilala nila na iisang Dios na tunay, at siyang iyong sinugo, sa makatuwid baga'y si Jesucristo.' [Juan 17:3.]

"Kung hindi kilala ng sinumang tao ang Diyos, at itinatanong kung anong uri Siyang nilalang,—kung sasaliksikin niyang mabuti ang kanyang puso—kung totoo ang pahayag ni Jesus at ng mga apostol, matatanto niya na wala siyang buhay na walang hanggan; sapagkat walang ibang alituntunin na may buhay na walang hanggan.

"Ang unang layon ko ay alamin ang pagkatao ng tanging matalino at tunay na Diyos, at kung anong uri Siyang nilalang. . . .

"Ang Diyos Mismo ay minsang naging katulad natin, at isang taong dinakila, at nakaupo sa luklukan sa kalangitan! Iyan ang dakilang lihim. Kung mapupunit ngayon ang tabing, at ang dakilang Diyos na namamahala sa pag-inog ng mundong ito, at namamahala sa lahat ng mundo at lahat ng bagay sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan, ay magpapakita,—sinasabi ko, kung makikita ninyo Siya ngayon, makikita ninyo Siya sa hubog ng tao—katulad ng inyong buong pagkatao, imahe, at anyo mismo ng isang tao; sapagkat si Adan ay nilikha sa mismong ayos, imahe at wangis ng Diyos, at nakatanggap ng tagubilin mula sa, at lumakad, nagsalita at nakipag-usap sa Kanya, tulad ng pag-uusap at pag-uugnayan ng dalawang tao. . . .

". . . Sa pagkakaroon ng kaalaman tungkol sa Diyos, nalalaman natin kung paano lalapit sa Kanya, at paano magtatanong upang makatanggap ng sagot. Kapag nauunawaan natin ang pagkatao ng Diyos, at alam natin kung paano lumapit sa Kanya, sisimulan Niyang ihayag sa atin ang kalangitan, at sasabihin sa atin ang lahat ng tungkol dito. Kapag handa na tayong lumapit sa Kanya, handa Siyang lumapit sa atin."[9]

---

## Sa Panguluhang Diyos ay mayroong tatlong magkakahiwalay at magkakaibang personahe.

*Mga Saligan ng Pananampalataya 1:1:* "Naniniwala kami sa Diyos, ang Amang Walang Hanggan, at sa Kanyang Anak, na si Jesucristo, at sa Espiritu Santo."[10]

*Itinuro ni Joseph Smith ang sumusunod noong Abril 1843, na kalaunan ay itinala sa Doktrina at mga Tipan 130:22:* "Ang Ama ay may katawang may laman at mga buto na nahihipo gaya ng sa tao; ang Anak din; subalit ang Espiritu Santo ay walang katawang may laman at mga buto, kundi isang personaheng Espiritu. Kung hindi ganito, ang Espiritu Santo ay hindi makapananahanan sa atin."[11]

"Palagi kong ipinahahayag na ang Diyos ay isang katangi-tanging persona[he], si Jesucristo ay isang hiwalay at katangi-tanging persona[he] mula sa Diyos Ama, at ang Espiritu Santo ay isang katangi-tanging persona[he] at isang Espiritu: at ang tatlong

ito ay bumubuo ng tatlong magkakaibang persona[he] at tatlong Diyos."[12]

"Yaong walang katawan o mga bahagi ay wala. Wala nang iba pang Diyos sa langit kundi ang Diyos na iyon na may laman at mga buto."[13]

---

**Ang Panguluhang Diyos ay lubusang nagkakaisa, at ang Diyos Ama ang namumuno.**

"Maraming sinasabi tungkol sa Diyos at sa Panguluhang Diyos. . . . Sinasabi ng mga guro sa panahong ito na ang Ama ay Diyos, ang Anak ay Diyos, at ang Espiritu Santo ay Diyos, at silang lahat ay nasa iisang katawan at iisang Diyos. Nanalangin si Jesus na ang mga ibinigay sa kanya ng Ama na hindi taga sanglibutan ay maging kaisa nila, tulad ng pagkakaisa nila ng Ama [tingnan sa Juan 17:11–23]. . . .

"Nagpatotoo sina Pedro at Esteban na nakita nila ang Anak ng Tao na nakatindig sa kanan ng Diyos. Sinumang nakakita na nabuksan ang langit ay alam na may tatlong personahe sa kalangitan na mayhawak ng mga susi ng kapangyarihan, at may isang namumuno sa lahat."[14]

"Walang hanggang tipan ang ginawa ng tatlong personahe bago binuo ang mundong ito at may kaugnayan sa kanilang dispensasyon ng mga bagay sa mga tao sa lupa. Ang mga personaheng ito . . . ay tinatawag na unang Diyos, ang Lumikha; pangalawang Diyos, ang Manunubos; at pangatlong Diyos, ang Saksi o Testigo."[15]

"Karapatan ng Ama na mamuno bilang Pinuno o Pangulo, si Jesus bilang Tagapamagitan, at ang Espiritu Santo bilang Testigo o Saksi. Ang Anak [ay may] isang tabernakulo [katawan] at gayundin [naman] ang Ama, ngunit ang Espiritu Santo ay isang personaheng espiritu na walang tabernakulo."[16]

"Sinasabi sa banal na kasulatan, 'Ako at ang Ama ay iisa' [Juan 10:30], at muli na ang Ama, Anak at Espiritu Santo ay iisa, at ang tatlong ito ay nagkakasundo sa iisang bagay [tingnan sa I Juan 5:7–8]. Kaya't nanalangin ang Tagapagligtas sa Ama,

'Hindi ang sanglibutan ang idinadalangin ko, kundi yaong mga hindi taga sanglibutan na ibinigay mo sa akin, upang kami'y maging isa,' o sa madaling salita, maging isa sa isipan na nagkakaisa sa pananampalataya [tingnan sa Juan 17:9, 11]. Ngunit dahil lahat ng tao ay magkakaiba o magkakahiwalay, gayundin naman ang Diyos at si Jesucristo at ang Espiritu Santo ay magkakahiwalay na katauhan, ngunit nagkakasundo silang lahat sa iisang bagay."[17]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Repasuhin ang mga pahina 43–45, na pinapansin kung paano nakita ng batang si Joseph Smith ang katunayan ng isang "kapangyarihang walang hanggan at nasa lahat ng dako" sa mundong nakapaligid sa kanya. Sa pagmamasid ninyo sa mundong nakapaligid sa inyo, ano ang nakita ninyo na nagpapatotoo tungkol sa Diyos?
- Repasuhin ang unang bahagi ng kabanata (mga pahina 45–46), na naghahanap ng mga turong naghahayag sa pagkatao ng Diyos. Paano tayo matutulungan ng mga turong ito na "magalak at magsaya"?
- Itinuro ni Joseph Smith, "Ang Dakilang Magulang ng sansinukob ay nakatunghay sa buong sangkatauhan nang may pagmamahal at pagmamalasakit ng isang ama" (pahina 45). Ano ang inyong naiisip at nadarama habang pinag-iisipan ninyong mabuti ang pahayag na ito?
- Basahin ang talatang nagsisimula sa ikalawang talata mula sa ng pahina 46 at gayundin ang kasunod na talata. Bakit imposibleng maunawaan ang ating sarili kung hindi natin nauunawaan ang pagkatao ng Diyos?
- Nagpatotoo si Propetang Joseph Smith na ang Diyos Ama, si Jesucristo, at ang Espiritu Santo ay "tatlong magkakaibang personahe." Itinuro din Niya na Sila ay iisa (mga pahina

48–49). Sa anong mga paraan nagkakaisa ang mga miyembro ng Panguluhang Diyos? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 49–50.)

- Sa anong mga paraan mapag-iibayo ng mga magulang ang pagmamahal ng mga anak sa kanilang Ama sa Langit? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa pahina 43.)

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Juan 8:17–19; Mga Hebreo 1:1–3; 12:9; Moises 1:3–6, 39

## *Mga Tala*

1. William Smith, Notes on Chambers' life of Joseph Smith, ca. 1875, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.
2. William Smith, interbyu ni E. C. Briggs at J. W. Peterson, Okt. o Nob. 1893, orihinal na inilathala sa *Zion's Ensign* (magasing inilathala ng Reorganized Church of Jesus Christ of Latter Day Saints, tinatawag ngayong Community of Christ); muling inilimbag sa *Deseret Evening News,* Ene. 20, 1894, p. 2; ginawang makabago ang pagbabantas.
3. Joseph Smith, History 1832, pp. 2–3; Letter Book 1, 1829–35, Joseph Smith, Collection, Church Archives.
4. *History of the Church,* 6:305; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 7, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Wilford Woodruff, Willard Richards, Thomas Bullock, at William Clayton.
5. *History of the Church,* 4:595; mula sa "Baptism for the Dead," isang editoryal na inilathala sa *Times and Seasons,* Abr. 15, 1842, p. 759; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.
6. *History of the Church,* 2:12, 14; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa "The Elders of the Church in Kirtland, to Their Brethren Abroad," Ene. 22, 1834, inilathala sa *Evening and Morning Star,* Peb. 1834, p. 136; Mar. 1834, p. 142.
7. *History of the Church,* 1:317; hango sa isang liham ni Joseph Smith kay William W. Phelps, Ene. 11, 1833, Kirtland, Ohio; mali ang petsang Ene. 14, 1833, sa liham na ito na nasa *History of the Church.*
8. *History of the Church,* 4:185; hango sa isang liham ni Joseph Smith at ng kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan sa mga Banal, Set. 1840, Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Okt. 1840, p. 178.
9. *History of the Church,* 6:303–5, 308; ginawang makabago ang malalaking titik; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 7, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Wilford Woodruff, Willard Richards, Thomas Bullock, at William Clayton; tingnan din sa apendise sa aklat na ito, pahina 655, aytem 3.
10. Mga Saligan ng Pananampalataya 1:1.
11. Doktrina at mga Tipan 130:22; mga tagubiling ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 2, 1843, sa Ramus, Illinois.
12. *History of the Church,* 6:474; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hunyo 16, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Thomas Bullock.
13. Binanggit ni William Clayton, sa paguulat sa isang walang petsang talumpating ibinigay ni Joseph Smith sa Nauvoo, Illinois; sa L. John Nuttall, "Extracts from William Clayton's Private Book," p. 7, Journals of L. John Nuttall, 1857–1904, L. Tom Perry Special Collections, Brigham Young University, Provo, Utah; kopya sa Church Archives.
14. *History of the Church,* 5:426; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hunyo 11, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Wilford Woodruff at Willard Richards.

15. Binanggit ni William Clayton, sa pag-uulat sa isang walang petsang talumpating ibinigay ni Joseph Smith sa Nauvoo, Illinois; sa "Extracts from William Clayton's Private Book," ni L. John Nuttall, pp. 10–11, Journals of L. John Nuttall, 1857–1904, L. Tom Perry Special Collections, Brigham Young University, Provo, Utah; kopya sa Church Archives.
16. Binanggit ni William P. McIntire, sa pag-uulat tungkol sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith sa pagsisimula ng 1841 sa Nauvoo, Illinois; William Patterson McIntire, Notebook 1840–45, Church Archives. Si William McIntire ay gumawa ng maiikling report ng ilang talumpating ibinigay ni Joseph Smith sa Nauvoo sa pagsisimula ng 1841. Ang aklat na ito ay sinipi mula sa apat sa mga report na ito, wala ni isa man sa mga ito ang may petsa.
17. Binanggit ni George Laub, sa katipunan ng mga piling bahagi ng mga talumpati ni Joseph Smith, ca. 1845; George Laub, Reminiscences and Journal Ene. 1845–Abr. 1857, pp. 29–30, Church Archives.

# Jesucristo, ang Banal na Manunubos ng Daigdig

*"Ang kaligtasan ay hindi darating sa mundo kung hindi sa pamamagitan ni Jesucristo."*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Maraming taon bago isilang si Joseph Smith, nadama ng lolo niya sa ama na may isang bagay na mangyayari sa kanyang pamilya na "magpapabago sa mundo."[1] Itinala sa kasaysayan ni Joseph Smith: "Matagal nang sinabi ng lolo kong si Asael Smith na magkakaroon ng isang propeta sa kanyang pamilya, at lubos na nasiyahan ang aking lola na natupad iyon sa akin. Ang aking lolo Asael ay namatay sa East Stockholm, St. Lawrence county, New York, matapos tanggapin ang Aklat ni Mormon, at halos matapos itong basahin; at ipinahayag niya na ako nga ang Propetang matagal na niyang alam na darating sa kanyang pamilya."[2]

Bilang Propeta ng Panunumbalik, isa sa pinakamahahalagang papel ni Joseph Smith ang magpatotoo tungkol kay Jesucristo. Mapalad siya sa pagtatamasa ng personal na kaalaman ng kabanalan ni Jesucristo at maunawaan ang Kanyang tungkulin bilang Manunubos ng daigdig. Ang kaalamang ito ay nagsimula sa Unang Pangitain, kung saan nakita ng batang si Joseph ang Ama sa Langit at si Jesucristo at narinig ang Ama na nagsabing, "Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak. Pakinggan Siya!" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:17). Sa banal na karanasang ito, nagkaroon ng pagkakataon si Joseph na makatanggap ng tagubilin mula sa Tagapagligtas ng mundo.

Halos labindalawang taon makalipas iyon, noong Pebrero 16, 1832, isinasalin ng Propeta ang Biblia, kasama si Sidney Rigdon bilang kanyang tagasulat, sa tahanan ni John Johnson sa Hiram,



*Nagpakita ang Tagapagligtas kina Joseph Smith at Oliver Cowdery sa Kirtland Temple. "Ang tabing ay inalis mula sa aming mga isipan," sabi ni Joseph, "at ang mata ng aming pang-unawa ay nabuksan. Aming nakita ang Panginoon na nakatayo sa sandigan ng pulpito."*

Ohio. Pagkatapos isalin ng Propeta ang Juan 5:29, na naglalarawan sa pagkabuhay na mag-uli ng mabubuti at ng masasama, isang pangitain ang nabuksan kina Joseph at Sidney, at nakita at nakausap nila ang Tagapagligtas:

"Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu ang aming mga mata ay nabuksan at ang aming mga pang-unawa ay naliwanagan, upang aming makita at maunawaan ang mga bagay-bagay ng Diyos—maging yaong mga bagay na mula sa simula bago pa magkaroon ng daigdig, na inordenan ng Ama, sa pamamagitan ng kanyang Bugtong na Anak, na nasa sinapupunan ng Ama, maging mula sa simula; na siya naming pinatototohanan; at ang patotoo na aming sinabi ay kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo, na siyang Anak, na siyang aming nakita at siyang aming nakausap sa isang makalangit na pangitain. . . .

"At aming namasdan ang kaluwalhatian ng Anak, sa kanang kamay ng Ama, at natanggap ang kanyang kaganapan; at nakita ang mga banal na anghel, at sila na mga pinabanal sa harapan ng kanyang luklukan, sinasamba ang Diyos, at ang Kordero, na siyang sumasamba sa kanya magpakailanman at walang katapusan.

"At ngayon, matapos ang maraming patotoo na ibinigay hinggil sa kanya, ito ang patotoo, na pinakahuli sa lahat, na aming ibibigay tungkol sa kanya: Na siya ay buhay!

"Sapagkat siya ay aming nakita, maging sa kanang kamay ng Diyos; at aming narinig ang tinig na nagpapatotoo na siya ang Bugtong na Anak ng Ama—na sa kanya, at sa pamamagitan niya, at mula sa kanya, ang mga daigdig ay nililikha at nalikha, at ang mga naninirahan dito ay mga isinilang na anak na lalaki at babae ng Diyos" (D at T 76:12–14, 20–24).

Muling nakita ni Joseph Smith ang Tagapagligtas noong Abril 3, 1836. Ang Propeta at si Oliver Cowdery ay nagpunta sa kanlurang pulpito sa Kirtland Temple. Yumuko sila sa taimtim na panalangin, at pagkatapos niyon ay nagpakita sa kanila ang Tagapagligtas. Sinabi ng Propeta:

"Ang tabing ay inalis mula sa aming mga isipan, at ang mata ng aming pang-unawa ay nabuksan. Aming nakita ang Panginoon na

nakatayo sa sandigan ng pulpito, sa aming harapan; at sa ilalim ng kanyang mga paa ay isang gawa na nalalatagan ng lantay na ginto, na ang kulay ay gaya ng amarilyo. Ang kanyang mga mata ay gaya ng ningas ng apoy; ang buhok sa kanyang ulo ay puti gaya ng busilak na niyebe; ang kanyang mukha ay nagniningning nang higit pa sa liwanag ng araw; at ang kanyang tinig ay gaya ng lagaslas ng malalawak na tubig, maging ang tinig ni Jehova, na nagsasabing: Ako ang una at ang huli; ako ang siyang nabuhay, ako ang siyang pinaslang; ako ang inyong tagapamagitan sa Ama" (D at T 110:1–4).

Mula sa gayong mga karanasan, ang Propeta ay tuwirang nagkaroon ng kaalaman at naging natatanging saksi ng kabanalan ng Tagapagligtas.

## Mga Turo ni Joseph Smith

### Sa lahat ng dispensasyon, ang mga tao ng Diyos ay umasa sa Pagbabayad-sala ni Cristo para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan.

"Ang kaligtasan ay hindi darating sa mundo kung hindi namagitan si Jesucristo."[3]

"Ang Diyos . . . ay naghanda ng isang sakripisyo sa pagkakaloob ng Kanyang sariling Anak, na isusugo sa takdang panahon para ihanda ang daan, o buksan ang pintuan kung saan maaaring pumasok ang tao tungo sa kinaroroonan ng Panginoon, kung saan siya itinaboy noon dahil sa hindi pagsunod. Paulit-ulit na narinig ng mga tao ang mabuting balitang ito sa iba't ibang panahon ng mundo hanggang sa panahon ng pagdating ng Mesiyas.

"Sa pamamagitan ng pananampalataya sa pagbabayad-sala o plano ng pagtubos na ito, si Abel ay nag-alay sa Diyos ng isang hain na tinanggap, na mga panganay ng kawan. Inalay ni Cain ang bunga ng lupa, at hindi ito tinanggap, sapagkat hindi niya ito magawa nang may pananampalataya; hindi niya kayang magkaroon ng pananampalataya, o hindi makapagpakita ng pananampalataya na salungat sa plano ng langit. Kailangan ay pagbuhos ng dugo ng Bugtong na Anak ang tumubos sa tao, dahil ito ang plano ng pagtubos, at kung walang pagbuhos ng dugo ay walang

kapatawaran [ng kasalanan]. At dahil isinagawa ang sakripisyo para pamarisan kung saan malalaman ng tao ang dakilang Sakripisyo na inihanda ng Diyos, kapag nag-alay ng sakripisyong taliwas doon ay walang pananampalatayang iiral, dahil ang pag-tubos ay hindi isinagawa sa gayong paraan, ni ang kapangyarihan ng pagbabayad-sala ay hindi isinagawa sa gayong paraan; dahil dito hindi maaaring magkaroon ng pananampalataya si Cain; at anumang bagay na hindi ginawa sa pananampalataya, ay kasalanan. Ngunit si Abel ay nag-alay ng hain na katanggap-tanggap, kung saan pinatunayan niyang siya ay matwid, na Diyos Mismo ang nagpapatotoo sa kanyang mga handog [tingnan sa Mga Hebreo 11:4].

"Siyempre pa, ang pagbuhos ng dugo ng isang hayop ay walang saysay sa sinumang tao, maliban kung ginawa ito para gayahin, o kahalintulad ng, o paliwanag ng kung ano ang iaalay sa pamamagitan ng kaloob mismo ng Diyos—at gawin ito na nakatuon ang mata sa pananampalataya sa kapangyarihan ng dakilang Sakripisyong iyon para sa kapatawaran ng mga kasalanan. . . .

". . . Hindi natin maaaring paniwalaan na ang mga tao noong una sa lahat ng panahon ay walang alam sa sistema ng kalangitan tulad ng inaakala ng marami, sapagkat lahat ng nangaligtas, ay nangaligtas sa pamamagitan ng kapangyarihan ng dakilang planong ito ng pagtubos, kahit noong bago pa dumating si Cristo; kung hindi, nagkaroon ang Diyos ng iba-ibang umiiral na plano (kung masasabi nga nating gayon), upang maibalik ang tao at manahanang kasama Niya. At hindi natin ito maaaring paniwalaan, dahil wala namang nabago sa likas na katangian ng tao simula nang mahulog siya; at ang ordenansa o pagsisimula ng pag-aalay ng dugo bilang sakripisyo ay nilayon lamang na gawin hanggang sa maialay si Cristo at maibuhos ang Kanyang dugo—tulad ng nasabi na—upang asamin ng tao ang panahong iyon nang may pananampalataya. . . .

"Na ang pag-aalay ng sakripisyo ay para lamang ituon ang kaisipan kay Cristo, ay mahihiwatigan natin sa kagila-gilalas na mga salitang ito ni Jesus sa mga Judio: 'Nagalak ang inyong amang si Abraham na makita ang aking araw; at nakita niya, at

natuwa' [Juan 8:56]. Kung gayon pala, dahil nag-alay ng sakripisyo ang mga tao noong una hindi ito naging hadlang para marinig nila ang Ebanghelyo; kundi nakatulong ito, tulad ng nasabi na natin noon, na mamulat ang kanilang mga mata, at naging daan upang asamin nila ang panahon ng pagparito ng Tagapagligtas, at magalak sa Kanyang pagtubos. . . . Masasabi natin na sa tuwing ihahayag ng Panginoon ang Kanyang sarili sa mga tao noong unang panahon, at uutusan silang mag-alay ng sakripisyo sa Kanya, na ginawa iyon upang umasam sila nang may pananampalataya sa panahon ng Kanyang pagdating, at umasa sa kapangyarihan ng pagbabayad-salang iyon para sa ikapapatawad ng kanilang mga kasalanan. At nagawa ito ng libulibong nauna sa atin, na ang mga kasuotan ay walang batik, at tulad ni Job, ay naghihintay nang may katiyakan tulad niya, na makikita nila Siya sa mga *huling araw* sa lupa, maging sa kanilang laman [tingnan sa Job 19:25–26].

"Masasabi natin sa bandang huli, na bagaman may iba-ibang mga dispensasyon, gayunman ang lahat ng bagay na ipinaabot ng Diyos sa Kanyang mga tao ay nilayon upang ituon ang kanilang isipan sa dakilang layunin, at turuan silang umasa lamang sa Diyos na siyang may-akda ng kanilang kaligtasan, na nakasaad sa Kanyang batas."[4]

---

### Dahil bumangon si Jesucristo mula sa mga patay, mabubuhay na mag-uli ang buong sangkatauhan.

"Ang mga pangunahing alituntunin ng ating relihiyon ay ang patotoo ng mga Apostol at Propeta, tungkol kay Jesucristo, na Siya'y namatay, inilibing, at muling nagbangon sa ikatlong araw, at umakyat sa langit; at ang lahat ng iba pang mga bagay na may kaugnayan sa ating relihiyon ay mga kalakip lamang nito. Ngunit kaugnay ng mga ito, naniniwala tayo sa kaloob na Espiritu Santo, sa kapangyarihan ng pananampalataya, sa pagtatamasa ng mga espirituwal na kaloob ayon sa kalooban ng Diyos, sa panunumbalik ng sambahayan ni Israel, at sa pagtatagumpay ng katotohanan sa bandang huli."[5]

" 'Sapagka't kung paanong kay Adam ang lahat ay nangamamatay, gayon din naman kay Cristo ang lahat ay bubuhayin;'




*"Naisakatuparan na ng Kordero ng Diyos ang pagkabuhay na mag-uli, kaya nga lahat ay babangon mula sa mga patay."*

lahat ay ibabangon mula sa mga patay [I Mga Taga Corinto 15:22]. Naisakatuparan na ng Kordero ng Diyos ang pagkabuhay na mag-uli, kaya nga lahat ay babangon mula sa mga patay."[6]

"Nagtalaga ng isang araw ang Diyos kung kailan hahatulan Niya ang mundo, at tiniyak Niya ito nang ibangon Niya ang

Kanyang Anak na si Jesucristo mula sa mga patay—kung saan nakasalig ang pag-asa ng lahat ng naniniwala sa binigyang-inspirasyong talaan para sa kanilang kaligayahan at kagalakan sa hinaharap; dahil, 'Kung si Cristo ay hindi muling binuhay,' sabi ni Pablo sa mga taga-Corinto, 'ang inyong pananampalataya ay walang kabuluhan; kayo'y nasa inyong mga kasalanan pa. Kung gayon nga, ang mga nangatutulog din naman kay Cristo ay pawang nangapahamak' [I Mga Taga Corinto 15:17–18]. . . .

"Si Cristo Mismo ay tiyak na nagbangon mula sa mga patay; at kung bumangon Siya mula sa mga patay, patatayuin Niya, sa Kanyang kapangyarihan, ang lahat ng tao sa Kanyang harapan: sapagkat kung Siya ay bumangon mula sa mga patay ang gapos ng temporal na kamatayan ay nakalag kaya hindi magtatagumpay ang libingan. Kung hindi nga magtatagumpay ang libingan, yaong mga tumutupad sa mga sinabi ni Jesus at sumusunod sa Kanyang mga turo ay matatamo hindi lamang ang pangako ng pagkabuhay na mag-uli mula sa kamatayan, kundi ang katiyakang matanggap sa Kanyang maluwalhating kaharian; sapagkat, sinabi Niya Mismo, 'Kung saan ako naroroon, ay doon naman doroon ang lingkod ko' [Juan 12:26]."[7]

"Makakaasa yaong mga namatay na sumasampalataya kay Jesucristo na kanilang matatamo sa pagkabuhay na mag-uli ang lahat ng kagalakang naranasan at inaasam na maranasan nila sa buhay na ito. . . . Natutuwa akong magkaroon ng pribilehiyong maiparating sa inyo ang ilang bagay na kapag lubos na naunawaan ay makakatulong sa inyo kapag dumating ang lindol, nagtipon ang mga ulap, kumidlat, at sumapit ang unos na parang mga dagundong ng kulog. Panghawakan ang mga bagay na ito at huwag manginig ang inyong mga tuhod o kasu-kasuan, ni manlupaypay ang inyong puso; kung magkagayo'y ano pa ang magagawa ng mga lindol, digmaan at ipu-ipo? Wala. Lahat ng nawala sa inyo ay pupunan sa inyo sa pagkabuhay na mag-uli, kung patuloy kayong mananalig. Sa pamamagitan ng pangitain ng Makapangyarihang Diyos nakita ko ito. . . .

"Inihayag ng Diyos ang Kanyang Anak mula sa kalangitan at gayundin ang doktrina ng pagkabuhay na mag-uli; at alam nating ang mga inilibing natin dito ay muling ibabangon ng Diyos, na

may pisikal na katawan at binuhay ng Espiritu ng dakilang Diyos; at ano ang halaga kung inilibing natin sila, o mamatay tayong kasama nila, kapag hindi na natin sila makakasama? Itanim natin ang katotohanang ito sa ating mga puso, nang dito pa lamang ay atin nang matamasa ang yaong tatamasahin natin nang lubos sa kabilang buhay."[8]

---

**Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo at pagsunod sa ebanghelyo, magiging tagapagmana rin tayong kasama ni Jesucristo.**

"Naniniwala ako sa Kabanalan ni Jesucristo, at na Siya ay namatay para sa mga kasalanan ng lahat ng tao, na nahulog dahil kay Adan."[9]

*Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3:* "Naniniwala kami na sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo, ang buong sangkatauhan ay maaaring maligtas, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas at ordenansa ng Ebanghelyo."[10]

"Matapos likhain ng Diyos ang langit at lupa, bumaba siya at sa ikaanim na araw ay sinabi, 'Lalangin natin ang tao sa ating larawan.' Kaninong larawan? Sa larawan ng mga Diyos na lumikha sa kanila, lalaki at babae, walang kasalanan, maamo, at walang bahid-dungis, nagtataglay ng gayon ding katangian at larawang tulad ng mga Diyos [tingnan sa Genesis 1:26–27]. At nang mahulog ang tao hindi nawala ang kanyang larawan, kundi nanatili sa kanyang katauhan ang larawan ng kanyang Lumikha. Si Cristo, na siyang larawan ng tao, ay mismong larawan ng katauhan ng kanyang Ama [tingnan sa Mga Hebreo 1:3]. . . . Sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo at ng pagkabuhay na mag-uli, at pagsunod sa ebanghelyo, muli tayong aakma sa larawan ng kanyang Anak na si Jesucristo [tingnan sa Mga Taga Roma 8:29]; sa gayo'y nagawa nating matamo ang larawan, kaluwalhatian, at katangian ng Diyos."[11]

"Ang Ama ng ating mga espiritu ay [naglaan] ng isang sakripisyo para sa Kanyang mga nilikha, isang plano ng pagtubos, isang kapangyarihan ng pagbabayad-sala, isang plano ng kaligtasan, na ang mga dakilang layunin ay ibalik ang mga tao sa piling ng Hari ng langit, na pinuputungan sila sa kaluwalhatiang

selestiyal, at ginagawa silang mga tagapagmana kasama ng Anak sa pamanang iyon na hindi nasisira, dalisay, at hindi naglalaho."[12]

"Sinasabi sa banal na kasulatan na yaong susunod sa mga utos ay magiging mga tagapagmana ng Diyos at kasamang tagapagmana ni Jesucristo. . . . 'Ang Espiritu rin ang nagpapatotoo kasama ng ating espiritu, na tayo'y mga anak ng Dios: at kung mga anak, ay mga tagapagmana nga; mga tagapagmana sa Dios, at mga kasamang tagapagmana ni Cristo; kung gayon nga makipagtiis tayo sa kaniya, upang tayo'y lumuwalhati namang kasama niya.' [Tingnan sa Mga Taga Roma 8:16–17.]"[13]

"Lubhang nakaaaliw sa mga namimighati kapag natawag silang humiwalay sa kanilang asawa, ama, ina, anak, o mahal na kamaganak, ang malaman na, bagaman ang tabernakulo [katawan] sa lupa ay inilibing at naagnas, muli silang babangon upang manahanan sa walang hanggang lagablab sa kaluwalhatiang imortal, upang hindi na muling magdalamhati, magdusa, o mamatay, kundi sila ay magiging mga tagapagmana sa Diyos at kasamang tagapagmana ni Jesucristo."[14]

---

### Si Jesucristo ay sakdal, dalisay, at banal, at inanyayahan Niya tayong tularan Siya.

"Sino, sa lahat ng Banal sa mga huling araw na ito, ang magtuturing sa kanyang sarili na kasimbuti ng ating Panginoon? Sino ang kasingsakdal Niya? Sino ang kasingdalisay Niya? Sino ang kasingbanal Niya? Matatagpuan ba sila? Hindi siya lumabag o sumuway sa isang utos o batas ng langit—walang kasinungalingan sa Kanyang bibig, ni pagkukunwari sa Kanyang puso. . . . Nasaan ang isang katulad ni Cristo? Hindi siya matatagpuan sa lupa."[15]

"Ang nilalang ay nasakop sa kawalang-kabuluhan, nang hindi kinukusa, ngunit binigyan siya ni Cristo ng pag-asa [tingnan sa Mga Taga Roma 8:20]—lahat ay nasakop sa kawalang-kabuluhan habang naglalakbay sila sa mga liku-likong landas at paghihirap na nakapaligid sa kanila. Nasaan ang taong malaya sa kawalangkabuluhan? Walang sinumang sakdal maliban kay Jesus; at bakit Siya naging sakdal? Dahil Siya ay Anak ng Diyos, at may kaganapan ng Espiritu, at higit na kapangyarihan kaysa sinumang tao."[16]



*"Kapag pinag-iisipan natin ang kabanalan at kasakdalan ng ating dakilang Panginoon, . . . lumalambot ang ating puso sa kanyang pagpapakaaba."*

"Noong bata pa [si Jesucristo] taglay na Niya ang lahat ng talinong kailangan upang mapamunuan at mapamahalaan Niya ang kaharian ng mga Judio, at makapangatwiran sa pinakamatatalino at pinakamarurunong na dalubhasa sa batas at kabanalan, at pagmukhaing kalokohan ang kanilang mga teoriya at gawi kung ihahambing sa taglay Niyang karunungan."[17]

"Nawa ay lagi ninyong pagbulay-bulayin sa inyong puso ang mga utos ng ating Panginoon, at ituro sa inyo, hindi lamang ang Kanyang kalooban sa pagpapahayag ng Kanyang Ebanghelyo, kundi pati na ang Kanyang pagpapakumbaba at sakdal na pamumuhay sa harapan ng lahat, maging sa mga oras na iyon ng matitinding pag-uusig at pagpapahirap na ipinalasap sa Kanya ng isang masama at mapangalunyang henerasyon. Tandaan, mga kapatid, na inanyayahan Niya kayong magpakabanal; at kailangan

pa ba nating sabihing, maging katulad Niya sa kadalisayan? Kung gayon ay dapat kayong maging napakatalino, banal; malinis, at sakdal sa Kanyang paningin; at alalahanin din na lagi Siyang nakamasid sa inyo."[18]

"Kapag pinagmumuni-muni natin ang kabanalan at kasakdalan ng ating dakilang Panginoon, na nagbukas ng daan para tayo makalapit sa kanya, maging sa pamamagitan ng pagsasakripisyo ng kanyang sarili, lumalambot ang ating puso sa kanyang pagpapakaaba. At kapag pinag-iisipan din natin, na nanawagan Siya sa atin na maging sakdal sa lahat ng bagay, nang tayo'y maging handang salubungin siya sa kapayapaan sa kanyang pagparito sa kanyang kaluwalhatian kasama ang lahat ng banal na anghel, naiisip nating hikayatin ang ating mga kapatid nang buong tapang, na magpakumbaba at manalangin, na tunay na mamuhay bilang mga anak ng liwanag at ng araw, nang sila ay mabiyayaang madaig ang bawat tukso, at magapi ang bawat kasamaan sa mabuting pangalan ng ating Panginoong Jesucristo. Sapagkat tinitiyak ko sa inyo, mga kapatid, na talagang malapit na ang araw na ang Panginoon ng bahay ay babangon at sasarhan ang pintuan, at yaon lamang nakasuot ng damit para sa kasalan ang pahihintulutang magkaroon ng luklukan sa piging ng kasalan! [Tingnan sa Mateo 22:1–14.]"[19]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Repasuhin ang mga salaysay tungkol sa mga pangitain ni Joseph Smith sa Tagapagligtas (mga pahina 53–56). Ano ang mga naiisip at nadarama ninyo kapag pinag-iisipan ninyo ang mga karanasang ito?
- Noong unang panahon, nakatulong sa mga tao ang pagsasakripisyo ng mga hayop na "mamulat ang kanilang mga mata, at . . . asamin nila ang panahon ng pagparito ng Tagapagligtas, at magalak sa Kanyang pagtubos" (mga pahina 57–58). Ano

ang ilang bagay na nakakatulong sa inyo na asamin ang Tagapagligtas ngayon?

- Basahin ang ikalawang talata mula sa huli sa pahina 58. Pansinin na sa pahayag na ito, ang isang kalakip ay isang bagay na nauugnay sa mas mahalagang bagay, tulad ng isang sangang nakakabit sa katawan ng puno. Sa inyong palagay bakit mga patotoo ng mga apostol at propeta hinggil sa Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas ang "mga pangunahing alituntunin ng ating relihiyon"? Paano kaya kayo maglilingkod sa tahanan at Simbahan kung aalalahanin ninyo na lahat ng iba pang bagay ay kalakip ng mga alituntuning ito?
- Repasuhin ang mga turo ni Propetang Joseph tungkol sa pagkabuhay na mag-uli (mga pahina 58–61). Paano kayo naaaliw sa pagkaalam na "lahat ng nawala sa inyo ay pupunan sa pagkabuhay na mag-uli, kung patuloy kayong mananalig"? Sa anong mga paraan tayo matutulungan ng kaalaman tungkol sa pagkabuhay na mag-uli na "matamasa ang yaong tatamasahin natin nang lubos sa kabilang buhay"?
- Sa pagrerepaso ninyo ng mga pahina 61–62, pag-isipan kung ano ang nagawa ng Tagapagligtas para maging kasama Niya tayong tagapagmana. Pag-isipan kung paano ninyo maipapakita ang inyong pasasalamat sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo.
- Sa mga pahina 62–64, maraming binanggit na mga katangian ng Tagapagligtas si Propetang Joseph Smith. Anong iba pang mga katangian ang naiisip ninyo kapag pinag-iisipan ninyo ang buhay at misyon ng Tagapagligtas? Mag-isip ng isang bagay na magagawa ninyo para maging higit na katulad Niya.

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Isaias 53:1–12; 2 Nephi 9:5–26; D at T 20:21–29

## *Mga Tala*

1. Iniulat ni George A. Smith, *Deseret News,* Ago. 12, 1857, p. 183.
2. *History of the Church,* 2:443; mula sa "History of the Church" (manuskrito), book B-1, mga karagdagan, p. 5, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.

3. *History of the Church,* 5:555; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Ago. 27, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Willard Richards at William Clayton.
4. *History of the Church,* 2:15–17; ginawang makabago ang pagbabantas; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa "The Elders of the Church in Kirtland, to Their Brethren Abroad," Ene. 22, 1834, inilathala sa *Evening and Morning Star,* Mar. 1834, p. 143.
5. *History of the Church,* 3:30; mula sa isang editoryal na inilathala sa *Elders' Journal,* Hulyo 1838, p. 44; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.
6. *History of the Church,* 6:366; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mayo 12, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Thomas Bullock.
7. *History of the Church,* 2:18–19; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa "The Elders of the Church in Kirtland, to Their Brethren Abroad," Ene. 22, 1834, inilathala sa *Evening and Morning Star,* Mar. 1834, p. 144.
8. *History of the Church,* 5:361–62; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 16, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Wilford Woodruff at Willard Richards.
9. *History of the Church,* 4:78; mula sa isang liham ni Matthew L. Davis kay Mary Davis, Peb. 6, 1840, Washington, D.C., sa pag-uulat tungkol sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Peb. 5, 1840, sa Washington, D.C.
10. Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3.
11. Binanggit ni James Burgess, sa pagtitipon ng mga sipi mula sa mga talumpati ni Joseph Smith; James Burgess, Journals, 1841–48, tomo 2, Church Archives.
12. *History of the Church,* 2:5; mula sa "The Elders of the Church in Kirtland, to Their Brethren Abroad," Ene. 22, 1834, inilathala sa *Evening and Morning Star,* Peb. 1834, p. 135.
13. Binanggit ni George Laub, sa pagtitipon ng mga sipi mula sa mga talumpati ni Joseph Smith, ca. 1845; George Laub, Reminiscences and Journal Ene. 1845–Abr. 1857, p. 31, Church Archives.
14. *History of the Church,* 6:306; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 7, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Wilford Woodruff, Willard Richards, Thomas Bullock, at William Clayton.
15. *History of the Church,* 2:23; mula sa "The Elders of the Church in Kirtland, to Their Brethren Abroad," Ene. 22, 1834, inilathala sa *Evening and Morning Star,* Abr. 1834, p. 152.
16. *History of the Church,* 4:358; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mayo 16, 1841, sa Nauvoo, Illinois; iniulat sa *Times and Seasons,* Hunyo 1, 1841, pp. 429–30.
17. *History of the Church,* 6:608; mula sa mga tagubiling ibinigay ni Joseph Smith noong Hunyo 27, 1844, sa Carthage Jail, Carthage, Illinois; iniulat ni Cyrus H. Wheelock.
18. *History of the Church*, 2:13; mula sa "The Elders of the Church in Kirtland, to Their Brethren Abroad," Ene. 22, 1834, inilathala sa *Evening and Morning Star,* Mar. 1834, p. 142.
19. Liham ni Joseph Smith at ng mga high priest sa mga miyembrong kalalakihan sa Geneseo, New York, Nob. 23, 1833, Kirtland, Ohio, Church Archives.

# Ang Aklat ni Mormon: Saligang Bato ng Ating Relihiyon

*"Sinabi ko sa mga kapatid na ang Aklat ni Mormon ang pinakatumpak sa anumang aklat sa mundo, at ang saligang bato ng ating relihiyon."*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Mahigit tatlong taon na ang nakararaan mula noong umagang iyon ng 1820 nang manalangin si Joseph Smith upang malaman kung aling simbahan ang kanyang sasapian. Noon ay 17 taong gulang na ang batang Propeta, at hinangad niyang malaman ang kanyang katayuan sa harapan ng Diyos at makatanggap ng kapatawaran. Noong gabi ng Setyembre 21, 1823, humiga na si Joseph sa kanyang silid-tulugan sa may kisame sa tahanang yari sa troso ng kanyang pamilya sa Palmyra, New York, ngunit nanatili siyang gising habang tulog na ang iba sa silid, taimtim na ipinagdarasal na malaman pa ang mga layunin ng Diyos para sa kanya. "Ipinasiya [ko] sa aking aking sarili na manalangin at magsumamo sa Pinakamakapangyarihang Diyos," wika niya, "para sa kapatawaran ng lahat ng aking kasalanan at mga kalokohan, at para rin sa isang pagpapatunay sa akin, upang malaman ko ang aking kalagayan at katayuan sa harapan niya; sapagkat buo ang aking pagtitiwala na magtatamo [ako] ng banal na pagpapatunay, tulad ng dati" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:29).

Bilang sagot sa kanyang dalangin, nakita ni Joseph na lumitaw ang isang liwanag sa kanyang silid na patuloy na nag-ibayo hanggang sa ang silid ay "magliwanag nang higit pa kaysa katanghaliang tapat." Lumitaw ang isang sugo ng langit sa tabi ng kanyang kama, nakatayo sa hangin, nakasuot ng bata na "napakatingkad ang kaputian." (Joseph Smith—Kasaysayan 1:30–31.) Ang sugong



*Natanggap ni Joseph Smith ang mga laminang ginto mula kay Moroni noong Setyembre 22, 1827. "Nakuha ko ang mga ito," pagpapatotoo ng Propeta, "kasama ang Urim at Tummim, na ginamit ko sa pagsasalin ng mga lamina; at diyan nanggaling ang Aklat ni Mormon."*

ito ay si Moroni, ang huling propetang Nephita, na ilang siglo na ang nakararaan ay nagbaon ng mga laminang pinagsulatan ng Aklat ni Mormon at siyang may hawak ng mga susi patungkol sa sagradong talaang ito (tingnan sa D at T 27:5). Siya ay isinugo upang sabihin kay Joseph na napatawad na ng Diyos ang kanyang mga kasalanan[1] at may ipagagawa sa kanya na isang dakilang gawain. Bilang bahagi ng gawaing ito, nagtungo si Joseph sa kalapit na burol, kung saan nakalagak ang isang sagradong talaan, na nakasulat sa mga laminang ginto. Ang talaang ito ay isinulat ng mga propetang nabuhay noong unang panahon sa kontinente ng Amerika. Sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos, isasalin ni Joseph ang talaan at ilalabas ito sa mundo.

Kinabukasan, nagtungo si Joseph sa burol kung saan nakabaon ang Aklat ni Mormon. Doo'y nakita niya si Moroni at ang mga lamina, ngunit sinabihan siyang hindi niya ito matatanggap sa loob ng apat na taon. Magsisimula siya ng isang mahalagang panahon ng paghahanda para maisagawa niya ang sagradong gawaing isalin ang Aklat ni Mormon. Nagpabalik-balik si Joseph sa burol tuwing Setyembre 22 sa sumunod na apat na taon upang tumanggap ng iba pang mga tagubilin mula kay Moroni. (Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:33–54.) Sa lumipas na mga taong ito, tumanggap din siya ng "maraming pagdalaw mula sa mga anghel ng Diyos na naglalahad ng karingalan at kaluwalhatian ng mga kaganapang mangyayari sa mga huling araw."[2]

Sa panahong ito ng paghahanda pinagpala ring makapag-asawa ang Propeta. Noong Enero 1827, pinakasalan niya si Emma Hale, na nakilala niya habang nagtatrabaho sa Harmony, Pennsylvania. Magiging mahalagang tulong si Emma sa Propeta sa buong ministeryo niya. Noong Setyembre 22, 1827, sumama siya sa Propeta sa burol at naghintay sa malapit habang ipinagkakatiwala ni Moroni ang mga lamina sa mga kamay ng Propeta.

Nang mapasakanya ang sagradong talaan, di naglaon ay natuklasan ni Joseph kung bakit siya binalaan ni Moroni na pangalagaan ang mga lamina (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:59–60). Sinimulang ligaligin ng mga lokal na mandurumog ang Propeta, sa paulit-ulit na pagtatangkang nakawin ang mga lamina. Noong taglamig ng Disyembre 1827, sa pag-asang makakita ng

isang lugar na payapa siyang makapagtatrabaho, nilisan nina Joseph at Emma ang tahanan ng pamilyang Smith upang makitira sa mga magulang ni Emma sa Harmony. Doo'y sinimulan ng Propeta ang pagsasalin. Noong sumunod na Pebrero, nagkaroon ng inspirasyon si Martin Harris, isang kaibigan ng mga Smith mula sa Palmyra, na magtungo sa Harmony upang tulungan ang Propeta. Sa tulong ni Martin bilang tagasulat, naituloy ni Joseph ang pagsasalin ng sagradong talaan.


Ang bunga ng gawain ng Propeta ay inilathala kalaunan bilang Aklat ni Mormon. Ang kamangha-manghang aklat na ito, na naglalaman ng kabuuan ng ebanghelyo, ay tumatayong isang patotoo sa katotohanan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at sa misyon ni Joseph Smith bilang propeta.

## Mga Turo ni Joseph Smith

### Ang Aklat ni Mormon ay isinalin sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos.

*Bilang tugon sa tanong na, "Paano at saan mo nakuha ang Aklat ni Mormon?" sumagot si Joseph Smith:* "Si Moroni, na siyang naglagak ng mga lamina sa isang burol sa Manchester, Ontario county, New York, na namatay at nabuhay na mag-uli, ay nagpakita sa akin, at sinabi sa akin kung nasaan ang mga ito, at tinagubilinan ako kung paano ko makukuha ang mga ito. Nakuha ko ang mga ito, kasama ang Urim at Tummim, na ginamit ko sa pagsasalin ng mga lamina; at diyan nanggaling ang Aklat ni Mormon."[3]

"Ako ay [sinabihan ni Moroni] kung saan nakalagak ang ilang laminang pinag-ukitan ng pinaikling kabuuan ng mga talaan ng mga sinaunang Propetang nabuhay sa kontinenteng ito. . . . Ang mga talaang ito ay nakaukit sa mga laminang tila ginto; bawat lamina ay anim na pulgada ang lapad at walong pulgada ang haba, at di-gaanong makapal na tulad ng karaniwang lata. Puno ng ukit ang mga ito, sa mga letrang Egipto, at pinagsama-sama na parang mga pahina ng isang aklat, at nakapasok sa tatlong argolya ang buong koleksyon. Halos anim na pulgada ang kapal


BOOK OF MORMON:

*Kaliwa, ang pahina ng pamagat mula sa unang edisyon ng Aklat ni Mormon.*

ng aklat, na may isang mahigpit na nakasara. Ang mga letra sa bahaging hindi nakasara ay maliliit, at maganda ang pagkakaukit. Makikita sa buong aklat ang maraming tanda ng kalumaan sa pagkakagawa nito, at maraming kasanayan sa sining ng pag-uukit. Nakitang kasama ng mga talaan ang isang kakaibang kasangkapan, na tinawag noong sinauna na 'Urim at Tummim,' na may dalawang malilinaw na bato sa gilid ng isang balantok na nakakabit sa isang baluti sa dibdib. Sa tulong ng Urim at Tummim isinalin ko ang talaan sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos."[4]

"Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos ay isinalin ko ang Aklat ni Mormon mula sa hieroglyphics, na ang kaalaman tungkol dito ay nawala sa mundo, isang napakandang kaganapang mag-isa kong naranasan, ako na isang kabataang walang pinag-aralan, upang daigin ang karunungan ng mundo at malaking kamangmangan ng labingwalong siglo, sa isang bagong paghahayag."[5]

"Nais kong banggitin dito na ang pahina ng pamagat ng Aklat ni Mormon ay literal na pagkakasalin, na kinuha mula sa pinakahuling pahina, sa kaliwang bahagi ng koleksyon o aklat ng mga lamina, na naglalaman ng talaang naisalin, na ang wika sa buong aklat ay katulad ng pagkasulat ng lahat ng nakasulat sa Hebreo [ibig sabihin, mula kanan pakaliwa]; at ang nabanggit na pahina ng pamagat na iyon sa anumang paraan ay hindi isang makabagong komposisyon, hindi sa akin o sa sinumang iba pang taong nabuhay o nabubuhay sa henerasyong ito. . . . Narito sa ilalim ang bahaging iyon ng pahina ng pamagat ng bersyong Ingles ng Aklat ni Mormon, na isang tunay at literal na pagsasalin ng pahina ng pamagat ng orihinal na Aklat ni Mormon ayon sa pagkakatala sa mga lamina:

" 'ANG AKLAT NI MORMON.

*" 'Ulat na isinulat ng kamay ni Mormon sa mga laminang hinango mula sa mga lamina ni Nephi.*

" 'Anupa't ito ay pinaikling talaan ng mga tao ni Nephi, at gayon din ng mga Lamanita—Isinulat para sa mga Lamanita, na mga labi ng sambahayan ni Israel; gayon din sa mga Judio at Gentil—Isinulat bilang kautusan, at sa pamamagitan din ng diwa ng propesiya at ng paghahayag—Isinulat at mahigpit na isinara, at ikinubli ayon sa Panginoon, upang ang mga yaon ay hindi masira—Upang lumabas sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos para sa pakahulugan nito—Mahigpit na isinara ng kamay ni Moroni, at ikinubli ayon sa Panginoon, upang lumabas sa takdang panahon sa pamamagitan ng mga Gentil—Ang pakahulugan nito sa pamamagitan ng kaloob ng Diyos.

" 'Isang pinaikling ulat mula rin sa Aklat ni Eter, na talaan ng mga tao ni Jared, na ikinalat noong panahong lituhin ng Panginoon ang wika ng mga tao, nang sila ay nagtatayo ng isang tore upang makaabot sa langit—Upang ipakita sa mga labi ng sambahayan ni Israel kung anong mga dakilang bagay ang ginawa ng Panginoon para sa kanilang mga ama; at nang kanilang malaman ang mga tipan ng Panginoon, na sila ay hindi itatakwil nang habang panahon—At gayon din sa ikahihikayat ng mga Judio at Gentil na si *Jesus* ang *Cristo*, ang *Diyos na Walang Hanggan*, nagpapatunay ng kanyang sarili sa lahat ng bansa—

At ngayon, kung may mga pagkakamali ang mga yaon ay kamalian ng mga tao; dahil dito, huwag ninyong hatulan ang mga bagay ng Diyos, nang kayo ay matagpuang walang bahid-dungis sa hukumang-luklukan ni Cristo.' "[6]

---

**Ang karunungan ng Panginoon ay higit kaysa katusuhan ng diyablo.**

*Pagsapit ng Hunyo 14, 1828, ang pagsasalin ni Joseph Smith ng mga lamina ng Aklat ni Mormon ay nagbunga ng 116 na pahina ng manuskrito. Pagkatapos ay may nangyari na nagbigay ng malaking aral sa Propeta tungkol sa patnubay ng kamay ng Diyos sa pagpapalabas ng sagradong talaang ito. Itinala ng Propeta:* "Ilang araw simula nang sumulat si Ginoong Harris para sa akin, pinilit na niya ako na payagan siyang maiuwi ang mga naisulat at ipakita ito sa kanyang pamilya; at hiniling na itanong ko sa Panginoon, sa pamamagitan ng Urim at Tummim, kung maaari niya itong gawin. Nagtanong nga ako, at ang sagot ay hindi dapat. Gayunman, hindi siya nasiyahan sa sagot na ito, at muli niya itong ipinatanong sa akin. Nagtanong nga ako, at gayon din ang naging sagot. Subalit hindi pa rin siya nasiyahan, at sapilitang pinagtanong akong muli.

"Pagkaraan ng maraming pakiusap muli akong nagtanong sa Panginoon, at pinayagan na siyang maiuwi ang mga naisulat sa ilang kundisyon; na ipakikita lamang niya ito sa kanyang kapatid na si Preserved Harris; sa kanyang asawa; kanyang ama at ina; at kay Gng. Cobb, kapatid ng kanyang asawa. Alinsunod sa huling sagot na ito, hiniling ko na taimtim siyang mangako sa akin na wala siyang ibang gagawin maliban sa iniutos. Sumunod siya. Nangako nga siya tulad ng hiling ko, dinampot ang mga naisulat, at humayo. Gayunman, sa kabila ng matitinding pagbabawal na nangako siyang sundin, at sa taimtim niyang pangako sa akin, ipinakita rin niya ito sa iba, at nalinlang siyang makuha ito sa kanya, at hindi na ito muling nabawi magpahanggang ngayon."[7]

*Sa pambungad ng unang edisyon ng Aklat ni Mormon, ipinahayag ng Propeta na hindi mabibigo ang mga layunin ng Diyos sa pagkawala ng 116 na pahina:* "Dahil maraming maling ulat na ang naikalat patungkol sa [Aklat ni Mormon], at marami

na ring hakbang na labag sa batas ang nagawa ng mga taong balak akong sirain, at maging ang gawain, ipinaaalam ko sa inyo na isinalin ko, sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos, at ipinasulat, ang isang daan at labing-anim na pahina, na hinango ko mula sa Aklat ni Lehi, na pinaikling salaysay mula sa mga lamina ni Lehi, sa kamay ni Mormon; ang salaysay, na ninakaw at itinago ng ilang tao o mga tao sa akin, kahit ginawa ko na ang lahat para mabawi itong muli—at dahil inutusan ako ng Panginoon na huwag na itong isaling muli, sapagkat inudyukan ni Satanas ang kanilang mga puso na tuksuhin ang Panginoon nilang Diyos, sa pamamagitan ng pagbabago ng mga salita, na ang nabasa nila ay talagang kabaligtaran ng isinalin at ipinasulat ko; at kung muli kong ilalabas ang mga salitang iyon, o, sa madaling salita, kung muli ko itong isasalin, ilalathala nila yaong kanilang ninakaw; at uudyukan ni Satanas ang mga puso ng henerasyong ito, upang hindi nila tanggapin ang gawaing ito: ngunit masdan, sinabi sa akin ng Panginoon, Hindi ko hahayaang maisakatuparan ni Satanas ang kanyang masamang layunin sa bagay na ito: samakatwid, iyong isasalin ang mga nakaukit na nasa mga lamina ni Nephi, hanggang sa yaong iyong naisalin na, na iyong iningatan; at masdan, iyong ipalalathala ito bilang talaan ni Nephi; at sa gayon ko guguluhin ang isip ng mga yaong nagbago ng aking mga salita. Hindi ko hahayaan na kanilang wasakin ang aking gawain; oo, aking ipakikita sa kanila na ang aking karunungan ay nakahihigit kaysa sa katusuhan ng Diyablo. [Tingnan sa D at T 10:38–43.]

"Dahil dito, para maging masunurin sa mga utos ng Diyos, naisakatuparan ko, sa pamamagitan ng kanyang biyaya at awa, ang ipinagawa niya sa akin hinggil sa bagay na ito."[8]

---

### Ang Aklat ni Mormon ay salita ng Diyos.

"Sinabi ko sa mga kapatid na ang Aklat ni Mormon ang pinakatumpak sa anumang aklat sa mundo, at ang saligang bato ng ating relihiyon, at ang isang tao ay malalapit sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tuntunin nito, nang higit kaysa sa pamamagitan ng alin mang aklat."[9]

*Mga Saligan ng Pananampalataya 1:8:* "Naniniwala kami na ang Biblia ay salita ng Diyos hangga't ito ay nasasalin nang wasto; naniniwala rin kami na ang Aklat ni Mormon ay salita ng Diyos."[10]

"Sinasabi sa atin [ng Aklat ni Mormon] na ang ating Tagapagligtas ay nagpakita sa kontinenteng ito matapos Siyang mabuhay na mag-uli; na itinatag Niya ang kabuuan, at yaman, at kapangyarihan, at pagpapala ng Ebanghelyo rito; na sila ay mayroong mga Apostol, Propeta, Pastor, Guro, at Evangelista, sa gayon ding pagkakaayos, gayon ding priesthood, gayon ding mga ordenansa, kaloob, kapangyarihan, at pagpapala, na tulad ng tinamasa sa kontinente sa silangan (Middle East); na ang mga tao ay nahiwalay dahil sa kanilang mga paglabag; na ang huli sa kanilang mga propeta na nakapiling nila ay inutusang paikliin ang mga propesiya, kasaysayan, at kung anu-ano pa, at ibaon ito sa lupa, at na ito ay ilalabas at papagkaisahin sa Biblia para maisakatuparan ang mga layunin ng Diyos sa mga huling araw."[11]

*Naroon si David Osborn nang mangaral si Joseph Smith sa Far West, Missouri, noong 1837. Nagunita niya ang mga salitang ito ng Propeta:* "Ang Aklat ni Mormon ay totoo, tulad ng ipinahahayag nito, at inaasahan kong magbigay-ulat sa patotoong ito sa araw ng paghuhukom."[12]

---

## Pinasasaya at inaaliw at pinarurunong tayo ng mga banal na kasulatan sa ating ikaliligtas.

"Kaugnay ng pagtatatag ng Kahariang ito, ay ang paglilimbag at pamamahagi ng Aklat ni Mormon, Doktrina at mga Tipan, . . . at ang bagong pagsasalin ng [Biblia]. Hindi kailangang magsabi ng anuman hinggil sa mga gawaing ito; batid ng mga nakabasa na nito, at nakainom na sa batis ng kaalamang ipinararating nito, kung paano pahalagahan ang mga ito; at bagaman maaaring kutyain sila ng mga hangal, gayunman ang mga ito ay nilayong magbigay dunong sa mga tao sa ikaliligtas nila, at palisin ang nakalilitong mga pamahiing umiral noong unang panahon, at ipaalam ang mga naisagawa ni Jehova, at ilarawan ang hinaharap sa lahat ng kakila-kilabot at maluwalhating katotohanan nito. Yaong mga



*Inilathala ang mga banal na kasulatan sa mga huling araw "upang ang mga tapat ang puso ay mapasaya at maaliw at magalak sa kanilang buhay."*

nakinabang na mula sa pag-aaral ng mga banal na kasulatang iyon, ay walang alinlangan na lalo silang magsisikap na ipalaganap ito sa buong mundo, nang matamasa ng bawat anak ni Adan ang mga pribilehiyo ring iyon, at magalak sa mga katotohanan ding iyon."[13]

"[Inilathala ang mga banal na kasulatan sa mga huling araw] upang ang mga tapat ang puso ay mapasaya at maaliw at magalak sa kanilang buhay, habang nalalantad ang kanilang kaluluwa at napagliliwanag ng kaalaman ng gawain ng Diyos ang kanilang pang-unawa sa pamamagitan ng mga ninuno noong unang panahon, gayundin ang gagawin niya sa mga huling araw upang maisakatuparan ang mga salita ng mga ninuno."[14]

"Napasakamay natin ang mga sagradong kasulatan, at tinanggap natin na ibinigay ng tuwirang inspirasyon ang mga ito para sa ikabubuti ng tao. Naniniwala kami na nagpakababa ang Diyos

upang makapagsalita mula sa kalangitan at ipahayag ang Kanyang kalooban hinggil sa mag-anak ng tao, upang bigyan sila ng makatarungan at banal na mga batas, upang masupil ang kanilang pag-uugali, at magabayan sila sa tuwid na landas, nang sa takdang panahon ay makapiling Niya sila, at makasama sila ng Kanyang Anak bilang tagapagmana.

"Ngunit kapag tinanggap ang katotohanang ito, na ang agarang kalooban ng langit ay nasa mga Banal na Kasulatan, hindi ba tayo nakatali bilang mga nilikhang marunong mangatwiran na ipamuhay ang lahat ng tuntunin nito? Makikinabang ba tayo sa simpleng pagtanggap na kalooban ito ng langit kung hindi natin susundin ang lahat ng turo nito? Hindi ba natin kinakalaban ang Lubos na Katalinuhan ng langit kapag tinanggap natin ang katotohanan ng mga turo nito, at hindi ito sinunod? Hindi ba tayo nagpapakababa pa sa sarili nating kaalaman, at sa mas malaking karunungang ipinagkaloob sa atin ng langit, sa gayong paguugali? Dahil dito, kung may tuwiran tayong mga paghahayag mula sa langit, tiyak na hindi ibinigay ang mga paghahayag na iyon kailanman para balewalain lamang, nang walang poot at paghihiganting natanim sa isipan ng nagbabalewala, kung may katarungan man sa langit; at na dapat nga itong tanggapin ng bawat taong tumatanggap ng katotohanan at impluwensya ng mga turo ng Diyos, ng Kanyang mga pagpapala at pagsumpa, ayon sa nakasaad sa sagradong aklat. . . .

". . . Siya na [nakakikilala sa] kapangyarihan ng Pinakamakapangyarihan, na nakaukit sa kalangitan ay [makakikilala] rin sa sulat-kamay ng Diyos sa banal na aklat: at siya na bumabasa nito nang pinakamadalas ay higit [itong magugustuhan], at siya na nakakikilala nito, ay [makikilala ang kamay ng Diyos saanman niya ito makita]; at kapag natuklasan, hindi lamang ito makatatanggap ng pagkilala, kundi ng pagsunod sa lahat ng makalangit nitong tuntunin."[15]

"O kayong Labindalawa! at lahat ng Banal! makinabang sa mahalagang *Susi* na ito—na sa lahat ng inyong pagsubok, problema, tukso, paghihirap, pagkaalipin, pagkabilanggo at kamatayan, ay tiyakin, na hindi ninyo maipagkanulo ang langit; na hindi ninyo maipagkanulo si Jesucristo; na hindi ninyo maipagkanulo

ang mga kapatid; na hindi ninyo maipagkanulo ang mga paghahayag ng Diyos, sa Biblia man, sa Aklat ni Mormon, o sa Doktrina at mga Tipan, o sa anupamang ibang ibinigay o ibibigay at ihahayag sa tao sa mundong ito o sa mundong darating."[16]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Repasuhin ang mga karanasan ni Joseph Smith sa pagitan ng Setyembre 21, 1823, at Setyembre 22, 1827 (mga pahina 67–70). Sa inyong palagay paano siya naihanda ng mga karanasang ito na maisalin ang mga laminang ginto? Sa anong mga paraan kayo naihanda para sa mga katungkulang nagmula sa Panginoon?
- Repasuhin ang huling buong talata sa pahina 72, na pinapansin ang mga layunin ng Aklat ni Mormon. Sa anong mga paraan ninyo nakitang natupad ang mga layuning ito sa inyong buhay at sa buhay ng iba?
- Habang pinagninilay-nilay ninyo ang salaysay ng Propeta nang utusan siyang huwag isaling muli ang 116 na pahina ng manuskritong nawala (mga pahina 73–74), ano ang natutuhan ninyo tungkol sa Diyos? Paano maiimpluwensyahan ng pag-unawa sa salaysay na ito ang ating mga pasiya?
- Basahin ang huling talata sa pahina 74. Pansinin na sa isang arkong yari sa bato, ang saligang bato ay nakalagay sa ibabaw, at pinananatili sa lugar ang lahat ng iba pang mga bato. Sa anong mga paraan naging "saligang bato ng ating relihiyon" ang Aklat ni Mormon? Paano kayo natulungan ng Aklat ni Mormon na "mapalapit sa Diyos"?
- Binanggit ni Joseph Smith ang mga pagpapalang dumarating kapag tayo ay "nakainom sa batis ng kaalaman" sa mga banal na kasulatan at "nakinabang" sa salita ng Diyos (mga pahina 75–76). Ano ang ipinahihiwatig sa inyo ng mga pahayag na ito tungkol sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan? Ano ang

magagawa natin upang maging higit na makabuluhan ang pag-aaral natin ng mga banal na kasulatan?

- Basahin ang talatang nagsisimula sa dulong ibaba ng pahina 75. Sa inyong palagay bakit nagkakaroon ng sigla ang mga nag-aaral ng banal na kasulatan na ibahagi ito sa iba? Ano ang magagawa natin para maibahagi ang Aklat ni Mormon? Ano ang mga karanasan ninyo nang ibahagi ninyo ang Aklat ni Mormon o ibahagi ito sa inyo ng isang tao?
- Basahin ang unang buong talata sa pahina 76. Ano ang ilang talata mula sa Aklat ni Mormon na "nagpasaya at umaliw" sa inyo? Sa anong mga paraan napagliwanag ng Aklat ni Mormon ang inyong pang-unawa?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Ezekiel 37:15–17; pambungad sa Aklat ni Mormon; 1 Nephi 13:31–42; 2 Nephi 27:6–26; D at T 20:6–15; Joseph Smith—Kasaysayan 1:29–54

## *Mga Tala*

1. Tingnan sa Joseph Smith, History 1832, p. 4; Letter Book 1, 1829–35, Joseph Smith, Collection, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.
2. *History of the Church,* 4:537; mula sa isang liham ni Joseph Smith na isinulat sa kahilingan nina John Wentworth at George Barstow, Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Mar. 1, 1842, p. 707.
3. *History of the Church,* 3:28; mula sa isang editoryal na inilathala sa *Elders' Journal,* Hulyo 1838, pp. 42–43; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.
4. *History of the Church,* 4:537; ginawang makabago ang pagbabantas; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang liham ni Joseph Smith na isinulat sa kahilingan nina John Wentworth at George Barstow, Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Mar. 1, 1842, p. 707.
5. *History of the Church,* 6:74; mula sa isang liham ni Joseph Smith kay James Arlington Bennet, Nob. 13, 1843, Nauvoo, Illinois; mali ang pagbabaybay na "Bennett" sa apelyido ni James Bennet sa *History of the Church.*
6. *History of the Church,* 1:71–72; nasa orihinal ang mga salitang naka-bracket; mula sa "History of the Church" (manuskrito), book A-1, pp. 34–35, Church Archives.
7. *History of the Church,* 1:21; ginawang makabago ang pagbabantas; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa "History of the Church" (manuskrito), book A-1, pp. 9–10, Church Archives.
8. Pambungad sa unang (1830) edisyon ng Aklat ni Mormon; binago ang pagkakahati ng mga talata.
9. *History of the Church,* 4:461; mula sa mga tagubiling ibinigay ni Joseph Smith noong Nob. 28, 1841, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Wilford Woodruff.
10. Mga Saligan ng Pananampalataya 1:8.
11. *History of the Church,* 4:538; ginawang makabago ang pagbabantas; mula sa isang liham ni Joseph Smith na isinulat sa kahilingan nina John Wentworth at George Barstow, Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Mar. 1, 1842, pp. 707–8.
12. Binanggit ni David Osborn, sa "Recollections of the Prophet Joseph Smith," *Juvenile Instructor,* Mar. 15, 1892, p. 173.

13. *History of the Church,* 4:187; mula sa isang liham ni Joseph Smith at ng kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan sa mga Banal, Set. 1840, Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Okt. 1840, p. 179.
14. Liham ni Joseph Smith sa *Times and Seasons,* bandang Mar. 1842, Nauvoo, Illinois; Miscellany, Joseph Smith, Collection, Church Archives; tila hindi naipadala ang liham.
15. *History of the Church,* 2:11, 14; ginawang makabago ang pagbabantas; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa "The Elders of the Church in Kirtland, to Their Brethren Abroad," Ene. 22, 1834, inilathala sa *Evening and Morning Star,* Peb. 1834, p. 136; Mar. 1834, p. 142.
16. *History of the Church,* 3:385; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hulyo 2, 1839, in Montrose, Iowa; iniulat nina Wilford Woodruff at Willard Richards. Ang talaan ni Elder Richards tungkol sa talumpating ito ay batay sa mga talaan ng talumpating ginawa ng iba. Ginamit din ni Elder Richards ang mga talaan ng iba sa pagtatala ng talumpati ng Propeta na ibinigay noong Hunyo 27, 1839, at dalawa pang talumpati na may petsang "bandang Hulyo 1839." Ang mga talumpating ito ay babanggitin sa buong aklat na ito.

# Pagsisisi

*"Magsimula tayong muli sa araw ding ito, at sabihin ngayon, nang buong puso, na tatalikuran natin ang ating mga kasalanan at magpapakabuti."*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Noong Hunyo 14, 1828, nilisan ni Martin Harris ang Harmony, Pennsylvania, dala ang unang 116 na pahina ng manuskrito na isinalin mula sa mga laminang ginto upang ipakita sa ilang kapamilya niya sa Palmyra, New York. Kinabukasan mismo, isinilang ang panganay nina Joseph at Emma, isang lalaki na pinangalanan nilang Alvin. Namatay ang sanggol noong araw ding iyon, at humina ang katawan ni Emma hanggang sa siya mismo ay mabingit sa kamatayan. Kalaunan ay isinulat ng ina ng Propeta: "Sumandaling tila nabingit [si Emma] sa kamatayan. Pansamantalang parang nawalan ng katiyakan ang mangyayari sa kanya kaya dalawang linggong hindi nakatulog ni isang oras ang kanyang asawa. Pagkaraan nito, tumindi ang pag-aalala niya tungkol sa manuskrito kaya nagpasiya siya, ngayong medyo mabuti na ang kalagayan ng kanyang kabiyak, na sa sandaling lumakas pa ito ay pupunta siya sa New York para asikasuhin ang bagay na ito."[1]

Noong Hulyo, sa mungkahi ni Emma, iniwan ng Propeta ang kanyang asawa sa pangangalaga ng kanyang ina at naglakbay sakay ng karuwahe patungo sa bahay ng kanyang mga magulang sa Manchester Township, New York. Mga 200 kilometro ang nilakbay ng Propeta at dalawa o tatlong araw bago siya nakarating. Dahil sa pag-iisip tungkol sa pagkamatay ng kanyang panganay na anak, sa pag-aalala sa asawa niyang maysakit, at sa manuskrito, ni hindi nakakain o nakatulog si Joseph sa buong biyahe. Isa pang manlalakbay, na tanging kasama niyang pasahero sa karuwahe, ang nakapansin sa panghihina ng Propeta at



*Pinapangyari ang pagsisisi sa pamamagitan ng nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas na si Jesucristo. "Suriin ang inyong mga puso, at tingnan kung kayo ay katulad ng Diyos," pahayag ni Propetang Joseph Smith. "Sinuri ko na ang aking puso, at napagsisihan ang lahat ng aking kasalanan."*

nagpilit itong samahan siya sa paglalakad nang 32-kilometro mula sa istasyon ng karuwahe papunta sa bahay ng mga Smith. Sa huling 6.5 kilometrong paglalakad, paggunita ng ina ng Propeta, "kinailangang akayin ng estranghero si Joseph, sapagkat pagod na pagod na ang katawan nito at nakakatulog na nang nakatayo."[2] Pagdating na pagdating sa bahay ng kanyang mga magulang, ipinatawag ng Propeta si Martin Harris.

Dumating si Martin sa bahay ng mga Smith makapananghalian, nakayuko at mapanglaw. Hindi raw niya dala ang manuskrito, sabi niya, at hindi niya alam kung nasaan ito. Pagkarinig nito, napabulalas si Joseph, "Oh! Diyos ko, Diyos ko. . . . Nawala nang lahat, nawala. Ano ang gagawin ko? Ako'y nagkasala. Ako ang siyang nanukso sa poot ng Diyos sa paghiling sa kanya ng isang bagay na wala akong karapatang hilingin. . . . Paano pa ako makahaharap sa Panginoon? Ano pang pagkagalit ang hindi nararapat sa akin mula sa anghel ng Kataas-taasang Diyos?"

Sa paglipas ng maghapon, paroo't parito sa paglalakad ang Propeta sa bahay ng kanyang mga magulang dahil sa malaking pag-aalala, "na lumuluha at nagdadalamhati." Kinabukasan bumalik na siya sa Harmony, kung saan, sinabi niya, "Nagsimula akong magpakumbaba sa taos na dalangin sa harapan ng Panginoon . . . na kung maaari ay makamit ko ang kanyang awa at mapatawad ako sa lahat ng nagawa kong salungat sa kanyang kalooban."[3]

Pinarusahan nang matindi ng Panginoon ang Propeta dahil mas natakot siya sa tao kaysa sa Diyos, ngunit tiniyak sa kanya na maaari siyang mapatawad. "Ikaw ay si Joseph," sabi ng Panginoon, "at ikaw ay pinili upang gawin ang gawain ng Panginoon, subalit dahil sa pagkakasala, kung hindi ka mag-iingat ikaw ay babagsak. Subalit tandaan, ang Diyos ay maawain; samakatwid, magsisisi sa yaong iyong nagawa na salungat sa kautusang ibinigay ko sa iyo, at ikaw ay pinili pa rin, at muling tinatawag sa gawain" (D at T 3:9–10).

Pansamantalang binawi ng Panginoon kay Joseph ang Urim at Tummim at mga lamina. Ngunit hindi nagtagal at ibinalik sa kanya ang mga ito. "Nagalak ang anghel nang ibalik niya sa akin ang Urim at Tummim," paggunita ng Propeta, "at sinabi na nasisiyahan ang Diyos sa aking katapatan at pagpapakumbaba, at minahal ako dahil sa aking pagsisisi at kasigasigan sa pagdarasal,

kaya nga mahusay kong nagampanan ang aking tungkulin para . . . masimulang muli ang gawain ng pagsasalin."[4] Nang magpatuloy si Joseph sa dakilang gawaing kinakaharap niya, pinalakas siya ng magiliw na damdaming matanggap ang kapatawaran ng Panginoon at ng panibagong determinasyong gawin ang Kanyang kalooban.

## Mga Turo ni Joseph Smith

### Sa pagsisisi sa ating mga kasalanan, napapalapit tayo sa Diyos at nagiging higit na katulad Niya.

*Itinala ni Wilford Woodruff, habang naglilingkod bilang miyembro ng Korum ng Labindalawa:* "Si Joseph na Tagakita ay tumindig sa kapangyarihan ng Diyos; pinagalitan at isinumpa ang kasamaan sa harapan ng mga tao, sa pangalan ng Panginoong Diyos. Ninais niyang magsalita nang bahagya na aakma sa kalagayan ng lahat ng naroon, at pagkatapos ay sinabi:

" 'Magsasalita ako nang may awtoridad ng Priesthood sa pangalan ng Panginoong Diyos. . . . Kahit sabihin ng kongregasyong ito na sila ay mga Banal, nakatayo pa rin ako sa gitna ng lahat ng [uri ng] pagkatao at klase ng mga tao. Kung pangarap ninyong mapunta sa kinaroroonan ng Diyos, dapat kayong maging katulad ng Diyos, o magtaglay ng mga alituntuning taglay ng Diyos, sapagkat kung hindi tayo napapalapit sa Diyos sa alituntunin, napapalayo tayo sa Kanya at napapalapit sa diyablo. Oo, ako ay nakatayo sa gitna ng lahat ng uri ng tao.

" 'Suriin ang inyong mga puso, at tingnan kung kayo ay katulad ng Diyos. Sinuri ko na ang aking puso, at napagsisihan ang lahat ng aking kasalanan.

" 'May kasama tayong mga magnanakaw, mangangalunya, sinungaling, mapagkunwari. Kung magsasalita lamang ang Diyos mula sa langit, uutusan Niya kayong huwag magnakaw, huwag mangalunya, huwag mag-imbot, ni manlinlang, kundi maging tapat sa ilang bagay. . . . Hindi ba mabait ang Diyos? Kung gayon, magpakabait kayo; kung Siya ay tapat, maging tapat kayo. Dagdagan ng kabutihan ang inyong pananampalataya, ng kaalaman ang inyong kabutihan, at hangarin ang bawat mabuting

bagay. Kailangang malinis ang Simbahan, at mangangaral ako laban sa lahat ng kasamaan.' "[5]

"Dapat kayong maging walang sala, o hindi kayo makahaharap sa Diyos: kung haharap tayo sa Diyos, dapat nating panatilihing dalisay ang ating sarili, katulad Niya na dalisay. Matindi ang kapangyarihan ng diyablo na manlinlang; babaguhin niya ang mga bagay na mapapatulala ang isang tao sa mga yaong sumusunod sa kalooban ng Diyos. . . . Kailangang mawala ang kasamaan sa mga Banal; sa gayon ay mapupunit ang tabing, at bubuhos ang mga pagpapala ng langit—dadaloy itong tulad ng ilog Mississippi."[6]

"Huwag hayaang ipagmalaki ng sinuman ang sarili niyang kabutihan, sapagkat nakikita iyon ng iba sa kanya; bagkus ay hayaang ipagtapat niya ang kanyang mga kasalanan, at siya ay patatawarin, at siya ay lalong magbubunga."[7]

"Lahat ng puso ay dapat magsisi at maging dalisay, at mamahalin sila ng Diyos at pagpapalain sa paraang hindi sila mapagpapala sa anupamang ibang paraan."[8]

---

**Kalooban ng Diyos na talikuran natin ang ating mga kasalanan at mawala ang kasamaan sa atin.**

"Makinig, lahat kayong nasa mga dulo ng daigdig—lahat kayong saserdote, lahat kayong makasalanan, at lahat ng tao. Magsisi! Magsisi! Sundin ang ebanghelyo. Bumaling sa Diyos."[9]

"Simulan natin ngayon ding araw na ito na magpanibago, at sabihin ngayon, nang buong puso natin, na [tatalikuran] natin ang ating mga kasalanan at magiging matuwid."[10]

"Ang taong walang pananampalataya ay hihingi ng tulong kahit saan na susuporta sa kanyang mga paniniwala at pasiya hanggang sa malapit na siyang mamatay, at pagkatapos ay maglalaho ang kawalan niya ng paniniwala, sapagkat nakatunghay sa kanya ang dakilang kapangyarihan ng mga katotohanan ng walang hanggang mundo; at kapag hindi siya nakakakuha ng makamundong tulong at suporta, higit niyang nadarama ang mga walang hanggang katotohanan ng pagiging imortal ng kaluluwa. Dapat nating dinggin ang babala at huwag na nating hintaying maghingalo pa

tayo bago magsisi; katulad ng nakikita nating pagkamatay ng isang sanggol, gayundin biglang tatawagin sa kawalang-hanggan ang kabataan at matanda, at maging ang sanggol. Kung gayon, maging babala ito sa lahat na huwag ipagpaliban ang pagsisisi, o maghintay hanggang sa maghingalo, sapagkat kalooban ng Diyos na dapat magsisi ang tao at maglingkod sa Kanya sa kalusugan, at sa lakas at kapangyarihan ng kanyang isipan, upang matamo ang Kanyang pagpapala, at huwag maghintay hanggang sa siya ay sumakabilang-buhay."[11]



*Katulad ng pagtanggap ng ama sa kanyang alibughang anak sa kanyang tahanan, handa ang ating Ama sa Langit na "magpatawad ng mga kasalanan, at muling kalugdan ang lahat ng handang magpakumbaba sa Kanyang harapan."*

"Ang sacrament ay ibinigay sa Simbahan [noong Marso 1, 1835]. Bago ito ibinigay, binanggit ko ang pagkaangkop ng ordenansang ito sa Simbahan, at hinimok ang kahalagahan ng paggawa nito nang karapat-dapat sa harapan ng Panginoon, at itinanong ko, Sa inyong palagay gaano katagal makikibahagi ang tao sa ordenansang ito nang hindi karapat-dapat, nang hindi inilalayo ng Panginoon ang Kanyang Espiritu sa kanya? Gaano katagal niya babalewalain ang mga sagradong bagay, nang hindi siya ipinauubaya ng Panginoon kay Satanas hanggang sa araw ng pagtubos! . . . Samakatwid, dapat maging mapakumbaba ang ating puso, at magsisi tayo sa ating mga kasalanan, at iwaksi ang kasamaan sa atin."[12]

"Ang pagsisisi ay isang bagay na hindi maaaring balewalain sa araw-araw. Ang araw-araw na paglabag at pagsisisi ay hindi nakasisiya sa paningin ng Diyos."[13]

*Isinulat ni Propetang Joseph Smith sa kanyang kapatid na si William Smith ang sumusunod nang magalit sa kanya si William at hamakin siya nito:* "[Sinabi ko na sa iyo] ang hayagang layunin na sikaping babalaan, hikayatin, payuhan, at sagipin ka sa pagkahulog sa mga paghihirap at kalungkutan, na nakini-kinita kong kauuwian mo, sa pagbibigay-daan sa masamang espiritung iyon, na tinatawag mong mga silakbo ng iyong damdamin, na dapat mong pigilin at supilin, at daigin; na kung hindi mo gagawin, hinding-hindi ka maliligtas, sa tingin ko, sa Kaharian ng Diyos. Hinihiling ng Diyos na kusang magpasakop ang Kanyang mga nilalang sa Kanyang kalooban."[14]

---

### Ang ating Ama sa Langit ay handang magpatawad sa mga yaong nagsisisi at nagbabalik-loob sa Kanya nang may buong layunin ng puso.

*Noong 1835 tumanggap ng isang liham si Joseph Smith mula kay Harvey Whitlock, na nag-apostasiya mula sa Simbahan at hangad bumalik sa ganap na pakikipagpatiran. Tumugon ang Propeta:* "Natanggap ko na ang liham mo na may petsang ika-28 ng Setyembre, 1835, at dalawang beses ko na itong nabasa, at may mga naramdaman ako na mas madaling isipin kaysa ilarawan; sapat nang sabihing hindi ko mapigilan ang damdamin

ko—hindi ko mapigilang umiyak. Salamat sa Diyos at naisapuso mong magbalik-loob sa Panginoon, at sa mga taong ito, kung mangyari nga na kaawaan ka Niya. Naitanong ko na sa Panginoon ang sitwasyon mo; sumaisip ko ang mga salitang ito:

*"Paghahayag kay Harvey Whitlock.*

" 'Katotohanan, sinasabi sa iyo ng Panginoon—Hayaan si Harvey na dati kong tagapaglingkod, na magbalik-loob sa akin, at sa sinapupunan ng aking Simbahan, at talikuran ang lahat ng kasalanang nagawa niya laban sa akin, at mula ngayon ay magpatuloy sa kabutihan at matwid na buhay, at manatili sa ilalim ng patnubay ng mga yaong hinirang kong maging mga haligi at pinuno ng aking Simbahan. At masdan, sinasabi ng Panginoon mong Diyos, ang kanyang mga kasalanan ay mabubura sa ilalim ng langit, at malilimutan ng mga tao, at hindi ko na ito maririnig, ni itatala bilang alaala laban sa kanya, kundi iaahon ko siya, mula sa malalim na burak, at siya ay dadakilain sa matataas na lugar, at ibibilang na karapat-dapat na makasama ng mga prinsipe, subalit gagawin pa siyang makinang na pana sa aking lalagyan para pabagsakin ang mga muog ng kasamaan ng mga yaong mapagmalaki, upang mag-usap-usap sila laban sa akin, at laban sa aking mga hirang sa mga huling araw. Samakatwid, agad siyang paghandain at papuntahin sa iyo, maging sa Kirtland. At yamang didinggin niya ang lahat ng payo mo mula ngayon, ipanunumbalik siya sa dati niyang kalagayan, at maliligtas sa pinakasukdulang kaligtasan, sapagkat buhay ang iyong Panginoong Diyos. Amen.'

"Kaya nga nakikita mo, mahal kong kapatid, ang kahandaan ng ating Ama sa langit na magpatawad ng mga kasalanan, at muling kalugdan ang lahat ng handang magpakumbaba sa Kanyang harapan, at ipagtapat ang kanilang mga kasalanan, at talikuran ang mga ito, at magbalik-loob sa Kanya nang may buong layunin ng puso, nang walang pagkukunwari, na paglingkuran Siya hanggang wakas [tingnan sa 2 Nephi 31:13].

"Huwag kang mamangha na nagpakababa ang Panginoon upang magsalita mula sa kalangitan, at bigyan kayo ng mga tagubilin upang malaman ninyo ang inyong tungkulin. Narinig Niya ang inyong mga dalangin at nasaksihan ang inyong pagpapakumbaba, at iniuunat ang mapagmahal na kamay ng isang ama sa

inyong pagbabalik; nagagalak ang mga anghel sa inyo, habang ang mga Banal ay handang tanggapin kayong muli sa samahan."[15]

"Hindi pa nangyari kailanman na napakatanda na ng espiritu para lumapit sa Diyos. Lahat ng hindi nakagawa ng kasalanang walang kapatawaran ay maaaring mapatawad dahil sa awa."[16]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Nang mabasa ninyo ang salaysay tungkol sa reaksyon ng Propeta sa pagkawala ng 116 na pahina (mga pahina 81–84), ano ang mga nalaman ninyo tungkol kay Joseph Smith? Ano ang natutuhan ninyo sa kanyang halimbawa tungkol sa pagsisisi?
- Repasuhin ang bahaging nagsisimula sa pahina 84. Habang pinag-iisipan ninyo ang mga turo sa kabanatang ito, mag-ukol ng oras na suriin ang inyong puso, tulad ng payo ng Propeta. Isipin kung ano ang kailangan ninyong gawin—at ano ang kailangan ninyong itigil—upang maging higit na katulad ng Diyos.
- Pag-isipan ang mga babala ni Joseph Smith tungkol sa pagpapaliban ng ating pagsisisi (mga pahina 85–87). Ano ang ilang posibleng kahinatnan ng pagpapaliban ng pagsisisi?
- Pag-aralan ang payo ni Propetang Joseph tungkol sa pagbaling sa Diyos at pagpapakumbaba ng ating sarili sa Kanyang harapan (mga pahina 85–89). Bakit hindi magiging kumpleto ang pagsisisi kung walang pagpapakumbaba? Ano sa palagay ninyo ang kahulugan ng "magbalik-loob sa [Diyos] nang may buong layunin ng puso"? (mga pahina 88–89).
- Basahin ang paghahayag na natanggap ni Joseph Smith para kay Harvey Whitlock, at pansinin ang mga pangako ng Panginoon kung taos na magsisisi si Brother Whitlock (pahina 88). Ano ang inyong mga naiisip o nadarama habang pinag-iisipan ninyo "ang kahandaan ng ating Ama sa langit na magpatawad ng mga kasalanan, at muli [tayong] kalugdan"?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* II Mga Taga Corinto 7:9–10; Mosias 4:10–12; Alma 34:31–38; D at T 1:31–33; 58:42–43

## *Mga Tala*

1. Lucy Mack Smith, "The History of Lucy Smith, Mother of the Prophet," 1844–45 manuscript, book 7, pp. 1–2, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.
2. Lucy Mack Smith, "The History of Lucy Smith, Mother of the Prophet," 1844–45 manuscript, book 7, p. 5, Church Archives.
3. Binanggit ni Lucy Mack Smith, "The History of Lucy Smith, Mother of the Prophet," 1844–45 manuscript, book 7, pp. 6–9, Church Archives.
4. Binanggit ni Lucy Mack Smith, "The History of Lucy Smith, Mother of the Prophet," 1844–45 manuscript, book 7, p. 11, Church Archives.
5. *History of the Church,* 4:588; nasa orihinal ang mga salitang naka-bracket; ginawang makabago ang pagbabantas at pagpapalaki ng mga letra; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 10, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Wilford Woodruff.
6. *History of the Church,* 4:605; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 28, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Eliza R. Snow.
7. *History of the Church,* 4:479; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Dis. 19, 1841, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Wilford Woodruff.
8. Talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 28, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Eliza R. Snow, sa Relief Society, Minute Book Mar. 1842–Mar. 1844, p. 34, Church Archives.
9. *History of the Church,* 6:317; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 7, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Wilford Woodruff, Willard Richards, Thomas Bullock, at William Clayton.
10. *History of the Church,* 6:363; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mayo 12, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Thomas Bullock.
11. *History of the Church,* 4:553–54; ginawang makabago ang pagbabantas; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mar. 20, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Wilford Woodruff.
12. *History of the Church,* 2:204; mula sa katitikan ng isang pulong ng konseho ng Simbahan na idinaos noong Mar. 1, 1835, sa Kirtland, Ohio.
13. *History of the Church,* 3:379; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hunyo 27, 1839, sa Commerce, Illinois; iniulat ni Willard Richards.
14. *History of the Church,* 2:342; mula sa isang liham ni Joseph Smith kay William Smith, Dis. 18, 1835, Kirtland, Ohio.
15. *History of the Church,* 2:314–15; ginawang makabago ang pagbabantas; mula sa isang liham ni Joseph Smith kay Harvey Whitlock, Nob. 16, 1835, Kirtland, Ohio.
16. *History of the Church,* 4:425; mula sa katitikan ng isang kumperensya ng Simbahan na idinaos noong Okt. 3, 1841, sa Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Okt. 15, 1841, p. 577.

K A B A N A T A 6

# Ang Misyon ni Juan Bautista

*"Si Juan [Bautista] ay maytaglay ng Aaronic Priesthood, at isang legal na tagapangasiwa (ng ebanghelyo), at tagapagbalita tungkol kay Cristo, at naparito upang ihanda ang daan para sa kanyang pagdating."*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Sa Harmony, Pennsylvania, noong taglamig ng 1828–29, patuloy na isinalin ni Joseph Smith ang Aklat ni Mormon, ngunit mabagal ang pagsulong ng gawain. Hindi lamang kinakailangang magtrabaho ni Joseph sa kanyang bukid upang buhayin ang kanyang pamilya, kundi wala rin siyang tagasulat na mag-uukol ng buong panahon para tulungan siya. Sa oras ng pangangailangang ito, nagunita niya, "Nagsumamo ako sa Panginoon na tulungan Niya akong maisagawa ang trabahong iniutos niya sa akin."[1] Nangako ang Panginoon na ibibigay Niya ang tulong na kailangan ni Joseph Smith upang maipagpatuloy ang gawain ng pagsasalin (tingnan sa D at T 5:34). Noong Abril 5, 1829, isang batang guro sa paaralan na nagngangalang Oliver Cowdery ang sumama sa kapatid ng Propeta na si Samuel sa Harmony upang makilala si Joseph. Narinig na ni Oliver ang tungkol sa mga lamina noong nasa tahanan siya ng mga magulang ng Propeta at, matapos ipagdasal ang tungkol dito, tumanggap siya ng personal na paghahayag na susulat siya para sa Propeta. Noong Abril 7, nagsimulang magsalin ang dalawang lalaki, at si Oliver ang tagasulat.

Habang nagsasalin mula sa mga lamina sina Joseph at Oliver, nabasa nila ang mga tagubilin ng Tagapagligtas sa mga Nephita hinggil sa binyag para sa kapatawaran ng mga kasalanan.[2] Noong Mayo 15, nagtungo sila sa isang kakahuyan malapit sa tahanan ng Propeta upang humiling sa Panginoon ng higit na pang-unawa tungkol sa mahalagang ordenansang ito. "Ang aming kaluluwa ay



*Ipinanumbalik ni Juan Bautista ang Aaronic Priesthood kina Joseph Smith at Oliver Cowdery noong Mayo 15, 1829, na nagsasabing, "Sa inyo na aking kapwa tagapaglingkod, sa pangalan ng Mesiyas, aking iginagawad ang Pagkasaserdoteng Aaron."*

matamang nakatuon sa taimtim na panalangin," paggunita ni Oliver Cowdery, "para malaman kung paano namin matatamo ang mga biyaya ng binyag at ng Banal na Espiritu, ayon sa orden ng Diyos, at taimtim naming hinanap ang karapatan ng mga ama at ang awtoridad ng banal na priesthood, at ang kapangyarihang mangasiwa sa priesthood na iyon."[3]

Itinala ni Joseph Smith ang nangyari sa sagot sa kanilang dalangin: "Habang kami ay nasa gayong ayos, nananalangin at nananawagan sa Panginoon, isang sugo mula sa langit ang bumaba sa isang ulap ng liwanag, at habang nakapatong ang kanyang mga kamay sa amin, inordenan niya kami, sinasabing: *Sa inyo na aking kapwa tagapaglingkod, sa pangalan ng Mesiyas, aking iginagawad ang Pagkasaserdoteng Aaron, na may hawak ng mga susi ng paglilingkod ng mga anghel, at ng ebanghelyo ng pagsisisi, at ng pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog para sa kapatawaran ng mga kasalanan; at ito ay hindi na muling kukunin sa mundo, hanggang sa ang mga anak na lalaki ni Levi ay mag-alay muli ng handog sa Panginoon sa kabutihan.*

"Sinabi niya na ang Pagkasaserdoteng Aaron na ito ay walang kapangyarihan ng pagpapatong ng mga kamay para sa kaloob na Espiritu Santo, subalit ito'y igagawad sa amin pagkaraan nito. . . .

"Ang sugo na dumalaw sa amin sa pagkakataong ito at naggawad sa amin ng Pagkasaserdoteng ito, ay nagsabi na Juan ang kanyang pangalan, siya ring tinatawag na Juan Bautista sa Bagong Tipan, at na siya ay kumikilos sa ilalim ng tagubilin nina Pedro, Santiago at Juan, na may hawak ng mga susi ng Pagkasaserdoteng Melquisedec, na kung aling Pagkasaserdote, sinabi niya, ay igagawad sa amin sa takdang panahon" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:68–70, 72).

Ang pagparito ni Juan Bautista ay isang napakahalagang pangyayari sa buhay ni Propetang Joseph Smith at sa pagsulong ng kaharian ng Diyos sa lupa. Bagaman nakita na ni Joseph Smith ang Diyos Ama at si Jesucristo, nadalaw ng mga sugo mula sa langit, at natanggap na ang mga laminang ginto at ang kakayahang isalin ang mga ito, hindi pa siya nabibigyan ng awtoridad at kapangyarihan ng priesthood. Ngayon ay naipanumbalik na ang kapangyarihan ng Aaronic Priesthood sa lupa, at malapit nang

ipanumbalik ang kapangyarihan ng Melchizedek Priesthood. Si Joseph Smith ay naging legal na tagapangasiwa sa kaharian ng Diyos.

## Mga Turo ni Joseph Smith

### Tinupad ni Juan Bautista ang mahahalagang misyong ihanda ang daan para sa pagdating ng Tagapagligtas at binyagan Siya.

"Dumalo ako sa [isang] pulong sa Templo [noong Enero 29, 1843]. . . . Sinabi ko na may dalawang bagay na itinanong sa akin tungkol sa aking mensahe noong nakaraang Sabbath, na ipinangako kong sasagutin sa publiko, at sasamantalahin ko ang pagkakataong ito.

"Ang tanong ay nagmula sa sinabi ni Jesus—'Sa mga ipinanganak ng mga babae ay walang dakila kay sa kay Juan: gayon ma'y ang lalong maliit sa kaharian ng Dios ay lalong dakila kay sa kaniya.' [Lucas 7:28.] Bakit itinuring si Juan na isa sa mga pinakadakilang propeta? Hindi maaaring mga himala niya ang dahilan kaya siya naging dakila. [Tingnan sa Juan 10:41.]

"Una. Ipinagkatiwala sa kanya ang banal na misyong ihanda ang daan para sa pagdating ng Panginoon. Sino pa ang pinagkatiwalaan nang gayon bago iyon o simula noon? Wala na.

"Ikalawa. Ipinagkatiwala sa kanya ang mahalagang misyon, at kinailangan sa kanyang mga kamay, na binyagan ang Anak ng Tao. Sino pa ang binigyan ng karangalang gawin iyon? Sino pa ang nagkaroon ng gayon kadakilang pribilehiyo at kaluwalhatian? Sino pa ang naglubog sa Anak ng Diyos sa mga tubig ng binyag, at nagkaroon ng pribilehiyong mamasdan ang pagbaba ng Espiritu Santo sa anyong kalapati, o sa *palatandaan* ng kalapati, para saksihan ang ordenansang iyon? Ang patandaan ng kalapati ay pinasimulan bago pa nilikha ang mundo, isang saksi para sa Espiritu Santo, at hindi kayang mag-anyong kalapati ng diyablo. Ang Espiritu Santo ay isang personahe, at nasa anyo ng isang personahe. Hindi lamang ito makikita sa *anyong* kalapati, kundi gayundin sa *palatandaan* ng kalapati. Ang Espiritu Santo ay hindi nagiging kalapati; ngunit ang palatandaan ng kalapati ay ibinigay kay Juan

upang ipahiwatig ang katotohanan ng isinagawa, sapagkat ang kalapati ay isang simbolo o tanda ng katotohanan at kawalang-malay.

"Ikatlo. Si Juan, noong panahong iyon, ang tanging legal na tagapangasiwa sa mga gawain ng kaharian na nasa lupa noon, at mayhawak ng mga susi ng kapangyarihan. Kinailangang sundin ng mga Judio ang kanyang mga tagubilin o mapapahamak sila, ayon sa sarili nilang batas; at tinupad ni Cristo Mismo ang lahat ng kabutihan sa pagiging masunurin sa batas na ibinigay Niya kay Moises sa bundok, at sa gayon ay isinagawa ito at iginalang, sa halip na sirain ito. Kinuha ng anak ni Zacarias ang mga susi, ang kaharian, ang kapangyarihan, ang kaluwalhatian mula sa mga Judio, sa pamamagitan ng banal na pagpapahid ng langis at utos ng langit, at ang tatlong ito ang dahilan kaya siya naging pinaka-dakilang propetang ipinanganak ng isang babae.

"Ikalawang tanong:—Paano naging higit na dakila kaysa sa kanya ang pinakamaliit sa kaharian ng langit? [Tingnan sa Lucas 7:28.]

"Bilang tugon itinanong ko—Sino ang binanggit ni Jesus na pinakamaliit? Si Jesus ay itinuring na may pinakamaliit na karapatan sa kaharian ng Diyos, at [mukhang] pinakahuli sa nararapat nilang paniwalaan bilang propeta; para bang sinabi Niyang—'Siya na itinuturing na pinakamaliit sa inyo ang pinakadakila kaysa kay Juan—ibig sabihin ay Ako mismo.' "[4]

---

**Kailangang magkaroon ng mga legal na tagapangasiwa sa kaharian ng Diyos.**

"Sabi ng ilan ang kaharian daw ng Diyos ay hindi itinatag sa lupa hanggang sa araw ng Pentecostes, at hindi ipinangaral ni Juan [Bautista] ang binyag ng pagsisisi para sa kapatawaran ng mga kasalanan; pero sinasabi ko, sa ngalan ng Panginoon, na ang kaharian ng Diyos ay itinatag sa lupa mula pa noong panahon ni Adan hanggang sa ngayon. Tuwing may matwid na tao sa lupa na paghahayagan ng Diyos ng Kanyang salita at pagbibigyan ng kapangyarihan at awtoridad na mangasiwa sa Kanyang pangalan, at saanman may isang saserdote ng Diyos—isang lingkod na may

kapangyarihan at awtoridad mula sa Diyos na mangasiwa sa mga ordenansa ng ebanghelyo at mamuno sa priesthood ng Diyos, naroon ang kaharian ng Diyos; at, bunga ng pagtanggi sa Ebanghelyo ni Jesucristo at sa mga Propetang isinugo ng Diyos, napasa mga tao, lungsod, at bansa na ang paghatol ng Diyos, sa iba't ibang panahon ng mundo, na siyang nangyari sa mga lungsod ng Sodom at Gomorra, na winasak dahil hindi nila tinanggap ang mga Propeta. . . .

"Hinggil sa Ebanghelyo at binyag na ipinangaral ni Juan, masasabi ko na ipinangaral ni Juan ang Ebanghelyo para sa kapatawaran ng mga kasalanan; may awtoridad siya mula sa Diyos, at nasa kanya ang mga orakulo ng Diyos, at tila kay Juan lamang pansamantalang ipinamahala ang kaharian ng Diyos. Ipinangako ng Panginoon kay Zacarias na magkakaroon siya ng isang anak na lalaki na inapo ni Aaron, dahil nangako ang Panginoon na magpapatuloy ang priesthood kay Aaron at sa kanyang binhi sa lahat ng kanilang henerasyon. Walang sinumang dapat umangkin sa karangalang ito, maliban kung tawagin siya ng Diyos, na tulad ni Aaron [tingnan sa Mga Hebreo 5:4]; at natanggap ni Aaron ang kanyang tungkulin sa pamamagitan ng paghahayag. . . .

"Ngunit, sabi ng isang tao, ang kaharian ng Diyos ay hindi maaaring itatag sa panahon ni Juan, sapagkat sinabi ni Juan na ang kaharian ay malapit na. Ngunit itatanong ko kung mas malapit ba ang panahong ito sa kanila kaysa mapasakamay ito ni Juan. Hindi kailangang hintayin ng mga tao ang panahon ng Pentecostes upang matagpuan ang kaharian ng Diyos, sapagkat nasa mga kamay na ito ni Juan, at lumabas siya mula sa ilang na nagsasabi, 'Mangagsisi kayo; sapagka't malapit na ang kaharian ng langit' [Mateo 3:2], na para bang sinasabing, 'Mula sa ilang nakamtan ko ang kaharian ng Diyos at paririyan ako sa inyo; nasa akin ang kaharian ng Diyos, at maaari itong mapasainyo, at paririyan ako sa inyo; at kung hindi ninyo ito tatanggapin, kayo ay isusumpa;' at makikita sa mga banal na kasulatan na nagpabinyag ang buong Jerusalem kay Juan [tingnan sa Mateo 3:5–6]. May legal na tagapangasiwa, at yaong mga nabinyagan ay nagpailalim sa isang hari; at naroon din ang mga batas at orakulo ng Diyos; samakatwid naroon ang kaharian ng Diyos; sapagkat



*Nagtungo ang Tagapagligtas kay Juan Bautista upang mabinyagan dahil si Juan ay "maytaglay ng Aaronic Priesthood, at isang legal na tagapangasiwa (ng ebanghelyo)."*

walang sinumang may mas mainam na awtoridad na mangasiwa kaysa kay Juan; at nagpailalim ang ating Tagapagligtas Mismo sa awtoridad na iyon, sa pagpapabinyag kay Juan; samakatwid ang kaharian ng Diyos ay itinatag sa lupa, maging sa panahon ni Juan. . . .

". . . Dumating si Cristo ayon sa mga salita ni Juan [tingnan sa Marcos 1:7], at higit Siyang dakila kaysa kay Juan, dahil hawak Niya ang mga susi ng Melchizedek Priesthood at kaharian ng Diyos, at inihayag na Niya noon ang priesthood ni Moises, subalit nagpabinyag pa rin si Cristo kay Juan upang isakatuparan ang buong katuwiran [tingnan sa Mateo 3:15]. . . .

". . . Sabi ni [Jesus], 'Maliban na ang tao'y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, ay hindi siya makapapasok sa kaharian ng Dios;' at, 'ang langit at ang lupa ay lilipas, datapuwa't ang aking mga salita ay hindi lilipas.' [Juan 3:5; Mateo 24:35.] Kung ang isang

tao ay ipanganak ng tubig at ng Espiritu, makapapasok siya sa kaharian ng Diyos. Malinaw na ang kaharian ng Diyos ay nasa lupa noon, at inihanda ni Juan ang mga tao para sa kaharian, sa pamamagitan ng pangangaral ng Ebanghelyo at pagbibinyag sa kanila, at inihanda niya ang daan para sa pagdating ng Tagapagligtas, o pumarito siya bilang tagapagbalita, at inihanda ang mga tao para sa pangangaral ni Cristo; at nangaral si Cristo sa buong Jerusalem sa lugar kung saan nangaral si Juan. . . . Ipinangaral ni Juan . . . ang mismong Ebanghelyo at binyag na ipinangaral ni Jesus at ng mga apostol na sumunod sa kanya. . . .

"Kailanman at maaaring malaman ng mga tao ang kalooban ng Diyos at saanman sila makakita ng isang legal na tagapangasiwang binigyan ng awtoridad ng Diyos, naroon ang kaharian ng Diyos; ngunit kung wala ang mga ito, wala roon ang kaharian ng Diyos. Lahat ng ordenansa, sistema, at administrasyon sa lupa ay walang kabuluhan sa mga anak ng tao, maliban kung sila ay inorden at binigyan ng awtoridad ng Diyos; sapagkat walang makapagliligtas sa tao kundi ang legal na tagapangasiwa; sapagkat walang ibang kikilalanin ang Diyos o mga anghel."[5]

"Si Juan [Bautista] ay maytaglay ng Aaronic Priesthood, at isang legal na tagapangasiwa (ng ebanghelyo), at tagapagbalita tungkol kay Cristo, at pumarito upang ihanda ang daan para sa kanyang pagdating. . . . Si Juan ay isang saserdote ayon sa orden ni Aaron bago dumating si Cristo. . . .

"Ang mga susi ng Aaronic Priesthood ay ipinagkatiwala sa kanya, at siya ang tinig ng isang sumisigaw sa ilang, na nagsasabi, 'Ihanda ninyo ang daan ng Panginoon, tuwirin ninyo ang kaniyang mga landas.' [Mateo 3:3.] . . .

"Sinabi ng Tagapagligtas kay Juan, kailangan kong magpabinyag sa iyo. Bakit ganoon? Upang matupad ang aking mga utos [tingnan sa Mateo 3:15]. . . . Walang legal na tagapangasiwa si Jesus [maliban kay] Juan.

"Walang kaligtasan sa pagitan ng dalawang takip ng Biblia kung walang legal na tagapangasiwa."[6]

**Ang isang taong may diwa ni Elias ay may gagawing paghahanda na iniatas sa kanya ng Panginoon.**

"Diwa ni Elias ang nais ko munang banggitin; at upang masimulan ang paksa, babanggitin ko ang ilang patotoo mula sa Banal na Kasulatan at ibibigay ko ang sa akin.

"Una sa lahat, sapat nang sabihing nagtungo ako sa kakahuyan upang tanungin ang Panginoon, sa pamamagitan ng panalangin, ang Kanyang kalooban sa akin, at nakita ko ang isang anghel [si Juan Bautista], at ipinatong niya ang kanyang mga kamay sa aking ulunan, at inorden ako bilang Priest ayon sa orden ni Aaron, at taglay ang mga susi ng Priesthood na ito, na katungkulang mangaral ng pagsisisi at binyag para sa kapatawaran ng mga kasalanan, at magbinyag din. Ngunit ipinaalam sa akin na hindi kasama sa katungkulang ito ang pagpapatong ng mga kamay para ipagkaloob ang Espiritu Santo; na ang katungkulang iyon ay isang higit na dakilang gawain, at ipagkakaloob kalaunan; ngunit ang aking ordenasyon ay isang gawain ng paghahanda, o nauuna, na siyang diwa ni Elias; sapagkat ang diwa ni Elias ay isang pag-una upang ihanda ang daan para sa higit na dakila, na siyang nangyari kay Juan Bautista. Pumarito siya na sumisigaw sa ilang, 'Ihanda ninyo ang daan ng Panginoon, tuwirin ninyo ang kaniyang mga landas.' [Mateo 3:3.] At ipinaalam sa kanila, kung tatanggapin nila ito, na ito ang diwa ni Elias [tingnan sa Mateo 11:14]; at tiniyak ni Juan na ipaalam sa mga tao, na hindi siya ang Liwanag na iyon, kundi isinugo upang sumaksi sa Liwanag na iyon [tingnan sa Juan 1:8].

"Sinabi niya sa mga tao na ang kanyang misyon ay mangaral ng pagsisisi at magbinyag sa tubig; ngunit Siya na kasunod niyang darating ang magbibinyag sa apoy at Espiritu Santo [tingnan sa Mateo 3:11].

"Kung siya ay nagpapanggap lamang, baka ginawa na niya ang gawaing wala siyang awtoridad na gawin, at nagsagawa ng mga ordenansang hindi kasama sa katungkulan at tungkuling iyon, sa ilalim ng diwa ni Elias.

"Ang diwa ni Elias ay ihanda ang daan para sa higit na dakilang paghahayag ng Diyos, na [ang diwa ni Elias] siyang Priesthood ni Elias, o ang Priesthood kung saan naorden si Aaron. At kapag nagsusugo ang Diyos ng isang tao sa mundo upang maghanda para sa higit na dakilang gawain, taglay ang mga susi ng kapangyarihan ni Elias, tinawag iyon noon na doktrina ni Elias, maging mula sa mga unang panahon ng daigdig.

"Ang misyon ni Juan ay limitado sa pangangaral at pagbibinyag; ngunit ang ginawa niya ay legal; at nang lumapit si Jesucristo sa sinuman sa mga disipulo ni Juan, bininyagan Niya sila sa apoy at Espiritu Santo. . . . Hindi lumampas si Juan sa kanyang awtoridad, bagkus ay tapat niyang ginampanan ang bahaging nabibilang sa kanyang katungkulan; at bawat bahagi ng Simbahan ay dapat ihanda nang tama at ilagay sa wastong lugar; at kailangang malaman kung sino ang mayhawak ng mga susi ng kapangyarihan, at sino ang hindi, o malamang na tayo ay malinlang.

"Ang taong mayhawak ng mga susi ni Elias ay may tungkulin sa paghahanda. . . . Ang diwa ni Elias ay inihayag sa akin, at alam kong ito ay totoo; samakatwid buong tapang akong nagsasalita, sapagkat natitiyak kong totoo ang aking doktrina."[7]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Basahin ang mga salaysay tungkol sa pagkakaloob ni Juan Bautista ng Aaronic Priesthood kina Joseph Smith at Oliver Cowdery (mga pahina 91–94). Ano ang epekto ng kaganapang ito kina Joseph at Oliver? Ano ang epekto ng kaganapang ito sa inyong buhay?
- Basahin ang unang buong talata sa pahina 93, na binibigyang-pansin na tinawag ni Juan Bautista sina Joseph at Oliver na kanyang "kapwa tagapaglingkod." Sa anong mga paraan makakatulong ang mga katagang ito sa mga maytaglay ng priesthood? Sa anong mga paraan makakaimpluwensya ang mga

katagang ito sa pakikisalamuha natin sa mga kabataang lalaking maytaglay ng Aaronic Priesthood?

- Repasuhin ang bahagi ng kabanata na nagsisimula sa pahina 94. Ano ang mga naiisip at nadarama ninyo tungkol kay Juan Bautista at sa misyong ginampanan niya noong nabubuhay pa siya?
- Itinuro ni Propetang Joseph na si Juan Bautista ay isang "legal na tagapangasiwa" (mga pahina 95–98). Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng mga katagang "legal na tagapangasiwa" ayon sa kaugnayan nito sa priesthood? Bakit "walang kaligtasan . . . kung walang legal na tagapangasiwa"? (pahina 98).
- Habang binabasa ninyo ang huling bahagi ng kabanata (mga pahina 99–100), repasuhin din ang kahulugan ng katagang "Elias" na nasa Gabay sa mga Banal na Kasulatan (tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, pahina 57). Ano ang diwa ni Elias? Paano inihanda ni Juan Bautista ang daan para sa pagdating ng Tagapagligtas?
- Sinabi ni Joseph Smith na ang pagkakaloob ng Aaronic Priesthood ay "gawain ng paghahanda" dahil inihahanda nito ang daan para sa isang higit na dakilang bagay (pahina 99). Ano ang magagawa ng mga maytaglay ng Aaronic Priesthood upang makapaghanda sa pagtanggap ng Melchizedek Priesthood? Ano ang magagawa ng mga magulang, lolo at lola, guro, at lider upang matulungan silang makapaghanda?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mateo 3:1–17; 1 Nephi 10:7–10; Pagsasalin ni Joseph Smith, Mateo 3:43–46

## *Mga Tala*

1. Joseph Smith, History 1832, p. 6; Letter Book 1, 1829–35, Joseph Smith, Collection, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.
2. Oliver Cowdery, sinipi sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:71, talababa; mula sa isang liham ni Oliver Cowdery kay William W. Phelps, Set. 7, 1834, Norton, Ohio, inilathala sa *Messenger and Advocate,* Okt. 1834, p. 15.
3. Oliver Cowdery, pahayag na itinala noong Set. 1835 sa "The Book of Patriarchal Blessings, 1834," pp. 8–9; Patriarchal Blessings, 1833–2005, Church Archives.
4. *History of the Church,* 5:260–61; nasa orihinal ang salitang naka-bracket sa huling talata; ginawang makabago ang pagpapalaki ng mga letra; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Ene. 29, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Willard Richards at ng isang di-kilalang tagapagbalita ng *Boston Bee*. Ang liham sa *Boston Bee* ay isinulat

noong Mar. 24, 1843, sa Nauvoo, Illinois, at inilathala sa *Times and Seasons,* Mayo 15, 1843, p. 200. Tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.

5. *History of the Church,* 5:256–59; ginawang makabago ang pagbabaybay at pagbabantas; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Ene. 22, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Wilford Woodruff.

6. Talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hulyo 23, 1843, sa Nauvoo, Illinois; Joseph Smith, Collection, Addresses, Hulyo 23, 1843, Church Archives.

7. *History of the Church,* 6:249–51; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mar. 10, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Wilford Woodruff.

# Binyag at ang Kaloob na Espiritu Santo

*"Ang binyag sa tubig, kung walang binyag na apoy at pagdalo ng Espiritu Santo, ay walang kabuluhan; kinakailangang ang mga ito ay magkasama at di-maaaring paghiwalayin."*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Sa panahon ni Joseph Smith, dumadaloy ang Ilog ng Susquehanna sa malawak at paikut-ikot na mga kurbada sa kagubatan ng matitigas na puno at pino, na naliligiran ng kaburulan at mga taniman ng butil. Ito ang pinakamalaking ilog sa Pennsylvania, ang sentro ng tanawin sa paligid ng Harmony, Pennsylvania. Dahil malapit ang ilog sa bahay niya at tahimik at may tagong mga lugar, nagtutungo roon ang Propeta kung minsan upang mag-isip at manalangin.

Sa pampang ng ilog na ito nagtungo ang Propeta at si Oliver Cowdery noong Mayo 15, 1829, upang manalangin tungkol sa kahalagahan ng binyag. Bilang sagot sa kanilang dalangin, nagpakita sa kanila si Juan Bautista, na nagkaloob sa kanila ng Aaronic Priesthood at inutusan silang binyagan ang isa't isa. Maisasagawa na ngayon ang hangad nilang pagbabasbas sa wastong paraan at nang may kapangyarihan at awtoridad ng Diyos. Pagbaba nila sa ilog, bininyagan nila ang isa't isa, na si Joseph muna ang nagbinyag kay Oliver, tulad ng utos ni Juan. Pagkatapos ay ipinatong ni Joseph ang kanyang mga kamay sa ulo ni Oliver at inorden ito sa Aaronic Priesthood, at gayon din ang ginawa ni Oliver kay Joseph. Paggunita ng Propeta:

"Nakaranas kami ng dakila at maluwalhating mga pagpapala mula sa ating Ama sa Langit. Hindi pa natatagalan nang mabinyagan ko si Oliver Cowdery, nang napasakanya ang Espiritu Santo,



*Ang ama ng Propeta, si Joseph Smith Sr., ay bininyagan noong Abril 6, 1830. Pag-ahon ng kanyang ama mula sa tubig, "isinubsob [ng Propeta] ang kanyang mukha sa dibdib ng kanyang ama at humagulgol sa galak."*

at tumayo siya at nagpropesiya ng maraming bagay na di maglalaon ay mangyayari. At muli, hindi pa natatagalan matapos niya akong mabinyagan, ako rin ay nagkaroon ng diwa ng propesiya, nang, sa pagtayo, nagpropesiya ako hinggil sa paglaganap ng Simbahang ito, at marami pang ibang bagay na nauugnay sa Simbahan, at sa salinlahing ito ng mga anak ng tao. Napuspos kami ng Espiritu Santo, at nagsaya sa Diyos ng aming kaligtasan" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:73).

Di nagtagal at naipagkaloob ang mga pagpapala ng binyag sa iba pang mga naniniwala. Kalaunan sa buwan ng Mayo, dumalaw kina Joseph at Oliver sa Harmony ang nakababatang kapatid ng Propeta na si Samuel. "Sinikap [namin] na hikayatin siya sa Ebanghelyo ni Jesucristo, na malapit nang ihayag sa kabuuan nito," sabi ng Propeta. Nagkaroon ng patotoo si Samuel tungkol sa gawain, at bininyagan siya ni Oliver Cowdery, pagkatapos si Samuel ay "bumalik sa bahay ng kanyang ama, na labis na niluluwalhati at pinupuri ang Diyos, na puspos ng Banal na Espiritu."[1] Noong Hunyo, bininyagan ng Propeta ang kuya niyang si Hyrum, na matagal nang matibay na naniniwala sa mensahe ng Propeta. "Mula sa oras na ito marami nang naniwala," pagtatala ni Joseph, "at nabinyagan ang ilan habang patuloy kaming nagtuturo at nanghihikayat."[2]

Higit na pinasalamatan ng Propeta na makitang nabinyagan ang kanyang amang si Joseph Smith Sr. Mahal na mahal ng Propeta ang kanyang ama, na siyang unang naniwala sa kanyang mensahe noong una siyang dalawin ni Moroni. Si Joseph Smith Sr. ay nabinyagan noong Abril 6, 1830, ang araw na itinatag ang Simbahan. Nagunita ng ina ng Propeta, si Lucy Mack Smith: "Nakatayo si Joseph sa pampang habang umaahon ang kanyang ama mula sa tubig, at nang abutin niya ang kamay nito ay bumulalas siya, '. . . Nabuhay pa ako para makitang nabinyagan ang aking ama sa totoong simbahan ni Jesucristo,' at isinubsob niya ang kanyang mukha sa dibdib ng kanyang ama at humagulgol sa galak tulad ni Joseph na sinauna nang makita nito ang pagdating ng kanyang ama sa lupain ng Egipto."[3]

Sa araw na itinatag ang Simbahan, maraming Banal na dati nang nabinyagan ang tumanggap ng kaloob na Espiritu Santo sa

pamamagitan ng kapangyarihan ng Melchizedek Priesthood. Mariing itinuro ni Propetang Joseph Smith ang pangangailangan sa kapwa binyag at pagpapatong ng mga kamay para sa kaloob na Espiritu Santo. "Ang binyag sa tubig, kung walang binyag na apoy at pagdalo ng Espiritu Santo, ay walang kabuluhan," pahayag niya. "Kinakailangang ang mga ito ay magkasama at di-maaaring paghiwalayin. Ang isang tao ay dapat ipanganak sa tubig at sa Espiritu upang makapasok sa kaharian ng Diyos."[4]

## Mga Turo ni Joseph Smith

**Ang ordenansa ng binyag ay kailangan para sa kadakilaan.**

"Ang Diyos ay nagtakda ng maraming tanda sa lupa, gayundin sa kalangitan; halimbawa, ang puno ng *oak* sa gubat, ang bunga ng puno, ang damong-gamot sa bukid—lahat ay may tanda na naitanim doon ang binhi; sapagkat utos ng Panginoon na bawat puno, halaman, at damong-gamot na may binhi ay dapat magbunga ng kauri nito, at hindi magbubunga ayon sa anumang iba pang batas o alituntunin.

"Ayon sa alituntunin ding ito ipinahahayag ko na ang binyag ay isang tanda na inorden ng Diyos, na dapat gawin ng naniniwala kay Cristo upang makapasok sa kaharian ng Diyos, 'sapagkat maliban na ang tao'y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, ay hindi siya makapapasok sa kaharian ng Dios,' sabi ng Tagapagligtas [tingnan sa Juan 3:5]. Ito ay isang palatandaan at utos na itinakda ng Diyos para makapasok ang tao sa Kanyang kaharian. Mawawalan ng saysay ang paghahangad ng tao na makapasok sa anumang ibang paraan; sapagkat hindi sila tatanggapin ng Diyos, ni kikilalanin ng mga anghel na tanggap ang kanilang mga ginawa, sapagkat hindi nila sinunod ang mga ordenansa, ni isinagawa ang mga palatandaang inorden ng Diyos para sa kaligtasan ng tao, upang ihanda siya, at bigyan ng karapatan, sa kaluwalhatiang selestiyal; at iniutos ng Diyos na lahat ng hindi susunod sa Kanyang tinig ay hindi makakatakas sa kapahamakan ng impiyerno. Ano ang kapahamakan ng impiyerno? Ang sumama sa lipunang hindi sumunod sa Kanyang mga utos.

"Ang binyag ay isang palatandaan sa Diyos, sa mga anghel, at sa langit na ginagawa natin ang kalooban ng Diyos, at wala nang

ibang paraan sa ilalim ng kalangitan para maorden ng Diyos ang tao na lumapit sa Kanya upang maligtas, at makapasok sa kaharian ng Diyos, maliban sa pananampalataya kay Jesucristo, pagsisisi, at binyag para sa kapatawaran ng mga kasalanan, at anumang iba pang paraan ay walang saysay; sa gayon ay ipinangako sa iyo ang kaloob na Espiritu Santo."[5]

"Sa pagbabasa ng mga sagradong pahina ng Biblia, pagsasaliksik sa mga propeta at mga sinabi ng mga apostol, wala tayong nakikitang paksa na malapit ang kaugnayan sa kaligtasan, na tulad ng binyag. . . . Unawain natin na ang salitang *baptise* ay hinango sa pandiwang Griyego na *baptiso*, at ibig sabihin ay ilubog. . . .

". . . Maaaring hindi mali ang ituro ang mga tagubilin at utos ni Jesus mismo tungkol sa paksa.—Sinabi niya sa labindalawa, o ang ibig kong sabihin ay labing-isa noong panahong iyon: 'Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo: na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo': Gayon ang itinala ni Mateo [Mateo 28:19–20]. Sa Marcos mayroon tayo ng mahahalagang salitang ito: 'Magsiyaon kayo sa buong sanglibutan, at inyong ipangaral ang evangelio sa lahat ng kinapal. Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas; datapuwa't ang hindi sumasampalataya ay parurusahan' [Marcos 16:15–16]. . . .

". . . '[Si] Nicodemo, isang pinuno ng mga Judio, . . . ay naparoon sa kaniya nang gabi, at sa kaniya'y nagsabi, Rabi, nalalaman naming ikaw ay isang guro na nagbuhat sa Dios: sapagka't walang makagagawa ng mga tanda na iyong ginagawa, maliban na kung sumasa kaniya ang Dios. Sumagot si Jesus at sa kaniya'y sinabi, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, maliban na ang tao'y ipanganak na muli, ay hindi siya makakakita ng kaharian ng Dios. Sinabi sa kaniya ni Nicodemo, Paanong maipanganganak ang tao kung siya'y matanda na? makapapasok baga siyang bilang ikalawa sa tiyan ng kaniyang ina, at ipanganak?—Sumagot si Jesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Maliban na ang tao'y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, ay hindi siya makapapasok sa kaharian ng Dios' [Juan 3:1–5].

"Ang matatag at tiyak na sagot na ito ni Jesus, patungkol sa binyag sa tubig, ang sumagot sa tanong na: Kung ang Diyos ay hindi nagbabago kahapon, ngayon, at magpakailanman; hindi kataka-takang lubha siyang nakatitiyak sa dakilang pagpapahayag na: 'Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas; datapuwa't ang hindi sumasampalataya ay parurusahan!' [Marcos 16:16.] Wala nang iba pang pangalang ibinigay sa ilalim ng langit, ni iba pang ordenansang tatanggapin, para maligtas ang tao: Hindi kataka-takang sabihin ng Apostol na, sapagkat 'nangalibing na kalakip niya sa bautismo,' kayo ay babangon mula sa mga patay! [Mga Taga Colosas 2:12.] Hindi kataka-taka na kinailangang tumayo si Pablo at mabinyagan at mahugasan sa kanyang mga kasalanan [tingnan sa Mga Gawa 9:17–18]."[6]

## Sa lahat ng dispensasyon, nabinyagan ang mga Banal sa pangalan ni Jesucristo.

"Ang mga tao noong unang panahon na siyang mga ama ng simbahan sa iba't ibang panahon, nang lumaganap ang simbahan sa lupa, . . . ay tinanggap sa kaharian sa pamamagitan ng binyag, sapagkat makikita mismo sa mga banal na kasulatan—hindi nagbabago ang Diyos. Sinabi ng Apostol na ang ebanghelyo ang kapangyarihan ng Diyos tungo sa kaligtasan ng mga yaong naniniwala; at ipinaaalam din sa atin na ang buhay at imortalidad ay ipinaliwanag sa pamamagitan ng ebanghelyo [tingnan sa Mga Taga Roma 1:16; II Timoteo 1:10]. . . .

"Ngayon ipalagay natin na sinasabi ng mga banal na kasulatan ang ibig nitong sabihin, at tapat ito sa sinasabi nito, sapat ang ating dahilan para magpatuloy at patunayan mula sa Biblia na ang ebanghelyo ay hindi nagbabago; gayon pa rin ang mga ordenansa para maisagawa ang mga kinakailangan nito; at gayon pa rin ang mga pinunong namumuno; at gayon pa rin ang mga tanda at bunga ng mga pangako; samakatwid, dahil nangangaral ng kabutihan si Noe malamang ay nabinyagan siya at naorden sa priesthood sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, at kung anu-ano pa. Sapagkat hindi inaangkin ninuman ang karangalang ito sa kanyang sarili maliban kung siya ay tinawag ng Diyos na tulad ni Aaron [tingnan sa Mga Hebreo 5:4]. . . .



*Si Alma na nagbibinyag sa mga tubig ng Mormon. Itinuro ni Joseph Smith, "Bago nagkatawang-tao ang Tagapagligtas, 'ang mga banal' ay bininyagan sa pangalan ni Jesucristo na siyang darating, dahil kailanman ay wala nang iba pang pangalan na makapagliligtas sa mga tao."*

". . . Makikita at malalaman na kung may kasalanan ang mga tao, kailangan silang magsisi tulad noong nakaraang panahon o henerasyon sa mundo—at walang sinumang makapaglalatag ng anumang pundasyon maliban sa pundasyong umiiral na, at ang pundasyong iyon ay si Jesucristo. Samakatwid, kung matwid si Abel kinailangan niyang sundin ang mga utos para magkagayon; kung sapat ang pagkamatwid ni Enoc para makatungo sa kinaroroonan ng Diyos, at makasama Siya, malamang ay sinunod niya ang mga utos kaya siya nagkagayon, at gayundin ang bawat matwid na tao, kahit si Noe, isang mangangaral ng katwiran; si Abraham, ama ng matatapat; si Jacob, ang nanaig sa Diyos; si Moises, ang lalaking nagsulat tungkol kay Cristo, at naglabas ng batas sa pamamagitan ng kautusan, bilang isang guro upang ilapit ang mga tao kay Cristo; o si Jesucristo mismo, na hindi kailangang magsisi, dahil hindi nagkasala; ayon sa kanyang taimtim na pahayag kay Juan:—Payagan mong ako ay binyagan mo: [sapagkat walang taong makapapasok sa kaharian nang hindi

sinusunod ang ordenansang ito:] sapagkat sa gayon natin nararapat tupdin ang buong katwiran [tingnan sa Pagsasalin ni Joseph Smith, Mateo 3:43]. Tiyak naman na kung kinailangang tupdin nina Juan at Jesucristo, na Tagapagligtas, ang buong katwiran na mabinyagan—tiyak na kinakailangan ding humayo ang bawat taong naghahangad sa kaharian ng langit at gawin din ito; sapagkat siya ang pintuan, at kung sinuman ang umakyat sa ibang pintuan, ang gayon ay isang tulisan at magnanakaw! [Tingnan sa Juan 10:1–2.]

"Noong mga unang panahon, bago nagkatawang-tao ang Tagapagligtas, 'ang mga banal' ay bininyagan sa pangalan ni Jesucristo na siyang darating, dahil kailanman ay wala nang iba pang pangalan na makapagliligtas sa mga tao; at nang magkatawang-tao siya at ipako sa krus, bininyagan ang mga banal sa pangalan ni Jesucristo, na ipinako sa krus, nabuhay mula sa mga patay at umakyat sa langit, nang sila ay malibing sa binyag na kagaya niya, at maibangon sa kaluwalhatian na kagaya niya, dahil may iisa lamang na Panginoon, iisang pananampalataya, iisang binyag, at iisang Diyos at ama nating lahat [tingnan sa Mga Taga Efeso 4:5–6], gayundin iisa lamang ang landas patungo sa mga mansyon ng lubos na kaligayahan."[7]

---

### Ang mga batang namatay bago sumapit sa edad ng pananagutan ay hindi na kailangang binyagan; natubos na sila ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

"Ang binyag ay para sa kapatawaran ng mga kasalanan. Ang mga bata ay walang kasalanan. Binasbasan sila ni Jesus at sinabing, 'Gawin ninyo ang nakita ninyong ginawa ko.' Ang mga bata ay buhay kay Cristo, at yaong mga nakatatanda [ay buhay kay Cristo] sa pamamagitan ng pananampalataya at pagsisisi."[8]

"Ang doktrina ng pagbibinyag ng mga bata, o pagwiwisik ng tubig sa kanila, o kung hindi ay mapupunta sila sa impiyerno, ay doktrinang walang katotohanan, walang batayan sa Banal na Kasulatan, at hindi naaayon sa pagkatao ng Diyos. Lahat ng bata ay natubos ng dugo ni Jesucristo, at kapag nilisan ng mga bata ang mundong ito, sila ay dinadala sa sinapupunan ni Abraham."[9]

*Inilarawan ni Propetang Joseph Smith ang sumusunod bilang bahagi ng isang pangitaing natanggap niya noong Enero 21, 1836, na kalaunan ay itinala sa Doktrina at mga Tipan 137:1, 10:* "Ang kalangitan ay nabuksan sa amin, at aking namalas ang kahariang selestiyal ng Diyos, at ang kaluwalhatian niyaon. . . . Namalas ko rin na ang lahat ng batang namatay bago sila sumapit sa gulang ng pananagutan ay ligtas sa kahariang selestiyal ng langit."[10]

---

## Pagkatapos mabinyagan sa tubig, natatanggap natin ang Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay.

"Ang ebanghelyo ay nangangailangan ng binyag sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig para sa kapatawaran ng mga kasalanan, na siyang kahulugan ng salita sa orihinal na wika—na ibig sabihin ay ilibing o ilubog. . . . Naniniwala pa ako sa kaloob na Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, [na pinatunayan] ng pangaral ni Pedro sa araw ng Pentecostes, Mga Gawa 2:38. Para kayong nagbinyag ng isang sakong buhangin kapag bininyagan ninyo ang isang tao nang hindi para sa kapatawaran ng mga kasalanan at pagkakamit ng Espiritu Santo. Walang kabuluhan ang pagbibinyag sa tubig kung hindi pagtitibaying miyembro ng Simbahan ang isang tao—ibig sabihin ay pagtanggap ng Espiritu Santo. Sabi ng Tagapagligtas, 'Maliban na ang tao'y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, ay hindi siya makapapasok sa kaharian ng Dios.' [Juan 3:5.]"[11]

*Nagunita ni Daniel Tyler ang pananalitang ibinigay ng Propeta sa Springfield, Pennsylvania, noong 1833:* "Sa maikli niyang pananatili nangaral siya sa bahay ng aking ama, isang abang bahay na yari sa troso. Binasa niya ang ikatlong kabanata ng Juan. . . . Nang ipaliwanag niya ang ika-5 talata, sinabi niya, Ang ibig sabihin ng 'ipanganak ng tubig at ng Espiritu' ay ilubog sa tubig para sa kapatawaran ng mga kasalanan at tanggapin ang kaloob na Espiritu Santo pagkaraan. Ito ay ibinigay sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay ng isang taong may awtoridad na bigay sa kanya ng Diyos."[12]



*Ang Espiritu Santo ay "ibini[bi]gay sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay ng isang taong may awtoridad na bigay sa kanya ng Diyos."*

"Ang pagkapanganak na muli, ay ipinararating ng Espiritu ng Diyos sa pamamagitan ng mga ordenansa."[13]

"Ang binyag ay banal na ordenansang naghahanda para matanggap ang Espiritu Santo; ito ang daluyan at susi sa pagkakaloob ng Espiritu Santo. Ang Kaloob na Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay ay hindi matatanggap sa pamamagitan ng anumang iba pang alituntunin maliban sa alituntunin ng kabutihan."[14]

"Kung tatangkain ba nating makuha ang kaloob na Espiritu Santo sa pamamagitan ng anumang iba pang paraan maliban sa mga patandaan o landas na itinalaga ng Diyos—makakamtan ba natin ito? Tiyak na hindi; mabibigo ang lahat ng iba pang paraan.

Sinabi ng Panginoon na gawin ninyo ang anumang ipinagagawa ko, at pagpapalain ko kayo.

"May ilang mahahalagang salita at palatandaang nauukol sa Priesthood na dapat sundin upang makamtan ang pagpapala. Ang palatandaan [na itinuro ni] Pedro ay pagsisisi at pagpapabinyag para sa kapatawaran ng mga kasalanan, na may pangako ng kaloob na Espiritu Santo; at hindi makakamtan ang kaloob na Espiritu Santo sa anupamang ibang paraan [tingnan sa Mga Gawa 2:38].

"May pagkakaiba ang Espiritu Santo sa kaloob na Espiritu Santo. Natanggap ni Cornelio ang Espiritu Santo bago siya nabinyagan, na siyang kapangyarihan ng Diyos na nagpatunay sa kanya na totoo ang Ebanghelyo, ngunit hindi niya natanggap ang kaloob na Espiritu Santo hanggang sa mabinyagan siya. Kung hindi niya tinanggap ang palatandaan o ordenansang ito, lilisanin siya ng Espiritu Santong nagpatunay sa kanya na totoong may Diyos. [Tingnan sa Mga Gawa 10:1–48.] Kung hindi niya sinunod ang mga ordenansang ito at tinanggap ang kaloob na Espiritu Santo, sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, ayon sa orden ng Diyos, hindi sana niya napagaling ang maysakit o nautusan ang masamang espiritu na lumabas sa katawan ng isang tao, at sinunod siya nito; sapagkat maaaring sabihin sa kanya ng mga espiritu, tulad ng nangyari sa mga anak ni Esceva: 'Nakikilala ko si Jesus, at nakikilala ko si Pablo; datapuwa't sino-sino kayo?' [Tingnan sa Mga Gawa 19:13–15.]"[15]

*Noong Disyembre 1839, habang sila ay nasa Washington, D.C., upang humingi ng bayad-pinsala sa mga kamaliang ginawa sa mga Banal ng Missouri, isinulat nina Joseph Smith at Elias Higbee kay Hyrum Smith ang sumusunod:* "Sa aming pakikipanayam sa Pangulo [ng Estados Unidos], itinanong niya kung ano ang kaibhan ng relihiyon natin sa ibang relihiyon sa ngayon. Sinabi ni Brother Joseph na kaiba ang paraan natin ng pagbibinyag, at ang kaloob na Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay. Naisip namin na lahat ng iba pang konsiderasyon ay saklaw ng kaloob na Espiritu Santo."[16]

**Ang kaloob na Espiritu Santo ay naghahatid ng kapayapaan, kagalakan, banal na patnubay, at iba pang mga kaloob sa ating buhay.**

"Naniniwala kami sa kaloob na Espiritu Santo na tinatamasa ngayon, katulad noong panahon ng mga Apostol; naniniwala kami na ito [ang kaloob na Espiritu Santo] ay kailangan upang magawa at mabuo ang Priesthood, na walang sinumang matatawag sa anumang katungkulan sa paglilingkod nang wala ito; naniniwala rin kami sa propesiya, mga wika, pangitain, at paghahayag, sa mga kaloob, at sa pagpapagaling; at na ang mga bagay na ito ay hindi matatamasa nang walang kaloob na Espiritu Santo. Naniniwala kami na nagsalita ang mga banal na tao noong unang panahon sa paghihikayat ng Espiritu Santo, at na nagsasalita ang mga banal na tao sa mga panahong ito sa gayon ding alituntunin; naniniwala kami sa pagiging mang-aaliw at saksi nito, na nagpapaalala sa amin ng mga nakaraan, umaakay sa amin sa lahat ng katotohanan, at nagpapakita sa amin ng mga bagay na darating; naniniwala kami na 'walang sinumang makapagsasabi, na si Jesus ang Cristo, kundi sa pamamagitan ng Espiritu Santo.' [Tingnan sa I Mga Taga Corinto 12:3.] Naniniwala kami rito [sa kaloob na Espiritu Santo] sa kabuuan, at kapangyarihan, at kadakilaan, at kaluwalhatian nito."[17]

*Noong Pebrero 1847, halos tatlong taon makaraang paslangin si Propetang Joseph Smith, nagpakita siya kay Pangulong Brigham Young sa isang panaginip at ibinigay rito ang mensaheng ito:* "Sabihin mo sa mga tao na maging mapagpakumbaba at matapat at tiyaking nasa kanila ang Espiritu ng Panginoon at sila ay aakayin nito sa tama. Maging maingat at huwag itaboy ang marahan at banayad na tinig; ituturo nito sa [iyo] ang [iyong] gagawin at patutunguhan; ibibigay nito ang mga bunga ng kaharian. Sabihin mo sa mga kapatid na panatilihing bukas ang kanilang puso sa paniniwala nang sa gayon kapag dumating sa kanila ang Espiritu Santo, handa ang kanilang puso na tanggapin ito. Makikilala nila ang Espiritu ng Panginoon sa lahat ng iba pang espiritu. Magbubulong ito ng kapayapaan at galak sa kanilang kaluluwa, at papalisin nito ang masamang hangarin, pagkamuhi, inggit, alitan, at lahat ng kasamaan sa kanilang puso; at ang haha-

ngarin lamang nila ay gumawa ng kabutihan, maging makatwiran, at itatag ang kaharian ng Diyos. Sabihin mo sa mga kapatid na kung susundin nila ang Espiritu ng Panginoon hindi sila magkakamali."[18]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Repasuhin ang mga pahina 103–6, kung saan ipinahayag ni Propetang Joseph Smith ang kanyang damdamin nang sila ni Oliver Cowdery at ang kanyang ama ay mabinyagan. Ano ang mga alaala ng binyag ninyo o ng mga kapamilya at kaibigan? Pag-isipang itala ang mga alaalang ito sa inyong journal o kasaysayan ng buhay.
- Ang mga pahayag sa mga pahina 106–10 ay hango sa mga mensaheng ibinigay ni Joseph Smith sa mga taong nabinyagan na. Sa palagay ninyo bakit kailangang ipaalala ang mga katotohanang ito sa mga nabinyagang miyembro ng Simbahan? Anong mga bagong kaalaman ang nakuha ninyo sa pag-aaral ng mga turong ito?
- Ano kaya ang sasabihin ninyo sa isang kaibigang naniniwala na hindi kailangan ang binyag? Ano kaya ang sasabihin ninyo sa isang kaibigang naniniwala na kailangang binyagan ang mga sanggol? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 110–11.)
- Basahin ang ikalawang buong talata sa pahina 111. Bakit "walang kabuluhan" ang binyag kung walang kaloob na Espiritu Santo? Sabi ni Joseph Smith, "May pagkakaiba ang Espiritu Santo sa kaloob na Espiritu Santo" (pahina 113). Sa inyong karanasan, ano ang ilang pagpapalang dumarating sa ating buhay kapag nasa atin ang kaloob na Espiritu Santo?
- Repasuhin ang huling talata sa pahina 113. Bakit mahalagang pagkakaiba ang paraan ng pagbibinyag sa pagitan ng ipinanumbalik na Simbahan at ng ibang mga simbahan? Bakit mahalagang pagkakaiba ang kaloob na Espiritu Santo?

Sa anong mga paraan nangyari na "lahat ng iba pang konsiderasyon ay saklaw ng kaloob na Espiritu Santo"?

- Pag-aralan ang huling talata sa kabanata (mga pahina 114–15. Isipin kung paano kayo mamumuhay nang karapat-dapat para matanggap at makilala ang mga panghihikayat ng Espiritu Santo.

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Juan 15:26; Mga Taga Roma 6:3–6; 2 Nephi 31:13; 3 Nephi 11:18–41; Moroni 8:1–23

## *Mga Tala*

1. *History of the Church,* 1:44; mula sa "History of the Church" (manuskrito), book A-1, p. 19, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.
2. *History of the Church,* 1:51; mula sa "History of the Church" (manuskrito), book A-1, p. 23, Church Archives.
3. Lucy Mack Smith, "The History of Lucy Smith, Mother of the Prophet," 1844–45 manuscript, book 9, p. 12, Church Archives.
4. *History of the Church,* 6:316; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 7, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Wilford Woodruff, Willard Richards, Thomas Bullock, at William Clayton.
5. *History of the Church,* 4:554–55; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mar. 20, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Wilford Woodruff; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
6. "Baptism," isang editoryal na inilathala sa *Times and Seasons,* Set. 1, 1842, pp. 903–5; ginawang makabago ang pagbabantas; binago ang pagkakahati ng mga talata; inalis ang pagkakahilig ng mga salita; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.
7. "Baptism," isang editoryal na inilathala sa *Times and Seasons,* Set. 1, 1842, pp. 904–5; ginawang makabago ang pagbabantas; inalis ang pagkakahilig ng mga salita; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.
8. *History of the Church,* 5:499; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hulyo 9, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Willard Richards; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
9. *History of the Church,* 4:554; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mar. 20, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Wilford Woodruff; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
10. Doktrina at mga Tipan 137:1, 10; pangitaing ibinigay kay Joseph Smith noong Ene. 21, 1836, sa templo sa Kirtland, Ohio.
11. *History of the Church,* 5:499; ginawang makabago ang pagbabantas; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hulyo 9, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Willard Richards; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
12. Daniel Tyler, "Recollections of the Prophet Joseph Smith," *Juvenile Instructor,* Peb. 1, 1892, pp. 93–94; ginawang makabago ang pagbabaybay at pagbabantas; binago ang pagkakahati ng mga talata.
13. *History of the Church,* 3:392; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith bandang Hulyo 1839 sa Commerce, Illinois; iniulat ni Willard Richards.
14. *History of the Church,* 3:379; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hunyo 27, 1839, sa Commerce, Illinois; iniulat ni Willard Richards.

15. *History of the Church,* 4:555; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mar. 20, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Wilford Woodruff.
16. *History of the Church,* 4:42; mula sa isang liham nina Joseph Smith at Elias Higbee kay Hyrum Smith at sa iba pang mga lider ng Simbahan, Dis. 5, 1839, Washington, D.C.; ang pangulo ng Estados Unidos sa panahong iyon ay si Martin Van Buren.
17. *History of the Church,* 5:27; nasa orihinal ang una at ikatlong grupo ng mga salitang naka-bracket; mula sa "Gift of the Holy Ghost," isang editoryal na inilathala sa *Times and Seasons,* Hunyo 15, 1842, p. 823; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.
18. Binanggit ni Brigham Young, sa Brigham Young, Office Files, Brigham Young, Vision, Peb. 17, 1847, Church Archives.



*Ipinagkaloob ng sinaunang mga Apostol na sina Pedro, Santiago, at Juan ang Melchizedek Priesthood kina Joseph Smith at Oliver Cowdery. "Ang mga susi [ng priesthood]," pagpapahayag ng Propeta, "ay kailangang ibaba mula sa langit tuwing ipadadala ang Ebanghelyo."*

# Ang Walang Hanggang Priesthood

*"Ang Melchizedek Priesthood . . . ang daluyan kung saan ang lahat ng kaalaman, doktrina, plano ng kaligtasan, at bawat mahalagang bagay ay inihahayag mula sa langit."*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Pagkatanggap nila ng Aaronic Priesthood at ng ordenansa ng binyag, nagkamit ng mga pagpapala sina Joseph Smith at Oliver Cowdery na hindi pa nila naranasan kahit kailan. Itinala ng Propeta: "Ngayong naliwanagan na ang aming mga isipan, nagsimulang mabuksan sa aming mga pang-unawa ang mga banal na kasulatan, at ang tunay na kahulugan at layunin ng higit na mahiwaga nilang mga sipi ay inihayag sa amin sa isang pamamaraan na hindi namin kailanman naabot noong una, ni hindi namin naisip ito noon" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:74). Sa dagdag na kaalamang ito, nagpatuloy sila sa pagsasalin ng Aklat ni Mormon. Ngunit hindi pa natatanggap ng Propeta ang isang mahalagang pagpapala—na kailangan bago niya maitatag ang Simbahan, maitatag ang mga katungkulan at mga korum ng priesthood, at maigawad ang kaloob na Espiritu Santo. Kinailangan pa niyang matanggap ang Melchizedek Priesthood.

Tulad ng ipinangako ni Juan Bautista, ibinigay ang pagpapalang ito kina Joseph at Oliver matapos nilang matanggap ang Aaronic Priesthood. Nagpakita sa kanila ang mga sinaunang Apostol na sina Pedro, Santiago, at Juan sa isang tagong lugar malapit sa Ilog Susquehanna at iginawad sa kanila ang Melchizedek Priesthood. Kalaunan ay ipinahayag ni Joseph na narinig niya "ang tinig nina Pedro, Santiago, at Juan sa ilang sa pagitan ng Harmony, Susquehanna county, at Colesville, Broome

county, sa Ilog ng Susquehanna, ipinahahayag ang kanilang sarili na mga nagtataglay ng mga susi ng kaharian, at ng dispensasyon ng kaganapan ng panahon!" (D at T 128:20).

Sa sumunod na mga taon, si Joseph Smith ay dinalaw ng maraming iba pang maytaglay ng priesthood mula sa mga unang panahon. Ang mga sugong ito mula sa Diyos ay dumating upang ipanumbalik ang mga susi ng priesthood na kailangan upang maibigay ang kabuuan ng mga pagpapala ng ebanghelyo sa mga anak ng Diyos. Dumating din sila upang turuan ang propeta na tatayong pinuno sa dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon.

Ipinaliwanag ni Pangulong John Taylor, ikatlong Pangulo ng Simbahan: "Sina Moises, Elijah, Elias at marami pa sa mga pangunahing tauhan na nabanggit sa Banal na Kasulatan, na naglingkod sa iba't ibang dispensasyon, ay pumarito at ipinagkaloob kay Joseph ang iba't ibang susi, kapangyarihan, karapatan, pribilehiyo at [mga pahintulot] na kanilang ginamit noong mga panahon nila. . . . Anumang antas ng kaalaman, ng katalinuhan, ng Priesthood, ng mga kapangyarihan, ng mga paghahayag ang ipinagkaloob sa mga taong yaon sa iba't ibang panahon, ay [i]pinanumbalik muli sa lupa sa pangangasiwa at sa pamamagitan ng mga yaong mayhawak ng Banal na Priesthood ng Diyos sa iba't ibang dispensasyon kung saan sila nabuhay."[1]

Ipinahayag din ni Pangulong Taylor: "Kung tatanungin ninyo si Joseph kung ano ang hitsura ni Adan, sasabihin niya sa inyo kaagad; sasabihin niya ang laki at hitsura nito at lahat ng tungkol sa kanya. Itatanong ninyo siguro kung anong klaseng tao sina Pedro, Santiago at Juan, at sasabihin niya sa inyo. Bakit? Dahil nakita niya sila."[2]

Noong Setyembre 1842, lumiham ang Propeta sa Simbahan na nagpapahayag ng kanyang kagalakan sa pagninilay-nilay sa kaalaman at mga susi ng priesthood na ipinanumbalik na ngayon sa lupa: "At muli, ano ang ating naririnig? Masasayang balita mula sa Cumorah! Si Moroni, isang anghel mula sa langit, ipinahahayag ang katuparan ng mga propeta—ang aklat na ipahahayag. . . . At ang tinig ni Miguel, ang arkanghel; ang tinig ni Gabriel, at ni Rafael, at ng iba't ibang anghel, mula kay Miguel o Adan hanggang sa kasalukuyang panahon, ang lahat ay nagpapahayag ng

kanilang dispensasyon, ng kanilang mga karapatan, ng kanilang mga susi, ng kanilang karangalan, ng kanilang pagkamaharlika at kaluwalhatian, at ng kapangyarihan ng kanilang pagkasaserdote; nagbibigay ng taludtod sa taludtod, tuntunin sa tuntunin; kaunti rito, at kaunti roon; binibigyan tayo ng kasiyahan sa pamamagitan ng pagpigil ng yaong sasapit, pinagtitibay ang ating pag-asa!" (D at T 128:20–21).

## Mga Turo ni Joseph Smith

### Ang priesthood ay walang hanggan at taglay na ng mga propeta sa bawat dispensasyon.

"Nagpatuloy ang awtoridad at kapangyarihan mula kay Adan hanggang sa kasalukuyan."[3]

"Unang ibinigay ang priesthood kay Adan; natamo niya ang Unang Panguluhan, at hinawakan ang mga susi nito sa salinsaling henerasyon. Natamo niya ito sa Paglikha, bago pa nilikha ang mundo, ayon sa nakasaad sa Gen. 1:26, 27, 28. Ipinamahala sa kanya ang bawat nilikhang may buhay. Siya si Miguel Arkanghel, na binanggit sa mga Banal na Kasulatan. Pagkatapos ay kay Noe, na siyang si Gabriel; kasunod siya ni Adan sa awtoridad sa Priesthood; tinawag siya ng Diyos sa katungkulang ito, at siya ang ama ng lahat ng nabubuhay sa kanyang panahon, at ipinamahala ito sa kanya. Hawak ng mga taong ito ang mga susi una muna sa lupa, pagkatapos ay sa langit.

"Ang Priesthood ay walang hanggang alituntunin, at umiral kasabay ng Diyos mula sa kawalang-hanggan, at hanggang sa kawalang-hanggan, walang simula o katapusan ng mga panahon [tingnan sa Pagsasalin ni Joseph Smith, Mga Hebreo 7:3]. Ang mga susi ay kailangang ibaba mula sa langit tuwing ipadadala ang Ebanghelyo. Kapag inihayag ang mga ito mula sa langit, ito ay sa pamamagitan ng awtoridad ni Adan.

"Binanggit sa ikapitong kabanata ng Daniel ang tungkol sa Matanda sa mga Araw; ibig niyang sabihin ay ang pinakamatandang lalaki, ang ating Amang si Adan, si Miguel; titipunin niya ang kanyang mga anak at pupulungin sila upang ihanda sa pagdating ng Anak ng Tao [tingnan sa Daniel 7:9–14]. Siya (si Adan)

ang ama ng mag-anak ng tao, at namumuno sa mga espiritu ng lahat ng tao, at lahat ng humawak sa mga susi ay dapat tumayo sa kanyang harapan sa malaking pulong na ito. . . . Nasa kanyang harapan ang Anak ng Tao, at binigyan siya ng kaluwalhatian at kapangyarihan doon. Ibinigay ni Adan ang kanyang pamumuno kay Cristo, yaong ibinigay sa kanya bilang mayhawak ng mga susi ng sanlibutan, ngunit nanatili siya sa kanyang katayuan bilang ama ng mag-anak ng tao.

“. . . Tinawag ng Ama ang lahat ng espiritu sa Kanyang harapan nang likhain ang tao, at isinaayos sila. Siya (si Adan) ang una, at sinabihan siyang magpakarami. Ang mga susi ay unang ibinigay sa kanya, at ibinigay naman niya sa iba. Kailangang isulit niya ang kanyang pamumuno, at sila naman sa kanya.

“Ang Priesthood ay walang hanggan. Ibinigay ng Tagapagligtas, ni Moises, at ni Elias [Elijah] ang mga susi kina Pedro, Santiago, at Juan, sa bundok, nang magbagong-anyo sila sa kanyang harapan. Ang Priesthood ay walang hanggan—walang simula ng mga araw o katapusan ng mga taon; walang ama, ina, at kung anu-ano pa. Kung hindi nagbabago ang mga ordenansa, hindi nagbabago ang Priesthood. Saanman isinasagawa ang mga ordenansa ng Ebanghelyo, naroon ang Priesthood.

“Paano natin natanggap ang Priesthood sa mga huling araw? Nagpasalin-salin ito sa wastong pagkakasunud-sunod ayon sa itinatag na mga batas o alituntunin. Ibinigay ito kina Pedro, Santiago, at Juan at ibinigay naman nila ito sa iba. Si Cristo ang Dakilang Mataas na Saserdote; si Adan ang kasunod. Binanggit ni Pablo ang paglapit ng Simbahan sa di-mabilang na hukbo ng mga anghel—sa Diyos na Hukom ng lahat—sa mga espiritu ng mabubuting tao na ginawang ganap; kay Jesus na Tagapamagitan ng bagong tipan [tingnan sa Mga Hebreo 12:22–24].”[4]

---

## Ang mga Propetang mayhawak ng mga susi ng priesthood noong unang panahon ay sumama sa pagsasakatuparan ng gawain sa huling dispensasyon.

“Nakita ko si Adan sa lambak ng Adan-ondi-Ahman. Tinipon niya ang kanyang mga anak at binigyan sila ng patriarchal blessing. Nagpakita ang Panginoon sa kanila, at binasbasan niya



*"Nakita ko si Adan sa lambak ng Adan-ondi-Ahman. Tinipon niya ang kanyang mga anak at binigyan sila ng patriarchal blessing. Nagpakita ang Panginoon sa kanila."*

(ni Adan) silang lahat, at ipinropesiya kung ano ang mangyayari sa kanila hanggang sa huling henerasyon.

"Ito ang dahilan kung bakit binasbasan ni Adan ang kanyang inapo; nais niya silang dalhin sa kinaroroonan ng Diyos. Naghanap sila ng isang lungsod, at kung anu-ano pa, ['na ang nagtayo at gumawa ay ang Dios'—Heb. 11:10]. Hinangad ni Moises na madala ang mga anak ni Israel sa kinaroroonan ng Diyos, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Priesthood, ngunit hindi niya nagawa. Sa mga unang henerasyon ng mundo sinikap din nilang gawin ito; at may isinilang na mga Elias na nagsikap na ipanumbalik ang mga kaluwalhatiang ito mismo, ngunit hindi nila nagawa; ngunit nagpropesiya sila ng isang araw kung kailan ang kaluwalhatiang ito ay ihahayag. Binanggit ni Pablo ang dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon, kung kailan pag-iisahin ng Diyos ang lahat ng bagay, at kung anu-ano pa [tingnan sa Mga Taga Efeso 1:10]; at kailangan ay naroon ang mga lalaking binigyan ng mga susing ito; at sila kung wala tayo ay hindi magagawang ganap.

"Ang mga lalaking ito ay nasa langit, ngunit ang kanilang mga anak ay nasa lupa. Nasasabik sila sa atin. Nagsusugo ng mga tao ang Diyos dahil dito. 'Susuguin ng Anak ng Tao ang kaniyang mga anghel, at kanilang titipunin sa labas ng kaniyang kaharian ang lahat ng mga bagay na nangakapagpapatisod, at ang nagsisigawa ng katampalasanan.' [Mateo 13:41.] Lahat ng taong ito na may awtoridad ay bababa at tutulong sa atin sa pagsasakatuparan ng gawaing ito.

"Ang Kaharian ng Langit ay parang butil ng binhi ng mustasa. Ang binhi ng mustasa ay maliit, ngunit pagtubo ay nagiging mataas na puno, at sumisilong ang mga ibon sa mga sanga nito. [Tingnan sa Marcos 4:30–32.] Ang mga ibon ay ang mga anghel. Samakatwid bumababa ang mga anghel, nagsasama-sama upang tipunin ang kanilang mga anak. Tayo kung wala sila ay hindi magagawang ganap, ni sila kung wala tayo; kapag nagawa ang mga bagay na ito, bababa ang Anak ng Tao, uupo ang Matanda sa mga Araw; makalalapit tayo sa di-mabilang na hukbo ng mga anghel, makakausap sila at tatanggap ng mga tagubilin mula sa kanila."[5]

---

**Ang mga ordenansa ng priesthood ay itinatag na sa simula pa lamang at dapat isagawa sa paraang itinalaga ng Diyos.**

"Si Adan . . . ang unang tao, na binanggit sa Daniel na 'Matanda sa mga Araw' [Daniel 7:9], o sa madaling salita, ang una at pinakamatanda sa lahat, ang dakila at maharlikang ninuno na sa ibang lugar ay tinawag na Miguel, dahil siya ang una at ama ng lahat, hindi lamang ng mga inapo, kundi siyang unang nagkaroon ng mga espirituwal na pagpapala, kung kanino ay ipinaalam ang plano ng mga ordenansa para sa kaligtasan ng kanyang mga inapo hanggang sa wakas, at kung kanino ay unang inihayag si Cristo, at sa pamamagitan niya ay inihayag si Cristo mula sa langit, at patuloy na ihahayag magmula ngayon. Hawak ni Adan ang mga susi ng dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon; ibig sabihin, ang dispensasyon ng lahat ng panahon ay inihayag at ihahayag sa pamamagitan niya mula simula hanggang kay Cristo, at mula kay Cristo hanggang sa katapusan ng lahat ng dispensasyong ihahayag pa lamang. . . .

"… Itinakda [ng Diyos] na hindi magbago ang mga ordenansa magpakailanman at magpasawalang-hanggan, at itinalaga si Adan na pangalagaan ang mga ito, na ihayag ang mga ito sa tao mula sa langit, o magsugo ng mga anghel na maghahayag ng mga ito. 'Hindi baga silang lahat ay mga espiritung tagapaglingkod, na mga sinugo upang magsipaglingkod sa kapakinabangan ng mangagmamana ng kaligtasan?' [Mga Hebreo 1:14.]

"Ang mga anghel na ito ay nasa ilalim ng pamamahala ni Miguel o Adan, na kumikilos sa ilalim ng patnubay ng Panginoon. Mula sa binanggit sa itaas nalaman natin na lubos na naunawaan ni Pablo ang mga layunin ng Diyos patungkol sa Kanyang kaugnayan sa tao, at ang maluwalhati at perpektong orden na itinatag Niya sa Kanyang Sarili, para makapaghatid Siya ng kapangyarihan, mga paghahayag, at kaluwalhatian.

"Hindi kikilalanin ng Diyos ang hindi Niya tinawag, inorden, at hinirang. Sa simula tinawag ng Diyos si Adan sa sarili Niyang tinig. 'At tinawag ng Panginoong Dios ang lalake at sa kaniya'y sinabi, Saan ka naroon? At sinabi niya, Narinig ko ang iyong tinig sa halamanan, at ako'y natakot, sapagka't ako'y hubad; at ako'y nagtago.' [Genesis 3:9–10.] Tumanggap si Adan ng mga utos at tagubilin mula sa Diyos: ganito ang pagkakaayos mula pa sa simula.

"Hindi na dapat pagtaluhan kung siya man ay tumanggap ng mga paghahayag, utos at ordenansa sa simula; kung hindi ay paano sila nagsimulang maghandog ng mga sakripisyo sa Diyos sa katanggap-tanggap na paraan? At kung sila ay nag-alay ng mga sakripisyo binigyan sila ng pahintulot sa pamamagitan ng ordenasyon. Mababasa natin sa Genesis [4:4] na nagdala si Abel ng mga panganay ng kanyang kawan at ng mga taba ng mga yaon, at tinanggap ng Panginoon si Abel at ang kanyang handog. …

"Kung gayon ay likas na ganito ang Priesthood; bawat lalaki ay namumuno sa Panguluhan ng kanyang dispensasyon, at isang lalaki ang namumuno sa Panguluhan nilang lahat, maging si Adan; at si Adan ay tumatanggap ng kanyang Panguluhan at awtoridad mula sa Panginoon, ngunit hindi makatatanggap ng kaganapan hanggang sa ihandog ni Cristo ang Kaharian sa Ama, na mangyayari sa katapusan ng huling dispensasyon.

"Ang kapangyarihan, kaluwalhatian at mga pagpapala ng Priesthood ay hindi mananatili sa mga yaong tumanggap ng ordenasyon maliban kung patuloy silang mamumuhay sa kabutihan; sapagkat si Cain man ay binigyan ng karapatang maghandog ng sakripisyo, ngunit isinumpa dahil hindi niya ito inihandog sa kabutihan. Ipinahihiwatig nito, kung gayon, na ang mga ordenansa ay dapat isagawa sa mismong paraang itinakda ng Diyos; kung hindi ay magiging isang sumpa ang kanilang Priesthood sa halip na isang pagpapala."[6]

---

**Ang Melchizedek Priesthood ang daluyan kung saan inihahayag ng Diyos ang Kanyang Sarili at Kanyang mga layunin.**

"May dalawang Priesthood na binabanggit sa mga Banal na Kasulatan, sa madaling salita, ang Melchizedek at Aaronic o Levitical. Kahit may dalawang Priesthood, kabilang sa Melchizedek Priesthood ang Aaronic o Levitical Priesthood, at siyang pinakapuno, at maytaglay ng pinakamataas na awtoridad na nauukol sa Priesthood, at mayhawak ng mga susi ng Kaharian ng Diyos sa lahat ng panahon sa mundo hanggang sa pinakahuling inapo sa lupa, at siyang daluyan kung saan ang lahat ng kaalaman, doktrina, plano ng kaligtasan, at bawat mahalagang bagay ay inihahayag mula sa langit.

"Itinatag ito bago 'ilagay ang mga patibayan ng lupa, o magsiawit na magkakasama ang mga bituin sa umaga, o maghiyawan sa galak ang mga anak ng Diyos' [tingnan sa Job 38:4–7], at siyang pinakamataas at pinakabanal na Priesthood, at alinsunod sa orden ng Anak ng Diyos, at lahat ng iba pang Priesthood ay mga bahagi, sangay, kapangyarihan at pagpapala lamang na nauukol dito, at hawak, pinamamahalaan, at ginagabayan nito. Ito ang daluyan kung saan sinimulang ihayag ng Maykapal ang Kanyang kaluwalhatian sa pagsisimula ng paglikha sa mundong ito, at sa pamamagitan nito ay patuloy Niyang inihahayag ang Kanyang Sarili sa mga anak ng tao hanggang sa ngayon, at ihahayag Niya ang Kanyang mga layunin hanggang sa katapusan ng panahon."[7]

"Ang kapangyarihan ng Melchizedek Priesthood ay pagkakaroon ng kapangyarihan ng 'mga buhay na walang katapusan;' sapagkat hindi maaaring sirain ang walang hanggang tipan. . . . Ano ang kapangyarihan ni Melchizedek? 'Hindi ito ang Priesthood ni Aaron na nangangasiwa sa mga panlabas na ordenansa, at paghahandog ng mga sakripisyo. Yaong mayhawak ng kabuuan ng Melchizedek Priesthood ay mga hari at saserdote ng Kataas-taasang Diyos, na mayhawak ng mga susi ng kapangyarihan at mga pagpapala. Katunayan, ang priesthood na iyon ay isang perpektong batas ng pamahalaan na may patnubay ng langit, at tumatayo bilang Diyos upang magbigay ng mga batas sa mga tao, na nagbibigay ng buhay na walang katapusan sa mga anak na lalaki at babae ni Adan. . . .

" 'Na walang ama, walang ina, walang tandaan ng lahi, at walang pasimula ng mga araw ni katapusan ng buhay man, datapuwa't naging katulad ng Anak ng Dios, ay nanatiling saserdote magpakailan man.' [Mga Hebreo 7:3.] Taglay ng Melchizedek Priesthood ang karapatan mula sa Diyos na walang hanggan, at hindi isinalin mula sa ama at ina; at ang priesthood na iyon ay walang hanggan ding tulad ng Diyos Mismo, na walang simula ng mga panahon ni katapusan ng buhay. . . .

". . . Ang Levitical [Aaronic] Priesthood, na binubuo ng mga saserdoteng mangangasiwa sa panlabas na ordenansa, [ay] ginawa nang walang sumpa; ngunit ang Priesthood ni Melchizedek ay ginawa nang may sumpa at tipan."[8]

"Ang Melchizedek High Priesthood [ay] walang iba kundi ang Priesthood ng Anak ng Diyos; . . . may ilang ordenansang nauukol sa Priesthood, na pinagmumulan ng ilang resulta. . . . Ang isang malaking pribilehiyo ng Priesthood ay ang magtamo ng mga paghahayag tungkol sa isipan at kalooban ng Diyos. Pribilehiyo rin ng Melchizedek Priesthood ang sumawata, sumaway, at magpayo, gayundin ang tumanggap ng paghahayag."[9]

"Lahat ng Priesthood ay Melchizedek; ngunit mayroon itong iba't ibang bahagi o antas. . . . Lahat ng propeta ay nagtaglay ng Melchizedek Priesthood."[10]

"Pinapayuhan ko ang lahat na sikaping maging perpekto, at saliksikin pa nang mas malalim ang mga hiwaga ng Kabanalan. Walang magagawa ang tao para sa kanyang sarili maliban kung patnubayan siya ng Diyos sa tamang daan; at iyan ang layunin ng priesthood."[11]

---

### Ang isang tao ay dapat mabigyang-karapatan ng Diyos at maorden sa priesthood upang makapangasiwa sa mga ordenansa ng kaligtasan.

*Mga Saligan ng Pananampalataya 1:5:* "Naniniwala kami na ang tao ay kinakailangang tawagin ng Diyos, sa pamamagitan ng propesiya, at ng pagpapatong ng mga kamay ng mga yaong may karapatan, upang ipangaral ang Ebanghelyo, at mangasiwa sa mga ordenansa niyon."[12]

"Naniniwala kami na walang taong makapangangasiwa sa kaligtasan sa pamamagitan ng ebanghelyo, sa mga kaluluwa ng tao, sa pangalan ni Jesucristo, maliban kung siya ay binigyang-karapatan ng Diyos, sa pamamagitan ng paghahayag, o naorden ng isang taong isinugo ng Diyos sa pamamagitan ng paghahayag, ayon sa isinulat ni Pablo, sa Mga Taga Roma 10:14[–15], 'Paano nga silang magsisitawag doon sa hindi nila sinampalatayanan? at paano silang magsisisampalataya sa kaniya na hindi nila napakinggan? at paano silang mangakikinig na walang tagapangaral? at paano silang magsisipangaral, kung hindi sila mga sinugo?' At itatanong ko, paano sila isusugo kung walang paghahayag, o iba pang pagpapakita ng palatandaan ng Diyos? At muli, sa Mga Hebreo 5:4, 'At sinoman ay hindi tumatanggap sa kaniyang sarili ng karangalang ito, liban na kung tawagin siya ng Dios, na gaya ni Aaron.'—At itatanong ko, paano pang tinawag si Aaron, kundi sa pamamagitan ng paghahayag?"[13]

"Sinabi ng anghel sa butihing matandang si Cornelio na dapat niyang papuntahin si Pedro sa kanya upang malaman kung paano maligtas [tingnan sa Mga Gawa 10:21–22]: makapagbibinyag si Pedro, at hindi ang mga anghel, hangga't may nabubuhay na mga legal na pinunong mayhawak ng mga susi ng kaharian, o awtoridad ng priesthood. May isa pang dagdag na patunay rito, at iyon ay na si Jesus mismo nang magpakita kay Pablo sa daan



*"Naniniwala kami na ang tao ay kinakailangang tawagin ng Diyos, sa pamamagitan ng propesiya, at ng pagpapatong ng mga kamay ng mga yaong may karapatan, upang ipangaral ang Ebanghelyo at mangasiwa sa mga ordenansa niyon."*

papuntang Damasco, ay hindi ipinaalam dito kung paano siya maliligtas. Nagtalaga muna Siya sa simbahan ng mga Apostol, at pagkatapos ay mga propeta, para sa paglilingkod, sa ikasasakdal ng mga banal, at kung anu-ano pa [tingnan sa Mga Taga Efeso 4:11–12]; at dahil ang dakilang patakaran sa langit ay na walang dapat isagawa sa lupa nang hindi inihahayag ang lihim sa kanyang mga lingkod na propeta, alinsunod sa Amos 3:7, kaya nga kakaunti ang natutuhan ni Pablo mula sa Panginoon kaugnay ng kanyang tungkulin sa kaligtasan ng lahat ng tao, na di tulad ng natutuhan niya mula sa isa sa mga sugo ni Cristo na tinawag sa gayunding banal na tungkulin ng Panginoon, at pinagkalooban ng langit ng gayunding kapangyarihan—kaya nga ang kalagan nila sa lupa, ay dapat kalagan sa langit; at ang ibuklod nila sa lupa ay dapat ibuklod sa langit [tingnan sa Mateo 16:19]."[14]

**Malaking pribilehiyo ang gumanap sa anumang katungkulan ng priesthood.**

"[Ang] Priesthood . . . ay maaaring ilarawan sa anyo ng katawan ng tao, na may iba't ibang bahagi, na may iba't ibang katungkulang gagampanan; lahat ay kailangan sa kanilang kinalalagyan, at hindi mabubuo ang katawan kung hindi kumpleto ang mga bahagi nito. . . . Kung nauunawaan ng isang Priest ang kanyang tungkulin, kanyang katungkulan, at paglilingkod, at nangangaral sa pamamagitan ng Espiritu Santo, kaylaki ng kanyang kagalakan na para bagang isa siya sa Panguluhan; at ang kanyang mga paglilingkod ay kailangan sa katawan, gayundin ang mga Teacher at Deacon."[15]

*Iniulat ni Eliza R. Snow:* "[Nagbigay si Joseph Smith] ng mga tagubilin tungkol sa iba't ibang katungkulan, at sa pangangailangang kumilos ang bawat tao sa responsibilidad na ibinigay sa kanya, at gumanap sa iba't ibang katungkulang iniatas sa kanila. Binanggit niya ang ugali ng maraming tao na itinuturing na hindi marangal ang mas mababababang katungkulan sa Simbahan, at naiinggit sa katayuan ng ibang natawag na mamuno sa kanila; na kalokohan at walang kabuluhan na hangarin ng isang tao ang ibang katungkulan kaysa sa itinalaga sa kanya ng Diyos; na mas makabubuting gampanan ng mga tao ang kani-kanilang tungkulin. . . . Dapat lamang hangarin ng bawat isa na gampanan ang sarili niyang katungkulan at tungkulin."[16]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Repasuhin ang salaysay tungkol sa paggagawad nina Pedro, Santiago, at Juan ng Melchizedek Priesthood kina Joseph Smith at Oliver Cowdery (pahina 119). Anong mga pagpapala ang natanggap na ninyo at ng inyong pamilya dahil naipanumbalik na ang Melchizedek Priesthood?

- Sa buong kabanatang ito, pinatototohanan ni Joseph Smith ang pagpapatuloy ng awtoridad ng priesthood sa pamamagitan ng paghahalili sa mga propetang pumanaw na. Sa palagay ninyo bakit mahalaga sa kanya na ituro ang doktrinang ito sa kanyang panahon? Bakit natin kailangang unawain ngayon ang doktrinang ito? Paano nauugnay ang pagpapatuloy ng awtoridad na inilarawan ni Joseph Smith sa linya ng awtoridad ng priesthood ng tao?
- Habang binabasa ninyo ang kabanatang ito, pansinin ang paggamit ni Propetang Joseph Smith ng mga salitang *walang katapusan, walang hanggan,* at *kawalang-hanggan*. Ano ang sinasabi sa inyo ng mga katagang ito tungkol sa katangian at kahalagahan ng priesthood?
- Itinuro ni Joseph Smith na "itinakda [ng Diyos] na hindi magbago ang mga ordenansa magpakailanman at magpasawalang-hanggan" at "ang mga ordenansa ay dapat isagawa sa mismong paraang itinakda ng Diyos" (mga pahina 124–26). Paano pinag-ibayo ng mga turong ito ang pag-unawa ninyo sa mga ordenansa ng ebanghelyo?
- Repasuhin ang mga turo ni Propetang Joseph Smith tungkol sa Melchizedek Priesthood (mga pahina 126–28). Isipin kung gaano kahalaga ang Melchizedek Priesthood sa lahat ng aspeto ng ebanghelyo. Ano ang naiisip at nadarama ninyo habang pinagninilay-nilay ninyo ang Melchizedek Priesthood sa ganitong paraan?
- Repasuhin ang huling dalawang talata sa kabanata (pahina 130). Paano ninyo nakita na may mahalagang bahagi ang bawat miyembro ng Simbahan sa gawain ng Panginoon? Ano ang ibubunga ng "inggit" sa mga natawag na maglingkod bilang mga lider sa Simbahan? Isipin kung ano ang magagawa ninyo upang magampanan ang sarili ninyong tungkulin.

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Alma 13:1–12; D at T 27:5–14; 84:33–44, 109–10; 107:6–20; 121:34–46

## *Mga Tala*

1. John Taylor, *Deseret News: Semi-Weekly,* Abr. 18, 1882, p. 1; binago ang pagkakahati ng mga talata.
2. John Taylor, *Deseret News: Semi-Weekly,* Mar. 20, 1877, p. 1.
3. *History of the Church,* 4:425; mula sa katitikan ng isang kumperensya ng Simbahan na idinaos noong Okt. 3, 1841, sa Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Okt. 15, 1841, p. 577.
4. *History of the Church,* 3:385–88; ginawang makabago ang pagbabantas; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith bandang Hulyo 1839 sa Commerce, Illinois; iniulat ni Willard Richards.
5. *History of the Church,* 3:388–89; nasa orihinal ang unang set ng mga salitang naka-bracket sa ikalawang talata; ginawang makabago ang pagbabantas; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith bandang Hulyo 1839 sa Commerce, Illinois; iniulat ni Willard Richards.
6. *History of the Church,* 4:207–9; ginawang makabago ang pagbabantas; mula sa isang talumpating inihanda ni Joseph Smith at binasa sa isang kumperensya ng Simbahan na idinaos noong Okt. 5, 1840, sa Nauvoo, Illinois.
7. *History of the Church,* 4:207; ginawang makabago ang pagbabaybay at pagbabantas; mula sa isang talumpating inihanda ni Joseph Smith at binasa sa isang kumperensya ng Simbahan na idinaos noong Okt. 5, 1840, sa Nauvoo, Illinois.
8. *History of the Church,* 5:554–55; ginawang makabago ang pagpapalaki ng mga letra; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Ago. 27, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Willard Richards at William Clayton; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
9. *History of the Church,* 2:477; ginawang makabago ang pagbabantas; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 6, 1837, sa Kirtland, Ohio; iniulat ng *Messenger and Advocate,* Abr. 1837, p. 487.
10. Binanggit ni William Clayton, sa paguulat tungkol sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Ene. 5, 1841, sa Nauvoo, Illinois; sa “Extracts from William Clayton’s Private Book,” ni L. John Nuttall, p. 5, Journals of L. John Nuttall, 1857–1904, L. Tom Perry Special Collections, Brigham Young University, Provo, Utah; kopya sa Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.
11. *History of the Church,* 6:363; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mayo 12, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Thomas Bullock.
12. Mga Saligan ng Pananampalataya 1:5.
13. Liham ni Joseph Smith kay Isaac Galland, Mar. 22, 1839, Liberty Jail, Liberty, Missouri, inilathala sa *Times and Seasons,* Peb. 1840, p. 54; ginawang makabago ang pagbabantas at pagpapalaki ng mga letra.
14. “Baptism,” isang editoryal na inilathala sa *Times and Seasons,* Set. 1, 1842, p. 905; ginawang makabago ang gramatika; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.
15. *History of the Church,* 2:478; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 6, 1837, sa Kirtland, Ohio; iniulat ng *Messenger and Advocate,* Abr. 1837, p. 487.
16. *History of the Church,* 4:603, 606; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 28, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Eliza R. Snow; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.


# Mga Kaloob ng Espiritu

*"Kung taos-puso ninyong susundin ang Ebanghelyo, ipinangangako ko sa inyo sa pangalan ng Panginoon, na mapapasainyo ang mga kaloob tulad ng pangako ng ating Tagapagligtas."*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Ipinaliliwanag ng pahina ng pamagat ng Aklat ni Mormon kung paano ihahatid sa mundo ang kahanga-hangang banal na kasulatang ito. Noong unang panahon, ang mga laminang ginto ay "isinulat at mahigpit na isinara, at ikinubli ayon sa Panginoon, upang ang mga yaon ay hindi masira." Sa mga huling araw, ang mga ito ay "[lalabas] sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos" at maipapaliwanag "sa pamamagitan ng kaloob ng Diyos." Bilang katuparan ng mga propesiyang ito, hinirang ng Diyos si Joseph Smith para isalin ang mga sagradong talaan. Maliwanag na ang kakayahan ni Joseph na isalin ang mga sinaunang letra ay hindi niya nakuha sa pag-aaral: pang-elementarya lamang ang kaalaman niya sa pagbasa, pagsulat, at aritmetika. Ang kakayahan niyang magsalin ng mga talaan na libong taon nang naisulat sa isang wikang wala siyang nalalaman ay dumating bilang kaloob mula sa Diyos Mismo.

Si Emma Smith, na naunang tagasulat sa gawain ng kanyang asawa, ay nagpatotoo sa banal na kaloob na ito: "Walang taong nagdikta sa mga nakasulat sa manuskrito maliban na siya'y nabigyang-inspirasyon; sapagkat, noong [ako ang] kanyang tagasulat, mahabang oras ang pagdidikta [ni Joseph]; at sa pagbalik matapos kumain, o matapos ang mga panggagambala, kaagad siyang nagsisimula sa huli niyang ginawa, nang hindi man lang tinitingnan ang manuskrito o nang hindi binabasa sa kanya ang alinmang bahagi nito."[1]



*Bahagi ng isang pahina mula sa oribinal na manuskrito ng Aklat ni Mormon. Ang mga salitang ipinakita ay bahagi ng salaysay ng pangitain ni Lehi tungkol sa punungkahoy ng buhay, na matatagpuan sa 1 Nephi 8:11–23.*

Binigyan ng Panginoon ng mahalagang temporal na tulong ang Propeta kaya naipagpatuloy niya ang pagsasalin. Si Joseph Knight Sr., isang kaibigan ng Propeta, ay nagbigay ng pera at pagkain kay Joseph sa ilang pagkakataon. Noong minsang walang-wala na sila, nagbiyahe si Brother Knight papunta sa tahanan ng Propeta upang bigyan sina Joseph at Oliver ng "isang bariles ng tulingan at ilang papel na may guhit upang masulatan," na may kasamang "mga siyam o sampung [takal] ng butil at anim na takal [ng patatas]." Paggunita ni Brother Knight, "Sina Joseph at Oliver . . . [ay] umuwi at nadatnan akong may mga dala, at nagalak sila dahil wala na silang makain."[2]

Noong Abril at Mayo 1829, higit na nakaabala ang pang-uusig sa gawain ng Propeta sa pagsasalin sa kanyang tahanan sa Harmony, Pennsylvania. Lumiham si Oliver Cowdery sa kaibigan niyang si David Whitmer, at ikinuwento rito ang tungkol sa sagradong gawain at pinakiusapan ito na tulutang maituloy ang gawain sa tahanan ng mga Whitmer sa Fayette, New York. Noong mga huling araw ng Mayo o mga unang araw ng Hunyo 1829, naglakbay ang Propeta at si Oliver kasama si David Whitmer sa kanyang bagon na hila-hila ng isang kabayo papunta sa tahanan ng ama ni David na si Peter Whitmer Sr. Sa buong buwan ng Hunyo, sa silid sa itaas ng tahanan ng mga Whitmer, natapos ang pagsasalin sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos.

Inilarawan ni Oliver Cowdery ang napakagandang karanasang makapaglingkod bilang tagasulat ng Propeta: "Ang mga araw na ito ay hindi maaaring malimutan—ang maupo sa ilalim ng tinig na dinidiktahan ng inspirasyon sa langit, pinukaw ng isang sukdulang pasasalamat ang pusong ito! Sa araw-araw ako ay nagpatuloy, nang walang umaabala, na magsulat mula sa kanyang bibig, habang isinasalin niya sa pamamagitan ng Urim at Tummim . . . ang kasaysayan o talaang tinatawag na 'Ang Aklat ni Mormon.' "[3]

Sa panahong ito, nalaman ni Joseph Smith na ang banal na kaloob ay sumasakanya lamang kapag siya ay karapat-dapat sa paggabay ng Espiritu. Muling isinalaysay ni David Whitmer: "Isang umaga nang [si Joseph Smith] ay naghahanda para ituloy ang pagsasalin, may hindi magandang nangyari sa bahay at ikinainis niya ito. May isang bagay na nagawa ang asawa niyang si Emma.

Umakyat kami ni Oliver, at di nagtagal ay sumunod si Joseph para ituloy ang pagsasalin, pero wala siyang magawa. Hindi niya maisalin ang kahit isang pantig. Bumaba siya, lumabas sa halamanan at nanikluhod sa Panginoon; mga isang oras siyang nawala—bumalik sa bahay, humingi ng tawad kay Emma at pagkatapos ay umakyat sa kinaroroonan namin at maayos na nakapagsalin. Wala siyang nagawa maliban nang siya ay nagpakumbaba at nanalig."[4]

Sa mapakumbaba at tapat na paggamit ng kaloob ng Diyos sa kanya, isinagawa ng batang Propeta ang tila imposibleng gawain ng pagsasalin ng halos buong Aklat ni Mormon sa pagitan ng mga unang araw ng Abril at katapusan ng Hunyo 1829.

## Mga Turo ni Joseph Smith

### Bawat isa sa atin ay binigyan ng mga kaloob ng Espiritu; ang mga kaloob ng bawat tao ay kailangan sa Simbahan.

*Mga Saligan ng Pananampalataya 1:7:* "Naniniwala kami sa kaloob na mga wika, propesiya, paghahayag, mga pangitain, pagpapagaling, pagbibigay-kahulugan sa mga wika, at iba pa."[5]

"Naniniwala . . . kami sa propesiya, sa mga wika, sa mga pangitain, at sa mga paghahayag, sa mga kaloob, at sa mga pagpapagaling; at na ang mga bagay na ito ay hindi tatamasahin nang wala ang kaloob ng Espiritu Santo."[6]

*Paggunita ni Amasa Potter:* "Naaalala ko ang pagtayo ng Propeta para mangaral sa isang malaking kongregasyon sa kakahuyan sa kanluran ng Templo sa Nauvoo. Sinabi niya na mangangaral siya tungkol sa mga espirituwal na kaloob. . . . Sinabi ni Joseph na bawat Banal sa mga Huling Araw ay may isang kaloob, at sa pamumuhay nang matwid, at paghiling nito, ihahayag ito sa kanya ng Banal na Espiritu."[7]

"Sinabi ni Pablo, 'Sa isa'y ibinigay ang kaloob na mga wika, sa iba'y ang kaloob na propesiya, at sa iba'y ang kaloob na pagpapagaling;' at muli: 'Lahat ba ay nagpopropesiya? lahat ba ay nagsasalita sa iba't ibang wika? lahat ba ay nagpapaliwanag?' na malinaw na nagpapakita na hindi lahat ay mayroon ng mga kaloob na ito; kundi ang isa ay tumanggap ng isang kaloob, at ang iba ay tumanggap ng ibang kaloob—hindi lahat ay nagpropesiya, hindi

lahat ay nagsalita sa iba't ibang wika, hindi lahat ay gumawa ng mga himala; ngunit lahat ay tumanggap ng kaloob ng Espiritu Santo; kung minsan ay nagsalita sila sa iba't ibang wika at nagpropesiya noong panahon ng mga Apostol, at kung minsan naman ay hindi. . . .

"Ang Simbahan ay isang matatag na grupong binubuo ng iba't ibang miyembro, at lubos na maihahambing sa katawan ng tao, at sinabi ni Pablo, matapos magsalita tungkol sa iba't ibang kaloob, 'Kayo nga ang katawan ni Cristo at bawat isa'y samasamang mga sangkap niya; at ang Dios ay naglagay ng ilan sa Simbahan, una-una'y mga Apostol, ikalawa'y mga Propeta, ikatlo'y mga Guro, saka mga himala, saka mga kaloob na pagpapagaling, mga pagtulong, mga pamamahala, at iba't ibang mga wika. Lahat baga'y mga Guro? Lahat baga'y mga manggagawa ng mga himala? Nangagsasalita baga ang lahat ng mga wika? Lahat baga'y nangagpapaliwanag?' Malinaw na hindi; subalit lahat sila ay mga miyembro ng iisang katawan. Hindi lamang mata, tainga, ulo o kamay ang mga miyembro ng katawan—subalit hindi masasabi ng mata sa tainga na hindi kita kailangan, ni ng ulo sa paa, hindi kita kailangan; lahat ng ito ay iba't ibang bahagi ng perpektong makina—ng iisang katawan; at kung nagdurusa ang isang miyembro, kasama nitong nagdurusa ang lahat ng miyembro: at kung nagagalak ang isang miyembro, lahat ng iba pa ay ikinararangal ito. [Tingnan sa I Mga Taga Corinto 12:9–10, 18–21, 26–30.]

"Lahat ng ito, kung gayon, ay mga kaloob; ang mga ito ay nagmula sa Diyos; ang mga ito ay sa Diyos; lahat ng ito ay kaloob ng Espiritu Santo."[8]

---

### Tumatanggap tayo ng mga kaloob ng Espiritu sa pamamagitan ng pagsunod at pananampalataya.

"Dahil kulang ang pananampalataya, kulang din ang mga bunga. Walang sinumang tao mula nang likhain ang mundo na nagkaroon ng pananampalataya nang walang kaakibat na anuman. Ang matatapat noong unang panahon ay napawi ang ningas ng apoy, natakasan ang talim ng tabak, natanggap ng mga babae ang kanilang mga patay, at kung anu-ano pa. Sa pamamagitan ng

pananampalataya nalikha ang mga mundo. [Tingnan sa Mga Hebreo 11:3, 34–35.] Ang isang taong walang isa man sa mga kaloob na ito ay walang pananampalataya; at dinadaya niya ang kanyang sarili, kung aakalain niyang mayroon siya nito. Noon pa man ay kulang na ang pananampalataya, hindi lamang ng mga dibinyagan, kundi ng nagsasabing sila ay Kristiyano, kaya nga ang kaloob na mga wika, pagpapagaling, propesiya, at mga propeta at apostol, at lahat ng kaloob at pagpapala ay nagkukulang."[9]

"Ang taglamig na ito [1832–33] ay ginugol sa pagsasalin ng mga Banal na Kasulatan; sa Paaralan ng mga Propeta; at pag-upo sa mga kumperensya. Nagkaroon ako ng maraming maluwalhating panahon ng pagpapasigla ng isipan at espiritu. Ang mga kaloob na kasunod ng kanilang paniniwala at pagsunod sa Ebanghelyo, bilang tanda na ang Panginoon ay hindi nagbabago sa Kanyang pakikitungo sa mga mapakumbaba na nagmamahal at sumusunod sa katotohanan, ay nagsimulang mabuhos sa amin, tulad noong mga unang panahon."[10]

*Naroon si Edward Stevenson nang mangaral si Joseph Smith sa Pontiac, Michigan, noong 1834. Naalaala niya ang mga salitang ito ng Propeta:* "Kung taos-puso ninyong susundin ang Ebanghelyo, ipinangangako ko sa inyo sa pangalan ng Panginoon, na mapapasainyo ang mga kaloob tulad ng pangako ng ating Tagapagligtas, at sa pamamagitan nito mapatutunayan ninyo na ako ay tunay na lingkod ng Diyos."[11]

---

**Ang mga kaloob ng Espiritu ay karaniwang natatanggap nang tahimik at personal, nang walang makikitang palatandaan.**

"Iba't iba at magkakasalungat ang mga opinyon ng mga tao hinggil sa kaloob ng Espiritu Santo. Nakagawian na ng ilang tao na ituring na kapangyarihan ng Espiritu ng Diyos ang lahat ng nakikita nilang kakatwa, samantalang may ibang mga taong nag-iisip na walang makikitang nauugnay dito; at ito ay bugso lamang ng isipan, o isang saloobin, pakiramdam, o lihim na patotoo o katunayan, na taglay ng mga tao, at hindi totoo na may makikitang palatandaan.

"Hindi kataka-taka na ang tao ay naging masyadong mangmang tungkol sa mga alituntunin ng kaligtasan, at lalo't higit sa

katangian, katungkulan, kapangyarihan, impluwensya, mga kaloob, at pagpapala ng kaloob ng Espiritu Santo; kapag naiisip natin na ang mag-anak ng tao ay nababalot ng lubos na kadiliman at kamangmangan sa maraming siglong nagdaan, nang walang paghahayag, o anumang wastong pamantayan [na magagamit] upang malaman ang mga bagay ng Diyos, na malalaman lamang sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos. Kaya nga madalas mangyari, na kapag nangangaral ang mga Elder ng Simbahang ito sa mga nilalang sa mundo, na kung sinusunod nila ang Ebanghelyo ay tatanggap sila ng kaloob ng Espiritu Santo, inaasahan ng mga tao na makakita ng ilang kamangha-manghang palatandaan, ilang malaking pagpapamalas ng kapangyarihan, o ilang di-pangkaraniwang himalang nagawa. . . .

"Ang mag-anak ng tao ay napakahilig magmalabis, lalo na patungkol sa relihiyon, at dahil dito ay karaniwan nang nagnanais ang mga tao na makakita ng ilang himala, o kung hindi ay hindi sila maniniwala sa kaloob ng Espiritu Santo. Kung ipapatong ng isang Elder ang kanyang mga kamay sa ulo ng isang tao, iniisip ng marami na tatayo kaagad ang tao at magsasalita sa iba't ibang wika at magpopropesiya; ang ideyang ito ay hango sa sitwasyon ni Pablo nang magpatong siya ng mga kamay sa ilang tao na (sabi nila ay) nabinyagan ni Juan; na nang kanyang gawin, sila ay 'nagsipagsalita ng mga wika, at nagsipanghula.' [Tingnan sa Mga Gawa 19:1–6.] . . .

"Naniniwala kami na ang Espiritu Santo ay ipinagkakaloob sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay ng mga yaong may awtoridad, at na ang kaloob na mga wika, at gayundin ang kaloob na propesiya ay mga kaloob ng Espiritu, at natatamo sa gayong pamamaraan; ngunit ang sabihing ang mga tao ay laging nagpopropesiya at nagsasalita sa mga wika kapag pinatungan sila ng mga kamay, ay kasinungalingan, salungat sa gawi ng mga Apostol, at hindi naaayon sa banal na kasulatan. . . .

". . . Hindi lahat ng kaloob ng Espiritu ay nakikita ng mga mata, o nauunawaan ng tao; tunay ngang iilan sa mga ito ang gayon. . . . Iilan dito ang makikilala ng sinuman. Sina Pedro at Juan ay mga Apostol, subalit pinahirapan sila ng mga Judio sa hukuman bilang mga impostor. Si Pablo ay kapwa Apostol at

Propeta, subalit pinagbabato siya at ibinilanggo. Walang nalaman ang mga tao tungkol dito, kahit taglay niya ang kaloob ng Espiritu Santo. Ang ating Tagapagligtas ay 'nagbuhos . . . ng langis ng kasayahang higit sa [kanyang] mga kasamahan' [Mga Hebreo 1:9], subalit dahil napakalayong makilala Siya ng mga tao, sinabi nila na Siya raw si Beelzebub, at ipinako Siya bilang isang impostor. Sino ang makapagsasabi na ang isang tao ay Pastor, Guro, o Evangelista sa hitsura lamang, subalit mayroon silang kaloob ng Espiritu Santo?

"Ngunit kung pag-uusapan ang ibang mga miyembro ng Simbahan, at susuriin ang mga kaloob na binanggit ni Pablo, makikita natin na walang alam ang mundo tungkol sa mga ito, at iisa o dadalawa lamang ang kaagad na malalaman, kung agad na ibubuhos ang lahat ng ito matapos ang pagpapatong ng mga kamay. Sa [I Mga Taga Corinto 12:4–11], sinabi ni Pablo, 'May iba't ibang mga kaloob datapuwa't iisang espiritu, at may iba't ibang mga pangangasiwa datapuwa't iisang Panginoon; at may iba't ibang paggawa, datapuwa't iisang Dios na gumagawa ng lahat ng mga bagay sa lahat. Datapuwa't sa bawa't isa ay ibinibigay ang paghahayag ng Espiritu, upang pakinabangan naman. Sapagka't sa isa, sa pamamagitan ng Espiritu, ay ibinibigay ang salita ng karunungan; at sa iba'y ang salita ng kaalaman ayon din sa Espiritu; sa iba'y ang pananampalataya, sa gayon ding Espiritu; at sa iba'y ang mga kaloob na pagpapagaling, sa iisang Espiritu; sa iba'y ang mga paggawa ng mga himala; sa iba'y hula; sa iba'y ang pagkilala sa mga espiritu; sa iba'y ang iba't ibang wika; sa iba'y ang pagpapaliwanag ng mga wika. Datapuwa't ang lahat ng ito ay ginagawa ng isa at ng gayon ding Espiritu, na binabahagi sa bawa't isa ayon sa kaniyang ibig.'

"Maraming binanggit na kaloob dito, subalit alin sa lahat ng ito ang malalaman ng isang nagmamasid sa pagpapatong ng mga kamay? Ang salita ng karunungan, at ang salita ng kaalaman, ay kaloob ding tulad ng iba pa, subalit kung ang isang tao ay nagtataglay ng dalawang kaloob na ito, o natanggap ang mga ito sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, sino ang makaaalam nito? Maaaring tumanggap ang iba ng kaloob na pananampalataya, at hindi ito mamamalayan. O halimbawa nang may

kaloob na pagpapagaling o kapangyarihang gumawa ng mga himala ang isang tao, hindi ito kaagad malalaman sa sandaling patungan siya ng mga kamay para sa kaloob ng Espiritu Santo; kailangan ng panahon at mga sitwasyon na magagamit ang mga kaloob na ito. Halimbawa'y nakahihiwatig ng mga espiritu ang isang tao, sino ang makaaalam nito? O kung nakapagpapaliwanag siya sa iba't ibang wika, maliban kung may taong nagsasalita sa isang di-kilalang wika, siyempre hindi siya kikibo; dalawang kaloob lamang ang maaaring makita—ang kaloob na mga wika at ang kaloob na propesiya. Ang mga bagay na ito ang madalas pag-usapan, subalit kung magsasalita ang isang tao sa isang di-kilalang wika, ayon sa patotoo ni Pablo, magiging isang barbaro siya sa mga naroon [tingnan sa I Mga Taga Corinto 14:11]. Sasabihin nila na wala itong kahulugan; at kung magpopropesiya siya ay sasabihin nilang wala itong kabuluhan. Ang kaloob na mga wika marahil ang pinakamaliit na kaloob sa lahat, subalit ito ang pinakahahangad nilang makamtan.

"Kaya nga ayon sa patotoo sa Banal na Kasulatan at sa mga pagpapakita ng Espiritu noong mga unang panahon, lubhang kakaunti ang nalalaman ng mga tao sa paligid tungkol dito, maliban sa ilang di-karaniwang okasyon, tulad ng araw ng Pentecostes. Ang mga kaloob na pinakadakila, pinakamahusay, at pinakamalaki ang pakinabang ay hindi malalaman ng taong nagmamasid. . . .

"Ang mga palatandaan ng kaloob ng Espiritu Santo, paglilingkod ng mga anghel, o pagkakaroon ng kapangyarihan, kamahalan o kaluwalhatian ng Diyos ay bihirang-bihirang ipakita sa publiko, at kung ipakikita man ito ay sa mga tao ng Diyos, katulad halimbawa sa mga Israelita; ngunit karaniwan kapag dumarating ang mga anghel, o inihahayag ng Diyos ang Kanyang Sarili, ito ay personal at pribado, sa kanilang silid; sa ilang o kaparangan, at karaniwan ay walang ingay o kaguluhan. Inilabas ng anghel si Pedro sa bilangguan sa kaparangan sa hatinggabi; nagpakita ito kay Pablo nang hindi namalayan ng ibang mga kasamahan; nagpakita ito kina Maria at Elisabet nang lingid sa kaalaman ng iba; kinausap nito si Juan Bautista habang walang kaalam-alam ang mga taong nakapaligid.

"Nang makita ni Eliseo ang mga karo ng Israel at ang mga nakakabayo rito, hindi ito alam ng iba. Nang magpakita ang Panginoon kay Abraham ito ay sa may pintuan ng kanyang tolda; nang magtungo ang mga anghel kay Lot, walang ibang nakakilala sa kanila maliban kay Lot, na maaaring siya ring nangyari kay Abraham at sa kanyang asawa; nang magpakita ang Panginoon kay Moises, nangyari ito sa nagliliyab na palumpong, sa tabernakulo, o sa ituktok ng bundok; nang isakay si Elias sa karong apoy, hindi ito namalayan ng mundo; at nang siya ay nasa bitak ng isang bato, nagkaroon ng malakas na kulog, ngunit wala sa kulog ang Panginoon; nagkaroon ng lindol, ngunit wala sa lindol ang Panginoon; at pagkatapos ay nagkaroon ng marahan at banayad na tinig, na siyang tinig ng Panginoon, na nagsasabing, 'Ano ang ginagawa mo rito, Elias?' [Tingnan sa I Mga Hari 19:11–13.]

"Hindi laging makikilala ang Panginoon sa dagundong ng Kanyang tinig, sa pagpapakita ng Kanyang kaluwalhatian o pagpapamalas ng Kanyang kapangyarihan; at yaong pinakamasugid na makita ang mga bagay na ito, ang pinaka-hindi handang makita ito, at kung ipakikita man ng Panginoon ang Kanyang kapangyarihan tulad ng ginawa Niya sa mga anak ni Israel, ang mga taong ito ang unang-unang magsasabing, 'Huwag magsalita ang Dios sa amin, baka kami ay mamatay.' [Tingnan sa Exodo 20:19.]"[12]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Binigyan ng Panginoon ng isang kaloob si Propetang Joseph Smith upang maisalin niya ang mga laminang ginto (mga pahina 133–36). Kailan kayo binigyan ng Panginoon ng mga kaloob upang matulungan kayong makibahagi sa Kanyang gawain?
- Ano ang matututuhan natin sa ikinuwento ni David Whitmer sa mga pahina 135–36? Ano ang mga karanasan ninyo sa buhay na nagturo sa inyo na dapat kayong maging karapat-dapat upang magamit ninyo ang inyong mga espirituwal na kaloob?



*"Ang kapangyarihan, kamahalan o kaluwalhatian ng Diyos ay bihirang-bihirang ipakita sa publiko. . . . Nang magpakita ang Panginoon kay Abraham ito ay sa may pintuan ng kanyang tolda [tingnan sa Genesis 18:1]."*

- Repasuhin ang bahaging nagsisimula sa mga pahina 136–37. Sa anong mga paraan nakikinabang ang Simbahan sa pagkakaroon ng mga miyembrong may iba't ibang kaloob ng Espiritu? Paano kayo nakinabang sa mga espirituwal na kaloob ng iba? Kailan ninyo nakita ang mga taong may iba't ibang kaloob na nagsama-sama upang magkatulungan?
- Pag-aralan ang bahaging nasa mga pahina 137–38. Isipin ang ilang espirituwal na kaloob na personal kayong palalakasin o tutulungan sa paglilingkod sa Panginoon at sa iba. Pagpasiyahan kung ano ang gagawin ninyo upang "masigasig . . . [na] hanapin ang mga pinakamahusay na kaloob" (D at T 46:8).
- Repasuhin ang bahaging nagsisimula sa dulong ibaba ng pahina 138. Isipin at talakayin ang natatanging payong

makikita ninyo tungkol sa kung paano ipinakikita ang mga espirituwal na kaloob. Bakit mahalagang alalahanin na ang mga espirituwal na kaloob ay "bihirang-bihirang ipakita sa publiko"? (mga pahina 139–41). Sa palagay ninyo bakit maraming espirituwal na kaloob na tahimik at lihim na dumarating? Bakit mahalagang alalahanin na maraming kaloob na nangangailangan ng "panahon at mga sitwasyon na magagamit [ang mga ito]"? (pahina 141).

- Matapos basahin ang kabanatang ito, ano sa palagay ninyo ang ilan sa mga layunin ng mga espirituwal na kaloob?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* I Mga Taga Corinto 12:1–31; 3 Nephi 29:6; Moroni 10:6–23; D at T 46:8–33

## *Mga Tala*

1. Emma Smith, interbyu ni Joseph Smith III, Peb. 1879, *Saints' Herald* (pahayagang inilalathala ng Reorganized Church of Jesus Christ of Latter Day Saints, na tinatawag ngayong Community of Christ), Okt. 1, 1879, p. 290.
2. Joseph Knight, Reminiscences, p. 6, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.
3. Oliver Cowdery, sinipi sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:71, talababa; mula sa isang liham ni Oliver Cowdery kay William W. Phelps, Set. 7, 1834, Norton, Ohio, inilathala sa *Messenger and Advocate,* Okt. 1834, p. 14.
4. David Whitmer, interbyu nina William H. Kelley at George A. Blakeslee, Set. 15, 1881, *Saints' Herald,* Mar. 1, 1882, p. 68.
5. Mga Saligan ng Pananampalataya 1:7.
6. *History of the Church,* 5:27; mula sa "Gift of the Holy Ghost," isang editoryal na inilathala sa *Times and Seasons,* Hunyo 15, 1842, p. 823; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.
7. Amasa Potter, "A Reminiscence of the Prophet Joseph Smith," *Juvenile Instructor,* Peb. 15, 1894, p. 132.
8. *History of the Church,* 5:28–29; mula sa "Gift of the Holy Ghost," isang editoryal na inilathala sa *Times and Seasons,* Hunyo 15, 1842, pp. 823–24; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.
9. *History of the Church,* 5:218; mula sa mga tagubiling ibinigay ni Joseph Smith noong Ene. 2, 1843, sa Springfield, Illinois; iniulat ni Willard Richards.
10. *History of the Church,* 1:322; nasa orihinal ang mga petsang naka-bracket; mula sa "History of the Church" (manuskrito), book A-1, p. 270, Church Archives.
11. Binanggit ni Edward Stevenson, Reminiscences of Joseph, the Prophet, and the Coming Forth of the Book of Mormon (1893), p. 4.
12. *History of the Church,* 5:26–31; nasa orihinal ang mga salitang naka-bracket sa ikalawang talata; ginawang makabago ang pagbabantas at gramatika; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa "Gift of the Holy Ghost," isang editoryal na inilathala sa *Times and Seasons,* Hunyo 15, 1842, pp. 823–25; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.

KABANATA 10

# Panalangin at Personal na Paghahayag

*"Pribilehiyo ng mga anak ng Diyos na lumapit sa Diyos at makatanggap ng paghahayag."*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Pagsapit ng Hunyo 1829, marami nang mahahalagang kaganapan ang nangyari sa pagpapatuloy ng pagpapanumbalik ng ebanghelyo. Nabuksan ang kalangitan sa panahon ng Unang Pangitain at ang Diyos ay muling nakipag-usap sa mga tao sa mundo. Natanggap ni Propetang Joseph Smith ang mga lamina ng Aklat ni Mormon at isinasalin na ang sagradong mensahe nito. Naipanumbalik na ang banal na priesthood, at maaari nang maisagawa ang ordenansa ng binyag sa mga anak ng Diyos. Bawat isa sa mga kaganapang ito ay nangyari bilang sagot sa panalangin nang humingi ng patnubay ang Propeta sa Panginoon.

Nang patapos na ang pagsasalin, muling humingi ng patnubay ang Propeta sa Panginoon. Dahil pinagbilinan ni Moroni si Joseph na huwag ipakita ang mga lamina kaninuman maliban kung utusan siyang gawin ito, lubhang nadama ni Joseph ang pag-iisa at nabigatan sa responsibilidad niyang isalin ang mga lamina. Gayunman, natuklasan niya mula sa mga talaan mismo na ang Panginoon ay maglalaan ng tatlong natatanging saksi na magpapatotoo sa mundo na ang Aklat ni Mormon ay totoo (tingnan sa 2 Nephi 11:3; Eter 5:2–4).

"Halos kaagad matapos namin itong matuklasan," paggunita ni Joseph Smith, "naisip nina Oliver Cowdery, David Whitmer at . . . Martin Harris (na nagpunta para alamin ang progreso namin sa gawain) na ipatanong sa akin sa Panginoon kung maaari silang



*Noong Hunyo 1829, nagkaroon ng pribilehiyo sina Oliver Cowdery, David Whitmer, at Joseph Smith na makita si Moroni at ang mga laminang ginto. Hindi nagtagal sa araw ding iyon, nakita rin ni Martin Harris ang anghel at ang mga lamina.*

bigyan ng pribilehiyo na sila ang maging tatlong natatanging saksing ito."[1] Humiling ng patnubay ang Propeta sa panalangin at tumanggap ng paghahayag na nagsasabing pahihintulutan ang tatlong lalaking ito na makita ang mga lamina, gayundin ang espada ni Laban, ang Urim at Tummim, at ang Liahona (tingnan sa D at T 17).

Pagkaraan ng ilang araw, nagtungo sa kakahuyan ang Propeta at ang tatlong lalaking ito malapit sa tahanan ng mga Whitmer sa Fayette, New York, at nagsimulang ipagdasal na maipagkaloob sa kanila ang dakilang pribilehiyong ito. Nagbago ng isip si Martin, dahil nadama niyang hindi siya karapat-dapat. Itinala ng Propeta ang nangyari pagkatapos: "Hindi pa kami . . . natatagalan sa pagdarasal, nang maya-maya ay nakita namin ang isang liwanag sa aming ulunan, na napakaliwanag; at masdan, nakatayo sa aming harapan ang isang anghel [si Moroni]. Hawak niya ang mga laminang ipinagdarasal naming makita ng mga lalaking ito. Isa-isa niyang binuklat ang mga pahina, para makita namin ang mga ito, at malinaw na maunawaan ang mga nakaukit doon."[2] Narinig din ng mga lalaking ito ang tinig ng Diyos na sumasaksi sa katotohanan ng pagsasalin at inuutusan silang itala ang kanilang nakita at narinig. Pagkatapos ay hinanap ni Joseph si Martin, na nagdarasal sa ibang lugar sa kakahuyan. Magkasama silang nanalangin at nakita rin ang pangitaing iyon at narinig ang tinig na iyon.

Naalala ng ina ni Joseph Smith, na bumibisita sa oras na iyon sa Propeta, ang galak at ginhawa ng kanyang anak pagkatapos ang pagpapakitang ito: "Pagpasok ni Joseph [sa tahanan ng mga Whitmer], umupo siya sa tabi ko. 'Itay! Inay!' sabi niya, 'hindi ninyo alam kung gaano ako kasaya. Ipinakita ng Panginoon ang mga lamina sa tatlo pang tao maliban sa akin, na nakakita rin ng isang anghel at kailangang sumaksi sa katotohanan ng aking sinabi, sapagkat alam nila sa kanilang sarili na hindi ko nililinlang ang mga tao. At talagang nadarama ko na parang naginhawahan ako sa mabigat na pasaning halos hindi ko na makayang tiisin. Ngunit ngayon ay kabahagi na sila sa pasaning ito, at nagagalak ang aking kaluluwa na hindi na ako lubos na nag-iisa sa mundo.' "[3]

Sa buong buhay niya, bumaling si Joseph Smith sa Diyos sa panalangin upang humingi ng tulong at patnubay na kailangan

niya. Naalaala ng isang miyembro ng Simbahan na narinig niya itong manalangin sa Kirtland, Ohio, sa oras ng matinding paghihirap: "Di ako kailanman nakarinig ng taong tulad niya na kinausap ang kanyang Manlilikha na tila ba Siya'y naroroon na nakikinig gaya ng isang mabuting ama na nakikinig sa mga pighati ng masunuring anak. . . . Walang pagmamagaling, walang pagtataas ng tinig, kundi simpleng tono ng pakikipag-usap, tulad ng pakikipag-usap ng tao sa kanyang kaibigan. Para sa akin ay tila ba kung sakaling aalisin ang tabing, makikita kong nakatayo ang Panginoon sa harap ng Kanyang tagapaglingkod na pinakamapagpakumbaba sa lahat, na noon ko lamang nakita."[4]

## Mga Turo ni Joseph Smith

### Pakikinggan ng Diyos ang ating mga dalangin at magsasalita sa atin ngayon, tulad ng pagsasalita Niya sa mga Banal noong unang panahon.

"Dahil kailanman ay hindi sinabi ng Panginoon sa mundo sa anumang paghahayag noong araw na hindi na siya makikipag-usap magpakailanman sa kanyang mga nilikha kapag hinangad ito sa wastong paraan, bakit natin iisipin na imposibleng malugod siya na magsalitang muli sa mga huling araw na ito para sa kanilang kaligtasan?

"Marahil ay magugulat kayo sa pahayag na ito, na dapat kong sabihin para sa kaligtasan ng kanyang mga nilalang sa mga huling araw na ito, dahil napasaatin na ang malaking bahagi ng kanyang salita na ibinigay niya noon. Ngunit aaminin ninyo na hindi sapat para kay Abraham ang sinabi kay Noe, o hindi pinaalis si Abraham sa kanyang lupang sinilangan at pinaghanap ng pamana sa ibang bansa ayon sa sinabi kay Noe, kundi para sa kanyang sarili nagtamo siya ng mga pangako sa kamay ng Panginoon at lumakad sa kasakdalang iyon kaya nga siya tinawag na kaibigan ng Diyos. Si Isaac, ang pangakong binhi, ay hindi pinaasa sa mga pangako sa kanyang amang si Abraham, kundi nagkaroon ng pribilehiyong tuwirang mabigyan ng katiyakan ng tinig ng Panginoon na sasang-ayunan siya sa paningin ng langit.

"Kung mabubuhay ang isang tao ayon sa mga paghahayag na ibinigay sa ibang tao, hindi kaya nararapat lamang na itanong ko,

bakit kailangan pa, kung gayon, na kausapin ng Panginoon si Isaac na tulad ng ginawa niya, ayon sa nakatala sa ika-26 na kabanata ng Genesis? Sapagkat doon ay inulit ng Panginoon, o sa madaling salita ay muling nangako, na isasagawa ang sinumpaan niya noon kay Abraham. At bakit niya ito inulit kay Isaac? Bakit hindi tiyak ang unang pangako kay Isaac na tulad ng kay Abraham? Hindi ba't anak ni Abraham si Isaac? At hindi ba niya lubusang mapagkakatiwalaan ang salita ng kanyang ama bilang alagad ng Diyos? Marahil sasabihin ninyo na lubhang kakaiba ang pagkatao niya at naiiba sa mga tao sa mga huling araw na ito; sa gayon, binigyan siya ng Panginoon ng mga pagpapalang kakaiba at naiiba, dahil naiiba siya sa mga tao sa panahong ito. Inaamin ko na kakaiba siyang tao at hindi lamang kakaiba ang mga pagpapala niya, kundi talagang pinagpala siya. Ngunit lahat ng kaibhang matutuklasan ko sa taong ito, o ang tanging kaibhan niya sa mga tao sa panahong ito, ay higit siyang banal at higit na sakdal sa harapan ng Diyos at lumapit sa kanya na mas dalisay ang puso at higit ang pananampalataya kaysa mga tao sa panahong ito.

"Masasabi rin ito tungkol sa kasaysayan ni Jacob. Bakit siya kinausap ng Panginoon hinggil sa pangako ring iyon matapos niya itong ipangako kay Abraham at ulitin kay Isaac? Bakit hindi makuntento si Jacob sa salitang sinabi sa kanyang mga ama?

"Nang malapit nang matupad ang pangakong pagliligtas sa mga anak ni Israel mula sa lupain ng Egipto, bakit kinailangang magsalita sa kanila ang Panginoon? Pinangakuan o sinabihan si Abraham na ang kanyang binhi ay magiging mga alipin at mahihirapan nang apat na raang taon, at pagkaraan noon ay aalis silang may malaking pag-aari. Bakit sila hindi umasa sa pangakong ito at, nang manatili sila sa pagkaalipin sa Egipto nang apat na raang taon, umalis nang hindi hinihintay ang iba pang paghahayag, kundi kumilos ayon lamang sa pangakong ibinigay kay Abraham na dapat silang umalis? . . .

". . . Maaaring naniniwala ako na sumunod si Enoc sa Diyos. Maaaring naniniwala ako na nakausap ni Abraham ang Diyos at mga anghel. Maaaring naniniwala ako na napanibago ni Isaac ang tipang ginawa kay Abraham sa tuwirang pakikipag-usap sa Panginoon. Maaaring naniniwala ako na nakipag-usap si Jacob

sa mga banal na anghel at narinig ang salita ng kanyang Tagapaglikha, na nakipagbuno siya sa anghel hanggang manaig siya at magtamo ng isang pagpapala. Maaaring naniniwala ako na iniakyat sa langit si Elias sa isang karong apoy na may mga kabayong nag-aapoy. Maaaring naniniwala ako na nakita ng mga banal ang Panginoon at nakipag-usap nang harapan sa kanya matapos siyang mabuhay na mag-uli. Maaaring naniniwala ako na ang simbahan ng mga Hebreo ay lumapit sa Bundok ng Sion at sa bayan ng buhay na Diyos, ang Jerusalem sa kalangitan, at sa di mabilang na hukbo ng mga anghel. Maaaring naniniwala ako na nakita nila ang kawalang-hanggan at nakita ang Hukom ng lahat, at si Jesus, ang Tagapamagitan ng bagong tipan.

"Ngunit magbibigay-katiyakan ba sa akin ang lahat ng ito, o tatangayin ako sa mga lugar sa kawalang-hanggan na ang mga kasuotan ko ay walang bahid-dungis, dalisay, at maputi? O, hindi kaya mas mabuting magtamo ako, sa pamamagitan ng sarili kong pananampalataya at kasigasigan sa pagsunod sa mga utos ng Panginoon, ng katiyakan ng kaligtasan para sa aking sarili? At wala ba akong pribilehiyong kapantay ng mga banal noong una? At hindi ba kaagad diringgin ng Panginoon ang aking mga dalangin at makikinig sa aking mga hinaing katulad ng ginawa niya sa kanila kung lalapit ako sa kanya sa paraang ginamit nila?"[5]

---

**Maaari nating ipagdasal ang lahat ng ginagawa natin.**

*Iniulat ni Sarah Granger Kimball:* "Sa Paaralan ng mga Propeta . . . , nang nagbibilin si Joseph Smith sa mga kalalakihan, sinabihan niya sila na ipagdasal ang lahat ng ginagawa nila."[6]

"Hangaring makilala ang inyong Diyos sa inyong mga silid, manawagan sa kanya sa mga kaparangan. Sundin ang patnubay ng Aklat ni Mormon, at manalangin, at para sa inyong mga pamilya, mga baka, kawan, tupa, maisan, at lahat ng bagay na pag-aari ninyo [tingnan sa Alma 34:18–27]; hilingin ang biyaya ng Diyos sa lahat ng inyong pagsisikap, at lahat ng inyong ginagawa."[7]

"Huwag maging pabaya sa mga tungkulin ninyo sa inyong pamilya, kundi manalangin sa Diyos para sa kanyang mga pagpapala sa inyo, at sa inyong pamilya, mga kawan at tupa, at lahat



*"Huwag maging pabaya sa mga tungkulin ninyo sa inyong pamilya, kundi manalangin sa Diyos para sa kanyang mga pagpapala sa inyo, at sa inyong pamilya."*

ng nauukol sa inyo—nang magkaroon kayo ng kapayapaan at kasaganaan—at habang ginagawa ninyo ito, 'ipagdasal ninyo ang kapayapaan ng Sion, sapagkat silang nagmamahal dito ay uunlad.' [Tingnan sa Awit 122:6.]"[8]

*Makikita sa isang panalanging itinala ng Propeta noong Agosto 1842 ang paghahangad niya ng karunungan mula sa Diyos:* "O Kayo, na nakakakita at nakakakilala sa puso ng lahat ng tao . . . , tunghayan ang Inyong tagapaglingkod na si Joseph sa oras na ito; at nawa ang pananampalataya sa pangalan ng Inyong Anak na si Jesucristo, na higit kaysa natamasa ng Inyong tagapaglingkod, ay maigawad sa kanya, maging ang pananampalataya ni Elijah; at ang tanglaw ng buhay na walang hanggan ay magningas sa kanyang puso, at huwag maglaho kailanman; at ang mga salita ng buhay na walang hanggan ay mabuhos sa kaluluwa ng Inyong tagapaglingkod, nang malaman niya ang Inyong kalooban, Inyong mga batas, at Inyong mga utos, at Inyong mga paghatol, na gawin ang mga ito. Gaya ng hamog sa Bundok

Hermon, nawa'y mabuhos sa ulo ng Inyong tagapaglingkod ang mga kaloob ng Inyong banal na biyaya, kaluwalhatian, at karangalan, sa kaganapan ng Inyong awa, at kapangyarihan, at kabutihan."[9]

---

### Kapag tayo ay nagdarasal nang simple at may pananampalataya, tumatanggap tayo ng mga pagpapalang angkop na ipagkaloob sa atin ng Diyos.

"Magsumamo sa luklukan ng biyaya, na ang Espiritu ng Panginoon ay mamalagi sa inyo. Alalahanin na wala tayong matatanggap kung hindi tayo hihingi; samakatwid, humingi nang may pananampalataya, at tatanggap kayo ng mga biyayang angkop na ipagkaloob sa inyo ng Diyos. Huwag manalangin nang may pusong sakim para mabigyang-kasiyahan ang inyong mga pagnanasa, kundi taimtim na manalangin para sa pinakadakilang mga kaloob [tingnan sa D at T 46:8–9]."[10]

"Ang kabutihang-asal ay isa sa pinakatanyag na mga alituntuning nagbibigay sa atin ng tiwala sa sarili sa paglapit sa ating Ama na nasa langit upang humingi ng karunungan sa kanyang kamay. Samakatwid, kung inyong itatangi ang alituntuning ito sa inyong puso, makahihingi kayo nang buong pagtitiwala sa kanyang harapan at ibubuhos ito sa inyong ulunan [tingnan sa D&C 121:45–46]."[11]

"Manalangin sa langit ang mga Banal, nang marinig ng Panginoon ng mga hukbo, sapagkat malaki ang nagagawa ng mga taimtim na panalangin ng mabubuti [tingnan sa Santiago 5:16]."[12]

*Paggunita ni Henry W. Bigler:* "Nang magsalita si Joseph Smith tungkol sa pagdarasal sa ating Ama sa langit, minsan ay narinig kong sinabi niya, 'Gawin itong malinaw at simple at hingin ang nais ninyo, gaya ng pagpunta ninyo sa kapitbahay at pagsasabing, Gusto kong hiramin ang kabayo mo papuntang kiskisan.' "[13]

**Makatatanggap tayo ng personal na paghahayag sa -
pamamagitan ng Espiritu Santo.**

"Pribilehiyo ng mga anak ng Diyos na lumapit sa Diyos at makatanggap ng paghahayag. . . . Walang kinikilingan ang Diyos; pare-pareho ang pribilehiyo nating lahat."[14]

"Naniniwala kami na may karapatan tayo sa mga paghahayag, pangitain, at panaginip mula sa Diyos, ang ating Ama sa langit; at sa liwanag at katalinuhan, sa pamamagitan ng kaloob na Espiritu Santo, sa pangalan ni Jesucristo, sa lahat ng paksang nauukol sa ating espirituwal na kapakanan; kung kailangang sundin natin ang kanyang mga utos, upang maging karapat-dapat tayo sa kanyang paningin."[15]

"Maaaring makinabang ang isang tao sa pagpansin sa unang pahiwatig ng espiritu ng paghahayag; halimbawa, kapag nadarama ninyo ang pagdaloy ng dalisay na talino sa inyo, maaaring may bigla kayong maisip, kaya kapag pinansin ninyo ito, malalaman ninyo na nangyari na ito sa araw ding iyon o sa malao't madali; (ibig sabihin) yaong mga bagay na itinanghal ng Espiritu ng Diyos sa inyong isipan, ay mangyayari; at sa gayon sa pamamagitan ng pagkatuto tungkol sa Espiritu ng Diyos at pag-unawa rito, kayo ay maaaring umunlad sa alituntunin ng paghahayag, hanggang sa maging sakdal kayo kay Cristo Jesus."[16]

"May lumang edisyon ako ng Bagong Tipan sa wikang Latin, Hebreo, Aleman at Griyego. . . . Pinasasalamatan ko ang Diyos at napasaakin ang lumang aklat na ito; ngunit higit ko siyang pinasasalamatan para sa kaloob na Espiritu Santo. Napasaakin ang pinakalumang aklat sa mundo; ngunit nakakintal sa puso ko ang pinakalumang aklat, maging ang kaloob na Espiritu Santo. . . . Ang Espiritu Santo . . . ay nasa aking kalooban, at higit na nakauunawa kaysa buong mundo; at pakikisamahan ko siya."[17]

"Walang taong makatatanggap ng Espiritu Santo nang hindi tumatanggap ng mga paghahayag. Ang Espiritu Santo ay isang tagapaghayag."[18]

*Iniulat ni John Taylor, habang naglilingkod bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawa:* "Tandang-tanda ko ang sinabi sa

akin ni Joseph Smith mahigit apatnapung taon na ang nakararaan. Sabi niya, 'Elder Taylor, bininyagan ka, ipinatong ang mga kamay sa iyong ulo upang matanggap mo ang Espiritu Santo, at inordenan ka sa banal na priesthood. Ngayon, kung ipagpapatuloy mo ang pagsunod sa panghihikayat ng espiritung ito, tuwina kang aakayin nito sa tama. Minsan maaaring salungat ito sa iyong pagpapasiya; huwag mong pansinin ito, sundin mo lamang ang sinasabi nito, at kung magiging tapat ka sa mga ibinubulong nito, darating ang panahon ito ay magiging alituntunin ng paghahayag upang iyong malaman ang lahat ng bagay.' "[19]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Pansinin ang kahalagahan ng panalangin sa karanasan ni Joseph Smith at ng Tatlong Saksi sa Aklat ni Mormon (mga pahina 145–48). Paano naimpluwensyahan ng panalangin ang sarili ninyong mga karanasan sa Aklat ni Mormon? Anong iba pang mga aspeto sa buhay ninyo ang naimpluwensyahan ng panalangin?
- Ano ang naiisip ninyo habang binabasa ninyo ang unang talata sa itaas ng pahina 148? Habang pinagninilay-nilay ninyo ang pahayag na ito, pag-isipan kung ano ang magagawa ninyo para mapabuti ang paraan ninyo ng "pagtawag sa [inyong] Tagapaglikha."
- Bakit tayo hindi maaaring umasa lamang sa mga paghahayag mula sa nakaraan? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 148–50.) Bakit natin kailangan ang patuloy na personal na paghahayag?
- Repasuhin ang bahaging nagsisimula sa pahina 150. Tukuyin ang mga turo ng Propeta hinggil sa *kailan* tayo dapat manalangin at *ano* ang dapat nating ipagdasal. Paano kaya makakatulong ang mga turong ito sa inyong personal na mga panalangin? Paano kaya makakatulong ang mga ito sa panalangin ng mga pamilya?

- Pag-aralan ang mga turo ng Propeta sa pahina 152 tungkol sa *paano* tayo dapat manalangin. Ano ang halaga ng paggamit ng mga salitang "malinaw at simple" sa ating pagdarasal? Paano tayo nagkakaroon ng tiwala sa sarili sa pagdarasal sa ating Ama sa Langit kapag namumuhay tayo nang matwid? Ano ang nakatulong sa inyo sa pagtatamo ng patotoo na pinakikinggan at sinasagot ng Diyos ang mga panalangin?
- Basahin ang ikatlong buong talata sa pahina 153. Kailan kayo nakinabang sa pagpansin sa "unang pahiwatig" ng Espiritu na nagdidikta sa inyo? Paano natin matututuhan na agad makilala ang mga bulong ng Espiritu kapag dumarating ang mga ito?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* I Mga Hari 19:11–12; Santiago 1:5–6; Helaman 5:30; 3 Nephi 18:18–21; D at T 6:22–23; 8:2–3; 88:63–65

## *Mga Tala*

1. *History of the Church,* 1:52–53; mula sa "History of the Church" (manuskrito), book A-1, p. 23, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.
2. *History of the Church,* 1:54; mula sa "History of the Church" (manuskrito), book A-1, pp. 24–25, Church Archives.
3. Lucy Mack Smith, "The History of Lucy Smith, Mother of the Prophet," 1844–45 manuskrito, book 8, p. 11, Church Archives.
4. Daniel Tyler, sa "Recollections of the Prophet Joseph Smith," *Juvenile Instructor,* Peb. 15, 1892, p. 127.
5. Liham ni Joseph Smith sa kanyang tiyo na si Silas Smith, Set. 26, 1833, Kirtland, Ohio; sa "The History of Lucy Smith, Mother of the Prophet," ni Lucy Mack Smith, 1845 manuscript, pp. 229–32, Church Archives.
6. Sarah Granger Kimball, sa "R. S. Report," *Woman's Exponent,* Ago. 15, 1892, p. 30.
7. *History of the Church,* 5:31; mula sa "Gift of the Holy Ghost," isang editoryal na inilathala sa *Times and Seasons,* Hunyo 15, 1842, p. 825; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.
8. "To the Saints of God," isang editoryal na inilathala sa *Times and Seasons,* Okt. 15, 1842, p. 952; ginawang makabago ang pagbabantas; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.
9. *History of the Church,* 5:127–28; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang journal entry ni Joseph Smith, Ago. 23, 1842, malapit sa Nauvoo, Illinois; mali ang petsang Ago. 22, 1842, sa entry na ito na nasa *History of the Church.*
10. Liham nina Joseph Smith at John Whitmer sa mga Banal sa Colesville, New York, Ago. 20, 1830, Harmony, Pennsylvania; sa Autobiography and Journal, ni Newel Knight, ca. 1846–47, p. 129, Church Archives.
11. Pahayag na isinulat ni Joseph Smith noong Peb. 1840 sa Philadelphia, Pennsylvania; ang orihinal ay nasa pribadong pag-aari.
12. *History of the Church,* 6:303; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 7, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Wilford Woodruff, Willard Richards, Thomas Bullock, at William Clayton.
13. Henry W. Bigler, sa "Recollections of the Prophet Joseph Smith," *Juvenile Instructor,* Mar. 1, 1892, pp. 151–52.

14. Talumpating ibinigay ni Joseph Smith bandang Hulyo 1839 sa Commerce, Illinois; iniulat ni Willard Richards, sa Pocket Companion, ni Willard Richards, pp. 75, 78–79, Church Archives.
15. Liham ni Joseph Smith kay Isaac Galland, Mar. 22, 1839, Liberty Jail, Liberty, Missouri, inilathala sa *Times and Seasons,* Peb. 1840, p. 54.
16. *History of the Church,* 3:381; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hunyo 27, 1839, sa Commerce, Illinois; iniulat ni Willard Richards.
17. *History of the Church,* 6:307–8; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 7, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Wilford Woodruff, Willard Richards, Thomas Bullock, at William Clayton.
18. *History of the Church,* 6:58; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Okt. 15, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Willard Richards.
19. John Taylor, *Deseret News: Semi-Weekly,* Ene. 15, 1878, p. 1.

# Ang Organisasyon at Tadhana ng Tunay at Buhay na Simbahan

*"Ang nalalaman ninyo hinggil sa tadhana ng Simbahan at kahariang ito ay katulad lamang ng nalalaman ng isang sanggol na nasa kandungan ng kanyang ina. Hindi ninyo ito nauunawaan. . . . Pupunuin ng Simbahang ito ang Hilaga at Timog Amerika—pupunuin nito ang buong mundo."*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Noong Hunyo 1829, natapos ni Propetang Joseph Smith ang pagsasalin ng Aklat ni Mormon. "Noong malapit nang matapos ang aming pagsasalin," pahayag ng propeta, "nagpunta kami sa Palmyra, Wayne County, New York, kinuha ang karapatang-sipi, at nakipagkasundo kay Ginoong Egbert B. Grandin na maglimbag ng limang libong kopya sa halagang tatlong libong dolyar."[1] Si Egbert B. Grandin, na nagmamay-ari ng isang limbagan sa Palmyra, ay mas bata nang isang taon kaysa kay Joseph Smith. Kabibili pa lamang niya ng isang bagong limbagan na may teknolohiyang nagpapabilis sa paglilimbag. Kamangha-mangha na nakakita ng limbagan ang Propeta sa bukiring bayan ng Palmyra na kayang maglimbag ng napakaraming kopya ng isang makapal na aklat na tulad ng Aklat ni Mormon. Dahil malaki at magastos na proyekto ang magpalimbag ng Aklat ni Mormon, isinangla ni Martin Harris ang kanyang bukid kay Ginoong Grandin para mabayaran ang paglilimbag.

Noong huling bahagi ng tag-init ng 1829, nagtipon sina Joseph Smith, Martin Harris, at marami pang iba sa limbagan para tingnan kung maayos na ang kopya ng pahina ng pamagat



*Sa huling bahagi ng tag-init noong 1829, sina Joseph Smith, Martin Harris, at marami pang iba ay nagtipon sa manlilimbag ng Aklat ni Mormon, si Egbert B. Grandin, upang tingnan kung maayos na ang kopya ng pahina ng pamagat ng Aklat ni Mormon, ang unang pahinang ililimbag.*

ng Aklat ni Mormon, ang unang pahina ng aklat na ililimbag. Nang sabihin ng Propeta na nasisiyahan siya sa kinalabasan ng pahina, mabilis itong inilimbag. Inabot ng pitong buwan ang paglilimbag, at nakakuha na ng mga kopya ng Aklat ni Mormon ang mga tao noong Marso 26, 1830.

Nang matapos ang pagsasalin at paglalathala ng Aklat ni Mormon, sinimulan na ni Joseph Smith ang pagtatatag ng Simbahan. Sa paghahayag na matatagpuan ngayon sa bahagi 20 ng Doktrina at mga Tipan, inihayag ng Panginoon sa Propeta "ang tiyak na araw kung kailan, alinsunod sa Kanyang kalooban at kautusan nararapat naming itatag muli ang Kanyang Simbahan dito sa ibabaw ng mundo."[2] Ang takdang araw ay Abril 6, 1830.

"Ating . . . ipinaaalam sa ating mga kapatid," sabi ng Propeta, "na nakatanggap kami ng utos na itatag ang Simbahan; at ayon dito ay nagtipon kami [anim kaming lahat] para sa layuning iyon, sa bahay ni Ginoong Peter Whitmer, Sen., noong Martes, ikaanim ng Abril, A.D., isang libo walong daan at tatlumpu."[3] Tinatayang 60 katao ang nagsiksikan sa bahay ng mga Whitmer sa Fayette, New York, na pumuno ng dalawang silid sa loob ng bahay. Anim sa mga kalalakihang nagtipon ay natukoy na mga tagapagtatag ng bagong Simbahan para umayon sa batas ng New York—sina Propetang Joseph Smith, Oliver Cowdery, Hyrum Smith, Peter Whitmer Jr., Samuel Smith, at David Whitmer.[4]

Bagaman nagsimula sa napakaliit ang Simbahan, nahiwatigan na ni Joseph Smith bilang propeta ang maringal na tadhana nito. Nagunita ni Wilford Woodruff na sa isang priesthood meeting sa Kirtland, Ohio, noong Abril 1834, sinikap ipaunawa ng Propeta sa mga kapatid ang magiging kalagayan ng kaharian ng Diyos sa mundo:

"Pinagtipon ng Propeta ang lahat ng maytaglay ng Priesthood sa munting paaralang yari sa troso na naroon. Maliit ang bahay na iyon, mga 4.25 metro kuwadrado marahil. Gayunman nagkasya roon ang buong Priesthood ng Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na noon ay nasa bayan ng Kirtland. . . . Nang magkasama-sama kami nanawagan ang Propeta sa mga Elder ng Israel na patotohanan ang gawaing ito. . . . Nang matapos sila sinabi ng Propeta, 'Mga kapatid, lubos akong nabigyan

ng inspirasyon at natuto sa inyong mga patotoo ngayong gabi, ngunit gusto kong sabihin sa inyo sa harap ng Panginoon, na ang nalalaman ninyo hinggil sa tadhana ng Simbahang ito ay katulad lamang ng nalalaman ng isang sanggol na nasa kandungan ng kanyang ina. Hindi ninyo ito nauunawaan.' Medyo nagulat ako. Sabi niya, 'Kakaunti lamang ang nakikita ninyo ritong mga Priesthood ngayong gabi, ngunit pupunuin ng Simbahang ito ang Hilaga at Timog Amerika—pupunuin nito ang buong mundo.' "[5]

## Mga Turo ni Joseph Smith

### Ang totoong Simbahan ni Jesucristo ay itinatag ni Joseph Smith sa dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon.

*Iniulat ni Joseph Smith ang mga naganap sa pulong na idinaos noong Abril 6, 1830, sa pagtatatag ng Simbahan:* "Matapos simulan ang pagtitipon sa pamamagitan ng taos-pusong panalangin sa ating Ama sa Langit, nagpatuloy kami, alinsunod sa nakaraang utos, na tumawag sa mga kapatid namin upang malaman kung tinatanggap nila kami bilang mga guro nila sa mga bagay ng Kaharian ng Diyos, at kung ikinalulugod nilang kami ay matatag bilang isang Simbahan ayon sa nabanggit nang kautusan na natanggap namin. Buong pagkakaisa silang sumang-ayon sa lahat ng mungkahing ito.

"Pagkatapos ay ipinatong ko ang aking mga kamay sa ulunan ni Oliver Cowdery, at inorden siyang Elder ng 'Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw;' kasunod nito, inorden niya rin ako sa katungkulan ng isang Elder ng Simbahan ding iyon. Pagkatapos ay kumuha kami ng tinapay, binasbasan ito, at pinagpira-piraso para sa aming lahat; gayundin ang alak, binasbasan ito, at ininom naming lahat ito. Pagkatapos ay ipinatong namin ang aming mga kamay sa bawat miyembro ng Simbahan na naroon, upang matanggap nila ang kaloob na Espiritu Santo, at makumpirma silang miyembro ng Simbahan ni Cristo. Ang Espiritu Santo ay ibinuhos nang lubus-lubos sa amin—ang ilan ay nagpropesiya, habang lahat kami ay pumupuri sa Panginoon, at labis na nagagalak. . . .

"Pagkatapos ay sinimulan na naming tumawag at mag-orden ng ilan sa mga kapatid sa iba't ibang katungkulan sa Priesthood,

ayon sa ipinadama sa amin ng Espiritu: at matapos matamasa ang saya sa pagsaksi at pagdama namin mismo ng mga kapangyarihan at pagpapala ng Espiritu Santo, sa awa ng Diyos na ipinagkaloob sa amin, nagtapos kami na may malugod na kaalamang bawat isa sa amin ay miyembro na ng 'Ang Simbahan ni Jesucristo,' at kinikilala ng Diyos, inorganisa ayon sa mga utos at paghahayag na ibinigay Niya sa amin sa mga huling araw na ito, gayundin ayon sa kaayusan ng Simbahan na nakatala sa Bagong Tipan."[6]

*Sa unang pangkalahatang kumperensya ng Simbahan, na idinaos sa Fayette, New York, noong Hunyo 9, 1830, pinangasiwaan ang sacrament, kinumpirmang miyembro ng Simbahan ang ilang tao, inorden ang iba sa mga katungkulan sa priesthood, at ibinuhos ang Espiritu Santo sa mga Banal. Itinala ng Propeta:* "Ang gayong mga tagpo ay ipinlanong maghatid ng di-maipaliwanag na galak sa aming puso, at puspusin kami ng paggalang at pagpipitagan sa Makapangyarihang Nilalang na iyon, na sa Kanyang awa ay natawag kaming maging kasangkapan sa paghahatid, sa mga anak ng tao, ng kagalakang dulot ng mga pagpapalang iyon na ngayo'y ibinuhos sa amin. Upang makagawa kami sa gayunding kaayusan ng mga bagay na sinunod ng mga banal na Apostol noong unang panahon; upang matanto ang kahalagahan at kabanalan ng gayong mga pangyayari; at masaksihan at madama namin mismo, ang gayon kaluwalhating pagpapakita ng mga kapangyarihan ng Priesthood, ng mga kaloob at pagpapala ng Espiritu Santo, at ng kabutihan at pagpapakababababa ng maawaing Diyos sa mga yaong sumusunod sa walang hanggang Ebanghelyo ng ating Panginoong Jesucristo, na nagkaisa upang magkaroon kami ng malugod na pasasalamat sa aming kalooban, at bigyan kami ng panibagong lakas at sigla sa katotohanan."[7]

## Ang Simbahan ni Cristo ay itinatag ayon sa orden ng Diyos.

"Si Cristo ang ulo ng Simbahang ito, ang pangulong bato sa panulok, ang espirituwal na batong pinagsaligan ng Simbahan, at hindi mananaig ang kasamaan laban dito [tingnan sa Mateo



*Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay pormal na itinatag ni Propetang Joseph Smith noong Abril 6, 1830, sa bahay ni Peter Whitmer Sr. sa Fayette, New York. Ang Simbahan sa mga huling araw ay itinatag na kahalintulad ng Simbahan sa panahon ng Tagapagligtas, kasama ang "mga apostol, propeta, pastor, guro, evangelista, at iba pa."*

16:18; Mga Taga Efeso 2:20]. Itinatag Niya ang Kaharian, pinili ang mga Apostol at inorden sila sa Melchizedek Priesthood, at binigyan sila ng kapangyarihang mangasiwa sa mga ordenansa ng ebanghelyo."[8]

"[Pinagkalooban] ni Cristo . . . ang mga iba na maging mga Apostol; at ang mga iba'y Propeta; at ang mga iba'y Evangelista; at ang mga iba'y Pastor at mga Guro.' [Mga taga Efeso 4:11]. At paano pinili ang mga Apostol, Propeta, Pastor, Guro at

Evangelista? Sa pamamagitan ng propesiya (paghahayag) at pagpapatong ng mga kamay:—sa isang banal na pakikipag-ugnayan, at ordenansang itinalaga ng langit—sa tulong ng Priesthood, na inorganisa ayon sa orden ng Diyos, sa pagtatalaga ng langit."[9]

"Sinasabi sa atin [ng Aklat ni Mormon] na nagpakita ang ating Tagapagligtas sa kontinenteng ito [ng Amerika] nang Siya ay mabuhay na mag-uli; na itinatag Niya ang Ebanghelyo rito sa kabuuan nito, at sa kasaganaan, at kapangyarihan, at pagpapala nito; na nagkaroon sila ng mga Apostol, Propeta, Pastor, Guro, at Evangelista; sa gayunding orden, gayunding priesthood, gayunding mga ordenansa, kaloob, kapangyarihan, at mga pagpapala, na tinamasa sa kontinente sa silangan."[10]

"Ang evangelista ay isang Patriarch. . . . Saanman nakatayo ang Simbahan ni Cristo [sa mundo], dapat ay mayroong Patriarch para sa kapakanan ng mga inapo ng mga Banal, gaya ni Jacob nang bigyan niya ng patriarchal blessing ang kanyang mga anak."[11]

*Mga Saligan ng Pananampalataya 1:6:* "Naniniwala kami sa samahan ding yaon na umiral sa Sinaunang Simbahan, alalaong baga'y mga apostol, propeta, pastor, guro, ebanghelista, at iba pa."[12]

---

**Ang Simbahan ay pinamumunuan ng Unang Panguluhan, ng Korum ng Labindalawang Apostol, at ng mga Korum ng Pitumpu.**

"Matibay ang paniniwala ko sa mga propeta at apostol, at kay Jesucristo bilang pangulong bato sa panulok, at nagsasalita bilang isang may karapatang pamahalaan sila, at hindi gaya ng mga eskriba."[13]

"Ang mga Pangulo o [Unang] Panguluhan ang namamahala sa Simbahan; at ang mga paghahayag ng isipan at kalooban ng Diyos sa Simbahan, ay ipararating sa pamamagitan ng Panguluhan. Ito ang kaayusan ng langit, at ang kapangyarihan at pribilehiyo ng [Melchizedek] Priesthood."[14]

"Anong kahalagahan ang nakalakip sa tungkulin ng Labindalawang Apostol, na kaiba sa iba pang mga katungkulan o

pinuno sa Simbahan? . . . Sila ang Labindalawang Apostol, na tinawag sa katungkulan ng Naglalakbay na Mataas na Kapulungan, na namumuno sa mga simbahan ng mga Banal. . . . Sila ang mayhawak ng mga susi ng ministeryong ito, upang magbukas ng pintuan ng Kaharian ng langit sa lahat ng bansa, at ipangaral ang Ebanghelyo sa bawat nilikha. Ito ang kapangyarihan, awtoridad, at dangal ng kanilang pagiging apostol."[15]

*Iniulat ni Orson Pratt na naglingkod sa Korum ng Labindalawang Apostol:* "Nagbilin ang Panginoon . . . na dapat magbuo ng Korum ng Labindalawang Apostol, na ang gawain ay ipangaral ang Ebanghelyo sa mga bansa, una sa mga Gentil at pagkatapos ay sa mga Judio. Tinipon nila ang mga maytaglay ng Priesthood matapos itayo ang Kirtland Temple, at, sa pagtukoy sa Labindalawang Apostol, sinabi ni Propetang Joseph na natanggap nila ang pagiging Apostol lakip ang lahat ng kapangyarihang nauukol dito, katulad ng mga sinaunang Apostol."[16]

*Iniulat ni Wilford Woodruff, ikaapat na Pangulo ng Simbahan:* "Tumawag si Joseph ng Labindalawang Apostol. Sinu-sino sila? Sabi sa kanya ng Panginoon: 'Ang Labindalawa ay silang magnanais na taglayin sa kanilang sarili ang aking pangalan nang may buong layunin ng puso; sila ay tinatawag na humayo sa buong daigdig upang ipangaral ang aking ebanghelyo sa bawat nilikha.' [D at T 18:27–28.] Nang buuin ni Propetang Joseph ang Korum ng Labindalawang Apostol, itinuro niya sa kanila [ang] alituntunin ng pagkakaisa. Ipinaunawa niya sa kanila na dapat silang magkaisa sa puso at isipan, at dapat nilang lubos na taglayin sa kanilang sarili ang pangalan ni Cristo; na kung may ipagawang anumang bagay sa kanila ang Diyos dapat silang kumilos at gawin ito."[17]

"Ang mga Pitumpu ang bubuo ng mga naglalakbay na korum, na hahayo sa buong daigdig, saanman sila papuntahin ng Labindalawang Apostol."[18]

"Ang mga Pitumpu ay hindi tinawag para maglingkod sa mga dulang [tingnan sa Mga Gawa 6:1–2], . . . kundi upang ipangaral ang Ebanghelyo at itatag [ang mga simbahan], at ihanda ang iba, na hindi kabilang sa mga korum na ito, na mangulo [sa mga simbahan], at sila ang mga High Priest. Ang Labindalawa rin ang . . .

mayhawak ng mga susi ng Kaharian sa lahat ng bansa, at magbubukas ng pintuan ng Ebanghelyo sa kanila, at tatawag ng mga Pitumpung susunod sa kanila, at tutulong sa kanila."[19]

**Bagaman maaaring hangarin ng mga puwersa ng kasamaan na wasakin ang Simbahan, "walang kamay na di pinaging banal ang maaaring pumigil sa pagsulong ng gawain."**

"Mula nang itatag ang Simbahan ni Cristo, . . . noong ika-6 ng Abril, 1830, nasiyahan na kaming saksihan ang paglaganap ng katotohanan sa iba't ibang bahagi ng ating lupain, sa kabila ng walang puknat na pagpupumilit ng mga kalaban na pigilin ang pagsulong at hadlangan ang pag-unlad nito; kahit nagkaisa ang masasama at mapanlinlang na mga tao upang lipulin ang mga walang malay, . . . ang maluwalhating Ebanghelyo sa kabuuan nito ay lumalaganap at araw-araw na nadaragdagan ang mga miyembro; at dalangin namin sa Diyos na magpatuloy ito, at maragdagan ang mga miyembrong maliligtas sa kawalang-hanggan."[20]

"Ang Pamantayan ng Katotohanan ay naitayo na; walang kamay na di pinaging banal ang maaaring pumigil sa pagsulong ng gawain; ang mga pag-uusig ay maaaring magngitngit, ang mga mandurumog ay maaaring magkaisa, ang mga hukbo ay maaaring magkatipon, ang kasinungalingan ay maaaring manira, subalit ang katotohanan ng Diyos ay magpapatuloy nang may kagitingan, may pagkamaharlika, at may kalayaan, hanggang sa makapasok ito sa bawat lupalop, makadalaw sa bawat klima, makaraan sa bawat bansa, at mapakinggan ng bawat tainga, hanggang sa ang mga layunin ng Diyos ay matupad, at ang dakilang Jehova ay magsabing ang gawain ay naganap na."[21]

"At muli, isa pang talinghaga ang binanggit sa kanila [ng Tagapagligtas], patungkol sa Kahariang itatayo bago sumapit o kapag sumapit na ang anihan, na nagsasabing—'ang kaharian ng langit ay tulad sa isang butil ng binhi ng mostasa, na kinuha ng isang tao, at inihasik sa kaniyang bukid: na siya ngang lalong maliit sa lahat ng mga binhi; datapuwa't nang tumubo, ay lalong malaki kay sa mga gulay, at nagiging punong kahoy, ano pa't

nagsisiparoon ang mga ibon sa langit at sumisilong sa kaniyang mga sanga.' [Mateo 13:31–32.] Ngayon ay malinaw nating malalaman na kinakatawan ng simbolong ito ang Simbahan na lalabas sa mga huling araw. Masdan, ang Kaharian ng Langit ay maihahalintulad dito. Ngayon, ano ang katulad nito?

"Gawin nating halimbawa ang Aklat ni Mormon, na kinuha ng isang lalaki at itinago sa kanyang bukid, iningatan ito nang may pananampalataya, nang ito ay sumibol sa mga huling araw, o sa tamang panahon; masdan natin ang paglabas nito mula sa lupa, na itinuring na maliit sa lahat ng binhi, ngunit masdan nagkakaroon na ito ng mga sanga, oo, matataas at naglalakihang mga sanga at may karingalang tulad ng sa Diyos, hanggang sa, tulad ng binhi ng mostasa, ay naging pinakamalaki kaysa sa lahat ng gulay. At ito ay katotohanan, at ito ay umusbong at lumabas mula sa lupa, at nagsimulang tumingin mula sa langit ang kabutihan [tingnan sa Awit 85:11; Moises 7:62], at ipinadadala ng Diyos ang Kanyang mga kapangyarihan, kaloob, at mga anghel upang sumilong sa mga sanga niyon.

"Ang Kaharian ng Langit ay parang binhi ng mustasa. Masdan, hindi ba't ito ang Kaharian ng Langit na nag-aangat ng kanyang ulo sa mga huling araw sa karingalan ng Diyos, maging ang Simbahan ng mga Banal sa mga Huling Araw, tulad ng isang di matatagusan, di matitinag na bato sa gitna ng malawak na kailaliman, lantad sa mga hagupit at pananalasa ni Satanas, at magpahanggang ngayon ay nananatiling matatag, at patuloy na hinaharap ang gabundok na mga alon ng pagsalungat, na itinutulak ng hampas ng nagngangalit na hangin ng panlilinlang, na [rumagasa] at patuloy na rumaragasa sa makapal na bula mula sa kabilang ibayo ng mapagharing taluktok, na lalo pang pinagngingitngit ng kaaway ng kabutihan?"[22]

*Bilang bahagi ng kanyang panalangin sa paglalaan ng Kirtland Temple, na kalaunan ay itinala sa Doktrina at mga Tipan 109:72–76, sinabi ni Propetang Joseph Smith:* "Alalahanin ang inyong buong simbahan, O Panginoon, kasama ang lahat ng kanilang mag-anak, at lahat ng kanilang pinakamalapit na kamag-anak, kasama ang lahat ng kanilang maysakit at nagdurusa, kasama ang lahat ng maralita at mapagkumbaba ng mundo;

upang ang kaharian, na inyong ginawa nang walang mga kamay, ay maging isang malaking bundok at punuin ang buong mundo; nang ang inyong simbahan ay lumabas mula sa ilang ng kadiliman, at magliwanag na maganda gaya ng buwan, maliwanag gaya ng araw, at kakila-kilabot gaya ng isang hukbo na may mga bandila; at mapalamutian gaya ng isang kasintahang babae para sa araw na inyong aalisin ang tabing ng langit, at papangyarihing umagos ang bundok sa inyong harapan, at mapataas ang mga libis, at ang mga baku-bakong lugar ay magawang patag; nang ang inyong kaluwalhatian ay punuin ang mundo; na kapag tumunog ang pakakak para sa mga patay, kami ay papaitaas sa alapaap upang salubungin kayo, upang kami ay mapasa Panginoon magpakailanman; nang ang aming mga kasuotan ay maging busilak, nang kami ay madamitan ng balabal ng kabutihan, na may mga palaspas sa aming mga kamay, at mga putong ng kaluwalhatian sa aming mga ulo, at umani ng walang hanggang kagalakan para sa lahat ng aming pagdurusa."[23]

---

**Tayong lahat ay may responsibilidad na patatagin ang Simbahan at gawin ang ating bahagi sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos.**

"Ang gawain ng Diyos ay gawain ng lahat, na siyang gustong gawin ng lahat ng Banal; tayong lahat ay mga bahagi ng iisang katawan, at lahat ay iisa ang nadarama, at nabinyagan sa iisang pagbibinyag at nag-aangkin ng maluwalhating pag-asa. Ang pagsulong ng layon ng Diyos at ang pagtatayo ng Sion ay mahalaga sa bawat isa. Ang kaiba lamang ay, tinatawag ang isang tao sa isang tungkulin, at ang iba ay sa iba namang tungkulin; 'at kung ang isang [bahagi] ay nagdaramdam, ang lahat ng [bahagi] ay nangagdaramdam na kasama niya; o kung ang isang [bahagi] ay nagkakapuri, ang lahat ng [bahagi] ay nangangagalak na kasama niya, at hindi makapagsasabi ang mata sa kamay, Hindi kita kinakailangan: at hindi rin ang ulo sa mga paa, Hindi ko kayo kailangan;' ang magkakasalungat na damdamin, iba't ibang interes, ang kani-kanyang hakbangin ay dapat iwaksi para sa iisang adhikain, sa kapakanan ng lahat [tingnan sa I Mga Taga Corinto 12:21, 26]."[24]



*"Ang pagsulong ng layon ng Diyos at ang pagtatayo ng Sion ay mahalaga sa bawat isa. Ang kaiba lamang ay, tinatawag ang isang tao sa isang tungkulin, at ang iba ay sa iba namang tungkulin."*

"Mga kapatid, maging tapat, masigasig, sikaping ipaglaban ang pananampalatayang minsan ay ibinigay sa mga Banal [tingnan sa Judas 1:3]; ipaunawa sa bawat lalaki, babae at bata ang kahalagahan ng gawain, at kumilos na para bagang sa kanyang pagsisikap lamang nakasalalay ang tagumpay; pagawin ang lahat dito, at pagkatapos ay ipaturing sa kanila na isang araw lamang sila mabubuhay, isang kaisipang umantig sa kalooban ng mga hari, Propeta, at mga taong matwid libu-libong taon na ang nakararaan—ang pag-asa natin ngayon ang nagbigay-inspirasyon sa pinakamatatamis nilang himig, at pinakadakilang mga awit, kaya kaysigla nilang magsalita tulad nang nakasaad sa mga Banal na kasulatan; at di maglalaon bubulalas tayo, sa wikang puno ng inspirasyon—

" 'Dinala muli ng Panginoon ang Sion,
Tinubos ng Panginoon ang kanyang mga tao, ang Israel.'
[D at T 84:99.]"[25]

*Ayon sa nagunita ni Wilford Woodruff, ipinahayag ni Joseph Smith ang sumusunod sa mga miyembro ng Labindalawa na*

*papuntang misyon sa Great Britain noong 1839:* "Anuman ang mangyari sa inyo, ihanda ang inyong sarili at harapin ito, at laging pangalagaan at ipaglaban ang kapakanan ng Simbahan at Kaharian ng Diyos."[26]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Isipin kung ano ang pakiramdam ng dumalo sa priesthood meeting na inilarawan sa mga pahina 159–60. Ano sa palagay ninyo ang inyong madarama kung marinig ninyo si Joseph Smith na magpropesiya na balang araw ay pupunuin ng Simbahan ang mundo? Sa pagbabalik-tanaw ngayon sa propesiyang iyon, ano ang naiisip at nadarama ninyo?
- Repasuhin ang mga pahina 160–61, at pansinin ang mga hakbang na isinagawa sa pagtatatag ng Simbahan at sa unang pangkalahatang kumperensya. Sabi ni Joseph Smith, "Ang gayong mga tagpo ay ipinlanong maghatid ng di-maipaliwanag na galak sa aming puso, at puspusin kami ng paggalang at pagpipitagan sa [Diyos]" (pahina 161). Kailan ninyo nadama ang damdaming inilarawan ni Joseph Smith?
- Repasuhin ang mga turo ni Joseph Smith tungkol sa Simbahan sa panahon ni Jesus at ng Aklat ni Mormon (mga pahina 161–63). Paano sinusunod ng Simbahan ang gayunding pamantayan ngayon?
- Sa inyong palagay bakit natin kailangan ng mga lider na nangungulo sa pandaigdigang Simbahan? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 163–65.) Paano kayo napagpala ng paglilingkod ng Unang Panguluhan, ng Korum ng Labindalawang Apostol, ng Korum ng Pitumpu, at ng Presiding Bishopric?
- Ano ang naiisip at nadarama ninyo habang binabasa ninyo ang mga propesiya ni Joseph Smith tungkol sa tadhana ng Simbahan? (tingnan sa mga pahina 165–67.) Sa anong mga

paraan tayo makababahagi sa gawaing ito? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 167–69.)


- Itinuro ni Joseph Smith, "Ipaunawa sa bawat lalaki, babae at bata ang kahalagahan ng gawain, at kumilos na para bagang sa kanyang pagsisikap lamang nakasalalay ang tagumpay" (pahina 168). Mag-isip ng ilang partikular na paraan para maiangkop ninyo ang payong ito sa inyong buhay.
- Kung may magtanong sa inyo kung bakit kayo naging miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ano ang sasabihin ninyo?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Daniel 2:31–45; Mosias 18:17–29; D at T 20:1–4; 65:1–6; 115:4–5

## *Mga Tala*

1. *History of the Church,* 1:71; mula sa "History of the Church" (manuskrito), book A-1, p. 34, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.
2. *History of the Church,* 1:64; mula sa "History of the Church" (manuskrito), book A-1, p. 29, Church Archives.
3. *History of the Church,* 1:75–77; mula sa "History of the Church" (manuskrito), book A-1, p. 37, Church Archives.
4. Hinihingi ng batas ng New York na mula tatlo hanggang siyam na katao ang kailangang magtatag o makipag-usap tungkol sa gawain ng isang simbahan. Nagpasiyang gumamit ng anim na tao ang Propeta.
5. Wilford Woodruff, sa Conference Report, Abr. 1898, p. 57; ginawang makabago ang pagbabantas at pagpapalaki ng mga letra.
6. *History of the Church,* 1:77–79; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa "History of the Church" (manuskrito), book A-1, pp. 37–38, Church Archives.
7. *History of the Church,* 1:85–86; mula sa "History of the Church" (manuskrito), book A-1, p. 42, Church Archives.
8. Talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hulyo 23, 1843, sa Nauvoo, Illinois; Joseph Smith, Collection, Addresses, Hulyo 23, 1843, Church Archives.
9. *History of the Church,* 4:574; mula sa "Try the Spirits," isang editoryal na inilathala sa *Times and Seasons,* Abr. 1, 1842, pp. 744–45; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.
10. *History of the Church,* 4:538; mula sa isang liham ni Joseph Smith na isinulat sa kahilingan nina John Wentworth at George Barstow, Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Mar.1, 1842, pp. 707–8.
11. *History of the Church,* 3:381 mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hunyo 27, 1839, sa Commerce, Illinois; iniulat ni Willard Richards.
12. Mga Saligan ng Pananampalataya 1:6.
13. Liham ni Joseph Smith kay Isaac Galland, Mar. 22, 1839, Liberty Jail, Liberty, Missouri, inilathala sa *Times and Seasons,* Peb. 1840, p. 53; ginawang makabago ang pagbabantas at pagpapalaki ng mga letra.
14. *History of the Church,* 2:477; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 6, 1837, sa Kirtland, Ohio; iniulat ng *Messenger and Advocate,* Abr. 1837, p. 487.

15. *History of the Church,* 2:200; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa katitikan ng isang council meeting ng Simbahan na idinaos noong Peb. 27, 1835, sa Kirtland, Ohio; iniulat ni Oliver Cowdery.
16. Orson Pratt, *Millennial Star,* Nob. 10, 1869, p. 732.
17. Wilford Woodruff, *Deseret Weekly,* Ago. 30, 1890, p. 306; ginawang makabago ang pagpapalaki ng mga letra.
18. *History of the Church,* 2:202; mula sa "History of the Church" (manuskrito), book B-1, p. 577, Church Archives.
19. *History of the Church,* 2:431–32; mula sa mga tagubiling ibinigay ni Joseph Smith noong Mar. 30, 1836, sa Kirtland, Ohio.
20. *History of the Church,* 2:22; mula sa "The Elders of the Church sa Kirtland, to Their Brethren Abroad," Ene. 22, 1834, inilathala sa *Evening and Morning Star,* Abr. 1834, p. 152.
21. *History of the Church,* 4:540; mula sa isang liham ni Joseph Smith na isinulat sa kahilingan nina John Wentworth at George Barstow, Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Mar. 1, 1842, p. 709.
22. *History of the Church,* 2:268; nasa orihinal ang huling salitang naka-bracket; ginawang makabago ang pagbabantas, pagpapalaki ng mga letra, at gramatika; mula sa isang liham ni Joseph Smith sa mga elder ng Simbahan, Dis. 1835, Kirtland, Ohio, inilathala sa *Messenger and Advocate*, Dis. 1835, p. 227.
23. Doktrina at mga Tipan 109:72–76; panalanging inialay ni Joseph Smith noong Mar. 27, 1836, sa paglalaan ng templo sa Kirtland, Ohio.
24. *History of the Church,* 4:609; mula sa "The Temple," isang editoryal na inilathala sa *Times and Seasons,* Mayo 2, 1842, p. 776; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.
25. *History of the Church,* 4:214; mula sa isang ulat ni Joseph Smith at ng kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan, Okt. 4, 1840, Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Okt. 1840, p. 188.
26. Binanggit ni Wilford Woodruff, *Deseret News: Semi-Weekly*, Mar. 20, 1883, p. 1.



*Nangangaral man siya sa mga nakapaligid sa kanya o nagpapadala ng mga misyonero sa iba't ibang panig ng mundo, mahal ni Propetang Joseph Smith ang gawaing misyonero.*

# Magpahayag ng Mabubuting Balita sa Buong Mundo

*"Ang mga kaluluwa ay mahalaga sa paningin ng Diyos noon pa man; at ang mga Elder [ay] . . . dapat hikayatin at anyayahan ang lahat ng tao sa lahat ng dako na magsisi, upang sila ay maging mga tagapagmana ng kaligtasan."*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Matapos maitatag ang Simbahan noong Abril 6,1830, patuloy na ipinahayag ni Joseph Smith ang mabubuting balita ng ebanghelyo. Sa buong buwan ng Abril, naglakbay siya sa Colesville, New York, para bisitahin ang kaibigan niyang si Joseph Knight Sr., na naging interesado sa ebanghelyo kasama ang pamilya. Nagdaos ng mga pulong sa komunidad ang Propeta, at "marami ang nagsimulang magdasal nang taimtim sa Makapangyarihang Diyos, na bigyan Niya sila ng karunungang maunawaan ang katotohanan."[1] Pagkaraan ng mga dalawang buwan, sa ikalawang pagbisita sa Colesville, natuklasan ng Propeta na nais nang magpabinyag ng ilang taong nakarinig na ng ebanghelyo. Para sa mga bagong nagbalik-loob na ito, kinailangan ng pananampalataya at tapang na tanggapin ang ebanghelyo, tulad ng itinala ng Propeta:

"Nagtalaga kami ng pulong para sa araw ng Sabbath, at noong kinahapunan ng Sabado nagtayo kami ng saplad [dam] patawid ng isang sapa, na malapit lamang, upang doon isagawa ang ordenansa ng binyag; ngunit kinagabihan nagtipon ang mga mandurumog at tinibag ang saplad, kaya hindi kami nakapagbinyag sa araw ng Sabbath. . . . Pagsapit ng Lunes maaga pa'y kumilos na kami, at bago pa namalayan ng aming mga kaaway ang aming ginagawa, nakumpuni na namin ang saplad, at nabinyagan ni

Oliver Cowdery ang labintatlong tao, sina: Emma Smith, Hezekiah Peck at maybahay; Joseph Knight, Sen., at maybahay; William Stringham at maybahay; Joseph Knight, Jun.; Aaron Culver at maybahay; Levi [Hall]; Polly Knight; at Julia Stringham."[2]

Noong taglagas na iyon, inihayag ng Panginoon kay Joseph Smith na sina Oliver Cowdery, Peter Whitmer Jr., Parley P. Pratt, at Ziba Peterson ay kailangang "magtungo sa mga Lamanita at mangaral ng aking ebanghelyo sa kanila" (D at T 28:8; 30:5–6; 32:1–3). Naglakbay ng mga 2,400 kilometro ang mga misyonerong ito, habang nangangaral nang kaunti sa iba't ibang tribo ng mga Indian, kabilang na ang Seneca sa New York, ang Wyandot sa Ohio, at ang Delaware at Shawnee sa teritoryo ng India. Gayunman, ang pinakamalaking tagumpay ng mga misyonero ay nangyari nang tumigil sila sa pook ng Kirtland, Ohio. Doon ay nakapagbinyag sila ng mga 130 tao, na karamihan ay mga miyembro ng Reformed Baptist ni Sidney Rigdon, kaya nabuksan ang lugar na pagtitipunan ng daan-daang miyembro ng Simbahan nang sumunod na taon. Nakapagbinyag din ang mga misyonero ng ilang naninirahan sa Jackson County, Missouri, kung saan itatatag kalaunan ang lungsod ng Sion.

Nangangaral man siya sa mga nakapaligid sa kanya o nagpapadala ng mga misyonero sa iba't ibang panig ng mundo, mahal ni Propetang Joseph Smith ang gawaing misyonero. Itinala ni Elder Parley P. Pratt ang sumusunod na karanasan niya noong 1839: "Habang bumibisita kami ni Brother Joseph sa Philadelphia, [Pennsylvania,] isang napakalaking simbahan ang binuksan para makapangaral siya, at mga tatlong libong tao ang nagtipon para makinig sa kanya. Unang nagsalita si Brother Rigdon, at tinalakay ang Ebanghelyo, na ipinaliliwanag ang kanyang doktrina sa pamamagitan ng Biblia. Pagkatapos niya, tumindig si Brother Joseph na parang leong handang umungol; at dahil puspos ng Espiritu Santo, makapangyarihan siyang nagsalita, na pinatototohanan ang mga pangitaing kanyang nakita, ang paglilingkod ng mga anghel na naranasan niya; at kung paano niya natagpuan ang mga lamina ng Aklat ni Mormon, at isinalin ito sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos. Nagsimula siya sa pagsasabing: 'Kung wala nang ibang

maglalakas-loob na magpatotoo sa maluwalhating mensahe mula sa Langit, at sa pagkatagpo sa maluwalhating talaan, naisip kong ako na lamang ang gagawa nito para sa mga tao , at bahala na ang Diyos kung tatanggapin ninyo ito.'

"Namangha ang buong kongregasyon; nag-alab ang damdamin, at napuspos sa nadamang katotohanan at kapangyarihan ng kanyang pananalita, at sa mga hiwagang kanyang isinalaysay. Hindi nila malimutan ang kanilang naranasan; maraming kaluluwang natipon sa kawan. At pinatototohanan ko, na dahil sa kanyang tapat at malakas na patotoo, napalis niya ang kanilang dugo sa kanyang kasuotan. Maraming taong nabinyagan sa Philadelphia at mga rehiyon sa paligid."[3]

## Mga Turo ni Joseph Smith

### Dahil nasa espirituwal na kadiliman ang mundo, kailangan tayong maging masigasig sa pangangaral ng ebanghelyo.

*Noong 1834, ipinadala ni Joseph Smith at ng iba pang mga elder ng Simbahan sa Kirtland ang sumusunod na liham sa mga miyembro sa ibang mga lugar:* "Bagaman madalas kaming makipag-ugnayan sa inyo, naniniwala kami na tatanggapin ninyo ito bilang mga kapatid; at mula sa amin na mga kapatid ninyong hindi karapat-dapat, tulutan ninyong hikayatin namin ang inyong mga puso, habang nakikita ninyo ang lawak ng kapangyarihan at impluwensya ng prinsipe ng kadiliman, at tantuhin kung gaano karaming tao ang mamamatay nang hindi naririnig kailanman ang masayang himig ng Ebanghelyo ng ating Panginoong Jesucristo.

"Pag-isipan sandali, mga kapatid, ang katuparan ng mga salita ng propeta; sapagkat nakikita namin na nalulukuban ng kadiliman ang mundo at ng lubos na kadiliman ang mga isipan ng mga naninirahan dito [tingnan sa Isaias 60:2], na dumarami ang lahat ng uri ng krimen sa mga tao; nalululong sila sa masasamang bisyo; nakikita namin ang bagong henerasyon na lumalaking mapagmalaki at mayayabang; ang matatandang nawawalan ng paniniwala, at tila unti-unting nalilimutan na darating ang araw ng paghuhukom; ang kawalan ng pagpipigil sa sarili, imoralidad,

kabulagsakan, kapalaluan, kabulagan ng puso, pagsamba sa diyus-diyusan, kawalan ng likas na pagmamahal, kamunduhan, at pagwawalang-bahala sa mga bagay na walang hanggan na nag-iibayo sa mga nagkukunwaring naniniwala na may langit, at dahil dito ay laganap ang kawalan ng paniniwala; mga taong gumagawa ng mga bagay na ubod ng sama at kaimbihan, lapastangan, mapanlinlang, mapanira ng reputasyon ng kapwa, magnanakaw, mamamatay-tao, kunsintidor ng kamalian at sumasalungat sa katotohanan, tumatalikod sa tipan ng langit, at nagtatatwa sa pananampalataya kay Jesus—at sa gitna ng lahat ng ito, papalapit na ang araw ng Panginoon kung kailan wala ni isa maliban sa yaong mga nakadamit para sa kasalan ang tutulutang kumain at uminom sa harapan ng Kasintahang Lalaki, ang Prinsipe ng Kapayapaan!

"Sa paghanga sa katotohanan ng mga bagay na ito, ano kaya ang nadarama ng mga nakibahagi sa kaloob na ito ng langit at nakatikim ng mabuting salita ng Diyos at ng mga kapangyarihan ng mundong darating? [Tingnan sa Mga Hebreo 6:4–5.] Sino pa kundi yaong mga nakakakita ng mapanganib na katayuan ng sangkatauhan sa henerasyong ito, ang makagagawa sa ubasan ng Panginoon nang hindi nararamdaman ang nakalulunos na kalagayan ng daigdig? Sino pa kundi yaong mga angkop na pinagisipan ang pagpapakaaba ng Ama ng ating mga espiritu sa paglalaan ng sakripisyo para sa Kanyang mga nilikha—isang plano ng pagtubos, isang kapangyarihan ng pagbabayad-sala, isang plano ng kaligtasan, na ang mga dakilang layunin ay ibalik ang mga tao sa piling ng Hari ng langit, putungan sila sa kaluwalhatiang selestiyal, at gawin silang mga tagapagmana kasama ng Anak sa pamanang iyon na hindi masisira, walang bahid-dungis, at hindi kumukupas [tingnan sa I Ni Pedro 1:4]—sino pa kundi yaong mga makatatanto ng kahalagahan ng sakdal na pag-uugali sa harap ng lahat ng tao, at masigasig sa pagtawag sa lahat ng tao na makibahagi sa mga pagpapalang ito? Di-maipaliwanag ang kaluwalhatian ng mga bagay na ito sa sangkatauhan! Tunay ngang maituturing ang mga ito na mabubuting balita ng malaking kagalakan sa lahat ng tao; at mga balita ring nararapat pumuno sa mundo at magpasaya sa puso ng bawat taong makaririnig nito."[4]



*Pinayuhan ni Propetang Joseph Smith ang mga Banal na anyayahan ang lahat ng tao na makibahagi sa mga pagpapala ng ebanghelyo. "Di-maipaliwanag ang kaluwalhatian ng mga bagay na ito sa sangkatauhan!"*

"Bago pa man matapos magbabala ang mga tagapaglingkod ng Diyos sa lahat ng bansa ng mga Gentil, magsisimula nang lipulin ng mapangwasak na anghel ang mga naninirahan sa daigdig, at tulad ng sabi ng propeta, 'magiging kakila-kilabot na marinig ang balita.' [Tingnan sa Isaias 28:19.] Ganito akong magsalita dahil naaawa ako sa aking kapwa; ginagawa ko ito sa pangalan ng Panginoon, dahil naantig ako ng Banal na Espiritu. Ah, kung masasagip ko lamang sila sa pagdurusa, na nakikita kong kinasasadlakan nila, dahil sa kanilang mga kasalanan; sana ay magawa kong balaan sila, upang ako ay maging kasangkapan sa pag-akay sa kanila sa tapat na pagsisisi, nang sila ay magkaroon ng pananampalatayang makatagal sa araw na masama!"[5]

"Nawa'y bigyan tayo ng Diyos ng lakas na maisakatuparan ang ating mga sumpa at tipan sa isa't isa, nang buong katapatan at kabutihan sa Kanyang harapan, nang ang ating impluwensya ay madama ng mga bansa sa mundo, sa matinding kapangyarihan, maging sa pagwasak ng mga kaharian ng kadiliman, at magtagumpay laban sa huwad na pagkasaserdote at espirituwal na kasamaan sa mga dakong kaitaasan, at durugin ang lahat ng kahariang salungat sa kaharian ni Cristo, at palaganapin ang

liwanag at katotohanan ng walang hanggang Ebanghelyo mula sa mga ilog hanggang sa mga [dulo ng mundo]."[6]

*Ginunita ni Wilford Woodruff, ang ikaapat na Pangulo ng Simbahan, ang sumusunod na mga salita ni Propetang Joseph Smith:* "Ang daigdig ay puno ng kadiliman. Nangingibabaw ang kasalanan at kasamaan sa mundo na gaya ng tubig na tumatakip sa dagat. Napakalawak ng impluwensya ng diyablo. Kakalabanin kayo ng mundo; gayundin ng diyablo, ng daigdig, at ng impiyerno. Subalit . . . kailangan ninyong ipangaral ang Ebanghelyo, gawin ang inyong tungkulin, at papatnubayan kayo ng Panginoon. Hindi mananaig ang daigdig at impiyerno laban sa inyo."[7]

---

## Tungkulin nating anyayahan ang sanlibutan na magsisi, magpabinyag, tumanggap ng Espiritu Santo, at maging mga tagapagmana ng kaligtasan.

"Naniniwala kami na ito ang ating tungkulin—ang ituro sa buong sangkatauhan ang doktrina ng pagsisisi, na sisikapin naming ipakita sa sumusunod na mga sipi:

" 'Nang magkagayo'y binuksan niya ang kanilang mga pagiisip, upang mapagunawa nila ang mga kasulatan, at sinabi niya sa kanila, Ganyan ang pagkasulat, na kinakailangang maghirap ang Cristo, at magbangong muli sa mga patay sa ikatlong araw: at ipangaral sa kaniyang pangalan ang pagsisisi at pagpapatawad ng mga kasalanan sa lahat ng mga bansa, magbuhat sa Jerusalem' [Lucas 24:45–47].

"Sa pamamagitan nito nalalaman natin na kinailangang magdusa si Cristo, at ipako sa krus, at magbangong muli sa ikatlong araw, para sa natatanging layunin na ipangaral ang pagsisisi at pagpapatawad ng mga kasalanan sa lahat ng bansa.

" 'At sinabi sa kanila ni Pedro, Mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang bawa't isa sa inyo sa pangalan ni Jesucristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan at tatanggapin ninyo ang kaloob na Espiritu Santo. Sapagka't sa inyo ang pangako, at sa inyong mga anak, at sa lahat ng nangasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Dios sa kaniya' [Mga Gawa 2:38–39].

"Sa pamamagitan nito nalalaman natin na ang Espiritu Santo ay ipinangako sa lahat ng tuturuan ng doktrina ng pagsisisi, na ipangangaral sa lahat ng bansa. . . . Samakatwid naniniwala kami sa pangangaral ng doktrina ng pagsisisi sa buong mundo, kapwa sa matanda at bata, mayaman at mahirap, alipin at malaya."[8]

"Ang mga kaluluwa ay mahalaga sa paningin ng Diyos mula pa noon; at ang mga Elder [ay] . . . dapat hikayatin at anyayahang magsisi ang lahat ng tao sa lahat ng dako, upang sila ay maging mga tagapagmana ng kaligtasan. Ito ay kalugud-lugod na taon ng Panginoon: palayain ang mga bihag nang sila ay makaawit ng hosana [tingnan sa Isaias 6:1–2]."[9]

"Tungkulin ng Elder na buong tapang na manindigan para sa adhikain ni Cristo, at magkaisang balaan [ang] mga tao na magsisi at magpabinyag para sa kapatawaran ng mga kasalanan, at para sa Espiritu Santo."[10]

"Sasabihin ko sa inyo ang hinihingi ng Panginoon na gawin ng lahat ng tao, mataas at mababa, mayaman at mahirap, lalaki at babae, mga ministro at mga tao, yaong naniniwala sa relihiyon at yaong hindi, upang lubos nilang matamasa ang Banal na Espiritu ng Diyos at maligtasan ang mga kahatulan ng Diyos, na halos handa nang dumating sa mga bansa ng mundo. Magsisi sa lahat ng kasalanan ninyo, at mabinyagan sa tubig para sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo, at tanggapin ang ordenansa ng pagpapatong ng mga kamay ng taong naorden at nabuklod sa kapangyarihang ito, upang matanggap ninyo ang Banal na Espiritu ng Diyos; at ito ay alinsunod sa mga Banal na Kasulatan, at sa Aklat ni Mormon; at ang tanging paraan para makapasok ang tao sa kahariang selestiyal. Ito ang mga hinihingi ng bagong tipan, o mga unang alituntunin ng Ebanghelyo ni Cristo."[11]

"Hinihingi sa lahat ng tao, na magkaroon ng pananampalataya sa Panginoong Jesucristo; magsisi sa lahat ng kasalanan nila at mabinyagan (ng isang may awtoridad) sa pangalan ni Jesucristo para sa kapatawaran ng mga kasalanan, at mapatungan ng mga kamay sa kanilang ulunan para sa kaloob na Espiritu Santo, upang sila ay maging miyembro ng Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw."[12]

**Ang mga tagapaglingkod ng Panginoon ay naglalakbay sa buong mundo para makita ang mga taong handang tanggapin ang ebanghelyo ni Jesucristo.**

"Magpadala ng isang tao sa Central America at sa lahat ng bansang nagsasalita ng Espanyol; at huwag hayaang mawalan ng misyon kahit saang sulok ng mundo."[13]

"Hindi namin ipinatatapon sa mga tao ang anumang mabuti sa kanila; hinihiling lang naming sumama sila at dagdagan pa ito. Paano kung yakapin ng buong mundong ito ang Ebanghelyong ito? Kung magkagayo'y magkakaunawaan sila, at ang mga pagpapala ng Diyos ay ibubuhos sa mga tao, na siyang hangad ng buo kong kaluluwa."[14]

"Libu-libong nakarinig sa Ebanghelyo ang naging masunurin dito, at nagagalak sa mga kaloob at pagpapalang ito. Ang mga maling palagay, pati na ang kasamaang kasunod nito, ay pinahihina ng kaaya-aayang impluwensya ng katotohanan, na unti-unti nang nadarama sa malalayong bansa. . . . Noon ay itinuring tayong manlilinlang at sinabihang ang 'Mormonismo' ay lilipas, maglalaho, at malilimutan. Ngunit lipas na ang panahon na itinuring itong isang bagay na hindi magtatagal, o isang bula lamang sa alon, at ngayon ay malalim na itong nakatimo sa puso at damdamin ng lahat ng yaong sapat ang dangal ng isipan para isantabi ang mga maling palagay na itinuro sa kanila, at siyasatin ang paksa nang tahasan at may katapatan."[15]

"Ang ilan sa Labindalawa at iba pa ay nakapagsimula nang maglakbay sa Europa [noong Setyembre 1839], at inaasahan namin na susunod na ang natitira pang tinawag sa misyong iyon sa loob ng ilang araw. . . . Ang gawain ng Panginoon ay sumusulong sa kalugud-lugod na paraan, kapwa ngayon at noon. Sa England kamakailan lamang ay daan-daan ang nadagdag sa ating bilang; ngunit nagkagayon ito dahil si 'Ephraim [ay] nakikisalamuha sa mga bayan' [Oseas 7:8]. At sinabi ng Tagapagligtas, 'Dinirinig ng aking mga tupa ang aking tinig' [Juan 10:27]; at gayundin, "Ang nakikinig sa inyo, ay sa akin nakikinig' [Lucas 10:16]; at, 'Narito, aking dadalhin sila mula sa lupaing hilagaan, at pipisanin ko sila mula sa mga kahuli-hulihang bahagi ng lupa'

[Jeremias 31:8]. At tulad ng tinig na narinig ni Juan na nagsasabing, 'Mangagsilabas kayo sa kaniya, bayan ko' [Apocalipsis 18:4], kailangang maisakatuparan itong lahat; nang ang mga tao ng Panginoon ay mabuhay kapag "naguho, naguho ang dakilang Babilonia [Apocalipsis 18:2]."[16]

*Sa isang liham na isinulat sa Liberty Jail noong Marso 1839, ipinahayag ni Propetang Joseph Smith ang sumusunod, na kalaunan ay itinala sa Doktrina at mga Tipan 123:12:* "Sapagkat marami pa sa mundo sa lahat ng pangkat, grupo, at sekta, na binubulag ng pandaraya ng mga tao, kung saan sila ay naghihintay upang manlinlang, at na napagkakaitan lamang ng katotohanan sapagkat hindi nila alam kung saan ito matatagpuan."[17]

## Mga Mungkahi para sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Repasuhin ang ikalawa at ikatlong talata sa mga pahina 173–74. Bakit kailangan ng tapang kung minsan para maibahagi natin ang ating patotoo tungkol sa Pagpapanumbalik at sa Aklat ni Mormon? Paano tayo magtataglay ng ganoong katapangan?
- Inilarawan ni Joseph Smith ang espirituwal na kadiliman ng daigdig; pagkatapos ay nagpatotoo siya tungkol sa "mabubuting balita" ng ipinanumbalik na ebanghelyo (mga pahina 175–78). Paano tayo mabibigyang-inspirasyon ng dalawang kaisipang ito na buksan natin ang ating mga bibig at ibahagi ang ebanghelyo?
- Basahin ang unang buong talata sa pahina 178. Kailan kayo pinatnubayan ng Panginoon sa mga pagsisikap ninyo sa misyon?
- Pag-isipan ang mga talata sa banal na kasulatan na binanggit ni Joseph Smith upang paalalahanan tayo sa ating tungkuling ituro ang ebanghelyo sa buong sangkatauhan (mga pahina 178–79). Isipin o talakayin kung ano ang magagawa ninyo at ng inyong pamilya para maibahagi ang ebanghelyo sa iba.

- Basahin ang ikalawang talata sa pahina 179, kung saan binanggit ng Propeta ang gawaing misyonero bilang isang pagsisikap na mapalaya ang mga bihag. Sa anong mga paraan maituturing na mga bihag ang ilang tao? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 175–78. Sa anong mga paraan sila mapapalaya ng mga unang alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo?
- Repasuhin ang paanyaya ng Propeta sa ikalawang talata sa pahina 180. Paano mahihikayat ng paanyayang ito ang mga tao na pag-aralan ang ipinanumbalik na ebanghelyo? Repasuhin ang ikatlong talata sa pahina 180 at ang huling talata ng kabanata. Ano ang magagawa natin para matulungan ang mga tao na "isantabi ang [kanilang] maling palagay tungkol sa Simbahan? Paano natin maipaaalam sa mga tao kung saan matatagpuan ang katotohanan sa pamamagitan ng ating mga kilos?
- Anong mga pagpapala na ang dumating sa buhay ninyo bunga ng inyong mga pagsisikap na ipahayag ang ebanghelyo?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Marcos 16:15–20; 2 Nephi 2:8; Alma 26:1–9, 26–37; D at T 42:6–9, 11–14; 88:77–83

## *Mga Tala*

1. *History of the Church,* 1:81; mula sa "History of the Church" (manuskrito), book A-1, pp. 39–40, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.
2. *History of the Church,* 1:86–88; ginawang makabago ang pagbabantas; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa "History of the Church" (manuskrito), book A-1, pp. 42–43, Church Archives.
3. Parley P. Pratt, *Autobiography of Parley P. Pratt,* ed. Parley P. Pratt Jr. (1938), pp. 298–99; ginawang makabago ang pagpapalaki ng mga letra.
4. *History of the Church,* 2:5–6; ginawang makabago ang pagbabantas; mula sa "The Elders of the Church in Kirtland, to Their Brethren Abroad," Ene. 22, 1834, inilathala sa *Evening and Morning Star,* Peb. 1834, p. 135.
5. *History of the Church,* 2:263; mula sa isang liham ni Joseph Smith sa mga elder ng Simbahan, Nob. 1835, Kirtland, Ohio, inilathala sa *Messenger and Advocate,* Nob. 1835, p. 211.
6. *History of the Church,* 2:375; mula sa katitikan ng isang council meeting ng Unang Panguluhan at ng Labindalawa na idinaos noong Ene. 16, 1836, sa Kirtland, Ohio; iniulat ni Warren Parrish.
7. Binanggit ni Wilford Woodruff, *Deseret News,* Hulyo 30, 1884, p. 434.
8. *History of the Church,* 2:255–56; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang liham ni Joseph Smith sa mga elder ng Simbahan, Set. 1835, Kirtland, Ohio, inilathala sa *Messenger and Advocate,* Set. 1835, pp. 180–81.

9. *History of the Church,* 2:229, talababa; mula sa "To the Saints Scattered Abroad," *Messenger and Advocate,* Hunyo 1835, p. 138.
10. *History of the Church,* 2:263; mula sa isang liham ni Joseph Smith sa mga elder ng Simbahan, Nob. 1835, Kirtland, Ohio, inilathala sa *Messenger and Advocate,* Nob. 1835, p. 211.
11. *History of the Church,* 1:314–15; mula sa isang liham ni Joseph Smith kay N. C. Saxton, Ene. 4, 1833, Kirtland, Ohio; mali ang naibigay na pangalan ni Ginoong Saxton na "N. E. Seaton" sa *History of the Church.*
12. Tugon ng editor sa liham na galing kay Richard Savary, *Times and Seasons,* Mar. 15, 1842, p. 732; binago ang pagpapalaki ng mga letra; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.
13. *History of the Church,* 5:368; mula sa mga tagubiling ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 19, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Willard Richards.
14. *History of the Church,* 5:259; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Ene. 22, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Wilford Woodruff.
15. *History of the Church,* 4:336–37; binago ang pagbabaybay; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang ulat ni Joseph Smith at ng kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan, Abr. 7, 1841, Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Abr. 15, 1841, p. 384.
16. *History of the Church,* 4:8–9; ginawang makabago ang pagbabantas; mula sa isang liham ni Joseph Smith kay Isaac Galland, Set. 11,1839, Commerce, Illinois.
17. Doktrina at mga Tipan 123:12; isang liham ni Joseph Smith at ng iba pa kay Edward Partridge at sa Simbahan, Mar. 20, 1839, Liberty Jail, Liberty, Missouri.



*Noong Pebrero 1831, dumating si Joseph Smith sa Kirtland, Ohio, lumakad papuntang tindahan ni Newel K. Whitney, at sinabi,"'Ako si Joseph, ang Propeta. . . . Nanalangin kang pumarito ako; ano ngayon ang ninanais mo mula sa akin?"*

# Pagsunod: "Kapag Inutos ng Panginoon, Gawin Ito"

*"Mamuhay na mahigpit na sumusunod sa mga utos ng Diyos, at magpakumbaba sa Kanyang harapan."*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Mula Disyembre 1827 hanggang Agosto 1830, tumira sina Joseph at Emma Smith sa Harmony, Pennsylvania, at paminsan-minsan ay naglalakbay papuntang New York ang Propeta upang asikasuhin ang mga gawain ng Simbahan. Noong Setyembre 1830, lumipat sa Fayette, New York, sina Joseph at Emma, upang sumama sa mga Banal na naninirahan sa kanluraning New York. Noong sumunod na Disyembre, tumanggap ng paghahayag ang Propeta na kailangang magsakripisyo nang husto ng mga miyembro ng Simbahan. Kailangan nilang lisanin ang kanilang mga tahanan, bukirin, at negosyo at magtipon sa Kirtland, Ohio (tingnan sa D at T 37). Doon ay makakasama nila ang mga miyembrong naninirahan sa pook na iyon upang itayo ang Simbahan at, tulad ng pangako ng Panginoon, "[mapagkalooban] ng kapangyarihan mula sa kaitaasan" (D at T 38:32). Kabilang sina Joseph at Emma Smith sa mga unang sumunod sa utos ng Panginoon, at nilisan ang New York noong katapusan ng Enero 1831. Naglakbay sila ng mahigit 400 kilometro sakay ng karwahe (sleigh), sa gitna ng napakatinding taglamig, at noon ay ipinagbubuntis ni Emma ang kambal.

Ayon sa kuwento ng kanyang apong si Orson F. Whitney, isa si Newel K. Whitney sa mga unang sumalubong sa Propeta: "Noong mga unang araw ng Pebrero 1831, isang karwahe na may sakay na apat na katao ang dumaan sa mga lansangan ng Kirtland at huminto sa tapat ng pintuan ng tindahan ng mga Gilbert at

Whitney. . . . Isa sa mga kalalakihan, na may kabataan at matipunong pangangatawan, ang bumaba, umakyat sa mga baitang, at pumasok sa tindahan kung saan nakatayo ang nakababatang kasosyo.

" 'Newel K. Whitney! Ikaw na nga!' sabi niyang iniaabot ang kamay na para bang matagal at dati na siyang kakilala.

" 'May kalamangan ka sa akin,' sagot ng [bantay sa tindahan], habang wala sa loob na tinanggap ang nakalahad na kamay—na nakalarawan sa mukha ang pagkamangha at pagtataka—'Hindi kita matatawag sa pangalan gaya ng ginawa mo sa akin.'

" 'Ako si Joseph, ang Propeta,' sabi ng dayuhang nakangiti. 'Nanalangin kang pumarito ako; ano ngayon ang ninanais mo mula sa akin?'

"Nagulat si Ginoong Whitney, ngunit nagagalak pa rin, at nang makabawi sa pagkagulat, ay inihatid ang grupo . . . patawid ng kalsada patungo sa kanyang bahay sa kanto, at ipinakilala sila sa kanyang asawa [si Elizabeth Ann]. Nagulat at natuwa rin ito tulad ng kanyang asawa. Isinalaysay ni Joseph ang nangyari doon: 'Malugod kaming tinanggap at pinatuloy sa bahay ni Brother N. K. Whitney. Nakitira kaming mag-asawa sa pamilya ni Brother Whitney nang ilang linggo, at pinakitaan kami ng lahat ng kabaitan at pag-aasikasong maaasahan.' [Tingnan sa *History of the Church,* 1:45–46.]"[1]

Ipinahayag ni Orson F. Whitney: "Sa pamamagitan ng anong kapangyarihan nakilala ng pambihirang taong ito, si Joseph Smith, ang isang taong hindi pa niya kailanman nakita nang harapan? Bakit hindi siya nakilala ni Newel K. Whitney? Iyon ay dahil tagakita si Joseph Smith, isang piling tagakita; totoong nakita niya si Newel K. Whitney sa pagkakaluhod nito, daan-daang kilometro ang layo mula sa kanya, na nananalangin sa kanyang pagpunta sa Kirtland. Kataka-taka—ngunit totoo!"[2]

Pagsapit ng Mayo halos 200 pang mga Banal mula sa New York ang nakarating sa Kirtland—ang ilan ay sakay ng karwahe o bagon, ngunit karamihan ay sakay ng gabara na dumaan sa Erie Canal at pagkatapos ay sumakay ng lantsa o bangkang may layag patawid ng Lake Erie. Sa pagpuntang ito sa Kirtland, tulad ng maraming iba



*"Kapag inutos ng Panginoon, gawin ito," pahayag ni Joseph Smith. Ang batas ng ikapu, tulad ng lahat ng utos ng Panginoon, ay nagdudulot ng mga dakilang pagpapala sa mga sumusunod dito.*

pang mapanghamong pangyayari sa kanyang buhay, pinamunuan ni Joseph Smith ang mga Banal sa pagsunod sa mga utos ng Diyos, gaano man kahirap ang gawain.

Apat na taon kalaunan, sa gitna ng maraming problema tungkol sa pamumuno sa lumalaking Simbahan sa Kirtland, nagpahayag ang Propeta ng pananalig na naglalarawan ng kanyang buhay: "Nobyembre ang pinakaabala kong buwan; pero kahit puno ng mga gawain at tuluy-tuloy na mga responsibilidad ang buhay ko, ginawa ko itong panuntunan: *Kapag inutos ng Panginoon, gawin ito.*"[3]

## Mga Turo ni Joseph Smith

### Kapag hinahangad nating malaman ang kalooban ng Diyos at ginagawa ang lahat ng Kanyang ipinagagawa, ang mga pagpapala ng langit ay mapapasaatin.

Upang magtamo ng kaligtasan hindi lamang natin dapat gawin ang ilang bagay, kundi lahat ng bagay na inutos ng Diyos.

Maaaring ipangaral at kagawian ng mga tao ang lahat maliban sa mga bagay na ipinagagawa sa atin ng Diyos, at maparusahan siya sa huli. Maaari tayong magbigay ng ikapung yerbabuena, at ng ruda, at lahat ng uri ng gulay, ngunit hindi pa rin natin sinusunod ang mga utos ng Diyos [tingnan sa Lucas 11:42]. Layon kong sumunod at turuan ang iba na gawin ang anumang ipinagagawa ng Diyos sa atin. Hindi mahalaga kung popular man o hindi ang alituntunin, lagi kong ipaglalaban ang isang tunay na alituntunin, kahit mag-isa lamang akong naninindigan dito."[4]

"Bilang isang Simbahan at grupo kailangan at angkop na tayo ay maging matalino, at hangarin nating malaman ang kalooban ng Diyos, at maging handang gawin ito; sapagkat 'mapapalad ang nangakikinig ng salita ng Dios, at ito'y ginaganap,' sabi sa mga Banal na Kasulatan. "Magbantay kayo at laging manalangin,' sabi ng Tagapagligtas, 'upang maging marapat kayong makatakas sa mga bagay na mangyayari sa daigdig, at upang makaharap kayo sa Anak ng Tao.' [Tingnan sa Lucas 11:28; 21:36.] Kung sina Enoc, Abraham, Moises, at ang mga anak ni Israel, at lahat ng tao ng Diyos ay naligtas sa pagsunod sa mga utos ng Diyos, tayo, kung maligtas man, ay maliligtas sa gayon ding alituntunin. Tulad ng pagpatnubay ng Diyos kina Abraham, Isaac, at Jacob bilang mga pamilya, at sa mga anak ng Israel bilang isang bansa; tayo man, bilang isang Simbahan, ay dapat magpailalim sa Kanyang patnubay kung gusto nating umunlad, maligtas, at mapalakas. Tanging Diyos lamang ang dapat nating pagtiwalaan; sa Kanya lamang nagmula ang ating tanging talino; at Siya lamang ang dapat nating maging tagapagtanggol at tagapangalaga, sa espirituwal at sa temporal, at kung hindi ay mabibigo tayo.

"Pinarusahan tayo ng Diyos noong nakaraan sa hindi pagsunod sa Kanyang mga utos, bagaman wala tayong sinuway na anumang batas ng tao kailanman, o nilabag na anumang tuntunin ng tao; subalit hindi natin pinahalagahan ang Kanyang mga utos, at tinalikuran natin ang Kanyang mga ordenansa, at labis tayong pinarusahan ng Panginoon, at nadama natin ang Kanyang kapangyarihan at mapakumbabang tinanggap ang parusa; maging matalino tayo sa darating na panahon at laging alalahanin na 'ang pagsunod ay maigi kay sa hain, at ang pagdinig kay sa taba ng mga tupang lalake.' [I Samuel 15:22.]"[5]

"Kapag natagubilinan, dapat nating sundin ang tinig na iyon, sundin ang mga batas ng kaharian ng Diyos, upang ang pagpapala ng langit ay mapasaatin. Lahat ay dapat magkaisa sa pagkilos, o walang anumang magagawa, at dapat kumilos ayon sa sinaunang Priesthood; kaya ang mga Banal ay dapat maging mga taong hirang, malayo sa lahat ng kasamaan ng mundo—hinirang, marangal, at banal. Gagawin ng Panginoon na kaharian ng mga Saserdote, mga taong banal, isang lahing hirang ang Simbahan ni Cristo [tingnan sa Exodo 19:6; 1 Pedro 2:9], tulad noong panahon ni Enoc, taglay ang lahat ng kaloob na inilarawan sa Simbahan sa mga sulat ni Pablo at mga turo sa mga simbahan noong kanyang panahon."[6]

"Maaaring paniwalaan ng sino man na si Jesucristo ay Anak ng Diyos, at maging masaya sa paniniwalang iyan, ngunit hindi naman sinusunod ang kanyang mga utos, at sa huli'y maparusahan dahil sa pagsuway sa matwid na mga hinihingi ng Panginoon."[7]

"Maging marangal at dalisay, maging mga taong may dangal at katapatan; sundin ang mga utos ng Diyos; at nang sa gayon ay higit ninyong maunawaan ang kaibhan ng tama at mali—sa pagitan ng mga bagay ng Diyos at mga bagay ng tao; at ang inyong landas ay magiging tulad ng sa mga makatarungan, na higit na kumikinang hanggang sa sakdal na araw [tingnan sa Mga Kawikaan 4:18]."[8]

*Habang naglilingkod bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, iniulat ni Wilford Woodruff:* "Binasa ni Pangulong Joseph . . . ang talinghaga ng puno ng ubas at mga sanga nito [tingnan sa Juan 15:1–8], at ipinaliwanag ito, at sinabi, "Kung susundin natin ang mga utos ng Diyos, makikinabang tayo at magiging kaibigan ng Diyos, at malalaman ang ginawa ng ating Panginoon.' "[9]

---

### Ang Diyos ay nagbibigay ng mga batas na maghahanda sa atin para sa selestiyal na kapahingahan kung susundin natin ang mga ito.

"Hindi mag-uutos ang Diyos ng anumang bagay, nang hindi iniaangkop ang kautusang iyon para [mapabuti] ang kalagayan

ng bawat tao anuman ang kalagayan niya ngayon. Hindi na mahalaga kung ano mang kaharian o bansa siya naroroon."[10]

"Ang batas ng langit ay inihahayag sa tao, at bilang gayon tinitiyak nito na gagantimpalaan ang lahat ng sumusunod dito nang higit pa sa anumang gantimpala sa mundo; bagaman hindi nito ipinangangako na ang sinumang naniniwala sa alinmang panahon ay maliligtas sa mga paghihirap at suliraning dulot ng masasamang tao sa mundo. Gayunpaman sa kabila ng lahat ng ito may pangako na ibinatay sa katotohanan na ang batas ng Diyos, ay mas mataas sa batas ng tao, dahil nakahihigit ang buhay na walang hanggan kaysa sa buhay sa mundo; at ang mga biyayang maibibigay ng Diyos ay higit kaysa maibibigay ng tao. Kaya, kung may obligasyon ang isang tao na sundin ang kinikilalang batas ng tao, gaano pa kaya nararapat sundin ang batas ng langit! At yamang mas perpekto ang batas ng langit kaysa batas ng tao, higit ang gantimpala kung susundin ito. . . . Ipinangangako ng batas ng Diyos ang buhay na walang hanggan, maging isang lugar sa mismong kanang kamay ng Diyos, ligtas sa lahat ng kapangyarihan ng masama. . . .

". . . Ang Diyos ay naglaan ng panahon, o panahong itinakda ng Kanyang sariling kalooban, kung kailan dadalhin Niya ang lahat ng Kanyang mga tao, na nakinig sa Kanyang tinig at sumunod sa Kanyang mga kautusan, sa Kanyang selestiyal na kapahingahan. Ang kapahingahang ito ay ganap at maluwalhati, kung kaya't ayon sa mga batas ng kahariang iyon, kailangang maghanda ang tao bago siya makapasok dito at matamasa ang mga pagpapala nito. Dahil sa katotohanang ito, nagbigay ang Diyos ng mga batas sa sangkatauhan, na kung susundin, ay sapat na para maihanda sila sa pagtanggap ng kapahingahang ito. Kung gayon, masasabi natin na ito ang layunin ng Diyos sa pagbibigay ng mga batas na ito sa atin. . . . Lahat ng kautusang nakapaloob sa batas ng Panginoon, ay may kaakibat na tiyak na pangako na gagantimpalaan ang lahat ng sumusunod, batay sa katotohanan na ang mga ito ay tunay na ipinangako ng Nilalang na hindi nagsisinungaling, Isang may ganap na kakayahang tuparin ang bawat titik ng Kanyang salita."[11]

*Itinuro ni Joseph Smith ang sumusunod noong Abril 1843, na kalaunan ay itinala sa Doktrina at mga Tipan 130:20–21:* "May isang batas, hindi mababagong utos sa langit bago pa ang pagkakatatag ng daigdig na ito, kung saan ang lahat ng pagpapala ay nakasalalay—at kapag tayo ay nagtatamo ng anumang mga pagpapala mula sa Diyos, ito ay dahil sa pagsunod sa batas kung saan ito ay nakasalalay."[12]

"Lahat ng pagpapala na inorden ng Kapulungan ng Langit para sa tao ay nakasalalay sa pagsunod sa batas na nakapaloob dito."[13]

---

## Yaong matatapat hanggang sa huli ay makatatanggap ng putong na katuwiran.

"Mamuhay na mahigpit na sumusunod sa mga utos ng Diyos, at magpakumbaba sa Kanyang harapan, at ikaw ay Kanyang dadakilain sa Kanyang itinakdang panahon."[14]

"Dapat maging maingat ang mga tao sa kanilang ikinikilos sa mga huling araw, kung hindi sila ay pagkakaitan ng kanilang mga inaasahan, at sila na inaakalang magtatagumpay ay mabibigo, sapagkat hindi nila sinunod ang mga kautusan ng Panginoon; samantalang kayo, na ginagawa ang kagustuhan ng Panginoon at sinusunod ang Kanyang mga kautusan, ay may karapatang magalak sa di maibulalas na kagalakan, sapagkat kayo ay dadakilaing ganap, at matagumpay na iaangat sa lahat ng kaharian sa daigdig na ito."[15]

"Sa ika-22 kabanata ng tala [ni Mateo] tungkol sa Mesiyas, mababasa natin na ang kaharian ng langit ay maitutulad sa isang hari na naghanda ng piging sa kasal ng kanyang anak na lalaki [tingnan sa Mateo 22:2–14]. Hindi mapag-aalinlanganan na ang anak na lalaking ito ay ang Mesiyas, dahil ang kaharian ng langit ay inilalarawan sa talinghaga; at ang mga Banal, o yaong matatapat sa Panginoon, na mga taong matatagpuang marapat na makapagmana ng lugar sa piging ng kasalan, ay malinaw na makikita sa mga sinabi ni Juan sa Apocalipsis kung saan inilalarawan niya ang tinig na kanyang narinig sa langit na tulad ng isang 'tinig ng isang makapal na karamihan,' o gaya ng 'ugong ng malalakas na

kulog na nagsasabi, naghahari ang Panginoong ating Dios na Makapangyarihan sa lahat. Tayo'y mangagalak at mangagsayang mainam, at siya'y ating luwalhatiin; sapagka't dumating ang pagkakasal ng Cordero, at ang kaniyang asawa ay naghahanda na. At sa kaniya'y ipinagkaloob na damtan ang kaniyang sarili ng mahalagang lino, makintab at tunay: sapagka't ang mahalagang lino ay siyang mga matuwid na gawa ng mga [B]anal' [Apocalipsis 19:6–8].

"Na yaong sumusunod sa mga utos ng Panginoon at nagpapamuhay ng Kanyang mga panuntunan hanggang sa huli, at mga tao na tanging pinahihintulutang maupo sa maluwalhating piging na ito, ay malinaw na makikita sa nilalaman ng huling sulat ni Pablo kay Timoteo na isinulat niya bago siya mamatay,—sabi niya: "Nakipagbaka ako ng mabuting pakikipagbaka, natapos ko na ang aking takbo, iningatan ko ang pananampalataya: buhat ngayon ay natataan sa akin ang putong na katuwiran, na ibibigay sa akin ng Panginoon na tapat na hukom sa araw na yaon; at hindi lamang sa akin, kundi sa lahat din naman ng mga naghahangad sa Kaniyang pagpapakita.' [II Kay Timoteo 4:7–8.] Walang sinuman na naniniwala sa salaysay na ito, ang magaalinlangan kahit sandali sa pahayag na ito ni Pablo, dahil alam na niya na mamamatay na siya, bago pa man niya lisanin ang mundong ito. Ayon na rin sa sarili niyang mga salita, inusig niya ang Simbahan ng Diyos at nilipol ito, ngunit matapos paniwalaan ito, walang tigil na niyang pinalaganap ang maluwalhating balita: at tulad ng tapat na kawal, nang hilingang ialay ang kanyang buhay sa layon na kanyang ipinaglalaban, ay inialay ito, tulad ng sabi niya, nang may katiyakan sa walang hanggang putong [na katuwiran].

"Sundan ninyo ang mga ginawa ng Apostol na ito mula nang siya ay magbalik-loob hanggang sa mamatay, at magkakaroon kayo ng magandang halimbawa ng sipag at tiyaga sa pagpapahayag ng Ebanghelyo ni Jesucristo. Nilibak, nilatigo, at binato, nang makatakas sa mga kamay ng mga nang-uusig sa kanya ay masigasig pa rin niyang ipinahayag ang doktrina ng Tagapagligtas. At sa gayo'y malaman ng lahat na hindi niya tinanggap ang paniniwalang ito para mapuri, ni magtamo ng makamundong mga bagay.

Ano, kung gayon, ang naghikayat sa kanya na danasin ang lahat ng paghihirap na ito? Tulad ng kanyang sinabi, ito ay upang makamtan niya ang putong na katuwiran mula sa kamay ng Diyos. Inaasahan namin na walang sinuman na mag-aalinlangan sa katapatan ni Pablo hanggang sa huli. Walang magsasabi na hindi niya iningatan ang pananampalataya, na hindi siya nakibaka ng mabuting pakikibaka, na hindi siya nangaral at naghikayat hanggang sa huling sandali ng kanyang buhay. At ano ang kanyang matatanggap? Isang putong na katuwiran. . . .

"Pag-isipan ninyo sandali, mga kapatid, at itanong, maituturing ba ninyong karapat-dapat ang inyong sarili na magkaroon [ng] luklukan sa piging ng kasal, kasama si Pablo at ang iba pang tulad niya, kung hindi kayo naging tapat? Kung hindi kayo nakibaka ng mabuting pakikibaka, at hindi ninyo iningatan ang pananampalataya, makakaasa ba kayong makatanggap ng pagpapalang natamo ni Pablo? Kayo ba ay pinangakuang makatanggap ng putong na katuwiran mula sa kamay ng Panginoon, sa Simbahan ng Panganay? Dito ay nauunawaan natin na umasa si Pablo kay Cristo, dahil iningatan niya ang pananampalataya, at naghangad ng kanyang pagpapakita at mula sa Kanyang kamay ay pinangakuang siya ay tatanggap ng putong na katuwiran. . . .

". . . Ang mga sinaunang tao, bagaman inusig at pinarusahan ng mga tao, ay nagtamo mula sa Diyos ng mga pangako na may gayong kahalagahan at kaluwalhatian, kung kaya't ang ating mga puso ay malimit mapuno ng pasasalamat at tayo ay napahihintulutan pang malaman ang kanilang mga naging buhay habang pinagninilay natin na hindi nagtatangi ang Diyos ng mga tao, at na sa bawat bansa, yaong may takot sa Diyos at gumagawa ng katuwiran, ay kalugud-lugod sa Kanya [tingnan sa Mga Gawa 10:34–35]. . . .

"Sa huli'y masasabi natin na darating ang araw na ang lahat ay hahatulan sa kanilang mga gawa, at magagantimpalaan ayon din sa kanilang mga gawa; na ang mga yaon na iningatan ang pananampalataya ay mapuputungan ng putong na katuwiran; madaramitan ng puting kasuotan; matatanggap sa piging ng kasal; mapalalaya sa lahat ng paghihirap, at maghaharing kasama ni Cristo sa mundo, kung saan, ayon sa sinaunang pangako, ay



*Nagpapatotoo si Pablo sa harapan ni Haring Agrippa. "Walang sinuman," sabi ni Joseph Smith, "na mag-aalinlangan sa katapatan ni Pablo hanggang sa huli. . . . At ano ang kanyang matatanggap? Isang putong na katuwiran."*

makikibahagi sila ng bunga ng bagong puno ng ubas sa maluwalhating kaharian kasama Niya; kahit paano'y nalaman natin na ipinangako ang mga iyon sa sinaunang mga Banal. At bagaman hindi natin maaangkin ang mga pangakong ito sa mga sinauna, sapagkat hindi naman atin ang mga ito, dahil ang mga ito ay ipinangako sa sinaunang mga Banal, kung tayo ay mga anak ng Kataastaasan, at natawag sa tungkuling siya ring ibinigay sa kanila, at tinanggap ang tipang kanila ring tinanggap, at tapat sa patotoo sa ating Panginoon na tulad nila, malalapitan natin ang Ama sa pangalan ni Cristo tulad ng paglapit nila sa Kanya, at matatanggap ang gayunding mga pangako.

"Ang mga pangakong ito, kung atin mang matamo, ay hindi dahil sina Pedro, Juan, at iba pang mga Apostol . . . ay namuhay nang may takot sa Diyos at may kapangyarihan at pananampalatayang magtagumpay at matamo ang mga ito; kundi dahil tayo mismo ay may pananampalataya at lumalapit sa Diyos sa pangalan ng Kanyang Anak na si Jesucristo, katulad nila; at kapag natamo ang mga pangakong ito, ito ay mga pangakong talagang atin, o ang mga ito ay mawawalan ng kabuluhan sa atin. Ibibigay ang mga ito para sa ating kapakinabangan, dahil ito ay atin (sa pamamagitan ng kaloob ng Diyos), na natamo dahil sa ating kasigasigang sundin ang Kanyang mga utos, at mamuhay nang matwid sa Kanyang harapan."[16]

"Ipaaalala namin sa inyo, mga kapatid, ang mga kapaguran, pagsubok, kasalatan, at pag-uusig, na tiniis ng mga sinaunang banal para lamang hikayatin ang mga tao na mabuti at wasto ang sumampalataya kay Cristo, kung sa aming palagay ay kailangan pa ito, o kung makatutulong ito sa anumang paraan na maganyak kayong magtrabaho sa ubasan ng Panginoon nang may higit na kasigasigan. Ngunit may dahilan tayo para maniwala (kung ginawa ninyong sapat na bahagi ng inyong pag-aaral ang mga banal na Kasulatan), na ang kanilang pagsusumigasig ay batid ninyong lahat; na sila man ay handa ring isakripisyo ang mga papuri at kasiyahan ng mundong ito, nang magtamo sila ng katiyakan na sila ay mapuputungan ng putong ng buhay mula sa kamay ng ating Panginoon; at ang kanilang napakagandang halimbawa sa pagtatrabaho, na ang kasiglahan ay nakikita sa adhikaing kanilang itinataguyod, ay araw-araw ninyong sinisikap na tularan. At umaasa kami na hindi lamang ang mga halimbawang ito ng mga Banal, kundi pati na ang mga utos ng ating Panginoon, ang pahahalagahan ninyo sa inyong puso, na itinuturo sa inyo, hindi lamang ang Kanyang kagustuhang ipahayag ang Ebanghelyo, kundi ang Kanyang kaamuan at sakdal na asal sa kanilang harapan, maging sa mga pagkakataong iyon ng matinding pag-uusig at pang-aabuso na ibinunton sa Kanya ng isang henerasyong masama at mapangalunya.

"Alalahanin, mga kapatid, na kayo ay Kanyang tinawag sa kabanalan; at kailangan ba naming sabihin, na maging katulad Niya sa

kadalisayan? Kung gayon kayo ay dapat maging matalino, banal; malinis ang puri, at sakdal sa Kanyang paningin; at alalahanin din, na ang Kanyang mga mata ay laging nakatuon sa inyo. Kung iisipin ang mga katotohanang ito sa wastong pag-unawa, hindi maaaring hindi ninyo ito mahiwatigan, na kung hindi ninyo mahigpit na susundin ang lahat ng banal na ipinagagagawa Niya sa inyo, sa huli'y matatagpuan kayong kulang sa katuwiran; at kung mangyari iyon, tatanggapin ninyo, na ang inyong tadhana ay matutulad sa mga aliping walang pakinabang. Kung gayon, mga kapatid, isinasamo namin sa inyo na magpakahusay sa lahat ng ipinagagawa sa inyo, para hindi mawala sa inyo ang inyong gantimpala."[17]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Basahin ang unang buong talata sa pahina 187, na nakatuon sa panuntunang sinunod ni Joseph Smith sa kanyang buhay. Isipin ang ilang partikular na bagay na natanggap ninyo kamakailan, sa pamamagitan ng mga salita ng buhay na propeta o mga paramdam ng Espiritu Santo. Paano kayo napagpala nang sundin ninyo ang mga utos na ito nang walang pag-aatubili?
- Repasuhin ang huling talata sa pahina 187. Bakit kailangan natin kung minsan na "mag-isang manindigan" para "maipaglaban ang isang tunay na alituntunin"? Sa anong mga paraan tayo *hindi* nag-iisa sa gayong mga pagkakataon? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 187–89.) Paano natin matutulungan ang mga bata at kabataan na manatiling tapat sa mga alituntunin ng ebanghelyo kahit hindi ito madaling tanggapin?
- Pag-aralan ang bahaging nagsisimula sa pahina 189. Ano ang mga dahilan kaya tayo binibigyan ng Diyos ng mga utos? Bakit natin kailangang sundin ang Kanyang mga utos?
- Repasuhin ang mga turo ni Joseph Smith tungkol sa Mateo 22:2–14 at II Kay Timoteo 4:7–8 (mga pahina 191–96).

Pag-isipan kung ano ang madarama ninyo kapag natanggap kayo sa piging ng kasal. Anong klaseng mga tao tayo dapat upang maging karapat-dapat na matanggap? Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng makibaka ng mabuting pakikibaka at ingatan ang pananampalataya? Isipin ang isang taong kilala ninyo na nakibaka ng mabuting pakikibaka at iningatan ang pananampalataya. Ano ang matututuhan ninyo sa taong ito?

- Hinikayat tayo ni Propetang Joseph na alalahanin na ang Panginoon ay "tinawag [tayo] sa kabanalan" (pahina 196) Ano ang kahulugan sa inyo ng matawag sa kabanalan? Paano magbibigay ng kaibhan sa ating buhay ang pag-alala sa "tungkuling" ito? sa buhay ng ating mga kapamilya at kaibigan?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Exodo 20:1–17; Juan 7:17; 1 Nephi 3:7; D at T 58:26–29; Abraham 3:25

## *Mga Tala*

1. Orson F. Whitney, "Newel K. Whitney," *Contributor,* Ene. 1885, p. 125; ginawang makabago ang pagbabantas at gramatika.
2. Orson F. Whitney, sa Conference Report, Abr. 1912, p. 50.
3. *History of the Church,* 2:170; mula sa "History of the Church" (manuskrito), book B-1, p. 558, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.
4. *History of the Church,* 6:223; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Peb. 21, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Wilford Woodruff at Willard Richards.
5. *History of the Church,* 5:65; mula sa "The Government of God," isang editoryal na inilathala sa *Times and Seasons,* Hulyo 15, 1842, p. 857; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.
6. *History of the Church,* 4:570; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mar. 30, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Eliza R. Snow; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
7. *History of the Church,* 5:426; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hunyo 11, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Wilford Woodruff at Willard Richards; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
8. *History of the Church,* 5:31; mula sa "Gift of the Holy Ghost," isang editoryal na inilathala sa *Times and Seasons,* Ene. 15, 1842, p. 825; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.
9. *History of the Church,* 4:478; ginawang makabago ang pagpapalaki ng mga letra; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Dis. 19, 1841, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Wilford Woodruff.
10. Mula sa isang liham ni Joseph Smith kay Isaac Galland, Mar. 22, 1839, Liberty Jail, Liberty, Missouri, inilathala sa *Times and Seasons,* Peb. 1840, p. 54.
11. *History of the Church,* 2:7–8, 12; mula sa "The Elders of the Church in Kirtland, to Their Brethren Abroad," Ene. 22, 1834, inilathala sa *Evening and Morning Star,* Peb. 1834, pp. 135–36.
12. Doktrina at mga Tipan 130:20–21; mga tagubiling ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 2, 1843, sa Ramus, Illinois.

13. Talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hulyo 16, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Franklin D. Richards, sa Scriptural Items, ni Franklin Dewey Richards, ca. 1841–44, Church Archives.
14. *History of the Church,* 1:408; mula sa isang liham ni Joseph Smith kay Vienna Jacques, Set. 4, 1833, Kirtland, Ohio; kung minsan ay binabaybay din nang "Jaques" ang apelyido ni Sister Jacques, katulad sa *History of the Church.*
15. *History of the Church,* 1:299; mula sa isang liham ni Joseph Smith kay William W. Phelps, Nob. 27, 1832, Kirtland, Ohio.
16. *History of the Church,* 2:19–22; ginawang makabago ang pagbabantas; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa "The Elders of the Church in Kirtland, to Their Brethren Abroad," Ene. 22, 1834 inilathala sa *Evening and Morning Star,* Mar. 1834, p. 144.
17. *History of the Church,* 2:13; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa "The Elders of the Church in Kirtland, to Their Brethren Abroad," Ene. 22, 1834, inilathala sa *Evening and Morning Star,* Mar. 1834, p. 142.

# Mga Salita ng Pag-asa at Kaaliwan sa Oras ng Kamatayan

*"Ano ang makaaaliw sa atin patungkol sa mga patay? May dahilan tayo para magkaroon ng napakalaking pag-asa at kaaliwan para sa ating mga patay kaysa sinumang tao sa mundo."*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Ang pangungulila sa pagkamatay ng mga mahal sa buhay ay paulit-ulit na naranasan ni Propetang Joseph Smith. Noong Hunyo 15, 1828, sa Harmony, Pennsylvania, ang unang anak nina Joseph at Emma na si Alvin ay namatay ilang sandali matapos isilang. Nang lumipat sina Joseph at Emma sa Kirtland, Ohio, mula sa New York noong Pebrero 1831, nagdadalantaong muli si Emma, sa pagkakataong ito ay sa kambal. Pagkarating nina Joseph at Emma sa Kirtland, lumipat sila sa isang dampa sa sakahan ng miyembro ng Simbahan na si Isaac Morley. Doon, noong Abril 30, isinilang sina Thadeus at Louisa, ngunit namatay din sila ilang oras matapos isilang.

Kasabay niyon, sa kalapit na bayan ng Warrensville, Ohio, namatay ang asawa ni Brother John Murdock, na si Julia, matapos magsilang ng malulusog na kambal. Sa isang pamilyang mayroon nang limang anak, nadama ni Brother Murdock na hindi na niya kaya pang arugain ang bagong silang na kambal, kaya hiniling niya kina Joseph at Emma na ampunin ang kambal. Pumayag sina Joseph at Emma, at nagpapasalamat na tinanggap sa kanilang pamilya ang kambal, na pinangalanang Joseph at Julia. Nakalulungkot na pagkaraan ng labing-isang buwan ay namatay ang sanggol na si Joseph noong Marso 1832, bunga ng pagkalantad sa malamig na hangin habang may tigdas noong panahong



*Sina Joseph at Emma Smith kasama ang kambal na inampon nila pagkamatay ng sarili nilang mga anak na kambal. Nagpapasalamat na tinanggap nina Joseph at Emma sina Joseph at Julia sa kanilang pamilya, ngunit namatay ang musmos na si Joseph noong Marso 1832.*

nilagyan ng mga mandurumog ng mainit na alkitran at balahibo ang Propeta. Sa kamatayang ito, inilibing ng nagdadalamhating mga magulang ang apat sa kanilang unang limang anak, at si Julia na lamang ang natirang buhay.

Sa labing-isang naging anak nina Joseph at Emma—siyam na tunay na anak at dalawang ampon—lima lamang ang umabot sa hustong gulang: sina Julia, isinilang noong 1831; Joseph III, isinilang noong 1832; Frederick, isinilang noong 1836; Alexander, isinilang noong 1838; at David, isinilang noong Nobyembre 1844, limang buwan pagkamatay ng kanyang ama. Ang 14-na-buwang anak nina Joseph at Emma na si Don Carlos ay namatay noong 1841, at isang anak na lalaking isinilang noong 1842 ang namatay pagkasilang.

Noong nabubuhay pa, si Joseph Smith ay namatayan din ng tatlong kapatid na napakakababata. Namatay si Ephraim matapos isilang noong 1810. Ang Kuya Alvin ni Joseph ay namatay noong 1823 sa edad na 25, at ang nakababata niyang kapatid na si Don Carlos ay namatay noong 1841, sa edad din na 25.

Muling nawalan ng mahal sa buhay ang Propeta nang ang kanyang ama, na pinagkukunan nila ng payo at lakas, ay namatay sa Nauvoo, Illinois, noong 1840. Nang maramdaman ni Amang Smith na malapit na siyang mamatay, tinawag niya sa kanyang tabi ang kanyang pamilya. Kinausap niya ang kanyang asawa at sinabing, "Kapag tinitingnan ko ang aking mga anak at naiisip na kahit pinalaki sila upang gawin ang gawain ng Panginoon, kailangan pa rin nilang dumanas ng problema at hirap habang nabubuhay sila sa mundo, masakit sa loob ko at natatakot akong iwan kayo na naliligiran ng mga kaaway."[1]

Pagkatapos ay isa-isa niyang kinausap ang kanyang mga anak, at binigyan sila ng huling basbas. Ayon sa itinala ng ina ng Propeta, sinambit ni Amang Smith ang nakaaaliw na mga salitang ito kay Propetang Joseph:

" 'Joseph, anak ko, ikaw ay tinawag sa mataas at banal na tungkulin. Tinawag kang gawin maging ang gawain ng Panginoon. Manatili kang tapat at ikaw ay pagpapalain, pati na ang iyong mga anak. Ikaw ay mabubuhay pa upang tapusin ang iyong gawain.'

"Napahagulgol si Joseph nang marinig ito, 'Oh, Ama ko, totoo po ba?' 'Oo,' sabi ng kanyang ama, 'ikaw ay mabubuhay upang gawin ang plano ng lahat ng gawaing ibinigay sa iyo ng Diyos. Ito ang basbas na iniiwan ko sa iyong ulunan sa pangalan ni Jesus bago ako mamatay.' "[2]

Dahil sa mahihirap na karanasang ito mula sa sarili niyang buhay at sa kanyang inspiradong pag-unawa sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, naibigay ni Propetang Joseph Smith ang lubos na kailangang pag-aalo sa maraming Banal na nagdadalamhati.

## Mga Turo ni Joseph Smith

### Kapag namatayan tayo ng pinakamamahal na mga kapamilya o kaibigan, lubos tayong naaaliw sa kaalaman na makikita natin silang muli sa kabilang buhay.

*Nagsalita ang Propeta sa isang kumperensya ng Simbahan sa Nauvoo noong Abril 7, 1844. Binanggit niya ang tungkol sa kanyang kaibigang si King Follett, na kamamatay lamang:* "Pinakamamahal kong mga Banal: Hinihingi ko ang atensyon ng kongregasyong ito habang nagsasalita ako sa inyo tungkol sa mga patay. Ang pagkamatay ng pinakamamahal nating kapatid na si Elder King Follett, na nabagsakan ng isang baldeng bato sa isang balon, ang higit na nakahikayat sa akin na talakayin ang paksang ito. Pinagsalita ako ng kanyang mga kaibigan at kamag-anak, ngunit yamang marami sa kongregasyong ito na nakatira sa lungsod na ito o sa iba pang lugar, ang namatayan ng mga kaibigan, naisip kong magsalita sa lahat tungkol sa paksang ito, at ibigay sa inyo ang aking mga ideya, hanggang sa abot ng aking makakaya, at binibigyang-inspirasyon ako ng Espiritu Santo na talakayin ang paksang ito. Hangad ko ang inyong mga dalangin at pananampalataya na patnubayan ako ng Diyos na Maykapal at magkaroon ako ng kaloob na Espiritu Santo, upang mailahad ko ang mga bagay na totoo at madali ninyong maunawaan, at ang patotoong ito nawa ay kumumbinsi sa inyong puso't isipan tungkol sa katotohanan ng aking sasabihin. . . .

". . . Alam kong totoo ang aking patotoo, kaya nga sinasabi ko sa mga nagdadalamhating ito, ano ang nawala sa kanila?

Nahiwalay lamang ang kanilang mga kamag-anak at kaibigan sa kanilang katawan sa maikling panahon: ang kanilang espiritu na nabuhay sa piling ng Diyos ay nilisan ang katawang-lupa sa maikling panahon lamang, wika nga; at ngayon ay nasa isang lugar kung saan nag-uusap-usap sila katulad ng ginagawa natin dito sa lupa. . . .

". . . Ano ang makaaaliw sa atin patungkol sa mga patay? May dahilan tayo para magkaroon ng napakalaking pag-asa at kaaliwan para sa ating mga patay kaysa sinumang tao sa mundo; sapagkat nakita natin na namuhay sila nang marapat sa ating piling, at nakita silang humimlay sa mga bisig ni Jesus. . . .

"Kayong mga nagdadalamhati ay may dahilan para magalak sa pagkamatay ni Elder King Follett; sapagkat ang iyong asawa at inyong ama ay pumanaw upang hintayin ang pagkabuhay na mag-uli ng mga patay—hanggang sa ganap siyang maging sakdal; sapagkat sa pagkabuhay na mag-uli ay babangon ang inyong kaibigan sa ganap na kaligayahan at magtutungo sa selestiyal na kaluwalhatian. . . .

Binigyan ako ng karapatang sabihin, sa pamamagitan ng awtoridad ng Espiritu Santo, na wala kayong dahilan para matakot; sapagkat siya ay umuwi na sa tahanan ng mga matwid. Huwag kayong magdalamhati, huwag manangis. Alam ko ito dahil pinatotohanan ito ng Espiritu Santo sa aking kalooban; at maaari ninyong hintayin ang paglabas ng inyong mga kaibigan upang salubungin kayo sa pagsisimula ng selestiyal na daigdig. . . .

"Mayroon akong ama, mga kapatid, mga anak, at mga kaibigan na nagtungo na sa daigdig ng mga espiritu. Sandali lamang silang mawawala. Sila ay nasa espiritu, at hindi magtatagal at magkikita kaming muli. Hindi magtatagal at tutunog ang pakakak. Pagkamatay natin, makikita natin ang ating mga ina, ama, kaibigan, at lahat ng ating minamahal, na nangatutulog kay Jesus. Wala na tayong katatakutang mga mandurumog, pag-uusig, o maling paghahabla at pandarakip; kundi ito ay magiging isang walang hanggang kaligayahan."[3]

*Namatay si Elder Lorenzo D. Barnes habang naglilingkod bilang misyonero sa England. Binanggit ng Propeta ang*

*kanyang pagpanaw sa isang pulong na idinaos sa hindi pa tapos na Nauvoo Temple:* "Sasabihin ko sa inyo kung ano ang gusto ko. Kung bukas ay pahimlayin na ako sa libingan, sa umaga ng pagkabuhay na mag-uli ay gusto kong makahawak-kamay ang aking ama, at maibulalas, 'Ama ko,' at sasabihin niya, 'Anak ko, anak ko,' sa sandaling mabuksan ang libingan at bago kami lumabas ng aming puntod.

"At maaari ba nating isipin ang kamatayan at pagkabuhay na mag-uli sa gayong paraan? Oo, kung matututuhan natin kung paano mabuhay at kung paano mamatay. Kapag nakahiga tayo pinag-iisipan natin kung paano tayo babangon sa umaga; at nakatutuwang magkatabi sa higaan ang magkaibigan, na nabibigkis sa bisig ng pagmamahal, na matulog at magising na magkayakap at muling magkausap.

"Magtataka ba kayo kung isasalaysay ko ang nakita ko sa pangitain tungkol sa nakalulugod na paksang ito? Yaong mga namatay na nananalig kay Jesucristo ay makaaasang makapasok sa buong kaganapan ng kagalakang iyon kapag sila'y lumabas mula sa libingan, na kanilang tinaglay o inasam dito.

Napakalinaw ng pangitain, at tunay na nakakita ako ng mga tao bago sila bumangon mula sa mga libingan, na tila ba dahan-dahan silang tumatayo. Hinawakan nila ang kamay ng bawat isa at nagwika sa isa't-isa, ['Itay, anak ko, Inay, kapatid ko].' At kapag tumawag ang tinig para bumangon ang mga patay, halimbawang katabi kong nakahimlay ang aking ama, ano ang lubos kong ikagagalak? Ang makita ang aking ama, aking ina, aking kapatid; at kapag nakatabi ko sila, yayakapin ko sila at yayakapin din nila ako. . . .

"Mas masakit sa akin na isipin ang pagkalipol kaysa kamatayan. Kung hindi ko aasahang makitang muli ang aking ama, ina, mga kapatid, at kaibigan; dagling sasabog ang puso ko, at tutungo sa pook ng aking kapahingahan. Ang pag-asa na makikita ko ang aking mga kaibigan sa umaga ng pagkabuhay na mag-uli ay nagpapalugod sa aking kaluluwa at nagbibigay sa akin ng tapang na harapin ang mga kasamaan ng buhay. Parang mahaba nila itong paglalakbay, at sa kanilang pagbabalik ay sasalubungin natin sila nang may ibayong kagalakan. . . .

"Aaluin ko si Marcellus Bates [isang miyembro ng Simbahan na namatayan ng asawa]. Hindi magtatagal at makakasama mo rin ang iyong asawa sa daigdig ng kaluwalhatian, at sinasabi ko rin ito sa mga kaibigan ni Brother Barnes at sa lahat ng Banal na nagdadalamhati. Isa itong tinig ng babala para sa ating lahat na maging seryoso at masigasig at isantabi ang pagsasaya, banidad at walang kabuluhang mga bagay, at maging handang mamatay kinabukasan."[4]

---

### Ang mga magulang na namatayan ng mga anak ay makakasamang muli ang mga ito sa pagkabuhay na mag-uli katulad noong sila ay ilibing.

*Sa libing ng dalawang-taong-gulang na si Marian Lyon, sinabi ng Propeta:* "Muling ipinarinig sa atin ang tinig ng babala, na nagpapamalas na walang katiyakan ang buhay ng tao; at sa mga sandali ng aking pamamahinga napagnilay-nilay ko ang bagay na ito at naitanong ko, bakit kinukuha sa atin ang mga sanggol, mga batang walang malay, lalo na yaong tila napakatatalino at nakatutuwa. Ang pinakamatitinding dahilang pumasok sa isip ko ay ito: Napakasama ng mundong ito; at ito ay . . . nagiging mas masama pa at tiwali. . . . Maraming taong kinukuha ang Panginoon, kahit mga sanggol pa lamang, upang matakasan nila ang inggit ng mga tao, at ang kalungkutan at kasamaan ng daigdig ngayon; napakadalisay nila, napakaganda, para mamuhay sa mundo; samakatwid, kung tutuusin, sa halip na magdalamhati ay may dahilan tayong magalak dahil naligtas sila sa kasamaan, at hindi magtatagal at maaangkin natin silang muli. . . .

". . . Ang tanging pagkakaiba ng pagkamatay ng matanda at ng bata ay, mas matagal ang buhay sa langit at ang walang hanggang liwanag at kaluwalhatian ng isa kaysa sa isa, at mas maagang napalaya ang bata sa malungkot at masamang daigdig na ito. Sa kabila ng lahat ng kaluwalhatiang ito, panandalian natin itong nalilimutan, at nagdadalamhati tayo sa kawalan, ngunit hindi tayo nagdadalamhati na tulad ng mga yaong walang pag-asa."[5]

"Maaaring maitanong ito—'Maaangkin ba ng mga ina ang kanilang mga anak sa kawalang-hanggan?' Oo! Oo! Mga ina, maaangkin ninyo ang inyong mga anak; sapagkat sila ay magkakaroon ng



*Itinuro ni Joseph Smith na ang mga bata ay "mabubuhay na muli matapos silang mamatay" at sasalubungin ng mga magulang ang kanilang mga anak na "gayon pa rin kaganda sa kaluwalhatiang selestiyal."*

buhay na walang hanggan, sapagkat nabayaran na ang kanilang utang."[6]

Ang mga bata . . . ay dapat bumangon na tulad noong sila ay mamatay; doon ay makakasama natin ang magaganda nating sanggol sa gayon ding kaluwalhatian—gayon ding kagandahan sa kaluwalhatiang selestiyal."[7]

*Iniulat ni Pangulong Joseph F. Smith, ikaanim na Pangulo ng Simbahan:* "Itinuro ni Joseph Smith ang doktrina na ang isang sanggol na namatay ay babangon sa pagkabuhay na mag-uli bilang isang bata; at, habang itinuturo [ang ina ng isang walang buhay na bata], ay nagsabi sa kanya: 'Magkakaroon ka ng kagalakan, ng pagkaaliw, ng kasiyahan sa [pag-aaruga] sa batang ito, pagkatapos ng pagkabuhay na mag-uli, hanggang sa marating nito ang kabuuan ng katayuan ng kanyang espiritu.'. . .

"Noong 1854, nakipagkita ako sa aking tiyahin [si Agnes Smith], ang asawa ng tiyuhin kong si Don Carlos Smith, na ina ng batang babaeng iyon [si Sophronia] na tinutukoy ni Propetang Joseph Smith, nang sabihin niya sa ina na mararanasan niya ang

kagalakan, aliw, at kasiyahang palakihin ang batang iyon, matapos itong mabuhay na mag-uli, hanggang sa marating nito ang kabuuan ng katayuan ng kanyang espiritu; at na mas malaking galak iyon kaysa mararanasan niya sa mortalidad, dahil magiging malaya siya sa kalungkutan at takot at kapansanan ng mortalidad, at mas marami siyang malalaman doon kaysa sa buhay na ito. Nakita ko ang biyudang iyon, ang ina ng batang iyon, at ikinuwento niya sa akin ang nangyaring iyon at nagpatotoo sa akin na ito ang sinabi ni Propetang Joseph Smith nang magsalita ito sa libing ng kanyang musmos na anak."[8]

*Sina Mary Isabella Horne at Leonora Cannon Taylor ay kapwa namatayan ng musmos na anak. Naalala ni Sister Horne na binigyan ni Propetang Joseph Smith ang dalawang miyembrong ito ng nakaaaliw na mga salita:* "Sinabi niya sa amin na mapapasaamin ang mga batang ito sa umaga ng pagkabuhay na mag-uli na katulad noong sila ay ilibing namin, sa kadalisayan at kawalang-malay, at dapat namin silang arugain at palakihin bilang kanilang mga ina. Sinabi niya na babangon ang mga batang ito sa pagkabuhay na mag-uli katulad noong sila ay ilibing, at tataglayin nila ang lahat ng karunungang kailangan para magangkin ng mga luklukan, pamunuan, at mga kapangyarihan."[9]

## Kahit nagdadalamhati tayo sa pagpanaw ng isang mahal natin sa buhay, makapagtitiwala tayo na "gagawin ng Diyos ng buong sanlibutan ang tama."

*Sa libing ng 24-na-taong-gulang na si Ephraim Marks, ipinahayag ng Propeta:* "Napakapanglaw at nakapangingilabot ng sandaling iyon. Noon ko lamang nadama ang gayong kapanglawan; ipinaalala sa akin nito ang panganay kong kapatid na si Alvin, na namatay sa New York, at ang bunso kong kapatid na lalaki na si Don Carlos Smith, na namatay sa Nauvoo. Nahirapan akong mabuhay sa mundo at makitang kinukuha sa amin ang mga kabataang ito na sinandigan at naging aliw namin sa kanilang kasibulan. Oo, mahirap tanggapin ang mga bagay na ito. Kung minsan ay nadarama ko na mas mabuting mamatay na rin ako kung loloobin ng Diyos; ngunit alam ko na dapat tayong pumayapa at tanggapin na ito ay sa Diyos, at tanggapin ang

Kanyang kalooban; tama ang lahat ng ito. Hindi magtatagal at tayong lahat ay papanaw na rin: mangyayari ito sa akin at gayundin sa inyo."[10]

*Noong Hunyo 6, 1832, lumiham si Joseph Smith kay Emma Smith:* "Nalungkot akong marinig na namatay ang musmos na anak ni Hyrum. Palagay ko ay bahagya tayong mahahabag sa kanya, ngunit dapat nating tanggapin ang ating tadhana at sabihing "mangyari nawa ang kalooban ng Panginoon."[11]

*Noong Enero 20, 1840, lumiham si Joseph Smith kay Emma Smith:* "Nakatanggap ako ng liham mula kay Hyrum, na nagpasaya sa puso ko dahil nalaman kong buhay ang buong pamilya ko. Subalit nagdadalamhati ang puso ko para sa mga nangamatay, ngunit hindi ako nawawalan ng pag-asa, dahil makikita at makakapiling ko silang muli. Dahil dito, makakaya nating tanggapin ang mga kagustuhan ng Diyos."[12]

"Patungkol naman sa mga namatay sa Sion, nakikidalamhati tayo sa mga nagdadalamhati, ngunit tandaan na gagawin ng Diyos ng buong sanlibutan ang tama."[13]

"Marami nang namatay, na nagpapalungkot sa atin, ngunit hindi natin ito maiiwasan. Kapag tinawag na tayo ng Diyos mula sa langit, kailangan nating sundin ang Kanyang mga ipinaguutos."[14]

*Sa libing ni James Adams, sinabi ng Propeta:* "Una ko siyang nakita sa Springfield, [Illinois,] noong papunta ako ng Washington mula sa Missouri. Tinulungan niya ako kahit hindi niya ako kilala, pinatuloy sa kanyang tahanan, pinalakas ang loob ko at pinasaya ako, at inabutan ako ng pera. Pinakamatalik ko siyang kaibigan. . . . Nakatanggap siya ng mga paghahayag tungkol sa kanyang kamatayan, at nagtungo na sa mas mahalagang gawain. Kapag handa ang mga tao, mas makabubuti sa kanila ang humayo. Si Brother Adams ay pumanaw upang maisulong ang pangangaral ng ebanghelyo sa mga patay. Ang espiritu ng mga matwid ay itinalaga sa mas dakila at maluwalhating gawain; sa gayon ay pinagpala sila sa pagtungo nila sa daigdig ng mga espiritu."[15]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Ano ang inyong mga naiisip o nadarama habang binabasa ninyo ang mga salaysay sa mga pahina 199–202? Paano naimpluwensyahan ng mga karanasang ito ang paraan ng pagtuturo ni Propetang Joseph tungkol sa kamatayan at pagkabuhay na mag-uli?
- Ang kabanatang ito ay naglalaman ng mga mensaheng ibinahagi ni Joseph Smith sa mga taong nagdalamhati sa pagpanaw ng mga mahal nila sa buhay (mga pahina 202–8). Sa mga mensaheng ito, naghandog ng "pag-asa at kaaliwan" ang Propeta sa pagtuturo ng mga doktrina ng ebanghelyo at pagpapakita sa kanyang mga tagapakinig kung paano naaangkop ang mga doktrinang ito sa kanilang buhay. Kapag naiisip ninyo ang mga mahal sa buhay na namatay o malapit nang mamatay, anong mga katotohanan ng ebanghelyo ang nagbibigay-aliw sa inyo? Bakit mahalaga sa inyo ang mga katotohanang ito?
- Basahin ang ibinigay na payo ni Joseph Smith nang banggitin niya ang pagkamatay ni Elder Barnes, pati na ang payo niya tungkol sa "kung paano mabuhay at paano mamatay" (mga pahina 203–5). Ano ang kahulugan ng payong ito sa inyo? Isipin kung paano maaaring magbago ang buhay ninyo sa pagalaala sa kanyang payo.
- Repasuhin ang mga salita ng Propeta sa mga magulang na namatayan ng maliliit na anak (mga pahina 205–7). Paano makapagbibigay ng pag-asa ang mga doktrinang ito sa nagdadalamhating mga magulang?
- Pag-aralan ang payo ni Joseph Smith tungkol sa pagtanggap sa kalooban ng Diyos kapag namamatayan ng mga mahal sa buhay (mga pahina 207–8). Paano maiimpluwensyahan ng ating desisyong tanggapin ang kalooban ng Diyos ang ating damdamin? ang ating mga salita at pagkilos? Sa anong mga paraan makakatulong sa iba ang ating mga desisyon?

*Kaugnay na mga banal na kasulatan:* Juan 20:1–29; Mosias 16:7–8; Alma 40:11–12; Moroni 8:11–20; D at T 42:45–46

## *Mga Tala*

1. Joseph Smith Sr., sinipi sa "The History of Lucy Smith, Mother of the Prophet, ni Lucy Mack Smith" 1844–45 manuscript, book 18, p. 5, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.
2. Joseph Smith Sr., basbas na ibinigay kay Joseph Smith ilang sandali bago pumanaw si Joseph Smith Sr. noong Set. 14, 1840, sa Nauvoo, Illinois; sinipi sa "The History of Lucy Smith, Mother of the Prophet," ni Lucy Mack Smith, 1845 manuscript, p. 298, Church Archives.
3. *History of the Church,* 6:302–3, 310–11, 315–16; nasa orihinal ang salitang naka-bracket; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 7, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Wilford Woodruff, Willard Richards, Thomas Bullock, at William Clayton; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
4. *History of the Church,* 5:361–63; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 16, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Wilford Woodruff at Willard Richards.
5. *History of the Church,* 4:553–54; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mar. 20, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Wilford Woodruff.
6. *History of the Church,* 6:316; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 7, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Wilford Woodruff, Willard Richards, Thomas Bullock, at William Clayton; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
7. *History of the Church,* 6:366; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mayo 12, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Thomas Bullock.
8. Joseph F. Smith, "Status of Children in the Resurrection," *Improvement Era,* Mayo 1918, p. 571.
9. Mary Isabella Horne, sinipi sa *History of the Church,* 4:556, talababa; mula sa pahayag na ibinigay niya noong Nob. 19, 1896, sa Salt Lake City, Utah.
10. *History of the Church,* 4:587; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 9, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Wilford Woodruff.
11. Mula sa isang liham ni Joseph Smith kay Emma Smith, Hunyo 6, 1832, Greenville, Indiana; Chicago Historical Society, Chicago, Illinois.
12. Mula sa isang liham ni Joseph Smith kay Emma Smith, Ene. 20, 1840, Chester County, Pennsylvania; Chicago Historical Society, Chicago, Illinois.
13. *History of the Church,* 1:341; mula sa isang liham ni Joseph Smith sa mga kapatid sa Missouri, Abr. 21, 1833, Kirtland, Ohio.
14. *History of the Church,* 4:432; mula sa isang liham ni Joseph Smith kay Smith Tuttle, Okt. 9, 1841, Nauvoo, Illinois.
15. *History of the Church,* 6:51–52; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Okt. 9, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Willard Richards at ng *Times and Seasons,* Set. 15, 1843, p. 331; nahuli ang paglalahathala ng isyung ito ng *Times and Seasons*.


# Pagtatatag ng Kapakanan ng Sion

*"Ang pagtatayo ng Sion ay gawain na bumighani sa mga tao ng Diyos sa bawat panahon; ito'y paksang binigyang-diin ng mga propeta, saserdote, at hari nang may kakaibang galak."*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Noong unang bahagi ng Hunyo 1831, ilang linggo pa lamang nakukumpleto ang pagtitipon mula sa New York papuntang Ohio, nagtipun-tipon ang mga Banal sa Kirtland para sa isang kumperensya ng Simbahan. Noong Hunyo 7, ang araw pagkatapos ng kumperensya, tumanggap ng paghahayag si Joseph Smith na naging dahilan para matuon ang pag-iisip ng mga Banal sa Sion: "[Ang] susunod na pagpupulong . . . [ay] gaganapin sa Missouri, sa lupain na aking ilalaan sa aking mga tao" (D at T 52:2).

Masidhi ang interes ng mga Banal na maitatag ang Sion—isang banal na lungsod, isang payapang kanlungan para sa mga matwid na tumatakas sa kasamaan ng mundo. Para maihanda ang mga Banal, paulit-ulit silang pinayuhan ng Panginoon na "hangaring ihayag at itatag ang kapakanan ng Sion" (D at T 6:6; 11:6; 12:6; tingnan din sa 14:6). Ngayon ay agad nang aalis ang mga lider ng Simbahan para alamin ang paglulugaran ng Sion. Sinimulan nina Joseph Smith, Sidney Rigdon, at ng iba pa ang 900-milyang paglalakbay patungong Jackson County, Missouri, noong Hunyo 19, sa karagatan, sa karwahe, at madalas ay sa paglalakad. Mahirap at nakakapagod ang paglalakbay, ngunit nadama ng Propeta ang mapangalagang pagkalinga ng Panginoon: "Sa kabila ng mga katiwalian at nakasusuklam na pangyayari noon, at sa masamang pakikitungong ipinakita sa amin ng maraming tao sa maraming lugar dahil sa paniniwala



*Noong 1833, inihanda nina Joseph Smith at Frederick G. Williams ang mapang ito para sa lungsod ng Sion, na itatayo sa Jackson County, Missouri. Ang mga pampublikong lugar sa sentro ay naliligiran ng 4-na-ektaryang bloke-bloke sa lungsod na may 0.2- ektaryang mga lote ng bahay. Kailanman ay hindi naitayo ang lungsod, ngunit marami sa mga pangunahing ideya sa plano ang ginamit kalaunan sa mga tinirhan ng mga Banal sa mga Huling Araw.*

namin sa Aklat ni Mormon, patuloy kaming binantayan ng Panginoon nang may mapagmahal na pagkalinga sa araw-araw; at ginawa naming panuntunan saanman may pagkakataon, na magbasa ng isang kabanata sa Biblia, at manalangin; at ang mga panahong ito ng pagsamba ay nagbigay sa amin ng kaaliwan."[1]

Noong kalagitnaan ng Hulyo, dumating ang Propeta sa kanlurang Missouri, isang magandang lugar ng mahaba at mayabong na kaparangan, na hitik sa mga bulaklak. Doon, bilang tugon sa pagsusumamo niyang malaman ang tiyak na paglulugaran ng Sion, inihayag ng Panginoon, "ang lugar na ngayon ay tinatawag na Independence ang tampok na lugar; at ang dako para sa templo ay nasa gawing kanluran, sa lote na hindi malayo mula sa bahay-hukuman" (D at T 57:3) at ang loteng iyon ay dapat bilhin. Noong Agosto 2, nagpulong si Joseph Smith at ang iba pa upang simulan ang pagtatayo ng Sion. Itinala ng Propeta: "Tinulungan ko ang Colesville branch ng Simbahan sa paglalatag ng unang troso, para sa isang bahay, bilang pundasyon ng Sion sa bayan ng Kaw, labingsiyam na kilometro pakanluran ng Independence. Binuhat at inilatag ng labindalawang kalalakihan ang troso, bilang parangal sa labindalawang lipi ng Israel. Kasabay niyon, sa pamamagitan ng panalangin, ang lupain ng Sion ay inihandog at inilaan ni Elder Sidney Rigdon para sa pagtitipon ng mga Banal. Panahon iyon ng kagalakan sa mga naroon, at nasulyapan nila ang hinaharap, ang panahong kailangan pang ihayag sa kaluguran ng matatapat."[2] Kinabukasan, inilaan ng Propeta ang pagtatayuan ng templo.

Kabilang ang mga Banal mula sa Colesville, New York, sa mga unang miyembro ng Simbahan na nanirahan sa Missouri. Nagpakahirap silang maglakbay mula New York papuntang Kirtland, Ohio, ngunit sasandali pa lamang silang nakapanirahan sa Ohio nang utusan silang maglakbay patungong Missouri. Si Polly Knight, isang miyembro ng Colesville branch, ay naglakbay papuntang lupain ng Sion, para lamang mamatay roon pagkaraan ng isang linggo. Kahit masama ang katawan, determinado siyang makarating nang buhay. Isinulat ng kanyang anak: "Payapa siyang pumanaw, na nagagalak sa bago at walang hanggang tipan ng ebanghelyo at pinupuri ang Diyos na nanatili

siyang buhay hanggang makita ang lupain ng Sion. . . . Dumalo si Brother Joseph Smith sa libing ng aking ina at nagsalita sa amin sa napakahusay at nakaaalong paraan."[3] Bagaman agad bumalik sa Kirtland ang Propeta at patuloy na pinamunuan ang Simbahan mula roon hanggang 1838, maraming Banal ang patuloy na naglipatan sa Missouri.

Masigasig na itinatag ng mga Banal ang Sion, ngunit noong huling bahagi ng 1833, matinding pag-uusig ang nagtaboy sa kanila mula sa kanilang mga tahanan sa Jackson County, at naiwan ang kanilang mga pangarap na maitatag ang Sion at magtayo ng templo roon. Sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, inihayag ng Panginoon na hindi pa naisasakatuparan ang kundisyon para sa ikatutubos ng Sion sa lupaing iyon at ang pagtatatag ng Sion ay kailangan pang "maghintay ng maikling panahon" (D at T 105:9).

## Mga Turo ni Joseph Smith

### Itinalaga ng Panginoon ang Jackson County, Missouri, bilang lupain ng Sion—isang lugar kung saan ang mga Banal noong panahon ni Joseph Smith ay magtitipon at ang banal na lungsod ng Sion ay itatayo kalaunan.

"Nakatanggap ako ng pangitain mula sa langit, isang utos noong Hunyo [1831], na maglakbay sa kanlurang hangganan ng Estado ng Missouri, at doon ay italaga ang eksaktong lugar na magiging sentro ng pagsisimulan ng pagtitipon ng mga nagsitanggap ng kabuuan ng walang katapusang Ebanghelyo. Alinsunod dito nagsimula akong maglakbay, kasama ang ilan sa aking mga kapatid na lalaki sa Simbahan, at matapos ang mahaba at nakakapagod na paglalakbay, pagdanas ng maraming gutom at hirap, nakarating kami sa Jackson County, Missouri, at matapos tingnan ang bansa, sa masigasig na pagsamo sa patnubay ng Diyos, nagparamdam Siya sa amin, at ipinakita, sa akin at sa iba, ang mismong lugar na nilayon Niyang pagsimulaan ng pagtitipon, at ang pagtatayo ng isang 'banal na lungsod,' na tatawaging Sion—Sion, dahil ito ay lugar ng katuwiran, at lahat ng nagtatayo roon ay sasambahin ang tunay at buhay na Diyos, at lahat ay naniniwala sa iisang doktrina, maging ang doktrina ng ating

Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo. 'Ang tinig ng iyong mga bantay! sila'y naglalakas ng tinig, na magkakasamang nagsisiawit, sapagka't sila'y makakakita ng mukhaan pagka ang Panginoon ay bumalik sa Sion' [Isaias 52:8]."[4]

*Noong mga unang bahagi ng 1830s, tinangkang ilatag ng mga Banal ang pundasyon ng Sion sa Jackson County, Missouri, tulad ng utos ng Panginoon, ngunit hindi nila ito nagawa dahil hindi sila espirituwal na handa. Sinabi ni Propetang Joseph Smith ang sumusunod tungkol sa panahon na itatatag na ang Sion:* "Walang ipinarating sa akin ang Espiritu na nagsasabing nawalan ng oportunidad ang Sion na matanggap sa kaluwalhatiang selestiyal, sa kabila ng paghihirap na ipinadanas sa kanya ng Panginoon, maliban sa ilang tao, na naging masuwayin, at tumalikod sa bagong tipan; makikilala ang gayong mga tao sa pamamagitan ng kanilang gawain. Inaasahan ko noon pa man na daranas ng hirap ang Sion, na nalaman ko sa mga utos na ibinigay. Ngunit ipaaalala ko sa inyo ang isang talatang nagsasabi na pagkatapos ng *maraming* kapighatian darating ang mga pagpapala [tingnan sa D at T 58:4]. Dahil dito, at sa iba pang dahilan, at sa isa pang katatanggap lamang namin, alam ko na ang Sion, sa takdang panahon ng Panginoon, ay matutubos; ngunit hindi ipinaaalam sa akin ng Panginoon kung ilang araw daranas ng pagpapadalisay, paghihinagpis, at paghihirap ang Sion; at kapag nagtatanong ako tungkol dito, ang sinasabi ng Panginoon ay: Mapanatag at malaman na ako ang Diyos! Lahat ng nagsasakripisyo para sa aking pangalan ay maghaharing kasama ko, at siya na maghahain ng kanyang buhay alang-alang sa akin ay muli itong matatagpuan. . . . Nawa'y itulot ng Diyos na sa kabila ng [ating] matitinding hirap at dusa, ay walang makapaghiwalay sa atin [sa] pag-ibig ng Diyos [tingnan sa Mga Taga Roma 8:35–39]."[5]

---

### Itinataguyod natin ang adhikain ng Sion sa pamamagitan ng pagiging mga taong dalisay ang puso at masigasig sa paggawa na may iisang puso at isipan.

Ang pagtatayo ng Sion ay gawain na bumighani sa mga tao ng Diyos sa bawat panahon; ito ay paksang binigyang-diin ng mga propeta, saserdote at hari nang may kakaibang galak; inasam nila



*"Saanmang lugar magtipon ang mga Banal ay Sion, na itatayo ng bawat taong matwid para sa kaligtasan ng kanyang mga anak."*[7]

nang may galak ang ating panahon; at sa alab ng makalangit at masayang pag-asam sila ay umawit at sumulat at nagpropesiya tungkol sa ating panahon; ngunit namatay sila na hindi ito nasaksihan; tayo ang mga taong hinirang ng Diyos upang isakatuparan ang kaluwalhatian sa mga huling araw; tayo ang sasaksi, makikibahagi at tutulong na maisulong ang kaluwalhatian sa mga huling araw."[6]

"Saanmang lugar magtipon ang mga Banal ay Sion, na itatayo ng bawat taong matwid para sa kaligtasan ng kanyang mga anak."[7]

"Sa iba't ibang lugar ay may itatayong Stake ng [Sion] para sa pagtitipon ng mga Banal. . . . Doon ay pagpapalain ang inyong mga anak, at kayo sa piling ng inyong mga kaibigan ay pagpapalain din. Ang lambat ng Ebanghelyo ay tinitipon ang lahat ng uri ng tao.

". . . Dapat ay pagtatayo ng Sion ang ating pinakadakilang layunin. . . . Malapit nang dumating ang panahon, na hindi makatatagpo ng kapayapaan ang sinuman maliban sa Sion at sa kanyang mga stake."[8]

"Patungkol sa pagtatayo ng Sion, dapat itong gawin sa patnubay ni Jehova, sa pamamagitan ng paghahayag mula sa langit."[9]

"Kung hindi padadalisayin ng Sion ang kanyang sarili upang masang-ayunan sa lahat ng bagay, sa Kanyang paningin, hahanap Siya ng ibang grupo; sapagkat magpapatuloy ang Kanyang gawain hanggang sa matipon ang Israel, at sila na hindi makikinig sa Kanyang tinig, ay dapat umasang madama ang Kanyang poot. Sinasabi ko sa inyo, hangaring mapadalisay ang inyong sarili, at gayundin ang lahat ng naninirahan sa Sion, kung hindi ay magiging mabangis ang galit ng Panginoon. Magsisi, magsisi, ang sabi ng Diyos sa Sion; at kakatwa mang isipin, ito ay totoo, pilit na mangangatwiran ang sangkatauhan hanggang sa malantad ang kanilang kasamaan, at maging napakasama na hindi na sila matutubos pa, at matambad sa paningin ng mga tao ang mga pinahahalagahan nila sa kanilang puso. Sinasabi ko sa inyo (at sinasabi ko rin ito sa lahat ng tao,) dinggin ang tinig ng babala ng Diyos, kung hindi ay babagsak ang Sion, at isinusumpa ng Panginoon sa Kanyang kapootan na ang mga naninirahan sa Sion ay hindi makapapasok sa Kanyang kapahingahan."[10]

"Hangga't pinahihintulutan ang masasamang gawain sa Simbahan, hindi ito mapapabanal, ni hindi matutubos ang Sion."[11]

"Pakilusin ang bawat isa upang maihanda ang kanyang sarili para sa ubasan, na nag-uukol ng kaunting panahon upang aliwin ang mga nagdadalamhati; gamutin ang mga bagbag na puso; bawiin ang mga nagsitalikod; ibalik ang mga naliligaw; anyayahang muli sa kaharian ang yaong mga natiwalag, sa paghihikayat sa kanila na magsumigasig habang may oras pa, at gumawa ng kabutihan, at, taglay ang isang puso at isang isipan, ay maghandang tumulong na tubusin ang Sion, ang butihing lupain ng pangako, kung saan ay pagpapalain ang mga nagkukusa at masunurin. . . .

"Dalangin [namin] sa ating Ama sa langit na kayo ay maging madasalin, mapagpakumbaba, at mapagkawanggawa; masigasig na gumagawa, sa espirituwal at sa temporal, para matubos ang Sion, nang ang mga dalisay ang puso ay magbalik na may awit ng walang hanggang kagalakan upang itayo ang kanyang sira-sirang

lugar, at salubungin ang Panginoon kapag siya ay dumating sa Kanyang kaluwalhatian [tingnan sa D at T 101:18]."[12]

### Ang Sion, ang bagong Jerusalem, ay itatayo sa lupalop ng Amerika.

*Mga Saligan ng Pananampalataya 1:10:* "Naniniwala kami sa literal na pagtitipon ng Israel at sa pagpapanumbalik ng Sampung Lipi; na ang Sion (ang Bagong Jerusalem) ay itatayo sa lupalop ng Amerika."[13]

"Ang lungsod ng Sion na binanggit ni David, sa ikasandaan at dalawa ng Mga Awit, ay itatayo sa lupalop ng Amerika, 'At ang pinagtutubos ng Panginoon ay mangagbabalik, at magsisiparoong nagaawitan sa Sion; at walang hanggang kagalakan ay mapapasa kanilang mga ulo' [Isaias 35:10]; at pagkatapos sila ay ililigtas sa mahigpit na kasakunaang daraan sa lupain. Ngunit matatamo ng Juda ang kaligtasan sa Jerusalem. [Tingnan sa Joel 2:32; Isaias 26:20–21; Jeremias 31:12; Awit 1:5; Ezekiel 34:11–13.] Ito ay mga patotoo na ang Mabuting Pastol ay ilalabas ang Kanyang sariling mga tupa, at aakayin sila sa lahat ng bansa kung saan sila ikinalat sa maulap at madilim na araw, sa Sion, at sa Jerusalem."[14]

"Magsisimula ako sa pagbanggit mula sa propesiya ni Enoc, na tinutukoy ang mga huling araw: 'Kabutihan ang aking ipadadala mula sa langit; at katotohanan ay aking ipadadala sa lupa, upang magpatotoo sa aking Bugtong na Anak; ang kanyang pagkabuhay na mag-uli mula sa mga patay [ang pag-unawa ko rito ay pagkabuhay na mag-uli ng katawan]; oo, at ang pagkabuhay na mag-uli rin ng lahat ng tao; at kabutihan at katotohanan ay papapangyarihin kong umabot sa mundo gaya ng isang baha, upang tipunin ang aking mga hinirang mula sa apat na sulok ng mundo; sa isang lugar na aking ihahanda, isang Banal na Lunsod, upang ang aking mga tao ay makapagbigkis ng kanilang mga balakang, at umasa sa araw ng aking pagparito; sapagkat doon ang aking magiging tabernakulo, at ito ay tatawaging Sion, ang Bagong Jerusalem' [Moises 7:62].

"Ngayon nauunawaan ko sa siping ito, na . . . ang kabutihan at katotohanan ay babaha sa mundo. At ngayon, itatanong ko,

paanong babaha sa mundo ang kabutihan at katotohanan? Sasagutin ko ito. Ang mga tao at mga anghel ay magtutulungan sa pagsasakatuparan ng dakilang gawaing ito at ang Sion ay ihahanda, maging ang bagong Jesusalem, para sa mga hinirang na titipunin mula sa apat na sulok ng mundo, at ipagtatatag ng isang banal na lungsod, sapagkat ang tabernakulo ng Panginoon ay mapapasa kanila. . . .

“. . . ‘Masdan aking itatatag ang mga taong ito sa lupaing ito, sa ikatutupad ng tipang aking ginawa sa inyong amang si Jacob; at ito ay magiging isang Bagong Jerusalem.’ [3 Nephi 20:22.] Ngayon ay nalaman natin mula sa Aklat ni Mormon ang katulad na katulad na lupalop at lupaing pagtatayuan ng Bagong Jerusalem, at iyon ay nakita ayon sa pangitain ni Juan sa pulo na tinatawag na Patmos.

“Ngayon maraming magsasabi, na ang nabanggit na Bagong Jerusalem na ito, ay ang Jerusalem na itinayo ng mga Judio sa silangang lupalop. Ngunit makikita ninyo, sa Apocalipsis 21:2, na may Bagong Jerusalem na ibababa ng Diyos mula sa langit, na nagagayakang tulad ng isang babaing kasintahan para sa kanyang magiging asawa; na pagkatapos nito, ang Tagapaghayag ay tinangay sa Espiritu, sa isang malaki at mataas na bundok, at nakita ang dakila at banal na lungsod na ibinababa ng Diyos mula sa langit. Ngayon may dalawang lungsod na nabanggit dito. Dahil hindi maisusulat sa isang liham ang lahat ng bagay sa paksang ito, maikli lamang ang sasabihin ko, na may Bagong Jerusalem na itatayo sa lupalop na ito, at gayundin muling itatayo ang Jerusalem sa silangang lupalop [tingnan sa Eter 13:1–12]. ‘Masdan, nakita ni Eter ang mga araw ni Cristo, . . . at siya ay nangusap din hinggil sa sambahayan ni Israel, at sa Jerusalem kung saan nagmula si Lehi; matapos itong mawasak ay muli itong itatayo, isang banal na lunsod sa Panginoon; kaya nga, hindi ito maaaring maging bagong Jerusalem sapagkat ito ay naroon noong unang panahon.’ [Eter 13:4–5.]”[15]

“Sinabi ng mga propeta hinggil sa Sion sa mga huling araw: kung paano darating sa kanya ang kaluwalhatian ng Libano; ang puno ng abeto, ng pino, at ng boj, na magkakasama, upang pagandahin ang dako ng Kanyang santuario, nang mapaluwalhati

Niya ang dako ng Kanyang mga paa [tingnan sa Isaias 60:13]. Kahalili ng tanso ay magdadala Siya ng ginto; at kahalili ng bakal ay magdadala siya ng pilak; at ng kahoy ay tanso; at ng mga bato ay bakal [tingnan sa Isaias 60:17]; at ang kapistahan ng matatabang bagay ay ibibigay sa mga matwid [tingnan sa Isaias 25:6]; oo, kapag ang kaningningan ng Panginoon ay ipasaalang-alang sa atin para sa kabutihan ng Kanyang mga tao, ang mga panlilinlang ng mga tao at walang kabuluhang ringal ng daigdig ay maglalaho, at ating ibubulalas, 'Mula sa Sion na kasakdalan ng kagandahan, sumilang ang Dios.' [Awit 50:2.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Sa kabanatang ito, pansinin kung paano ginamit ni Joseph Smith ang salitang *Sion* sa pagtukoy sa ilang tiyak na lugar at sa mga tao ng Panginoon. Paano naipaunawa sa inyo sa mga paggamit ng salitang ito kung ano ang kahulugan ng magtayo ng Sion? (Habang iniisip o tinatalakay ninyo ang tanong na ito, isaalang-alang na basahin ang Doktrina at mga Tipan 97:21.)
- Sa talatang nagsisimula sa unang buong talata ng pahina 215, sinabi ni Joseph Smith ang hangarin niyang malaman kung kailan itatatag ang lungsod ng Sion sa Jackson County, Missouri. Ano ang matututuhan natin sa tugon ng Panginoon sa mga dalangin ni Joseph Smith?
- Basahin ang unang buong talata sa pahina 216, at pagkatapos ay tukuyin ang ilang lugar na pinagtitipunan ng mga Banal. Paano natin maitatatag ang Sion sa mga lugar na ito?
- Repasuhin ang ikalawa at ikatlong buong talata sa pahina 216, at pag-isipan kung paano naglalaan ng kaligtasan at kapayapaan ang mga stake ng Simbahan. Sa anong mga paraan kayo nabiyayaan sa pakikipagtipon ninyo sa ibang miyembro ng inyong stake?

- Sa anong mga paraan naaangkop sa ating mga tahanan ang payo ng Propeta tungkol sa pagtatayo ng Sion?
- Itinuro ni Propetang Joseph na bilang bahagi ng pagsisikap na itayo ang Sion, dapat nating mapadalisay ang ating mga sarili. Ano ang ilang paraan para masunod natin ang payong ito? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 215–18.) Sa inyong palagay bakit kailangang maging dalisay ang mga tao bago matubos ang Sion?
- Repasuhin ang mga propesiya ni Joseph Smith tungkol sa dalawang banal na lungsod (mga pahina 218–20). Anong papel ang ginagampanan natin sa pagsasakatuparan ng mga propesiyang ito?

*Kaugnay na banal na mga kasulatan:* Apocalipsis 21:1–27; D at T 45:65–71; 97:18–25; 103:1–7; Moises 7:16–21, 62–69

## Mga Tala

1. *History of the Church,* 1:188–89; mula sa "History of the Church" (manuskrito), book A-1, pp. 126–27, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.
2. *History of the Church,* 1:196; mula sa "History of the Church" (manuskrito), book A-1, p. 137, Church Archives.
3. Newel Knight, Autobiography and Journal, ca. 1846, pp. 32, 34, Church Archives.
4. *History of the Church,* 2:254; mula sa isang liham ni Joseph Smith sa mga elder ng Simbahan, Set. 1835, Kirtland, Ohio, inilathala sa *Messenger and Advocate,* Set. 1835, pp. 179–80.
5. *History of the Church,* 1:453–54; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang liham ni Joseph Smith kay Edward Partridge at sa iba pa, Dis. 10, 1833, Kirtland, Ohio.
6. *History of the Church,* 4:609–10; mula sa "The Temple," isang editoryal na inilathala sa *Times and Seasons,* Mayo 2, 1842, p. 776; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.
7. Binanggit ni Martha Jane Knowlton Coray, sa pag-uulat tungkol sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith sa Nauvoo, Illinois; Martha Jane Knowlton Coray, Notebook, Church Archives; ang talumpating ito ay may petsang Hulyo 19, 1840, sa kuwaderno ni Sister Coray, ngunit maaaring mas maaga ang petsang ito kaysa sa pagkakabigay ng talumpati.
8. *History of the Church,* 3:390–91; nasa orihinal ang mga salitang naka-bracket; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong bandang Hulyo 1839 sa Commerce, Illinois; iniulat ni Willard Richards.
9. *History of the Church,* 5:65; mula sa "The Government of God," isang editoryal na inilathala sa *Times and Seasons,* Hulyo 15, 1842, p. 858; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.
10. *History of the Church,* 1:316; ginawang makabago ang pagbabaybay; mula sa isang liham ni Joseph Smith kay William W. Phelps, Ene. 11, 1833, Kirtland, Ohio; mali ang petsang Ene. 14, 1833, sa liham na ito sa *History of the Church*.

11. *History of the Church,* 2:146; mula sa isang liham ni Joseph Smith kay Lyman Wight at sa iba pa, Ago. 16, 1834, Kirtland, Ohio.
12. *History of the Church,* 2:229–30, talababa; ginawang makabago ang pagbabantas; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa "To the Saints Scattered Abroad," *Messenger and Advocate,* Hunyo 1835, p. 138.
13. Mga Saligan ng Pananampalataya 1:10.
14. *History of the Church,* 1:315; mula sa isang liham ni Joseph Smith kay N. C. Saxton, Ene. 4, 1833, Kirtland, Ohio; mali ang naibigay na pangalan ni Ginoong Saxton na "N. E. Seaton" sa *History of the Church*.
15. *History of the Church,* 2:260–62; ginawang makabago ang pagbabantas; nasa orihinal ang unang set ng mga salitang naka-bracket sa unang talata; mula sa isang liham ni Joseph Smith sa mga elder ng Simbahan, Nob. 1835, Kirtland, Ohio, inilathala sa *Messenger and Advocate,* Nob. 1835, pp. 209–10.
16. *History of the Church,* 1:198; ginawang makabago ang pagbabantas; mula sa "History of the Church" (manuskrito), book A-1, p. 139, Church Archives.

# Paghahayag at ang Buhay na Propeta

*"Ang punong patakaran ng Diyos [ay] na walang dapat isagawa sa mundo hangga't hindi niya inihahayag ang lihim sa kanyang mga lingkod na propeta."*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Sa Kirtland, Ohio, tumanggap si Propetang Joseph Smith ng napakaraming paghahayag sa maikling panahon, kaya't naging napakahalaga ng panahong ito sa pagtatatag ng doktrina at pamahalaan ng Simbahan. Nang matanggap ng Propeta ang mga paghahayag na ito, madalas niyang kasama ang iba pang mga lider ng Simbahan, at may isang nagtatala ng kanyang mga sinasabi habang tinatanggap niya ang mga ito mula sa Panginoon. Kadalasan ay dumarating sa kanya ang mga paghahayag bilang sagot sa mga panalangin. Si Parley P. Pratt, na kalaunan ay naging miyembro ng Labindalawa, ay naroon nang matanggap ng Propeta ang paghahayag na ngayon ay naging Doktrina at mga Tipan 50. Nagunita ni Elder Pratt:

"Matapos kaming sama-samang manalangin sa silid kung saan siya nagsasalin, idinikta niya sa harapan namin ang sumusunod na pahayag. Bawat pangungusap ay sinambit nang dahan-dahan at napakalinaw, at pahintu-hinto sa pagitan ng mga salita nang sapat para maitala ito, ng isang karaniwang tagasulat, sa kanyang sulat-kamay. . . . Walang anumang pag-aalinlangan, pagrerepaso, o pagbabasang muli, para tuluy-tuloy ang pagdaloy ng paksa."[1]

Bagaman kinopya sa sulat-kamay ang ilang paghahayag para sa personal na gamit, karaniwan ay walang kopya ng mga ito ang mga miyembro ng Simbahan. Alam ni Joseph Smith na napakahalaga ng mga paghahayag ng Diyos kaya kailangan itong ingatang mabuti at ipaalam sa buong mundo. Noong Nobyembre



*Kapag tumatanggap ng mga paghahayag si Propetang Joseph Smith, madalas niyang kasama ang iba pang mga lider ng Simbahan, at may isang nagtatala ng kanyang mga sinasabi habang tinatanggap niya ang mga ito mula sa Panginoon.*

1831, sa isang espesyal na kumperensyang ginanap sa Hiram, Ohio, nagpasiya ang Propeta at iba pang mga lider ng Simbahan na ilathala ang ilang piling paghahayag na natanggap ng Propeta hanggang sa oras na iyon. Matapos itong pagpasiyahan, tumanggap ng banal na paghahayag ang Propeta na tinawag ng Panginoon na "aking paunang salita sa aklat ng aking mga kautusan" (D at T 1:6). Ang paghahayag na ito, na ngayon ay naging Doktrina at mga Tipan bahagi 1, ay tanda ng pagsang-ayon ng Panginoon sa paglalathala ng mga paghahayag at nagpapaliwanag ng Kanyang mga layunin sa pagbibigay nito. "Saliksikin ang mga kautusang ito," pahayag ng Panginoon, "sapagkat ang mga ito ay tunay at tapat, at ang mga propesiya at pangako na nasa mga ito ay matutupad na lahat" (D at T 1:37). Matapos basahin sa kanya ang mga paghahayag sa ikalawang araw ng kumperensya, "tumayo at nagpasalamat" ang Propeta para sa pahiwatig na ito ng pagsang-ayon ng Panginoon.[2]

Kasunod ng kumperensyang ito, naalala ng Propeta, "halos dalawang linggo akong naging abala sa pagrerepaso ng mga kautusan at pagdalo sa kumperensya; dahil mula sa unang araw hanggang ikalabindalawa ng Nobyembre apat na espesyal na kumperensya ang idinaos namin. Sa pinakahuli . . . sumang-ayon ang mga dumalo sa kumperensya na ang mga paghahayag ay singhalaga . . . ng mga yaman ng buong mundo." Ipinahayag din sa kumperensya na ang mga paghahayag "ang pundasyon ng Simbahan sa mga huling araw na ito, at kapaki-pakinabang sa mundo, na ipinakikita na ang mga susi ng hiwaga ng kaharian ng ating Tagapagligtas ay muling ipinagkatiwala sa tao; at ang yaman ng kawalang-hanggan [ay] abot ng mga yaong handang mamuhay sa bawat salitang nanggagaling sa bibig ng Diyos."[3]

Ang mga kopya ng mga paghahayag na sulat-kamay ay dinala kay William W. Phelps sa Missouri, para ilathala bilang Aklat ng mga Kautusan. Si Brother Phelps, na inutusan ng Panginoon na pumunta sa Missouri at maging manlilimbag ng Simbahan (tingnan sa D at T 57:11), ay agad sinimulan ang pagsasaayos sa aklat. Gayunman, noong Hulyo 20, 1833, sinira ng mga mandurumog ang limbagan at karamihan sa nalimbag na mga kopya. Nailigtas ng mga miyembro ng Simbahan ang ilan sa nagliparang mga

pahina at isa-isang pinagtahi-tahi ang mga ito, ngunit hindi opisyal na nailathala ang aklat kailanman. Noong 1835, ang mga paghahayag na nilayon para sa Aklat ng mga Kautusan at marami pang karagdagang paghahayag ay inilathala sa Kirtland bilang Doktrina at mga Tipan. Kasama ang iba pang mga paghahayag na nadagdag mula noong 1835, ang aklat na ito ay nagsisilbing saksi na ang Diyos ay nagsasalita ngayon sa pamamagitan ng Kanyang buhay na propeta, ang Pangulo ng Simbahan, para mapagpala at mapatnubayan ang Kanyang Simbahan.

## Mga Turo ni Joseph Smith

### Lagi nang ginagabayan ng Diyos ang Kanyang mga tao at Kanyang Simbahan sa pamamagitan ng paghahayag.

*Mga Saligan ng Pananampalataya 1:9:* "Naniniwala kami sa lahat ng ipinahayag ng Diyos, sa lahat ng Kanyang ipinahahayag ngayon, at naniniwala rin kami na maghahayag pa Siya ng maraming dakila at mahahalagang bagay hinggil sa Kaharian ng Diyos."[4]

"Hindi natin mauunawaan kailanman ang mga bagay ng Diyos at ng langit, kung hindi sa pamamagitan ng paghahayag. Maaari tayong magpahayag ng mga espirituwal na bagay at magbigay ng mga opinyon nang walang humpay; ngunit wala tayong awtoridad."[5]

"Ang doktrina ng paghahayag ay lubos na nakahihigit sa doktrinang walang paghahayag; sapagkat ang isang katotohanang inihayag mula sa langit ay katumbas ng lahat ng umiiral na paniniwala ng mga sekta sa mundo."[6]

"Hindi darating ang kaligtasan kung walang paghahayag; walang kabuluhan para sa sinuman na maglingkod kung wala ito. . . . Walang sinumang maaaring maging lingkod ni Jesucristo maliban kung may patotoo siya kay Jesus; at ito ang diwa ng propesiya [tingnan sa Apocalipsis 19:10]. Tuwing ipangangaral ang kaligtasan, ito ay sa pamamagitan ng patotoo. Ang mga tao sa kasalukuyan ay nagpapatotoo sa langit at impiyerno, na hindi nila nakita kailanman; at sasabihin ko na walang taong nakaaalam ng mga bagay na ito nang walang paghahayag."[7]

"Itinuro ni Jesus, 'Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking iglesia; at ang pintuan ng Hades ay hindi magsisipanaig laban sa kaniya.' [Mateo 16:18.] Anong bato? Paghahayag."[8]

"Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay isinalig sa tuwirang paghahayag, katulad ng tunay na Simbahan ng Diyos noon pa man, ayon sa mga Banal na Kasulatan (Amos 3:7, at Mga Gawa 1:2); at dahil sa kagustuhan at mga pagpapala ng Diyos, naging kasangkapan ako sa Kanyang mga kamay, hanggang ngayon, upang isulong ang gawain ng Sion."[9]

*Nagsalita ang Propeta sa isang kumperensya ng Simbahan noong Abril 1834:* "Binasa ni Pangulong Joseph Smith, Jun., ang ikalawang kabanata ng propesiya ni Joel, nanalangin, at sinabi ito sa kumperensya: . . . 'Iba ang ating kalagayan sa ibang mga taong nabubuhay sa mundong ito; dahil dito ang mga naunang paghahayag ay hindi akma sa ating mga kalagayan; ibinigay ang mga ito sa ibang tao, na nauna sa atin; ngunit sa mga huling araw, titipunin ng Diyos ang mga labi ng mga anak ni Israel, na magkakaroon ng kaligtasan, gayundin sa Jerusalem at Sion [tingnan sa Joel 2:32]. Ngayon kung hindi na magbibigay ng mga paghahayag ang Diyos, saan natin matatagpuan ang Sion at ang mga labing ito? . . .'

"Pagkatapos ay isinalaysay ng Pangulo kung paano nakuha at naisalin ang Aklat ni Mormon, ang paghahayag ng Priesthood ni Aaron, ang pagtatatag ng Simbahan noong 1830, ang paghahayag tungkol sa High Priesthood, at ang kaloob na Espiritu Santo na ibinuhos sa Simbahan, at sinabi: 'Alisin ninyo ang Aklat ni Mormon at ang mga paghahayag, at nasaan ang ating relihiyon? Wala.' "[10]

---

### Ang Pangulo ng Simbahan ay hinirang upang tumanggap ng paghahayag mula sa Diyos para sa Simbahan; ang mga tao ay maaaring tumanggap ng paghahayag para sa sarili nilang mga responsibilidad.

"Si Jesus . . . ay nagtalaga sa Simbahan unang-una ng mga Apostol, at ikalawa mga propeta, para sa gawain ng ministeryo, pagpapasakdal sa mga banal, at iba pa; . . . ang punong patakaran

ng Diyos [ay] na walang dapat maisagawa sa mundo nang hindi niya inihahayag ang lihim sa kanyang lingkod na mga propeta, gaya ng sinabi sa Amos 3:7."[11]

*Noong Setyembre 1830 lumipat sina Joseph at Emma Smith sa Fayette, New York, mula Harmony, Pennsylvania. Pagdating nila roon, nalaman nila na may ilang Banal na nalilinlang ng mga maling paghahayag:* "Laking hinagpis namin, . . . di nagtagal at nalaman namin na si Satanas ay naghihintay na makapanlinlang, at naghahanap ng mabibiktima. Si Brother Hiram Page ay may isang bato, na pinagkunan niya ng ilang 'paghahayag' hinggil sa pagtatayo ng Sion, ang kaayusan ng Simbahan, at kung anu-ano pa, at lahat ng ito ay lubos na kakaiba sa kaayusan ng bahay ng Diyos, alinsunod sa nakalahad sa Bagong Tipan, gayundin sa mga huling paghahayag sa amin. Dahil nakatakda ang isang kumperensya sa ika-26 ng Setyembre, naisip ko na makabubuting kausapin ko na lamang ang mga kapatid tungkol sa paksang ito, hanggang sa sumapit ang kumperensya. Gayunman, nang malaman namin na maraming tao, lalo na ang pamilyang Whitmer at si Oliver Cowdery, ang labis nang naniniwala sa mga bagay na sinasabi ng batong ito, naisip namin na makabubuting tanungin ang Panginoon hinggil sa napakahalagang bagay na ito; at bago nagsimula [ang] kumperensya, natanggap namin ang sumusunod:

"Paghahayag na ibinigay kay Oliver Cowdery, sa Fayette New York, Setyembre, 1830.

" '. . . Masdan, katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa iyo, walang sinuman ang itatalagang tatanggap ng mga kautusan at paghahayag sa Simbahang ito maliban sa aking tagapaglingkod na si Joseph Smith, Jun., sapagkat tinanggap niya ang mga yaon maging tulad ni Moises. At ikaw ay maging masunurin sa mga bagay na ipagkakaloob ko sa kanya. . . .

" 'At huwag kang mag-uutos sa kanya na siya mong pinuno, at pinuno ng simbahan; sapagkat ipinagkaloob ko sa kanya ang mga susi ng mga hiwaga, at ang mga paghahayag na tinatakan, hanggang sa maitalaga ko sa kanila ang hahalili sa kanya. . . .

" 'At muli, ipagsama mo ang iyong kapatid, na si Hiram Page, siya at ikaw lamang, sabihin sa kanya na ang mga bagay na yaon na kanyang isinulat mula sa bato ay hindi mula sa akin, at si Satanas ay nalinlang siya; sapagkat masdan, ang mga bagay na ito ay hindi itatakda sa kanya, ni alinmang bagay ay hindi itatakda kaninuman sa simbahang ito na taliwas sa mga tipan ng simbahan.

" 'Sapagkat lahat ng bagay ay kailangang maisagawa nang may kaayusan, at sa pamamagitan ng pangkalahatang pagsang-ayon sa simbahan, sa pamamagitan ng panalangin nang may pananampalataya.' [D at T 28:2–3, 6–7, 11–13.] . . .


"At sa wakas ay nagtipon kami sa kumperensya. Tinalakay ang batong nabanggit noong una, at matapos ang masusing pagsisiyasat, si Brother Page, gayundin ang mga miyembro ng Simbahan na naroon, ay iwinaksi na ang nasabing bato, at lahat ng bagay na may kaugnayan dito, na lubos naming ikinasiya."[12]

"Ang mga Pangulo o [Unang] Panguluhan ay nasa buong Simbahan; at ang mga paghahayag ng isipan at kalooban ng Diyos sa Simbahan, ay ipararating sa pamamagitan ng Panguluhan. Ito ang kaayusan ng langit, at ang kapangyarihan at pribilehiyo ng [Melchizedek] Priesthood. Pribilehiyo rin ito ng sinumang pinuno ng Simbahang ito na tumanggap ng mga paghahayag, basta't patungkol sa kanyang katungkulan at tungkulin sa Simbahan."[13]

"Hindi namin itinuturing ang aming sarili na may karapatang tumanggap ng anumang paghahayag mula sa sinumang lalaki o babae na hindi legal na itinalaga at inorden sa awtoridad na iyon, at nagbibigay ng sapat na katibayan nito.

". . . Salungat sa pamahalaan ng Diyos na ang sinumang miyembro ng Simbahan, o sinuman na makatanggap ng tagubilin para sa mga taong may awtoridad na mas mataas kaysa sa kanila; samakatwid makikita ninyong hindi angkop na pakinggan sila; ngunit kung ang isang tao ay may pangitain o dalawin ng mga sugo mula sa langit, iyon ay para sa kanyang sariling kapakinabangan at patnubay; sapagkat ang mga pangunahing alituntunin, pamahalaan, at doktrina ng Simbahan ay napapailalim sa mga susi ng kaharian."[14]

**Ipinahahayag ng Pangulo ng Simbahan ang salita ng Diyos para sa ating panahon at henerasyon.**



*Heber C. Kimball*

*Iniulat ni Heber C. Kimball, noong naglilingkod pa siya bilang tagapayo ni Pangulong Brigham Young:* "Maraming ulit na sinabi ni Brother Joseph Smith kay Brother Brigham at sa akin, at pati na sa iba, na siya ay kinatawan ng Diyos para turuan at gabayan tayo at pagsabihan ang mga gumagawa ng kamalian."[15]

*Iniulat ni Wilford Wodruff, ikaapat na Pangulo ng Simbahan:* "Babanggitin ko ang isang pulong na dinaluhan ko sa bayan ng Kirtland noong bata pa ako. Sa pulong na iyon may nabanggit na ilang bagay . . . tungkol sa mga buhay na orakulo at sa mga nakasulat na salita ng Diyos. . . . Tumayo ang isa sa mga namumuno sa Simbahan at nagsalita tungkol sa paksa, at sinabi: 'Nasa harapan ninyo ang salita ng Diyos dito sa Biblia, Aklat ni Mormon, at Doktrina at mga Tipan; nasa inyo ang nakasulat na salita ng Diyos, at kayo na tumatanggap ng paghahayag ay dapat ibigay ang mga paghahayag ayon sa mga aklat na iyon, dahil ang nakasulat sa mga aklat na iyon ang siyang salita ng Diyos. Ang mga aklat na iyon lamang ang dapat nating gamitin.

"Nang makatapos sa pagsasalita ang taong iyon, bumaling si Brother Joseph kay Brother Brigham Young at sinabi, 'Brother Brigham, nais kong tumayo ka sa harapan at sabihin sa amin ang iyong mga pananaw hinggil sa mga buhay na orakulo at sa nakasulat na salita ng Diyos.' Tumayo sa harapan si Brother Brigham, at kinuha ang Biblia, at inilapag iyon; kinuha niya ang Aklat ni Mormon, at inilapag iyon; at kinuha niya ang Doktrina at mga Tipan at inilapag iyon sa kanyang harapan, at sinabi: 'Narito ang nakasulat na salita ng Diyos sa atin, hinggil sa gawain ng Diyos mula pa sa simula ng daigdig, halos hanggang sa ating panahon. At ngayon,' wika niya, 'kung ihahambing sa mga [buhay na] orakulo walang halaga sa akin ang mga aklat na ito; ang mga aklat na iyon ay hindi tuwirang ipinahahayag sa atin ang salita ng

Diyos, na tulad ng mga salita ng isang Propeta o isang taong nagtataglay ng Banal na Priesthood sa ating panahon at henerasyon. Mas gugustuhin ko pa ang mga buhay na orakulo kaysa lahat ng nakasulat sa mga aklat.' Iyon ang naging paghahayag niya. Nang matapos siya, sinabi ni Brother Joseph sa kongregasyon: 'Sinabi sa inyo ni Brother Brigham ang salita ng Panginoon, at katotohanan ang sinabi niya sa inyo.' "[16]

*Nagunita ni Brigham Young, ikalawang Pangulo ng Simbahan:* "Maraming taon na ang nakalilipas sinabi ni Propetang Joseph na kung matatanggap lamang ng mga tao ang mga paghahayag na natanggap niya at matalinong susundin ito, ayon sa dikta ng Panginoon, mas may kakayahan sana silang makakilos at makaunawa kaysa noon."[17]

---

### Sinasang-ayunan natin ang Pangulo at iba pang mga lider ng Simbahan sa pamamagitan ng pagdarasal para sa kanila at pakikinig sa kanilang payo.

*Iniulat ni Joseph Smith na ang sumusunod ay nangyari sa paglalaan ng Kirtland Temple noong Marso 27, 1836:* "Pagkatapos ay nagbigay ako ng maikling pananalita, at nanawagan sa ilang korum, at sa buong kongregasyon ng mga Banal, na kilalanin ang [Unang] Panguluhan bilang mga Propeta at Tagakita, at suportahan sila sa kanilang mga dalangin. Nakipagtipan silang lahat na gagawin nila iyon, sa pamamagitan ng pagtayo.

"Pagkatapos ay nanawagan ako sa mga korum at kongregasyon ng mga Banal na kilalanin ang Labindalawang Apostol, na naroon, bilang mga Propeta, Tagakita, Tagapaghayag, at mga natatanging saksi sa lahat ng bansa sa mundo, na mayhawak ng mga susi ng kaharian, upang buksan ito, o pahintulutang magawa iyon, para sa kanila, at suportahan sila sa kanilang mga dalangin, na sinang-ayunan nila sa pamamagitan ng pagtayo.

"Sumunod ay nanawagan ako sa mga korum at kongregasyon ng mga Banal na kilalanin ang mga pangulo ng Pitumpu . . . at suportahan sila sa kanilang mga dalangin, na ginawa nila sa pamamagitan ng pagtayo. . . .

"Lahat ay bumoto ng pagsang-ayon sa bawat panawagan, at nagpropesiya ako sa lahat, na hangga't sinusuportahan nila ang mga kalalakihang ito sa kanilang mga tungkulin, . . . pagpapalain sila ng Panginoon; oo, sa pangalan ni Cristo, ang mga pagpapala ng langit ay mapapasakanila."[18]

"Tulad ng mga nag-angat ng mga kamay ni Moises [tingnan sa Exodo 17:8–13], iangat din natin ang mga kamay ng mga nahirang na pangasiwaan ang mga gawain ng Kaharian, upang sila ay mapalakas, at maisagawa ang kanilang magagandang plano, at maging kasangkapan sa pagsasakatuparan ng dakilang gawain sa mga huling araw."[19]

"Ngayon kung gagawin ng mga tao ang mga bagay-bagay, dahil lamang sa ipinayo ito sa kanila, subalit bumubulung-bulong habang ginagawa iyon, wala itong saysay; mabuti pang huwag na nilang gawin iyon. May mga nagsasabing sila ay mga Banal na mahilig bumulung-bulong, at maghanap ng mali, kapag may anumang payong ibinigay, na taliwas sa kanilang nadarama, gayong sila mismo ang humihingi ng payo; lalo na kapag pinayuhan sila nang hindi naman sila humihingi, na hindi naaayon sa paniwala nila sa mga bagay-bagay, ngunit mga kapatid, mas mabuti pa rito ang inaasahan namin sa karamihan sa inyo; tiwala kami na hangad ninyong mapayuhan, paminsan-minsan, at malugod ninyo itong susundin, tuwing matatanggap ninyo ito mula sa tamang pinagmulan."[20]

*Iniulat ni Eliza R. Snow:* "Sinabi ni [Joseph Smith], kung hinirang siya ng Diyos, at pinili siyang maging kasangkapan para pamunuan ang Simbahan, bakit hindi ninyo siya hayaang pamunuan ito? Bakit ninyo siya hahadlangan gayong hinirang siyang gawin ang isang bagay? Sino ang nakaaalam ng isipan ng Diyos? Hindi nga ba't inihahayag Niya ang mga bagay na kaiba sa ating inaasahan? Sinabi [ng Propeta] na patuloy siyang bumabangon, kahit lahat ay nagpapabigat sa kanya, humahadlang sa kanya, at sumasalungat; sa kabila ng lahat ng pagsalungat na ito, lagi siyang nagwawagi sa huli. . . .

"Pinagsabihan niya ang mahihilig maghanap ng mali sa pamamahala sa mga pananagutan ng Simbahan, na sinasabing tinawag siya ng Diyos na pamunuan ang Simbahan, at pamumunuan niya

ito nang wasto; yaong mga nagtatangkang manghimasok ay mapapahiya kapag napatunayan ang sarili nilang kamalian."[21]

---

**Yaong mga hindi tumatanggap sa buhay na propeta ay hindi uunlad at ipapataw sa kanila ang mga kahatulan ng Diyos.**

"Sa kabila ng katotohanan na lahat ng kaalaman ay literal na nagmumula sa Diyos, nang ito ay maihayag, hindi pinaniniwalaan ng lahat ng tao na ito ay paghahayag noong panahong iyon. . . .

"Si Noe ay isang taong sakdal, at ang kanyang kaalaman o paghahayag tungkol sa magaganap sa mundo ay nagbigay sa kanya ng kapangyarihang maghanda at iligtas ang kanyang pamilya sa pagkalipol sa baha. Ang kaalamang ito, o paghahayag, . . . ay hindi pinaniwalaan ng mga tao noon sa mundo. Alam nilang si Adan ang unang tao, nilikha sa larawan ng Diyos, na siya ay isang mabuting tao; na lumakad si Enoc na kasama ang Diyos sa loob ng tatlong daan at animnapu't limang taon, at dinala sa langit nang hindi nakatikim ng kamatayan. Ngunit hindi nila matanggap ang bagong paghahayag: naniniwala kami sa mga dati nang paghahayag dahil pinaniwalaan ito ng aming mga ninuno, ngunit hindi ang mga bagong paghahayag. At tinangay sila ng baha. . . .

"Ang alituntunin ding ito . . . ay kitang-kita sa mga Judio nang isilang ang Tagapagligtas. Ipinagyabang [nila] ang mga dati nang paghahayag, pinalamutian ang mga puntod ng mga patay, nagbigay ng ikapu na yerbabuena at anis, nag-alay ng mahahabang panalangin para magpakitang-tao, at tinawid ang karagatan at lupa para makapagturo sa mga magbabalik-loob, subalit nang magmula sa bibig mismo ng Dakilang Ako Nga ang bagong paghahayag, hindi nila ito matanggap—mabigat ito para sa kanila. Nakita rito ang mga katiwalian ng henerasyong iyon, na katulad noong mga nakaraang henerasyon, at isinigaw nila, alisin siya; ipako siya sa krus! . . .

"Minsan pa, gayunding mga kataga at pananalita ang ginamit pagdating ng Aklat ni Mormon sa henerasyong ito. Ang dati nang paghahayag, mga dating patriarch, peregrino [pilgrim] at apostol,



*Si Noe ay isang taong sakdal, at ang kanyang kaalaman o paghahayag tungkol sa magaganap sa mundo . . . ay hindi pinaniwalaan ng mga tao noon sa mundo."*

ay pinagpala. Naniniwala tayo sa kanila, ngunit hindi natin kayang paniwalaan ang mga bagong paghahayag."[22]

"Lagi nang napagkakamalan ng mga tao na tunay ang mga huwad na propeta, at yaong mga sugo ng Diyos, ang itinuring nilang huwad, kaya pinatay nila, binato, pinarusahan at ikinulong ang mga tunay na propeta, at ang mga ito ay nagtago sa mga ilang at yungib, at sa mga lungga ng lupa [tingnan sa Mga Hebreo 11:38], at kahit pinakamararangal na tao pa sa mundo, ay itinaboy nila mula sa kanilang lipunan bilang mga palaboy, samantalang kanilang pinahalagahan, pinarangalan at sinuportahan ang mga taong mandaraya, palaboy, mapagkunwari, impostor, at pinakaaba ang pagkatao."[23]

"Wala ako ni katiting na ideya, kung pagdating ni Cristo ay ipangangaral Niya ang malulupit na bagay na iyon na ipinangaral Niya sa mga Judio, maliban sa tatanggihan Siya ng henerasyong ito sa pagiging malupit. . . . Maraming magsasabi, 'Hindi kita iiwan, kundi mananatili ako sa iyong tabi sa lahat ng oras.' Ngunit

sa sandaling ituro mo sa kanila ang ilan sa mga hiwaga ng kaharian ng Diyos na nananatili sa kalangitan at ihahayag sa mga anak ng tao kapag sila ay handa na para dito, sila ang unang babato at papatay sa iyo. Ito rin ang dahilan kaya ipinako sa krus ang Panginoong Jesucristo, at siya ring magiging dahilan para patayin ng mga tao ang mga propeta sa henerasyong ito.

"Maraming bagay na [mahirap ipaliwanag] sa mga anak ng tao sa mga huling araw na ito: halimbawa, kailangang buhayin ng Diyos ang mga patay; [nalilimutan nila] na itinago ang mga bagay-bagay bago pa nilikha ang daigdig, na ihahayag sa mga batang musmos sa mga huling araw.

"Napakaraming matalinong lalaki at babae rin sa ating kalipunan na sobra ang talino para turuan pa; samakatwid mamamatay sila sa kawalan ng muwang, at sa pagkabuhay na mag-uli ay matutuklasan nila ang kanilang pagkakamali. Marami ang napagsarhan ng pintuan ng langit sa pagsasabing, Maaaring maghayag ng ilang bagay ang Diyos na paniniwalaan ko. . . .

"Lagi na lamang nangyayari na kapag ang Diyos ay nagpadala ng isang taong may priesthood at sinimulan nitong ipangaral ang kabuuan ng ebanghelyo, itinataboy siya ng kanyang mga kaibigan, na handa siyang katayin kung magtuturo siya ng mga bagay na inaakala nilang masama; at si Jesus ay ipinako sa krus dahil sa paniniwalang iyan."[24]

"Sa aba, sa aba sa taong iyon o pangkat ng mga tao na sumasalungat sa Diyos at Kanyang mga saksi sa mga huling araw na ito; sapagkat halos malilinlang nila maging ang mga taong pinili!

". . . Kapag nagpopropesiya ang isang tao, at inuutusan ang mga tao na sundin ang kanyang mga turo, maaaring siya ay isang tunay o huwad na propeta. Ang mga huwad na propeta ay laging sinasalungat ang mga tunay na propeta at magpopropesiya sila nang napakalapit sa katotohanan kung kaya't malilinlang nila ang mismong mga taong pinili."[25]

"Bunga ng pagtanggi sa Ebanghelyo ni Jesucristo at sa propetang isinugo ng Diyos, ang mga kahatulan ng Diyos ay nasa mga tao, lungsod, at bansa, sa iba't ibang panahon sa daigdig, na siyang nangyari sa mga lungsod ng Sodoma at Gomorra, na nalipol dahil sa hindi nila pagtanggap sa mga Propeta."[26]

*Iniulat ni William P. McIntire:* "[Si Joseph Smith] ay nagpropesiya na lahat ng tao na nagbalewala sa mga paghahayag na ibinigay, at sa kanya at sa kanyang mga salita, di magtatagal ay mananangis at mananaghoy, . . . na nagsasabing, Ah! kung nakinig lamang kami sa mga salita ng Diyos at mga paghahayag na ibinigay."[27]

## Mga Mungkahi sa pag-aaral at pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Repasuhin ang mga tala sa mga pahina 223–26, na pinapansin kung ano ang nadama ng mga unang miyembro ng Simbahan tungkol sa mga paghahayag na natanggap sa pamamagitan ni Joseph Smith. Ano ang nadarama ninyo tungkol sa Doktrina at mga Tipan?
- Basahin ang huling talata sa pahina 226. Sa inyong palagay bakit "hindi darating ang kaligtasan kung walang paghahayag"?
- Repasuhin ang mga pahina 227–29. Sa inyong palagay bakit nagpapalinlang ang mga tao kung minsan, tulad ng kuwento tungkol kay Hiram Page? Ano ang magagawa natin para maiwasang malinlang ng mga huwad na propeta o ng mga maling turo?
- Repasuhin ang huling tatlong buong talata sa pahina 229. Paano tayo makikinabang sa pagkakaroon ng iisang tao lamang na maaaring tumanggap ng mga paghahayag para sa buong Simbahan? Anong mga karanasan ang maibabahagi ninyo kung kailan pinatnubayan kayo ng Panginoon sa inyong mga natatanging responsibilidad?
- Sa mga pahina 230–31, basahin kung paano tumugon sina Joseph Smith at Brigham Young nang sabihin ng isang tao na ang mga paghahayag lamang na nakasulat sa mga banal na kasulatan ang dapat nating gamitin. Ano ang magkukulang sa inyong buhay kung mga pamantayang aklat ng mga banal na kasulatan lamang ang gagamitin ninyo, at hindi na kayo maki-

kinig sa mga salita ng buhay na propeta? Ano ang magagawa natin para masunod ang diwa ng payo ni Brigham Young?

- Ano ang magagawa natin upang masuportahan ang Pangulo at iba pang mga lider ng Simbahan? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 231–33.) Anong payo ang ibinigay ng Pangulo ng Simbahan nitong huling pangkalahatang kumperensya? Sa anong mga paraan kayo napagpala sa pagsunod sa propeta at iba pang mga lider ng Simbahan?
- Sa anong mga paraan tinatanggihan ng mga tao ang mga propeta ng Diyos? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 233–36.) Ano ang ilang posibleng kahihinatnan ng pagpili na huwag sundin ang payo ng mga pinili ng Panginoon na mamuno sa Kanyang Simbahan?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mga Kawikaan 29:18; Jacob 4:8; 3 Nephi 28:34; Mormon 9:7–9; D at T 21:1–6

### *Notes*

1. Parley P. Pratt, *Autobiography of Parley P. Pratt,* ed. Parley P. Pratt Jr. (1938), p. 62; ginawang makabago ang pagbabantas ; binago ang pagkakahati ng mga talata.
2. "The Conference Minutes and Record Book of Christ's Church of Latter Day Saints 1838–39; 1844," tala para sa Nob. 2, 1831, p. 16, iniulat ni John Whitmer, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah. Ang talaang ito ay naglalaman ng mga tala mula noong 1830 hanggang 1844.
3. *History of the Church,* 1:235; mula sa "History of the Church" (manuskrito), book A-1, pp. 172–73, Church Archives.
4. Mga Saligan ng Pananampalataya 1:9.
5. *History of the Church,* 5:344; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 8, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Willard Richards at William Clayton.
6. *History of the Church,* 6:252; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mar. 10, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Wilford Woodruff.
7. *History of the Church,* 3:389–90; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong mga Hulyo 1839 sa Commerce, Illinois; iniulat ni Willard Richards.
8. *History of the Church,* 5:258; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Ene. 22, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Wilford Woodruff.
9. History of the Church, 6:9; mula sa "Latter Day Saints," ni Joseph Smith, tinipon ni I. Daniel Rupp, *He Pasa Ekklesia [The Whole Church]: An Original History of the Religious Denominations at Present Existing in the United States* (1844), p. 404.
10. *History of the Church,* 2:52; ginawang makabago ang pagbabantas; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa katitikan ng kumperensya ng Simbahan na ginanap noong Abr. 21, 1834, sa Norton, Ohio; iniulat ni Oliver Cowdery.

11. "Baptism," isang artikulong inilathala sa *Times and Seasons,* Set. 1, 1842, p. 905; ginawang makabago ang gramatika; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.
12. *History of the Church,* 1:109–11, 115; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa "History of the Church" (manuskrito), book A-1, pp. 53–55, 58, Church Archives.
13. *History of the Church,* 2:477; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 6, 1837, sa Kirtland, Ohio; iniulat ng *Messenger and Advocate,* Abr. 1837, p. 487.
14. *History of the Church,* 1:338; mula sa isang liham nina Joseph Smith at Frederick G. Williams kay John S. Carter, Abr. 13, 1833, Kirtland, Ohio.
15. Heber C. Kimball, *Deseret News,* Nob. 5, 1856, p. 274.
16. Wilford Woodruff, sa Conference Report, Okt. 1897, pp. 22–23; ginawang makabago ang pagbabantas; binago ang pagkakahati ng mga talata .
17. Brigham Young, *Deseret News,* Dis. 9, 1857, p. 316.
18. *History of the Church,* 2:417–18; mula sa journal ni Joseph Smith, Mar. 27, 1836, Kirtland, Ohio; tingnan din sa *Messenger and Advocate,* Mar. 1836, p. 277.
19. *History of the Church,* 4:186; mula sa isang liham ni Joseph Smith at kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan sa mga Banal, Set. 1840, Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Okt. 1840, p. 178.
20. *History of the Church,* 4:45, talababa; mula sa isang liham ng Unang Panguluhan at mataas na kapulungan sa mga Banal na naninirahan sa kanlurang bahagi ng Kirtland, Ohio, Dis. 8, 1839, Commerce, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Dis. 1839, p. 29.
21. *History of the Church,* 4:603–4; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 28, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Eliza R. Snow; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
22. "Knowledge Is Power," isang artikulong inilathala sa *Times and Seasons,* Ago. 15, 1842, pp. 889–90; ginawang makabago ang pagbabaybay, pagbabantas at malaking titik; inalis ang pagkakahilig ng mga salita; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.
23. *History of the Church,* 4:574; ginawang makabago ang pagbabantas; mula sa "Try the Spirits," isang artikulong inilathala sa *Times and Seasons,* Abr. 1, 1842, p. 744; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.
24. *History of the Church,* 5:423–25; ginawang makabago ang pagbabantas; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hunyo 11, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Wilford Woodruff at Willard Richards; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
25. *History of the Church,* 6:364; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mayo 12, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Thomas Bullock.
26. *History of the Church,* 5:256–57; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Ene. 22, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Wilford Woodruff.
27. Mula sa ulat ni William P. McIntire tungkol sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong mga unang bahagi ng 1841 sa Nauvoo, Illinois; William Patterson McIntire, Notebook 1840–45, Church Archives.

KABANATA 17

# Ang Dakilang Plano ng Kaligtasan


*"Ang dakilang plano ng kaligtasan ay isang temang dapat ay mahigpit nating pagtuunan ng pansin, at ituring na isa sa pinakamaiinam na handog ng langit sa sangkatauhan."*

## Mula sa Buhay Ni Joseph Smith

Noong Setyembre 1831, lumipat si Propetang Joseph Smith at ang kanyang pamilya sa Hiram, Ohio, 48 kilometro timog-silangan ng Kirtland, kung saan mga isang taon silang nanirahan sa bahay nina John at Alice (kilala rin bilang si Elsa) Johnson. Sa tahanang ito isinalin ng Propeta ang malaking bahagi ng Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia.

Ang mahalagang gawaing ito, na tinawag ng Propeta na "bahagi ng aking tungkulin,"[1] ay nakatulong nang malaki sa pag-unawa natin sa plano ng kaligtasan. Sinimulan ng Propeta ang gawaing ito noong Hunyo 1830 nang utusan siya ng Panginoon na simulan ang paggawa ng inspiradong pagbabago sa King James Version ng Biblia. Matagal nang alam ng Propeta na hindi laging malinaw sa Biblia ang ilang mahahalagang bagay. Napansin niya na binanggit sa kanya ni Moroni ang ilang talata sa Biblia na "may kaunting pagkakaiba sa kung paano . . . mababasa [ang mga ito] sa ating mga Biblia" (Joseph Smith—kasaysayan 1:36). Habang isinasalin ang 1 Nephi 13:23–29, nalaman niya na "maraming bahagi na malinaw at pinakamahalaga" ang inalis sa Biblia, kabilang na ang "marami sa mga tipan ng Panginoon" (1 Nephi 13:26).

Sinabi ng Propeta kalaunan: "Naniniwala ako sa nakasaad sa Biblia kapag nagbuhat ito sa panulat ng mga orihinal na may-akda. Ang mga walang muwang na tagasalin, walang ingat na



*"At nangusap ang Panginoong Diyos kay Moises, nagsasabing: . . . Sapagkat masdan, ito ang aking gawain, at aking kaluwalhatian—ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao."*

tagasulat, o mapanlinlang at tiwaling saserdote ay marami nang nagawang mali. . . . Tingnan ninyo [sa Mga Hebreo 6:1] ang magkakasalungat—'Kaya't tayo'y tumigil na ng pagsasalita ng mga unang simulain ng aral ni Cristo, at tayo'y mangagpatuloy sa kasakdalan.' Kung iiwan ng tao ang mga unang simulain ng aral ni Cristo, paano siya maliligtas sa mga alituntunin? Magkasalungat ito. Hindi ako naniniwala rito. Sasabihin ko kung paano ito nararapat—'Kaya nga hindi iniiwan ang mga alituntunin ng doktrina ni Cristo, tayo ay magpatuloy tungo sa pagiging ganap.' "[2]

Sa patnubay ng Espiritu, mga tatlong taon ang ginugol ni Joseph sa pagsusuri sa Biblia, at gumawa ng libu-libong pagtatama sa teksto at ibinalik ang maraming impormasyong nawala. Ang ibinalik na impormasyong ito ay lubhang nagbigay-liwanag sa maraming doktrinang hindi malinaw na nailahad sa Bibliang mababasa ngayon. Ang mga inspiradong pagbabagong ito sa teksto ng Biblia ay tinatawag na Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia. Daan-daang talata mula sa Pagsasalin ni Joseph Smith ang kasama na ngayon sa edisyon ng mga Banal sa mga Huling Araw ng King James Version ng Biblia.

Ang pagsasalin ng Propeta ng Biblia ay mahalagang bahagi ng kanyang sariling espirituwal na pagkatuto at ng pagsisimula ng pagpapanumbalik ng katotohanan ng ebanghelyo. Habang binabago niya ang Luma at Bagong Tipan, madalas siyang makatanggap ng mga paghahayag na naglilinaw o nagpapaliwanag sa mga talata sa Biblia. Sa ganitong paraan, tumatanggap ng maraming doktrina ang Propeta mula sa Panginoon, kasama na ang mga matatagpuan ngayon sa Doktrina at mga Tipan 74, 76, 77, 86, at 91, at sa mga parte ng maraming iba pang bahagi ng Doktrina at mga Tipan.

Nang unang simulan ng Propeta ang kanyang pagsasalin ng Biblia noong Hunyo 1830, inihayag sa kanya ng Panginoon ang isang mahabang taludtod mula sa mga isinulat ni Moises. Ang taludtod na ito ang naging unang kabanata sa aklat ni Moises sa Mahalagang Perlas. Nakatala rito ang pangitain nang makita at makausap ni Moises ang Diyos—isang pangitaing lubhang kakaiba kaya tinawag ito ni Joseph Smith na "mahalagang piraso" at

"pinagkukunan ng lakas."[3] Sa pangitaing ito, itinuro ng Diyos kay Moises ang pangunahing layunin ng dakilang plano ng kaligtasan:

"At nangusap ang Panginoong Diyos kay Moises, nagsasabing: . . . Sapagkat masdan, ito ang aking gawain at aking kaluwalhatian—ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao" (Moises 1:37, 39).

Ang mga doktrina, ordenansa, at pangakong bumubuo ng plano ng kaligtasan ay inihayag sa mundo sa mga huling araw na ito sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith. Bilang isang tao na malinaw na naunawaan ang kahalagahan ng planong ito, ipinahayag ng Propeta: "Ang dakilang plano ng kaligtasan ay isang temang dapat ay mahigpit nating pagtuunan ng pansin, at ituring na isa sa pinakamaiinam na handog ng langit sa sangkatauhan."[4]

## Mga Turo ni Joseph Smith

### Sa daigdig bago tayo isinilang, si Jesucristo ang piniling maging Tagapagligtas, at pinili nating tanggapin ang plano ng kaligtasan.

"Sa unang organisasyon sa langit naroon tayong lahat at nakita natin na pinili at hinirang ang Tagapagligtas at ginawa ang plano ng kaligtasan, at sinang-ayunan natin ito."[5]

"Ang Panginoon [ay] isang saserdote magpakailanman, ayon sa pagkasaserdote ni Melchizedek, at siyang hinirang na Anak ng Diyos, bago pa man itinatag ang daigdig [tingnan sa Awit 110:4]."[6]

"Ang kaligtasan kay Jesucristo ay ginawa para sa lahat ng tao, upang magtagumpay laban sa diyablo. . . . Lahat ay magdurusa hangga't hindi nila sinusunod mismo si Cristo.

"Ang pinagtatalunan sa langit ay—sinabi ni Jesus na may ilang kaluluwang hindi maliligtas; at sinabi naman ng diyablo na ililigtas niya silang lahat, at inilahad niya ang kanyang plano sa harapan ng malaking kapulungan, na bumoto ng pagsang-ayon kay Jesucristo. Kaya ang diyablo ay naghimagsik laban sa Diyos, at pinalayas, kasama ang lahat ng pumanig sa kanya."[7]

**Tayo ay mga walang hanggang nilalang; susulong tayo sa kadakilaan sa pagsunod sa mga batas ng Diyos.**

*Natanggap ni Propetang Joseph Smith ang sumusunod na paghahayag mula sa Panginoon noong Mayo 1833, na itinala kalaunan sa Doktrina at mga Tipan 93:29: "Ang tao rin sa simula ay kasama ng Diyos. Ang katalinuhan, o ang liwanag ng katotohanan, ay hindi nilikha o ginawa, ni maaaring gawin." Noong Abril 1844, itinuro ng Propeta:* "May isang paksa pa akong tatalakayin, na ipinlanong magpadakila sa tao. . . . Ito ay may kinalaman sa pagkabuhay na mag-uli ng mga patay,—alalaong baga'y ang kaluluwa—ang isipan ng tao—ang walang kamatayang espiritu. Saan ito nagmula? Lahat ng taong may pinag-aralan at dalubhasa sa relihiyon ay nagsasabi na nilikha ito ng Diyos sa simula; ngunit hindi ito gayon: sa tingin ko ay pinabababa ng ideyang ito ang tao. Hindi ako naniniwala sa doktrina; higit pa rito ang alam ko. Makinig kayo, kayong lahat na nasa mga dulo ng mundo; sapagkat ito ang sinabi sa akin ng Diyos; at kung hindi kayo maniniwala sa akin, hindi nito pawawalang-bisa ang katotohanan. . . .

"Ang sinasabi ko ay ang kawalang-kamatayan ng espiritu ng tao. Makatwiran bang sabihin na ang talino ng mga espiritu ay walang kamatayan, subalit may simula? Ang talino ng mga espiritu ay walang simula, ni katapusan. Iyan ay mabuting katwiran. Yaong may simula ay maaaring may katapusan. Hindi nawala ang mga espiritu kailanman. . . .

". . . Huhubarin ko ang singsing sa aking daliri at ihahalintulad ito sa isipan ng tao—ang bahaging walang kamatayan, dahil wala itong simula. Halimbawa ay hinati ninyo ito sa dalawa; sa gayon ay may simula na ito at katapusan; ngunit pagsamahin ninyo itong muli, at patuloy ito sa walang hanggang pag-ikot. Ganyan din ang espiritu ng tao. Habang buhay ang Diyos, kung ito ay may simula, ito ay may katapusan. Noon pa mang simula ng paglikha ay pinatutunayan na ng lahat ng hangal at may pinag-aralan at matalinong tao, na nagsasabing may simula ang espiritu ng tao, na dapat ay may katapusan ito; at kung totoo ang

doktrinang iyan, totoo rin ang doktrina ng pagkalipol. Ngunit kung tama ako, buong tapang kong ipahahayag mula sa ibabaw ng mga bubong ng bahay na ang Diyos ay hindi kailanman nagkaroon ng kapangyarihang lumikha ng espiritu ng tao. Ang Diyos mismo ay hindi kayang likhain ang kanyang sarili.

"Ang katalinuhan ay walang hanggan at umiiral sa sariling tuntunin nito. Isa itong espiritung umiiral sa bawat panahon at hindi ito nalilikha. Lahat ng isipan at espiritung pinababa ng Diyos sa mundo ay may kakayahang umunlad.

"Ang mga pangunahing tuntunin tungkol sa tao ay umiiral na kasama ng Diyos. Ang Diyos mismo, nang makitang naliligiran siya ng mga espiritu at kaluwalhatian, at dahil Siya ay mas matalino, ay nakita na wastong magtatag ng mga batas na nagbibigay sa iba ng pribilehiyong umunlad na katulad niya. Ang kaugnayan natin sa Diyos ay naglalagay sa atin sa isang sitwasyon na madaragdagan ang ating kaalaman. Siya ay may kapangyarihang bumuo ng mga batas para maturuan ang di gaanong matatalino, upang sila ay mapadakilang kasama niya, nang sa gayon ay magkaroon sila ng kaluwalhatian sa kaluwalhatian, at ng lahat ng kaalaman, kapangyarihan, kaluwalhatian, at katalinuhan, na kailangan upang mailigtas sila sa daigdig ng mga espiritu."[8]

"Tinatanggap natin na nilikha ng Diyos ang tao na may isipang maaaring turuan, katalinuhang maaaring paunlarin ayon sa pagtalima at kasigasigang ibinigay sa kaliwanagang ipinarating ng langit sa isipan; at habang papalapit sa pagiging sakdal ang isang tao, higit na lumilinaw ang kanyang mga pananaw, at higit siyang nasisiyahan, hanggang sa madaig niya ang mga kasamaan sa kanyang buhay at mawala ang lahat ng hangaring magkasala; at tulad ng mga tao noong unang panahon, ay sumasapit ang kanyang pananampalataya sa puntong siya ay nababalot sa kapangyarihan at kaluwalhatian ng kanyang Lumikha, at umaakyat sa langit upang makapiling Siya. Ngunit tinatanggap natin na ito ay isang kalagayang hindi nararating ng sinumang tao sa isang iglap."[9]

**Naparito tayo sa mundo upang magkaroon ng katawan, magtamo ng kaalaman, at manaig sa pamamagitan ng pananampalataya.**

"Alam ng lahat ng tao na kailangan silang mamatay. At mahalagang maunawaan natin ang mga dahilan at sanhi ng pagkalantad natin sa malalaking pagbabago ng buhay at ng kamatayan, at ang mga plano at layunin ng Diyos sa pagparito natin sa mundo, ang ating mga pagdurusa rito, at ang ating paglisan mula rito. Ano ang layunin ng ating buhay rito, pagkatapos ay mamatay at lumisan, at tuluyan nang mawala sa mundo? Makatwiran lamang na ipalagay na ang Diyos ay maghahayag ng isang bagay na may kaugnayan dito, at ito ay isang paksang dapat nating pag-aralan nang higit kaysa iba. Dapat natin itong pag-aralan araw at gabi, sapagkat ang sanlibutan ay walang muwang sa tunay nilang kalagayan at kaugnayan [sa Diyos]."[10]

"Ang plano ng Diyos bago pa itinatag ang daigdig ay magkaroon tayo ng mga tabernakulo [katawan], nang sa pamamagitan ng ating katapatan ay manaig tayo at sa gayon ay mabuhay tayong mag-uli mula sa mga patay, at sa ganitong paraan ay magtamo ng kaluwalhatian, karangalan, kapangyarihan, at nasasakupan."[11]

"Naparito tayo sa mundong ito upang magkaroon ng katawan at dalisay itong iharap sa Diyos sa kahariang selestiyal. Ang dakilang alituntunin ng kaligayahan ay kinapapalooban ng pagkakaroon ng katawan. Ang diyablo ay walang katawan, at iyon ang kanyang kaparusahan. Nasisiyahan siya kapag nakakakuha siya ng katawan ng tao, at nang palayasin ng Tagapagligtas ay hiniling niyang makapasok sa kawan ng mga baboy, na nagpapakitang mas gugustuhin pa niya ang katawan ng baboy kaysa wala. Lahat ng nilalang na may katawan ay higit ang lakas kaysa mga yaong wala nito."[12]

"Ang kaligtasan ay ang maligtas ang tao mula sa lahat ng kanyang kaaway; sapagkat hangga't hindi nadadaig ng tao ang kamatayan, hindi siya maliligtas. . . .

"Ang mga espiritu sa daigdig na walang hanggan ay gaya ng mga espiritu sa daigdig na ito. Kapag sila ay isinilang sa mundong



*"Ang plano ng Diyos bago pa itinatag ang daigdig ay magkaroon tayo ng mga tabernakulo [katawan], nang sa pamamagitan ng katapatan ay manaig tayo."*

ito at nagkaroon ng katawan, at namatay at muling nagbangon at tumanggap ng niluwalhating katawan, lamang sila kaysa mga espiritung hindi tumanggap ng katawan, o hindi pinanatili ang kanilang unang kalagayan, gaya ng diyablo. Ang parusa sa diyablo ay hindi siya dapat magkaroon ng katawan na gaya ng tao."[13]

"Ang alituntunin ng kaalaman ay alituntunin ng kaligtasan. Ang alituntuning ito ay mauunawaan ng tapat at masigasig; at bawat isa na hindi nagtamo ng sapat na kaalaman para maligtas ay susumpain. Ang alituntunin ng kaligtasan ay ibinibigay sa atin sa pamamagitan ng kaalaman tungkol kay Jesucristo.

"Ang kaligtasan ay walang iba kundi ang magtagumpay laban sa lahat ng ating kaaway at mailagay sila sa ating paanan. At kapag may kapangyarihan tayong ilagay sa ating paanan ang lahat ng ating kaaway sa mundong ito, at may kaalaman tayong magtagumpay laban sa lahat ng masamang espiritu sa mundong darating, tayo ay maliligtas, tulad ng nangyari kay Jesus, na maghahari hanggang sa mailagay Niya sa Kanyang paanan ang lahat ng Kanyang kaaway, at ang huling kaaway ay kamatayan [tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:25–26).

“Marahil ay may mga alituntunin dito na iilang tao lamang ang nakaisip. Walang taong magkakaroon ng kaligtasang ito kung hindi sa pamamagitan ng isang katawan.

“Ngayon, sa mundong ito, ang tao ay likas na makasarili, ambisyoso at hangad mahigitan ang iba; gayunman ang ilan ay handang palakasin ang iba at maging ang kanilang sarili. Kaya’t sa ibang daigdig may iba’t ibang espiritu. Ang ilan ay hangad manguna. At ito ang nangyari kay Lucifer nang siya ay mahulog. Naghangad siya ng mga bagay na hindi naaayon sa batas. Kaya siya ay pinalayas, at sinasabing natangay niya ang marami; at ang bigat ng parusa sa kanya ay hindi siya magkakaroon ng tabernakulo [katawan]. Ito ang parusa sa kanya.”[14]

---

**Binigyan tayo ng Diyos ng kalayaang pumili at ng kakayahang piliin ang mabuti sa masama.**

“Kung ang mga tao ay magtatamo ng kaligtasan, dapat silang pumailalim, bago nila lisanin ang daigdig na ito, sa mga partikular na patakaran at alituntunin, na pinatibay ng hindi mababagong batas bago pa nilikha ang mundo. . . . Ang paglikha ng espirituwal at banal na mga mundo, at ng espirituwal at banal na mga nilalang, ay naaayon sa pinakaperpektong kaayusan at pagkakasundo: ang mga limitasyon at hangganan nila ay hindi maaaring bagu-baguhin, at kusa nila mismong sinang-ayunan sa kalagayan nila sa langit, at sinang-ayunan ng una nating mga magulang sa mundo. Kaya’t mahalaga na ang mga alituntunin ng walang hanggang katotohanan ay tanggapin at sang-ayunan ng lahat ng tao sa mundo na umaasa sa buhay na walang hanggan.”[15]

“Lahat ng tao ay may karapatang pumili, sapagkat ito ay inorden ng Diyos. Nilikha Niya ang sangkatauhan na may kalayaang pumili, at binigyan sila ng kakayahang piliin ang mabuti o masama; hangarin ang yaong mabuti, sa pamamagitan ng pagtahak sa landas ng kabanalan sa buhay na ito, na nagdudulot ng kapayapaan ng isipan, at kagalakan dito kasama ang Espiritu Santo, at ganap na kagalakan at kaligayahan sa Kanyang kanang kamay sa kabilang buhay; o tahakin ang masamang landas, patuloy na magkasala at

maghimagsik sa Diyos, na maghahatid ng kapahamakan sa kanilang kaluluwa sa mundong ito, at ng walang hanggang kapahamakan sa mundong darating."[16]

"Hindi tayo maaakit ng mga panunukso ni Satanas maliban kung payagan o pahintulutan natin ito sa ating kalooban. Ang likas nating pagkatao ay nilikhang gayon upang malabanan natin ang diyablo; kung hindi tayo nilikha nang gayon, mawawalan tayo ng layang pumili."[17]

"Ang diyablo ay walang kapangyarihan sa atin maliban kung pahintulutan natin siya; sa sandaling maghimagsik tayo sa anumang bagay na nagmula sa Diyos, mananaig ang diyablo."[18]

*Noong Mayo 16, 1841, nagsalita ang Propeta sa mga Banal:* "Naobserbahan ni Pangulong Joseph Smith . . . na si Satanas ang karaniwang sinisisi sa mga kasamaang ginawa natin, subalit kung siya ang sanhi ng lahat ng ating kasamaan, hindi maaaring isumpa ang tao. Hindi mapipilit ng diyablo na gumawa ng masama ang sangkatauhan; lahat ay kusa nilang ginawa. Yaong mga lumaban sa Espiritu ng Diyos, ay nanganganib na matukso, at sa gayon ay mawawala ang pagsama ng langit sa mga taong tumangging makibahagi sa napakadakilang kaluwalhatian. Hindi mamimilit ang Diyos, at hindi ito kayang gawin ng diyablo; at ang gayong mga ideyang naiisip ng marami [tungkol sa mga paksang ito] ay walang katotohanan."[19]

*Itinala ni Eliza R. Snow:* "Sinabi [ni Joseph Smith] na wala siyang pakialam kung gaano tayo kabilis sumulong sa landas ng kabutihan. Labanan ang kasamaan, at walang panganib; hindi hahatulan ng Diyos, mga tao, at mga anghel ang mga yaong nadaraig ang lahat ng kasamaan, at hindi ito kayang gawin ng diyablo; hindi madaraig ng diyablo ang inosenteng kaluluwang nilalabanan ang lahat ng kasamaan na tulad ng pagtatangka niyang madaig si Jehova."[20]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Ano ang ilang partikular na katotohanan tungkol sa plano ng kaligtasan at layunin ng buhay na nalaman natin dahil sa mga paghahayag kay Propetang Joseph Smith? Paano nakatulong sa inyo ang mga katotohanang ito?
- Itinuro ni Joseph Smith na ang plano ng kaligtasan ay "isang paksang dapat nating pag-aralan nang higit kaysa iba" (pahina 245) at "isang temang dapat ay mahigpit nating pagtuunan ng pansin" (pahina 242). Sa anong mga paraan natin mapag-aaralan ang plano ng kaligtasan? Habang abala tayo sa ating pang-araw-araw na mga gawain, ano ang magagawa natin para mahigpit na mapagtuunan ng pansin ang plano ng kaligtasan? Ano ang ilang paraan para maituro natin ang plano ng kaligtasan sa iba?
- Repasuhin ang mga turo ni Joseph Smith tungkol sa Kapulungan ng Langit at sa ating pagkataong likas na walang hanggan (mga pahina 242–44). Paano nagiging isang pagpapala sa inyong buhay sa mundo ang pagkaalam sa mga doktrinang ito?
- Nagpatotoo si Propetang Joseph, "Lahat ng isipan at espiritung pinababa ng Diyos sa mundo ay may kakayahang umunlad" (pahina 244). Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin nito? Paano maaaring makaimpluwensya ang katotohanang ito sa pagharap ninyo sa mga hamon? sa nadarama ninyo tungkol sa sarili ninyong kahalagahan at mga kakayahan? sa pakikitungo ninyo sa ibang tao?
- Basahin ang huling talata sa pahina 244. Pag-isipan ang mga pagpapalang natanggap natin sa "pagtalima at kasigasigan . . . sa kaalamang ipinarating ng langit."

- Repasuhin ang mga turo ni Joseph Smith tungkol sa kahalagahan ng pagkakaroon ng pisikal na katawan (mga pahina 245–47). Paano maaaring makaapekto ang kaalamang ito sa pangangalaga natin sa ating mga katawan?
- Basahin ang unang dalawang buong talata sa pahina 248. Isipin kung ano ang kahulugan sa inyo ng mga turong ito sa paggamit ng inyong kalayaang pumili. Ano ang ilang partikular na bagay na magagawa natin upang malabanan ang impluwensya ni Satanas?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* 2 Nephi 2:25; 9:6–12; Alma 34:31–33; D at T 76:25–32; 101:78; Abraham 3:22–25

## *Mga Tala*

1. *History of the Church,* 1:238; mula sa "History of the Church" (manuskrito), book A-1, p. 175, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.
2. *History of the Church,* 6:57–58; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Okt. 15, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Willard Richards; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
3. *History of the Church,* 1:98; mula sa "History of the Church" (manuskrito), book A-1, miscellaneous papers, Church Archives.
4. *History of the Church,* 2:23; mula sa "The Elders of the Church in Kirtland, to Their Brethren Abroad," Ene. 22, 1834, inilathala sa *Evening and Morning Star,* Abr. 1834, p. 152.
5. Binanggit ni William Clayton, sa paguulat tungkol sa isang talumpating walang petsa na ibinigay ni Joseph Smith sa Nauvoo, Illinois; sa "Extracts from William Clayton's Private Book," ni L. John Nuttall, p. 7, Journals of L. John Nuttall, 1857–1904, L. Tom Perry Special Collections, Brigham Young University, Provo, Utah; nasa Church Archives ang kopya.
6. "Baptism," isang editoryal na inilathala sa *Times and Seasons,* Set. 1, 1842, p. 905; ginawang makabago ang pagbabaybay at pagpapalaki ng mga letra; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.
7. *History of the Church,* 6:314; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 7, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Wilford Woodruff, Willard Richards, Thomas Bullock, at William Clayton.
8. *History of the Church,* 6:310–12; ginawang makabago ang pagpapalaki ng mga letra; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 7, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Wilford Woodruff, Willard Richards, Thomas Bullock, at William Clayton; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
9. *History of the Church,* 2:8; mula sa "The Elders of the Church in Kirtland, to Their Brethren Abroad," Ene. 22, 1834, inilathala sa *Evening and Morning Star,* Peb. 1834, p. 135.
10. *History of the Church,* 6:50; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Okt. 9, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Willard Richards at ng *Times and Seasons,* Set. 15, 1843, p. 331; nahuli ang paglalathala ng isyung ito ng *Times and Seasons*.

11. Binanggit ni Martha Jane Knowlton Coray, sa pag-uulat tungkol sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mayo 21, 1843, sa Nauvoo, Illinois; Martha Jane Knowlton Coray, Notebook, Church Archives.
12. Binanggit ni William Clayton, sa pag-uulat tungkol sa isang talumpating walang petsa na ibinigay ni Joseph Smith sa Nauvoo, Illinois; sa "Extracts from William Clayton's Private Book," ni L. John Nuttall, pp. 7–8, Journals of L. John Nuttall, 1857–1904, L. Tom Perry Special Collections, Brigham Young University, Provo, Utah; nasa Church Archives ang kopya.
13. *History of the Church,* 5:403; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mayo 21, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Willard Richards; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
14. *History of the Church,* 5:387–88; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mayo 14, 1843, sa Yelrome, Illinois; iniulat ni Wilford Woodruff; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
15. *History of the Church,* 6:50–51; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Okt. 9, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Willard Richards at ng *Times and Seasons,* Set. 15, 1843, p. 331; nahuli ang paglalathala ng isyung ito ng *Times and Seasons*; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
16. *History of the Church,* 4:45, talababa; mula sa isang liham ng Unang Panguluhan at mataas na kapulungan sa mga Banal na naninirahan sa kanlurang bahagi ng Kirtland, Ohio, Dis. 8, 1839, Commerce, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Dis. 1839, p. 29.
17. Binanggit ni William P. McIntire, sa pag-uulat tungkol sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong mga unang buwan ng 1841 sa Nauvoo, Illinois; William Patterson McIntire, Notebook 1840–45, Church Archives.
18. Binanggit ni William Clayton, sa pag-uulat tungkol sa isang talumpating walang petsa na ibinigay ni Joseph Smith sa Nauvoo, Illinois; sa "Extracts from William Clayton's Private Book," ni L. John Nuttall, p. 8, Journals of L. John Nuttall, 1857–1904, L. Tom Perry Special Collections, Brigham Young University, Provo, Utah; nasa Church Archives ang kopya.
19. *History of the Church,* 4:358; nasa orihinal ang mga salitang naka-bracket; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mayo 16, 1841, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ng *Times and Seasons,* Hunyo 1, 1841, p. 429.
20. *History of the Church,* 4:605; ginawang makabago ang pagbabantas; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 28, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Eliza R. Snow.



*Ang muling itinayong bahay ni John Johnson sa Hiram, Ohio. Sa tahanan ng mga Johnson noong Pebrero 1832, nakakita ng isang pangitain si Propetang Joseph Smith tungkol sa tatlong antas ng kaluwalhatian na inihanda ng Diyos para sa Kanyang mga anak.*

# Kabilang Buhay: Buhay sa mga Kawalang-hanggan

*"[Ang mabubuting nangamatay] ay muling babangon upang manahan sa mga walang katapusang kaligayahan sa kaluwalhatiang walang kamatayan, hindi na muling malulungkot, magdurusa, o mamamatay, kundi sila ay magiging mga tagapagmana ng Diyos at kasamang tagapagmana ni Jesucristo."*[1]

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Ang gawain ni Joseph Smith sa pagsasalin ng Biblia ay humantong sa napakagandang pangitain tungkol sa buhay sa mga kawalang-hanggan. Noong Pebrero 16, 1832, nagsasalin ang Propeta sa bahay ni John Johnson sa Hiram, Ohio, kasama si Sidney Rigdon bilang kanyang tagasulat. Isinasalin niya ang Ebanghelyo ni Juan. "Mula sa iba't ibang paghahayag na natanggap na," sabi ng Propeta kalaunan, "ay maliwanag na maraming mahahalagang paksang tumatalakay sa kaligtasan ng tao ang inalis mula sa Biblia, o nawala bago ito naisama. Napatunayan mismo sa mga katotohanang natira sa Biblia, na kung gagantimpalaan ng Diyos ang lahat alinsunod sa mga ginawa nila habang nabubuhay, ang katagang 'Langit,' na nakalaang maging walang hanggang tahanan ng mga Banal, ay kailangang tumukoy sa mga kahariang mahigit sa isa."[1]

Isinalin ng Propeta ang Juan 5:29, na naglalarawan kung paanong "magsisilabas" ang lahat sa pagkabuhay na mag-uli— "ang mga nagsigawa ng mabuti, ay sa pagkabuhay na maguli sa buhay; at ang mga nagsigawa ng masama, ay sa pagkabuhay na maguli sa paghatol." Nang pag-isipan nilang mabuti ni Sidney ang banal na kasulatang ito, nabuksan ang isang kagila-gilalas na pangitain sa kanila. Ayon sa tala ng Propeta: "Sa pamamagitan ng

kapangyarihan ng Espiritu ang aming mga mata ay nabuksan at ang aming mga pang-unawa ay naliwanagan, upang aming makita at maunawaan ang mga bagay-bagay ng Diyos—maging yaong mga bagay na mula sa simula bago pa magkaroon ng daigdig, na inordenan ng Ama, sa pamamagitan ng kanyang Bugtong na Anak, na nasa sinapupunan ng Ama, maging mula sa simula" (D at T 76:12–13).

Sa maluwalhating pangitaing ito, nakita ng Propeta at ni Sidney Rigdon ang Anak ng Diyos sa kanang kamay ng Ama at "natanggap ang kanyang kaganapan" (D at T 76:20). Nakita nila ang tatlong kaharian ng kaluwalhatian na inihanda ng Diyos para sa Kanyang mga anak at nalaman kung sino ang magmamana ng mga kahariang ito. Nakita rin nila si Satanas na pinalayas sa harapan ng Diyos at ang mga pagdurusa ng mga nagpapahintulot na madaig sila ni Satanas.

Ang pangitaing ito kalaunan ay naging bahagi 76 ng Doktrina at mga Tipan. Ipinaliwanag ng Propeta: "Wala nang iba pang higit na nakalulugod sa mga Banal sa kaayusan ng kaharian ng Panginoon, kaysa sa kaalamang ipinahayag sa mundo sa pamamagitan ng nabanggit na pangitain. Bawat batas, bawat utos, bawat pangako, bawat katotohanan, at bawat paksang tumatalakay sa tadhana ng tao, mula Genesis hanggang Apocalipsis, kung saan ang kadalisayan ng mga banal na kasulatan ay hindi nagagalaw ng kalokohan ng mga tao, . . . ay saksi sa katotohanan na ang kasulatang iyon ay isang sipi mula sa mga talaan ng daigdig na walang hanggan. Ang kahusayan ng mga ideya, ang kadalisayan ng wika; ang saklaw ng gawain; ang pagpapatuloy ng gawain hanggang sa matapos, nang ang mga tagapagmana ng kaligtasan ay purihin ang Panginoon at magsiluhod; ang mga gantimpala ng katapatan, at ang mga parusa sa mga kasalanan, ay hindi maunawaan ng makitid na isipan ng tao, kaya napipilitang ibulalas ng bawat tapat na tao na: *'Nagmula ito sa Diyos.'* "[2]

## Mga Turo ni Joseph Smith

### Ang Diyos ay naghanda ng tatlong antas ng kaluwalhatian para sa Kanyang mga anak.

"Ang paksa ko ay tungkol sa pagkabuhay na mag-uli ng mga patay, na matatagpuan ninyo sa ika-14 na kabanata ng Juan—'Sa bahay ng aking Ama ay maraming tahanan.' [Juan 14:2.] Ito ay dapat gawing—'Sa kaharian ng aking Ama ay maraming kaharian,' upang kayo ay maging mga tagapagmana ng Diyos at mga kasamang tagapagmana ko. . . . May mga mansiyon para sa mga yaong sumusunod sa batas na selestiyal, at may iba pang mga mansiyon para sa mga yaong lumalabag sa batas, bawat tao sa kanyang sariling kaayusan."[3]

" 'Pero,' sabi ng isa, 'naniniwala ako sa isang langit at impiyerno para sa lahat, kung saan lahat ay paroroon, at lahat ay pantay-pantay, at pare-parehong malungkot o masaya.'

"Ano! Kung saan lahat ay magkakasama-sama—ang mga marangal, banal, at mamamatay-tao, at nakikiapid, samantalang nasusulat na sila ay hahatulan alinsunod sa ginawa nila habang nabubuhay? Subalit ipinaalam sa atin ni San Pablo ang tungkol sa tatlong kaluwalhatian at tatlong langit. Kilala niya ang isang lalaking inagaw hanggang sa ikatlong langit [tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:40–41; II Mga Taga Corinto 12:2–4]. . . . Sinabi ni Jesus sa Kanyang mga disipulo, 'Sa bahay ng aking Ama ay maraming tahanan; kung di gayon, ay sinabi ko sana sa inyo. Ako'y paroroon upang ipaghanda ko kayo ng dakong kalalagyan, [at] muling paparito ako, at kayo'y tatanggapin ko sa aking sarili; upang kung saan ako naroroon, kayo naman ay dumoon.' [Tingnan sa Juan 14:2–3.]"[4]

"Humayo at basahin ang pangitain sa [Doktrina at mga Tipan 76]. Doon ay malinaw na inilarawan ang iba't ibang kaluwalhatian—isang kaluwalhatian ng araw, isa pang kaluwalhatian ng buwan, at isang kaluwalhatian ng mga bituin, at tulad ng isang bituin na iba ang kaluwalhatian sa isa pang bituin, sila man na nasa telestiyal na daigdig ay naiiba sa kaluwalhatian, at bawat tao na nananahan sa kaluwalhatiang selestiyal ay isang Diyos sa kanyang mga nasasakupan. . . .

"Sabi ni Pablo, 'Iba ang kaluwalhatian ng araw, at iba ang kaluwalhatian ng buwan, at iba ang kaluwalhatian ng mga bituin; sapagka't ang isang bituin ay naiiba sa ibang bituin sa kaluwalhatian. Gayon din naman ang pagkabuhay na maguli ng mga patay.' [I Mga Taga Corinto 15:41–42.]"[5]

---

**Yaong mga tumanggap ng patotoo ni Jesus, ng mga ordenansa ng ebanghelyo, at pinanaigan ng pananampalataya ay magmamana ng kahariang selestiyal.**

*Nakita ni Propetang Joseph Smith ang sumusunod na pangitain, na itinala kalaunan sa Doktrina at mga Tipan 76:50–59, 62, 68–70:* "At muli kami ay nagpapatotoo—sapagkat aming nakita at narinig, at ito ang patotoo ng ebanghelyo ni Cristo hinggil sa kanila na babangon sa pagkabuhay na mag-uli ng mga matwid—sila ang mga yaong tumanggap ng patotoo ni Jesus, at naniwala sa kanyang pangalan at nabinyagan sa paraan ng kanyang pagkakalibing, na nalibing sa tubig sa kanyang pangalan, at ito ay alinsunod sa kautusan na kanyang ibinigay—na sa pamamagitan ng pagsunod sa kautusan sila ay maaaring mahugasan at malinis mula sa lahat ng kanilang kasalanan, at tumanggap ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ng pagpapatong ng kamay niya na inordenan at binuklod sa kapangyarihang ito; at siyang [pinanaigan] ng pananampalataya, at ibinuklod sa pamamagitan ng Banal na Espiritu ng pangako, na siyang ibinubuhos ng Ama sa lahat ng yaong matwid at totoo.

"Sila ang mga yaong simbahan ng Panganay. Sila ang mga yaong kung kaninong kamay ibinigay ng Ama ang lahat ng bagay—sila ang mga yaong saserdote at hari, na nakatanggap ng kanyang kaganapan, at ng kanyang kaluwalhatian; at mga saserdote ng Pinakamataas, alinsunod sa orden ni Melquisedec, na alinsunod sa orden ni Enoc, na alinsunod sa orden ng Bugtong na Anak.

"Dahil dito, ayon sa nakasulat, sila ay mga diyos, maging ang mga anak na lalaki ng Diyos—dahil dito, lahat ng bagay ay kanila, kahit ang buhay o kamatayan, o mga bagay na kasalukuyan, o ang mga bagay na darating, lahat ay kanila at sila ay kay Cristo, at si Cristo ay sa Diyos. . . .

"Ang mga ito ay mananahan sa kinaroroonan ng Diyos at ng kanyang Cristo magpakailanman at walang katapusan. . . . Sila ang mga yaon na ang mga pangalan ay nakasulat sa langit, kung saan ang Diyos at si Cristo ang hukom ng lahat. Sila ang mga yaong matwid na tao na ginawang ganap sa pamamagitan ni Jesus, ang tagapamagitan ng bagong tipan, na nagsakatuparan ng ganap na pagbabayad-salang ito sa pamamagitan ng pagbubuhos ng kanyang sariling dugo. Sila ang mga yaong ang katawan ay selestiyal, na ang kaluwalhatian ay gaya ng sa araw, maging ang kaluwalhatian ng Diyos, ang pinakamataas sa lahat, na ang kaluwalhatian, ang araw sa kalangitan ay nasusulat bilang isang sagisag."[6]

*Itinuro ni Propetang Joseph Smith ang sumusunod noong Mayo 1843, na itinala kalaunan sa Doktrina at mga Tipan 131:1–4:* "Sa selestiyal na kaluwalhatian ay may tatlong kalangitan o antas; at upang matamo ang pinakamataas, ang isang tao ay kailangang pumasok sa orden na ito ng pagkasaserdote [ibig sabihin ang bago at walang hanggang tipan ng kasal]; at kung hindi niya gagawin, hindi niya ito matatamo. Maaari siyang pumasok sa iba, subalit iyon na ang katapusan ng kanyang kaharian; hindi siya magkakaroon ng pag-unlad."[7]

"Narito, samakatwid, ang buhay na walang hanggan—ang makilala ang nag-iisang matalino at tunay na Diyos; at kailangan ninyong matutuhan mismo kung paano maging mga diyos, at maging mga hari at saserdote sa Diyos, . . . sa pamamagitan ng pag-unlad mula sa isang mababang antas tungo sa mas mataas na antas, at mula sa maliit tungo sa malaking kakayahan; biyaya sa biyaya, kadakilaan sa kadakilaan, hanggang sa abutan ninyo ang pagkabuhay na mag-uli ng mga patay, at makapanahan sa mga walang hanggang kaligayahan, at maluklok sa kaluwalhatian, tulad ng mga yaong naluklok na sa walang katapusang kapangyarihan. . . .

". . . [Ang mabubuting nangamatay] ay muling babangon upang manahan sa mga walang katapusang kaligayahan sa kaluwalhatiang walang kamatayan, hindi na muling malulungkot, magdurusa, o mamamatay, kundi sila ay magiging mga tagapagmana ng Diyos at kasamang tagapagmana ni Jesucristo. Ano ito?



*Ang mga yaong magmamana ng kahariang selestiyal ay "yaong ang katawan ay selestiyal, na ang kaluwalhatian ay gaya ng sa araw, maging ang kaluwalhatian ng Diyos, ang pinakamataas sa lahat."*

Ang manahin ang gayunding kapangyarihan, kaluwalhatian, at kadakilaan, hanggang sa makarating kayo sa antas ng pagiging diyos, at maakyat ang trono ng walang hanggang kapangyarihan, katulad ng mga yaong nauna na sa atin."[8]

"Sila na nagtamo ng maluwalhating pagkabuhay na mag-uli mula sa mga patay, ay pinadakila nang higit pa sa mga pamunuan, kapangyarihan, luklukan, nasasakupan at mga anghel, at ipinahayag na mga tagapagmana ng Diyos at kasamang mga tagapagmana ni Jesucristo, na lahat ay may walang hanggang kapangyarihan [tingnan sa Mga Taga Roma 8:17]."[9]

---

## Ang "mararangal na tao sa lupa," yaong mga hindi matatag sa patotoo ni Jesus, ay magmamana ng kahariang terestriyal.

*Nakita ni Propetang Joseph Smith ang sumusunod na pangitain, na itinala kalaunan sa Doktrina at mga Tipan 76:71–79:* "At muli, aming nakita ang terestriyal na daigdig, at masdan at narito, sila ang mga yaong panterestriyal, na yaong kaluwalhatian

ay naiiba mula sa simbahan ng Panganay na nakatanggap ng kaganapan ng Ama, maging gaya ng pagkakaiba ng buwan mula sa araw sa kalangitan.

"Masdan, sila ang mga yaong namatay nang walang batas; at sila rin ang mga yaong espiritu ng tao na nakabilanggo, na dinalaw ng Anak, at nangaral ng ebanghelyo sa kanila, upang sila ay mahatulan alinsunod sa mga tao sa laman; na hindi tumanggap ng patotoo ni Jesus, subalit pagkaraan ay tinanggap ito.

"Sila ang mga yaong mararangal na tao sa lupa, na nabulag ng panlilinlang ng mga tao. Sila ang mga yaong tumanggap ng kanyang kaluwalhatian, subalit hindi ng kanyang kaganapan. Sila ang mga yaong tumanggap sa Anak, subalit hindi [sa] kaganapan ng Ama.

"Dahil dito, sila ang mga katawang terestriyal, at hindi katawang selestiyal, at naiiba sa kaluwalhatian gaya ng pagkakaiba ng buwan sa araw. Sila ang mga yaong hindi matatatag sa pagpapatotoo kay Jesus, dahil dito, hindi nila natamo ang putong ng kaharian ng ating Diyos."[10]

---

**Yaong masasama at hindi tumanggap sa ebanghelyo o patotoo ni Jesus ay magmamana ng kahariang telestiyal.**

*Nakita ni Propetang Joseph Smith ang sumusunod na pangitain, na itinala kalaunan sa Doktrina at mga Tipan 76:81–85, 100–106, 110–12:* "At muli, aming nakita ang kaluwalhatian ng telestiyal, na ang kaluwalhatian ay mas mababa, maging gaya ng kaluwalhatian ng mga bituin ay naiiba sa kaluwalhatian ng buwan sa kalangitan.

"Sila ang mga yaong hindi tumanggap ng ebanghelyo ni Cristo, ni ng patotoo ni Jesus. Sila ang mga yaong hindi nagtakwil ng Banal na Espiritu. Sila ang mga yaong ihuhulog sa impiyerno. Sila ang mga yaong hindi matutubos mula sa diyablo hanggang sa huling pagkabuhay na mag-uli, hanggang ang Panginoon, maging si Cristo ang Kordero, ay matapos sa kanyang gawain. . . .

"Sila ang mga yaong nagsasabi na sila ay sa isa at ang iba ay sa isa pa—ang iba kay Cristo at ang iba kay Juan at ang iba kay

Moises, at ang iba kay Elias, at ang iba kay Esaias, at ang iba kay Isaias, at ang iba kay Enoc; subalit hindi tinanggap ang ebanghelyo, ni ang patotoo ni Jesus, ni ang mga propeta, ni ang walang hanggang tipan.

"Ang pinakahuli sa lahat, silang lahat ang yaong hindi titipunin kasama ng mga banal, na isasama sa simbahan ng Panganay, at tatanggapin sa alapaap.

"Sila ang mga yaong sinungaling, at mga manggagaway, at mga nakikiapid, at mga patutot, at sinumang nagmamahal at gumagawa ng kasinungalingan. Sila ang mga yaong magdaranas ng poot ng Diyos sa mundo. Sila ang mga yaong magdaranas ng paghihiganti ng apoy na walang hanggan. Sila ang mga yaong ihuhulog sa impiyerno at magdaranas ng poot ng Pinakamakapangyarihang Diyos, hanggang sa kaganapan ng panahon, kapag nadaig nang lahat ni Cristo ang lahat ng kaaway sa ilalim ng kanyang mga paa, at nagawang ganap ang kanyang gawain. . . .

"At narinig [namin] ang tinig ng Panginoon [na] sinasabing: Ang lahat ng ito ay luluhod, at ang bawat dila ay magtatapat sa kanya na nakaupo sa luklukan magpakailanman at walang katapusan; sapagkat sila ay hahatulan alinsunod sa kanilang mga gawa, at ang bawat tao ay makatatanggap alinsunod sa kanyang mga sariling gawa, sa kanyang sariling nasasakupan, sa mga mansiyong inihanda; at sila ang mga magiging tagapaglingkod ng Kataas-taasan; subalit kung saan ang Diyos at si Cristo ay nananahanan hindi sila makaparoroon, mga daigdig na walang katapusan."[11]

---

**Ang magpapahirap sa masasama ay ang malaman na bigo silang makamtan ang kaluwalhatiang sana'y tinatamasa nila.**

"Iniutos ng Diyos na hindi matatakasan ng lahat ng hindi susunod sa Kanyang tinig ang kapahamakan ng impiyerno. Ano ang kapahamakan ng impiyerno? Ang makasama ang mga taong iyon na hindi sumunod sa Kanyang mga utos. . . . Alam ko na mapapahamak ang lahat ng tao kung hindi sila papasok sa daan na Kanyang binuksan, at ito ang daan na binigyang-diin ng salita ng Panginoon."[12]

"Ang malaking kalungkutan ng mga namatay na nasa daigdig ng mga espiritu, kung saan sila pumaparoon matapos mamatay, ay ang malaman na bigo silang makamtan ang kaluwalhatiang tinatamasa ng iba na sana'y tinatamasa rin nila, at sila mismo ang nagsakdal sa kanilang sarili."[13]

"Walang pasakit na kasintindi ng pag-aalala. Ito ang parusa sa masasama; ang kanilang pag-aalinlangan, agam-agam at pag-aalala ang sanhi ng kanilang pagtangis, panaghoy at pagngangalit ng mga ngipin."[14]

"Ang tao ang nagpapahirap at sumusumpa sa kanyang sarili. Kaya nga sinasabing, Sila ay magtutungo sa dagat-dagatang nagniningas sa apoy at asupre [tingnan sa Apocalipsis 21:8]. Ang pighati ng pagkabigo sa isipan ng tao ay kasingtindi ng isang lawang nagniningas sa apoy at asupre. Sinasabi ko, iyon ang nagpapahirap sa tao. . . .

". . . Ang iba ay babangon sa walang hanggang kaluwalhatian sa kinaroroonan ng Diyos, sapagkat ang Diyos ay nananahan sa walang hanggang kaluwalhatian, at ang ilan ay babangon sa kahatulan ng kanilang karumihan, na isang parusang katulad din ng dagat-dagatang apoy at asupre."[15]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Pinag-iisipang mabuti nina Joseph Smith at Sidney Rigdon ang tungkol sa isang talata sa banal na kasulatan nang matanggap nila ang paghahayag na nakatala sa Doktrina at mga Tipan 76 (mga pahina 253–54; tingnan din sa D at T 76:15–19). Anong mga personal na karanasan ang nakatulong sa inyo para maunawaan na ang pag-iisip na mabuti ay humahantong sa ibayong pag-unawa? Habang pinag-aaralan o tinatalakay ninyo ang kabanatang ito, maging ang iba pang mga kabanata, magukol ng oras na pag-isipang mabuti ang mga katotohanang nabasa ninyo.

- Basahin ang Juan 14:2–3 at I Mga Taga Corinto 15:40–41. Paano nakakatulong sa inyo ang mga turo sa kabanatang ito na maunawaan ang mga talatang ito?
- Sa paglalarawan ng mga yaong magmamana ng kaluwalhatiang selestiyal, terestriyal, at telestiyal, ang mga katagang "ang patotoo ni Jesus" ay ginamit nang limang ulit (mga pahina 256–60). Ano ang mga katangian ng isang taong "matatag sa pagpapatotoo kay Jesus"? Anong mga pangako ang ibinigay sa mga matatag ang patotoo kay Jesus?
- Basahin ang ikalawang talata sa pahina 256, na pinagtutuunan ng higit na pansin ang mga katagang "[dinaig] ng pananampalataya." Ano ang ilang bagay na kailangan nating daigin? Paano nakakatulong sa atin ang pananampalataya kay Jesucristo para madaig ang ating mga problema sa buhay na ito?
- Basahin ang huling buong talata sa pahina 257. Sa inyong palagay, sa ating walang hanggang pag-unlad, bakit natin kailangang sumulong 'mula sa isang mababang antas tungo sa mas mataas na antas"? Ano ang mga naranasan ninyo na naglalarawan sa pangangailangan nating matuto at lumago sa ganitong paraan?
- Repasuhin ang ikalawang buong talata sa pahina 259, na inilalarawan ang ilan sa mga taong magmamana ng kahariang terestriyal. Paano natin maiiwasan na "[m]abulag ng panlilinlang ng mga tao"? Ano ang magagawa natin para matulungan ang iba na maiwasan na mabulag ng panlilinlang?
- Sa mga pahina 260–61, humanap ng mga salita at katagang ginamit ni Joseph Smith upang ilarawan ang kalagayan ng masasama sa kabilang buhay. Ano ang ipinararating sa inyo ng mga salita at katagang ito? Paano "nagpapahirap at sumusumpa sa kanyang sarili" ang isang tao?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Alma 41:2–8; D at T 14:7; 76:20–49; 88:15–39

## *Mga Tala*

1. *History of the Church,* 1:245; ginawang makabago ang pagbabantas; mula sa "History of the Church" (manuskrito), book A-1, p. 183, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.
2. *History of the Church,* 1:252–53; mula sa "History of the Church" (manuskrito), book A-1, p. 192, Church Archives.
3. *History of the Church,* 6:365; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mayo 12, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Thomas Bullock.
4. *History of the Church,* 5:425–26; ginawang makabago ang pagbabantas; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hunyo 11, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Wilford Woodruff at Willard Richards; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
5. *History of the Church,* 6:477–78; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hunyo 16, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Thomas Bullock; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
6. Doktrina at mga Tipan 76:50–59, 62, 68–70; pangitaing natanggap nina Joseph Smith at Sidney Rigdon noong Peb. 16, 1832, sa Hiram, Ohio.
7. Doktrina at mga Tipan 131:1–4; nasa orihinal ang mga salitang naka-bracket; mga tagubiling ibinigay ni Joseph Smith noong Mayo 16 at 17, 1843, sa Ramus, Illinois.
8. *History of the Church,* 6:306; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 7, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Wilford Woodruff, Willard Richards, Thomas Bullock, at William Clayton.
9. *History of the Church,* 6:478; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hunyo 16, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Thomas Bullock; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
10. Doktrina at mga Tipan 76:71–79; pangitaing natanggap nina Joseph Smith at Sidney Rigdon noong Peb. 16, 1832, sa Hiram, Ohio.
11. Doktrina at mga Tipan 76:81–85, 100–106, 110–12; pangitaing natanggap nina Joseph Smith at Sidney Rigdon noong Peb. 16, 1832, sa Hiram, Ohio.
12. *History of the Church,* 4:554–55; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mar. 20, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Wilford Woodruff; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
13. *History of the Church,* 5:425; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hunyo 11, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Wilford Woodruff at Willard Richards; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
14. *History of the Church,* 5:340; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 8, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Willard Richards at William Clayton.
15. *History of the Church,* 6:314, 317; ginawang makabago ang pagbabantas; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 7, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Wilford Woodruff, Willard Richards, Thomas Bullock, at William Clayton.



*Noong gabi ng Marso 24, 1832, sa Hiram, Ohio, kinaladkad ng mga galit na galit na mandurumog si Joseph Smith palabas ng kanyang bahay at binuhusan siya ng alkitran at mga balahibo.*

# Manatiling Tapat sa mga Unos ng Buhay

*"Manatiling tapat, mga Banal ng Diyos, magtiis pa nang kaunti, at lilipas din ang unos ng buhay, at kayo ay gagantimpalaan ng Diyos na iyon na inyong pinaglilingkuran."*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Noong gabi ng Marso 24, 1832, hatinggabi na'y gising pa si Joseph Smith sa pagbabantay sa kanyang 11-buwang anak na si Joseph, na noon ay may tigdas. Ang pamilyang Smith ay nakatira noon sa tahanan ni John Johnson sa Hiram, Ohio. Katutulog pa lamang ng Propeta sa mababang kama nang pasukin ang bahay ng mga isang dosenang mandurumog na nakainom ng alak. Kalaunan ay inilarawan ng Propeta ang mga nangyari noong nakakakilabot na gabing iyon:

"Tinadyakan ng mga mandurumog ang pinto para mabuksan at agad nilang pinaligiran ang kama, at . . . namalayan ko na lamang na inilalabas ako sa pinto ng galit na galit na mga mandurumog. Nagpapalag ako, nang sapilitan nila akong ilabas, ngunit isang paa ko lamang ang nakapiglas, kaya't nasipa ko nito ang isang lalaki, at bumagsak siya sa may pintuan. Agad nila akong napigilan; at sumumpa sila . . . na papatayin nila ako kung hindi ako titigil, kaya tumahimik ako. . . .

"Pagkatapos ay sinakal nila ako at hindi ako tinigilan hanggang sa mawalan ako ng malay. Nang magkamalay ako, at habang lumalakad kami, mga 150 metro mula sa bahay, nakita kong nakabulagta sa daan si Elder Rigdon, kung saan nila siya kinaladkad. Akala ko patay na siya. Sinimulan kong magsusamo sa kanila, na sinasabing, 'Maawa naman sana kayo sa akin at huwag

ninyo akong patayin.' Na sinagot nila ng, '. . . Magdasal ka sa Diyos mo na tulungan ka, hindi kami maaawa sa iyo.' "

Matapos ang ilang pagtatalo, "ipinasiya [ng mga mandurumog] na huwag akong patayin," pagsasalaysay ng Propeta, "kundi bugbugin ako at pagkakalmutin, at punitin ang aking kamisadentro at pantalon, at iwanan akong hubad. . . . Patakbo silang bumalik at kinuha ang timbang puno ng alkitran, nang ibulalas ng isa, na sumusumpa, 'Lagyan natin ng alkitran ang bibig niya;'at pilit nilang ipinasok ang sandok ng alkitran sa bibig ko; pinilig-pilig ko ang ulo ko, para hindi nila ito magawa; at sumigaw sila, '. . . Huwag mong ipilig ang ulo mo at nang malagyan ka namin ng alkitran.' Pagkatapos ay sinubukan nilang ipasok ang isang maliit na bote sa bibig ko, at binasag ito sa aking mga ngipin. Lahat ng damit ko ay winarak nila maliban sa kuwelyo ng aking kamisadentro; at dinaluhong ako ng isang lalaki at pinagkakalmot ng kanyang mga kuko ang aking katawan na parang pusang galit na galit. . . .

"Pagkatapos ay iniwanan nila ako, at sinubukan kong tumayo, ngunit natumba akong muli; tinanggal ko ang alkitran sa aking mga labi, para mas malaya akong makahinga, at maya-maya pa ay nagsimula nang bumalik ang lakas ko, at tumayo ako, at pagdaka'y nakakita ako ng dalawang liwanag. Pinuntahan ko ang isa sa mga ito, at nalaman ko na bahay pala iyon ni Amang Johnson. Pagdating ko sa pintuan . . . mukhang duguan ang buong katawan ko dahil sa alkitran, at pagkakita sa akin ng asawa ko, akala niya nabugbog ako nang husto, kaya nawalan siya ng malay. . . .

"Ginugol ng mga kaibigan ko ang buong gabi sa pagkayod at pagtanggal ng alkitran, at paghuhugas at paglilinis sa aking katawan; kaya nang mag-umaga ay handa na akong magbihis na muli."

Kahit dumaan sa pagsubok na ito, nanatiling tapat ang Propeta sa pagsasakatuparan ng kanyang mga responsibilidad sa Panginoon. Kinabukasan ay Sabbath. "Nagtipon ang mga tao para magpulong sa dating oras ng pagsamba," pagtatala ng Propeta, "at kasama nilang dumating ang mga mandurumog. . . . Kahit puno ng kalmot at sugat ang buong katawan ko, nangaral ako sa kongregasyon gaya ng dati, at pagsapit ng hapon sa araw na iyon ay nagbinyag ako ng tatlong tao."[1] Ang anak nina Joseph

at Emma na si Joseph ay namatay limang araw pagkaraang sumalakay ang mga mandurumog dahil sa pagkalantad sa malamig na hangin ng gabi habang may tigdas.

Si Wilford Woodruff, ang ikaapat na Pangulo ng Simbahan, ay nagsabi: "Sinabi ng Panginoon kay Joseph na siya ay susubukin, kung siya ay susunod sa Kanyang tipan o hindi, maging hanggang kamatayan. Kanya ngang sinubukan siya; at bagaman kalaban [ni Joseph] ang buong mundo at kailangan niyang tiisin ang kataksilan ng mga huwad na kaibigan, kahit buong buhay niya ay puno ng problema at kaligaligan at pag-aalala, sa kabila ng lahat ng kanyang kasawian, pagkabilanggo, dinanas na pandurumog at masamang pakikitungo, nanatili siyang tapat sa kanyang Diyos."[2]

## Mga Turo ni Joseph Smith

### Yaong mga sumusunod kay Jesucristo ay susubukin at kailangang mapatunayan sa kanilang katapatan sa Diyos.

"Walang kaligtasan, maliban sa bisig ni Jehova. Wala nang ibang makapagliligtas, at hindi siya magliligtas hangga't hindi natin napapatunayan ang ating katapatan sa kanya sa pinakamahirap na problema. Sapagkat siya na nangaghugas ng kanilang mga damit sa dugo ng Kordero ay kailangang magdanas ng malaking kapighatian [tingnan sa Apocalipsis 7:13–14], maging sa pinakamasaklap na kasawian."[3]


"Ang mga tadhana ng lahat ng tao ay nasa mga kamay ng isang makatarungang Diyos, at hindi niya aapihin ang sinuman; at ito ang isang bagay na tiyak, na sila na namumuhay sa kabanalan kay Cristo Jesus, ay magdaranas ng pag-uusig [tingnan sa II Kay Timoteo 3:12]; at bago maging puti ang kanilang mga kasuotan dahil sa dugo ng Kordero, nararapat asahan, ayon kay Juan na Tagapaghayag, na magdaranas sila ng malaking kapighatian [tingnan sa Apocalipsis 7:13–14]."[4]

"Kailangang magdanas ng hirap ang mga tao upang maakyat nila ang Bundok ng Sion at mapadakila sa kalangitan."[5]

*Habang labis na nagdurusa sa kanyang pagkabilanggo sa Liberty Jail noong taglamig ng 1838–39, sumulat si Joseph Smith sa mga miyembro ng Simbahan:* "Minamahal na mga

kapatid, sinasabi namin sa inyo, na yamang sinabi ng Diyos na susubukin Niya ang Kanyang mga tao, na Kanya silang pakikinisin na parang ginto [tingnan sa Malakias 3:3], iniisip namin ngayon na sa pagkakataong ito ay napili Niya mismo ang pinakamahirap na pagsubok, kung saan tayo ay sinubukan; at iniisip namin na kung malalampasan natin ito nang ligtas kahit paano, at mananatili tayong sumasampalataya, magiging tanda ito sa henerasyong ito, na sapat na ang lahat upang hindi nila mabigyan ng katwiran ang kanilang mga kasalanan; at iniisip din namin, na ito ay isang pagsubok sa ating pananampalataya na katumbas ng pagsubok kay Abraham, at sa araw ng paghuhukom ay hindi maipagmamalaki ng sinaunang mga Banal na mas mahirap ang pinagdaanan nila kaysa atin; nang sa gayon ay mahatulan tayo na kasimbuti nila."[6]

"Ang mga pagsubok ay magbibigay lamang sa atin ng kaalamang kailangan upang maunawaan ang nasa isipan ng mga sinauna. Para sa akin, palagay ko ay hindi ko madarama ang nadarama ko ngayon, kung hindi ko naranasang mapagmalupitan. Ang lahat ng bagay ay magkakalakip na gagawa sa ikabubuti ng mga nagmamahal sa Diyos [tingnan sa Mga Taga Roma 8:28]."[7]


*John Taylor*

*Sinabi ni John Taylor, ang ikatlong Pangulo ng Simbahan:* "Narinig kong sinabi ng Propeta, sa pakikipag-usap sa Labindalawa sa isang pagkakataon: 'Daraan tayo sa lahat ng uri ng pagsubok. At totoong kailangan kayong subukin katulad ni Abraham at ng ibang tao ng Diyos, at (sinabi niya) [susubukin] kayo ng Diyos, at hahawakan niya kayo at [susubukin Niya ang kaibuturan] ng inyong puso, at kung hindi ninyo ito makakaya hindi kayo angkop para sa isang pamana sa Kahariang Selestiyal ng Diyos.'. . . Hindi kailanman nakaranas ng maraming buwan ng kapayapaan si Joseph Smith matapos niyang matanggap ang katotohanan, at sa huli siya ay pinaslang sa bilangguan ng Carthage."[8]

**Susuportahan at pagpapalain ng Diyos ang mga yaong nagtitiwala sa Kanya sa oras ng pagsubok.**

"Ang kapangyarihan ng Ebanghelyo ay magpapabangon sa atin at matitiis natin ang malaking hirap na darating sa atin mula sa lahat ng panig. . . . Kapag mas matindi ang pag-uusig mas dakila ang mga kaloob ng Diyos sa kanyang simbahan. Oo, lahat ng bagay ay magkakalakip na gagawa sa ikabubuti nila na handang ialay ang kanilang buhay alang-alang kay Cristo."[9]

"Ang tangi kong pag-asa at pinagtitiwalaan ay na ang Diyos na siyang nagbigay sa akin ng buhay, na taglay ang lahat ng kapangyarihan, siya na nasa harapan ko ngayon, at ang aking nadarama at hangarin ay hayag sa kanyang mga mata magpakailanman. Siya ang aking tagaaliw, at hindi niya ako pinababayaan."[10]

"Alam ko kung sino ang pinagkakatiwalaan ko; matatag ang aking kinatatayuan; hindi ako kayang igupo, hindi, hindi ako maigugupo ng mga pagbaha."[11]

*Matapos palayain ang Propeta mula sa kanyang pagkabilanggo sa Liberty Jail, ganito ang sabi niya tungkol sa kanyang karanasan:* "Salamat Diyos, kami ay napalaya. At bagaman ang ilan sa mahal naming mga kapatid ay tinatakan ng kanilang dugo ang kanilang patotoo, at namatay na martir alang-alang sa katotohanan—

"Matindi ma'y maikli naman ang sakit na nadama,
Walang hanggang galak ang mapapasakanila.

"Huwag tayong mangalumbay na tulad ng mga 'walang pagasa' [tingnan sa I Mga Taga Tesalonica 4:13]; parating na ang panahon na makikita natin silang muli at sama-sama tayong magagalak, nang hindi natatakot sa masasama. Oo, yaong mga namatay kay Cristo, ay isasama Niya sa Kanya, kapag Siya ay pumarito upang maluwalhati sa Kanyang mga Banal, at hangaan ng lahat ng naniniwala, ngunit maghihiganti Siya sa Kanyang mga kaaway at sa lahat ng hindi sumusunod sa Ebanghelyo.

"Sa panahong iyon ang mga puso ng mga balo at ulila sa ama ay maaaliw, at bawat luha ay papahirin mula sa kanilang mga pisngi.

Ang mga pagsubok na kinailangan nilang danasin ay magkakalakip na gagawa sa kanilang ikabubuti, at ihahanda sila sa samahan ng mga yaong matapat na napagtiisan ang matinding kapighatian, at nangahugasan ang kanilang mga damit at pinaputi ang mga ito sa dugo ng Kordero. [Tingnan sa Mga Taga Roma 8:28; Apocalipsis 7:13–14, 17.]"[12]

*Isinulat ng Propeta ang sumusunod sa isang liham sa mga Banal noong Setyembre 1, 1842, na itinala kalaunan sa Doktrina at mga Tipan 127:2:* "At tungkol sa mga panganib na kung saan ako ay tinawag na magdanas, ang mga ito ay waring maliit na bagay sa akin, sapagkat ang pagkainggit at pagkapoot ng tao sa akin ay naging pangkaraniwang bagay sa lahat ng araw ng aking buhay. . . . Malalim na tubig ang aking kinasanayang languyin. Itong lahat ay naging pangkaraniwan sa akin; at aking nararamdaman, tulad ni Pablo, na nagpupuri sa pagdurusa; sapagkat hanggang sa araw na ito ang Diyos ng aking mga ama ay iniligtas ako sa kanilang lahat, at ililigtas ako magmula ngayon; sapagkat masdan, at narito, ako ay magtatagumpay sa lahat ng aking kaaway, sapagkat ang Panginoong Diyos ang nagsabi nito."[13]

---

## Ang matatapat ay hindi bumubulung-bulong sa paghihirap, kundi nagpapasalamat sa kabutihan ng Diyos.

*Noong Disyembre 5, 1833, sumulat ang Propeta sa mga lider ng Simbahan na nangungulo sa mga Banal na pinag-uusig sa Missouri:* "Alalahaning huwag bumulung-bulong tungkol sa mga pakikitungo ng Diyos sa Kanyang mga nilikha. Hindi pa ninyo naranasan ang mahihirap na pagsubok na dinanas ng mga sinaunang Propeta at Apostol. Gunitain si Daniel, ang tatlong batang Hebreo [sina Sadrach, Mesach, at Abed-nego], sina Jeremias, Pablo, Esteban, at marami pang iba, napakarami nila para banggitin, na pinagbabato, pinaglalagari, tinukso, pinagpapatay sa tabak, at [sila na] paroo't parito na nakasuot ng mga balat ng tupa at kambing, naghihikahos, namimighati, pinahihirapan, ng mga taong hindi nararapat mabuhay sa mundo. Nagpagala-gala sila sa mga ilang at kabundukan, at nagtago sa mga lungga at kuweba ng mundo; gayunpaman ay napatunayan nila ang kani-

lang sarili sa pamamagitan ng pananampalataya [tingnan sa Mga Hebreo 11:37–39]; at sa gitna ng lahat ng kanilang hirap nagalak silang maituring na karapat-dapat dumanas ng pag-uusig alang-alang kay Cristo.

"Hindi natin alam kung anong pagsubok ang pagdaraanan natin bago mapalaya at maitatag ang Sion; samakatwid, malaki ang pangangailangan nating mamuhay nang malapit sa Diyos, at laging mahigpit na sundin ang lahat ng Kanyang utos, nang tayo ay magkaroon ng budhing walang kasalanan sa Diyos at tao. . . .

". . . Sa Diyos tayo nagtitiwala, at determinado tayo, sa tulong ng Kanyang awa sa atin, na isakatuparan ang layunin at manatiling tapat hanggang wakas, nang tayo ay maputungan ng mga putong ng kaluwalhatiang selestiyal, at makapasok sa kapahingahang inihanda para sa mga anak ng Diyos."[14]

*Makaraan ang limang araw, sumulat ang Propeta sa mga lider ng Simbahan at mga Banal sa Missouri:* "Magpasalamat tayo na nasa mabuti tayong kalagayan ngayon, at buhay pa tayo at marahil, may malaking kabutihang inilaan ang Diyos para sa atin sa henerasyong ito, at maaari Niyang loobin na luwalhatiin pa natin ang Kanyang pangalan. Nagpapasalamat ako na wala nang mga taong nagtatatwa sa pananampalataya; dalangin ko sa Diyos sa pangalan ni Jesus na nawa'y maging matatag kayong lahat sa pananampalataya hanggang wakas."[15]

*Nakatala sa journal ng Propeta noong Enero 1, 1836:* "Dahil ito ang simula ng bagong taon, puspos ng pasasalamat sa Diyos ang aking puso na Kanyang iniligtas ang aking buhay, at ang buhay ng aking pamilya, sa nagdaang taon. Sinuportahan kami at tinulungan sa gitna ng masasama at balakyot na henerasyon, bagaman lantad sa lahat ng hirap, tukso, at pagdurusa na likas na bahagi ng buhay; dahil dito dapat akong magpakumbaba sa alabok at mga abo, wika nga, sa harapan ng Panginoon."[16]

*Tungkol sa paggaling sa isa niyang karamdaman noong Hunyo 1837, sinabi ng Propeta:* "Isa ito sa maraming pangyayari na bigla akong nagkasakit, at nabingit sa kamatayan, at agad ding gumaling, na lubos kong pinasasalamatan sa aking Ama sa langit,



*"Sa Diyos tayo nagtitiwala, at determinado tayo, sa tulong ng Kanyang awa sa atin, na isakatuparan ang layunin at manatiling tapat hanggang wakas."*

at muli kong ninais na ilaan ang aking sarili at lahat ng lakas ko sa paglilingkod sa Kanya."[17]

---

**Ang pagtitiwala sa kapangyarihan, karunungan, at pagmamahal ng Diyos ay tutulong sa atin na maiwasang panghinaan ng loob sa mga panahon ng pagsubok.**

"Lahat ng problema na maaari at tiyak nating pagdaraanan ay dapat nating madaig. Kahit subukan ang kaluluwa, manghina ang loob, at bumaba ang mga kamay, hindi tayo dapat umurong; dapat tayong magkaroon ng matatag na pagkatao."[18]

"Sa pagtitiwala sa kapangyarihan, karunungan, at pagmamahal ng Diyos, nakasulong ang mga Banal sa pinakamahihirap na sitwasyon, at kadalasan, kapag sa tingin ng lahat ng tao ay tiyak na ang kamatayan, at [tila] hindi na maiiwasan ang pagkawasak, nakita ang kapangyarihan ng Diyos, naihayag ang Kanyang kaluwalhatian, at naisagawa ang pagliligtas; at ang mga Banal, tulad ng mga anak ng Israel, na lumabas sa lupain ng Egipto, at tumawid sa Dagat na Pula, ay nagsiawit ng isang awit ng papuri sa kanyang banal na pangalan."[19]

"Alam ko na magwawakas din ang kaguluhan, at ang kaharian ni Satanas ay wawasakin, kasama ang lahat ng masama niyang hangarin; at ang mga Banal ay lalabas tulad ng ginto na makapitong ulit na dinalisay, na ginawang ganap sa pamamagitan ng paghihirap at mga tukso, at ang mga pagpapala ng langit at lupa ay pararamihin sa kanilang uluhan; na nawa'y ipagkaloob ng Diyos alang-alang kay Cristo."[20]

"Manatiling tapat, mga Banal ng Diyos, magtiis pa nang kaunti, at lilipas din ang unos ng buhay, at kayo ay gagantimpalaan ng Diyos na iyon na inyong pinaglilingkuran, at pahahalagahan Niya nang husto ang lahat ng inyong pagpapagal at paghihirap alang-alang kay Cristo at sa Ebanghelyo. Ang inyong mga pangalan ay ipapasa sa inyong inapo bilang mga Banal ng Diyos."[21]

*Natanggap ni George A. Smith, na naglingkod bilang tagapayo ni Pangulong Brigham Young, ang sumusunod na payo mula kay Propetang Joseph Smith sa oras ng kanyang matinding paghihirap:* "[Sinabi niya sa akin na] hindi ako dapat [panghinaan] ng loob kailanman kahit anong hirap ang pumaligid sa akin. Kung ako ay ibaon sa pinakamalalim na hukay ng Nova Scotia at ang [buong] Rocky Mountains ay maibunton sa akin, hindi ako dapat [panghinaan] ng loob kundi umasa, manampalataya at manatiling matapang at ako ay makaaahon sa ibabaw ng bunton."[22]

*Ilang araw lamang bago pinaslang ang Propeta, sa panahong alam niya at ng mga Banal na nasa panganib ang kanyang buhay, hinawakan ni Joseph ang kamay ni Abraham C. Hodge at sinabing:* "Ngayon, Brother Hodge, hayaan mong mangyari ang dapat mangyari; huwag mong itatwa ang pananampalataya, at magiging maayos ang lahat."[23]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Repasuhin ang salaysay sa mga pahina 265–67. Sa inyong palagay bakit natiis ni Propetang Joseph Smith ang mga pagsubok na dinanas niya? Ano ang mga naiisip o nadarama ninyo kapag winawari ninyo ang kanyang "katawan [na] puno ng kalmot at sugat," habang nagtuturo sa kongregasyon?
- Basahin ang ikalawa sa huling talata sa pahina 267. Sa inyong palagay paano tayo natutulungan ng paghihirap sa paghahanda para sa kadakilaan? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 267–68.) Ano ang natutuhan ninyo sa inyong mga pagsubok?
- Tatlong beses sa kabanatang ito, tiniyak sa atin ni Joseph Smith na "ang mga pagsubok na naranasan [natin] ay magkakalakip na gagawa sa [ating] ikabubuti" (pahina 269–70; tingnan din sa pahina 268). Paano ninyo nakita ang katotohanan ng pahayag na ito?
- Basahin ang buong ikalawa at ikatlong talata sa pahina 269. Anong mga karanasan ang maibabahagi ninyo kung kailan inaliw kayo ng Panginoon sa mga oras ng pagsubok? Ano ang kahulugan sa inyo ng "tumayo sa ibabaw ng bato"?
- Pinayuhan ni Joseph Smith ang mga Banal na huwag bumulung-bulong, o magreklamo, tungkol sa mga pakikitungo ng Diyos sa atin (mga pahina 270–71). Sa anong mga paraan tayo naaapektuhan ng pagbulung-bulong? Ano ang ilang paraang nararapat sa pagtugon natin sa mga pagsubok? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 270–73.)
- Ano ang ibig sabihin ng magkaroon ng "matatag na pagkatao" kapag nahaharap sa mga problema? (pahina 272).
- Basahin ang payo ng Propeta kay George A. Smith (pahina 273). Paano makakatulong sa inyo ang payong ito kapag nahaharap kayo sa mga pagsubok?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mga Awit 55:22; Juan 16:33; Alma 36:3; Helaman 5:12; D at T 58:2–4; 90:24; 122:5–9

## *Mga Tala*

1. *History of the Church,* 1:261–64; inalis ang pagkakahilig ng mga salita; mula sa "History of the Church" (manuskrito), book A-1, pp. 205–8, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.
2. Wilford Woodruff, *Deseret News: Semi-Weekly,* Okt. 18, 1881, p. 1; ginawang makabago ang pagbabantas at pagpapalaki ng mga letra.
3. Liham ni Joseph Smith kay William W. Phelps at sa iba pa, Ago. 18, 1833, Kirtland, Ohio; Joseph Smith, Collection, Church Archives.
4. *History of the Church,* 1:449; mula sa isang liham ni Joseph Smith kay Edward Partridge at sa iba pa, Dis. 5, 1833, Kirtland, Ohio.
5. *History of the Church,* 5:556; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Ago. 27, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Willard Richards at William Clayton.
6. *History of the Church,* 3:294; mula sa isang liham ni Joseph Smith at ng iba pa kay Edward Partridge at sa Simbahan, Mar. 20, 1839, Liberty Jail, Liberty, Missouri.
7. *History of the Church,* 3:286; mula sa isang liham ni Joseph Smith kay Presendia Huntington Buell, Mar. 15, 1839, Liberty Jail, Liberty, Missouri; mali ang pagbabaybay na "Bull" sa apelyido ni Sister Buell sa *History of the Church*.
8. John Taylor, *Deseret News: Semi-Weekly,* Ago. 21, 1883, p. 1.
9. Liham ni Joseph Smith kay William W. Phelps at sa iba pa, Ago. 18, 1833, Kirtland, Ohio; Joseph Smith, Collection, Church Archives.
10. Liham ni Joseph Smith kay William W. Phelps, Hulyo 31, 1832, Hiram, Ohio; Joseph Smith, Collection, Church Archives.
11. *History of the Church,* 2:343; mula sa isang liham ni Joseph Smith kay William Smith, Dis. 18, 1835, Kirtland, Ohio.
12. *History of the Church,* 3:330–31; ginawang makabago ang pagbabantas; mula sa "Extract, from the Private Journal of Joseph Smith Jr.," *Times and Seasons,* Nob. 1839, p. 8.
13. Doktrina at mga Tipan 127:2; isang liham ni Joseph Smith sa mga Banal, Set. 1, 1842, Nauvoo, Illinois.
14. *History of the Church,* 1:450; mula sa isang liham ni Joseph Smith kay Edward Partridge at sa iba pa, Dis. 5, 1833, Kirtland, Ohio.
15. *History of the Church,* 1:455; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang liham ni Joseph Smith kay Edward Partridge at sa iba pa, Dis. 10, 1833, Kirtland, Ohio.
16. *History of the Church,* 2:352; mula sa isang journal entry ni Joseph Smith, Ene. 1, 1836, Kirtland, Ohio.
17. *History of the Church,* 2:493; mula sa "History of the Church" (manuskrito), book B-1, p. 762–63, Church Archives.
18. *History of the Church,* 4:570; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mar. 30, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Eliza R. Snow.
19. *History of the Church,* 4:185; mula sa isang liham ni Joseph Smith at ng kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan sa mga Banal, Set. 1840, Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Okt. 1840, p. 178.
20. *History of the Church,* 2:353; mula sa isang journal entry ni Joseph Smith, Ene. 1, 1836, Kirtland, Ohio.
21. *History of the Church,* 4:337; mula sa isang ulat ni Joseph Smith at ng kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan, Abr. 7, 1841, Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Abr. 15, 1841, p. 385.
22. George A. Smith, "History of George Albert Smith by Himself," p. 49, George Albert Smith, Papers, 1834–75, Church Archives.
23. *History of the Church,* 6:546; ginawang makabago ang pagbabantas; mula sa "History of the Church" (manuskrito), book F-1, p. 147, Church Archives.



*Madalas mapalayo ang Propeta sa kanyang pamilya dahil sa marami niyang responsibilidad, gayundin sa mga pag-uusig na kinaharap niya. Habang nakabilanggo sila ng kapatid niyang si Hyrum sa Liberty Jail, dumalaw sa Propeta ang kanyang asawang si Emma, at ang anak nilang si Joseph.*

K A B A N A T A  2 0

# Isang Pusong Puspos ng Pagmamahal at Pananampalataya: Mga Liham ng Propeta sa Kanyang Pamilya

*"Tandaan mo na ako ay tunay at tapat na kaibigan mo at ng ating mga anak magpakailanman. Ang puso ko ay nakabigkis sa iyo magpakailanman at magpasawalang-hanggan. Ah, nawa'y pagpalain kayong lahat ng Diyos."*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Sa kanyang tungkulin bilang propeta, kinailangang maglakbay si Joseph Smith sa maraming lugar para tugunan ang mga pangangailangan ng isang organisasyong mabilis na lumalaki. Matapos niyang tukuyin ang Independence, Missouri, bilang lugar na pagtatayuan ng Sion noong tag-init ng 1831, mabilis na lumaki ang Simbahan doon, habang patuloy na lumalaki ito sa Kirtland, Ohio. Mula 1831 hanggang 1838, nagkaroon ng dalawang sentro ng populasyon ang Simbahan, isa sa Missouri at isa pa sa Kirtland, kung saan nakatira ang Propeta. Sa panahong ito, limang beses ginawa ng Propeta ang mahirap na 900-milyang paglalakbay patungong Missouri upang pamahalaan ang pag-unlad ng Simbahan doon.

Noong 1833 at muli noong 1837, dinalaw ni Joseph Smith ang Upper Canada, nagturo ng ebanghelyo at pinalakas ang mga branch. Noong 1834 at 1835, naglakbay siya patungong Michigan para bisitahin ang mga miyembro ng Simbahan. Sa loob ng maraming taon, ipinangaral niya ang ebanghelyo at pinangasiwaan ang mga gawain sa Simbahan sa Springfield, Illinois; Boston at Salem, Massachusetts; Monmouth County, New Jersey; New York City at Albany, New York; Cincinnati,

Ohio; Philadelphia, Pennsylvania; Washington, D.C.; at sa iba't iba pang lugar.

Madalas mapalayo ang Propeta sa kanyang tahanan at pamilya dahil sa mga paglalakbay, tulad ng mga pag-uusig na paulit-ulit niyang hinarap. Ilang beses siyang hinuli at ikinulong nang walang dahilan, at naging biktima siya ng napakaraming kasong walang batayan. Halimbawa, noong Hulyo 27, 1837, nilisan ng Propeta at ng iba pang mga lider ng Simbahan ang Kirtland para bisitahin ang mga Banal sa Canada. Pagdating nila sa Painesville, Ohio, sila ay "pinigil nang buong araw dahil sa masama at nakagagalit na mga paratang." Yamang hindi sila malayo sa Kirtland, sinimulan nilang umuwi para makapagpahinga at muling maglakbay kinabukasan. "Magtatakip-silim na akong lumulan sa aking karwahe para umuwi sa Kirtland," pagsulat ng Propeta. "Sa sandaling ito biglang nilundag ng sheriff ang karwahe, sinunggaban ang rendang hawak ko, at inabutan ako ng isa pang papeles ng demanda."[1]

Matinding pagsubok sa Propeta at sa kanyang pamilya ang maraming ulit na pagkawala niya sa tahanan. Ang mga liham niya kay Emma ay naghahayag ng kalungkutang naranasan niya at pananabik niya rito at sa kanyang mga anak. Patuloy niyang isinulat ang malaking pagmamahal niya sa kanyang pamilya at pananampalataya niya sa Diyos. Pinapanatag din niya ang kanyang pamilya, na nagpapahayag ng magandang mangyayari sa hinaharap sa kabila ng mga paghihirap na dinanas nila.

Noong Abril 1, 1832, nilisan ng Propeta ang kanilang tahanan para sa ikalawa niyang paglalakbay patungong Missouri, isang linggo lamang pagkaraang buhusan siya ng alkitran at mga balahibo ng mga mandurumog at dalawang araw lamang pagkaraang mamatay ang kanyang ampon na batang lalaki. Tiyak na mabigat ang puso niya sa kalungkutan at pag-aalala sa kanyang asawang si Emma at sa kanyang nag-iisang buhay na anak na si Julia. Habang papauwi siya noong sumunod na buwan, na sabik na muling makapiling ang kanyang pamilya, ilang linggo siyang naantala sa Greenville, Indiana. Lubhang napinsala ang binti ni Bishop Newel K. Whitney, isa sa mga kasama ng Propeta sa paglalakbay, sa isang aksidente sa karwahe at kinailangan nitong

magpagaling bago makapaglakbay. Sa panahong ito, nalason ang Propeta sa di malamang dahilan, na nagpasuka sa kanya nang husto kaya nalinsad ang kanyang panga. Nagpunta siya kay Bishop Whitney, na, bagaman nakaratay pa, ay nagbigay ng basbas ng priesthood kay Joseph. Agad gumaling ang Propeta.

Di nagtagal pagkaraan nito, isinulat ng Propeta ang liham na ito sa kanyang asawa: "Dumating dito si Brother Martin [Harris] at ipinaabot ang magandang balita na nasa mabuting kalagayan ang aming mga pamilya pag-alis niya riyan, na lubhang nagpasaya sa aming puso at nagpasigla sa aming espiritu. Nagpapasalamat kami sa ating Ama sa Langit sa kanyang kabutihan sa amin at sa inyong lahat. . . . Hindi maganda ang sitwasyon ko, ngunit pipilitin kong mapanatag, tinutulungan ako ng Panginoon. . . . Gusto kong makita ang munti kong si Julia at muli siyang makandong at makausap ka. . . . Tapat ako sa iyo bilang asawa. Pagpalain ka ng Panginoon, kapayapaan ay sumaiyo, kaya paalam hanggang sa aking pagbabalik."[2]

## Mga Turo ni Joseph Smith

### Ipinagdarasal, inaaliw, at pinalalakas ng mga miyembro ng pamilya ang isa't isa.

*Kay Emma Smith noong Oktubre 13, 1832, mula sa New York City, New York:* "Sa araw na ito naglakad ako sa pinakamagandang bahagi ng lungsod ng New York. Ang mga gusali ay talagang malalaki at magaganda, at namamangha ang bawat makakita. . . . Matapos masdan ang lahat ng gusto kong makita, nagbalik ako sa aking silid upang magbulay-bulay at payapain ang aking isipan; at masdan, parang bahang dumaloy sa aking isipan ang aking pamilya, sina Emma at Julia, at sandali kong pinangarap na makapiling sila. Ang dibdib ko ay puspos ng lahat ng damdamin at pagmamahal ng isang magulang at asawa, at kung makakapiling ka lamang sana marami akong sasabihin sa iyo. . . .

"Nadama ko na parang may gusto akong sabihin sa iyo para aliwin ka sa iyong kakaibang pagsubok at kasalukuyang paghihirap [buntis si Emma sa panahong iyon]. Sana ay bigyan ka ng lakas ng Diyos upang hindi ka manghina. Dalangin ko na palambutin ng

Diyos ang puso ng mga nakapaligid sa iyo upang maging mabait sila sa iyo at alisin ang pasanin sa iyong balikat hangga't maaari at huwag kang pahirapan. Nahahabag ako sa iyo, dahil alam ko ang iyong kalagayan at hindi iyon alam ng iba, ngunit mapanatag sa pagkaalam na ang Diyos ay kaibigan mo sa langit at ikaw ay may nag-iisang tunay at buhay na kaibigan sa mundo, ang iyong asawa."[3]

*Kay Emma Smith noong Nobyembre 12, 1838, mula sa Richmond, Missouri, kung saan siya nakabilanggo:* "Natanggap ko ang iyong liham, na paulit-ulit kong binabasa; mahalaga ito sa akin. O Diyos, loobin ninyo na magkaroon ako ng pribilehiyong makitang muli ang mahal kong pamilya na natatamasa ang tamis ng kalayaan at pagsasamahan. Ang mayapos sila sa aking dibdib at mahagkan ang magaganda nilang pisngi ay magpupuspos ng hindi masambit na pasasalamat sa aking puso. Sabihin mo sa mga bata na ako ay buhay at magtiwala na darating ako at di maglalaon ay makikita ko sila. Aliwin mo ang kanilang puso, at pilitin mong aliwin ang iyong sarili sa abot na iyong makakaya. . . .

"P.S. Sumulat ka nang madalas hangga't maaari, at kung maaari pumunta ka rito at dalawin ako, at isama mo ang mga bata kung maaari. Kumilos ka ayon sa nadarama mo at kung ano ang makabubuti, at pilitin mong mapanatag, kung maaari, at tiwala ako na mabuti ang kahihinatnan ng lahat."[4]

*Kay Emma Smith noong Abril 4, 1839, mula sa bilangguan sa Liberty, Missouri:* "Mahal kong Emma, patuloy ko kayong naiisip ng mga bata. . . . Gusto kong makita ang mga musmos na sina Frederick, Joseph, Julia, at Alexander, si Johanna [isang ulilang nakatira sa mga Smith], at ang matanda nang si Major [alagang aso ng pamilya]. At ikaw, kung nais mong malaman kung gaano ko kagustong makita ka, suriin mo ang iyong damdamin, kung gaano mo kagustong makita ako, at ikaw ang magpasiya. Ikalulugod kong maglakad mula rito papunta sa iyo nang nakayapak at walang sombrero at hindi nakabihis makita ka lamang at malaking kasiyahan ito sa akin, at hindi ko iisipin kailanman na mahirap gawin iyon. . . . Tinitiis ko nang may katatagan ang lahat ng kaapihan ko; gayundin ang mga kasamahan ko. Wala pang sumusuko sa amin."[5]

*Kay Emma Smith noong Enero 20, 1840, mula sa Chester County, Pennsylvania:* "Sabik na sabik akong makita kayong muli sa mundong ito. Parang napakahabang panahon na akong pinagkaitan na makasama ka, subalit sa tulong ng Panginoon, hindi na ito magtatagal. . . . Palagi akong nag-aalala at laging magkakagayon hanggang makauwi ako. Dalangin ko sa Diyos na ligtas kayong lahat hanggang makauwi ako. Mahal kong Emma, mahal na mahal ko kayo ng ating mga anak. Gusto kong maalala mo ako. Sabihin mo sa mga bata na mahal ko sila at uuwi ako kaagad. Sumasaiyo sa bigkis ng pagmamahal, ang iyong asawa."[6]

---

**Ang responsibilidad na turuan ang ating mga anak ay nananatili sa atin.**

*Kay Emma Smith noong Nobyembre 12, 1838, mula sa Richmond, Missouri, kung saan siya nakabilanggo:* "Sabihin mo sa batang si Joseph na dapat siyang magpakabait; mahal na mahal siya ni Itay. Siya ang panganay at hindi niya dapat saktan ang mas maliliit sa kanya, bagkus ay aliwin mo sila. Sabihin mo sa munting si Frederick na mahal na mahal siya ni Itay; nakakatuwang bata iyan. Magandang bata si Julia. Mahal ko rin siya. Marami siyang potensyal. Sabihin mo sa kanya na gusto ni Itay na alalahanin niya ang kanyang ama at magpakabait siya. Sabihin mo sa iba pa na iniisip ko sila at ipinagdarasal silang lahat. . . . Lagi kong naaalala ang munting si Alexander. O mapagmahal kong Emma, nais kong tandaan mo na ako ay tunay at tapat na kaibigan mo at ng ating mga anak magpakailanman. Ang puso ko ay nakabigkis sa iyo magpakailanman at magpasawalang-hanggan. Ah, nawa'y pagpalain kayong lahat ng Diyos, amen. Ako ang iyong asawa at ako ay nakakadena at naghihirap."[7]

*Kay Emma Smith noong Abril 4, 1839, mula sa bilangguan sa Liberty, Missouri:* "Huwag mong hayaang malimutan ako ng ating mga anak. Sabihin mo sa kanila na mahal na mahal sila ni Itay, at ginagawa niya ang lahat para makatakas sa mga mandurumog at mapuntahan sila. Turuan mo [ang mga bata] sa abot ng iyong makakaya, nang sila ay maging matatalino. Maging magiliw at mabait sa kanila; huwag kang madaling magalit sa kanila, kundi pakinggan mo kung ano ang gusto nila. Sabihin mo sa

kanila na sinabi ni Itay na dapat silang magpakabait at sumunod sa kanilang ina. Mahal kong Emma, malaki ang responsibilidad mo sa pananatiling marangal at mahinahon sa kanilang harapan at pagtuturo sa kanila ng mga bagay na tama, para mahubog ang kanilang bata at murang isipan nang makapagsimula sila sa tamang landas at hindi maimpluwensyahan sa kanilang kabataan sa nakikitang mga halimbawang hindi makadiyos."[8]

*Kay Emma Smith noong Nobyembre 9, 1839, mula sa Springfield, Illinois:* "Palagi akong mag-aalala sa inyo ng ating mga anak hanggang sa makabalita ako mula sa iyo, at sa kakaibang paraan ay mula sa batang si Frederick. Napakasakit sa akin ang iwanan siyang may sakit. Umaasa ako na babantayan mo ang mga batang musmos na ito sa paraang angkop sa isang ina at isang banal at sikapin mong hutukin ang kanilang isipan at [turuan] silang magbasa at maging mahinahon. Huwag mo silang ilantad sa lamig ng panahon at baka sila magkasakit, at sikapin mong magpahinga nang husto. Matagal at malungkot ang mapawalay sa tabi mo. . . . Magtiis ka sana hanggang makabalik ako, at gawin mo ang lahat ng iyong makakaya. Hindi ko maisulat ang nais kong sabihin ngunit paniwalaan mo sana na mahal na mahal ko kayong lahat."[9]

---

## Ang Diyos ay kaibigan natin, at mapagkakatiwalaan natin Siya sa mga panahon ng ating paghihirap.

*Kay Emma Smith noong Hunyo 6, 1832, mula sa Greenville, Indiana:* "Halos araw-araw kong binisita ang isang kakahuyang nasa likod-bayan lamang, kung saan ako makakukubli sa mga mata ng sinumang tao at doon ko ibinulalas ang lahat ng nilalaman ng aking puso sa pagbubulay-bulay at panalangin. Binakas ko ang lahat ng nagdaan sa buhay ko at mag-isang nagdalamhati at lumuha sa kalungkutan dahil sa aking kalokohan na lubos akong nagpadaig sa kapangyarihan ng kaaway ng aking kaluluwa tulad ng ginawa niya sa nagdaang mga panahon. Subalit ang Diyos ay maawain at pinatawad ang aking mga kasalanan, at nagagalak ako na ipinadala niya ang Mang-aaliw sa lahat ng naniniwala at nagpapakumbaba sa kanyang harapan. . . .

"Sisikapin kong maging kuntento sa aking kapalaran, dahil nalalaman ko na ang Diyos ay kaibigan ko. Sa kanya makasusumpong ako ng kaginhawaan. Nasa mga kamay na niya ang aking buhay. Handa akong lumisan kapag ako ay kanyang tinawag. Hangad kong makapiling si Cristo. Walang halaga sa akin ang buhay ko [maliban] sa paggawa ng kanyang kagustuhan."[10]

*Kay Emma Smith noong Hunyo 4, 1834, mula sa mga pampang ng Ilog ng Mississippi sa kanlurang Illinois; naglalakbay si Propetang Joseph kasama ang Kampo ng Sion:* "Maya't-maya ay sumasagi sa aming isipan ang di masambit na pag-aalala sa aming mga asawa at anak—sa aming mga kamag-anak na narito sa aming puso—at gayundin sa aming mga kapatid at kaibigan. . . . Sabihin mo kay Amang Smith at sa buong pamilya at sa kapatid na si Oliver [Cowdery] na mapanatag at umasa sa araw na magwawakas din ang mga pagsubok at paghihirap ng buhay na ito, at [matatamasa] nating lahat ang mga bunga ng ating pagpapagal kung mananatili tayong tapat hanggang wakas, na dalangin kong nawa'y maging masayang kapalaran nating lahat."[11]

*Kay Emma Smith noong Nobyembre 4, 1838, mula sa Independence, Missouri, kung saan siya nakabilanggo:* "Pinakamamahal kong kabiyak ng dibdib sa oras ng pighati at paghihirap, gusto kong ipaalam sa iyo na nasa mabuti akong kalagayan at lahat kami ay masaya sa kahihinatnan namin. . . . Labis akong nag-aalala sa iyo at sa mababait kong anak. Nagdadalamhati ang puso ko at naaawa ako sa mga kalalakihan at kababaihan at mga pinaslang na tao ng Diyos. . . . Anuman ang maaaring gawin ng Diyos para sa amin ay hindi ko alam, ngunit lagi akong umaasa na maganda ang mangyayari sa lahat ng sitwasyon. Mamatay man ako, magtitiwala ako sa Diyos. Anumang mga kalupitan ang maaaring gawin ng mga mandurumog ay hindi ko alam, ngunit inaasahan ko na halos hindi namin iyon mapipigilan. O, nawa'y kaawaan kami ng Diyos. . . . Sa ngayon ay iniligtas ng Diyos ang ilan sa amin; marahil ay kaaawaan pa rin niya kami kahit paano. . . .


"Hindi ko matiyak ang kalagayan ko, at ipinagdarasal ko na lamang na maging ligtas kami hanggang sa matiyak ito at tanggapin ang anumang darating nang may pagtitiis at katatagan.

Sana'y maging tapat at tunay kayo sa bawat pagtitiwala sa inyo. Hindi ako gaanong makasulat dahil sa sitwasyon ko. Pangasiwaan ninyo ang lahat ng bagay ayon sa inyong mga kalagayan at pangangailangan. Nawa'y bigyan kayo ng Diyos ng karunungan at kahinahunan at pagtitimpi, na lubos kong pinaniniwalaang [mapapasa] inyo.

"Ang musmos nating mga anak ang lagi kong naiisip. Sabihin mo sa kanila na buhay pa si Itay. Nawa'y loobin ng Diyos na makita niya silang muli. O Emma, . . . huwag mo akong talikdan ni ang katotohanan, kundi alalahanin ako; kung hindi na kita makitang muli sa buhay na ito, nawa'y loobin ng Diyos na magkita tayo sa langit. Hindi ko maipahayag ang aking damdamin; mabigat ang puso ko. Paalam, O mabait at mapagmahal kong Emma. Iyung-iyo ako magpakailanman, ang iyong asawa at tunay na kaibigan."[12]

*Kay Emma Smith noong Marso 21, 1839, mula sa bilangguan sa Liberty, Missouri:* "Mahal kong Emma, alam na alam ko ang mga paghihirap mo at nahahabag ako sa iyo. Kung muling ililigtas ng Diyos ang aking buhay para magkaroon ng pribilehiyong maalagaan ka, pagagaanin ko ang iyong alalahanin at sisikapin kong aliwin ang iyong puso. Gusto kong pangalagaan mong mabuti ang ating pamilya. Naniniwala ako na gagawin mo ang lahat ng iyong makakaya. Nalulungkot akong malaman na maysakit si Frederick, ngunit tiwala ako na gagaling siya at na lahat kayo ay nasa mabuting kalagayan. Nais kong magkaroon ka ng oras at sulatan ako ng mahabang liham at ikuwento sa akin ang lahat at kung buhay pa ang aso nating si Major at kung ano ang sinasabi ng mga anak nating nakayakap sa iyong leeg. . . . Sabihin mo sa kanila na nakabilanggo ako para mailigtas ang kanilang buhay. . . .

"Pinamamahalaan ng Diyos ang lahat ng bagay ayon sa kanyang sariling kalooban. Nagtitiwala ako sa kanya. Kaligtasan ng aking kaluluwa ang pinakamahalaga sa akin sapagkat natitiyak ko ang mga bagay na walang hanggan. Hindi mahalaga sa akin kung hayaan ako ng Panginoon sa bilangguang ito. Kailangan kong pangalagaan ang aking kaluluwa, na siyang layon kong gawin. Gusto kong gawin mo rin ito. Iyung-iyo magpakailanman."[13]


my Dear Emma I very well know
your toils and simpathise with you
if God will spare my life once more
to have the privilege of taking care
of you I will ease your care and
endeavour to comfort your heart

*Isang bahagi ng liham na ipinadala ni Propetang Joseph Smith kay Emma Smith mula sa Liberty Jail noong Marso 21, 1839.*

*Kay Emma Smith noong Agosto16, 1842, malapit sa Nauvoo, Illinois; pinagtataguan ni Propetang Joseph ang kanyang mga kaaway:* "Sinasamantala ko ang pagkakataong ito upang taos-puso kang pasalamatan sa dalawang nakalulugod at nakaaaliw na pagdalaw mo sa akin sa kalagayan kong halos itinapon. Hindi masambit ang pasasalamat ng aking puso, para sa magiliw at taos na pakikipagkaibigang ipinakita mo sa akin sa mga bagay na ito. Lumipas na ang panahon, mula nang iwan mo ako, na siyang nararapat sa ngayon; tanggap na ng isipan ko ang aking kapalaran, mangyari na ang mangyayari. . . .

"Sabihin mo sa mga bata na maayos pa ang kalagayan ng kanilang ama sa ngayon; at lagi siyang taimtim na nagdarasal sa Makapangyarihang Diyos para sa kaligtasan ng kanyang sarili, at ninyo, at nila. Sabihin mo kay Inang Smith na makabubuti ito sa kanyang anak, sa buhay man o sa kamatayan; sapagkat iyon ang sabi ng Panginoong Diyos. Sabihin mo sa kanya na lagi ko siyang naaalala, gayundin si Lucy [kapatid ni Joseph], at lahat ng iba pa.

Silang lahat ay dapat maging masaya. . . . Lubos na nagmamahal, ang mapagmahal mong asawa hanggang kamatayan, sa buong kawalang-hanggan; magpakailanman."[14]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Bahagyang repasuhin ang kabanatang ito, na pinapansin ang damdamin ni Joseph Smith para kay Emma at sa kanilang mga anak. Ano ang itinuturo ng halimbawa niyang ito tungkol sa kung paano tayo dapat magsalita at kumilos sa ating pamilya? Ano ang matututuhan natin sa mga pagsisikap nina Joseph at Emma Smith na magsulatan at magkita? Ano ang ilang bagay na nagawa mo para ipakita sa iyong mga kapamilya na mahal mo sila?
- Sinabi ni Propetang Joseph kay Emma na siya ay "isang tunay at tapat na kaibigan [niya] at ng mga anak nila magpakailanman," at pinasalamatan niya ito sa kanyang "magiliw at taos na pakikipagkaibigan" (mga pahina 281, 285). Ano ang magagawa ng mga mag-asawa para mapangalagaan ang kanilang pagkakaibigan?
- Sa kanyang mga liham, ipinakita ni Joseph Smith ang tiwala niya kay Emma, na nagpapahayag ng tiwala na gagawa ito ng mabubuting pasiya at gagawin ang lahat ng kanyang makakaya para mapangalagaan ang pamilya (pahina 284). Paano maiimpluwensyahan ng gayong pagpapahayag ng tiwala ang relasyon ng mag-asawa?
- Basahin ang mensahe ni Propetang Joseph sa kanyang mga anak sa ikalawang talata sa mga pahina 285–86. Paano kaya ito nakatulong sa kanyang mga anak na tanggapin ang mga balitang ito? Sa mga panahon ng pagsubok, ano ang magagawa ng mga magulang para ipakita sa kanilang mga anak na may pananampalataya sila sa Diyos?

- Repasuhin ang mga pagpapahayag ng tiwala ni Joseph Smith sa Diyos sa mga pahina 282–86. Tukuyin ang ilan sa mga pagpapahayag na ito na lubos na nakaantig sa inyo. Paano ninyo maipamumuhay ang mga katotohanang ito?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Genesis 2:24; I Mga Taga Corinto 11:11; Mga Taga Efeso 5:25; Mosias 4:14–15; D at T 25:5, 9, 14; 68:25–28

## *Mga Tala*

1. *History of the Church,* 2:502; ginawang makabago ang pagbabaybay; mula sa "History of the Church" (manuskrito), book B-1, p. 767, at addenda, p. 6, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.
2. Liham ni Joseph Smith kay Emma Smith, Hunyo 6, 1832, Greenville, Indiana; Chicago Historical Society, Chicago, Illinois.
3. Liham ni Joseph Smith kay Emma Smith, Okt. 13, 1832, New York City, New York; Community of Christ Archives, Independence, Missouri.
4. Liham ni Joseph Smith kay Emma Smith, Nob. 12, 1838, Richmond, Missouri; Community of Christ Archives, Independence, Missouri.
5. Liham ni Joseph Smith kay Emma Smith, Abr. 4, 1839, Liberty Jail, Liberty, Missouri; Beinecke Library, Yale University, New Haven, Connecticut; kopya sa Church Archives. Ang buong pangalan ni Johanna ay Johanna Carter; siya ang naulilang anak nina John S. at Elizabeth Kenyon Carter.
6. Liham ni Joseph Smith kay Emma Smith, Ene. 20, 1840, Chester County, Pennsylvania; Chicago Historical Society, Chicago, Illinois.
7. Liham ni Joseph Smith kay Emma Smith, Nob. 12, 1838, Richmond, Missouri; Community of Christ Archives, Independence, Missouri.
8. Liham ni Joseph Smith kay Emma Smith, Abr. 4, 1839, Liberty Jail, Liberty, Missouri; Beinecke Library, Yale University, New Haven, Connecticut; kopya sa Church Archives.
9. Liham ni Joseph Smith kay Emma Smith, Nob. 9, 1839, Springfield, Illinois; Community of Christ Archives, Independence, Missouri; kopya sa Church Archives.
10. Liham ni Joseph Smith kay Emma Smith, Hunyo 6, 1832, Greenville, Indiana; Chicago Historical Society, Chicago, Illinois.
11. Liham ni Joseph Smith kay Emma Smith, Hunyo 4, 1834, mula sa mga pampang ng Ilog ng Mississippi sa kanlurang Illinois; Letter Book 2, 1837–43, p. 58, Joseph Smith, Collection, Church Archives.
12. Liham ni Joseph Smith kay Emma Smith, Nob. 4, 1838, Independence, Missouri; Community of Christ Archives, Independence, Missouri; kopya sa Church Archives.
13. Liham ni Joseph Smith kay Emma Smith, Mar. 21, 1839, Liberty Jail, Liberty, Missouri; Joseph Smith, Collection, Church Archives.
14. *History of the Church,* 5:103, 105; binago ang pagkakahati ng mga talata; liham ni Joseph Smith kay Emma Smith, Ago. 16, 1842, malapit sa Nauvoo, Illinois.



*Isang silid sa itaas ng muling itinayong tindahan ni Newel K. Whitney. Mahigit isang taong nanirahan sina Joseph at Emma Smith sa tindahang ito, at nakatanggap ang Propeta ng maraming paghahayag dito, kabilang na ang mga paghahayag tungkol sa pagparito ng Panginoon.*

# Ang Ikalawang Pagparito at ang Milenyo

*"Makabubuti . . . para sa atin na mahiwatigan ang mga palatandaan ng mga panahon habang tayo ay nabubuhay, upang ang araw ng Panginoon ay hindi 'tayo masubukang gaya ng isang magnanakaw sa gabi.' "*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Noong Setyembre 1832, bumalik sa Kirtland sina Joseph at Emma Smith at ang kanilang labing-anim-na-buwang anak na babaeng si Julia mula sa sakahan ni Johnson sa Hiram, Ohio. Lumipat sila sa tindahang pag-aari ni Newel K. Whitney, kung saan sila tumira nang mahigit isang taon. Ang pamilyang Smith ay nakatira sa ikalawang palapag ng tindahan at sa bahagi ng unang palapag na hindi ginamit sa negosyo. Ang anak nina Joseph at Emma, si Joseph Smith III, ay isinilang habang naninirahan ang pamilya sa tindahang ito. Nakatanggap din ng maraming paghahayag dito ang Propeta.

Isa sa mga paghahayag na iyon ay dumating noong Araw ng Pasko ng 1832. Ginugol ng Propeta ang bahagi ng araw na ito sa bahay, sa malalim na pag-iisip tungkol sa mabibigat na problemang kinakaharap ng mga bansa sa mundo sa panahong iyon. "Ang mga nakikitang kaguluhan sa mga bansa ay naging mas malinaw sa panahong ito kaysa rati mula nang magsimulang lumaganap ang Simbahan mula sa ilang," sabi ng Propeta.[1] Ang mga nangyayari sa Estados Unidos ay pahantong sa digmaang sibil, at ang paglitaw ng nakamamatay na mga sakit ay kumalat na sa buong mundo. Habang "taimtim na nananalangin tungkol sa paksang ito"[2] natanggap ng Propeta ang paghahayag na matatagpuan ngayon sa bahagi 87 ng Doktrina at mga Tipan. Inihayag ng Panginoon kay Joseph na bago ang Ikalawang Pagparito,

magkakaroon ng digmaan sa lahat ng bansa at mga likas na kalamidad ang magpaparusa sa mga tao:

"At ngayon, sa pamamagitan ng espada at ng pagdanak ng dugo ang mga naninirahan sa mundo ay magdadalamhati; at sa pamamagitan ng taggutom, at salot, at lindol, at kulog sa langit, at matalim at matingkad na kidlat din, ay madarama ng mga naninirahan sa mundo ang poot, at pagngingitngit, at nagpaparusang kamay ng isang Pinakamakapangyarihang Diyos, hanggang sa ang pagkaubos na ipinasiya ay magkaroon ng ganap na katapusan ng lahat ng bansa. . . . Dahil dito, tumayo kayo sa mga banal na lugar, at huwag matinag, hanggang sa ang araw ng Panginoon ay dumating; sapagkat masdan, ito ay dagling darating, wika ng Panginoon" (D at T 87:6, 8).

Pagkaraan ng dalawang araw, noong Disyembre 27, tumanggap ng isa pang paghahayag ang Propeta na naglalaman ng maraming impormasyon tungkol sa Ikalawang Pagparito. Sa araw na iyon, isang kumperensya ng mga high priest ang naganap sa "silid ng pagsasalin" ng Propeta, ang silid sa tindahan ni Whitney kung saan ginawa ni Joseph ang karamihan sa Pagsasalin ng Biblia ni Joseph Smith. Itinala sa kaganapan ng kumperensya: "Tumayo si Brother Joseph at sinabing, upang makatanggap ng paghahayag at mga pagpapala ng langit, kailangang ituon natin ang ating isipan sa Diyos at sumampalataya at magkaisa sa puso at isipan. Sa gayon ay iminungkahi niya sa lahat ng naroon na manalangin sa Panginoon nang magkakahiwalay at malakas para [Kanyang] ihayag ang Kanyang kalooban sa amin tungkol sa pagtatayo ng Sion at para sa kapakinabangan ng mga Banal."

Bawat high priest "ay yumukod sa harapan ng Panginoon" at pagkatapos ay nagpahayag ng kanilang nadarama at determinasyong sundin ang mga utos ng Diyos.[3] Di nagtagal pagkatapos niyon, nagsimulang makatanggap ng paghahayag ang Propeta mula sa Diyos na kalaunan ay naging bahagi 88 ng Doktrina at mga Tipan. Ang paghahayag na ito ay naglalaman ng ilan sa pinakadetalyadong propesiya ng mga banal na kasulatan tungkol sa pagparito ng Panginoon at pagkakaroon ng isang libong taon ng kapayapaan (tingnan sa D at T 88:86–116).

Sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, inihayag ng Panginoon ang maraming propesiya hinggil sa Ikalawang Pagparito, ang Milenyo, at ang panahon ng kaguluhan na mauuna sa mga kaganapang ito. Ang maraming pagbuhos ng paghahayag na ito ay isang patotoo na si Joseph Smith ay tunay na tagakitang ibinangon ng Diyos. Tulad ng pagpapatotoo ng Aklat ni Mormon, "Maaaring malaman ng tagakita ang mga bagay na nakalipas na, at gayon din ang mga bagay na mangyayari pa lamang, at sa pamamagitan [niya] ay ipahahayag ang lahat ng bagay, o, sa lalong maliwanag, ang mga lihim na bagay ay maipaaalam, at ang mga nakatagong bagay ay malalagay sa liwanag, at ang mga bagay na hindi pa nalalaman ay ipaaalam" (Mosias 8:17).

## Mga Turo ni Joseph Smith

### Ang mga palatandaan ng pagparito ng Tagapagligtas ay natutupad na; malalaman ng matatapat ang mga palatandaang ito at magkakaroon ng kapayapaan sa mga panahong mapanganib.

"Makabubuti . . . para sa atin na mahiwatigan ang mga palatandaan ng mga panahon habang tayo ay nabubuhay, upang ang araw ng Panginoon ay hindi 'tayo maabutan na gaya ng magnanakaw sa gabi.' [Tingnan sa D at T 106:4–5.]"[4]

"Magpopropesiya ako na ang mga palatandaan ng pagparito ng Anak ng Tao ay nagsimula na. Sunud-sunod na salot ang mamiminsala. Malapit na tayong magkaroon ng digmaan at pagdanak ng dugo. Ang buwan ay magkukulay-dugo. Pinatototohanan ko ang mga bagay na ito, at ang pagparito ng Anak ng Tao ay nalalapit na, maging nasa inyong mga pintuan na nga. Kung ang ating mga kaluluwa at katawan ay hindi nakatuon sa pagparito ng Anak ng Tao; at pagkamatay natin, kung hindi tayo nakatuon, mapapabilang tayo sa mga yaong sinasabihan ang mga bato na mahulog sa kanila [tingnan sa Apocalipsis 6:15–17]."[5]

"Minamahal at itinatangi kong mga kapatid, nakita natin na dumating na ang mga panahong mapanganib, tulad ng pinatotohanan [tingnan sa II Kay Timoteo 3:1]. Makaaasa tayo, kung gayon, nang may lubos na katiyakan, sa katuparan ng mga bagay

na iyon na nasusulat, at nang may higit na pagtitiwala kaysa noon, tumingin sa sikat ng araw, at sabihin sa ating puso, Sa lalong madaling panahon tatabingan mo ang iyong namumulang mukha. Siya na nagsabing, 'Magkaroon ng liwanag,' at nagkaroon nga ng liwanag [tingnan sa Genesis 1:3], ang nagsabi nito. At muli, Ikaw buwan, ikaw na hindi gaanong maliwanag, ikaw na liwanag ng gabi, ay magkukulay-dugo.

"Nakita nating natutupad na ang lahat ng bagay; at agad na darating ang panahon na bababa ang Anak ng Tao sa mga ulap ng langit."[6]

"Sa madaling panahon ang mundo ay gagapasin—iyon nga, ang masasama ay kaagad na wawasakin mula sa balat ng lupa, sapagkat sinabi ito ng Panginoon, at sino ang makapipigil sa kamay ng Panginoon, o sino ang makikipaglaban sa Makapangyarihang Diyos, sapagkat sa mga utos niya ay maglalaho ang kalangitan at lupa. Mabilis na darating ang panahon na matutupad na ang pagpapanumbalik ng lahat ng bagay, na ipinropesiya ng lahat ng banal na propeta, maging hanggang sa pagtitipon ng sambahayan ni Israel. At mangyayari nga na ang leon ay mahihigang kasama ng tupa, at kung anu-ano pa.

"Subalit, mga kapatid, huwag panghinaan ng loob na sinabi namin sa inyo ang tungkol sa mga panahong mapanganib, sapagkat talagang darating ang mga ito sa lalong madaling panahon, sapagkat parating na ang tabak, taggutom, at salot. Magkakaroon ng malaking pagkawasak sa lupaing ito, sapagkat hindi ninyo dapat isipin na ang isang tuldok o kudlit ng mga propesiya ng lahat ng banal na propeta ay hindi matutupad, at marami pang natira dito ang matutupad. Sinabi ng Panginoon na paiikliin niya ang gawain, at ang mabubuti ay maliligtas maging ito man ay sa pamamagitan ng apoy [tingnan sa Mga Taga Roma 9:28; 1 Nephi 22:17]."[7]

"Ang banal na kasulatan ay nakahanda nang matupad kapag ang matitinding digmaan, taggutom, salot, malaking kapighatian, paghatol, at kung anu-ano pa, ay nakahanda nang ibuhos sa mga naninirahan sa lupa."[8]

"Nakita natin na tunay ngang dumating na ang mga panahong mapanganib, at ang mga bagay na matagal na nating inaasahan

ay nagsimula nang maganap sa wakas; subalit kapag nakita ninyo ang puno ng igos na nagsisimula nang sumupling ang mga dahon, ay malalaman ninyo na malapit na ang tag-araw [tingnan sa Mateo 24:32–33]. Magkakaroon ng maikling gawain sa lupa. Nagsimula na ito ngayon. Sa palagay ko magkakaroon ng kaguluhan sa malao't madali sa buong mundo. Huwag nating hayaang manghina ang ating puso kapag dumating sa atin ang mga bagay na ito, sapagkat kailangang mangyari ang mga ito, o ang salita ay hindi matutupad."[9]

"Nagtanong ako sa Panginoon hinggil sa Kanyang pagparito; at habang tinatanong ang Panginoon, nagbigay Siya ng palatandaan at nagsabing, 'Sa panahon ni Noe naglagay ako ng bahaghari sa kalangitan bilang palatandaan na sa anumang taon na makita ang bahaghari ay hindi darating ang Panginoon; subalit dapat ay may panahon ng pagtatanim at pag-aani sa taong iyon: ngunit tuwing makikita ninyong nawala ang bahaghari, ito ay palatandaan na magkakaroon ng taggutom, salot, at malaking kapighatian sa mga bansa, at ang pagparito ng Mesiyas ay malapit na.' "[10]

"Kailangang bumalik ang Juda, dapat ay itayong muli ang Jerusalem, at ang templo, at ang tubig ay lumalabas sa ilalim ng templo, at ang mga tubig ng Patay na Dagat (Dead Sea) ay mapapagaling [tingnan sa Ezekiel 47:1–9]. Matatagalan pa bago muling maitayo ang mga pader ng lungsod at templo, at kung anu-ano pa; at dapat magawa ang lahat ng ito bago dumating ang Anak ng Tao. Magkakaroon ng mga digmaan at mga alingawngaw ng digmaan, mga palatandaan sa kalangitan sa itaas at sa lupa sa ilalim, magdidilim ang araw at magkukulay-dugo ang buwan, lilindol sa iba't ibang dako, ang mga dagat na aalon nang lampas sa mga hangganan nito; pagkatapos ay lalabas ang isang dakilang palatandaan ng Anak ng Tao sa langit. Subalit ano ang gagawin ng mundo? Sasabihin nila na ito ay isang planeta, isang bulalakaw, at kung anu-ano pa. Subalit ang Anak ng Tao ay darating bilang palatandaan ng pagdating ng Anak ng Tao, na magiging tulad ng liwanag ng umaga na lumabas mula sa silangan [tingnan sa Joseph Smith—Mateo 1:26]."[11]

"Ipinaliwanag [ko] ang pagparito ng Anak ng Tao; gayundin na maling isipin na matatakasan ng mga Banal ang lahat ng paghatol, habang nagdurusa ang masasama; sapagkat ang lahat ng laman ay kailangang magdusa, at 'ang mabubuti ay bahagyang makakatakas' [tingnan sa D at T 63:34]; gayunman maraming Banal ang makakatakas, sapagkat ang mga matwid ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya [tingnan sa Habacuc 2:4]; subalit maraming mabubuting magiging biktima ng sakit, salot, at kung anu-ano pa, dahil sa kahinaan ng laman, subalit maliligtas sa Kaharian ng Diyos. Kaya nga hindi banal na alituntunin ang sabihin na si ganoon at ganito ay nagkasala sapagkat nagkasakit sila o namatay, sapagkat lahat ng laman ay mamamatay; at sinabi ng Tagapagligtas, 'Huwag kayong magsihatol, upang huwag kayong hatulan.' [Tingnan sa Mateo 7:1.]"[12]

---

### Hindi paparito ang Panginoon hangga't hindi natutupad ang lahat ng bagay bilang paghahanda sa Kanyang pagdating.

"Ang pagparito ng Anak ng Tao ay hindi mangyayari kailanman—hindi maaaring mangyari kailanman hangga't hindi naisasagawa ang mga paghatol na nabanggit para sa oras na ito: mga paghatol na nagsimula na. Sabi ni Pablo, 'Kayo ay mga anak ng liwanag, at hindi ng kadiliman, upang sa araw na yaon ay masubukan kayong gaya ng magnanakaw sa gabi.' [Tingnan sa I Mga Taga Tesalonica 5:4–5.] Hindi ipinlano ng Makapangyarihang Diyos na bumaba sa lupa at wasakin ito at durugin ito, subalit kanya itong ihahayag sa Kanyang mga tagapaglingkod na mga propeta [tingnan sa Amos 3:7]."[13]

"Hindi kailanman inihayag ni Jesucristo sa sinumang tao ang tiyak na oras ng Kanyang pagparito [tingnan sa Mateo 24:36; D at T 49:7]. Humayo at basahin ang mga Banal na Kasulatan, at wala kayong makikitang anuman na tumutukoy sa tiyak na oras ng Kanyang pagparito; at lahat ng nagsasabi nito ay mga huwad na guro."[14]

*Hinggil sa taong nagsabing nakita niya ang palatandaan ng Anak ng Tao, sinabi ni Propetang Joseph Smith:* "Hindi niya nakita ang palatandaan ng Anak ng Tao, tulad ng unang ipinahayag ni

Jesus; walang sinuman ang makaaalam, hanggang sa magdilim ang araw at magkulay-dugo ang buwan; sapagkat walang ipinakitang anumang gayong palatandaan sa akin ang Panginoon; at tulad ng sinabi ng propeta, mangyayari ito—'Tunay na ang Panginoong Dios ay walang gagawin, kundi kaniyang ihahayag ang kaniyang lihim sa kaniyang mga lingkod na mga propeta.' (Tingnan sa Amos 3:7.) Samakatwid dinggin ito, O mundo: Ang Panginoon ay hindi paparito upang maghari sa mabubuti, sa daigdig na ito, sa taong 1843, hanggang sa maging handa na ang lahat sa pagdating ng Kasintahang Lalaki."[15]

---

**Yaong matatalino at matatapat ay magiging handa sa muling pagparito ng Panginoon.**

"Kapag naiisip ko ang mabilis na pagdating ng dakila at kakilakilabot na araw ng Anak ng Tao, kung kailan paparito Siya upang tanggapin ang Kanyang mga Banal sa Kanyang Sarili, kung saan sila ay mananahang kasama Niya, at mapuputungan ng kaluwalhatian at kawalang-kamatayan; kapag naiisip ko na malapit nang panginigin ang kalangitan, at payanigin at ugain ang lupa; at mahawi ang tabing ng kalangitan na parang nakalulong papel na iniladlad; at mangawala ang bawat bundok at pulo, ay nagsumigaw ang puso ko, Ano ngang anyo ng mga pagkatao ang nararapat sa [atin] sa banal na pamumuhay at pagkamaawain! [Tingnan sa II Ni Pedro 3:11.]"[16]

"Ang mundo ay nagdurusa dahil sa kasamaan, pang-aapi, pagmamalupit at pagdanak ng dugo; at ang Diyos ay lalabas sa Kanyang pinagtataguang lugar, tulad ng sinabi Niya na Kanyang gagawin, upang gambalain ang mga bansa ng mundo. Si Daniel, sa kanyang pangitain, ay nakita ang sunud-sunod na kaguluhan; kanyang 'minasdan hanggang sa ang mga luklukan ay nangaglagay, at isa na matanda sa mga araw ay nakaupo;' at dumating ang isang gaya ng Anak ng Tao sa kanyang harapan; at lahat ng bansa, lahi, wika, at tao, ay naglingkod at sumunod sa Kanya [tingnan sa Daniel 7:9–14]. Nasa atin na kung magiging mabuti tayo, upang tayo ay maging marunong at makaunawa; sapagkat walang masasama na makauunawa; subalit ang marurunong ay makauunawa, at silang mangagbabalik ng marami sa katuwiran

ay parang mga bituin magpakailanman [tingnan sa Daniel 12:3]."[17]

"Papag-ingatin ang mayayaman at nakapag-aral, marurunong at maharlika, mga maralita at nangangailangan, alipin at malaya, kapwa maitim at maputi, kung paano sila mamuhay, at manangan sa kaalaman sa Diyos, at magpatupad ng katarungan at kahatulan sa lupa sa kabutihan, at maghandang salubungin ang hukom ng mga buhay at mga patay, sapagkat ang oras ng Kanyang pagparito ay nalalapit na."[18]

"Maging marunong tayo sa lahat ng bagay, at sundin natin ang lahat ng utos ng Diyos, nang maging tiyak ang ating kaligtasan. Kung handa ang ating baluti at handa tayo sa panahong itinakda at suot natin ang buong baluti ng kabutihan, matatagalan natin ang araw na iyon ng pagsubok [tingnan sa Mga Taga Efeso 6:13]."[19]

*Noong Disyembre 1830, sinabi ni Propetang Joseph Smith ang sumusunod sa isang liham sa mga miyembro ng Simbahan sa Colesville, New York:* "Nawa'y maging tapat kayong lahat at hintayin ang panahon ng ating Panginoon, sapagkat ang kanyang pagdating ay nalalapit na.

" 'Datapuwa't tungkol sa mga kapanahunan at mga bahagi ng panahon, mga kapatid, hindi ko na kailangang isulat pa sa inyo ang anoman, sapagka't kayo rin ang mga lubos na nangakakaalam, na ang pagdating ng kaarawan ng Panginoon ay gaya ng magnanakaw sa gabi: pagka sinasabi ng mga tao, kapayapaan at katiwasayan, kung magkagayo'y darating sa kanila ang biglang pagkawasak, na gaya ng pagdaramdam, sa panganganak ng babaing nagdadalang-tao; at sila'y hindi mangakatatanan sa anomang paraan.

" 'Nguni't kayo, mga kapatid, ay wala sa kadiliman. . . . Huwag nga tayong mangatulog, gaya ng mga iba, kundi tayo'y mangagpuyat at mangagpigil, sapagka't ang nangatutulog ay nangatutulog sa gabi; at ang nangaglalasing ay nangaglalasing sa gabi.

" 'Datapuwa't palibhasa'y mga anak tayo ng araw, mangagpigil tayo, na isuot ang baluti ng pananampalataya at ng pagibig; at ang maging turbante ay ang pagasa ng kaligtasan. Sapagka't tayo'y hindi itinalaga ng Dios sa galit, kundi sa pagtatamo ng

pagkaligtas sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesucristo.' [I Mga Taga Tesalonica 5:1–4, 6–9.]

"Samakatwid, aliwin ang isa't isa, maging tulad ng ginagawa ninyo, sapagkat ang mga panahong mapanganib ay nalalapit na. . . . Ang kapayapaan ay bahagya nang inalis sa mundo, at sa malao't madali ay tuluyan na itong maglalaho; oo, nasa ating mga pintuan na ang mga pagwasak, at mabilis itong darating sa mga bahay ng masasama, at sa kanila na hindi nakikilala ang Diyos.

"Oo, magsaya at magalak, sapagkat ang pagtubos sa inyo ay nalalapit na. Tayo ang lubos na kinasihang mga nilikha mula pa nang itatag ang mundo, kung mananatili tayong tapat sa pagsunod sa mga utos ng ating Diyos. Oo, maging si Enoc, na ikapito mula kay Adan, ay nakita ang ating panahon at nagalak [tingnan sa Moises 7:65–67], at ang mga propeta mula noon ay ipinropesiya na ang Ikalawang Pagparito ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo, at nagalak sa araw ng kapahingahan ng mga Banal; oo, at ang mga Apostol ng ating Tagapagligtas ay nagalak din sa kanyang pagparito na nasa alapaap kasama ang hukbo ng langit, upang manahan sa piling ng tao sa lupa nang isang libong taon [tingnan sa Apocalipsis 1:7]. Samakatwid may dahilan tayo para magalak.

"Masdan natutupad na ang mga propesiya sa Aklat ni Mormon sa bilis na makakaya itong isakatuparan ng panahon. Ang Espiritu ng buhay na Diyos ay napasaakin; samakatwid, sino ang magsasabi na hindi ako magpopropesiya. Nalalapit na ang panahon na kakailanganin nating umalis sa lugar kung saan man naisin ng Panginoon, para makaligtas. Huwag matakot sa mga yaong nagkasala sa iyo [tingnan sa Isaias 29:20–21], kundi maging tapat sa pagpapatotoo sa mga liko at balakyot na salinlahi na malapit na ang araw ng pagdating ng ating Panginoon at Tagapagligtas. Oo, ihanda ninyo ang daan ng Panginoon, tuwirin ninyo ang kanyang landas [tingnan sa Mateo 3:3].

"Sino ang manliliit dahil sa mga pagkatisod, sapagkat kailangang dumating ang mga pagkatisod, ngunit sa aba ng mga taong yaon na panggagalingan nito, sapagkat mahuhulog sa kanila ang bato at pangangalatin silang gaya ng alabok [tingnan

sa Mateo 18:7; 21:43–44]. Sapagkat ang panahon ng mga Gentil ay dumating na, at sa aba nila kung hindi sila magsisisi at mabibinyagan sa pangalan ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo, para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan, at pumasok sa makipot na pasukan at maibilang sa sambahayan ni Israel. Sapagkat ang Diyos ay hindi palaging pakukutya, nang hindi ibinubuhos ang kanyang poot sa mga yaong lumapastangan sa kanyang banal na pangalan, sapagkat ang tabak, mga taggutom, at pagkawasak ay mabilis silang aabutan sa kanilang makasalanang gawain, sapagkat maghihiganti ang Diyos, at ibubuhos ang mga sisidlan ng kanyang poot, at ililigtas ang kanyang mga hinirang [tingnan sa Apocalipsis 16:1].

"At lahat ng yaong susunod sa kanyang mga utos ay kanyang mga hinirang, at titipunin niya sila sa lalong madaling panahon mula sa apat na hangin ng kalangitan, mula sa isang dulo ng daigdig hanggang sa kabila [tingnan sa Mateo 24:31], sa isang lugar saanman niya naisin; samakatwid sa inyong pagtitiis ay maipagwawagi ninyo ang inyong mga kaluluwa [tingnan sa Lucas 21:19]."[20]

---

## Ang Milenyo ay panahon ng kapayapaan kung kailan ang Tagapagligtas ang maghahari sa mundo.

*Mga Saligan ng Pananampalataya 1:10:* "Naniniwala kami . . . na maghahari si Cristo sa mundo; at, ang mundo ay babaguhin at matatanggap nito ang malaparaisong kaluwalhatian."[21]

"Ang mga hangarin ng Diyos . . . ay . . . magtatag ng kapayapaan at mabuting pagsasamahan sa mga tao; itaguyod ang mga alituntunin ng walang hanggang katotohanan; upang makalikha ng kalagayang magbubuklod sa isang tao sa kanyang kapwa; papangyarihing ang mundo ay '[pukpukin] ng kanilang mga tabak upang maging mga sudsod, at ang kanilang mga sibat ay maging mga karit' [Isaias 2:4], papangyarihing manahan ang mga bansa ng mundo sa kapayapaan, at ipadama ang kaluwalhatian ng milenyo, kung kailan 'ang lupa'y magsisibol ng halaman niya, magbabalik ang [malaparaisong] kaluwalhatian nito, at matutulad sa halamanan ng Panginoon.'. . .



*"Mabilis na darating ang panahon na matutupad na ang pagpapanumbalik ng lahat ng bagay. . . . At ito ay mangyayari na ang leon ay mahihigang kasama ng tupa."*

"Hangarin na ni Jehova noon pa man, mula nang likhain ang mundo, at layunin Niya ngayon, na pangasiwaan ang mga gawain ng mundo sa Kanyang sariling panahon, tumayo bilang pinuno ng sansinukob, at ilagay ang pamamahala sa Kanyang sariling kamay. Kapag nangyari iyon, ang paghatol ay mapangangasiwaan sa katwiran; ang anarkiya at pagkalito ay mawawasak, at 'hindi na matututong magdigmaan ang mga bansa.' [Tingnan sa Isaias 2:4.] . . .

". . . Natanggap ni Moises ang salita ng Panginoon mula sa Diyos; siya ang tagapagsalita ng Diyos kay Aaron, at tinuruan ni Aaron ang mga tao, kapwa sa kapakanan ng bayan at ng simbahan; iisa ang mga ito, walang ipinagkaiba; magkakaganito ito kapag ang mga layunin ng Diyos ay naisakatuparan na: kapag 'ang Panginoon ay naging Hari sa buong daigdig,' at 'Jerusalem ang Kanyang luklukan.' 'Sa Sion ay lalabas ang kautusan, at ang salita ng Panginoon ay mula sa Jerusalem.' [Tingnan sa Zacarias 14:9; Jeremias 3:17; Mikas 4:2.]

". . . 'Siya na may karapatan, ang aangkin sa kaharian, at maghahari hanggang sa lahat ng bagay ay maipailalim Niya sa

Kanyang mga paa' [tingnan sa Ezekiel 21:27; I Mga Taga Corinto 15:27]; ang kasamaan ay hindi matatagpuan sa lupa, igagapos si Satanas, at wawasakin ang mga gawain ng kadiliman; at kabutihan at katarungan ang magiging huwaran, at 'siya lamang na may takot sa Panginoon ang dadakilain sa araw na iyon.' [Tingnan sa Isaias 2:11; 28:17.]"[22]

"Hindi totoo na mamamalagi si Jesus sa lupa nang isang libong taon kasama ang mga Banal, gayunpaman Siya ang maghahari sa mga Banal at bababa at magbibigay ng tagubilin, tulad ng ginawa niya sa limang daang kalalakihan [tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:6], at ang mga yaong nabuhay sa unang pagkabuhay na muli ay maghaharing kasama niya sa mga Banal."[23]

---

### Pagkaraan ng Milenyo, ang mundo ay magiging banal at selestiyal na lugar.

Habang naghahapunan, sinabi ko sa aking pamilya at mga kaibigang naroon, na kapag ang mundo ay pinabanal at naging tulad ng isang dagat ng salamin, ito ay magiging isang malaking urim at tummim, at makatitingin doon ang mga Banal at kanilang makikita ang gaya ng pagkakakita sa kanila."[24]

"Ang mundong ito ay ibabalik sa harapan ng Diyos at puputungan ng kaluwalhatiang selestiyal."[25]

"Pagkaraan ng maikling panahon [ng huling paghihimagsik ni Satanas] at nararanasan na ng mundo ang huling pagbabago at napaluwalhati, sa gayon ay mamanahin ng lahat ng maamo ang lupa, kung saan nananahan ang mabubuti."[26]

*Itinuro ng Propeta ang sumusunod noong Abril 2, 1843, na itinala kalaunan sa Doktrina at mga Tipan 130:9:* "Ang mundong ito, sa kanyang pinabanal at walang-kamatayang kalagayan, ay gagawing parang kristal at magiging isang Urim at Tummim sa mga naninirahan doon, kung saan lahat ng bagay na nauukol sa isang nakabababang kaharian, o lahat ng kahariang mas mababa ang kaayusan, ay ipakikita sa mga naninirahan doon; at ang mundong ito ay mapupunta kay Cristo."[27]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Basahin ang dalawang huling buong dalawang talata sa pahina 290, at pansinin ang paghahanda ng mga high priest na matanggap ang paghahayag na nasa bahagi 88 na ngayon ng Doktrina at mga Tipan. Isipin kung paano ninyo ipamumuhay ang salaysay na ito sa inyong pagsisikap na maunawaan ang mga propesiya tungkol sa Ikalawang Pagparito.
- Basahin ang mga propesiya ni Propetang Joseph Smith tungkol sa mga panahong mapanganib bago pumarito ang Panginoon (mga pahina 291–94). Paano tayo mananatiling payapa kahit sa panahon ng ganitong mga pagsubok? Sa inyong palagay, bakit kailangan nating malaman at maunawaan ang mga palatandaan ng Ikalawang Pagparito? Anong mga palatandaan ng Ikalawang Pagparito ang natutupad o natupad na?
- Basahin ang unang buong talata sa pahina 294 at ang ikaapat na talata sa pahina 296. Ano ang iminumungkahi ng mga katagang "gaya ng magnanakaw sa gabi" tungkol sa pagparito ng Panginoon? Sa inyong palagay bakit hindi maaabutan ng araw ng Panginoon ang mga anak ng liwanag gaya ng magnanakaw sa gabi?
- Paano tayo makapaghahanda sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas? (Para sa ilang halimbawa, tingnan ang mga pahina 295–98.) Isipin kung ano ang madarama ninyo kapag nakita ninyo ang Tagapagligtas kung handa kayo sa Kanyang pagparito. Sa paghahanda natin sa Ikalawang Pagparito, paano natin maiiwasang matakot o mabahala?
- Repasuhin ang mga propesiya ni Joseph Smith tungkol sa Milenyo (mga pahina 298–300). Ano ang naiisip at nadarama ninyo habang pinagbubulay-bulay ninyo ang panahong ito?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mikas 4:1–7; D at T 29:9–25; 45:36–71; 88:95–98, 110–15; Joseph Smith—Mateo 1:21–55

## *Mga Tala*

1. *History of the Church,* 1:301; mula sa "History of the Church" (manuskrito), book A-1, p. 244, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.
2. Doktrina at mga Tipan 130:13; mga tagubiling ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 2, 1843, sa Ramus, Illinois.
3. Kirtland High Council, Minutes Dec. 1832–Nov. 1837, nakatala noong Dis. 27, 1832, pp. 3–4, iniulat ni Frederick G. Williams, Church Archives.
4. *History of the Church,* 3:331; mula sa "Extract, from the Private Journal of Joseph Smith Jr.," *Times and Seasons,* Nob. 1839, p. 9.
5. *History of the Church,* 3:390; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith mga Hulyo 1839 sa Commerce, Illinois; iniulat ni Willard Richards.
6. *History of the Church,* 3:291; ginawang makabago ang pagbabantas; mula sa isang liham ni Joseph Smith at ng iba pa kay Edward Partridge at sa Simbahan, Mar. 20, 1839, Liberty Jail, Liberty, Missouri.
7. Liham nina Joseph Smith at John Whitmer sa mga Banal sa Colesville, New York, Ago. 20, 1830, Harmony, Pennsylvania; sa Autobiography and Journal, ni Newel Knight, ca. 1846–47, pp. 133–36, Church Archives.
8. *History of the Church,* 6:364; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mayo 12, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Thomas Bullock.
9. *History of the Church,* 3:286; mula sa isang liham ni Joseph Smith kay Presendia Huntington Buell, Mar. 15, 1839, Liberty Jail, Liberty, Missouri; mali ang pagbabaybay na "Bull" sa apelyido ni Sister Buell sa *History of the Church.*
10. *History of the Church,* 6:254; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mar. 10, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Wilford Woodruff; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
11. *History of the Church,* 5:337; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 6, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Willard Richards.
12. *History of the Church,* 4:11; ginawang makabago ang pagbabantas; mula sa mga tagubiling ibinigay ni Joseph Smith noong Set. 29, 1839, sa Commerce, Illinois; iniulat ni James Mulholland.
13. *History of the Church,* 5:336–37; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 6, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Willard Richards.
14. *History of the Church,* 6:254; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mar. 10, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Wilford Woodruff.
15. *History of the Church,* 5:291; mula sa isang liham ni Joseph Smith sa editor ng *Times and Seasons,* Peb. 28, 1843, Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Mar. 1, 1843, p. 113.
16. *History of the Church,* 1:442; mula sa isang liham ni Joseph Smith kay Moses Nickerson, Nob. 19, 1833, Kirtland, Ohio.
17. *History of the Church,* 5:65; mula sa "The Government of God," isang editoryal na inilathala sa *Times and Seasons,* Hulyo 15, 1842, p. 857; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.
18. *History of the Church,* 6:93; mula sa pag-apela ni Joseph Smith sa estado ng Vermont, Nob. 29, 1843, Nauvoo, Illinois, inilathala bilang *General Joseph Smith's Appeal to the Green Mountain Boys* (1843), p. 7.

19. Liham mula kay Joseph Smith at ng iba pa kay Hezekiah Peck, Ago. 31, 1835, Kirtland, Ohio; sa "The Book of John Whitmer," p. 80, Community of Christ Archives, Independence, Missouri; kopya ng "The Book of John Whitmer" sa Church Archives.
20. Liham nina Joseph Smith at John Whitmer sa mga Banal sa Colesville, New York, Dis. 2, 1830, Fayette, New York; sa Autobiography and Journal, ni Newel Knight, ca. 1846–47, pp. 198–206, Church Archives.
21. Mga Saligan ng Pananampalataya 1:10.
22. *History of the Church,* 5:61, 63–65; ginawang makabago ang pagbabantas; mula sa "The Government of God," isang editoryal na inilathala sa *Times and Seasons,* Hulyo 15, 1842, pp. 855–57; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.
23. Binanggit ni William P. McIntire, sa pag-uulat tungkol sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong mga unang buwan ng 1841 sa Nauvoo, Illinois; William Patterson McIntire, Notebook 1840–45, Church Archives.
24. *History of the Church,* 5:279; mula sa isang journal entry ni Joseph Smith, Peb. 18, 1843, Nauvoo, Illinois.
25. Binanggit ni William Clayton, sa pag-uulat tungkol sa isang talumpating walang petsa na ibinigay ni Joseph Smith sa Nauvoo, Illinois; sa L. John Nuttall, "Extracts from William Clayton's Private Book," p. 8, Journals of L. John Nuttall, 1857–1904, L. Tom Perry Special Collections, Brigham Young University, Provo, Utah; kopya sa Church Archives.
26. Binanggit ni William P. McIntire, sa pag-uulat tungkol sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong mga unang buwan ng 1841 sa Nauvoo, Illinois; William Patterson McIntire, Notebook 1840–45, Church Archives.
27. Doktrina at mga Tipan 130:9; mga tagubiling ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 2, 1843, sa Ramus, Illinois.



*Sa isang pulong ng Paaralan ng mga Propeta noong Pebrero 27, 1833, natanggap ng Propeta ang paghahayag na kilala bilang Word of Wisdom sa harapan ng ilang kalalakihan. Pagkatapos ay pumasok siya sa malaking silid at binasa ang paghahayag sa nagtipun-tipong kalalakihan.*

# Pagtatamo ng Kaalaman tungkol sa mga Walang Hanggang Katotohanan

*"Ang tao ay kailangan munang matuto bago maligtas."*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

"Mahilig mag-aral" si Propetang Joseph Smith, isinulat ni George Q. Cannon. "Mahilig siya sa kaalaman dahil sa kapangyarihang nagmumula sa mabuting paggamit nito. Dahil sa mga paghihirap na pumalibot sa kanya mula noong ipaalam niya sa mapag-alinlangang mundo ang kanyang pakikipag-ugnayan sa langit, mula noon patuloy na siya sa pagtatamo ng talino. Inutusan siya ng Panginoon na mag-aral, at siya ay sumunod. . . . Ang kanyang pag-iisip, na pinasigla ng Banal na Espiritu, ay mabilis na natutuhan ang lahat ng totoong alituntunin, at isa-isa siyang nagpakadalubhasa sa mga sangay na ito at naging guro ng mga ito."[1]

Noong 1833, ang Propeta at isang grupo ng mga Banal sa Kirtland ay nagkaroon ng kakaibang pagkakataong pag-aralan ang ebanghelyo. Noong Enero ng taong iyon, ayon sa utos ng Panginoon (tingnan sa D at T 88:127–41), itinatag ng Propeta ang Paaralan ng mga Propeta upang sanayin ang mga maytaglay ng priesthood sa kanilang gawain sa ministeryo at ihanda sila sa pangangaral ng ebanghelyo. Ang paaralan ay idinaos sa silid sa pangalawang palapag ng tindahan ni Newel K. Whitney, kung saan nakatira ang Propeta. Mga 25 kalalakihan ang nag-aral doon, ang ilan ay naglakbay ng daan-daang kilometro para sa pribilehiyong makapag-aral ng ebanghelyo sa isang silid na hindi hihigit sa 3.25 metro ang luwang at 4.27 metro ang haba. Kalaunan ay marami sa kalalakihang ito ang naging mga Apostol, Pitumpu, at iba pang mga lider ng Simbahan. Bagaman pana-panahon ay nag-aral ng

wika ang Propeta at iba pang kalalakihan, higit nilang pinagtuunan ang pag-aaral ng mga doktrina ng ebanghelyo, masigasig na nag-aaral mula sa pagbubukang-liwayway hanggang dapit-hapon. Ang paaralang ito ay nagtagal nang apat na buwan, at ganitong mga paaralan ang kalaunan ay itinatag sa Kirtland at gayundin sa Missouri, na dinaluhan ng daan-daang tao.

Sa pulong ng paaralan na idinaos noong Pebrero 27, 1833, ang Propeta ay tumanggap ng isang mahalagang paghahayag. Sa mga unang araw ng Simbahan, karaniwan na ang paggamit ng alak, tabako, kape, at tsaa sa loob at labas ng Simbahan. Sa buong panahong nakita ng Propeta ang kalalakihan na gumagamit ng tabako sa paaralan, nabahala siya. Naalala ni Brigham Young: "Nang sila ay nakatipun-tipon sa silid na ito pagkatapos ng almusal, ang unang [bagay] na ginawa nila ay ang magsindi ng kanilang mga kuwako, at, habang nagtatabako, ay pinag-uusapan ang mga dakilang bagay tungkol sa kaharian. . . . Madalas na kapag pumapasok ang Propeta sa silid upang magbigay ng mga tagubilin ay makikita niya ang kanyang sarili sa gitna ng makapal na usok ng tabako. Ito, at ang mga reklamo ng kanyang asawa sa paglilinis ng napakaruming sahig [mula sa pagnguya ng tabako], ang nakapagpaisip sa Propeta tungkol sa bagay na ito, at siya ay nagtanong sa Panginoon tungkol sa kinagawian ng mga Elder sa paggamit ng tabako, at ang pahayag na kilala bilang Word of Wisdom ang bunga ng kanyang pagtatanong."[2]

Sinunod ng milyun-milyong tao ang payo sa paghahayag na ito at tumanggap ng mga pagpapalang temporal at espirituwal, kabilang na ang "karunungan at malaking kayamanan ng kaalaman" na ipinangako sa mga yaong mamumuhay sa pagsunod sa mga utos ng Diyos (D at T 89:19).

Mga kayamanan ng kaalamang espirituwal ang ibinuhos sa kalalakihang dumalo sa Paaralan ng mga Propeta, at malaki ang iniunlad nila sa pag-unawa sa ebanghelyo. Sa pulong ng paaralan na idinaos noong Marso 18, 1833, sina Sidney Rigdon at Frederick G. Williams ay itinalaga bilang mga tagapayo ng Propeta sa Unang Panguluhan. Pagkatapos, "hinikayat [ng Propeta] ang kalalakihan na maging tapat at masigasig sa pagsunod sa mga utos ng Diyos, at nagbigay ng maraming tagubilin

para sa kapakanan ng mga Banal, na may pangakong makakakita ng makalangit na pangitain ang mga dalisay ang puso; at pagkatapos manatili nang maikling oras para sa tahimik na panalangin, napagtibay ang pangako; sapagkat maraming naroon ang nakaunawa sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos, kaya't nakakita sila ng maraming bagay. . . . Marami sa kalalakihan ang nakakita ng makalangit na pangitain tungkol sa Tagapagligtas, at ng lipumpon ng mga anghel, at maraming iba pang bagay."[3]

Ipinaliwanag ng Propeta, "Patuloy na nabanaag ang malaking galak at kasiyahan sa mga mukha ng mga nasa Paaralan ng mga Propeta, at ng mga Banal, dahil sa mga bagay na inihayag, at sa aming pag-unlad sa kaalaman ng Diyos."[4]

## Mga Turo ni Joseph Smith

### Nasa ebanghelyo ni Jesucristo ang lahat ng katotohanan; tinatanggap ng matatapat ang mga katotohanang inihayag ng Diyos at tinatalikuran ang mga maling tradisyon.

"Ang Mormonismo ay katotohanan; at bawat taong tumatanggap nito ay malayang tinatanggap ang lahat ng katotohanan: bunga nito ang mga kadena ng pamahiin, pagkapanatiko, kamangmangan, at huwad na pagkasaserdote, ay sabay-sabay na nakakalag sa kanyang leeg; at namumulat ang kanyang mga mata sa katotohanan, at ang katotohanan ay lalong nananaig kaysa sa huwad na pagkasaserdote. . . .

". . . Ang Mormonismo ay katotohanan, sa madaling salita ang doktrina ng mga Banal sa mga Huling Araw, ay katotohanan. . . . Ang una at pinakamahalagang alituntunin ng ating banal na relihiyon ay, naniniwala tayo na may karapatan tayong tanggapin ang lahat, at bawat bagay ng katotohanan, na walang limitasyon o hindi nahahadlangan o napagbabawalan ng mga paniniwala o pamahiin ng tao, o ng relihiyon ng isa't isa, kapag ang katotohanang iyon ay malinaw na nailarawan sa ating mga isipan, at may malaki tayong katibayan sa katotohanang iyon."[5]

*Noong Enero 1843, nakausap ni Joseph Smith ang ilang taong hindi miyembro ng Simbahan:* "Sinabi ko na ang pinakamalinaw na pagkakaiba ng paniniwala ng mga Banal sa mga

Huling Araw sa mga sekta ay, ang huli ay nahahadlangan ng ilang kakaibang doktrina, na nagkakait sa mga miyembro nito ng pribilehiyong maniwala sa anumang wala roon, samantalang ang mga Banal sa mga Huling Araw. . . ay handang maniwala sa lahat ng totoong alituntuning umiiral, kapag ang mga ito ay ipinahayag sa pana-panahon."[6]

"Hindi ko mapaniwalaan ang alinman sa mga doktrina ng iba't ibang relihiyon, sapagkat lahat sila ay may ilang bagay na hindi ko matatanggap, bagaman lahat sila ay may bahagyang katotohanan. Nais kong lumapit sa harapan ng Diyos, at matutuhan ang lahat ng bagay; subalit ang mga doktrina ay naglagay ng mga harang [mga hangganan], at sinabing, 'Hanggang dito ay darating ka, ngunit hindi ka na lalagpas' [Job 38:11]; na hindi ko matatanggap."[7]

"Sinasabi ko sa lahat ng yaong naglalagay ng mga harang sa Makapangyarihang Diyos, Hindi ninyo matatamo ang kaluwalhatian ng Diyos. Upang maging kasamang tagapagmana ng Anak, kailangang talikdan ng tao ang lahat ng kanyang maling tradisyon."[8]

"Ang mahalagang malaman natin ay maunawaan kung ano ang itinatag ng Diyos bago nilikha ang mundo. Sino ang nakaaalam nito? Likas na ugali ng sangkatauhan ang maglagay ng mga harang at magtakda ng mga hangganan sa mga gawain at paraan ng Makapangyarihang Diyos. . . . Yaong mga itinago sa mundo bago nilikha ang mundo ay inihayag sa mga sanggol at pasusuhin sa mga huling araw [tingnan sa D at T 128:18]."[9]

"Kapag nagsalita ang mga tao laban [sa katotohanan] hindi ako ang napipinsala, kundi ang sarili nila. . . . Kapag winawalanghalaga ng mga mangmang ang mga bagay na napakahalaga nang hindi man lamang ito pinag-iisipan, gusto kong makita ang katotohanan at ang lahat epektong dulot nito at tanggapin ito sa aking puso. Naniniwala ako sa lahat ng inihayag ng Diyos, at kailanman ay wala akong nabalitaang tao na napahamak dahil sa labis na paniniwala; kundi dahil sa kawalan ng paniniwala."[10]

"Kapag nagbigay ang Diyos ng pagpapala o kaalaman sa isang tao, at ayaw niya itong tanggapin, siya ay mapapahamak. Ang mga Israelita ay nanalangin na mangusap ang Diyos kay Moises

at hindi sa kanila; bunga nito isinumpa niya sila sa pamamagitan ng pagbibigay ng makalupang kautusan.[11]

"Lagi akong nasisiyahang makita ang pagtatagumpay ng katotohanan sa kamalian, at pagsuko ng kadiliman sa liwanag."[12]

---

**Ang pagkakaroon ng kaalaman sa mga walang hanggang katotohanan ay mahalaga sa pagtatamo ng kaligtasan.**

"Ang kaalaman ay kailangan sa buhay at kabanalan. Sa aba sa inyong mga saserdote at pastor na nangangaral na hindi kailangan ang kaalaman sa buhay at kaligtasan. Alisin ninyo ang mga Apostol, at kung anu-ano pa, alisin ninyo ang kaalaman, at makikita ninyo ang inyong sarili na karapat-dapat maparusahan sa impiyerno. Ang kaalaman ay paghahayag. Dinggin, kayong lahat na kalalakihan, ang mahalagang susing ito: ang kaalaman ay kapangyarihan ng Diyos tungo sa kaligtasan."[13]

"Ang kaalaman ay pumapawi sa kadiliman, pag-aalala at alinlangan; sapagkat ang mga ito ay hindi iiral kung may kaalaman. . . . Sa kaalaman ay may kapangyarihan. Higit ang kapangyarihan ng Diyos kaysa lahat ng iba pang nilalang, dahil higit ang Kanyang kaalaman; at dahil dito alam Niya kung paano ipailalim ang lahat ng iba pang nilalang sa Kanya. Siya ay may kapangyarihan sa lahat."[14]

"Habang nalalayo tayo sa Diyos, nahuhulog tayo sa diyablo at nawawalan ng kaalaman, at kung walang kaalaman hindi tayo maliligtas, at habang ang ating puso ay puno ng kasamaan, at kasamaan ang ating pinag-aaralan, walang puwang sa ating puso ang kabutihan, o pag-aaral ng kabutihan. Hindi baga mabait ang Diyos? Kung gayon ay magpakabait kayo; kung Siya ay tapat, maging tapat kayo. Dagdagan ang inyong pananampalataya ng kagalingan, ang kagalingan ng kaalaman, at hangarin ang lahat ng mabuting bagay [tingnan sa II Ni Pedro 1:5].

". . . Ang tao ay kailangan munang matuto bago maligtas, sapagkat kung hindi siya magtatamo ng kaalaman, siya ay mabibihag ng kapangyarihan ng kasamaan sa kabilang daigdig, sapagkat higit ang kaalaman ng masasamang espiritu, at bunga nito ay mas makapangyarihan kaysa sa maraming tao na nasa lupa. Kaya

nga kailangan ang paghahayag para matulungan, at mabigyan tayo ng kaalaman tungkol sa mga bagay ng Diyos."[15]

*Itinuro ni Joseph Smith ang sumusunod noong Abril 1843, na itinala kalaunan sa Doktrina at mga Tipan 130:18–19:* "Anumang alituntunin ng katalinuhan ang ating matamo sa buhay na ito, ito ay kasama nating babangon sa pagkabuhay na mag-uli. At kung ang isang tao ay nagkamit ng maraming kaalaman at katalinuhan sa buhay na ito sa pamamagitan ng kanyang pagsisikap at pagiging masunurin kaysa sa iba, siya ay magkakaroon ng labis na kalamangan sa daigdig na darating."[16]

*Itinuro ni Joseph Smith ang sumusunod noong Mayo 1843, na itinala kalaunan sa Doktrina at mga Tipan 131:6:* "Hindi maaari para sa isang tao na maligtas dahil sa kamangmangan."[17]

---

**Nagtatamo tayo ng kaalaman sa mga walang hanggang katotohanan sa pamamagitan ng masigasig na pag-aaral at panalangin.**

*Iniulat ni George A. Smith, habang naglilingkod sa Unang Panguluhan:* "Itinuro ni Joseph Smith na bawat lalaki at babae ay dapat maghangad ng karunungan sa Panginoon, nang sa gayon ay magtamo sila ng kaalaman mula sa Kanya na siyang bukal ng kaalaman; at ang mga pangako ng ebanghelyo, tulad ng inihayag, ay hinikayat tayong maniwala, na sa pagtahak sa landas na ito ay matatamo natin ang ating minimithi."[18]

*Isinulat ni Propetang Joseph Smith ang sumusunod sa lalaking kasasapi pa lamang sa Simbahan:* "Tandaan [mo] ang patotoong ibinigay ko sa pangalan ng Panginoong Jesus, hinggil sa dakilang gawain na isasakatuparan Niya sa mga huling araw. Nalalaman mo ang paraan ng aking pagsasalita, kung paano ko ipinahayag sa iyo sa kahinaan at kasimplihan, ang isinagawa ng Panginoon sa paglilingkod ng Kanyang mga banal na anghel sa akin para sa henerasyong ito. Dalangin ko na itulot ng Panginoon na manatili ang mga bagay na ito sa iyong isipan, dahil alam ko na magpapatotoo ang Kanyang Espiritu sa lahat ng masigasig na naghahangad ng kaalaman mula sa Kanya."[19]

*Isinulat ni Propetang Joseph Smith ang sumusunod sa isang taong gusto pang matuto tungkol sa Simbahan:* "Pag-aralan ang



*"Alam ko na magpapatotoo ang Kanyang Espiritu sa lahat ng masigasig na naghahangad ng kaalaman mula sa Kanya."*

Biblia, at lahat ng aklat natin na makukuha mo; manalangin sa Ama sa pangalan ni Jesucristo, manalig sa mga pangakong ginawa sa mga ninuno, at ang iyong isipan ay maaakay sa katotohanan."[20]

"Ang mga bagay ukol sa Diyos ay napakahalaga; at matutuklasan lamang ito sa paglipas ng panahon, at sa karanasan, at sa maingat at malalim at taimtim na pag-iisip. Ang iyong isipan, O tao! kung aakayin mo ang isang kaluluwa tungo sa kaligtasan, ay kailangang maging kasintaas ng pinakamataas na kalangitan, at saliksikin at pag-aralan ang pinakamadilim na kailaliman, at ang lawak ng kawalang hanggan—dapat kang makipag-ugnayan sa Diyos. Lalong higit na marangal at dakila ang mga iniisip ng Diyos, kaysa sa walang kabuluhang imahinasyon ng puso ng tao! . . .

". . . Putungan natin ang ating ulo ng katapatan, at kahinahunan, at pagkamakatarungan, at kataimtiman, at kabutihan, at kadalidayan, at kaamuan, at kapayakan sa bawat lugar; at sa huli,

maging tulad ng mga musmos, walang kahalayan, pandaraya o pagkukunwari. At ngayon, mga kapatid, matapos ang inyong mga kapighatian, kung gagawin ninyo ang mga bagay na ito, at taimtim na mananalangin at mananampalataya sa paningin ng Diyos tuwina, Siya ay magbibigay sa inyo ng kaalaman sa pamamaguitan ng Kanyang Banal na Espiritu, oo, sa pamamagitan ng hindi masambit na kaloob na Espiritu Santo [tingnan sa D at T 121:26].“[21]

---

## Paunti-unti tayong nagtatamo ng kaalaman sa mga walang hanggang katotohanan; mabilis nating matututuhan ang lahat ng bagay ayon sa kakayahan nating unawain ang mga ito.

“Hindi karunungan na dapat nating matamo nang minsanan ang lahat ng kaalamang iniharap sa atin; kundi magtamo tayo nito nang paunti-unti; sa gayon ay mauunawaan natin ito.”[22]

“Kapag kayo ay aakyat ng hagdan, kailangan kayong magsimula sa ibaba, at umakyat nang [pa]isa-isang baitang, hanggang sa kayo ay makarating sa itaas; gayundin sa mga alituntunin ng Ebanghelyo—kailangan kayong magsimula sa una, at magpatuloy hanggang sa matutuhan ninyo ang lahat ng alituntunin ng kadakilaan. Subalit matagal pang panahon matapos na kayo ay magdaan [sa] tabing bago ninyo matutuhan ang mga ito. Hindi lahat ay mauunawaan sa daigdig na ito; magiging malaking gawain ang matutuhan ang ating kaligtasan at kadakilaan maging sa kabilang buhay.”[23]

*Ibinigay ni Joseph Smith at ng kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan ang sumusunod na mga tagubilin sa mga Banal na nagtipun-tipon sa Nauvoo:* “Sa mga yaong . . . makakatulong sa dakilang gawaing ito, sinasabi namin, papuntahin ninyo sila sa lugar na ito; sa paggawa nito hindi lamang sila tutulong sa pagpapalaganap ng Kaharian, kundi magkakaroon sila ng kalamangan na matagubilinan ng Panguluhan at iba pang mga awtoridad ng Simbahan, at maragdagan nang husto ang katalinuhan hanggang sa kanilang ‘matalastas pati na lahat ng mga Banal kung ano ang luwang at ang haba at ang taas at lalim; at makilala ang pagibig ni Cristo na di masayod ng kaalaman.’ [Mga Taga Efeso 3:18–19.]”[24]

"Hindi naghayag ng anuman ang Diyos kay Joseph, maliban sa ipapaalam Niya sa Labindalawa, at maging ang pinakaabang Banal ay malalaman ang lahat ng bagay ayon sa bilis ng kakayahan niyang unawain ito, sapagkat darating ang araw na hindi na kailangang sabihin pa ng tao sa kanyang kapwa, Iyong kilalanin ang Panginoon; sapagka't makikilala nilang lahat [Siya] . . . mula sa kaliit-liitan sa kanila hanggang sa kadaki-dakilaan sa kanila [tingnan sa Jeremias 31:34]."[25]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Basahin ang ikatlong buong talata sa pahina 308. Isipin ang mga gawi o ideya na maaaring "magtakda ng mga hangganan sa mga gawain at paraan ng Makapangyarihang Diyos" sa ating buhay. Sa inyong palagay ano ang kailangan nating gawin upang matanggap ang lahat ng katotohanang ibibigay sa atin ng Panginoon?
- Repasuhin ang ikalawa sa huling talata sa pahina 309. Kailan pumapawi ng kadiliman at pag-aalinlangan ang kaalaman sa inyong buhay? Sa inyong palagay bakit mahalaga ang pagtatamo ng kaalaman sa katotohanan sa pagkakaroon ng kaligtasan? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 309–10.)
- Mula sa mga turo ni Propetang Joseph, makikita natin na hangad ni Satanas na mawala ang ating kaalaman (mga pahina 309–10) at na gusto tayong bigyan ng Panginoon ng kaalaman (mga pahina 309–10). Ano ang matututuhan natin sa pagkakaibang ito?
- Ano ang magagawa natin para palaguin ang ating kaalaman sa katotohanan? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 305–7, 310–12.) Repasuhin ang talatang nagsisimula sa dulong ibaba ng pahina 311. Pumili ng ilang katangiang nakalista sa talatang ito. Paano tayo naihahanda ng bawat isa sa mga katangiang ito na tumanggap ng kaalaman?

- Basahin ang ikalawang buong talata sa pahina 312. Ano ang matututuhan natin sa paghahambing ng pag-aaral natin ng mga alituntunin ng ebanghelyo sa pag-akyat sa hagdan? Ano na ang nagawa ninyo para patuloy na maragdagan ang inyong kaalaman sa ebanghelyo?
- Ano ang naiisip o nadarama ninyo habang pinag-iisipan ninyong mabuti ang huling talata sa kabanatang ito?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mga Kawikaan 1:7; I Kay Timoteo 2:3–4; 2 Nephi 28:29–31; Alma 5:45–47; D at T 88:118

## *Mga Tala*

1. George Q. Cannon, *The Life of Joseph Smith, the Prophet* (1888), p. 189.
2. Brigham Young, *Deseret News: Semi-Weekly,* Peb. 25, 1868, p. 2; ginawang makabago ang pagpapalaki ng mga letra.
3. *History of the Church,* 1:334–35; mula sa mga katitikan sa isang pulong ng Paaralan ng mga Propeta noong Mar. 18, 1833, sa Kirtland, Ohio; iniulat ni Frederick G. Williams.
4. *History of the Church,* 1:334; mula sa "History of the Church" (manuskrito), book A-1, p. 281, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.
5. Liham ni Joseph Smith kay Isaac Galland, Mar. 22, 1839, Liberty Jail, Liberty, Missouri, inilathala sa *Times and Seasons,* Peb. 1840, pp. 53–54; ginawang makabago ang pagbabaybay at gramatika.
6. *History of the Church,* 5:215; mula sa "History of the Church" (manuskrito), book D-1, p. 1433, Church Archives.
7. *History of the Church,* 6:57; ginawang makabago ang pagbabantas; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Okt. 15, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Willard Richards.
8. *History of the Church,* 5:554; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Ago. 27, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Willard Richards at William Clayton.
9. *History of the Church,* 5:529–30; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Ago. 13, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Willard Richards.
10. *History of the Church,* 6:477; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hunyo 16, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Thomas Bullock; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
11. *History of the Church,* 5:555; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Ago. 27, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Willard Richards at William Clayton.
12. Liham ni Joseph Smith kay Oliver Cowdery, Set. 24, 1834, Kirtland, Ohio, inilathala sa *Evening and Morning Star,* Set. 1834, p. 192.
13. Binanggit ni Martha Jane Knowlton Coray, sa pag-uulat tungkol sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mayo 21, 1843, sa Nauvoo, Illinois; Martha Jane Knowlton Coray, Notebook, Church Archives.
14. *History of the Church,* 5:340; ginawang makabago ang pagpapalaki ng mga letra; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 8, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Willard Richards at William Clayton.
15. *History of the Church,* 4:588; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 10, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Wilford Woodruff.

16. Doktrina at mga Tipan 130:18–19; mga tagubiling ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 2, 1843, sa Ramus, Illinois.
17. Doktrina at mga Tipan 131:6; mga tagubiling ibinigay ni Joseph Smith noong Mayo 16 at 17, 1843, sa Ramus, Illinois.
18. George A. Smith, *Deseret News: Semi-Weekly,* Nob. 29, 1870, p. 2.
19. *History of the Church,* 1:442; mula sa isang liham ni Joseph Smith kay Moses Nickerson, Nob. 19, 1833, Kirtland, Ohio.
20. *History of the Church,* 6:459; mula sa isang liham ni Joseph Smith kay Washington Tucker, Hunyo 12, 1844, Nauvoo, Illinois.
21. *History of the Church,* 3:295–96; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang liham ni Joseph Smith at ng iba pa kay Edward Partridge at sa Simbahan, Mar. 20, 1839, Liberty Jail, Liberty, Missouri; ang mga bahagi ng liham na ito ay isinama kalaunan sa Doktrina at mga Tipan bilang mga bahagi 121, 122, at 123.
22. *History of the Church,* 5:387; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mayo 14, 1843, sa Yelrome, Illinois; iniulat ni Wilford Woodruff.
23. *History of the Church,* 6:306–7; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 7, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Wilford Woodruff, Willard Richards, Thomas Bullock, at William Clayton; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
24. *History of the Church,* 4:186; mula sa isang liham ni Joseph Smith at ng kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan sa mga Banal, Set. 1840, Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Okt. 1840, p. 179.
25. *History of the Church,* 3:380; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hunyo 27, 1839, sa Commerce, Illinois; iniulat ni Willard Richards.



*Pagkatapos ipaliwanag ni Joseph Smith ang plano para sa Kirtland Temple, ayon sa paghahayag ng Panginoon, tumakbo si Hyrum Smith para kumuha ng mahabang karit, na nagsasabing, "Naghahanda tayong magtayo ng isang bahay para sa Panginoon, at nagpasiya akong mauna sa gawain."*

# "Kaybuti at Kaysaya . . . na Magsitahang Magkakasama sa Pagkakaisa"

*"Magkakasama tayong gumagawa sa isang matibay at pamalagiang paraan."*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Noong Disyembre 27, 1832, tumanggap ng isang utos si Propetang Joseph Smith mula sa Panginoon na simulan na ng mga Banal ang pagtatayo ng templo sa Kirtland (tingnan sa D at T 88:119). Noong Hunyo 1, 1833, nagbigay pa ng mga karagdagang tagubilin ang Panginoon sa Propeta: "Ngayon narito ang karunungan, at ang isipan ng Panginoon—ang bahay ay itatayo hindi alinsunod sa pamamaraan ng sanlibutan . . . ; itayo ito alinsunod sa pamamaraang aking ipakikita sa tatlo sa inyo" (D at T 95:13–14).

Ilang araw ang nakalipas, tinupad ng Panginoon ang Kanyang pangako, ibinigay kay Joseph Smith at sa kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan ang isang kahanga-hangang pangitain kung saan nakita nila ang detalyadong mga plano para sa templo. Si Frederick G. Williams, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, ay naalala kalaunan: "Natanggap ni Joseph [Smith] ang salita ng Panginoon na isama ang kanyang dalawang tagapayo, sina [Frederick G.] Williams at [Sidney] Rigdon, at humarap sa Panginoon at Kanyang ipakikita sa kanila ang plano o modelo ng bahay na itatayo. Lumuhod kami, nanalangin sa Panginoon, at lumitaw ang gusali sa layong abot-tanaw namin, at ako ang unang nakatuklas dito. Pagkatapos sama-sama naming tiningnan ito. Matapos naming makitang mabuti ang panlabas na hitsura nito, parang lumapit ang gusali sa mismong harapan namin."[1]

Nang ipaliwanag ni Joseph Smith sa kapulungan ng mga high priest ang maluwalhating planong inihayag sa Unang Panguluhan, natuwa ang kalalakihan at nagsilabasan para pumili ng isang pagtatayuan nito—isang lugar sa may taniman ng trigo na tinamnan ng magkakapatid na Smith noong nakaraang taglagas. Agad tumakbo si Hyrum Smith para kumuha ng mahabang karit upang simulan ang paghahawan sa lupain para sa pagtatayo, na sinasabing, "Naghahanda tayong magtayo ng isang bahay para sa Panginoon, at nagpasiya akong mauna sa gawain."[2]

Dahil sa kasiglahang ito nagkaisa ang damdamin ng mga Banal sa paggawa at pagsasakripisyo para maitayo ang unang templo sa dispensasyong ito. Sa ilalim ng pamamahala ni Emma, gumawa ng mga medyas, pantalon, at pangginaw ang kababaihan para sa mga nagtatayo ng templo. Gumawa rin ng mga kurtina at karpet ang kababaihan para sa templo, at ang paggawa ng loob ng templo ay pinamahalaan ni Brigham Young. Ipinagbili ni Brother John Tanner ang kanyang mahigit 890-ektaryang bukirin sa New York, na tamang-tama ang dating sa Kirtland para pahiramin ng $2,000 ang Propeta upang matubos ang pagkakasangla sa blokeng pagtatayuan ng templo, na malapit nang mailit. Para mapangalagaan ang templo sa mga nagbabantang mandurumog, binantayan ng kalalakihan ang templo sa gabi, na natutulog na suot pa rin ang ginamit nilang damit-pantrabaho sa maghapon.

Ipinahayag ng Propeta: "Malaking paghahanda ang ginagawa namin upang masimulan ang pagtatayo ng isang bahay ng Panginoon; at kahit mahirap ang Simbahan, laganap ang aming pagkakaisa, pagkakasundo at pag-ibig sa kapwa upang palakasin kaming sundin ang mga utos ng Diyos."[3]

Si Heber C. Kimball, na naging miyembro ng Korum ng Labindalawa isang taon bago inilaan ang templo, ay inilarawan ang mabigat na gawain: "Ang simbahan ay nagkaisa sa gawaing ito, at lahat ay tumulong. Ang mga walang alagang hayop na hihila sa bagon ay nagtrabaho sa tibagan ng bato at inihanda ang mga bato para mahila papunta sa bahay."[4] Naalala rin ni Elder Kimball: "Sabi ni Joseph, 'Halina, mga kapatid, pumunta tayo sa tibagan ng bato at magtrabaho para sa Panginoon.' At pumunta

mismo ang Propeta suot ang kanyang maluwang na kamiseta at pantalon [damit-pantrabaho na yari sa linen] at nagtibag ng bato tulad namin. Pagkatapos tuwing Sabado inilalabas namin ang lahat ng hayop para hilahin ang mga bato papunta sa templo, at nagpatuloy kami hanggang sa matapos ang bahay; at ang aming mga asawa ay buong panahong nag-knit, nag-ikid ng sinulid at nanahi, at . . . gumawa ng lahat ng uri ng trabaho."[5]

Ang mga pagsisikap ng mga Banal sa Kirtland ay larawan ng pagkakaisa, sakripisyo, at katapatan na nagpasakatuparan sa mga layunin ng Panginoon sa darating na mga taon. Isa ito sa maraming pagkakataon kung saan ang mga Banal ay nagtulungan, na sinusunod ang payo ni Propetang Joseph Smith: "Magkakasama tayong gumawa sa isang matibay at pamalagiang paraan."[6]

## Mga Turo ni Joseph Smith

### Kapag nagkakaisa tayo sa paggawa, mas naisasakatuparan natin ang mga layunin ng Diyos.

[Kami] ay nagagalak na makapiling ang mga Banal sa isa pang Pangkalahatang Kumperensya [Oktubre 1840]. . . . Ang mga Banal ay masisigasig, walang pagod, at puno ng sigla na tulad ng dati, sa malaking gawain sa mga huling araw; at [ito] ay nagbigay sa amin ng galak at kasiyahan, at lalong naghikayat sa amin, habang nakikibaka sa mga hirap na hindi maiwasan sa aming pagdaan.

"Laging ipakita ng mga kapatid ang gayong kagalakan, at suportahan kami, at dapat tayong sumulong, at susulong tayo; ang gawain ng Panginoon ay lalaganap, ang Templo ng Panginoon ay maitatayo, ang mga Elder ng Israel ay mahihikayat, ang Sion ay maitatatag, at magiging kapurihan, kagalakan, at kaluwalhatian ng buong mundo; at ang awit ng papuri, kaluwalhatian, karangalan, at karingalan sa Kanya na nakaupo sa luklukan, at sa Kordero magpakailanman at magpasawalang-hanggan, ay aalingawngaw sa mga burol, mga bundok, mga pulo, mga lupalop, at ang mga kaharian ng sanlibutang ito ay magiging kaharian ng ating Diyos at ng Kanyang Cristo [tingnan sa Apocalipsis 11:15].

"Tunay na nagagalak kaming malaman na may gayong diwa ng pagkakaisa na umiiral sa mga simbahan, sa atin at sa ibang bansa, sa lupalop na ito, gayundin sa mga pulo ng karagatan; sapagkat sa pamamagitan ng alituntuning ito, at sama-samang pagkilos, maisasakatuparan natin ang mga layunin ng ating Diyos."[7]

"[Ang Nauvoo Temple] ay mabilis na naitatayo; walang tigil na pagsisikap ang ginawa sa lahat ng dako upang mapadali ang pagtatayo nito, at lahat ng uri ng materyal ay mabilis na nadadala, at sa susunod na taglagas umaasa kaming makita na napaderan na ang gusali. . . . Madalas, noong taglamig, sindami ng limampung katao ang nagtibag ng bato, habang kasabay nito ay maraming iba pang naghihila ng mga bato, at gumagawa ng iba pang trabaho. . . .

"Samantalang abalang nagsisigawa ng iba't iba nilang trabaho ang mga tao sa araw-araw, at nagbibigay ng ikasampung bahagi ng kanilang oras sa pagtatayo ng templo, gayundin kasugid ang iba sa pagbibigay ng kanilang mga ikapu at lubos na paglalaan ng mga bagay para sa gayunding dakilang layunin. Mula nang itatag ang pundasyon ng Simbahang ito, wala na kaming nakitang higit na kahandaang sundin ang [mga hinihingi] ni Jehova, mas masidhing hangaring gawin ang kalooban ng Diyos, higit na pagtatrabaho, higit na sakripisyo kaysa mula nang sabihin ng Panginoon na, 'Itayo [ang Templo] sa pamamagitan ng ikapu ng aking mga tao.' [Tingnan sa D at T 97:10–11.] Tila baga ang diwa ng kasipagan, pagkakawanggawa at pagsunod ay sabay-sabay na napasa mga matanda at bata; at ang kalalakihan at kababaihan, mga batang lalaki at babae, at maging ang mga dayuhan, na hindi miyembro ng Simbahan, ay nagkaisa sa walang kapantay na pagtulong sa pagsasakatuparan ng dakilang gawaing ito; kahit ang balo, sa maraming pagkakataon, ay hindi mapigilan, sa kabila ng kahirapan, sa pagbibigay ng kanyang dalawang lepta.

"Nadarama namin sa oras na ito na ipaabot sa lahat, matanda at bata, kapwa sa loob at labas ng Simbahan, ang aming taos-pusong pasasalamat sa kanilang walang kapantay na pagtulong, kabaitan, kasigasigan, at pagsunod, na tamang-tamang naipakita sa pagkakataong ito. Hindi dahil sa personal o isa-isa kaming nakinabang sa pera, kundi nang ang kalalakihan, tulad sa nangyaring ito, ay nagpakita ng pagkakaisa ng layunin at hangarin, at

lahat ay nagdagdag ng kanilang lakas sa paggawa, malaki ang nabawas sa aming alalahanin, gawain, pagpapagal at pag-aalala, lumambot ang aming pamatok at gumaan ang aming pasan [tingnan sa Mateo 11:30]." [8]

"Ngayon, sasabihin kong muli, tulad ng Mang-aawit noong sinauna, 'Kaybuti at kaysaya sa mga magkakapatid na magsitahang magkakasama sa pagkakaisa.' 'Tulad ng mamahaling langis sa ulo na tumulo sa balbas ni Aaron, na tumulo sa laylayan ng kanyang mga suot, gaya ng hamog sa Hermon, na bumababa sa mga bundok ng Sion,' ang gayong pagkakaisa; 'sapagka't doon pinarating ng Panginoon ang pagpapala, sa makatuwid baga'y ang buhay na magpakailan pa man!' Ang pagkakaisa ay kapangyarihan. [Tingnan sa Mga Awit 133:1–3.]"[9]

---

### Tumitibay ang ating pagkakaisa kapag sinisikap nating sundin ang mga batas ng Diyos at daigin ang ating kasakiman at mga maling palagay.

*Noong Disyembre 1840 lumiham ang Propeta sa mga miyembro ng Korum ng Labindalawa at iba pang mga lider ng priesthood na nagmimisyon sa Great Britain:* ". . . Kasiya-siyang isipin, na nagkakasundo kayo, at ang mga Banal ay masayang dininig ang payo, at [lalong nagsikap] nang magkasama sa gawaing ito ng pagmamahal, at sa pagtataguyod ng katotohanan at kabutihan. Ito ang dapat mangyari sa Simbahan ni Jesucristo; ang pagkakaisa ay lakas. 'Kaysaya sa mga magkakapatid na magsitahang magkakasama sa pagkakaisa!' [Mga Awit 133:1.] Papagibayuhin sa mga Banal ng Makapangyarihang Diyos ang alituntuning ito magpakailanman, at dapat itong magdulot ng napakaluwalhating mga pagpapala, hindi lamang sa bawat isa, kundi sa buong Simbahan—ang kaayusan ng kaharian ay mapapanatili, igagalang ang mga pinuno, at ang mga ipinagagagawa nito ay mabilis at masayang gagawin. . . .

"Ipaalala sa mga Banal na ang mga dakilang bagay ay nakasalalay sa pagsisikap ng bawat isa, at na sila ay tinawag na maging kapwa manggagawa namin at ng Banal na Espiritu sa pagsasakatuparan ng dakilang gawain sa mga huling araw; at bilang pagsasaalang-alang sa nasasaklawan, mga pagpapala at kaluwal-



*"Ang pagkakaisa ay lakas. 'Kaybuti at kaysaya sa mga magkakapatid na magsitahang magkakasama sa pagkakaisa!' Papag-ibayuhin sa mga Banal ng Makapangyarihang Diyos ang alituntuning ito magpakailanman."*

hatian ng dakilang gawaing iyon, huwag lamang ibaon kundi puksain ang lahat ng kasakiman; at panaigin ang pagmamahal sa Diyos at sa tao, at panatilihin sa bawat isipan, na ang kanilang mga puso ay maging tulad ng kay Enoc na sinauna, at maunawaan ang lahat ng bagay, sa kasalukuyan, nakaraan at hinaharap, at hindi kulangin sa anumang kaloob, habang naghihintay sa pagparito ng ating Panginoong Jesucristo [tingnan sa I Mga Taga Corinto 1:7].

"Ang gawaing pinagkaisahan nating gawin ay hindi pangkaraniwan. Ang mga kaaway na kailangan nating daigin ay tuso at napakahusay magpaikot; dapat tayong maging listo na ituon ang ating lakas, at dapat mamayani ang pinakamagandang damdamin sa ating puso; at pagkatapos, sa tulong ng Makapangyarihang Diyos, tuluy-tuloy ang ating tagumpay, at paglupig; ang ating

masamang hangarin ay masusupil, ang ating maling palagay ay mawawala; mawawalan ng puwang sa ating puso ang pagkamuhi; ang kasamaan ng ugali ay hindi mababanaag, at tatayo tayong may pagsang-ayon sa mata ng langit, at kikilalaning mga anak na lalaki ng Diyos.

"Unawain natin na hindi tayo nabubuhay para sa ating sarili, kundi para sa Diyos; sa paggawa nito ang pinakadakilang mga pagpapala ay mapapasa atin kapwa sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan."[10]

"Sasabihin namin sa mga Banal na dumating dito [sa Nauvoo], naitatag na namin ang saligan para sa pagtitipon ng mga tao ng Diyos sa lugar na ito, at umaasa [kami] na pagdating nga rito ng mga Banal, susundin nila ang payong itinalaga ng Diyos. . . . Sinisikap namin dito na bigkisan ang aming mga balakang, at alisin mula sa aming paligid ang mga gumagawa ng kasamaan; at umaasa kami na pagdating ng aming mga kapatid mula sa ibang bansa, tutulungan nila kaming ipalaganap ang mabuting gawaing ito, at isakatuparan ang dakilang hangaring ito, na 'maitayo sa kabutihan ang Sion; at ang lahat ng bansa ay magtipon sa kanyang bandila;' na bilang mga tao ng Diyos, sa ilalim ng Kanyang patnubay, at pagsunod sa Kanyang batas, tayo ay lumago sa kabutihan at katotohanan; na kapag ang Kanyang mga layunin ay naisakatuparan na, tayo ay makatanggap ng mana kasama ang yaong mga pinabanal."[11]

"Tayo, lahat tayo, ay may mga kaibigan, kakilala, pamilya at kasamahan; at nakita natin na ang bigkis ng pagkakaibigan . . . at kapatiran ay matibay tayong pinagkaisa kasama ang libu-libong napamahal na mga kasamahan; tinanggap natin ang iisang pananampalataya, maging ang yaong 'ibinigay na minsan at magpakailan man sa mga banal.' [Judas 1:3.] Nagkaroon tayo ng pribilehiyong marinig ang walang hanggang ebanghelyo, na ibinigay sa atin sa pamamagitan ng diwa ng propesiya, sa pamamagitan ng pagbubukas ng kalangitan, ng kaloob na Espiritu Santo, ng paglilingkod ng mga anghel, at ng kapangyarihan ng Diyos. . . . Ang pagdamay ng kaanak ay dumadaloy sa buong katawan, maging sa katawan ni Cristo, na kanyang simbahan, ayon sa pahayag ni Pablo; at ni isang bahagi ng katawan ay hindi masa-

saktan nang hindi nasasaktan ang ibang bahagi ng katawan, sapagkat sinabi ni Pablo, kung ang isang miyembro ay nagdaramdam, lahat ng miyembro ay nagdaramdam ding kasama niya; at kung ang isang miyembro ay nagagalak, lahat ng miyembro ay nagagalak na kasama niya [tingnan sa I Mga Taga Corinto 12:12–27]."[12]

---

### Ang pinakamalaking pagpapalang temporal at espirituwal ay lagi nang nagmumula sa pagkakaisa ng lakas.

*Noong Enero 1841, ang Propetang Joseph Smith at kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan ay nagbigay ng tagubilin sa mga Banal na dumarating sa Nauvoo mula sa iba't ibang panig ng mundo:* "Sa sama-samang pagkilos, at pagkakaisa ng lakas, maisasakatuparan natin ang dakilang gawain sa mga huling araw . . . , habang ang ating kapakanan, kapwa temporal at espirituwal, ay lalong mag-iibayo, at ang mga pagpapala ng langit ay kailangang ibuhos sa atin nang tuluy-tuloy; tungkol dito, sa palagay namin ay walang pag-aalinlangan.

"Ang pinakamalalaking pagpapalang temporal at espirituwal na lagi nang nagmumula sa katapatan at sama-samang paggawa, ay hindi kailanman natamo sa indibiduwal na pagsisikap o kasipagan. Ang kasaysayan ng lahat ng nagdaang panahon ay lubos na magpapatunay sa katotohanang ito. . . .

"Hangad naming maunawaan ng mga Banal na, pagpunta nila rito, hindi sila dapat umasa na perpekto ang lahat, o na lahat ay nagkakasundo, payapa, at nagmamahalan; kung ito ang akala nila, walang alinlangang malilinlang sila, sapagkat dito ay may mga tao, hindi lamang mula sa iba't ibang estado, kundi mula sa iba't ibang bansa, na, bagaman matindi ang paniniwala nila sa layon ng katotohanan, ay may mga maling palagay na natutuhan, at bunga nito, nangangailangan pa sila ng ilang panahon bago mapaglabanan ang mga bagay na ito. Isa pa, maraming nagsipasok nang lihim, at nagsisikap na magpasimula ng pagtatalo, alitan, at poot sa ating paligid, at sa paggawa nito, nagdudulot sila ng kasamaan sa mga Banal. . . . Samakatwid, pagpasiyahin ang mga pumupunta sa lugar na ito na sundin ang mga utos ng Diyos, at huwag panghinaan ng loob sa mga bagay na aming binanggit,

at sila ay pauunlarin—ang talino ng langit ay ibabahagi sa kanila, at sila, kalaunan, ay magkakaunawaan, at magagalak sa ganap na katuparan ng kaluwalhatiang iyon na nakalaan sa mabubuti.

"Upang maitayo ang Templo ng Panginoon, kailangan ang malaking pagsisikap ng mga Banal, nang sa gayon ay makapagtayo sila ng isang bahay na tatanggapin ng Makapangyarihan, at kung saan ipakikita ang Kanyang kapangyarihan at kaluwalhatian. Samakatwid anyayahan ang mga malayang magsakripisyo ng kanilang oras, mga talento, at ari-arian, para sa kaunlaran ng kaharian, at sa pagmamahal nila sa layon ng katotohanan, . . . na makiisa sa atin sa dakilang gawain sa mga huling araw, at makibahagi sa paghihirap, nang sa huli ay makibahagi sila sa kaluwalhatian at tagumpay."[13]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Isipin ang pahayag ni Propetang Joseph Smith, "Magkakasama tayong gumawa sa isang matibay at pamalagiang paraan" (pahina 319). Ano ang mangyayari kapag ang isang pagsisikap ay hindi gaanong matagal o matibay? Ano ang mangyayari kapag hindi nagkakaisa sa paggawa ang mga tao? Paano natin maipamumuhay ang pahayag ng Propeta sa ating mga tahanan? sa mga tungkulin natin sa Simbahan?
- Basahin ang huling talatang nagsisimula sa pahina 320. Bakit gumagaan ang mga pasanin kapag nagtutulungan tayo? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 317–21.) Anong mga alituntunin ang nakatulong sa inyo upang makipagtulungan sa iba nang may higit na pagkakaisa?
- Repasuhin ang huling talatang nagsisimula sa pahina 321. Ano ang ilang panganib ng pagkamakasarili? Ano ang magagawa natin para maalis ang mga makasariling damdamin sa ating kalooban? Ano ang inyong madarama kapag "[hinayaan ninyong] manaig sa inyong puso ang pagmamahal sa Diyos at sa tao"?

- Repasuhin ang talatang nagsisimula sa dulong ibaba ng pahina 323. Sa anong mga paraan kayo nakinabang sa “mga bigkis ng pagkakaibigan” at “napamahal na kasamahan” sa inyong ward o branch? Paano nakikinabang ang mga ward at branch kapag “ang pagdamay ng kaanak ay dumadaloy sa buong katawan”?
- Pag-aralan ang talatang nagsisimula sa dulong ibaba ng pahina 324. Sa inyong palagay bakit hindi tamang umasa na perpekto ang mga miyembro ng ating mga ward at branch? Kailan kayo nakakita ng isang di-perpektong grupo ng mga tao na ginamit ang sari-sari nilang talento at kakayahan para sa iisang layon? Ano ang mga resulta ng nagkakaisang pagsisikap na ito?

*Kaugnay na mga Banal na Kasultan:* Mateo 18:19–20; Juan 17:6–26; Mosias 18:21; 3 Nephi 11:29–30; D at T 38:24–27; Moises 7:18

## *Mga Tala*

1. Frederick G. Williams, binanggit ni Truman O. Angell, sa Truman Osborn Angell, Autobiography 1884, pp. 14–15, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.
2. Hyrum Smith, sinipi sa “The History of Lucy Smith, Mother of the Prophet,” ni Lucy Mack Smith, 1844–45 manuscript, book 14, pp. 1–2, Church Archives.
3. *History of the Church,* 1:349; mula sa “History of the Church” (manuskrito), book A-1, pp. 296–97, Church Archives.
4. Heber C. Kimball, “Extracts from H. C. Kimball’s Journal,” *Times and Seasons,* Abr. 15, 1845, pp. 867–68.
5. Heber C. Kimball, *Deseret News,* Mayo 27, 1863, p. 377 ginawang makabago ang pagbabantas at pagpapalaki ng mga letra.
6. Binanggit ni Brigham Young, *Deseret News: Semi-Weekly,* Abr. 20, 1867, p. 2; ginawang makabago ang pagbabantas.
7. *History of the Church,* 4:212–13; ginawang makabago ang pagbabantas; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang ulat ni Joseph Smith at ng kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan, Okt. 4, 1840, Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Okt. 1840, p. 187.
8. *History of the Church,* 4:608–9; ginawang makabago ang pagbabantas at gramatika; mula sa “The Temple,” isang editoryal na inilathala sa *Times and Seasons,* Mayo 2, 1842, pp. 775–76; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.
9. *History of the Church,* 6:70; mula sa isang liham ni Joseph Smith sa mga Banal, Nob. 1, 1843, Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Nob. 1, 1843, pp. 376–77; mali ang petsang Nob. 8, 1843, sa liham na ito sa *History of the Church*.
10. *History of the Church,* 4:227, 230–31; ginawang makabago ang pagbabaybay; mula sa isang liham ni Joseph Smith sa Labindalawa, Dis. 15, 1840, Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Ene. 1, 1841, pp. 258, 260–61; mali ang petsang Okt. 19, 1840, sa liham na ito sa *History of the Church.*

11. *History of the Church,* 5:65–66; mula sa "The Government of God," isang editoryal na inilathala sa *Times and Seasons,* Hulyo 15, 1842, p. 858; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.
12. "To the Saints of God," isang editoryal na inilathala sa *Times and Seasons,* Okt. 15, 1842, p. 951; ginawang makabago ang pagbabaybay, pagbabantas, at pagpapalaki ng mga letra; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.
13. *History of the Church,* 4:272–73; mula sa isang liham ni Joseph Smith at ng kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan sa mga Banal, Ene. 15, 1841, Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Ene. 15, 1841, pp. 276–77.



*Ang mga lider sa kaharian ng Panginoon "ay dapat magkaroon ng karunungan, kaalaman, at pang-unawa, upang makapagturo at makapamuno sa mga tao ng Diyos."*

# Pamumuno sa Paraan ng Panginoon

*"Tinuturuan ko sila ng mga wastong alituntunin, at pinamamahalaan nila ang kanilang sarili."*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Habang nagsisimulang gumawa at magsakripisyo ang mga Banal sa Kirtland para maitayo ang templo sa gitna nila, nahaharap naman sa matinding pag-uusig ang mga Banal sa Jackson County, Missouri. Dahil dumarami ang mga Banal na lumilipat sa Missouri, nabahala ang mga dati nang naninirahan dito. Nangamba ang mga taga Missouri na mawalan sila ng kontrol sa pulitika, masama ang hinala nila sa mga kakaibang paniniwala ng Simbahan, at hindi nila gusto ang gawi ng mga Banal na magkakalakalan sa isa't isa. Lalong naging marahas ang mga mandurumog sa kanilang pag-uusig sa mga Banal at, noong Nobyembre 1833, ay sapilitan nilang pinaalis ang mga ito sa kanilang mga tahanan. Naiwan ang halos lahat ng kanilang mga alagang hayop at gamit sa bahay, tumakas ang mga Banal patungong hilaga, una sa Clay County, Missouri, kung saan sila nakakita ng pansamantalang kanlungan.

Si Propetang Joseph Smith, na nakatira noon sa Kirtland, ay labis na nag-aalala sa pagdurusa ng mga Banal sa Missouri, at gustung-gusto niyang tulungan sila. Noong Pebrero 1834, inihayag sa kanya ng Panginoon na kailangan niyang bumuo ng isang grupo ng mga Banal na magtutungo sa Jackson County. Ang grupong ito, na tinawag na Kampo ng Sion, ay tutulong sa pagbawi ng mga lupain at ari-ariang kinuha nang labag sa batas sa mga miyembro ng Simbahan. (Tingnan sa D at T 103:21–40.) Ang kampo ay opisyal na binuo noong Mayo 6, 1834, at kalaunan ay bumilang ng mahigit 200 katao. Ang mga ito, na may mga dalang

sandata, at binuo bilang isang hukbong militar, ay dumating malapit sa Jackson County sa kalagitnaan ng Hunyo, matapos lakbayin ang mahigit 1,450 kilometro.

Mahaba ang nilakbay ng mga miyembro ng kampo sa araw-araw, na kadalasan ay sa ilalim ng matinding sikat ng araw na kakaunti lamang ang pagkain at maruming tubig para mabuhay. Ang maganda nilang pagsasama sa maraming linggo ng paglalakbay, na may kasamang pagod at gutom, ay nauwi sa pag-aawayan at pagbatikos sa Propeta ng ilan sa kalalakihan.

Sa kabila ng lahat ng problema sa mapanganib at mahirap na paglalakbay na ito, tinuruan ni Joseph Smith ang mga miyembro ng kampo ng mahahalagang alituntunin sa pamumuno habang pinamumunuan niya sila sa araw-araw. Sinabi ni Wilford Woodruff, isang miyembro ng Kampo ng Sion na kalaunan ay naging ikaapat na Pangulo ng Simbahan: "Nakatamo kami ng karanasang hindi namin makukuha sa iba pang paraan. Nagkaroon kami ng pribilehiyong makita nang harapan ang Propeta, at nagkaroon kami ng pribilehiyong maglakbay ng isang libong kilometro kasama siya, at makita ang mga [panghihikayat] ng Espiritu ng Diyos sa kanya, at ang mga paghahayag ni Jesucristo sa kanya at ang katuparan ng mga paghahayag na iyon."[1]

Pagdating ng grupo sa Missouri, nagsimula silang makipag-usap sa mga opisyal ng estado, subalit ang pagsisikap na malutas ito nang payapa ay nabigo. Sapagkat ang paggamit ng sandata ay tila hindi maiiwasan, nanalangin ang Propeta para sa patnubay at, noong Hunyo 22, 1834, ay tumanggap ng paghahayag na buwagin ang kampo at ipinahayag na hindi matutubos ang Sion sa panahong iyon (tingnan sa D at T 105). Hinggil sa mga miyembro ng kampo, sinabi ng Panginoon, "Aking narinig ang kanilang mga panalangin, at tatanggapin ang kanilang mga handog; at kapaki-pakinabang sa akin na sila ay dalhin sa ganito bilang pagsubok sa kanilang pananampalataya" (D at T 105:19).

Hindi naisakatuparan ng Kampo ng Sion ang hangarin nito sa pamahalaan, subalit nagtagal ang espirituwal na bunga nito. Noong Pebrero1835, nang buuin ng Propeta ang Korum ng Labindalawang Apostol at ang Korum ng Pitumpu, siyam sa

Labindalawang Apostol at lahat ng Pitumpu ay naglingkod sa Kampo ng Sion. Sa pagkaalala ni Joseph Young, isa sa mga orihinal na miyembro ng Pitumpu, ipinaliwanag ng Proipeta sa isang grupo ng kalalakihang ito: "Hindi nais ng Diyos na makipag-away kayo. Hindi Niya maaaring itayo ang Kanyang kaharian sa pamamagitan ng labindalawang kalalakihang magbubukas ng mga pinto ng ebanghelyo sa mga bansa sa daigdig, at pitumpung kalalakihan sa ilalim ng pangangasiwa ng mga ito na sumunod sa kanilang landas, maliban lamang kung kinuha Niya ang mga ito mula sa kalalakihang inialay ang kanilang mga buhay, at gumawa ng sakripisyong kasing dakila ng ginawa ni Abraham."[2]

Sa Kampo ng Sion nagtamo ng praktikal na pagsasanay sina Brigham Young, Heber C. Kimball, Wilford Woodruff, at iba pa na nagbigay ng kakayahan sa kanila na pamunuan ang mga Banal mula sa Missouri hanggang Illinois noong 1839 at kalaunan sa Salt Lake Valley. Mula sa kanilang karanasan kasama ang Propeta, ang kalalakihang ito ay natutong mamuno sa paraan ng Panginoon.

## Mga Turo ni Joseph Smith

### Ang mga lider ay nagtuturo ng mga wastong alituntunin at tinutulungan ang mga pinamumunuan nila na matutong pamunuan ang kanilang sarili.

*Iniulat ni John Taylor, ikatlong Pangulo ng Simbahan:* "Ilang taon na ang nakalilipas, sa Nauvoo, isang ginoo sa aking harapan, isang miyembro ng Lehislatura, ang nagtanong kay Joseph Smith kung paano niya napamahalaan ang napakaraming tao, at napanatili ang perpektong kaayusan nito, at sinabi ring hindi nila magawa ito sa ibang dako. Sinabi ni Ginoong Smith na napakadaling gawin iyon. 'Paano?' tugon ng ginoo; 'sa amin napakahirap nito.' Sagot si Ginoong Smith, 'Tinuturuan ko sila ng mga wastong alituntunin, at pinamamahalaan nila ang kanilang sarili.' "[3]

*Iniulat ni Brigham Young, ikalawang Pangulo ng Simbahan:* "Maraming ulit na itinanong kay Joseph Smith ng mga ginoong dumadalaw sa kanya at sa kanyang mga tao, 'Bakit napakadali

mong pamahalaan ang iyong mga tao? Para bang wala silang gagawin kundi ang sasabihin mo lamang; bakit napakadali mo silang pamahalaan?' Sinabi niyang, 'Hindi ko sila pinamamahalaan. Nagpahayag ang Panginoon ng tiyak na mga alituntunin mula sa langit [kung paano kami] nararapat na mamuhay sa mga huling araw na ito. Nalalapit na ang oras kung kailan titipunin ng Panginoon ang Kanyang mga tao mula sa masasama, at paiikliin Niya ang Kanyang gawain ng kabutihan, at ang mga alituntuning Kanyang ipinahayag ay itinuro ko sa mga tao at nagsisikap lamang silang mamuhay ayon dito, at sila ang namamahala sa kanilang sarili.' "[4]

*Sa pagtugon sa paratang na naghahangad siya ng kapangyarihan, sinabi ni Joseph Smith:* "Tungkol sa impluwensya ko sa isipan ng tao, ang masasabi ko, Ito ay dulot ng kapangyarihan ng katotohanan sa mga doktrina kung saan kinasangkapan ako sa mga kamay ng Diyos na ilahad ito sa kanila, at hindi dahil sa anumang pamimilit ko. . . . Ang tanong ko, Pinilit ko ba ang sinuman kahit kailan? Hindi baga binigyan ko siya ng layang huwag paniwalaan ang anumang doktrinang ipinangaral ko, kung sa tingin niya ay nararapat? Bakit hindi ang doktrina ang tuligsain ng aking mga kaaway? Hindi nila magagawa ito: iyon ang katotohanan, at hinahamon ko ang lahat na kalabanin ito."[5]

"Isang lalaking nagtatrabaho sa tanggapan ng *St. Louis Gazette* . . . ang nagnais malaman kung saang alituntunin ko nakuha ang gayon kalaking kapangyarihan. . . . Sinabi ko sa kanya na natamo ko ang kapangyarihan sa mga alituntunin ng katotohanan at kabutihan, na magtatagal kapag ako ay patay na at naglaho."[6]

---

## Ang mga lider ay tumatanggap ng karunungang kailangan nila mula sa Espiritu at kinikilala ang mga pagpapala ng Panginoon sa kanila.

"Ang tao ng Diyos ay dapat magkaroon ng karunungan, kaalaman, at pang-unawa, upang makapagturo at makapamuno sa mga tao ng Diyos."[7]

*Lumiham si Joseph Smith sa mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol at sa iba pang mga lider ng priesthood na nagmimisyon sa Great Britain:* "Masasabi ko, na ayon

sa ipinaalam sa akin tungkol sa inyong mga kilos, lubos akong nasisiyahan na naisagawa ito nang may karunungan; at wala akong alinlangan, na pinatnubayan kayo ng Espiritu ng Panginoon; at napagtibay nito sa aking isipan na kayo ay nagpakumbaba, at ang mga hangarin ninyo ay para sa kaligtasan ng inyong kapwa, at hindi para sa inyong sariling pagyaman, at kapakanan. Hangga't nagpapakita ng ganitong hangarin ang mga Banal, ang mga payo nila ay sasang-ayunan, at magtatagumpay ang kanilang mga pagsisikap.

"Maraming bagay na napakahalaga, na inihihingi ninyo ng payo, ngunit sa palagay ko ay kayang-kaya na ninyo itong pagpasiyahan, dahil mas alam ninyo ang mga kakaibang sitwasyon diyan kaysa sa akin; at malaki ang tiwala ko sa inyong nagkakaisang karunungan. . . .

"Mahal na mga kapatid, dapat ninyong malaman ang aking nadarama kahit paano, kapag iniisip kong mabuti ang dakilang gawaing lumalaganap na ngayon, at ang kaugnayan ko rito, habang ito ay pinalalaganap sa malalayong lupain, at libu-libo ang tumatanggap dito. Kahit paano ay nauunawaan ko ang aking responsibilidad, at ang tulong na kailangan ko mula sa itaas, at karunungan mula sa langit, upang maituro ko ang mga alituntunin ng kabutihan sa mga taong ito, na ngayon ay dumarami na, at maakay silang sumang-ayon sa kalooban ng Langit; nang sa gayon sila ay maging ganap, at handang salubungin ang Panginoong Jesucristo kapag pumarito Siya sa dakilang kaluwalhatian. Maaasahan ko ba ang inyong mga panalangin sa ating Ama sa langit para sa akin, at ang lahat ng panalangin ng lahat ng kalalakihan at kababaihan sa England, (na hindi ko pa nakikita, subalit aking minamahal), nang sa gayo'y aking matakasan ang bawat pakana ni Satanas, malampasan ang bawat paghihirap, at madala ang mga taong ito sa pagtamasa ng mga pagpapalang iyon na nakalaan sa mabubuti? Hinihiling ko ito sa inyo sa pangalan ng Panginoong Jesucristo."[8]

*Noong 1833 lumiham ang Propeta at iba pang mga lider ng Simbahan sa mga miyembro sa Thompson, Ohio, na sinasabi sa kanila na si Brother Salmon Gee ay itinalagang mangulo sa*

*kanila:* "Ang ating pinakamamahal na si Brother Salmon . . . ay aming inorden . . . na pamunuan kayo at turuan ng mga bagay na naaayon sa kabanalan, at malaki ang tiwala namin sa kanya, sana'y kayo rin. Samakatwid sinasabi namin sa inyo—oo, hindi lamang kami, kundi maging ng Panginoon—tanggapin ninyo siya bilang inyong mapagkakatiwalaang lider, batid na hinirang siya ng Panginoon sa katungkulang ito para sa inyong kabutihan, suportahan ninyo siya sa inyong mga panalangin, na patuloy siyang pagkalooban ng karunungan at pang-unawa sa kaalaman tungkol sa Panginoon, na sa pamamagitan niya ay maiiwas kayo sa masasamang espiritu, at sa lahat ng alitan at pagtatalu-talo, at umunlad sa biyaya at kaalaman tungkol sa ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo.

". . . Sa huli, mga kapatid, ipagdasal ninyo kami, na maisagawa namin ang gawaing ibinigay sa amin, upang matamasa ninyo ang mga hiwaga ng Diyos, maging ang kaganapan nito."[9]

*Ibinigay ng Propeta ang sumusunod na payo sa isang grupo ng mga lider ng priesthood para magabayan sila sa kanilang mga talakayan:* "Bawat isa ay dapat maghalinhinan sa pagsasalita at sa kanyang lugar, at sa kanyang oras at panahon, upang magkaroon ng ganap na kaayusan sa lahat ng bagay; at . . . bawat tao . . . ay dapat tiyaking makapagbigay ng liwanag sa paksa sa halip na magpalaganap ng kadiliman, . . . na magagawa ng kalalakihang natutuhan nang husto ang isipan at kalooban ng Panginoon, kung kaninong Espiritu ay laging nadarama at nagpapamalas ng katotohanan upang maunawaan ng lahat ng maytaglay ng Espiritu."[10]

"Kapag tumayo ang Labindalawa o sinumang saksi sa harapan ng kongregasyon ng mundo, at nangaral sila sa kapangyarihan at pagpapadama ng Espiritu ng Diyos, at ang mga tao ay namangha at nalito sa doktrina, at sinabing, 'Makapangyarihang magsalita ang taong iyon, napakahusay mangaral,' kung gayo'y papagingatin ang lalaki o mga lalaking iyon na huwag luwalhatiin ang kanilang sarili, kundi tiyaking magpakumbaba, at purihin at luwalhatiin ang Diyos at ang Kordero; sapagkat dahil sa kapangyarihan ng Banal na Priesthood at Espiritu Santo kaya sila

nagkaroon ng kapangyarihang magsalita nang gayon. Ano baga kayo, O tao, kundi alabok? At saan galing ang natanggap ninyong kapangyarihan at mga pagpapala, kundi sa Diyos?"[11]

---

**Ang mga lider sa kaharian ng Panginoon ay minamahal ang kanilang mga pinaglilingkuran.**

"Habang ako ay tumatanda, lalo kayong napapamahal sa akin. Lagi akong handang isuko ang lahat ng mali, sapagkat hangad kong magkaroon ng mabuting lider ang mga taong ito. Hinayaan ko kayong magpasiya sa pagpapaalam sa inyo ng mga bagay tungkol kay Jesucristo. . . . Puro kabutihan ang aking nadarama."[12]

"Ang mga saserdote ng mga sekta ay nagsalita laban sa akin, at nagtanong, 'Bakit nagkaroon ng napakaraming tagasunod ang taong ito na walang kabuluhan ang sinasabi, at napanatili sila?' Sumagot ako, Dahil nasa akin ang alituntunin ng pagmamahal. Ang maiaalay ko lamang sa mundo ay mabuting puso at malinis na kamay."[13]

*Ilang araw bago siya nabilanggo sa Carthage Jail, ipinahayag ng Propeta ang kanyang pagmamahal sa mga Banal:* "Sinubukan kayo ng Diyos. Mabubuti kayong tao; kaya nga mahal ko kayo nang buong puso. Walang may higit na dakilang pag-ibig kaysa sa isang taong nagbuwis ng buhay para sa kanyang mga kaibigan [tingnan sa Juan 15:13]. Nanatili kayo sa aking tabi sa oras ng kagipitan, at handa akong ibuwis ang aking buhay para sa inyong kaligtasan."[14]

---

**Ang mga lider sa kaharian ng Panginoon ay nagtuturo sa pamamagitan ng kanilang paglilingkod at halimbawa.**

*Sa pagtungo ng mga miyembro ng Kampo ng Sion mula sa Kirtland, Ohio, sa Missouri, marami silang natutuhang alituntunin sa pamumuno sa pakikisama nila kay Joseph Smith. Paggunita ni George A. Smith, isang miyembro ng Kampo ng Sion:* "Lubos na naranasan ni Propetang Joseph ang pagod sa buong paglalakbay. Bukod pa sa pag-aalala sa panustos sa kampo at pamumuno rito, kalimitan ay naglakad siya at nakaranas na

magpaltos, magdugo at sumakit ang mga paa, na likas na nangyayari dahil sa paglalakad nang mula mahigit 40 hanggang mahigit 64 na kilometro araw-araw sa mainit na panahon ng taon. Ngunit sa buong paglalakbay hindi siya kailanman bumulung-bulong o nagreklamo, samantalang karamihan sa kalalakihan sa Kampo ay nagreklamo sa kanya sa pananakit ng mga daliri sa paa, paltos sa mga paa, mahabang paglalakad, kakaunting panustos, hindi masarap na tinapay, maantang mantikilya, at mabahong pulot-pukyutan, inuuod na pinausukan at inasinang karne at keso, at kung anu-ano pa. Kahit pagkahol ng aso sa ilang kalalakihan ay inireklamo kay Joseph. Kung humimpil sila na marumi ang tubig, halos magkaroon ng rebelyon. Subalit kami ang Kampo ng Sion, at marami sa amin ang hindi nagdarasal, pabaya, walang-ingat, hindi makaintindi, hangal o malademonyo, gayunpaman hindi namin alam iyon. Kinailangan kaming pagtiyagaan at turuan ni Joseph, na parang bata. Gayunman, maraming nasa kampo na hindi bumulung-bulong kailanman at laging handa at nagkukusang gawin ang nais ng aming mga pinuno."[15]

*Ang sumusunod ay mga sipi mula sa kasaysayan ng Propeta noong Mayo 1834:* "Gabi-gabi bago matulog, sa tunog ng trumpeta, lumuluhod kami sa harapan ng Panginoon sa kani-kanyang tolda, at nagpapasalamat sa panalangin at pagsusumamo; at sa tunog ng trumpeta sa umaga, bandang alas-kuwatro, bawat lalaki ay muling lumuluhod sa harapan ng Panginoon, na nagsusumamo sa Kanyang pagpapala para sa araw na iyon."[16]

*Mayo 27, 1834:* "Sa kabila ng patuloy na pagbabanta ng karahasan ng aming mga kaaway, hindi kami natakot, ni nag-alangan na ipagpatuloy ang aming paglalakbay, sapagkat sumaamin ang Diyos, at ang Kanyang mga anghel ay nanguna sa amin, at ang pananampalataya ng maliit naming grupo ay hindi natitinag. Alam naming kasama namin ang mga anghel, sapagkat nakita namin sila."[17]

*Mayo 29, 1834:* "Natuklasan ko na isang bahagi ng aking grupo ang nabigyan ng maantang tinapay, samantalang masarap ang tinapay na ibinigay sa akin ng iisang tagapagluto. Pinagsabihan ko

si Brother Zebedee Coltrin sa pagsasaalang-alang niya sa akin, sapagkat nais ko na ang aking mga kapatid ay kumain ng gayon ding aking kinakain."[18]

*Paggunita ni John M. Chidester, isang miyembro ng Kampo ng Sion:* "Ang Kampo ng Sion, pagdaan sa Estado ng Indiana, ay kinailangang tumawid sa napakalalim na mga latian; dahil dito kinailangan naming talian ng lubid ang mga bagon upang maitawid ang mga ito, at ang Propeta ang unang taong humawak sa lubid nang nakayapak. Ugali niya ito sa lahat ng panahon ng paghihirap.

"Patuloy kaming naglakbay hanggang sa marating namin ang Ilog [ng Wakenda], matapos maglakbay nang apatnapung kilometro na walang pahinga o kainan. Napilitan kaming sumakay ng bangka para matawid ang sapang ito; at nakita namin sa kabila ang isang napakagandang lugar na mahihimpilan, na nagdulot ng kasiyahan sa ngayo'y mga pagod at gutom na kalalakihan. Pagdating sa lugar na ito ipinahayag ng Propeta sa Kampo na nabigyan siya ng inspirasyon na magpatuloy sa paglalakbay; at sa pangunguna, inanyayahan niya ang kalalakihan na sundan siya.

"Nahati ang mga tao sa kampo dahil dito. Si Lyman Wight at ang iba pa ay tumanggi noong una na sundan ang Propeta, ngunit sa huli ay sumunod din. Ang sumunod na nangyari ay nagpakita na nabigyan ng inspirasyon ang Propeta na maglakbay pa ng mga 11 kilometro. Ibinalita sa amin na mga 13 kilometro pababa ng ilog kung saan kami tumawid ng sapa ay may isang grupo ng kalalakihang lulusob sa amin sa gabing iyon."[19]

*Sa paglalakbay ng Kampo ng Sion, ilan sa mga sumama ang bumulung-bulong at nagreklamo. Pinagsabihan ng Propeta ang mga gumawa nito at nagbabala na darating ang kapahamakan kung hindi sila magsisisi. Bagaman dininig ng ilan ang kanyang payo, ang iba ay hindi. Hindi nagtagal lumaganap ang kolera, at ilang miyembro ng kampo ang namatay. Paggunita ni Orson Hyde, na kalaunan ay naglingkod sa Korum ng Labindalawa:* "Tumigil ba sa pag-aalala ang Propeta para sa kapakanan ng kampo? Nagbago ba ang damdamin niya sa kanyang mga kaibigan sa oras ng kanilang kaparusahan at paghihirap? Siya ba ay naging



*"Ang Propeta ang unang taong humawak sa lubid nang nakayapak, "paggunita ng isang miyembro ng Kampo ng Sion. "Ugali niya ito sa lahat ng panahon ng paghihirap."*

kaaway nila dahil pinagsabihan niya sila nang mabigat? Hindi! Ang kanyang puso ay nadurog sa habag—napuspos ng pagmamahal, habag at kabaitan ang kanyang kalooban; at sa kasigasigan at katapatan ng isang tapat na kaibigan sa oras ng kagipitan, siya mismo ang nag-alaga sa mga maysakit at naghihingalo; at tumulong sa paglilibing sa mga patay. Lahat ng ginawa niya sa panahon ng matinding pagsubok ay nagbigay ng karagdagang katiyakan sa kampo na sa kabila ng lahat ng kanilang pagkakamali, mahal pa rin niya sila."[20]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Basahin ang ikalawang buong talata sa pahina 331. Anong kalakasan ang nakikita ninyo sa paraan ng pamumuno ni Propetang Joseph Smith? Sa inyong palagay paano tumutugon ang karamihan sa ganitong pamumuno?
- Repasuhin ang mga itinuro ng Propeta tungkol sa pangangailangan ng mga lider na tumanggap ng karunungan mula sa Espiritu (mga pahina 332–35). Ano ang makakatulong sa mga lider na makatanggap ng karunungang kailangan nila?
- Repasuhin ang unang buong talata sa pahina 333. Bakit mahalagang katangian ng mga lider ang pagiging mapakumbaba at hindi makasarili? Sa inyong palagay anong iba pang mga katangian ang dapat taglayin ng mga lider?
- Hayagang nagsalita si Joseph Smith tungkol sa kanyang pagmamahal at awa sa mga Banal (pahina 335). Paano ninyo malalaman na talagang mahal kayo ng isang lider? Kailan kayo napagpala dahil sa pagmamahal ng isang lider?
- Pag-aralan ang mga ulat ng Kampo ng Sion sa mga pahina 329–31 at 335–38. Anong mga katangian ng pamumuno ang ipinamalas ng Propeta?
- Pag-isipan ang mga responsibilidad ninyo sa pamumuno sa inyong pamilya, sa Simbahan, sa inyong trabaho, paaralan, komunidad, o saanman. Pag-isipan kung ano ang magagawa ninyo para masundan ang halimbawa ni Joseph Smith.

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Exodo 18:13–26; Mga Kawikaan 29:2; Mateo 20:25–28; Alma 1:26; D at T 107:99–100

## *Mga Tala*

1. Wilford Woodruff, *Deseret News: Semi-Weekly,* Dis. 21, 1869, p. 1; ginawang makabago ang pagbabaybay at pagpapalaki ng mga letra.
2. Binanggit ni Joseph Young Sr., sa *History of the Church,* 2:182, talababa; mula sa *History of the Organization of the Seventies,* ni Joseph Young Sr. (1878), p. 14.
3. John Taylor, “The Organization of the Church,” *Millennial Star,* Nob. 15, 1851, p. 339.
4. Brigham Young, *Deseret News: Semi-Weekly,* Hunyo 7, 1870, p. 3.
5. *History of the Church,* 6:273; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mar. 24, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Wilford Woodruff.
6. *History of the Church,* 6:343; mula sa isang journal entry ni Joseph Smith, Abr. 25, 1844, Nauvoo, Illinois.

7. *History of the Church,* 5:426; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hunyo 11, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Wilford Woodruff at Willard Richards.
8. *History of the Church,* 4:228–30; ginawang makabago ang pagbabay-bay at gramatika; mula sa isang liham ni Joseph Smith sa Labindalawa, Dis. 15, 1840, Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Ene. 1, 1841, pp. 259–60; mali ang petsang Okt. 19, 1840, sa liham na ito sa *History of the Church.*
9. Liham ni Joseph Smith at ng iba pa sa mga miyembro ng Simbahan sa Thompson, Ohio, Peb. 6, 1833, Kirtland, Ohio; Letter Book 1, 1829–35, pp. 25–26, Joseph Smith, Collection, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.
10. *History of the Church,* 2:370; mula sa isang journal entry ni Joseph Smith, Ene. 15, 1836, Kirtland, Ohio.
11. *History of the Church,* 3:384; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hulyo 2, 1839, sa Montrose, Iowa; iniulat nina Wilford Woodruff at Willard Richards.
12. *History of the Church,* 6:412; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mayo 26, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Thomas Bullock.
13. *History of the Church,* 5:498; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hulyo 9, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Willard Richards; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
14. *History of the Church,* 6:500; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hunyo 18, 1844, sa Nauvoo, Illinois. Pinagsama ng mga tagapagtipon ng *History of the Church* ang mga sinabi ng ilang saksi sa iisang salaysay tungkol sa talumpati.
15. George A. Smith, "History of George Albert Smith by Himself," p. 30, George Albert Smith, Papers, 1834–75, Church Archives.
16. *History of the Church,* 2:64–65; mula sa "Elder Kimball's Journal," ni Heber C. Kimball, *Times and Seasons,* Ene. 15, 1845, p. 771.
17. *History of the Church,* 2:73; mula sa "Elder Kimball's Journal," ni Heber C. Kimball, *Times and Seasons,* Ene. 15, 1845, p. 772.
18. *History of the Church,* 2:75; mula sa "History of George Albert Smith by Himself," ni George A. Smith, p. 17, George Albert Smith, Papers, 1834–75, Church Archives.
19. John M. Chidester, sa "Recollections of the Prophet Joseph Smith," *Juvenile Instructor,* Mar. 1, 1892, p. 151; ginawang makabago ang pagbabantas.
20. Orson Hyde, *Deseret News,* Hulyo 30, 1853, p. 66.

# Mga Katotohanan mula sa mga Talinghaga ng Tagapagligtas sa Mateo 13

*"Sumusulong pa ang mga gulong ng karo ng Kaharian, sa tulak ng makapangyarihang bisig ni Jehova; at sa kabila ng lahat ng oposisyon, ay patuloy na susulong, hanggang maisakatuparan ang lahat ng Kanyang salita."*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Nang malapit nang matapos ang pagtatayo ng Kirtland Temple, nagsimulang maghanda sina Joseph Smith at ang mga Banal para sa malalaking biyayang tatanggapin nila roon. Para matulungan ang mga kapatid sa paghahanda sa paglalaan ng templo, isang sesyon ng Paaralan ng mga Elder ang pinasimulan noong Nobyembre 1835. Itinatag ang paaralang ito noong 1834, isang pagpapatuloy ng dati nang Paaralan ng mga Propeta.

Kabilang sa iba pang mga pinag-aaralan nila, nag-aral din ng Hebreo si Joseph Smith at ang iba pang mga kapatid, ang wikang ginamit sa orihinal na Lumang Tipan. Makikita sa journal ng Propeta sa panahong ito na halos araw-araw, madalas niyang pag-aralan nang maraming oras ang Hebreo. Kasama sa mga isinulat niya sa journal ang mga salitang tulad ng "Buong araw akong nagbasa ng Hebreo" o "Dumalo ako sa klase at nagbasa ng wikang Hebreo."[1] Noong Enero 19, 1836, itinala niya: "Buong araw akong nasa paaralan. Pinagpala kami ng Panginoon sa aming pag-aaral. Sa araw na ito tagumpay naming sinimulang basahin ang aming mga Biblia sa Hebreo. Tila binuksan ng Panginoon ang aming isipan sa kamangha-manghang paraan, upang maunawaan ang Kanyang salita sa orihinal na wika."[2]



*Tinuturuan ni Propetang Joseph Smith ang isang grupo ng kalalakihan, kasama si Brigham Young (kaliwa). Sinabi ni Brigham Young na kaya ng Propeta na "kunin ang mga banal na kasulatan at gawin itong malinaw at simple para maunawaan ng lahat."*

Pagkaraan ng isang buwan, isinulat niya: "Dumalo ako sa klase at nagbasa at nagsalin kami sa klase gaya ng dati. Nagagalak ang kaluluwa ko sa pagbabasa ng salita ng Panginoon sa orihinal na wika."[3]

Ang karanasan ni Joseph Smith sa Paaralan ng mga Elder ay isang katunayan lamang ng pagmamahal niya sa mga banal na kasulatan. Buong buhay ay masigasig niyang pinag-aralan ang mga banal na kasulatan, na nakasusumpong doon ng kapanatagan, kaalaman, at inspirasyon. Malaking bagay na isang talata mula sa Biblia ang nag-udyok sa kanya na hangaring magkaroon ng karunungan mula sa Diyos at tanggapin ang Unang Pangitain noong 14 na taong gulang pa lamang siya (tingnan sa Santiago 1:5).

Ang mga isinulat at sermon ng Propeta ay puspos ng mga sipi at paliwanag mula sa banal na kasulatan, sapagkat sa lawak ng napag-aralan niya tungkol sa mga banal na kasulatan ay naging likas na bahagi na ito ng kanyang isipan. Sa kanyang mga turo, tahasan niyang sinipi ang mga banal na kasulatan, tinukoy ito, pinakahulugan ang mga ito sa ibang pangungusap, at ang mga ito ang naging pundasyon ng kanyang mga sermon. "Alam ko ang mga banal na kasulatan at nauunawaan ko ang mga ito," pagpapahayag niya noong Abril 1844.[4]

Ang pambihirang kaalaman niya tungkol sa mga banal na kasulatan ang nagtulot sa kanya na maituro at maipaliwanag ito nang buong kapangyarihan at linaw, at maraming nakarinig sa kanya ang nakaalala sa kakayahan niyang ito. Nagunita ni Pangulong Brigham Young na ang Propeta ay "kinukuha ang banal na kasulatan at ipinaliliwanag ito sa paraang mauunawaan ito ng lahat."[5]

Nagunita ni Wandle Mace: "Narinig ko na si Propetang Joseph Smith sa publiko at sa pribado, sa ilalim ng sikat ng araw at sa ulanan, tulad ng ginawa ng marami pang iba nang turuan niya sila mula sa pulpito. At sa bahay ko, at sa bahay niya, tunay ko siyang nakilala . . . at alam ko na walang makapagpapaliwanag ng mga banal na kasulatan at makapagpapaunawa nang kasinglinaw tulad niya na walang magkakamali sa pagkaunawa sa kahulugan nito, maliban kung siya ay naturuan ng Diyos.

"Kung minsan ay nahihiya ako sa sarili ko dahil, napag-aralan ko na nang husto ang mga banal na kasulatan, kahit noong bata pa ako, pero hindi ko nakitang napakalinaw ang mga bagay na iyon hanggang sa ipaliwanag niya ang mga ito. Dahil dito, waring naipihit ang susi, at nabuksan nang husto ang pintuan ng kaalaman, nagbunyag ng kapwa bago at lumang mahahalagang alituntunin."[6]

Makikita ang kaalaman ng Propeta sa mga banal na kasulatan sa sumusunod na liham, kung saan nagbigay siya ng paliwanag bilang isang propeta tungkol sa mga talinghaga ng Tagapagligtas sa Mateo 13. Itinuro niya na inilalarawan sa mga talinghagang ito ang pagkakatatag ng Simbahan sa panahon ng Tagapagligtas at ang kamangha-manghang pag-unlad at kahihinatnan nito sa mga huling araw.

## Mga Turo ni Joseph Smith

### Matalinghaga ang pagtuturo ng Tagapagligtas upang yaong mga naniwala sa Kanyang mga turo ay magtamo ng higit na liwanag, samantalang ang liwanag ng yaong mga tumanggi sa Kanyang mga turo ay maglalaho.

" 'At nagsilapit ang mga alagad, at sinabi nila sa [Tagapagligtas], Bakit mo sila pinagsasalitaan sa mga talinghaga? [Sasabihin ko rito, na ang "sila" na ginamit sa tanong na ito . . . ay tumutukoy sa mga tao.] At sumagot siya at sinabi sa kanila, [ibig sabihi'y sa mga disipulo,] Sa *inyo*'y ipinagkaloob ang mangakaalam ng mga hiwaga ng kaharian ng langit, datapuwa't hindi ipinagkaloob sa *kanila*, [ibig sabihin, sa mga hindi naniniwala]. Sapagka't sinomang mayroon ay bibigyan, at siya'y magkakaroon ng sagana: nguni't sinomang wala, pati ng sa kanya ay aalisin sa kaniya.' [Mateo 13:10–12.]

"Nauunawaan natin sa sinabing ito, na yaong mga naghihintay noon sa pagdating ng isang Mesiyas ayon sa patotoo ng mga Propeta, at sa panahong iyon ay naghahanap ng isang Mesiyas, ngunit dahil sa kawalan nila ng paniniwala ay walang sapat na liwanag na mahiwatigan na Siya ang kanilang Tagapagligtas,

at tunay na Mesiyas, bunga nito sila ay nanghihina, at nawawalan maging ng lahat ng kaalaman, o binabawian ng lahat ng liwanag, pang-unawa, at pananampalataya tungkol sa bagay na ito. Samakatwid siya na ayaw tumanggap ng higit na liwanag, ay maaaring binawian na ng lahat ng liwanag na napasakanya; at kung ang liwanag na nasasainyo ay maging kadiliman, masdan, kaylawak ng kadilimang iyon! 'Kaya't,' sabi ng Tagapagligtas, 'sila'y pinagsasalitaan ko sa mga talinghaga; sapagka't nagsisitingin ay hindi sila nangakakakita, at nangakikinig ay hindi sila nangakakarinig, ni hindi sila nangakakaunawa.' [Mateo 13:13–14.]

"Ngayon natuklasan natin na ang mismong dahilang sinabi ng propetang ito [Isaias], kung bakit ayaw nilang tanggapin ang Mesiyas, ay, dahil hindi nila ito naunawaan o ayaw nila itong unawain; at nakita man, ay hindi nila nahiwatigan; 'sapagka't kumapal ang puso ng bayang ito, at mahirap na mangakarinig ang kanilang mga tainga, at kanilang ipinikit ang kanilang mga mata; baka sila'y mangakakita ng kanilang mga mata, at mangakarinig ng kanilang mga tainga, at mangakaunawa ang kanilang puso, at muling mangagbalik loob, at sila'y aking pagalingin.' [Mateo 13:15.] Ngunit ano ang sinabi Niya sa Kanyang mga disipulo? 'Mapapalad ang inyong mga mata, sapagka't nangakakakita; at ang inyong mga tainga, sapagka't nangakakarinig. Sapagka't katotohanang sinasabi ko sa inyo, na hinangad na makita ng maraming propeta at ng mga taong matuwid ang inyong nakikita, at hindi nila nakita; at marinig ang inyong naririnig, at hindi nila narinig.' [Mateo 13:16–17.]

"Muli tayong magsasalita rito—sapagkat nalalaman natin na kaya natin itinuturing na pinagpala ang mga disipulo, ay dahil pinayagan silang makakita at makarinig—na kaya hinatulan ang mga taong hindi tumanggap sa Kanyang salita, ay dahil ayaw nilang makakita ang kanilang mga mata, at makarinig ang kanilang mga tainga; hindi dahil hindi nila kaya, at hindi sila binigyan ng pagkakataong makakita at makarinig, kundi dahil ang puso nila ay puspos ng kasamaan at ng mga bagay na nakasusuklam; 'kung ano ang ginawa ng inyong mga magulang, ay gayon din naman ang ginagawa ninyo.' [Mga Gawa 7:51.] Ang propeta, na

nakinitang magiging matigas nang gayon ang kanilang puso, ay malinaw itong ipinahayag; at narito ang kahatulan ng mundo; na ang liwanag ay dumating sa mundo, at pinipili ng mga tao ang kadiliman sa halip na ang liwanag, dahil masama ang kanilang ginagawa. Malinaw itong itinuro ng Tagapagligtas, nang hindi magkamali ang taong manlalakbay.

". . . Gawi ng mga tao, kapag ipinapakita ng mga alagad ng Diyos ang katotohanan, sasabihin nila, Ang lahat ng ito ay mahiwaga; matalinghaga ang pagsasalita nila, at, dahil dito, hindi ito kailangang maunawaan. Totoo na may mga mata sila para makakita, ngunit hindi sila makakita, ngunit walang sinumang taong kasingbulag ng yaong ayaw makakita; at, bagaman nagsalita nang gayon ang Tagapagligtas sa mga taong iyon, malinaw naman niya itong ipinaliwanag sa Kanyang mga disipulo; at may dahilan tayo para tunay na magpakumbaba sa harapan ng Diyos ng ating mga ninuno, kaya iniwan Niya ang mga bagay na ito sa talaan para sa atin, nang napakalinaw, upang anumang pagsisikap at pinagsamang impluwensya ang gawin ng mga saserdote ni Baal, wala silang kapangyarihang bulagin tayo, at dimlan ang ating pang-unawa, kung imumulat lang natin ang ating mga mata, at magbabasa nang taimtim nang isang sandali."[7]

---

## Ang talinghaga ng manghahasik ay nagpapakita ng mga epekto ng pangangaral ng ebanghelyo; ipinakikita rin nito na itinatag ng Tagapagligtas ang Kanyang kaharian sa kalagitnaan ng panahon.

"Nang sambitin ng Tagapagligtas ang magagandang sawikain at talinghagang ito sa [Mateo 13], nakaupo Siya sa isang barko dahil sa mga taong nagsisiksikan palapit sa Kanya para pakinggan ang Kanyang sasabihin; at nagsimula Siyang magturo sa kanila, na nagsasabing:

" 'Narito, ang manghahasik ay yumaon upang maghasik. At sa paghahasik niya, ay nangahulog ang ilang binhi sa tabi ng daan, at dumating ang mga ibon at kinain nila; at ang mga iba'y nangahulog sa mga batuhan, na doo'y walang sapat na lupa: at pagdaka'y sumibol, sapagka't hindi malalim ang lupa: at pagsikat ng



*"Narito, ang manghahasik ay yumaon upang maghasik. At sa paghahasik niya, ay nangahulog ang ilang binhi sa tabi ng daan. . . . At ang mga iba'y nangahulog sa mabuting lupa, at nangagbunga."*

araw ay nangainitan; at dahil sa walang ugat, ay nangatuyo. At ang mga iba'y nangahulog sa mga dawagan, at nagsilaki ang mga dawag, at ininis ang mga yaon. At ang mga iba'y nangahulog sa mabuting lupa, at nangagbunga, ang ila'y tigisang daan, at ang ila'y tigaanim na pu, at ang ila'y tigtatatlongpu. At ang may mga pakinig, ay makinig.' [Mateo 13:3–9.] . . .

"Ngunit makinig sa paliwanag tungkol sa talinghaga ng Manghahasik: 'Kung ang sinoman ay nakikinig ng salita ng kaharian, at ito'y hindi niya napaguunawa, ay pinaroroonan ng masama, at inaagaw ang nahasik sa kaniyang puso.' Ngayon tandaan ang mga salitang—ang nahasik sa kaniyang puso. 'Ito yaong nahasik sa tabi ng daan.' [Mateo 13:19.] Ang mga taong hindi mabuti ang kalooban, at puspos ng kasamaan ang mga puso, at walang hangad na malaman ang mga alituntunin ng katotohanan, ay hindi nauunawaan ang salita ng katotohanan kapag naririnig nila ito. Inaalis ng diyablo ang salita ng katotohanan sa kanilang puso, dahil wala silang hangad na magpakabuti.

" 'At ang nahasik sa mga batuhan, ay yaong nakikinig ng salita, at pagdaka'y tinatanggap ito ng buong galak; gayon ma'y wala siyang ugat sa kaniyang sarili, kundi sangdaling tumatagal; at pagdating ng kapighatian o pag-uusig dahil sa salita, ay pagdaka'y natitisod siya. At ang nahasik sa mga dawagan, ay yaong dumirinig ng salita; nguni't ang pagsusumakit na ukol sa sanglibutan, at ang daya ng mga kayamanan, ay siyang umiinis sa salita, at yao'y nagiging walang bunga. At ang nahasik sa mabuting lupa, ay siyang dumirinig, at nakauunawa ng salita; na siyang katotohanang nagbubunga, ang ila'y tigisang daan, ang ila'y tigaanim na pu, at ang ila'y tigtatatlongpu.' [Mateo 13:20–23.]

"Kaya nga ipinaliwanag ng Tagapagligtas Mismo sa Kanyang mga disipulo ang talinghagang binanggit Niya, at walang iniwang hiwaga o kadiliman sa isipan ng mga yaong matibay na naniniwala sa Kanyang mga salita.

"Kung gayon, kaya pala hindi tinanggap ng mga tao, o ng mundo, na siyang tawag sa kanila ng Tagapagligtas, ang paliwanag tungkol sa Kanyang mga talinghaga, ay dahil sa kawalan nila ng paniniwala. Sa inyo, ang sabi Niya, (sa Kanyang mga disipulo,) ipinagkaloob ang mangakaalam ng mga hiwaga ng Kaharian ng langit [tingnan sa Mateo 13:11]. At bakit? Dahil sa pananalig at tiwala nila sa Kanya. Sinambit ang talinghagang ito upang ipamalas ang mga epektong bunga ng pangangaral ng salita; at naniniwala tayo na ito ay may tuwirang kaugnayan sa pagsisimula, o pagtatayo, ng Kaharian sa panahong iyon; sama-

katwid patuloy nating susundin ang kanyang mga salita hinggil sa Kahariang ito mula noon, maging hanggang sa katapusan ng mundo."[8]

**Ang talinghaga ng trigo at mapanirang damo ay nagtuturo na ang mabubuti at masasama ay sabay na lalaki hanggang sa katapusan ng mundo, na ang mabubuti ay titipunin at ang masasama ay susunugin.**

" 'Sinaysay niya sa kanila ang ibang talinghaga, na sinasabi, [na talinghagang tumutukoy sa pagtatayo ng Kaharian, sa panahon ding iyon ng mundo,] ang Kaharian ng Langit ay tulad sa isang taong naghasik ng mabuting binhi sa kaniyang bukid, datapuwa't samantalang nangatutulog ang mga tao, dumating ang kaniyang kaaway at naghasik naman ng mga pangsirang damo sa pagitan ng mga trigo, at umalis. Datapuwa't nang sumibol ang usbong at mamunga, ay lumitaw nga rin ang mga pangsirang damo. At ang mga alipin ng puno ng sangbahayan ay nagsiparoon at nangagsabi sa kaniya, Ginoo, hindi baga naghasik ka ng mabuting binhi sa iyong bukid? saan kaya nangagmula ang mga pangsirang damo? At sinabi niya sa kanila, Isang kaaway ang gumawa nito. At sinabi sa kaniya ng mga alipin, Ibig mo baga na kami nga'y magsiparoon at ang mga yao'y pagtipunin? Datapuwa't sinabi niya, Huwag; baka sa pagtitipon ninyo ng mga pangsirang damo, ay inyong mabunot pati ng trigo. Pabayaan ninyong magsitubo kapuwa hanggang sa panahon ng pagaani: at sa panahon ng pagaani ay sasabihin ko sa mga mangaani, Tipunin muna ninyo ang mga pangsirang damo, at inyong pagbibigkisin upang sunugin; datapuwa't tipunin ninyo ang trigo sa aking bangan.' [Mateo 13:24–30.]

"Ngayon ay nalaman natin sa talinghagang ito, hindi lamang ang pagtatayo ng Kaharian sa panahon ng Tagapagligtas, na kinakatawan ng mabuting binhi, na nagbunga, kundi pati na ang mga paninira sa Simbahan, na kinakatawan ng mga mapanirang damo, na hinasik ng kaaway, na ikatutuwang anihin, o alisin, ng Kanyang mga disipulo sa Simbahan, kung ang naisip nila ay sinang-ayunan ng Tagapagligtas. Ngunit Siya, na nakaaalam ng lahat ng bagay, ay nagsabi, Huwag ninyong gawin iyon. Para bagang sinasabi

Niyang, hindi tama ang iniisip ninyo, bago pa lamang ang Simbahan, at kung magiging marahas ang inyong hakbang, masisira ninyo ang trigo, o ang Simbahan, kasabay ng mga mapanirang damo; kung gayon mas makabubuting hayaan ninyo silang lumaki nang magkasama hanggang sa anihan, o katapusan ng mundo, na ibig sabihin ay kapahamakan ng masasama, na hindi pa natutupad. . . .

" '. . . Sa kaniya'y nagsilapit ang kaniyang mga alagad, na nagsisipagsabi, Ipaliwanag mo sa amin ang talinghaga tungkol sa mga pangsirang damo sa bukid. At siya'y sumagot at nagsabi, Ang naghahasik ng mabuting binhi ay ang Anak ng Tao; at ang bukid ay ang sanglibutan; at ang mabuting binhi, ay ito ang mga anak ng Kaharian: at ang mga pangsirang damo ay ang mga anak ng masama.' [Mateo 13:36–38.]

"Ngayo'y pamarkahan natin sa mga mambabasa ang pahayag na—'ang bukid ay ang sanglibutan, . . . ang mga pangsirang damo ay ang mga anak ng masama, ang kaaway na naghasik ng mga ito ay ang diablo, at ang pagaani ay ang katapusan ng sanglibutan, [maingat na pamarkahan sa kanila ang pahayag na ito—*katapusan ng sanglibutan,*] at ang mga mangaani ay ang mga anghel.' [Mateo 13:38–39.]

"Ngayon hindi magkakaroon ng anumang posibleng dahilan ang mga tao na sabihing ito ay paglalarawan, o hindi ito ang gustong sabihin nito, dahil ipinaliliwanag Niya ngayon ang sinabi Niya sa mga talinghaga; at ayon sa lengguaheng ito, ang katapusan ng mundo ay kapahamakan ng masasama; ang pag-aani at katapusan ng mundo ay tuwirang pagtukoy sa pamilya ng tao sa mga huling araw, sa halip na sa daigdig, na tulad ng pakiwari ng marami, at ang mangyayari bago dumating ang Anak ng Tao, at ang pagpapanibago ng lahat ng bagay na nagmula sa bibig ng lahat ng banal na propeta sa simula pa ng mundo; at ang mga anghel ay kailangang magkaroon ng gagawin sa dakilang gawaing ito, sapagkat sila ang mangag-aani.

" 'Kung paano ang pagtipon sa mga pangsirang damo at pagsunog sa apoy; gayon din ang mangyayari sa katapusan ng sanglibutan' [Mateo 13:40]; ibig sabihin, kapag binalaan ng mga

alagad ng Diyos ang mga bansa, kapwa ang mga saserdote at mga tao, at kapag tinigasan nila ang kanilang puso at tinanggihan ang liwanag ng katotohanan, ang unang ito na ibibigay sa mga pananakit ni Satanas, at ang batas at patotoong tinatakan ay isasara na, . . . sila ay maiiwan sa kadiliman, at ibibigay sa araw ng pagsunog; at dahil nakatali sa kanilang mga doktrina, at pinatibay ng kanilang mga saserdote ang kanilang mga bigkis, [sila] ay naihanda na para sa katuparan ng sinabi ng Tagapagligtas—'Susuguin ng Anak ng Tao ang kaniyang mga anghel, at kanilang titipunin sa labas ng kaniyang kaharian ang lahat ng mga bagay na nangakapagpapatisod, at ang nagsisigawa ng katampalasanan, at sila'y igagatong sa kalan ng apoy: diyan na nga ang pagtangis at ang pangangalit ng mga ngipin.' [Mateo 13:41–42.]

"Nauunawaan natin na ang pagtitipon ng mga trigo sa mga kamalig, o bangan, ay mangyayari habang itinatali ang mga mapanirang damo at inihahanda para sa araw ng pagsunog; upang kinabukasan pagkatapos ng pagsunog, 'mangagliliwanag ang mga matuwid na katulad ng araw sa kaharian ng kanilang Ama. Ang may mga pakinig, ay makinig' [Mateo 13:43]."[9]

---

## Ang talinghaga ng binhi ng mustasa ay nagtuturo na ang Simbahan at kaharian ng Diyos, na itinatag sa mga huling araw na ito, ay lalaganap sa buong mundo.

"At muli, isa pang talinghaga ang inilahad Niya sa kanila, na tumutukoy sa Kahariang dapat itatag bago sumapit ang o sa panahon mismo ng anihan, na ganito ang nakasaad—'Ang Kaharian ng Langit ay tulad sa isang butil ng binhi ng mostasa, na kinuha ng isang tao, at inihasik sa kaniyang bukid: na siya ngang lalong maliit sa lahat ng mga binhi; datapuwa't nang tumubo, ay lalong malaki kay sa mga gulay, at nagiging punong kahoy, ano pa't nagsisiparoon ang mga ibon sa langit at sumisilong sa kaniyang mga sanga.' [Mateo 13:31–32.] Ngayo'y malinaw na nating matutuklasan na ang simbolong ito ay ibinigay upang katawanin ang Simbahang itatatag sa mga huling araw. Masdan, ang Kaharian ng Langit ay inihahalintulad dito. Ngayon, ano ang makakatulad dito?

"Ipaghalimbawa natin ang Aklat ni Mormon, na kinuha ng isang lalaki at itinago sa kanyang bukid, iniligtas ito sa pamamagitan ng kanyang pananampalataya, upang ilabas sa mga huling araw, o sa takdang panahon; masdan natin ang paglabas nito mula sa lupa, na tunay namang itinuring na pinakamaliit sa lahat ng binhi, ngunit masdan ang pagsasanga nito, oo, tumayog pa na may mayayabong na sanga at karingalang tulad ng sa Diyos, hanggang sa, gaya ng binhi ng mustasa, ay naging pinakamalaki sa lahat ng gulay. At ito ang katotohanan, at sumibol at lumabas ito mula sa lupa, at nagsisimulang sumilip ang kabutihan mula sa langit [tingnan sa Awit 85:11; Moises 7:62], at isinusugo ng Diyos ang Kanyang mga kapangyarihan, kaloob, at anghel upang dumapo sa mga sanga nito.



*Ang Simbahan ay "parang matigas at matibay na pundasyon sa gitna ng malalim na karagatan, na lantad sa mga pananalasa at hagupit ni Satanas, na nananatiling matatag magpahanggang ngayon."*

"Ang Kaharian ng Langit ay gaya ng isang binhi ng mustasa. Masdan, kung gayon, hindi ba ito ang Kaharian ng Langit na nag-aangat ng ulo sa mga huling araw sa karingalan ng Diyos nito, maging ang Simbahan ng mga Banal sa mga Huling Araw, na parang matigas at matibay na pundasyon sa gitna ng malalim na karagatan, na lantad sa mga pananalasa at hagupit ni Satanas, na nananatiling matatag magpahanggang ngayon, at sinasalubong ang bunduk-bundok na mga alon ng oposisyon, na inihahampas ng nagngangalit na hangin ng papalubog na mga barko, na rumagasa at patuloy na rumaragasa sa napakalaking bula sa matagumpay na tuktok nito; na inudyukang sumulong nang may pinag-ibayong pagngangalit ng kaaway ng kabutihan? . . .

"Ang . . . mga ulap ng kadiliman ay matagal nang humahagupit na parang bundok ng mga alon sa matibay na pundasyon ng Simbahan ng mga Banal sa mga Huling Araw; at sa kabila ng lahat ng ito, nagtutumayog pa rin ang mayayabong na sanga ng binhi ng mustasa, pataas nang pataas, at palawak nang palawak; at sumusulong pa ang mga gulong ng karo ng Kaharian, sa tulak ng makapangyarihang bisig ni Jehova; at sa kabila ng lahat ng oposisyon, ay patuloy na susulong, hanggang maisakatuparan ang lahat ng Kanyang salita."[10]

---

**Ang mga patotoo ng Tatlong Saksi at ang mga banal na kasulatan sa mga huling araw ay tulad sa lebadura, na itinago sa pagkain; ang talinghaga ng lambat ay nagtuturo tungkol sa pandaigdigang pagtitipon.**

" 'Sinalita niya sa kanila ang ibang talinghaga: Ang Kaharian ng Langit ay tulad sa lebadura, na kinuha ng isang babae, at itinago sa tatlong takal na harina, hanggang sa ito'y nalebadurahang lahat.' [Mateo 13:33.] Maaari itong unawain na ang Simbahan ng mga Banal sa mga Huling Araw ay lumabas mula sa maliit na lebadurang inilagay sa tatlong saksi. Masdan, kaylaki ng pagkakatulad nito sa talinghaga! Mabilis nitong lelebadurahan ang isang bahagi ng mundo, at di magtatagal at malelebadurahan na nito ang buong mundo. . . .

" 'Tulad din naman ang Kaharian ng Langit sa isang lambat, na inihulog sa dagat, na nakahuli ng sarisaring isda: na, nang

mapuno, ay hinila nila sa pampang; at sila'y nagsiupo, at tinipon sa mga sisidlan ang mabubuti, datapuwa't itinapon ang masasama.' [Mateo 13:47–48.] Sa talinghagang ito, masdan ang binhi ni Jose, na nagpapalaganap ng lambat ng Ebanghelyo sa ibabaw ng lupa, tinitipon ang lahat ng uri, upang iligtas ang mabubuti sa mga sisidlang inihanda para sa layuning iyon, at ang mga anghel ang bahala sa masasama. 'Gayon din ang mangyayari sa katapusan ng sanglibutan: lalabas ang mga anghel, at ihihiwalay ang masasama sa matutuwid, at sila'y igagatong sa kalan ng apoy: diyan na nga ang pagtangis at ang pagngangalit ng mga ngipin. Napagunawa baga ninyo ang lahat ng mga bagay na ito? Sinabi nila sa kaniya, Oo [Panginoon].' [Mateo 13:49–51.] At sinasabi natin, oo, Panginoon; at makabubuting sabihin nilang, oo, Panginoon; sapagkat ang mga bagay na ito ay napakalinaw at napakaluwalhati, na bawat Banal sa mga huling araw ay dapat sumagot ng tapat na Amen sa mga ito.

" 'At sinabi niya sa kanila, Kaya't ang bawa't eskriba na ginagawang alagad sa kaharian ng langit ay tulad sa isang taong puno ng sangbahayan, na naglalabas sa kaniyang kayamanan ng mga bagay na bago at luma.' [Mateo 13:52.]

"Para sa mga gawaing inilarawan sa talinghagang ito, tingnan ang paglabas ng Aklat ni Mormon mula sa kaibuturan ng puso. Gayundin ang mga tipang ibinigay sa mga Banal sa mga Huling Araw [ang Doktrina at mga Tipan], gayundin ang pagsasalin ng Biblia—sa gayon ay nailabas mula sa puso ang mga bagay na bago at luma, na sumasagisag sa tatlong sukat ng pagkaing sumasailalim sa nagpapadalisay na haplos ng paghahayag ni Jesucristo, at sa paglilingkod ng mga anghel, na nagpasimula sa gawaing ito sa mga huling araw, na sumasagisag sa lebadura na naglebadura sa buong mundo. Amen."[11]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Repasuhin ang mga pahina 341–44. Ano ang matututuhan natin mula sa halimbawa ni Joseph Smith para matulungan tayo sa sarili nating pag-aaral ng mga banal na kasulatan?
- Repasuhin ang paliwanag ni Joseph Smith kung bakit gumamit kung minsan ng mga talinghaga ang Tagapagligtas sa pagtuturo (mga pahina 344–46). Sa pag-alam natin sa mga katotohanan ng ebanghelyo, ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng makakita ang ating mga mata at makarinig ang ating mga tainga? Sa inyong palagay, bakit babawiin sa atin ang liwanag kung ayaw nating tumanggap ng higit na liwanag? Pag-isipan kung ano ang kailangan ninyong gawin upang makatanggap ng higit na liwanag ng ebanghelyo.
- Pag-aralan ang talinghaga ng manghahasik (mga pahina 346–49). Sa talinghagang ito, ipinakita ng Tagapagligtas na iba ang epekto ng mensaheng ito ng ebanghelyo ayon sa kung paano ito tinatanggap ng mga tao. Bakit hindi maunawaan ng mga taong "ang mga puso ay puspos ng kasamaan" ang salita ng Diyos? Bakit isinasantabi ng ilan ang salita ng Diyos dahil sa paghihirap at pag-uusig? Sa anong mga paraan naaalis ng "pagsusumakit na ukol sa sanglibutan" at "daya ng mga kayamanan" ang salitang napasaatin?
- Paano natin matitiyak na ang ating "lupa" ay mabuti kapag naitanim sa atin ang salita? Ano ang magagawa ng mga magulang para matulungang maihanda ng mga bata ang kanilang puso na matanggap ang salita?
- Sa talinghaga ng trigo at mga mapanirang damo (mga pahina 349–51, ang trigo ay sumasagisag sa mabubuti, o "mga anak ng Kaharian." Ang mga mapanirang damo ay sumasagisag sa "mga anak ng masama." Paano tayo mananatiling tapat kahit pinahintulutang lumago ang "mga pangsirang damo" kasabay ng "trigo"? Paano nakakatulong sa inyo ang Doktrina at mga Tipan 86:1–7 na maunawaan ang talinghaga?
- Sa anong mga paraan nakatulad ng lumalaking puno sa talinghaga ng binhi ng mustasa ang Simbahan ngayon? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 351–53.)

- Repasuhin ang mga pahina 353–54. Tandaan na ang lebadura ay isang sangkap na nagpapaangat sa tinapay. Sa anong mga paraan nakatulad ng lebadura para sa Simbahan ang mga banal na kasulatan? Paano sila naging parang lebadura para sa inyo mismo? Paano nakatulad ng mga kayamanan "na bago at luma" ang mga banal na kasulatan sa mga huling araw?
- Sa talinghaga ng lambat ng ebanghelyo (pahina 354, sa inyong palagay bakit mahalaga na tinitipon ng lambat ang lahat ng uri ng isda? Paano natutupad ang talinghagang ito ngayon?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Lucas 8:4–18; Alma 12:9–11; D at T 86:1–11; 101:63–68

## *Mga Tala*

1. *History of the Church,* 2:326, 387; mula sa mga journal entry ni Joseph Smith, Dis. 7, 1835, at Ene. 29, 1836, Kirtland, Ohio.
2. *History of the Church,* 2:376; mula sa isang journal entry ni Joseph Smith, Ene. 19, 1836, Kirtland, Ohio.
3. *History of the Church,* 2:396; mula sa isang journal entry ni Joseph Smith, Peb. 17, 1836, Kirtland, Ohio.
4. *History of the Church,* 6:314; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 7, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Wilford Woodruff, Willard Richards, Thomas Bullock, at William Clayton.
5. Brigham Young, *Deseret News,* Dis. 30, 1857, p. 340; ginawang makabago ang pagbabaybay.
6. Wandle Mace, Sariling Talambuhay, ca. 1890, p. 45, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.
7. *History of the Church,* 2:265–66; nasa orihinal ang ikalawa, ikatlo, at ikaapat na set ng mga salitang naka-bracket sa unang talata; ginawang makabago ang pagbabantas at pagpapalaki ng mga letra; mula sa isang liham ni Joseph Smith sa mga elder ng Simbahan, Dis. 1835, Kirtland, Ohio, inilathala sa *Messenger and Advocate,* Dis. 1835, pp. 225–26.
8. *History of the Church,* 2:264–67; ginawang makabago ang pagbabantas at pagpapalaki ng mga letra; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang liham ni Joseph Smith sa mga elder ng Simbahan, Dis. 1835, Kirtland, Ohio, inilathala sa *Messenger and Advocate,* Dis. 1835, pp. 225–26.
9. *History of the Church,* 2:267, 271; nasa orihinal ang unang set ng mga salitang naka-bracket sa unang talata, at ang unang set ng mga salitang naka-bracket sa ikaapat na talata; ginawang makabago ang pagbabantas at pagpapalaki ng mga letra; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang liham ni Joseph Smith sa mga elder ng Simbahan, Dis. 1835, Kirtland, Ohio, inilathala sa *Messenger and Advocate,* Dis. 1835, pp. 226–29.
10. *History of the Church,* 2:268, 270; nasa orihinal ang salitang naka-bracket sa ikatlong talata; ginawang makabago ang pagbabantas, pagpapalaki ng mga letra, at gramatika; mula sa isang liham ni Joseph Smith sa mga elder ng Simbahan, Dis. 1835, Kirtland, Ohio, inilathala sa *Messenger and Advocate,* Dis. 1835, pp. 227–28. Tingnan sa pahina xvii ang impormasyon tungkol sa mga pagbabago sa opisyal na pangalan ng Simbahan.

11. *History of the Church,* 2:270, 272; ginawang makabago ang pagbabantas at pagpapalaki ng mga letra; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang liham ni Joseph Smith sa mga elder ng Simbahan, Dis. 1835, Kirtland, Ohio, inilathala sa *Messenger and Advocate,* Dis. 1835, pp. 228–29.



*"Isa pang dakila at maluwalhating pangitain ang bumungad sa amin; sapagkat ang propetang si Elijah, na dinala sa langit nang hindi nakatikim ng kamatayan, ay tumindig sa aming harapan."*

# Si Elijah at ang Pagpapanumbalik ng mga Susi sa Pagbubuklod

*"Paano sasagipin ng Diyos ang henerasyong ito? Isusugo Niya ang propetang si Elijah."*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Noong tagsibol ng 1836, pagkaraan ng tatlong taong pagtatrabaho at pagsasakripisyo, sa wakas ay nakita na rin ng mga Banal sa Kirtland na tapos na ang kanilang magandang templo, ang unang templo sa dispensasyong ito. Sa araw ng Linggo, Marso 27, mahigit 900 katao ang nagtipon sa kapilya at pasilyo ng templo para sa paglalaan. Maraming hindi nakapasok sa templo at nagsama-sama sa isang sesyon sa kalapit na silid-aralan, samantalang ang iba pa ay nakinig sa labas habang nakabukas ang mga bintana ng templo. Tumulong mismo ang Propeta para makaupo ang mga miyembrong dumalo.

Pinakinggan ng kongregasyon ang mensahe ni Sidney Rigdon, isang tagapayo sa Unang Panguluhan, at pagkatapos ay sama-sama nilang kinanta ang "Tayo'y Magalak" at "Adam-Ondi-Ahman," na isinulat ni William W. Phelps. Pagkaraan ay tumayo si Joseph Smith para ialay ang panalangin ng dedikasyon o paglalaan, na natanggap niya sa pamamagitan ng paghahayag. Sa panalangin, inilarawan niya ang marami sa mga pambihirang pagpapalang ipinagkakaloob sa mga pumapasok nang karapat-dapat sa mga templo ng Diyos (tingnan sa D at T 109). Kinanta ng koro ang "Espiritu ng Diyos," at pagkatapos ay tumayo ang kongregasyon at sumigaw ng Hosanna "nang buong lakas na halos umangat ang bubong ng gusali."[1]

"Puspusin ang inyong bahay," sabi ng Propeta sa panalangin ng dedikasyon o paglalaan, "gaya ng isang rumaragasang mala-

kas na hangin, ng inyong kaluwalhatian" (D at T 109:37). Talagang natupad ito, sapagkat maraming Banal ang nagpatotoo na dumalo sa paglalaan ang mga nilalang mula sa langit. Naalala ni Eliza R. Snow: "Ang mga seremonya ng paglalaang iyon ay maaaring isalaysay na muli, ngunit walang salitang makapaglalarawan sa mga pagpapakita ng langit sa di-malilimutang araw na iyon. Nagpakita ang mga anghel sa ilan, habang ang lahat ng naroon ay nakadama ng kabanalan, at bawat puso ay 'may galak na di-masayod at puspos ng kaluwalhatian' [tingnan sa I Ni Pedro 1:8]."[2]

Noong gabing iyon, habang nagtitipon ang Propeta at mga 400 maytaglay ng priesthood sa templo, "ang ingay ay narinig na parang tunog ng rumaragasang malakas na hangin, na pumuno sa Templo, at sabay-sabay na nagsitayuan ang kongregasyon, na pinakilos ng hindi nakikitang kapangyarihan." Ayon sa Propeta, "marami ang nagsimulang magsalita sa iba't ibang wika at nagpropesiya; ang iba ay nakakita ng maluwalhating mga pangitain; at nakita ko ang Templo na puno ng mga anghel, at ipinahayag ko ang katotohanang ito sa kongregasyon."[3]

Sa isang pulong na ginanap sa templo makalipas ang isang linggo, Abril 3, nagkaroon ng mga pagpapakitang dipangkaraniwan at napakahalaga. Matapos tulungan ng Propeta ang iba pang mga lider ng Simbahan sa pangangasiwa ng sacrament, nagtungo sila ni Oliver Cowdery sa pulpito sa likod ng nakababang mga kurtina at lumuhod sa taimtim na panalangin. Pagtindig nila mula sa pagdarasal, nagpakita sa kanila ang Tagapagligtas Mismo at ipinahayag ang Kanyang kasiyahan sa templo: "Masdan, tinanggap ko ang bahay na ito, at ang aking pangalan ay malalagay rito; at ipakikita ko ang aking sarili sa awa sa aking mga tao sa bahay na ito" (D at T 110:7).

Nang matapos ang pangitaing ito, nakita nina Joseph at Oliver ang tatlong magkakahiwalay na pangitain kung saan nagpakita sa kanila ang mga sinaunang propeta upang ipanumbalik ang mga susi ng priesthood na kailangan para sa gawain ng Panginoon sa mga huling araw. Nagpakita at ipinagkatiwala sa kanila ng propetang si Moises "ang mga susi ng pagtitipon sa Israel mula sa

apat na sulok ng mundo." Pumarito at ipinagkatiwala sa kanila ni Elias "ang dispensasyon ng ebanghelyo ni Abraham." (Tingnan sa D at T 110:11–12.)

Pagkatapos, "sa isa pang maluwalhating pangitain" nakita nina Joseph at Oliver ang propetang si Elijah (tingnan sa D at T 110:13–16). Napakahalaga ng pagparito ni Elijah kaya nagpropesiya ang sinaunang propetang si Malakias tungkol dito ilang siglo bago iyon, at inulit ng Tagapagligtas ang propesiya sa mga Nephita (tingnan sa Malakias 4:5–6; 3 Nephi 25:5–6; 26:1–2). Ipinagkatiwala ni Elijah kina Joseph at Oliver ang mga susi ng pagbubuklod—ang kapangyarihang magbuklod at bigyang-bisa sa kalangitan ang lahat ng ordenansang isinasagawa sa lupa. Ang pagpapanumbalik ng kapangyarihang magbuklod ay kailangan upang maihanda ang mundo sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas, sapagkat kung hindi, "ang buong mundo ay lubos na mawawasak sa kanyang pagparito" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:39).

## Mga Turo ni Joseph Smith

### Ipinropesiya ng sinaunang propetang si Malakias ang pagdating ni Elijah.

*Binanggit ni Propetang Joseph Smith ang sumusunod tungkol sa pagdalaw sa kanya ni Moroni noong gabi ng Setyembre 21, 1823, ayon sa pagkakatala sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:36–39:* "Una[ng] binanggit [ni Moroni] ang bahagi sa ikatlong kabanata ng Malakias; at binanggit din niya ang ikaapat o huling kabanata sa yaon ding propesiya, bagaman may kaunting pagkakaiba sa kung paano ito mababasa sa ating mga Biblia. Sa halip na ulitin ang unang talata tulad ng mababasa sa ating mga aklat, inulit niya ito nang ganito:

"Masdan, ang araw ay dumarating na nagniningas na parang hurno, at ang lahat ng palalo, oo, at ang lahat na nagsisigawa ng kasamaan ay masusunog na parang dayami; sapagkat yaong mga darating ang magsusunog sa kanila, wika ng Panginoon ng mga

Hukbo, na anupa't hindi mag-iiwan sa kanila ng kahit ugat ni sanga man.

"At muli, inulit niya ang ikalimang talata nang ganito: *Masdan, ihahayag ko sa inyo ang Pagkasaserdote, sa pamamagitan ng kamay ni Elijah, ang propeta, bago dumating ang dakila at kakila-kilabot na araw ng Panginoon.*

"Inulit din niya ang sumusunod na talata sa kakaibang paraan: *At kanyang itatanim sa mga puso ng mga anak ang mga pangakong ginawa sa mga ama, at ang mga puso ng mga anak ay babaling sa kanilang mga ama. Kung hindi magkagayon, ang buong mundo ay lubos na mawawasak sa kanyang pagparito.*"[4]

---

**Nagpakita si Elijah kina Joseph Smith at Oliver Cowdery sa Kirtland Temple.**

*Inilarawan ni Joseph Smith ang pagpapakita ng sinaunang propetang si Elijah sa kanila ni Oliver Cowdery noong Abril 3, 1836, sa Kirtland Temple, na kalauna'y itinala sa Doktrina at mga Tipan 110:13–16:* "Isa pang dakila at maluwalhating pangitain ang bumungad sa amin; sapagkat ang propetang si Elijah, na dinala sa langit nang hindi nakatikim ng kamatayan, ay tumindig sa aming harapan, at sinabi:

"Masdan, ang panahon ay ganap nang dumating, na sinabi ng bibig ni Malakias—nagpapatotoong siya [si Elijah] ay isusugo, bago ang pagdating ng dakila at kakila-kilabot na araw ng Panginoon—upang ibaling ang mga puso ng mga ama sa mga anak, at ang mga anak sa kanilang mga ama, at baka ang buong mundo ay bagabagin ng isang sumpa—samakatwid, ang mga susi ng dispensasyong ito ay ipinagkakatiwala sa inyong mga kamay; at sa pamamagitan nito ay inyong malalaman na ang dakila at kakila-kilabot na araw ng Panginoon ay nalalapit na, maging nasa mga pintuan na."[5]

### Ipinanumbalik ni Elijah ang mga susi ng pagbubuklod—ang kapangyarihan at awtoridad na ibuklod sa langit ang lahat ng ordenansang isinagawa sa lupa.

" 'Aking susuguin sa inyo si [Elijah] na propeta bago dumating ang dakila at kakilakilabot na kaarawan ng Panginoon,' at marami pang iba [tingnan sa Malakias 4:5]. Bakit isusugo si Elijah? Dahil hawak niya ang mga susi ng awtoridad na mangasiwa sa lahat ng ordenansa ng Priesthood; at [maliban kung] ibigay ang awtoridad, hindi maisasagawa sa kabutihan ang mga ordenansa."[6]

*Sinabi ni Propetang Joseph Smith ang sumusunod sa isang liham sa mga Banal, na itinala kalaunan sa Doktrina at mga Tipan 128:8–11:* "Ang katangian ng ordenansang ito [pagbibinyag para sa mga patay] ay binubuo sa kapangyarihan ng pagkasaserdote, sa pamamagitan ng paghahayag ni Jesucristo na kung saan ito ay pinahintulutan na kung ano man ang inyong ibuklod sa lupa ay pagbubuklurin sa langit, at kung ano man ang inyong kalagan sa lupa ay kakalagan sa langit. . . .

"Maaaring para sa iba ito ay napakapangahas na doktrina na ating pinag-uusapan—isang kapangyarihan na nagtatala o nagbubuklod sa lupa at nagbubuklod sa langit. Gayunman, sa lahat ng panahon sa daigdig, kapag ang Panginoon ay nagbibigay ng isang dispensasyon ng pagkasaserdote sa sinumang tao sa pamamagitan ng aktuwal na paghahayag, o sa anumang pangkat ng mga tao, ang kapangyarihang ito ay tuwinang ibinibigay. Dahil dito, anuman ang ginawa ng mga taong yaon na may karapatan, sa pangalan ng Panginoon, at ginawa ito nang tapat at taimtim, at nag-ingat ng isang wasto at matapat na talaan ng gayon din, ito ay nagiging batas sa lupa at sa langit, at hindi maaaring mapawalang-bisa, alinsunod sa mga utos ng dakilang Jehova. Ito ay isang matapat na kawikaan. Sino ang makaririnig nito?

"At muli, para sa sinundan ng doktrinang ito, tingnan sa Mateo 16:18, 19: *At akin ding sinasabi sa iyo, Na ikaw ay si Pedro, at sa batong ito aking itatayo ang aking simbahan; at ang mga pintuan ng impiyerno ay hindi mananaig laban dito. At aking ibibigay sa iyo ang mga susi ng kaharian ng langit: at kung anu-*

*man ang iyong ibubuklod sa lupa ay pagbubuklurin sa langit; at ano man ang iyong kalagan sa lupa ay kakalagan sa langit.*

"Ngayon ang malaki at dakilang lihim ng lahat ng bagay, at ang *summum bonum* ng buong paksa na nakalatag sa harapan natin, binubuo sa pagtatamo ng mga kapangyarihan ng Banal na Pagkasaserdote. Sa kanya kung kanino ang mga susing ito ay ibinigay ay walang paghihirap sa pagtatamo ng kaalaman ng mga katotohanang may kinalaman sa kaligtasan ng mga anak ng tao, maging gayundin kapwa para sa mga patay gaya ng para sa mga buhay."[7]

---

**Sa pamamagitan ng kapangyarihang magbuklod, maaaring ibuklod ang mga pamilya para sa buhay na ito at sa buong kawalang-hanggan, at maisagawa ang mga sagradong ordenansa para sa mga patay.**

"Ang diwa, kapangyarihan, at tungkulin ni Elijah ay, upang magkaroon kayo ng kapangyarihang hawakan ang susi sa mga paghahayag, ordenansa, orakulo, kapangyarihan at mga pagkakaloob ng kabuuan ng [Melchizedek Priesthood] at sa kaharian ng Diyos sa lupa; at upang tanggapin, kamtin, at isagawa ang lahat ng ordenansa na nakapaloob sa kaharian ng Diyos, maging sa pagbaling ng mga puso ng mga ama sa mga anak, at ng mga puso ng mga anak sa mga ama, pati na ang mga nasa langit.

"Sabi ni Malakias, 'Aking susuguin sa inyo si Elias na propeta bago dumating ang dakila at kakilakilabot na kaarawan ng Panginoon. At kaniyang papagbabaliking-loob ang puso ng mga ama sa mga anak, at ang puso ng mga anak sa kanilang mga magulang; baka ako'y dumating at saktan ko ang lupa ng sumpa." [Malakias 4:5–6.]

"Ngayon, ang gusto kong makamit ay ang kaalaman tungkol sa Diyos, at tahakin ang sarili kong landas para makamit ito. Ano ang kahulugan nito sa atin sa mga huling araw?

"Noong mga panahon ni Noe, winasak ng Diyos ang mundo sa pamamagitan ng pagbaha, at nangako Siyang wawasakin ito sa apoy sa mga huling araw: ngunit bago ito maganap, darating muna si Elijah at ibabaling ang mga puso ng mga ama sa mga anak, at iba pa.

"Narito ngayon ang tanong. Ano itong katungkulan at gawain ni Elijah? Ito ay isa sa mga pinakadakila at pinakamahalagang paksang inihayag ng Diyos. Dapat Niyang isugo si Elijah upang ibuklod ang mga anak sa mga ama, at ang mga ama sa mga anak.

"Para lamang ba ito sa mga buhay, upang malutas ang mga problema ukol sa mga pamilya sa daigdig? Hindi ganoon. Higit na mabigat diyan ang gawain. Elijah! ano ang gagawin mo kung narito ka? Ililimita mo ba sa mga buhay ang iyong gawain? Hindi: sumangguni kayo sa mga Banal na Kasulatan, kung saan makikita ang paksang ito: ibig sabihin, kung wala tayo, hindi sila magiging ganap, ni tayo man kung wala sila; ang mga ama na wala ang mga anak, ni ang mga anak na wala ang mga ama [tingnan sa Mga Hebreo 11:40].

"Sana'y maunawaan ninyo ang paksang ito, dahil ito ay mahalaga; at kung tatanggapin ninyo ito, ito ang diwa ni Elijah, na tubusin natin ang ating mga patay, at iugnay ang ating sarili sa ating mga ninuno na nasa langit, at ibuklod ang ating mga namatay upang magbangon sa unang pagkabuhay na mag-uli; at dito ay nais nating ibuklod ng kapangyarihan ni Elijah ang mga naninirahan sa lupa sa mga naninirahan sa langit. Ito ang kapangyarihan ni Elijah at ang mga susi ng kaharian ni Jehova. . . .

"Muli: Ang doktrina o kapangyarihan ni Elijah na magbuklod ay ang sumusunod:—Kung kayo ay may kapangyarihang magbuklod sa lupa at sa langit, dapat tayong maging matalino. Ang una ninyong gawin, humayo at magpabuklod sa lupa sa inyong mga anak, at sa inyong ama sa walang hanggang kaluwalhatian."[8]

---

**Ang pagparito ni Elijah ay kailangan sa paghahanda para sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas.**

"Ang mga puso ng mga anak ng tao ay kailangang ibaling sa mga ama, at ang mga ama sa mga anak, buhay man o patay, upang ihanda sila sa pagparito ng Anak ng Tao. Kung hindi pumarito si Elijah, isusumpa ang buong mundo."[9]

"Si Elias ang nauna upang ihanda ang daan, at susunod ang diwa at kapangyarihan ni Elijah, hawak ang mga susi ng kapangyarihan, itinatayo ang Templo sa batong pinakaibabaw, inilalagak



*"Dapat tayong maging matalino. Ang una ninyong gawin ay humayo at magpabuklod sa lupa sa inyong mga anak, at sa inyong mga ninuno sa walang hanggang kaluwalhatian."*

sa Melchizedek Priesthood ang mga kapangyarihan ng pagbubuklod sa sambahayan ni Israel, at inihahanda ang lahat ng bagay; pagkatapos darating ang Mesiyas sa Kanyang Templo, na siyang pinakahuli sa lahat. . . . Paparito si Elijah at ihahanda ang daan at itatatag ang kaharian bago sumapit ang dakilang araw ng Panginoon."[10]

"Ang mundo ay nilayong sunugin sa mga huling araw. Isusugo Niya ang propetang si Elijah, at ihahayag niya ang mga tipan ng mga ama patungkol sa mga anak, at ang mga tipan ng mga anak patungkol sa mga ama."[11]

"Paano sasagipin ng Diyos ang henerasyong ito? Isusugo Niya ang propetang si Elijah. . . . Ihahayag ni Elijah ang mga tipan upang ibuklod ang puso ng mga ama sa mga anak, at ng mga anak sa mga ama."[12]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o sa paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Nang magpakita ang Tagapagligtas sa Kirtland Temple, sinabi Niya kina Joseph Smith at Oliver Cowdery, "ipakikita ko ang aking sarili sa awa sa aking mga tao sa bahay na ito" (pahina 360. Paano naipakita ang awa ng Panginoon sa pagpapanumbalik ng mga susi sa pagbubuklod? Paano pa Niya ipinakikita ang Kanyang Sarili sa templo?
- Pag-aralan ang unang dalawang buong talata sa pahina 362. Ano ang itinuturo ng dalawang talatang ito tungkol sa misyon ni Elijah na hindi natin matututuhan sa Malakias 4:5–6? Ano ang kahalagahan ng mga pagkakaibang ito?
- Pag-aralan ang paliwanag tungkol sa kapangyarihang magbuklod na matatagpuan sa mga pahina 363–64. Ano ang kapangyarihang magbuklod? Bakit mahalaga ang kapangyarihang ito sa inyo at sa inyong pamilya?
- Basahin ang paliwanag ni Joseph Smith tungkol sa gawain ni Elijah (mga pahina 364–65. Ano ang Diwa ni Elijah? Bakit napakahalaga na pumarito si Elijah at gampanan ang kanyang gawain sa mga huling araw na ito?
- Anong mga karanasan ninyo ang nagpabaling ng inyong puso sa mga kapamilyang pumanaw na? Ano ang magagawa ng mga magulang para maibaling ang puso ng kanilang mga anak sa kanilang mga ninuno?
- Basahin ang huling talata sa pahina 362 at ang huling buong talata sa pahina 365. Sa inyong palagay bakit "[ba]bagabagin ng isang sumpa" ang mundo kung wala ang kapangyarihang magbuklod?

*Kaugnay na mga banal na kasulatan:* Helaman 10:4–10; D at T 132:45–46; 138:47–48; Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Elijah," p. 57–58

## Mga Tala

1. Eliza R. Snow, sinipi sa *The Women of Mormondom*, ni Edward W. Tullidge (1877), p. 94.
2. Eliza R. Snow, sinipi sa *The Women of Mormondom,* p. 95.
3. *History of the Church,* 2:428; mula sa "History of the Church" (manuskrito), aklat B-1, mga karagdagan, pp. 3–4, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.
4. Joseph Smith—Kasaysayan 1:36–39.
5. Doktrina at mga Tipan 110:13–16; nasa orihinal ang salitang naka-bracket; ibinigay ang pangitain kina Joseph Smith at Oliver Cowdery noong Abr. 3, 1836, sa templo sa Kirtland, Ohio.
6. *History of the Church,* 4:211; mula sa isang talumpating inihanda ni Joseph Smith at binasa sa isang kumperensya ng Simbahan na idinaos noong Okt. 5, 1840, sa Nauvoo, Illinois.
7. Doktrina at mga Tipan 128:8–11; isang liham mula kay Joseph Smith para sa mga Banal, Set. 6, 1842, Nauvoo, Illinois.
8. *History of the Church,* 6:251–53; ginawang makabago ang pagbabaybay; mula sa isang talumpati ni Joseph Smith noong Mar. 10, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Wilford Woodruff.
9. *History of the Church,* 3:390; mula sa isang talumpati ni Joseph Smith noong bandang Hulyo 1839 sa Commerce, Illinois; iniulat ni Willard Richards.
10. *History of the Church,* 6:254; ginawang makabago ang pagbabaybay; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang talumpati ni Joseph Smith noong Mar. 10, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Wilford Woodruff.
11. *History of the Church,* 5:530; mula sa isang talumpati ni Joseph Smith noong Ago. 13, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Willard Richards.
12. *History of the Church,* 5:555; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang talumpati ni Joseph Smith noong Ago. 27, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Willard Richards at William Clayton.

# Mag-ingat sa Mapapait na Bunga ng Apostasiya

*"Sa lahat ng inyong pagsubok, pagtitiis, at sakit, sa lahat ng inyong pagdurusa, maging hanggang kamatayan, mag-ingat at huwag ninyong ipagkanulo ang Diyos, . . . huwag kayong mag-apostasiya."*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Sa mga linggo bago at matapos itayo ang Kirtland Temple sa tagsibol ng 1836, naranasan ng mga Banal ang isang panahon ng pagkakasundo at saganang pagbuhos ng mga kaloob ng Espiritu. Ngunit binalaan ni Propetang Joseph Smith ang mga Banal na kung hindi sila patuloy na magpapakabuti ay hindi magtatagal ang kanilang kagalakan at pagkakaisa. Sinabi ni Daniel Tyler tungkol sa panahong ito: "Nadama ng lahat na natikman nila ang langit. Sa katunayan, ilang linggo kaming hindi tinukso ng diyablo; at naisip namin na baka simula na ng milenyo. Sa [isang pulong ng mga kalalakihan ng priesthood], nagsalita sa amin si Propetang Joseph. Bukod pa sa ibang bagay sinabi niya: 'Mga kapatid, ilang panahong hindi nagkaroon ng kapangyarihan si Satanas na tuksuhin kayo. Akala ng ilan wala nang darating na tukso. Ngunit kabaligtaran ang mangyayari; at kung hindi kayo lalapit sa Panginoon kayo ay madaraig at mag-aapostasiya.'"[1]

Sa paglipas ng taong iyon, tumindi ang diwa ng apostasiya sa ilan sa mga Banal sa Kirtland. Ilang miyembro ang naging mayabang, ganid, at masuwayin sa mga utos. Sinisi ng ilan ang mga lider ng Simbahan sa mga problema sa ekonomiya na sanhi ng di pagtatagumpay ng isang institusyon sa pananalapi sa Kirtland na itinatag ng mga miyembro ng Simbahan. Nangyari ito noong 1837, sa taong laganap ang kaguluhan sa bangko sa buong Estados Unidos, na nagpalubha sa mga problema ng mga Banal



*Itinuro ni Joseph Smith ang kahalagahan ng pagsuporta sa ating mga lider ng Simbahan: "Ang lalaki na tatayo upang hatulan ang iba, na hinahanapan ng mali ang Simbahan, na nagsasabing naliligaw sila ng landas, samantalang siya mismo ay nagmamagaling, . . . ang lalaking iyon ay patungo na sa pag-aapostasiya."*

sa ekonomiya. Mga dalawa o tatlong daang miyembro ang tumalikod sa Simbahan sa Kirtland na kung minsan ay sumasama pa sa mga kumakalaban sa Simbahan upang pahirapan at takutin pa ang mga Banal. Ang ilang nag-apostasiya ay hayagang nagsabing bagsak na ang Propeta at tinangkang ihalili ang iba sa kanyang lugar. Nagunita ni Sister Eliza R. Snow: "Napakaraming tao na dating mapagpakumbaba at tapat sa pagganap sa bawat tungkulin—handang humayo at sumunod sa bawat tawag ng Priesthood—ang naging hambog, at iniangat sa kapalaluan ng kanilang mga puso." Nang tanggapin ng mga Banal ang pagmamahal at diwa ng kamunduhan, nilisan ng Espiritu ng Panginoon ang kanilang puso."[2]

Sa sitwasyon ng Simbahan noong Mayo 1837, nanaghoy ang Propeta: "Tila pinagsamang lahat ng puwersa ng mundo at impiyerno ang kanilang impluwensya sa kakaibang paraan upang [agad] pabagsakin ang Simbahan. . . . Ang kalaban sa malayo, at mga nag-apostasiya sa ating paligid, ay nagkaisa sa kanilang mga plano, . . . at maraming nagalit sa akin na para bang ako ang tanging dahilan ng mga kasamaang iyon na walang tigil ko mismong nilalabanan."[3]

Sa kabila ng mga hamong ito, nanatiling tapat ang karamihan sa mga lider at miyembro ng Simbahan. Naalala ni Brigham Young, isang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol sa panahong ito ng kawalang-katiyakan, ang isang pulong kung saan may ilang miyembro ng Simbahan na nag-usap-usap kung paano pababagsakin si Propetang Joseph: "Tumayo ako, at sinabi ko sa kanila sa isang malinaw at kapani-paniwalang pananalita na si Joseph ay isang Propeta at alam ko ito, at lait-laitin man nila siya at sirain ang kanyang pangalan hangga't gusto nila, [ngunit] hindi nila maiaalis ang pagkakahirang ng Propeta ng Diyos; masisira lang nila ang kanilang sariling awtoridad, mapuputol ang pisi na nag-uugnay sa kanila sa Propeta at sa Diyos, at ilulubog ang kanilang sarili sa impiyerno. Sumiklab ang galit ng marami sa determinadong pagkalaban ko sa kanilang mga hakbang. . . .

"Natapos ang pulong na ito nang walang napagkaisahang anumang hakbang ng pagkalaban ang mga nag-apostasiya. Naging krisis ito nang ang mundo at impiyerno ay magsama upang ibagsak

ang Propeta at Simbahan ng Diyos. Nanghina ang pananampalataya ng marami sa pinakamalalakas na lalaki sa Simbahan. Sa panahong ito ng kadiliman nanatili ako sa tabi ni Joseph, at taglay ang buong karunungan at kapangyarihang ipinagkaloob ng Diyos sa akin, kumilos ako nang buong kapangyarihan at kakayahan upang suportahan ang alagad ng Diyos at pagkaisahin ang mga korum ng Simbahan."[4]

## Mga Turo ni Joseph Smith

### Ang pagkawala ng tiwala sa mga lider ng Simbahan, pamimintas sa kanila, at pagpapabaya sa anumang tungkuling ipinagawa ng Diyos ay humahantong sa apostasiya.

"Ibibigay ko sa inyo ang isa sa mga *Susi* ng mga hiwaga ng Kaharian. Ito ay walang hanggang alituntunin, na kasabay ng Diyos na umiral mula sa buong kawalang-hanggan: Ang lalaki na tatayo upang hatulan ang iba, na hinahanapan ng mali ang Simbahan, na nagsasabing naliligaw sila ng landas, samantalang siya mismo ay nagmamagaling, sinisiguro ko sa inyo, na ang taong iyon ay patungo sa apostasiya; at kung hindi siya magsisisi, ay mag-aapostasiya nga siya, dahil ang Diyos ay buhay."[5]

*Nag-ulat si Heber C. Kimball, habang naglilingkod bilang tagapayo kay Pangulong Brigham Young:* "Bibigyan ko kayo ng isang susi na ibinigay noon ni Brother Joseph Smith sa Nauvoo. Ayon sa kanya ang mismong pag-aapostasiya ay nagsimula sa pagkawala ng tiwala sa mga lider ng simbahan at kahariang ito, at tuwing mahihiwatigan ninyo ang diwang iyon malalaman ninyo na hahantong ang taong ito sa landas ng apostasiya."[6]

*Sabi ni Wilford Woodruff, habang naglilingkod sa Korum ng Labindalawa:* "Pinapayuhan kami lagi noon ni Brother Joseph sa ganitong paraan: 'Sa sandaling tulutan ninyo ang inyong sarili na isantabi ang anumang tungkuling ipinagagawa sa inyo ng Diyos, upang bigyang-kasiyahan ang sarili ninyong mga hangarin; sa sandaling mawalan kayo ng ingat, nagsisimula na kayong mag-apostasiya. Mag-ingat; unawain na kayo ay tinawag sa gawain, at kapag ipinagawa sa inyo ng Diyos ang bagay na iyon ay gawin ito.' May sinabi pa siya: 'Sa lahat ng inyong pagsubok, pagtitiis, at sakit, sa lahat ng inyong pagdurusa, maging

hanggang kamatayan, mag-ingat at huwag ipagkanulo ang Diyos, huwag ipagkanulo ang priesthood, huwag kayong mag-apostasiya."[7]

*Sinabi rin ni Wilford Woodruff:* "Naaalala kong binisita ni Brother Joseph Smith si Brother [John] Taylor, Brother Brigham Young, at ako at ilan pang ibang mga misyonero, noong magmimisyon na kami sa England. Marami sa amin ang maysakit at karamdaman. Kasabay nito nagdesisyon kaming tumuloy. Binasbasan kami ng Propeta, gayundin ang aming mga asawa at pamilya. . . . Tinuruan niya kami ng ilang napakahalagang mga alituntunin, na ang ilan ay babanggitin ko rito. Kami nina Brother Taylor, George A. Smith, John E. Page, at iba pa ay natawag na humalili sa [mga apostol] na nag-apostasiya. Sinabi sa amin ni Brother Joseph kung bakit tumalikod ang mga lalaking iyon sa mga utos ng Diyos. Umasa siya na may aral kaming matututuhan sa nakita ng aming mga mata at narinig ng aming mga tainga, at mahihiwatigan namin ang niloloob ng mga lalaking iyon kahit hindi kami piliting matuto sa malungkot na karanasan.

"Pagkatapos ay sinabi niya na sinumang lalaki, sinumang elder sa Simbahan at kahariang ito, na tumahak sa landas kung saan hindi niya papansinin o, sa madaling salita, tatanggihan niyang sundin ang anumang umiiral na batas o utos o tungkulin—tuwing gagawin ito ng isang tao, kakaligtaan ang anumang tungkuling ipinagawa sa kanya ng Diyos sa pagdalo sa mga pulong, pagpunta sa misyon, o pagsunod sa payo, nagsisimula na siyang humantong sa apostasiya at ito ang dahilan kaya bumagsak ang mga lalaking iyon. Ginamit nila sa mali ang priesthood na iginawad sa kanilang ulunan. Hindi nila ginampanan ang kanilang tungkulin bilang mga apostol, bilang mga elder. Ginamit nila ang priesthood upang subuking iangat ang kanilang sarili at magsagawa ng iba pang gawain maliban pa sa pagtatatag ng kaharian ng Diyos."[8]

*Noong 1840, isang maliit at organisadong grupo ng mga miyembro ang patuloy na nanirahan sa Kirtland, Ohio, bagaman karamihan sa mga Banal ay nagtipon sa Nauvoo, Illinois. Bilang tugon sa balitang sinisikap sirain ng isang miyembro ng Simbahan sa Kirtland ang tiwala ng mga Banal sa Unang*

*Panguluhan at iba pang mga awtoridad ng Simbahan, isinulat ng Propeta sa isang lider ng Simbahan sa Kirtland:* "Para maisagawa ang mga gawain ng Kaharian sa kabutihan, napakahalagang umiral sa puso ng lahat ng kapatid ang ganap na pagkakasundo, kabaitan, mabuting pang-unawa, at tiwala; at ang tunay na pag-ibig na iyon sa kapwa, ang pagmamahalan, ay dapat makita sa lahat ng kanilang ginagawa. Kung may masamang damdamin at anumang kawalan ng tiwala, hindi magtatagal ay makikita ang kayabangan, pagmamalaki at inggit; mananaig ang pagkalito, at pawawalang-halaga ang mga awtoridad ng Simbahan. . . .

"Kung iniisip ng mga Banal sa Kirtland na hindi ako karapat-dapat na ipagdasal sa kanilang mga pagtitipun-tipon, at kinaliligtaan akong tulungan sa luklukan ng awa ng langit, ito ay malakas at kapani-paniwalang katibayan sa akin na wala sa kanila ang Espiritu ng Diyos. Kung ang mga pahayag na natanggap namin ay totoo, sino ang mamumuno sa mga tao? Kung ang mga susi ng Kaharian ay ipinagkatiwala sa aking mga kamay, sino ang maghahayag ng hiwaga niyon?

"Hangga't nasa tabi ko ang aking mga kapatid at pinalalakas ang aking loob, malalabanan ko ang mga maling palagay ng mundo, at makakayanan ko ang marahas na pagtrato at pang-aabuso nang may kagalakan; ngunit kung ang aking mga kapatid ay lalayo, kapag nagsimula silang manghina, at sinikap nilang hadlangan ang aking pag-unlad at pagsisikap, sa gayo'y malulungkot ako, ngunit patuloy ko pa ring isasagawa ang aking gawain, tiwala na bagaman ang mga kaibigan ko sa mundo ay maaaring magkulang, at talikuran ako, gayunma'y papagtatagumpayin ako ng aking Ama sa langit.

"Gayunman, sana kahit sa Kirtland ay may ilang hindi huhusga sa tao sa isang usapin [tingnan sa Isaias 29:21], at mas pipiliing ipagtanggol ang kabutihan at katotohanan, at gampanan ang bawat tungkuling iniutos sa kanila; at may talinong turuan sila laban sa anumang kilusan o impluwensya na tinatayang maghahatid ng kalituhan at pagtatalo sa kampo ng Israel, at mahiwatigan ang diwa ng katotohanan sa diwa ng kamalian.

"Masisiyahan akong makita na sumasagana ang mga Banal sa Kirtland, ngunit palagay ko ay hindi pa panahon; at tinitiyak ko sa inyo na hindi ito darating kailanman hanggang sa maitatag ang kakaibang pagkakaayos ng mga bagay-bagay at maiparamdam ang kakaibang diwa. Kapag nabalik ang tiwala, kapag nawala ang kayabangan, at nabihisan ng kapakumbabaan ang taong mapaghangad na tulad sa isang kasuotan, at nahalinhan ng kabaitan at pag-ibig sa kapwa ang kasakiman, at nakita ang nagkakaisang determinasyong mamuhay ayon sa bawat salitang nagmumula sa bibig ng Panginoon, kapag nangyari iyon, ay saka lamang mananaig ang kapayapaan, kaayusan at pagmamahalan.

"Dahil sa mga taong mapaghangad ay napabayaan ang Kirtland. Kaydalas kainggitan ang inyong hamak na lingkod sa kanyang katungkulan ng gayong uri ng mga tao, na naghahangad na maging makapangyarihan kahit ikapahamak niya [ng Propeta], at nang makitang imposibleng magawa iyon, ay nagkasya na lang sa paninirang-puri at pag-alipusta, at iba pang mga paraan para ibagsak siya. Ganoong mga tao ang unang kumakalaban sa Panguluhan, at ipinagpaparangalan ang kanilang mga kamalian at kahinaan sa apat na sulok ng langit."[9]

---

### Yaong mga nag-aapostasiya ay nililisan ng Espiritu ng Diyos, lumalabag sa kanilang mga tipan, at madalas mang-usig sa mga miyembro ng Simbahan.

"Kakaiba man sa unang tingin, ito ay totoo, na sa kabila ng lahat ng hayag na determinasyong maging maka-Diyos, matapos tumalikod sa pananampalataya kay Cristo ang mga nag-apostasiya, maliban kung agad silang nakapagsisi, sa malao't madali ay bumagsak sa mga patibong ng diyablo, at naiwang salat sa Espiritu ng Diyos, upang ipakita ang kanilang kasamaan sa mata ng mga tao. Ang mga nananalig ay tumanggap ng pinakamalupit na panguusig mula sa mga nag-apostasiya. Pinagalitan si Judas at kaagad ipinagkanulo ang kanyang Panginoon sa kamay ng Kanyang mga kaaway, dahil pumasok sa kanya si Satanas.

"May higit na talinong ipinagkaloob sa mga taong sumusunod sa Ebanghelyo nang may buong layunin ng puso, na, kung pagkasalahan, naiiwang hubad at salat sa Espiritu ng Diyos ang

nag-apostasiya, at sa katunayan, malapit nang isumpa, at sa wakas ay susunugin siya. Sa sandaling bawiin ang liwanag sa kanilang kalooban nadirimlan sila tulad noong bago sila maliwanagan, at sa gayo'y hindi kataka-taka kung ang buong kapangyarihan nila'y ihanay laban sa katotohanan, at sila, gaya ni Judas, ay hangad ang kapahamakan ng mga lubos na nagpapala sa kanila.

"Sino pa ang naging mas matalik na kaibigan ni Judas sa lupa, o sa langit, maliban sa Tagapagligtas? At ang una niyang hangad ay sirain Siya. Sino, sa lahat ng Banal sa mga huling araw na ito, ang magtuturing sa kanyang sarili na kasingbuti ng ating Panginoon? Sino ang kasingperpekto? Sino ang kasingdalisay? Sino ang kasingbanal Niya? May tao bang gayon? Hindi Siya nagkasala kailanman o lumabag sa utos o batas ng langit—walang kasinungalingang lumabas sa Kanyang bibig, walang katusuhan sa Kanyang puso. Subalit ang taong kumain na kasama Niya, na madalas uminom sa tasang iniinuman Niya, ang siyang unang kumalaban sa Kanya. Nasaan ang isang katulad ni Cristo? Hindi siya matatagpuan sa lupa. Kung gayon bakit magrereklamo ang Kanyang mga alagad, kung usigin sila ng mga taong dati nilang tinawag na mga kapatid, at itinuring na pinakamalapit sa kanila sa walang hanggang tipan?

"Saan nagmula ang alituntunin na laging ipinakikita ng mga nag-apostasiya mula sa totoong Simbahan, na usigin lalo at pakahangarin na sirain ang mga taong minsa'y sinabi nilang mahal nila, na minsa'y nakasama nila, at minsa'y nakipagtipan kasama nila na buong lakas silang magpupunyagi sa kabutihan upang matamo ang kapahingahan ng Diyos? Marahil sasabihin din ng ating mga kapatid ang mismong dahilan na nagtulak kay Satanas na hangaring ibagsak ang kaharian ng Diyos, dahil siya mismo ay masama, at banal ang kaharian ng Diyos."[10]

"Lagi nang may mga tao, sa bawat henerasyon ng simbahan, na kumalaban sa mga alituntunin ng kagandahang-asal, na mapagmahal sa kamunduhan, sumunod sa mga alituntunin ng kasamaan, at naging kaaway ng katotohanan. . . . Ang mga nakasama natin at pinakamahusay makipagkaibigan, ang madalas nating maging pinakamatinding kaaway at pinakadeterminadong mga kalaban; kung hindi sila naging popular, kung napahamak ang



*"Sino pa ang naging mas matalik na kaibigan ni Judas sa lupa, o sa langit, maliban sa Tagapagligtas? At ang una niyang hangad ay sirain Siya."*

kanilang kapakanan o dangal, o nabunyag ang kanilang kasamaan, laging sila ang unang nang-uusig, naninirang-puri [nagpaparatang] at nanlalait sa kanilang mga kapatid, at naghahangad na ibagsak at ipahamak ang kanilang mga kaibigan."[11]

"Ang mga rebeldeng 'Mormon' na nagtaksil ay kalat sa buong mundo at nagpapalaganap ng iba't ibang mali at nakasisirang-puring mga balita laban sa atin, na nag-akalang magkakaroon sila ng mga kaibigan sa mundo, dahil alam nila na hindi tayo makamundo, at kinamumuhian tayo ng mundo; kung gayon kinakasangkapan nila [ng mundo] ang mga taong ito [ang mga rebelde]; at sa pamamagitan nila ay tinatangkang gawin ang lahat ng pamiminsalang magagawa nila, at pagkatapos ay lalo silang kinamumuhian kaysa sa atin, dahil nalalaman nila na sagad ang kanilang kataksilan at panloloko [panghihibo]."[12]

*Iniulat ni Wilford Woodruff*: "Dumalo ako sa [isang] pulong sa [Kirtland] Temple [noong Pebrero 19, 1837]. Hindi nakadadalo si Pangulong Joseph Smith sa mga gawain sa Simbahan, ngunit ang kanyang pagliban ay wala pa sa kalahati ng itinagal ni

Moises sa bundok na malayo sa Israel [tingnan sa Exodo 32:1–8]; subalit marami sa mga tao sa Kirtland, hindi man sila gumawa ng guyang sasambahin na tulad ng mga Israelita, ay inilayo naman nila ang kanilang puso sa Panginoon at sa kanyang lingkod na si Joseph, at nagbakasakali at nagpatangay sa masasamang espiritu, hanggang sa madimlan ang kanilang isipan; at marami ang kumalaban kay Joseph Smith, at ginusto ng ilan na si David Whitmer ang mamuno sa Simbahan sa halip na si Joseph. Sa gitna ng ulap ng masasamang espiritung ito, nagbalik si Joseph sa Kirtland, at ngayong umaga ay tumayo sa pulpito. Mukhang lungkot na lungkot siya; ngunit di nagtagal at napasakanya ang Espiritu ng Diyos, at may tatlong oras siyang nagsalita nang napakalinaw sa mga tao, at pinatahimik ang kanyang mga kaaway.

"Pagtayo ay sinabi niya, 'Ako pa rin ang Pangulo, Propeta, Tagakita, Tagapaghayag at Lider ng Simbahan ni Jesucristo. Ang Diyos, at hindi ang tao, ang naghirang at naglagay sa akin sa posisyong ito, at walang tao o grupo ng mga tao ang may kapangyarihang alisin o palitan ako, at yaong gagawa nito, kung hindi sila kaagad magsisisi, ay mapapahamak at mapupunta sa impiyerno.' Pinagsabihan niya ang mga tao dahil sa kanilang mga kasalanan, kasamaan at kawalan ng paniniwala; ang kapangyarihan ng Diyos ay sumakanya, at nagpatotoo na ang kanyang mga sinabi ay totoo."[13]

*Iniulat ni Wilford Woodruff:* "Nagsalita si Pangulong Smith sa hapon [ng Abril 9, 1837], at sinabi sa pangalan ng Panginoon na ang mga paghatol ng Diyos ay madarama ng mga taong nagkukunwaring mga kaibigan niya, at mga kaibigan ng sangkatauhan, at sa pagtatatag ng Kirtland, isang stake ng Sion, ngunit nagtaksil sa kanya, at sa mga kapakanan ng kaharian ng Diyos, at binigyan ng kapangyarihan ang ating mga kaaway laban sa atin; pinahirapan nila ang kaawa-awang mga Banal, at naghatid ng pangamba sa kanila, at tinalikuran ang kanilang mga tipan, kaya madarama nila ang poot ng Diyos."[14]

*Ginunita ni Daniel Tyler:* "Pagdating na pagdating ng Propeta sa Commerce (pagkatapos ay sa Nauvoo) mula sa bilangguan ng Missouri, binisita namin siya ni Brother Isaac Behunin sa kanyang

bahay. Ang mga pagpapahirap sa kanya ang pinag-usapan namin. Inulit-ulit niya ang maraming bulaan, pabagu-bago at magkakasalungat na pahayag ng mga nag-apostasiya, takot na mga miyembro ng Simbahan at mga tagalabas. Ikinuwento rin niya kung paanong noong hulihin at makilala siya ay pumanig sa kanya ang karamihan sa mga opisyal na gustong pumatay sa kanya. Binagsakan niya ng sisi ang mga bulaang kalalakihan. . . .

"Matapos ikuwento ng Propeta kung paano siya pinakitunguhan, sinabi ni Brother Behunin: 'Kung lilisanin ko ang Simbahang ito hindi ko gagawin ang ginawa ng mga lalaking iyon: pupunta ako sa malayong lugar kung saan wala pang nakakarinig tungkol sa Mormonismo, mananahimik, at walang makakaalam na may alam ako tungkol dito.'

"Agad tumugon ang dakilang Tagakita: 'Brother Behunin, hindi mo alam ang gagawin mo. Walang alinlangang naisip na rin iyan minsan ng mga kalalakihang ito. Bago ka pa sumapi sa Simbahang ito hindi mo rin alam ang mabuti at masama. Nang ipangaral ang ebanghelyo, inilahad na sa iyo ang mabuti at masama. Makakapili ka sa dalawa o wala kang pipiliin. May dalawang magkasalungat na panginoon na nag-aanyaya sa iyong paglingkuran sila. Nang sumapi ka sa Simbahang ito nangako kang maglilingkod sa Diyos. Nang gawin mo iyan nilisan mo ang kawalan ng kaalaman sa mabuti at masama, at hindi ka na makakabalik doon. Kapag itinakwil mo ang Panginoong pinangakuan mong paglingkuran, iyon ay dahil inudyukan ka ng demonyo, at susundin mo ang idinidikta niya at magiging alagad niya.' "[15]

---

**Kung susundin natin ang mga propeta at apostol at mga paghahayag ng Simbahan, hindi tayo maliligaw ng landas.**

*Iniulat ni Orson Hyde, miyembro ng Korum ng Labindalawa:* "Si Propetang Joseph . . . ay nagsabi, 'Mga kapatid, tandaan na karamihan sa mga taong ito ay hinding-hindi maliligaw ng landas; at hangga't sumasama kayo sa karamihan tiyak na makakapasok kayo sa kahariang selestiyal.' "[16]

*Iniulat ni William G. Nelson:* "Maraming beses ko nang narinig na nagsalita ang Propeta sa publiko. Sa isang pulong narinig kong sinabi niya: 'Bibigyan ko kayo ng isang susing hinding-hindi

kakalawangin,—kung susunod kayo sa karamihan ng Labindalawang Apostol, at mananatili sa mga talaan ng Simbahan, hindi kayo maliligaw ng landas kailanman.' Napatunayan na ng kasaysayan ng Simbahan na ito ay totoo."[17]

*Nagunita ni Ezra T. Clark:* "Narinig kong sinabi ni Propetang Joseph na bibigyan niya ng isang susi ang mga Banal upang hindi sila maligaw ng landas o malinlang kailanman, at iyon ay: Hinding-hindi papayagan ng Panginoon na maligaw ng landas o malinlang ng mga impostor ang karamihan sa kanyang mga tao, ni hindi Niya papayagang mahulog sa mga kamay ng kaaway ang mga talaan ng Simbahang ito."[18]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Repasuhin ang kuwento sa mga pahina 369–72. Sa inyong palagay, bakit maaaring magbago ang mga tao mula sa kabutihan tungo sa pag-aapostasiya sa gayon kaikling panahon? Ano ang ilang impluwensyang nagiging dahilan para mag-apostasiya ang mga tao ngayon? Ano ang magagawa natin para makapag-ingat laban sa gayong mga impluwensya?
- Ano ang ilang panganib ng pagkawala ng tiwala sa mga lider ng ating Simbahan at pamimintas sa kanila? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 372–75.) Ano ang magagawa natin para mapanatili ang paggalang at pagpapahalaga sa ating mga lider? Paano mahihikayat ng mga magulang ang kanilang mga anak na igalang ang mga lider ng Simbahan?
- Itinuro ng Propeta, "Sa sandaling tulutan ninyo ang inyong sarili na isantabi ang anumang tungkuling ipinagagawa sa inyo ng Diyos, upang bigyang-kasiyahan ang sarili ninyong mga hangarin . . . , nagsisimula na kayong mag-apostasiya" (pahina 372). Ano ang kahulugan sa inyo ng pahayag na ito?
- Basahin ang kuwento ni Daniel Tyler (mga pahina 378–79). Sa inyong palagay, bakit madalas labanan nang husto ng mga

nag-apostasiya ang Simbahan? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 375–79.) Sa inyong palagay, paano tayo dapat tumugon sa mga salita at kilos ng gayong klaseng mga tao?

- Basahin ang huling tatlong talata ng kabanata (mga pahina 379–80). Bakit mahalagang maunawaan natin at gamitin ang "susing" ito na ibinigay ni Joseph Smith?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* 1 Nephi 8:10–33; Helaman 3:33–35; D at T 82:3, 21; 121:11–22

## *Mga Tala*

1. Daniel Tyler, "Incidents of Experience," sa *Scraps of Biography* (1883), pp. 32–33.
2. Eliza R. Snow, *Biography and Family Record of Lorenzo Snow* (1884), p. 20; ginawang makabago ang pagbabantas.
3. *History of the Church,* 2:487–88; mula sa "History of the Church" (manuskrito), aklat B-1, p. 761, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.
4. Brigham Young, sa Historian's Office, Manuscript History of Brigham Young, 1844–46, tomo 1, p. 16, Church Archives.
5. *History of the Church,* 3:385; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hulyo 2, 1839, sa Montrose, Iowa; iniulat nina Wilford Woodruff at Willard Richards.
6. Heber C. Kimball, *Deseret News,* Abr. 2, 1856, p. 26; ginawang makabago ang pagbabaybay at pagpapalaki ng mga letra.
7. Wilford Woodruff, *Deseret News,* Dis. 22, 1880, p. 738.
8. Wilford Woodruff, *Deseret News: Semi-Weekly,* Set. 7, 1880, p. 1; ginawang makabago ang pagbabantas; binago ang pagkakahati ng mga talata.
9. *History of the Church,* 4:165–66; mula sa isang liham ni Joseph Smith kay Oliver Granger, Hulyo 1840, Nauvoo, Illinois.
10. *History of the Church,* 2:23; ginawang makabago ang pagbabaybay, pagbabantas, at gramatika; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa "The Elders of the Church in Kirtland, to Their Brethren Abroad," Ene. 22, 1834, inilathala sa *Evening and Morning Star,* Abr. 1834, p. 152.
11. "John C. Bennett," isang editoryal na inilathala sa *Times and Seasons,* Ago. 1, 1842, p. 868; ginawang makabago ang pagbabantas at gramatika; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.
12. *History of the Church,* 3:230; nasa orihinal ang una at ikalawang set ng mga salitang naka-bracket; mula sa isang liham ni Joseph Smith sa mga miyembro ng Simbahan sa Caldwell County, Missouri, Dis. 16, 1838, Liberty Jail, Liberty, Missouri.
13. Wilford Woodruff, sa pag-uulat tungkol sa talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Peb. 19, 1837, sa Kirtland, Ohio; "History of Wilford Woodruff," *Deseret News,* Hulyo 14, 1858, p. 85; ginawang makabago ang pagpapalaki ng mga letra at gramatika; binago ang pagkakahati ng mga talata.
14. Wilford Woodruff, sa pag-uulat tungkol sa talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 9, 1837, sa Kirtland, Ohio; "History of Wilford Woodruff," *Deseret News,* Hulyo 14, 1858, p. 86.
15. Daniel Tyler, sa "Recollections of the Prophet Joseph Smith," *Juvenile Instructor,* Ago. 15, 1892, pp. 491–92; ginawang makabago ang pagbabantas at gramatika.

16. Orson Hyde, *Deseret News: Semi-Weekly,* Hunyo 21, 1870, p. 3.
17. William G. Nelson, sa "Joseph Smith, the Prophet," *Young Woman's Journal,* Dis. 1906, p. 543; binago ang pagkakahati ng mga talata.
18. Ezra T. Clark, "The Testimony of Ezra T. Clark," Hulyo 24, 1901, Farmington, Utah; sa Heber Don Carlos Clark, Papers, ca. 1901–74, typescript, Church Archives.

K A B A N A T A 2 8

# Paglilingkod ng Misyonero: Isang Banal na Tungkulin, Isang Maluwalhating Gawain

*"Matapos masabi ang lahat, ang [ating] pinakadakila at pinakamahalagang tungkulin ay ipangaral ang Ebanghelyo."*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Sa huling ilang taon ng pagtira ng mga Banal sa Kirtland, maraming miyembro at pati na ilang lider ng Simbahan ang nag-apostasiya. Tila nagdaraan ang Simbahan sa panahon ng krisis. "Sa nangyayari ngayon," pagsulat ng Propeta, "inihayag sa akin ng Diyos na may bagong bagay na kailangang gawin para maisalba ang Kanyang Simbahan."[1] Ang "bagong bagay" na ito ay ang paghahayag na magsugo ng mga misyonero sa England para ipangaral ang ebanghelyo.

Pag-alaala ni Heber C. Kimball, miyembro ng Korum ng Labindalawa: "Sa unang araw ng Hunyo 1837, nagpunta sa akin si Propetang Joseph, habang nakaupo ako sa . . . Templo, sa Kirtland, at bumulong sa akin, at nagsabi, '[Brother] Heber, ang Espiritu ng Panginoon ay bumulong sa akin, "Papuntahin ang aking tagapaglingkod na si Heber sa [England] at ipahayag ang aking ebanghelyo at buksan ang pintuan ng kaligtasan sa bansang iyon." ' "[2] Nalula si Elder Kimball sa bigat ng gayong tungkulin: "Ipinalagay ko na isa ako sa pinakamahihinang tagapaglingkod ng Diyos. Tinanong ko si Joseph kung ano ang dapat kong sabihin pagdating ko roon; sabi niya'y lumapit ako sa Panginoon at gagabayan Niya ako, at magsasalita siya sa pamamagitan ko sa espiritu ring yaon na [pumatnubay] sa kanya."[3]



*Binabati ng mga sumapi sa Simbahan sina Heber C. Kimball at Joseph Fielding sa England sa mga pagsisikap nila sa misyon. "Luwalhati sa Diyos, Joseph," pagliham ni Elder Kimball sa Propeta, "pinapatnubayan kami ng Panginoon sa lahat ng bansa!"*

Pinapunta rin ng Propeta sina Orson Hyde, Willard Richards, at Joseph Fielding sa Kirtland, at sina Isaac Russell, John Snyder, at John Goodson sa Toronto, Canada. Sasama ang mga kalalakihang ito kay Elder Kimball sa kanyang misyon sa England. Nagkita sila sa New York City, at naglayag sakay ng barkong *Garrick* papuntang Great Britain noong Hulyo 1, 1837. Sa unang misyong ito sa labas ng North America mga 2,000 ang nagpabinyag sa Simbahan sa unang taon ng mga misyonero sa England. Galak na sumulat si Elder Kimball sa Propeta: "Luwalhati sa Diyos, Joseph, pinapatnubayan kami ng Panginoon sa lahat ng bansa!"[4]

Pinamahalaan ng Propeta mula sa Nauvoo ang ikalawang misyon ng mga apostol sa Britain, kasama ang karamihan ng mga miyembro ng Labindalawa sa ilalim ng pamumuno ni Brigham Young. Pag-alis nila noong taglagas ng 1839, dumating ang Labindalawa sa England noong 1840. Doo'y nagsimula silang magturo at pagsapit ng 1841 mahigit 6,000 ang nagpabinyag sa Simbahan, sa pagsasakatuparan ng pangako ng Panginoon na may gagawin Siyang "bagong bagay" para maisalba ang kanyang Simbahan.

Mula sa Nauvoo, patuloy na nagpadala ng mga misyonero si Joseph Smith sa buong mundo. Napunta sa England si Orson Hyde noong 1841 at kalaunan ay ipinagpatuloy ang itinalagang misyon sa Jerusalem. May dala siyang liham ng rekomendasyon mula kay Joseph Smith na nagsasaad na "ang may-dala ng mga papeles na ito, na isang tapat at karapat-dapat na lingkod ni Jesucristo, ay aming kinatawan sa ibang mga bansa, upang . . . makipag-usap sa mga pari, pinuno at Elder ng mga Judio."[5] Noong Oktubre 24, 1841, lumuhod si Elder Hyde sa Bundok ng Olibo sa Jerusalem at nagsumamo sa Ama sa Langit na ilaan ang lupain "para sa pagtitipon ng nakakalat na labi ng Juda, ayon sa mga hula ng mga banal na propeta."[6] Pagkatapos ay tumuloy sa Germany si Elder Hyde, kung saan niya inilatag ang panimulang pundasyon sa pag-unlad ng Simbahan doon.

Noong Mayo 11, 1843, tinawag ng Propeta sina Elder Addison Pratt, Noah Rogers, Benjamin F. Grouard, at Knowlton F. Hanks

upang magmisyon sa mga pulo ng South Pacific. Ito ang unang misyon ng Simbahan sa malawak na rehiyong iyon. Namatay si Elder Hanks sa gitna ng karagatan, ngunit naglakbay si Elder Pratt sa Austral Islands, kung saan nagturo siya ng ebanghelyo sa pulo ng Tubuai. Tumuloy sina Elder Rogers at Grouard sa Tahiti, kung saan daan-daang tao ang nabinyagan bunga ng kanilang mga pagsisikap.

Sa ilalim ng pamamahala ni Joseph Smith, sumulong ang mga Banal sa pagsasakaturapan ng utos ng Panginoon: "Humayo kayo sa buong sanlibutan; at saan mang lugar hindi kayo makatutungo ay magsusugo kayo, upang ang patotoo ay tumungo mula sa inyo patungo sa buong sanlibutan sa bawat kinapal" (D at T 84:62).

## Mga Turo ni Joseph Smith

### Ang paglilingkod ng misyonero ay isang banal na gawain; pananampalataya, kabutihan, sipag, at pagmamahal ang nagbibigay sa amin ng kakayahang gawin ang gawaing ito.

"Matapos masabi ang lahat, ang pinakadakila at pinakamahalagang tungkulin ay ipangaral ang Ebanghelyo."[7]

*Noong Disyembre 1840 sumulat si Joseph Smith sa mga miyembro ng Korum ng Labindalawa at iba pang mga lider ng priesthood na nagmimisyon sa Great Britain:* "Tinitiyak ko sa inyo, mahal kong mga kapatid, na hindi ko binabalewala ang mga bagay na nakikita kong nangyayari sa ibabaw ng buong mundo; at sa gitna ng mga pangyayari, walang higit na mahalaga kaysa sa maluwalhating gawaing ginagawa ninyo ngayon; kaya nga nag-aalala ako para sa inyo, na dahil sa inyong kabutihan, pananampalataya, kasipagan at pag-ibig sa kapwa ay magmalaki kayo sa isa't isa, sa Simbahan ni Cristo, at sa inyong Amang nasa langit; na sa awa ay tinawag kayo sa isang napakabanal na tungkulin; at binigyang-kakayahan kayong isagawa ang dakila at mahahalagang tungkuling iniatang sa inyo. At tinitiyak ko sa inyo na, sa impormasyong natanggap ko, nasisiyahan ako na hindi kayo nagpapabaya sa inyong tungkulin; kundi ang inyong kasipagan at katapatan ay sapat upang makamtan ang pagsang-ayon

ng Diyos na pinaglilingkuran ninyo, at ang mabuting pakikisama ng mga Banal sa buong mundo.

"Ang paglaganap ng Ebanghelyo sa buong England ay talaga namang kasiya-siya; ang pagmumuni-muni tungkol dito ay naghahatid ng kakaibang damdamin ng mga taong nagpakasakit at naghirap upang maisagawa ito, at matibay na sumuporta at nagtanggol sa pagsisimula nito, sa gitna ng hindi magagandang pangyayari, at nakaamba ang pagkawasak nito sa lahat ng dako—tulad ng matibay na balsa [barko] na sumagupa sa unos nang hindi nasisira, na nagbaba ng kanyang layag sa hangin, at magiting na sumugod sa rumaragasang alon, na higit na alam kaysa rati ang tibay ng kanyang pagkayari, at ang karanasan at kakayahan ng kanyang kapitan, piloto, at mga tripulante. . . .

"Mapagmahal ang isa sa mga pangunahing katangian ng Diyos, at dapat itong ipakita ng mga taong naghahangad na maging mga anak ng Diyos. Ang isang taong puspos ng pag-ibig ng Diyos, ay hindi kuntentong pamilya lamang niya ang mapagpala, kundi ang buong mundo, sabik na mapagpala ang buong sangkatauhan. Ganito na ang pakiramdam ninyo, kaya ninyo tinalikdan ang mga kasiyahan sa tahanan, upang maging pagpapala kayo sa iba, na magiging imortal, ngunit hindi batid ang katotohanan; at sa paggawa nito, dalangin ko na nawa'y mapasainyo ang pinakapiling mga pagpapala ng langit."[8]

---

**Itinuturo natin ang mga simpleng katotohanan ng ebanghelyo nang may kapakumbabaan at kahinahunan at umiiwas makipagtalo sa iba tungkol sa kanilang mga paniniwala.**

"Oh, kayong mga elder ng Israel, makinig sa aking tinig; at kapag ipinadala kayo sa mundo upang mangaral, sambitin ang mensaheng ipinahahatid sa inyo; ipangaral at ihiyaw, 'Mangagsisi kayo; sapagka't malapit na ang kaharian ng langit; magsisi at maniwala sa Ebanghelyo.' Ipahayag ang mga pangunahing alituntunin, at hayaan ninyo ang mga hiwaga, at baka kayo malupig. . . . Ipangaral ang mga bagay na sinabi ng Panginoon na ipangaral ninyo—pagsisisi at pagpapabinyag para sa kapatawaran ng mga kasalanan."[9]



*"Ipangaral si Cristo at siya na ipinako sa krus, ang pag-ibig sa Diyos, at pag-ibig sa kapwa. . . . Maging maamo at mapagpakumbaba, at makakapiling ninyo ang Panginoong Diyos ng ating mga ninuno magpakailanman."*

"Nagsalita ako at nagpaliwanag na walang-saysay ang pangangaral sa mundo tungkol sa dakilang paghuhukom, at sa halip ay ipangaral ang simpleng Ebanghelyo."[10]

"Ang mga Elder ay [dapat] humayo . . . nang buong kahinahunan, pagtitimpi, at ipangaral si Jesucristo at Siya na ipinako sa krus; huwag makipagtalo sa iba dahil sa kanilang pananampalataya, o sistema ng relihiyon, bagkus ay tahakin ang tuwid na landas. Ibinigay ko ito bilang utos; at lahat ng hindi susunod dito, ay uusigin, samantalang yaong susunod, ay laging mapupuspos ng Espiritu Santo; ito ang aking propesiya."[11]

"Kung bukas ang anumang mga pintuan para maipangaral ng mga Elder ang mga pangunahing alituntunin ng ebanghelyo, hayaan ninyo silang ibulalas ito. Huwag ninyong kalabanin ang mga sekta; ni huwag magsalita laban sa kanilang mga doktrina. Sa halip ipangaral si Cristo at siya na ipinako sa krus, ang pag-ibig sa Diyos, at pag-ibig sa kapwa; . . . sa gayon, kung maaari, ay maiwawaksi natin ang maling palagay ng mga tao. Maging

maamo at mapagpakumbaba, at makakapiling ninyo ang Panginoong Diyos ng ating mga ninuno magpakailanman."[12]

"Pansinin ang *Susi* na ito, at maging matalino alang-alang kay Cristo, at alang-alang sa inyong kaluluwa. Hindi kayo isinugo para turuan, kundi para magturo. Haluan ng awa ang bawat salita. Maging listo; maging mahinahon. Ito ay araw ng babala, at hindi araw ng maraming salita. Kumilos nang tapat sa harapan ng Diyos at ng tao. . . . Maging tapat, bukas, at prangka sa lahat ng inyong [mga pakikitungo] sa sangkatauhan. [Tingnan sa D at T 43:15; 63:58.]"[13]

*Bago lumisan si George A. Smith para magmisyon noong 1835, nakausap niya si Propetang Joseph Smith, na kanyang pinsan. Itinala ni George A. Smith:* "Nakipagkita ako kay Pinsang Joseph. Binigyan niya ako ng isang Aklat ni Mormon, kinamayan, at sinabi, 'Mangaral ka ng maiikling sermon, magdasal nang maikli, at mapanalanging ihatid ang iyong mga sermon.' "[14]

## Itinuturo natin ang ebanghelyo ayon sa patnubay ng Espiritu.

"Dapat ipangaral ng lahat ang Ebanghelyo, sa pamamagitan ng kapangyarihan at impluwensya ng Espiritu Santo; at hindi maipangangaral ninuman ang Ebanghelyo kung wala ang Espiritu Santo."[15]

"Sabi nga ni Pablo kinailangan niyang maging lahat-lahat sa lahat ng tao, nang sa gayo'y mailigtas niya ang ilan [tingnan sa I Mga Taga Corinto 9:22], gayon din ang dapat gawin ng mga elder sa mga huling araw; at, dahil isinugo upang ipangaral ang Ebanghelyo at bigyang-babala ang mundo tungkol sa darating na paghuhukom, natitiyak natin, kapag nagturo sila ayon sa patnubay ng Espiritu, ayon sa mga paghahayag ni Jesucristo, na ipangangaral nila ang katotohanan at magpapatuloy nang walang reklamo. Kaya nga wala tayong bagong utos na ibibigay, kundi isamo sa mga elder at miyembro na ipamuhay ang bawat salitang lumalabas sa bibig ng Diyos [tingnan sa Mateo 4:4], at baka hindi nila makamtam ang kaluwalhatiang nararapat sa matatapat."[16]



*Bawat miyembro ng Simbahan ay may responsibilidad na ibahagi ang ebanghelyo. "Dapat ipangaral ng lahat ang Ebanghelyo," pahayag ni Propetang Joseph Smith, "sa pamamagitan ng kapangyarihan at impluwensya ng Espiritu Santo."*

*Nagsalita ang Propeta sa isang kumperensyang ginanap noong Oktubre 1839:* "Patuloy na nagbilin ang Pangulo [Joseph Smith] sa mga Elder patungkol sa pangangaral ng Ebanghelyo, at binigyang-diin sa kanila na kailangang makamtan ang Espiritu, nang makapangaral sila sa tulong ng Espiritu Santo mula sa langit; maging maingat sa pagsasalita tungkol sa mga paksang hindi malinaw na itinuro sa salita ng Diyos, na nauuwi sa mga haka-haka at alitan."[17]

*Noong Mayo 14, 1840, sinulatan ni Joseph Smith mula sa Nauvoo sina Elder Orson Hyde at John E. Page, na patungo sa kanilang misyon sa Banal na Lupain:* "Huwag kayong manghina dahil sa bigat ng gawain; maging mapagpakumbaba at matapat lamang, at sa gayo'y masasabi ninyong, 'Sino ka, Oh malaking bundok? sa harap ni Zorobabel ay magiging kapatagan ka.' [Tingnan sa Zacarias 4:7.] Siya na nagpakalat sa Israel ay nangakong titipunin sila; samakatwid dahil kayo ay kinasangkapan sa dakilang gawaing ito, pagkakalooban Niya kayo ng kapangyarihan, dunong, lakas, at talino, at bawat katangiang kailangan;

habang nag-iibayo ang lawak ng inyong mga isipan, hanggang sa masakop ninyo ang buong mundo at kalangitan, abutin ang kawalang-hanggan, at pag-aralan ang mga makapangyarihang ginawa ni Jehova sa lahat ng uri at kaluwalhatian nito."[18]

---

**Naghahanap tayo ng mga oportunidad na maituro ang ebanghelyo at makapagpatotoo tungkol sa katotohanan nito.**

*Noong taglagas ng 1832 naglakbay si Joseph Smith kasama si Bishop Newel K. Whitney mula Kirtland, Ohio, patungong silangang bahagi ng Estados Unidos. Noong Oktubre 13, sumulat ang Propeta kay Emma Smith mula sa New York City:* "Habang pinag-iisipan ko ang dakilang lungsod na ito gaya ng Ninive na hindi mahiwatigan ang kanang kamay nila sa kaliwa, oo, sa mahigit dalawandaang libong kaluluwang ito, napuspos ako ng habag, at determinado akong magtaas ng tinig sa lungsod na ito at ipaubaya sa Diyos ang kahihinatnan nito, na hawak sa kanyang kamay ang lahat ng bagay at hindi hahayaang malaglag nang hindi napapansin kahit isang buhok lamang sa ating mga ulo. . . .

"Nakausap ko ang ilang tao, na nagbigay-kasiyahan sa akin, at may isang napakabuting ginoo mula sa Jersey, na napakapormal ng mukha. Lumapit siya at naupo sa tabi ko at sinimulan akong kausapin tungkol sa kolera, at nalaman ko na nagkasakit siya ng kolera at muntik nang mamatay dahil dito. Sabi niya iniligtas siya ng Panginoon para sa kung anong magandang dahilan. Sinamantala ko ito at sinimulan ko siyang kausapin. Halatang masaya niyang tinanggap ang itinuro ko at naging malapit siya nang husto sa akin. Nag-usap kami hanggang hatinggabi at itinuloy namin ang pag-uusap kinabukasan. Ngunit dahil may ilang bagay siyang kailangang gawin, nanatili lamang siya hanggang sa handa nang tumulak ang barko at kinailangan na niyang lumisan. Lumapit siya sa akin at nagpaalam, at parang ayaw naming maghiwalay."[19]

*Nagunita ng kabiyak ni Newel K. Whitney na si Elizabeth Ann ang paglalakbay ng kanyang asawa noong 1832 patungong silangang bahagi ng Estados Unidos kasama si Joseph Smith:*

"Naglakbay ang asawa ko kasama si Propetang Joseph, sa karamihan ng mga lungsod sa Silangan, na nagpapatotoo at nangangalap ng pondo para makapagtayo ng isang Templo sa Kirtland, at makabili ng mga lupain sa Missouri. . . . Sabi niya sa asawa ko, 'Kung tatanggihan nila tayo maiiwan natin sa kanila ang ating patotoo, sapagkat isusulat natin ito at iiwanan sa bungad ng kanilang mga pintuan at pasamano ng kanilang mga bintana.' "[20]

*Noong 1834 nangaral si Joseph Smith sa isang paaralan sa Pontiac, Michigan. Naroon si Edward Stevenson at ginunita ang karanasan:* "Sa bakuran ng paaralang iyon itinuro ng dalawang Elder na Mormon ang ipinanumbalik na Ebanghelyo noong taong 1833; at noong 1834 makapangyarihang nangaral si Propetang Joseph Smith sa paraang noon lang nasaksihan sa ikalabingsiyam na siglong ito. . . . Tandang-tanda ko pa ang marami sa mga sinabi ng batang Propeta nang sambitin niya ang mga ito nang simple, ngunit sa kapangyarihang hindi nakayang tanggihan ng lahat ng naroon. . . .

"Sinabi niya habang nakataas ang kamay: 'Saksi ako na may isang Diyos, sapagkat nakita ko Siya sa liwanag ng araw, habang nagdarasal sa isang tahimik na kakahuyan, noong tagsibol ng 1820.' Nagpatotoo pa siya na sinabi ng Diyos Amang Walang Hanggan, habang nakaturo sa isang hiwalay na katauhan, na kamukha Niya: 'Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak, pakinggan ninyo Siya.' Ah, kinilabutan ang buong katawan ko sa mga salitang ito, at di mailarawan ang aking kagalakan na mamasdan na ang isang tao na katulad ni Pablo na sinaunang apostol ay buong tapang na magpapatotoo na nakapiling niya si Jesucristo! . . .

". . . Sunud-sunod ang idinaos na mga pulong, at ang nakakatuwa pa, sinamahan ng tatlong saksi ng Aklat ni Mormon ang Propeta. Nagpatotoo ang Propeta na siya ay pinagbilinang iorganisa ang isang Simbahan ayon sa huwaran ng Simbahang inorganisa ni Jesus, na may Labindawalang Apostol, mga Pitumpu, mga Elder, mga kaloob at pagpapala, na may mga tanda ng sumusunod, ayon sa nakasaad sa ikalabing-anim na kabanata ng Marcos. . . . 'Bilang tagapaglingkod ng Diyos,' sabi ni Joseph, 'ipi-

nangangako ko sa inyo, kapag kayo ay nagsisi at nagpabinyag para sa kapatawaran ng inyong mga kasalanan, matatanggap ninyo ang Espiritu Santo.' "[21]

*Habang inililipat mula sa Far West, Missouri, noong Nobyembre 1838, patungo sa kanyang bilangguan sa Richmond, Missouri, muling itinuro ng Propeta ang ebanghelyo:* "Dinalaw kami ng ilang kababaihan at kalalakihan. Lumapit ang isa sa mga kababaihan, at parang walang anumang tinanong ang mga sundalo kung sino sa mga bilanggo ang Panginoong sinasamba ng mga 'Mormon'? Isa sa mga bantay ang nagturo sa akin na may makahulugang ngiti, at nagsabi, 'Narito siya.' Bumaling sa akin ang babae at itinanong kung sinasabi ko na ako ang Panginoon at Tagapagligtas? Sumagot ako, na ako ay tao lamang, at isang ministro ng kaligtasan, na isinugo ni Jesucristo upang ipangaral ang Ebanghelyo.

"Nagulat ang babae sa sagot na ito at nagsimulang magtanong tungkol sa ating doktrina, at nangaral ako, kapwa sa kanya at sa kanyang mga kasama, at sa nagtatakang mga sundalo, na lubusang nakinig habang ipinahahayag ko ang doktrina ng pananampalataya kay Jesucristo, at pagsisisi, at pagbibinyag para sa kapatawaran ng mga kasalanan, na may pangako ng Espiritu Santo, ayon sa nakasaad sa ikalawang kabanata ng Mga Gawa ng mga Apostol [tingnan sa Mga Gawa 2:38–39].

"Nasiyahan ang babae, at pinuri ang Diyos sa abot-dinig ng mga sundalo, at lumisan, na nagdarasal na pangalagaan at iligtas kami ng Diyos."[22]

*Nagunita ni Dan Jones na noong gabi bago pinaslang ang Propeta sa Carthage Jail ay nangyari ang sumusunod:* "Nagbigay ng makapangyarihang patotoo si Joseph sa mga bantay tungkol sa banal na katotohanan ng Aklat ni Mormon, panunumbalik ng Ebanghelyo, pangangasiwa ng mga anghel, at na ang kaharian ng Diyos ay muling itinatag sa lupa, na siyang dahilan kaya siya ibinilanggo roon, at hindi dahil nilabag niya ang anumang batas ng Diyos o tao."[23]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Repasuhin ang mga pahina 383–86, na binibigyang-pansin ang mga pagsisikap ng mga misyonero na inorganisa sa ilalim ng pamamahala ni Propetang Joseph Smith. Naimpluwensyahan na ba kayo ng gawain ng mga naunang misyonero sa anumang paraan? Kung oo, paano?
- Basahin ang ikalawang buong talata sa pahina 387, at pag-isipan kung bakit naiimpluwensyahan tayo ng pagmamahal sa paraang inilarawan ng Propeta. Ano ang ilang katangiang kailangan natin upang maging epektibong mga misyonero? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 386–87.)
- Repasuhin ang mga salita ni Propetang Joseph Smith tungkol sa kung saan at paano dapat magturo ang mga misyonero (mga pahina 387–91). Bakit natin dapat ipangaral ang "mga pangunahing alituntunin" ng ebanghelyo? Ano ang maaaring ibunga ng pakikipagtalo sa iba tungkol sa relihiyon? Ano sa palagay ninyo ang kahulugan ng "haluan ng awa ang bawat salita" sa pangangaral ng ebanghelyo?
- Repasuhin ang buong ikalawang talata mula sa huli ng pahina 389. Sa anong mga paraan nagabayan ng Espiritu Santo ang mga pagsisikap ninyong ibahagi ang ebanghelyo? Bakit hindi natin maipangaral ang ebanghelyo kung wala ang Espiritu Santo?
- Repasuhin ang mga karanasan ni Joseph Smith na isinalaysay sa mga pahina 391–93. Ano ang matututuhan natin tungkol sa pagbabahagi ng ebanghelyo mula sa mga karanasang ito?
- Sa anong mga paraan tayo aktibong makahahanap ng mga oportunidad para maibahagi ang ebanghelyo sa iba? Sa anong mga paraan natin maihahanda ang ating sarili sa gayong mga oportunidad? Paano natin maisasali ang ating pamilya sa gawaing misyonero?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mateo 28:19–20; 2 Nephi 2:8; Alma 26:26–37; D at T 4:1–7; 31:3–5

## *Mga Tala*

1. *History of the Church,* 2:489; mula sa "History of the Church" (manuskrito), aklat B-1, p. 761, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.
2. Heber C. Kimball, "Synopsis of the History of Heber Chase Kimball," *Deseret News,* Abr. 14, 1858, p. 33; ginawang makabago ang pagbabantas at pagpapalaki ng mga letra.
3. Heber C. Kimball, *Deseret News,* Mayo 21, 1862, p. 370; ginawang makabago ang pagpapalaki ng mga letra.
4. Binanggit ni Orson F. Whitney, sa Conference Report, Okt. 1920, p. 33.
5. Liham ng rekomendasyon na ibinigay ni Joseph Smith at ng iba pa kay Orson Hyde, Abr. 6, 1840, Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Abr. 1840, p. 86.
6. Orson Hyde, *A Voice from Jerusalem, or a Sketch of the Travels and Ministry of Elder Orson Hyde* (1842), p. 29.
7. *History of the Church,* 2:478; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 6, 1837, sa Kirtland, Ohio; iniulat ng *Messenger and Advocate,* Abr. 1837, p. 487.
8. *History of the Church,* 4:226–27; ginawang makabago ang pagbabantas at gramatika; mula sa isang liham ni Joseph Smith sa Labindalawa, Dis. 15, 1840, Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Ene. 1, 1841, p. 258; mali ang petsang Okt. 19, 1840, sa liham na ito, sa *History of the Church*.
9. *History of the Church,* 5:344; ginawang makabago ang pagbabaybay; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 8, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Willard Richards at William Clayton.
10. *History of the Church,* 4:11; mula sa mga tagubiling ibinigay ni Joseph Smith noong Set. 29, 1839, sa Commerce, Illinois; iniulat ni James Mulholland.
11. *History of the Church,* 2:431; mula sa mga tagubiling ibinigay ni Joseph Smith noong Mar. 30, 1836, sa Kirtland, Ohio.
12. Liham ni Joseph Smith at ng iba pa kay Hezekiah Peck, Ago. 31, 1835, Kirtland, Ohio; sa "The Book of John Whitmer," p. 80, Community of Christ Archives, Independence, Missouri; kopya ng "The Book of John Whitmer" sa Church Archives.
13. *History of the Church,* 3:384; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hulyo 2, 1839, sa Montrose, Iowa; iniulat nina Wilford Woodruff at Willard Richards.
14. George A. Smith, "History of George Albert Smith by Himself," p. 36, George Albert Smith, Papers, 1834–75, Church Archives.
15. *History of the Church,* 2:477; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 6, 1837, sa Kirtland, Ohio; iniulat ng *Messenger and Advocate,* Abr. 1837, p. 487.
16. *History of the Church,* 5:404; mula sa isang liham ni Joseph Smith sa editor ng *Times and Seasons,* May 22, 1843, Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Mayo 15, 1843, p. 199; nahuli ang paglalathala sa isyung ito ng *Times and Seasons*.
17. *History of the Church,* 4:13; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Okt. 6, 1839, sa Commerce, Illinois; iniulat ng *Times and Seasons,* Dis. 1839, p. 31.
18. *History of the Church,* 4:128–29; mula sa isang liham ni Joseph Smith kina Orson Hyde at John E. Page, Mayo 14, 1840, Nauvoo, Illinois. Bagaman nakumpleto ni Elder Hyde ang kanyang misyon sa Holy Land, nanatili si Elder Page sa Estados Unidos.
19. Liham ni Joseph Smith kay Emma Smith, Okt. 13, 1832, New York City, New York; Community of Christ Archives, Independence, Missouri.

20. Elizabeth Ann Whitney, "A Leaf from an Autobiography," *Woman's Exponent,* Okt. 1, 1878, p. 71; ginawang makabago ang pagbabaybay, pagbabantas, at pagpapalaki ng mga letra.
21. Edward Stevenson, "The Home of My Boyhood," *Juvenile Instructor,* hulyo 15, 1894, pp. 443–45; ginawang makabago ang pagbabantas at gramatika; binago ang pagkakahati ng mga talata.
22. *History of the Church,* 3:200–201; isang salaysay tungkol sa talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Nob. 4, 1838, malapit sa Ilog Missouri, habang bihag siya mula sa Far West papuntang Independence, Missouri; iniulat ni Parley P. Pratt.
23. *History of the Church,* 6:600; isang salaysay ng mga tagubiling ibinigay ni Joseph Smith noong Hunyo 26, 1844, sa Carthage Jail, Carthage, Illinois; iniulat ni Dan Jones.

# Pamumuhay sa Piling ng Iba nang Mapayapa at May Pagkakasundo

*"Nais nating mamuhay nang mapayapa sa piling ng lahat ng tao."*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Isa sa mga hangarin ng mga sinaunang Banal sa mga Huling Araw ay ang payagan silang ipamuhay ang kanilang relihiyon nang mapayapa. Ngunit saanman sila lumipat, mailap sa kanila ang kapayapaan. Noong 1833, dalawang taon lang matapos ilaan ang lugar na pagtitipunan sa Missouri, pinalayas ng mga mandurumog ang mga Banal sa Jackson County, Missouri (tingnan sa mga pahina 329–30). Ang mga miyembro ng Simbahan ay nakatagpo ng pansamantalang kanlungan sa Clay County, Missouri, at pagkatapos, noong 1836, nagsimula silang lumipat sa hilagang Missouri. Karamihan sa kanila ay nanirahan sa Caldwell County, isang bagong bayang itinatag ng batas ng estado upang matirhan ng mga Banal. Ang Far West, na nagsilbing kabisera ng bayan, ang kalauna'y naging maunlad na tirahan ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Patuloy na nanirahan si Propetang Joseph Smith sa Kirtland, Ohio, ngunit noong Enero 1838, napilitan siyang lumisan, sa takot na mamatay. Kasama ang pamilya, naglakbay siya ng 1,448 kilometro patungong Far West, kung saan nakasama niya ang mga Banal na naninirahan doon. Kalaunan noong 1838, ipinagbili o nilisan ng karamihan sa mga Banal sa Kirtland ang kanilang tahanan at sinundan ang Propeta sa Missouri. Para may matirhan ang mga miyembro ng Simbahan na dumadagsa sa lugar, ang Propeta ay nagtakda ng mga lugar na malapit sa Far West para matirhan ng mga Banal. Noong Hulyo 1838, inilaan ang mga



*Sa Far West, Missouri, nang dakpin ng isang grupo ng sandatahang militar si Joseph Smith, "tinitigan niya sila na masayang nakangiti at, paglapit niya sa kanila, ay isa-isa silang kinamayan."*

batong panulok para sa isang templo sa Far West, na nagbigay ng pag-asa sa mga Banal na may matitirhan silang palagian kung saan magiging masagana at payapa sila. Sa kasamaang-palad, napahiwalay sila sa mga naninirahan sa lugar dahil sa mga problemang katulad ng naranasan nila sa Jackson County, at sa taglagas ng 1838, muling ginulo at sinalakay ng mga mandurumog at militar ang mga Banal sa mga Huling Araw.

Isang araw dinalaw ng Propeta ang kanyang mga magulang sa tahanan nila sa Far West, nang pasukin sila ng isang grupo ng sandatahang militar at sinabing papatayin siya dahil sa isang di-umano'y krimen. Inilarawan ni Lucy Mack Smith, ina ng Propeta, ang galing ni Joseph na magpapayapa:

"Tinitigan sila [ni Joseph] na masayang nakangiti at, paglapit niya sa kanila, isa-isa silang kinamayan sa paraang nakumbinsi sila na wala siyang kasalanan at hindi siya isang kriminal ni isang duwag na mapagkunwari. Tumigil sila at tumitig na para bang multo ang kaharap nila.

"Umupo si Joseph at kinausap sila at ipinaliwanag sa kanila ang mga pananaw at damdamin ng mga taong tinatawag na mga Mormon at ang kanilang layunin, gayundin ang pakikitungo sa kanila ng kanilang mga kaaway sa pagsisimula pa lamang ng Simbahan. Sinabi niya sa kanila na sinusundan sila ng kasamaan at paninira mula nang pumasok sila sa Missouri, ngunit sila ay mga taong kahit kailan ay hindi lumabag sa batas ayon sa kanyang kaalaman. Ngunit kung lumabag man sila, handa silang magpalitis ayon sa batas. . . .

"Pagkatapos nito, tumayo siya at sinabing, 'Inay, palagay ko uuwi na ako. Hinihintay na ako ni Emma.' Dalawa sa mga lalaki ang tumindig, at sinabing, 'Hindi ka aalis mag-isa, sapagkat hindi ligtas. Sasamahan ka namin at babantayan.' Pinasalamatan sila ni Joseph, at sumama sila sa kanya.

"Ang natitirang mga opisyal ay nakatayo sa may pintuan habang wala ang iba, at narinig ko ang pag-uusap nila:

"Unang Opisyal: 'Wala ka bang naramdamang kakaiba nang hawakan ka ni Smith? Ngayon ko lang naramdaman iyon sa tanang buhay ko.'

"Ikalawang Opisyal: 'Parang hindi ako makakilos. Hindi ko sasalingin ni isang buhok sa ulo ng lalaking iyon kahit kailan.'

"Ikatlong Opisyal: 'Ito na ang huling pagkakataong makikita ninyo akong nagbalak na patayin si Joe Smith o ang mga Mormon.'. . .

"Ang mga lalaking iyon na sumama sa aking anak ay nangakong bubuwagin ang militar na nasa ilalim ng kanilang pamamahala at uuwi na, at sinabing kung may maipaglilingkod pa sila sa kanya, babalik sila at susundan siya kahit saan."[1]

Sa pagsasabi ng katotohanan sa mabuti at simpleng paraan, napawi ni Joseph Smith ang maling palagay at poot at nakasundo ang marami sa mga naging kaaway niya.

## Mga Turo ni Joseph Smith

### Sa pagsisikap na maging mga tagapamayapa, makapamumuhay tayo sa piling ng iba nang may higit na pagkakasundo at pagmamahalan.

"Sabi ni Jesus: 'Mapapalad ang mga mapagpayapa: sapagka't sila'y tatawaging mga anak ng Dios.' [Mateo 5:9.] Kaya nga kung may dapat ipagpasalamat ang bansa, ang isang Estado, komunidad, o pamilya, iyon ay ang kapayapaan.

"Kapayapaan, magandang anak ng langit!—kapayapaang gaya ng liwanag mula sa iisang dakilang magulang, nagbibigay-kasiyahan, nagbibigay-inspirasyon, at nagpapaligaya sa mabubuti at masasama, at sa tunay na diwa ng kaligayahan sa lupa, at lubos na kaligayahan sa langit.

"Siya na hindi nagsisikap nang buong kapangyarihan ng katawan at isipan, nang buong impluwensya sa loob at labas ng tahanan—at iniimpluwensyahan din ang iba na gawin ito—upang maghangad ng kapayapaan at panatilihin ito para sa sarili niyang kapakinabangan at kaginhawahan, at para sa karangalan ng kanyang Estado, bayan, at bansa, ay hindi maaangkin ang habag [awa] ng tao; ni hindi siya dapat bigyang-karapatang kaibiganin ng babae o pangalagaan ng pamahalaan.

"Siya ang uod na sumisira sa sarili niyang laman; at buwitreng kumakain sa sarili niyang katawan; at siya, ayon sa sarili niyang



*Sa Sermon sa Bundok, itinuro ng Tagapagligtas, "Mapapalad ang mga mapagpayapa: sapagka't sila'y tatawaging mga anak ng Dios."*

mga layunin at kasaganaan sa buhay, ang [sisira] sa sarili niyang kasiyahan.

"Hindi malayo sa impiyerno sa lupa ang isang komunidad ng gayong mga nilikha, at dapat silang ituring na hindi karapat-dapat sa mga pagsang-ayon ng malaya o sa papuri ng matapang.

"Ngunit ang tagapamayapa, O makinig sa kanya! Sapagkat ang mga salitang nagmumula sa kanyang bibig at kanyang doktrina ay pumapatak na parang ulan, at nagpapadalisay tulad ng hamog. Tulad sila ng marahang hamog sa mga halaman, at ng bahagyang ambon sa damuhan.

"Ang pagbibigay-inspirasyon, kabutihan, pagmamahal, katiwasayan, pagkakawanggawa, kabaitan, habag, pagiging makatao at pakikipagkaibigan ay naghahatid ng lubos na kaligayahan sa buhay: at ang mga tao, na mas mababa nang kaunti sa mga anghel, sa paggamit ng kanilang mga kapangyarihan, pribilehiyo, at kaalaman ayon sa orden, mga patakaran, at tuntunin ng paghahayag, ni Jesucristo, ay magkakasamang namumuhay sa pagkakaisa; at ang matamis na amoy na tinatangay ng hininga ng

kagalakan at kasiyahan mula sa kanilang mabuting ugnayan ay parang nakalulugod na pabango mula sa inilaang langis na ibinuhos sa ulo ni Aaron, o parang masarap na amoy na nagmumula sa bukid ng mga halamang pampalasa ng Arabia. Oo, higit pa riyan, ang tinig ng tagapamayapa—

> "Para itong musika ng mga bituin sa langit—
> Pumapawi sa ating takot, sa kaluluwa'y umaakit;
> Ginagawang Paraiso ang mundo,
> At mas mahalagang perlas ang mga tao."[2]

"Pinakamamahal na mga kapatid, patuloy na magmahalan; mamuhay sa kahinahunan, na laging nagdarasal, upang hindi kayo madaig. Gawin ang mga bagay na pumapayapa, tulad ng sabi ng pinakamamahal nating kapatid na Pablo, upang kayo ay maging mga anak ng ating Ama sa Langit [tingnan sa Mga Taga Roma 14:19]."[3]

"Ang pagiging makatao sa lahat, ang katwiran at kapinuhang maghahatid ng kabutihan, at kabutihang isinukli sa kasamaan ay . . . lubos na nilayon upang gamutin ang mas maraming sakit ng lipunan kaysa manawagang makipaglaban, o makipagtalo at balewalain ang pagkakaibigan. . . . Ang ating sawikain, kung gayon, ay Kapayapaan sa lahat! Kung nagagalak tayo sa pag-ibig ng Diyos, sikapin nating bigyan ng dahilan ang kagalakang iyan, na hindi kayang salungatin o tanggihan ng buong mundo."[4]

"Nais nating mamuhay nang mapayapa sa piling ng lahat ng tao."[5]

---

## Magkakaroon tayo ng kapayapaan sa paggalang sa isa't isa at pagtangging humanap ng kamalian.

"[Umaasa] kami na ang ating mga kapatid ay magiging sensitibo sa damdamin ng isa't isa, at mamumuhay sa pagmamahal, na iginagalang ang isa't isa nang higit kaysa sarili, tulad ng iniutos ng Panginoon."[6]

"Ang taong naghahangad gumawa ng mabuti, ay dapat nating purihin sa kanyang kabaitan, at huwag pag-usapan ang kanyang mga kamalian nang talikuran."[7]

"Sa mundong ito ngayon, natural sa sangkatauhan ang maging sakim, ambisyoso at magpilit na higitan ang isa't isa; subalit ang ilan ay handang patatagin ang iba pati na ang sarili nila."[8]

"Hayaang ipagtapat ng Labindalawa at ng lahat ng Banal ang lahat ng kanilang mga kasalanan, at huwag maglihim; at hayaan [silang] maging mapagpakumbaba, at hindi mapagmataas, at mag-ingat sa kayabangan, at huwag maghangad na higitan ang isa't isa, kundi hangarin ang kabutihan ng isa't isa, at ipagdasal ang isa't isa, at igalang ang ating kapatid o purihin ang kanyang pangalan, at huwag siyang labanan nang talikuran at siraan."[9]

"Kung iwawaksi ninyo ang lahat ng pagsasalita ng masama, paninirang-puri, at masasamang isipan at damdamin: magpapakumbaba, at lilinangin ang bawat alituntunin ng kabutihan at pagmamahal, mapapasainyo ang mga pagpapala ni Jehova, at masasaksihan pa ninyo ang mabuti at maluwalhating mga panahon; ang kapayapaan ay nasa loob ng inyong bakuran, at kasaganaan ang nasa inyong mga hangganan."[10]

---

## Magkakaroon tayo ng pagkakasundo sa ating mga komunidad sa pamamagitan ng paggalang sa kalayaan ng lahat ng tao na maniwala ayon sa sarili nilang budhi.

*Mga Saligan ng Pananampalataya 1:11:* "Inaangkin namin ang natatanging karapatang sambahin ang Pinakamakapangyarihang Diyos alinsunod sa mga atas ng aming sariling budhi, at pinahihintulutan ang lahat ng tao ng gayon ding karapatan, hayaan silang sumamba, kung paano, kung saan, kung anuman ang ibig nila."[11]

"Ipinapalagay namin na ito ay makatwirang alituntunin, at isa ito sa mga bagay na pinaniniwalaan naming dapat pag-isipan nang husto ng bawat tao, na lahat ng tao ay nilikhang pantay-pantay, at lahat ay may pribilehiyong mag-isip para sa kanilang sarili tungkol sa lahat ng bagay na may kinalaman sa budhi. Kaya nga, kung gayon, wala tayong karapatan, walang kapangyarihan, na alisan ang sinuman ng kalayaan ng isipan na buong awang ipinagkaloob ng langit sa pamilya ng tao bilang isa sa pinakapiling mga kaloob nito."[12]

"Taglay ko ang pinakamalayang mga kuru-kuro, at pagmamahal sa kapwa sa lahat ng sekta, panig, at relihiyon; at ang mga karapatan at kalayaan ng budhi, ay itinuturing kong napakasagrado at mahalaga, at hindi ko kinamumuhian ang sinumang taong kakaiba ang paniniwala sa akin."[13]

"Mapapatotohanan ng mga Banal kung handa akong magbuwis ng buhay para sa aking mga kapatid. Kung naipamalas na na handa akong mamatay para sa isang 'Mormon,' matapang kong ipinahahayag sa harap ng Langit na handa rin akong mamatay sa pagtatanggol sa mga karapatan ng isang Presbyterian, Baptist, o isang mabuting tao ng ibang relihiyon; sapagkat ang mga alituntuning yuyurak sa mga karapatan ng mga Banal sa mga Huling Araw ay yuyurak sa mga karapatan ng mga Romano Katoliko, o ng iba pang relihiyon na maaaring hindi popular at napakahina para ipagtanggol ang kanilang sarili.

"Pagmamahal sa kalayaan ang nagbibigay-inspirasyon sa aking kaluluwa—kalayaan ng tao at relihiyon sa buong sansinukob. Ang pagmamahal sa kalayaan ay itinanim ng aking mga ninuno sa aking kaluluwa habang nilalaro nila ako sa kanilang kandungan. . . .

"Kung ipapalagay kong mali ang sangkatauhan, dapat ko ba silang pahirapan? Hindi. Pasisiglahin ko sila, at sa sarili din nilang paraan, kung hindi ko sila mahihikayat na mas mainam ang aking paraan; at hindi ko hahangaring pilitin ang sinuman na paniwalaan ang pinaniniwalaan ko, kundi sa pamamagitan lamang ng katwiran, sapagkat ang katotohanan ay gagawa ng sariling paraan."[14]

"Dapat tayong laging mag-ingat sa mga maling palagay na iyon na kung minsan ay lubhang nagpupumilit, at likas na sa tao, na laban sa ating mga kaibigan, kapitbahay, at kapatid sa mundo, na piniling maging kaiba sa atin sa palagay at sa pananampalataya. Ang ating relihiyon ay sa pagitan natin at ng ating Diyos. Ang kanilang relihiyon ay sa pagitan nila at ng kanilang Diyos."[15]

"Kapag nakakakita tayo ng magagandang katangian sa mga tao, dapat nating purihin itong lagi, hayaan natin sila sa sarili nilang pag-unawa sa mga paniniwala at doktrina; sapagkat lahat ng tao

ay dapat maging malaya, na nagtataglay ng di-matitinag na mga karapatan, at ang matataas at mararangal na katangian ng mga batas ng kalikasan at kaligtasan ng sarili, upang isipin at gawin at sabihin ang gusto nila, habang iginagalang nila ang mga karapatan at pribilehiyo ng lahat ng iba pang nilikha, na hindi nanghihimasok sa kaninuman. Ang doktrinang ito ay lubos kong sinasang-ayunan at sinusunod."[16]

"Lahat ng tao ay may karapatan sa kanilang kalayaan, sapagkat inorden iyon ng Diyos. Ginawa Niyang malaya ang sangkatauhan, at binigyan sila ng kapangyarihang piliin ang mabuti o masama; hangarin ang mabuti, sa pamamagitan ng pagtahak sa landas ng kabanalan sa buhay na ito, na naghahatid ng kapayapaan ng isipan, at kagalakan sa Espiritu Santo rito, at kaganapan ng kagalakan at kaligayahan sa Kanyang kanang kamay sa kabilang buhay; o tumahak sa masamang landas, patuloy na magkasala at maghimagsik laban sa Diyos, na sa gayo'y maghatid ng parusa sa kanilang mga kaluluwa sa mundong ito, at walang hanggang kawalan sa mundong darating. Dahil binigyan ng Diyos ng langit ng pagpipilian ang bawat tao, ayaw nating ipagkait iyon sa kanila. Nais lamang nating maging tapat na tagasubaybay, na sumasang-ayon sa salita ng Panginoon kay Ezekiel na propeta (Ezekiel kab. 33, mga talata 2, 3, 4, 5), at hayaan ang iba na gawin kung ano ang iniisip nilang makakabuti sa kanila."[17]

"Isa sa mga unang alituntunin ko sa buhay, na natutuhan ko sa aking pagkabata, na itinuro ng aking ama, ay bigyang-laya ang budhi ng bawat tao. . . . Sa palagay ko lagi akong handang mamatay para pangalagaan ang mahihina at api sa makatwiran nilang mga karapatan."[18]

"Huwag pakialaman ang relihiyon ng sinumang tao: lahat ng pamahalaan ay dapat tulutan ang bawat tao na maging malaya sa kanyang relihiyon nang walang gumagambala. Walang taong binigyang-karapatang kumitil ng buhay dahil sa pagkakaiba ng relihiyon, na dapat pagbigyan at pangalagaan ng lahat ng batas at pamahalaan, tama man o mali."[19]

"Lilinangin . . . natin ang kapayapaan at pagkakaibigan sa lahat, hindi makikialam sa iba, at lubos tayong magtatagumpay,

na iginagalang, dahil, sa paggalang sa iba ay iginagalang natin ang ating sarili."[20]

"Bagaman kailanma'y hindi ko naisip ipilit ang aking doktrina sa sinuman, nagagalak akong makita na nabibigyang-daan ng maling palagay ang katotohanan, at ang mga tradisyon ng mga tao ay nawala dahil sa dalisay na mga alituntunin ng Ebanghelyo ni Jesucristo."[21]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Repasuhin ang kuwento tungkol kay Joseph Smith na kausap ang mga miyembro ng militar (mga pahina 397–400). Sa inyong palagay bakit nanatiling mahinahon ang Propeta sa sitwasyong ito? Pag-isipan ang iba pang mga halimbawang nakita ninyo na nagpanatiling mahinahon at payapa sa mga tao sa mahihirap na sitwasyon. Ano ang bunga ng mga ginawa ng mga taong ito?
- Repasuhin ang mga pahina 400–2, na naghahanap ng mga salita at talatang ginamit ng Propeta para ilarawan ang kapayapaan at mga tagapamayapa. Anong mga katangian ang makatutulong sa atin upang maging mga tagapamayapa sa ating mga tahanan at komunidad?
- Basahin ang huling talata sa pahina 402. Ano ang pakiramdam ninyo kapag naghahanap kayo ng mga kamalian ng ibang tao? Ano ang pakiramdam ninyo kapag naghahanap kayo ng magagandang katangian sa iba? Sa inyong palagay ano ang pakiramdam ng ibang tao kapag nag-uukol kayo ng oras na kilalanin ang kanilang mabubuting katangian?
- Basahin ang unang talata sa pahina 403. Sa paanong paraan natin masusuportahan ang isa't isa? Ano ang nagawa ng ibang tao para suportahan kayo? Sa anong mga paraan humahantong sa kapayapaan ang gayong mga gawain?

- Repasuhin ang mga pahina 403–6, na hinahanap ang mga turo ng Propeta tungkol sa kung paano natin dapat pakitunguhan ang mga taong iba ang relihiyon kaysa sa atin. Ano ang mga paraan na maigagalang natin ang mga karapatan ng iba na "sumamba, kung paano, kung saan, kung anuman ang ibig nila"?
- Repasuhin ang huling talata sa pahina 406. Paano natin maibabahagi ang ipinanumbalik na ebanghelyo sa iba habang iginagalang ang kanilang mga paniniwala?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mga Taga Efeso 4:31–32; Mosias 4:9–16; 4 Nephi 1:15–16; D at T 134:2–4, 7

## *Mga Tala*

1. Lucy Mack Smith, "The History of Lucy Smith, Mother of the Prophet," 1844–45 manuskrito, aklat 15, pp. 8–10, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.
2. *History of the Church,* 6:245–46; ginawang makabago ang pagbabantas at gramatika; mula sa "A Friendly Hint to Missouri," isang artikulong isinulat sa ilalim ng pamamahala ni Joseph Smith, Mar. 8, 1844, Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Mar. 15, 1844, p. 473.
3. Liham ni Joseph Smith at ng iba sa mga miyembro ng Simbahan sa Thompson, Ohio, Peb. 6, 1833, Kirtland, Ohio; Letter Book 1, 1829–35, p. 26, Joseph Smith, Collection, Church Archives.
4. *History of the Church,* 6:219–20; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa "Pacific Innuendo," isang artikulong isinulat sa ilalim ng pamamahala ni Joseph Smith, Peb. 17, 1844, Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Peb. 15, 1844, p. 443; nahuli ang paglalathala sa isyung ito ng *Times and Seasons*.
5. *History of the Church,* 2:122; mula sa isang liham ni Joseph Smith at ng iba pa kay John Lincoln at sa iba pa, Hunyo 21, 1834, Clay County, Missouri, inilathala sa *Evening and Morning Star,* Hulyo 1834, p. 176.
6. *History of the Church,* 1:368; mula sa isang liham ni Joseph Smith at ng kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan kay William W. Phelps at sa mga kalalakihan sa Missouri, Hunyo 25, 1833, Kirtland, Ohio.
7. *History of the Church,* 1:444; mula sa isang journal entry ni Joseph Smith, Nob. 19, 1833, Kirtland, Ohio.
8. *History of the Church,* 5:388; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mayo 14, 1843, sa Yelrome, Illinois; iniulat ni Wilford Woodruff.
9. *History of the Church,* 3:383–84; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hulyo 2, 1839, sa Montrose, Iowa; iniulat nina Wilford Woodruff at Willard Richards.
10. *History of the Church,* 4:226; mula sa isang liham nina Joseph Smith at Hyrum Smith sa mga Banal sa Kirtland, Ohio, Okt. 19, 1840, Nauvoo, Illinois.
11. Mga Saligan ng Pananampalataya 1:11.
12. *History of the Church,* 2:6–7; mula sa "The Elders of the Church in Kirtland, to Their Brethren Abroad," Ene. 22, 1834, inilathala sa *Evening and Morning Star*, Peb. 1834, p. 135.
13. Liham ni Joseph Smith kay Isaac Galland, Mar. 22, 1839, Liberty Jail, Liberty, Missouri, inilathala sa *Times and Seasons,* Peb. 1840, pp. 55–56.

14. *History of the Church,* 5:498–99; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hulyo 9, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Willard Richards; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
15. *History of the Church,* 3:303–4; mula sa isang liham ni Joseph Smith at ng iba pa kay Edward Partridge at sa Simbahan, Mar. 20, 1839, Liberty Jail, Liberty, Missouri.
16. *History of the Church,* 5:156; ginawang makabago ang pagbabantas; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang liham ni Joseph Smith kay James Arlington Bennet, Set. 8, 1842, Nauvoo, Illinois; mali ang pagbabaybay na "Bennett" sa apelyido ni James Bennet sa *History of the Church*.
17. *History of the Church,* 4:45, talababa; ginawang makabago ang pagbabantas at gramatika; mula sa isang liham ng Unang Panguluhan at high council sa mga Banal na naninirahan sa kanluran ng Kirtland, Ohio, Dis. 8, 1839, Commerce, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Dis. 1839, p. 29.
18. *History of the Church,* 6:56–57; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Okt. 15, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Willard Richards; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
19. *History of the Church,* 6:304; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 7, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Wilford Woodruff, Willard Richards, Thomas Bullock, at William Clayton; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
20. *History of the Church,* 6:221; mula sa isang liham ni Joseph Smith sa editor ng *Nauvoo Neighbor,* Peb. 10, 1844, Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Nauvoo Neighbor,* Peb. 21, 1844; mali ang petsang Peb. 19, 1844, sa liham na ito, sa *History of the Church.*
21. *History of the Church,* 6:213; ginawang makabago ang pagbabantas; mula sa isang liham ni Joseph Smith kay Joseph L. Heywood, Peb. 13, 1844, Nauvoo, Illinois.

# Magiting sa Layon ni Cristo

*"Itinataguyod ko ang layon ni Cristo."*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Noong Oktubre 1838, umabot sa sukdulan ang pag-aaway ng mga Banal na naninirahan sa hilagang Missouri at ng mga mandurumog at militar. Noong ika-27 ng buwang iyon, nagpalabas si Missouri governor Lilburn W. Boggs ng isang kasumpa-sumpang utos sa kumander ng militar ng estado: "Dapat ituring na kaaway ang mga Mormon at *dapat silang lipulin* o palayasin mula sa estado, kung kailangan para sa ikabubuti ng bayan. Hindi mailarawan ang kanilang kalupitan."[1] Makaraan ang tatlong araw, isang malaking grupo ng sandatahang militar ang nagkampo malapit sa Far West, Missouri, ang kinaroroonan ng headquarters ng Simbahan, at naghandang sumalakay sa lungsod.

Sa labis na pag-aalala sa kaligtasan ng mga Banal sa mga Huling Araw, pumayag si Joseph Smith at ang iba pang mga lider ng Simbahan na kausapin ang mga opisyal ng militar noong Oktubre 31 upang makipagkasundo tungkol sa kapayapaan. Gayunman, nang papalapit na sila sa kampo ng militar, biglang dinakip ang Propeta at kanyang mga kasama. Pagkatapos ay dinala sila sa kampo, kung saan pinilit silang humimlay nang buong magdamag sa malamig na sahig sa nagyeyelong unos habang nagsisigawan at nagmumura ang mga bantay. Nang ipasiya ng mga opisyal na dalhin ang mga bilanggo sa Independence, Missouri, nakiusap si Joseph at ang kanyang mga kasama na payagan silang makita ang kanilang mga pamilya.

"Naabutan kong nag-iiyakan ang aking asawa at mga anak," pagsulat ng Propeta, "sa takot na baka nabaril na kami ng mga taong sumumpa na papatayin kami, at hindi na nila ako makita. . . . Sino ang makakaunawa ng nararamdaman ko sa



*Sa Richmond, Missouri, ilang oras na nakinig sa isang grupo ang mga nakabilanggong lider ng Simbahan sa pagyayabang ng mga tanod nila tungkol sa mga pagsalakay sa mga Banal. Biglang nagbangon si Joseph Smith at nagsabi, "Sa pangalan ni Jesucristo, pinagsasabihan ko kayo, at inuutusang manahimik."*

sandaling iyon, na mapawalay sa aking kabiyak, at iwanan siyang napaliligiran ng mga taong mistulang halimaw, at sa mga anak ko rin, na hindi alam kung saan kukunin ang kanilang mga pangangailangan; habang inilalayo ako sa kanila ng aking mga kaaway para patayin kung kailan nila gusto. Humagulgol ang aking asawa, mahigpit akong niyakap ng aking mga anak, hanggang sa ilayo sila sa akin ng mga espada ng mga tanod."[2]

Pagkaraang makulong sa loob ng maikling panahon sa Independence, dinala ang Propeta at iba pang mga lider ng Simbahan sa Richmond, Missouri, kung saan sila ikinulong sa isang lumang bahay na yari sa troso, sama-samang itinali, at binantayan nang husto. Mananatiling nakabilanggo ang Propeta sa Richmond nang mga tatlong linggo bago ilipat sa bilangguan sa Liberty, Missouri. Bagaman nakakatakot ang sitwasyon, sumulat ang Propeta kay Emma pagkarating sa Richmond: "Kami ay mga bilanggong nakatanikala at may matitipunong tanod nang dahil kay Cristo at wala nang iba. . . . Nakatali si Brother [George W.] Robinson sa tabi ko; tapat ang kanyang puso at matatag ang isipan. Sumunod si Brother [Lyman] Wight, kasunod si Brother [Sidney] Rigdon, kasunod si Hyrum [Smith], kasunod si Parley [P. Pratt], kasunod si Amasa [Lyman], at sa gayong paraan kami itinali sa isa't isa gamit ang mga tanikala at gayundin ng mga tali ng walang hanggang pagmamahal. Masigla ang aming pakiramdam at nagagalak kaming mapabilang sa mga karapat-dapat pahirapan alang-alang kay Cristo."[3]

Sa isa sa malalamig at mahahabang gabi, humiga ang mga lalaki sa sahig hanggang sa lumipas ang hatinggabi, na hindi sila makatulog dahil ipinagyayabang ng mga tanod ang pagsalakay nila sa mga Banal kamakailan, pati na ang mga pagnanakaw, panggagahasa, at pagpatay. Ikinuwento ni Elder Parly P. Pratt: "Nakinig ako hanggang sa mainis ako, masindak, manghilakbot, at mapuspos ng galit na halos hindi ko maiwasang tumindig at pagsabihan ang mga bantay; ngunit wala akong sinabi kay Joseph, o kaninuman, bagaman nakahiga ako sa tabi niya at alam kong gising siya. Bigla siyang tumayo, at nagsalita sa isang dumadagundong na tinig, o tulad ng umaatungal na leon, na sinasabi, ang sumusunod na mga salita na ayon sa naaalala ko:

" '*TUMAHIMIK*. . . . Sa pangalan ni Jesucristo ay pinagsasabihan ko kayo, at inuutusang manahimik; hindi ako mabubuhay ng isa pang minuto at pakikinggan ang ganyang pananalita. Ihinto ninyo ang ganyang salita, dahil kung hindi kayo o ako ay mamamatay *NGAYON DIN*!'

"Huminto siya sa pagsasalita. Tumayo siya nang matuwid na may nakasisindak na kamaharlikahan. Nakatanikala, at walang armas; mahinahon, hindi nababalisa at marangal na tulad ng isang anghel, tiningnan niya ang mga nanliliit sa takot na tanod, habang ibinababa ang mga armas at binitiwan ito sa lupa; na nangatiklop ang mga tuhod, at nanliit sa isang sulok, o yumukyok sa kanyang paanan, at hiningi ang kanyang patawad, at nanatiling tahimik hanggang sa magpalit ng mga tanod."[4]

## Mga Turo ni Joseph Smith

### Ang magiting ay masayang ginagawa ang lahat ng magagawa nila, maging sa oras ng problema.

*Noong Setyembre 1839, nang simulan ng mga Banal ang mahirap na pagtatatag ng lungsod ng Nauvoo, Illinois, sumulat ang Propeta sa isang miyembro ng Simbahan sa Kirtland, Ohio:* "Tungkol sa sitwasyon ng Simbahan dito, umaayon naman sa amin ang pagkakataon tulad ng dapat asahan. . . . May ilang pamilyang nakatipon na rito; at inaasahan naming magpapatuloy ito, lalo na nang malaman namin na hindi dumarami ang nagkakasakit dito, kahit may mga pagsubok sa amin, at lantad kami sa mga paghihirap. Batay sa ginagawa namin, sa awa at kapangyarihan ng Diyos sa amin, umaasa kaming makapagpatuloy sa bawat mabuti at makabuluhang gawain, maging hanggang wakas, upang kapag kami ay tinimbang ay hindi kami kulangin."[5]

*Noong Setyembre 1842, isinulat ng Propeta ang sumusunod sa isang liham sa Simbahan, na kalaunan ay itinala sa Doktrina at mga Tipan 128:19, 22:* "Ngayon, ano ang ating naririnig sa ebanghelyo na ating natanggap? Isang tinig ng kagalakan! Isang tinig ng awa mula sa langit; at isang tinig ng katotohanan mula sa lupa; masasayang balita para sa mga patay; isang tinig ng kagalakan para sa mga buhay at sa mga patay; masasayang balita

ng labis na kagalakan. . . . Mga kapatid, hindi ba tayo magpapatuloy sa isang napakadakilang adhikain? Sumulong at huwag umurong. Lakas ng loob, mga kapatid; at humayo, humayo tungo sa tagumpay! Magsaya sa inyong mga puso, at labis na magalak."[6]

*Sinabi ng Propeta tungkol sa pag-unlad ng Simbahan noong 1831:* "Malinaw na binigyan tayo ng Panginoon ng kapangyarihan ayon sa gawaing dapat gawin, at lakas ayon sa gawaing nasa ating harapan, at awa at tulong ayon sa ating mga pangangailangan."[7]

---

### Itinataguyod ng taong magiting ang layon ni Cristo at sinisikap magkaroon ng mga katangian ni Cristo.

"Itinataguyod ko ang layon ni Cristo at ang kabutihan, kalinisang-puri, at matwid at matatag na pag-uugali, at isang banal na pamumuhay."[8]

"Naniniwala ako sa pamumuhay nang mabuti, matwid at banal na buhay sa harapan ng Diyos at palagay ko'y tungkulin kong hikayatin ang lahat ng taong sakop ng aking kapangyarihan na gawin din ang gayon, upang tumigil sila sa paggawa ng kasamaan at matutong gumawa ng kabutihan, at lansagin ng katuwiran ang kanilang mga kasalanan."[9]

"Sa pagpapatatag ng ating pananampalataya sa pamamagitan ng pagdaragdag ng bawat mabuting katangiang nagpapaganda sa mga anak ng pinagpalang si Jesus, makapagdarasal tayo sa panahon ng pagdarasal; maaari nating mahalin ang ating kapwa gaya ng ating sarili, at maging tapat sa oras ng paghihirap, batid na higit ang gantimpala sa gayon sa kaharian ng langit. Kaylaking kaaliwan! Kaylaking kagalakan! Hayaan ninyong mamuhay ako sa kabutihan, at hayaang matanggap ko ang gantimpalang gaya ng sa kanya!

". . . Kabutihan ang dapat maging layunin ng mga Banal sa lahat ng bagay, at kapag nailathala na ang [Doktrina at mga Tipan], malalaman nila na mga dakilang bagay ang dapat asahan mula sa kanila. Gawin ang mabuti at gumawa ng kabutihan na may matang nakatuon sa kaluwalhatian ng Diyos, at aanihin ninyo ang inyong gantimpala kapag ginantimpalaan ng

Panginoon ang bawat isa ayon sa kanyang ginawa. . . . Sa pangalan ni Jesucristo, isinasamo namin sa inyo na mamuhay nang karapat-dapat para sa mga pagpapalang kasunod ng maraming paghihirap, upang lubos na masiyahan ang mga kaluluwa nila na mananatiling tapat hanggang wakas."[10]

"Mula ngayon, hayaang manaig at managana sa inyo ang katotohanan at kabutihan; at sa lahat ng bagay maging mahinahon; umiwas sa paglalasing, at sa pagmumura, at sa lahat ng kalapastanganan, at sa lahat ng hindi matwid o hindi banal; gayundin sa pagkapoot, at pagkamuhi, at pag-iimbot, at sa bawat hangarin na hindi banal. Maging tapat sa isa't isa, sapagkat tila nagkukulang ang ilan sa mga bagay na ito, at ang ilan ay walang awa, at nagpapakita ng kasakiman. . . . Namumuhi ang Diyos sa gayong klaseng mga tao—at magdurusa din sila sa plano ng buhay, sapagkat umiikot ito at walang makakahadlang. Mananatiling buhay ang Sion, bagaman para itong patay."[11]

"Bilang isang taong labis na naghahangad ng kaligtasan ng tao, hayaan ninyong ipaalala ko sa inyong lahat na maging lubhang masigasig para sa kabutihan, kabanalan, at mga utos ng Panginoon. Maging mabuti, maging matalino, maging makatarungan, maging mapagbigay; at higit sa lahat, maging maawain, laging nananagana sa mabubuting gawa. At nawa'y sumainyong lahat ang kalusugan, kapayapaan, at pag-ibig ng ating Diyos Ama, at biyaya ng ating Panginoong Jesucristo, ang taimtim na dalangin ng inyong tapat na kapatid at kaibigan sa walang hanggang Ebanghelyo."[12]

"Maging mahinahon at mapagpakumbaba, matwid at dalisay; suklian ng kabutihan ang kasamaan. . . . Maging mapagpakumbaba at matiyaga sa lahat ng sitwasyon sa buhay; sa gayo'y magiging higit na maluwalhati ang ating tagumpay."[13]

"Nais naming payuhan ang ating mga kapatid nang may katapangan, na maging mapagpakumbaba at madasalin, na tunay na mamuhay bilang mga anak ng kaliwanagan at ng araw, nang kaawaan sila na mapaglabanan ang bawat tukso, at madaig ang bawat kasamaan sa karapat-dapat na pangalan ng ating Panginoong Jesucristo."[14]

**Ang magiting ay nagsisikap maging higit na mabuti habang nabubuhay.**

"Ang pagmumuni-muni na lahat ay tatanggap ayon sa sarili niyang kasipagan at tiyaga habang nasa ubasan, ay dapat magbigay-inspirasyon sa lahat ng natawag na maging lingkod ng masasayang balitang ito, upang mapag-ibayo ang kanyang talento nang magtamo siya ng iba pang mga talento, upang kapag naupo ang Panginoon para dinggin ang salaysay ng mga ginawa ng Kanyang mga alagad, ay masasabing, Mabuting gawa, mabuti at tapat na alipin: nagtapat ka sa kakaunting bagay, pamamahalain kita sa maraming bagay; pumasok ka sa kagalakan ng iyong Panginoon [Mateo 25:21]. . . .

". . . Walang anumang dapat makahadlang sa atin sa pagpapamalas na tayo ay kalugud-lugod sa paningin ng Diyos, ayon sa Kanyang banal na hinihiling. Karaniwa'y nalilimutan ng mga tao na sila ay umaasa sa langit para sa bawat biyayang tinulutang matamasa nila, at na sa bawat oportunidad na ibinigay sa kanila ay dapat silang magsulit. Alam ninyo, mga kapatid, na nang tawagin ng Panginoon sa talinghaga ng mga alipin ang kanyang mga alipin sa kanyang harapan binigyan niya sila ng ilang talentong palalaguin habang wala siya sa maikling panahon, at pagbalik niya ay tinawag niya sila para magsulit [tingnan sa Mateo 25:14–30]. Ganito rin ngayon. Maikling panahon lamang mawawala ang ating Panginoon, at sa huli'y tatawagin Niya ang bawat isa upang magsulit; at sa pinagbigyan ng limang talento, sampu ang hihilingin; at siya na hindi nagpalago ay palalayasin dahil sa pagiging isang alipin na walang pakinabang, habang ang matatapat ay magtatamasa ng walang hanggang mga parangal. Kung gayon tapat naming isinasamo na sumainyo ang awa ng ating Ama, sa pamamagitan ni Jesucristo na Kanyang Anak, upang hindi kayo manghina sa oras ng tukso, ni hindi madaig sa oras ng paghihirap."[15]

"Pagkatapos ng tagubiling ito, kayo na ang mananagot para sa sarili ninyong mga kasalanan; kanais-nais na karangalan na dapat kayong mamuhay sa harapan ng ating Ama sa langit upang iligtas ang inyong sarili; responsibilidad nating lahat sa Diyos ang



*"Siya na hindi nagpalago ay palalayasin dahil sa pagiging isang alipin na walang pakinabang, habang ang matatapat ay magtatamasa ng walang hanggang mga parangal."*

paraan ng pagpapaibayo natin ng liwanag at katalinuhang ibinigay ng ating Panginoon upang mailigtas natin ang ating sarili."[16]

## Ang magiting ay tapat na nagtitiis hanggang wakas at tatanggap ng korona ng kaluwalhatiang selestiyal.

"Ang tiwala natin ay nasa Diyos, at determinado tayo, ayon sa Kanyang awa, na manatiling tapat sa layon hanggang wakas, nang tayo ay putungan ng mga korona ng kaluwalhatiang selestiyal, at pumasok sa kapahingahang nakahanda para sa mga anak ng Diyos."[17]

"Makibaka kayo ng mabuting pakikibaka ng pananampalataya nang makamtan ninyo ang koronang nakahanda para sa mga taong nagtitiis nang tapat hanggang sa wakas ng kanilang pagsubok [tingnan sa II Kay Timoteo 4:7–8]. Sa gayon maging tapat sa natanggap ninyo nang bukas-palad mula sa kamay ng Diyos upang sa panahon ng kaginhawahan ay hindi mabalewala ang inyong pagsisikap, kundi makapahinga kayo mula sa inyong mga gawain at magkaroon ng lubos na kagalakan sa kaharian ng Diyos."[18]

"Magiging mabait kayo. Banal ang pagtitiyaga, marangal ang pagsunod, maawain ang pagpapatawad, at maka-Diyos ang kadakilaan; at siya na mananatiling matapat hanggang wakas ay hindi pagkakaitan ng kanyang gantimpala. Ang mabuting tao ay titiisin ang lahat ng bagay upang papurihan si Cristo, at tatalikuran pa ang buong mundo, at lahat ng narito, upang iligtas ang kanyang kaluluwa."[19]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Basahin ang kuwento nang pagsabihan ni Joseph Smith ang mga tanod sa mga pahina 411–12. Paano nakaapekto ang kuwentong ito sa inyong damdamin tungkol kay Joseph Smith?
- Sinabi ni Joseph Smith na ang ebanghelyo ay "tinig ng kagalakan" at ipinahayag, "Magsaya sa inyong mga puso, at labis na magalak" (mga pahina 412–13). Sa anong mga paraan nakatutulong ang kaalaman natin sa ebanghelyo para tayo maging masaya at "labis na magalak" kahit sa mga panahon ng paghihirap?
- Basahin ang unang buong talata sa pahina 413. Ano sa palagay ninyo ang kahulugan ng tumanggap ng "kapangyarihan ayon sa gawaing dapat gawin"? Anong mga halimbawa ang naaalala ninyo na naglalarawan ng katotohanang ito?

- Repasuhin ang ikaapat na talata sa pahina 413. Ano ang ilang katangiang inaasahan ninyo sa isang taong nagsasabing "itinataguyod niya ang layon ni Cristo"? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 413–14.)
- Habang pinag-aaralan ninyo ang payo ni Propetang Joseph Smith sa mga pahina 415–16, isipin ang isang bagay sa buhay ninyo na kailangan pang paghusayin. Ipasiya kung ano ang inyong gagawin upang mapanagutan ang pagpapahusay na iyon.
- Repasuhin ang huling dalawang talata ng kabanata (pahina 417). Ano ang ilang gantimpala sa mga taong "nakikibaka ng mabuting pakikibaka ng pananampalataya"? Paano tayo sinisikap hikayatin ng ilang tao na huwag "masyadong magpakabait"? Paano tayo tutugon sa gayong mga pamimilit?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Deuteronomio 31:6; II Kay Timoteo 1:7–8; 2 Nephi 31:19–20; Mosias 5:15; D at T 59:23

## *Mga Tala*

1. Lilburn W. Boggs, sinipi sa *History of the Church,* 3:175; mula sa mga utos kay John B. Clark, Okt. 27, 1838, Jefferson City, Missouri.
2. *History of the Church,* 3:193; mula sa "Extract, from the Private Journal of Joseph Smith Jr.," *Times and Seasons,* Nob. 1839, p. 6.
3. Liham ni Joseph Smith kay Emma Smith, Nob. 12, 1838, Richmond, Missouri; Community of Christ Archives, Independence, Missouri.
4. Parley P. Pratt, *Autobiography of Parley P. Pratt,* ed. Parley P. Pratt Jr. (1938), pp. 210–11; inalis ang pagkakahilig ng mga salita.
5. *History of the Church,* 4:8–9; nasa orihinal ang mga salitang naka-bracket; ginawang makabago ang gramatika; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang liham ni Joseph Smith kay Isaac Galland, Set. 11, 1839, Commerce, Illinois.
6. Doktrina at mga Tipan 128:19, 22; isang liham ni Joseph Smith sa mga Banal, Set. 6, 1842, Nauvoo, Illinois.
7. *History of the Church,* 1:176; mula sa "History of the Church" (manuskrito), aklat A-1, p. 118, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.
8. Liham ni Joseph Smith kay William W. Phelps, Hulyo 31, 1832, Hiram, Ohio; Joseph Smith, Collection, Church Archives.
9. Liham ni Joseph Smith sa editor ng *Chester County Register and Examiner,* Ene. 22, 1840, Brandywine, Pennsylvania; hawak ng may-ari ang orihinal; ang liham ay inilathala sa pahayagan noong Peb. 11, 1840.
10. *History of the Church,* 2:229–30, talababa; mula sa "To the Saints Scattered Abroad," *Messenger and Advocate,* Hunyo 1835, pp. 137–38.
11. *History of the Church,* 3:233; mula sa isang liham ni Joseph Smith sa mga miyembro ng Simbahan sa Caldwell County, Missouri, Dis. 16, 1838, Liberty Jail, Liberty, Missouri.

12. *History of the Church,* 5:417; mula sa isang liham ng rekomendasyon na ibinigay ni Joseph Smith kay Brigham Young, Hunyo 1, 1843, Nauvoo, Illinois.
13. *History of the Church,* 6:411; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong May 26, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Thomas Bullock.
14. Liham ni Joseph Smith at ng mga high priest sa mga kalalakihan sa Geneseo, New York, Nob. 23, 1833, Kirtland, Ohio, Church Archives.
15. *History of the Church,* 2:6, 23–24; mula sa "The Elders of the Church in Kirtland, to Their Brethren Abroad," Ene. 22, 1834, inilathala sa *Evening and Morning Star,* Peb. 1834, p. 135; Abr. 1834, p. 152.
16. *History of the Church,* 4:606; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 28, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Eliza R. Snow; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
17. *History of the Church,* 1:450; mula sa isang liham ni Joseph Smith kay Edward Partridge at sa iba pa, Dis. 5, 1833, Kirtland, Ohio.
18. Liham nina Joseph Smith at John Whitmer sa mga Banal sa Colesville, New York, Ago. 20, 1830, Harmony, Pennsylvania; sa Autobiography and Journal, ni Newel Knight, ca. 1846–47, pp. 129–30, Church Archives.
19. *History of the Church,* 6:427; mula sa isang liham nina Joseph Smith at Hyrum Smith kay Abijah Tewksbury, Hunyo 4, 1844, Nauvoo, Illinois; mali ang pagbabaybay na "Tewkesbury" sa apelyido ni Abijah Tewksbury sa *History of the Church*.



*Habang nakabilanggo si Propetang Joseph Smith sa Liberty Jail, isinulat niya ang ilang liham sa kanyang pamilya at sa mga Banal, kung saan pinatotohanan niya na mananaig ang kapangyarihan ng Diyos laban sa kasamaan at pangangalagaan Niya ang Kanyang mga Banal "magpakailanman at magpasawalang-hanggan."*

# "Ang Diyos ay Kasama Mo Magpakailanman at Walang Katapusan": Ang Propeta sa Liberty Jail

*"Sa Kanyang makapangyarihang pangalan nagpasiya tayong tiisin ang mga pagsubok tulad ng magigiting na sundalo hanggang sa wakas."*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Noong Disyembre 1, 1838, dinala si Propetang Joseph Smith, ang kapatid niyang si Hyrum, at iba pang mga kalalakihan sa bilangguan sa Liberty, Missouri, mula sa Richmond, Missouri, kung saan sila ikinulong sa isang bahay na yari sa troso. Mananatili sila roon nang mahigit apat na buwan, habang hinihintay ang paglilitis ukol sa mga maling paratang na nagmula sa pang-uusig sa mga Banal sa Missouri. Sa panahong ito, pinalayas ng mga mang-uusig ang mga miyembro ng Simbahan sa kanilang mga tahanan sa Missouri, na nagdulot ng matinding pagdurusa. Nag-alala nang husto ang Propeta sa mga pagsubok ng mga Banal sa matagal nilang pagkabilanggo.

Ang Liberty Jail ay nahahati sa isang silid sa itaas at isang 14-piye-kuwadradong piitan sa ilalim, kung saan nakakulong ang mga bilanggo. Inilarawan ng Propeta ang kanilang sitwasyon: "Ipiniit kami sa ilalim ng mahigpit na pagbabantay, gabi at araw, sa isang bilangguang doble ang mga dingding at pintuan, pinagbawalan sa aming kalayaan ng konsensiya, [ang aming pagkain] ay kakaunti, pare-pareho, at masama ang lasa; wala kaming pribilehiyong magluto para sa aming sarili; napilitan kaming matulog sa sahig na may dayami, at walang mga kumot na magbibigay ng sapat na init; at kapag may siga, obligado kaming tiisin

ang usok. Seryosong sinabi sa amin ng mga Hukom paminsan-minsan na batid nilang wala kaming kasalanan, at nararapat na palayain, ngunit di nila kayang ipatupad ang batas dahil sa takot sa mga mandurumog."[1]

Di sapat ang taas ng kisame para makatayo kami nang maayos, at sinabi ni Alexander McRae, isa sa mga bilanggo, na ang pagkain ay "napakasama ng lasa, at napakarumi kaya hindi kami makakain hanggang sa mapilitan na lang kami dahil sa gutom."[2]

Isinulat kalaunan ni Mercy Fielding Thompson, isang miyembro ng Simbahan na bumisita sa mga kalalakihan sa bilangguan: "Hindi ko maipaliwanag ang naramdaman ko nang papasukin kami ng tanod sa bilangguan at itrangka ang pinto sa aming likuran. Hindi namin mapigilang manghilakbot nang malaman naming nakakulong kami sa madilim at mapanglaw na bartolinang iyon, na bagay lamang sa pinakamasasamang kriminal; ngunit nakita namin doon si Joseph, ang Propeta—ang lalaking hinirang ng Diyos, sa dispensasyon ng kaganapan ng panahon upang hawakan ang mga susi ng Kanyang kaharian sa lupa, na may kapangyarihang magbuklod at magkalag ayon sa patnubay ng Diyos—na nakakulong sa kasuklam-suklam na piitan nang walang anumang sala o dahilan maliban sa ipahayag na siya ay binigyang-inspirasyon ng Diyos na itatag ang Kanyang simbahan sa mga tao."[3]

Noong makulong ang Propeta, tatlong beses lamang siyang nadalaw ng kanyang asawang si Emma. Ang tanging ibang komunikasyon nila ay sa pamamagitan ng liham. Noong Abril 4, 1839, isinulat ng Propeta: "Aking mahal at mapagmahal na asawa. Huwebes ng gabi, nakaupo ako habang papalubog ang araw, habang nakasilip ako sa pagitan ng mga rehas ng malungkot na piitang ito, upang lumiham sa iyo, nang maipaalam ko sa iyo ang aking sitwasyon. Mga limang buwan at anim na araw na ngayon, sa palagay ko, simula nang mapasailalim ako sa pagbabantay ng guwardiya gabi't araw, at sa loob ng mga dingding, rehas, at lumalangitngit na pintuang bakal ng malungkot, madilim, at maruming piitan. Isinusulat ko ang liham na tanging Diyos lamang ang nakaaalam ng aking nararamdaman. Ang mga naiisip ko sa ganitong mga sitwasyon ay hindi kayang isulat o sambitin o ipahayag

man ng mga anghel upang ipaliwanag o ilarawan ang aming dinaranas sa isang taong hindi dumanas nito kailanman. . . . Umaasa kami sa bisig ni Jehova at wala nang iba para sa aming kaligtasan."[4]

Mula sa Liberty Jail, lumiham din ang Propeta sa mga Banal, na ipinahahayag ang kanyang pagmamahal sa kanila at ang pananalig niyang laging tutulungan ng Diyos ang mga nagtitiwala sa Kanya. Karamihan sa sumusunod na materyal ay nagmula sa isang liham sa mga miyembro ng Simbahan, na may petsang Marso 20, 1839, na naglalaman ng payo ng Propeta sa mga Banal, kanyang mga pagsamo sa Diyos, at mga sagot ng Diyos sa kanyang mga dalangin. Kalaunan ay naging mga bahagi 121, 122, at 123 ng Doktrina at mga Tipan ang mga bahagi ng liham na ito.

## Mga Turo ni Joseph Smith

### Walang paghihirap na makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos at pakikipagkapatiran sa isa't isa.

"Ang inyong abang lingkod, Joseph Smith, Jun., bilanggo alang-alang sa Panginoong Jesucristo, at para sa mga Banal, na hinuli at ibinilanggo ng mga mandurumog, sa ilalim ng mapamuksang pamumuno ng kanyang kamahalan, ang gobernador, Lilburn W. Boggs, kasama ang kanyang kapwa mga bilanggo at pinakamamahal na mga kapatid, sina Caleb Baldwin, Lyman Wight, Hyrum Smith, at Alexander McRae, ay bumabati sa inyong lahat.[5] Nawa'y sumainyong lahat, at manatili sa inyo magpakailanman, ang biyaya ng Diyos Ama, at ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo. Nawa'y dumami ang inyong kaalaman sa awa ng Diyos. At nawa'y mapasainyo at managana ang pananampalataya at kabutihan, at kaalaman at kahinahunan, at pagtitiis at kabanalan, at kabaitan at pag-ibig sa kapwa, nang kayo ay hindi maging salat sa anupaman, ni mawalan ng pakinabang [tingnan sa II Ni Pedro 1:5–8].

"Sapagkat alam namin na karamihan sa inyo ay pamilyar sa mga mali at matinding kawalan ng katarungan at kalupitang ginawa sa atin; at kami ay hinuli sa mga maling paratang ng lahat ng uri ng kasamaan, at ibinilanggo, ipiniit sa makakapal na

dingding, na napaliligiran ng malalakas na guwardiya, na patuloy na nagbabantay araw at gabi nang walang kapaguran gaya ng panunukso at paglalagay ng mga pain ng demonyo para sa mga tao ng Diyos:

"Samakatwid, pinakamamahal na mga kapatid, higit kaming handa at nagnanais maangkin ang inyong pakikisama at pagmamahal. Sapagkat ang aming sitwasyon ay nilayon upang gisingin ang aming mga espiritu sa isang sagradong alaala ng lahat, at sa palagay namin ay gayundin ang inyong mga espiritu, at walang makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos at pakikipagkapatiran sa isa't isa [tingnan sa Mga Taga Roma 8:39]; at na bawat uri ng kasamaan at kalupitang ginawa sa atin ay magbibigkis lamang sa ating mga puso at magbubuklod sa mga ito sa pagmamahal.

"Hindi na namin kailangang sabihin sa inyo na kami ay nakatali nang walang matwid na dahilan, ni hindi ninyo kailangang sabihin sa amin, Kami ay pinalayas sa aming mga tahanan at binugbog nang walang dahilan. Kapwa natin nauunawaan na kung hinayaan lang ng mga mamamayan ng estado ng Missouri ang mga Banal, at naghangad ng kapayapaang tulad nila, wala sanang mananaig kundi kapayapaan at katahimikan sa estadong ito hanggang sa araw na ito; hindi sana kami napunta sa impiyernong ito, . . . kung saan wala na kaming ibang naririnig kundi lapastangang pagsumpa, at nasasaksihan ang tagpo ng kalapastanganan, at kalasingan at pagkukunwari, at lahat ng uri ng pagmamalabis. At muli, hindi sana umabot sa Diyos ang mga hinaing ng mga ulila at balo laban sa kanila. Ni nabahiran ng dugo ng mga walang malay ang lupain ng Missouri. . . . Ito ay kuwento ng kasawian; isang kuwentong nakakaiyak; oo, isang malungkot na kuwento; na napakahirap isalaysay; napakahirap isipin; napakahirap para sa mga tao. . . .

"Ginawa [ng aming mga mang-uusig] ang mga bagay na ito sa mga Banal, na walang ginawang masama sa kanila, na walang kasalanan at mababait; na nagmahal sa Panginoon nilang Diyos, at handang talikuran ang lahat ng bagay alang-alang kay Cristo. Nakakakilabot ikuwento ang mga bagay na ito, ngunit totoong nangyari ang mga ito. Talagang darating ang mga pasakit, ngunit

kawawa ang mga taong magdudulot nito [tingnan sa Mateo 18:7]."[6]

---

**Maikling sandali lamang ang pagdurusa; kung tayo ay magtitiis, dadakilain tayo sa harapan ng Diyos.**

"O Diyos! nasaan Kayo? At nasaan ang pabilyon na tumatakip sa Inyong pinagkukublihang lugar? Hanggang kailan pipigilan ang Inyong mga kamay, at ang Inyong mga mata, oo, ang Inyong dalisay na mata, ay mamasdan mula sa walang hanggang kalangitan ang mga kaapihan ng Inyong mga tao at ng Inyong mga tagapaglingkod, at marinig ng Inyong mga tainga ang kanilang mga iyak?

"Oo, O Panginoon, hanggang kailan sila magdurusa sa mga kaapihang ito at hindi makatarungang kalupitan, bago ang Inyong puso ay lumambot para sa kanila, at ang Inyong kalooban ay maantig sa habag para sa kanila?

"O Panginoong Diyos na Pinakamakapangyarihan, Tagalikha ng Langit, Lupa at mga Dagat, at ng lahat ng bagay na naroroon, at may kapangyarihan at pinaiilalim ang diyablo, at sa madilim at makasalanang nasasakupan ng Sheol! Iunat ang Inyong kamay, palagusin ang Inyong mga mata; kuning paitaas ang Inyong pabilyon; ang Inyong pinagkukublihang lugar ay huwag nang muling takpan; ang Inyong mga tainga ay kumiling; ang Inyong puso ay palambutin, at ang Inyong kalooban ay maantig sa habag para sa amin. Ang Inyong galit ay pasiklabin laban sa aming mga kaaway; at sa matinding galit ng Inyong puso, sa pamamagitan ng Inyong espada ay ipaghiganti kami sa aming kaapihan; alalahanin ang Inyong mga nagdurusang mga Banal, O aming Diyos! at ang Inyong mga tagapaglingkod ay magsasaya sa Inyong pangalan magpakailanman. . . .

". . . Aking anak, kapayapaan ay mapasaiyong kaluluwa; ang iyong kasawian at ang iyong mga pagdurusa ay maikling sandali na lamang; at muli, kung ito ay iyong pagtitiisang mabuti, ang Diyos ay dadakilain ka sa itaas; ikaw ay magtatagumpay sa lahat ng iyong mga kaaway."[7] [Ang mga talata sa bahaging ito ay matatagpuan din sa D at T 121:1–8.]

**Ang kapangyarihan ng Diyos ay higit pa kaysa anumang kasamaan, at ang mga katotohanan ng ebanghelyo ang magwawagi sa bandang huli.**

"Nais ko sanang sabihin sa inyo, mga kapatid, na ang pagiging mangmang, mapamahiin at panatiko nang hindi nararapat, ay madalas maging hadlang sa pag-unlad ng Simbahang ito, gaya ng matinding buhos ng ulan mula sa kabundukan na nagpapabaha ng putik at dumi at karumihan sa pinakadalisay at malinis na batis, at pinalalabo ang lahat na dati-rati'y malinaw, at lahat ay rumaragasa sa isang malaking pagbaha; ngunit nagbabago ang sitwasyon sa paglipas ng panahon; at kahit nakukulapulan tayo ng putik ng baha sa ngayon, marahil ang susunod na pagbaha, sa paglipas ng mga panahon, ay maghahatid sa atin ng bukal na kasinglinaw ng kristal, at kasimputi ng niyebe; habang ang dumi, mga kahoy na tuod na tinangay ng baha at basura ay naiiwan at inaanod sa daan.

"Hanggang kailan mananatiling marumi ang umaagos na tubig? Anong kapangyarihan ang pipigil sa kalangitan? Gayon din maaaring iunat ng tao ang kanyang maliit na bisig upang pigilin ang ilog ng Missouri sa kanyang nakatalagang daan, o ibaling ang daloy nitong paitaas, upang hadlangan ang Pinakamakapangyarihan sa pagbubuhos ng kaalaman mula sa langit, sa mga ulo ng mga Banal sa mga Huling Araw. [Ang talatang ito ay matatagpuan din sa D at T 121:33.]

"Ano ang kabuluhan ni [Governor Lilburn W.] Boggs o ng kanyang grupo ng mga mamamatay-tao, kundi mga punong tumutubo sa pampang na ang mga ugat ay umaabot sa tubig at humahadlang sa mga kahoy na inaanod? Gayon din maaari tayong makipagtalo na ang tubig ay hindi tubig, dahil nagbuhos ng putik ang ulan mula sa kabundukan at dinumihan ang malinaw na batis, bagama't pagkaraan ay higit itong pinadalisay kaysa rati; o ang apoy ay hindi apoy, dahil naaapula ito, sa pagbuhos ng baha; at sabihing ang ating layon ay walang silbi dahil ang mga rebelde, sinungaling, pari, magnanakaw at mamamatay-tao, na pare-parehong nangungunyapit sa kanilang mga kagalingan at doktrina, ay nagbuhos, mula sa kanilang espirituwal na

kasamaan sa mga dakong kaitaasan, at mula sa mga kuta ng diyablo, ng napakaraming dumi at putik at karumihan . . . sa ating mga ulo.

"Hindi! Huwag nawang itulot ng Diyos. Ibuhos nang lahat ng impiyerno ang poot nito gaya ng nag-aapoy na lava ng bundok Vesuvius, o ng Etna, o ng pinakamabagsik sa lahat ng bulkan; subalit mananatili pa rin ang 'Mormonismo.' Totoong lahat ang tubig, apoy, katotohanan at Diyos. [Katotohanan] ang 'Mormonismo.' Ang Diyos ang may-akda nito. Siya ang ating pananggalang. Sa pamamagitan Niya tayo nakatanggap ng ating pagsilang. Sa pamamagitan ng Kanyang tinig tayo tinawag sa dispensasyon ng Kanyang Ebanghelyo sa pagsisimula ng kaganapan ng panahon. Sa pamamagitan Niya natanggap natin ang Aklat ni Mormon; at sa pamamagitan Niya kaya tayo nananatili hanggang sa araw na ito; at sa pamamagitan Niya mananatili tayo, kung ito'y para sa ating kaluwalhatian: at sa Kanyang Makapangyarihang pangalan nagpasiya tayong tiisin ang mga pagsubok tulad ng magigiting na sundalo hanggang sa wakas.

". . . Malalaman ninyo sa sandaling mabasa ninyo ito, at kung hindi man ninyo malaman ay maaari ninyong malaman, na ang mga dingding at rehas, mga pintuan at lumalangitngit na bisagra, at takot na takot na mga guwardiya at tanod . . . ay likas na nilayon upang ang kaluluwa ng isang taong tapat ay maging mas malakas kaysa mga puwersa ng impiyerno. . . .

". . . Kami ay inyong mga kapatid at nagdurusang tulad ninyo, at mga bilanggo ni Jesucristo alang-alang sa Ebanghelyo, at sa pag-asa ng kaluwalhatian na napasaatin."[8]

---

**Nauunawaan ng Tagapagligtas ang lahat ng ating pagdurusa, at makakapiling natin Siya magpakailanman at magpasawalang-hanggan.**

*Inaliw ng Panginoon ang Propeta sa sumusunod na mga salita:* "Ang mga dulo ng mundo ay magtatanong tungkol sa iyong pangalan, at ang mga hangal ay ilalagay ka sa panunuya, at ang impiyerno ay sisilakbo ang galit laban sa iyo, samantalang ang dalisay ang puso, at ang marurunong, at ang mararangal,



*Ang Tagapagligtas sa harapan ni Pilato. "Ang Anak ng Tao ay nagpakababa-baba sa kanilang lahat. Ikaw ba'y nakahihigit sa kanya?"*

at ang malilinis, ay maghahangad ng payo, at kapangyarihan, at mga pagpapala tuwina mula sa iyong kamay, at ang iyong mga tao ay hindi kailanman tatalikod sa iyo dahil sa patotoo ng mga taksil; at bagaman ang kanilang kapangyarihan ay magdadala sa iyo sa pagkaligalig, at sa mga rehas at pader, ikaw ay pararangalan, at sumandaling panahon na lamang at ang iyong tinig ay magiging higit na nakasisindak sa gitna ng iyong mga kaaway kaysa sa mabangis na leon, dahil sa iyong kabutihan; at ang iyong Diyos ay tatayo sa iyong tabi magpakailanman at walang katapusan.

"Kung ikaw ay tinawag upang dumanas ng pagdurusa; kung ikaw ay nasa mga panganib kasama ng mga bulaang kapatid; kung ikaw ay nasa mga panganib kasama ng mga manloloob; kung ikaw ay nasa mga panganib sa lupa o sa dagat; kung ikaw ay pinaratangan ng lahat ng uri ng maling pagpaparatang; kung

ang iyong mga kaaway ay dadaluhong sa iyo; kung ikaw ay kanilang babatakin mula sa piling ng iyong ama at ina at mga kapatid; at kung sa pamamagitan ng isang hinugot na espada ikaw ay babatakin ng iyong mga kaaway mula sa piling ng iyong asawa, at ng iyong anak, at ng iyong nakatatandang anak na lalaki, bagaman siya ay anim na taong gulang pa lamang, kakapit sa iyong kasuotan, at sasabihing, Ama ko, ama ko, bakit hindi ka maaaring manatili sa amin? O, ama ko, ano ang gagawin ng mga tao sa iyo? at kung siya ay ihihiwalay sa iyo sa pamamagitan ng espada, at ikaw ay kakaladkarin sa bilangguan, at ang iyong mga kaaway ay aaligid sa iyo gaya ng mga lobo para sa dugo ng tupa; at kung ikaw ay itatapon sa hukay, o sa mga kamay ng mga mamamatay-tao, at ang kahatulan ng kamatayan ay ihahatol sa iyo; kung ikaw ay itapon sa kalaliman; kung ang dumadaluyong na alon ay magkaisa laban sa iyo; kung ang malakas na hangin ay iyong maging kaaway; kung ang kalangitan ay magtipon ng kadiliman, at ang lahat ng elemento ay magsama-sama upang harangan ang daan; at higit sa lahat, kung ang pinakapanga ng impiyerno ay ibubuka nang malaki ang bibig sa iyo, alamin mo, aking anak, na ang lahat ng bagay na ito ay magbibigay sa iyo ng karanasan, at para sa iyong ikabubuti.

"Ang Anak ng Tao ay nagpakababa-baba sa kanilang lahat. Ikaw ba'y nakahihigit sa kanya?

"Samakatwid, maging matatag sa iyong landas, at ang pagkasaserdote ay mananatili sa iyo, sapagkat ang kanilang hangganan ay nakatakda, sila ay hindi makararaan. Ang iyong mga araw ay nababatid, at ang iyong mga taon ay hindi nababawasan ng bilang; kaya nga, huwag katakutan ang nagagawa ng tao, sapagkat ang Diyos ay kasama mo magpakailanman at walang katapusan."[9] [Ang mga talata sa bahaging ito ay matatagpuan din sa D at T 122:1–9.]

---

**Nakaaaliw ang bulong ng marahan at banayad na tinig sa ating mga kaluluwa sa matitinding dalamhati at pangamba.**

*Di nagtagal matapos patakasin ng mga humuli sa kanya sa Missouri ang Propeta, naalala niya ang mga naramdaman niya habang nakabilanggo:* "Noong nasa mga kamay ako ng

aking mga kaaway, masasabi ko, na bagama't alalang-alala ako sa aking pamilya at mga kaibigan, na walang awang pinagmalupitan at inabuso, . . . gayunman kung ako ang tatanungin, ganap akong panatag at handa sa kalooban ng aking Ama sa Langit. Batid kong wala akong sala gayundin ang mga Banal, at wala kaming nagawang anuman para sapitin ang gayong pagmamaltrato sa mga kamay ng mga nang-api sa amin. Dahil diyan, makakaasa ako sa Diyos na iyon na Siyang humahawak sa buhay ng lahat ng tao, at madalas na nagligtas sa akin sa tiyak na kamatayan, tungo sa kaligtasan; at kahit walang paraan para makatakas, at anumang sandali'y maaari akong mamatay, at napagpasiyahan na ng mga tao na dapat akong maglaho, subalit, mula pa noong una akong pumasok sa kampo, nadama ko na ang katiyakan na kami ng aking mga kapatid at aming mga pamilya ay maliligtas.

"Oo, ang marahan at banayad na tinig na iyon, na napakadalas bumulong ng pag-aliw sa aking kaluluwa, sa matitinding dalamhati at pangamba, ay sinabihan akong lakasan ang aking loob, at nangako ng kaligtasan, na nagdulot sa akin ng malaking ginhawa. At bagama't nagkakagulo ang mga bansa, at walang kabuluhan ang iniisip ng mga tao, datapwa't ang Panginoon ng mga Hukbo, ang Diyos ni Jacob ang aking kanlungan; at nang magsumamo ako sa Kanya sa panahon ng kaligaligan, iniligtas Niya ako [tingnan sa Mga Awit 46:7; 50:15]; kaya nga nananawagan ako sa aking kaluluwa, at sa buong kalooban ko, na basbasan at purihin ang Kanyang banal na pangalan. Sapagkat bagaman ako 'sa magkabikabila ay [nagigipit], gayon ma'y hindi [ako naghihinagpis]; [natitilihan], gayon ma'y hindi [nawawalan] ng pag-asa; pinaguusig, gayon ma'y hindi pinababayaan; inilulugmok, gayon ma'y hindi [nasisira].' [Tingnan sa II Mga Taga Corinto 4:8–9.]"[10]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Repasuhin ang paglalarawan sa bilangguan sa Liberty, Missouri (mga pahina 421–23). Habang pinag-aaralan at tinatalakay ninyo ang kabanatang ito, isipin ang mga sitwasyon ng Propeta nang isulat niya ang mga salitang nakatala sa kabanatang ito. Repasuhin ang ikalawang talata sa pahina 426. Paano naging halimbawa ng katotohanang ito ang kuwento tungkol sa Propeta sa Liberty Jail?
- Pag-aralan ang unang buong talata sa pahina 424. Paano nagagawa kung minsan ng mahihirap na sitwasyon na "gisingin ang ating mga espiritu sa isang sagradong alaala"? Sa anong mga paraan "magbibigkis ang ating mga puso" sa mga kapamilya at kaibigan ng mga pagsubok at paghihirap? Ano na ang mga naranasan ninyo na may kaugnayan sa mga katotohanang ito?
- Ipinahayag ni Joseph Smith na walang makapaghihiwalay sa kanya at sa kanyang mga kapatid sa pag-ibig ng Diyos (pahina 424). Ano ang mga naiisip o nadarama ninyo sa pagninilay-nilay sa pahayag na ito? Sa anong mga paraan tayo mahihiwalay sa pag-ibig ng Diyos? Ano ang ilang bagay na dapat nating gawin upang manatiling tapat sa pag-ibig ng Diyos?
- Basahin ang huling talata sa pahina 425. Ano ang magagawa natin para matanggap ang kapayapaang iniaalok ng Panginoon sa atin? Ano ang maitutulong sa inyo ng pagtiyak ng Panginoon na ang pagdurusa at paghihirap ni Joseph Smith ay "maikling sandali na lamang"?
- Repasuhin ang mga pagtiyak ni Joseph Smith sa mga Banal na walang magagawa ang mga kaaway ng Simbahan para hadlangan ang kapangyarihan ng Diyos (mga pahina 426–27). Bakit nalilimutan natin kung minsan ang katotohanang ito? Ano ang magagawa natin para maalala ito?
- Pag-aralan ang mga salita ng Panginoon sa Propeta sa mga pahina 427–29. Paano magbabago ang ating buhay sa pag-alaala na ang mga pagsubok ay nagbibigay sa atin ng karanasan at para sa ating kabutihan? Ano ang kabuluhan kung malaman ninyo na nagpakababa-baba ang Tagapagligtas sa lahat ng

bagay? Ano sa palagay ninyo ang kahulugan ng "maging matatag sa iyong landas"?

- Basahin ang huling talata ng kabanata (pahina 430). Isipin kung kailan kayo inaliw ng Espiritu Santo sa oras ng paghihirap. May naranasan na ba kayong ganoon na angkop na ibahagi?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mga Taga Filipos 3:8–9; Mosias 23:21–24; Alma 7:11; 36:3

## *Mga Tala*

1. Liham ni Joseph Smith kay Isaac Galland, Mar. 22, 1839, Liberty Jail, Liberty, Missouri, inilathala sa *Times and Seasons,* Peb. 1840, p. 52; ginawang makabago ang pagbabantas.
2. Alexander McRae, sinipi sa *History of the Church,* 3:257; mula sa isang liham ni Alexander McRae sa editor ng *Deseret News,* Okt. 9, 1854, Salt Lake City, Utah, inilathala sa *Deseret News,* Nob. 2, 1854, p. 1.
3. Mercy Fielding Thompson, "Recollections of the Prophet Joseph Smith," *Juvenile Instructor,* Hulyo 1, 1892, p. 398; ginawang makabago ang pagbabantas.
4. Liham ni Joseph Smith kay Emma Smith, Abr. 4, 1839, Liberty Jail, Liberty, Missouri; Beinecke Library, Yale University, New Haven, Connecticut; kopya sa Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah. Sa liham na ito, nang banggitin ng Propeta ang mahigit limang buwan niyang pagkabilanggo, ibinilang niya ang pagkabilanggo niya sa Independence at Richmond, Missouri, at gayundin sa Liberty.
5. Nabilanggo si Sidney Rigdon sa Liberty Jail kasama ang iba pang mga kalalakihan noong Disyembre 1, 1838. Gayunman, noong Enero 25, 1839, mga dalawang buwan bago isinulat ng Propeta ang liham na ito, pinayagang lumabas ng bilangguan si Sidney matapos magpiyansa dahil malubha ang kanyang sakit. Dahil natakot siyang lumabas ng bilangguan gawa ng patuloy na mga pagbabanta, piniling manatili ni Sidney sa bilangguan hanggang Pebrero 5.
6. *History of the Church,* 3:289–91; ginawang makabago ang pagbabantas at gramatika; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang liham ni Joseph Smith at ng iba pa kay Edward Partridge at sa Simbahan, Mar. 20, 1839, Liberty Jail, Liberty, Missouri; kalaunan ay isinama ang liham na ito sa Doktrina at mga Tipan bilang mga bahagi 121, 122, at 123.
7. *History of the Church,* 3:291, 293; ginawang makabago ang pagbabaybay; binago ang pagkakahati ng mga talata. Ilang maliliit na pagbabago sa pagbabantas, pagpapalaki ng mga letra, at gramatika ang ginawa para maihanda sa paglalathala ng Doktrina at mga Tipan ang mga bahagi ng liham ng Propeta. Samakatwid, may ilang maliliit na pagkakaiba ang Doktrina at mga Tipan 121, 122, at 123, at ang materyal na nakalahad sa kabanatang ito.
8. *History of the Church,* 3:296–98; ginawang makabago ang pagbabaybay at pagbabantas.
9. *History of the Church,* 3:300–301; binago ang pagkakahati ng mga talata.
10. *History of the Church,* 3:328–29; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa "Extract, from the Private Journal of Joseph Smith Jr.," *Times and Seasons,* Nob. 1839, pp. 7–8.

# Pagtugon sa Pang-aapi nang May Pananampalataya at Katapangan

*"Huwag matakot, kundi magpakalakas kayo sa Panginoon at sa kapangyarihan ng kaniyang kalakasan."*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Sa taglamig ng 1838–39, may utos ang militar ng estado ng Missouri mula sa gobernador na palayasin ang mga Banal sa mga Huling Araw mula sa estado, at ikinulong nila si Propetang Joseph Smith sa Liberty Jail. Noong taglamig na iyon at nang sumunod na tagsibol, isang tagpo ng matinding pagdurusa ang nasaksihan nang sapilitang palayasin ang libu-libong Banal sa kanilang tahanan sa Missouri. Iniwan nila ang karamihan sa kanilang mga ari-arian, at nilakbay ang halos 322 kilometro pasilangan patungong kanluraning Illinois, sa pamamahala ni Brigham Young at ng iba pang mga lider ng Simbahan. Ilan lamang sa mga Banal ang may magagandang bagon at kabayo, at maraming natulog sa gitna ng ulan at niyebe. Ang ilang walang sapatos ay ibinalot na lang sa basahan ang kanilang mga paa sa paglalakad patawid ng niyebe.

Noong Pebrero 1839, tinulungan ng isang mabait na kapitbahay si Emma Smith na mailulan ang kanyang apat na anak at ilang ari-arian sa isang bagon na nababalutan ng dayami. Pagdating ng kanilang grupo sa nagyeyelong Ilog Mississippi, tinawid ni Emma at ng kanyang mga anak ang yelo, na dala ang mga manuskrito ng Biblia na isinalin ng Propeta sa dalawang lalagyang telang nakatali sa kanyang baywang sa ilalim ng kanyang palda. Nagkanlong siya at ang marami pang kaawa-awang mga Banal sa komunidad ng Quincy, Illinois, kung saan patuloy silang dumanas ng gutom,



*Noong Pebrero 1839, habang nakakulong si Joseph Smith sa Liberty Jail, naglalakad na tinawid ni Emma Smith at ng kanyang mga anak ang nagyeyelong Ilog Mississippi, sa pagtakas sa mga nang-uusig sa kanila sa Missouri.*

lamig, at sakit, bagama't ang mga pagdurusang ito ay naibsan ng maraming kabaitan ng isang mapagmalasakit na komunidad.

Bagamat sabik si Propetang Joseph na matulungan ang mga Banal, wala siyang magawa kundi manalangin at magbilin sa pamamagitan ng mga liham kay Brigham Young at sa iba pang mga kalalakihang namumuno sa mga Banal habang siya ay wala. Sa mga desperadong sitwasyong ito, sumulat siya ng mga salitang nagbigay ng lakas ng loob at kapayapaan sa mga miyembro ng Simbahan: "Mga minamahal na kapatid, ating malugod na gawin ang lahat ng bagay sa abot ng ating makakaya; at pagkatapos nawa tayo ay makatayong hindi natitinag, na may lubos na katiyakan, na makita ang pagliligtas ng Diyos, at upang ang kanyang bisig ay maipahayag" (D at T 123:17).

Noong Abril 6, 1839, inilipat ang Propeta at kapwa niya mga bilanggo mula Liberty Jail patungong Gallatin, Daviess County, Missouri. Matapos humarap sa hukuman doon, muling inilipat ang mga kalalakihan mula Gallatin papuntang Columbia, Boone County, Missouri. Ngunit noong kalagitnaan ng Abril, habang inililipat sa Columbia ang Propeta at iba pang mga bilanggo, pinatakas sila ng mga guwardiya. Sa loob ng isang linggo, nakasama ng mga kalalakihan ang mga Banal sa Quincy, Illinois. Isinulat ni Elder Wilford Woodruff sa kanyang journal ang muling pagkikita nila ng Propeta: "Muli . . . kaming nagkaroon ng masayang pribilehiyo na mahawakan siya sa kamay. . . . Binati niya kami nang may malaking kagalakan. Kalalaya pa lamang niya mula sa piitan at mula sa kamay ng kanyang mga kaaway at kababalik sa piling ng kanyang pamilya at mga kaibigan. . . . Si Joseph ay tapat, prangka, at palabati kagaya ng dati. Tuwang-tuwa si Sister Emma."[1]

Kalaunan ay pinuri ng Propeta ang kapwa niya mga Banal, na kasama niyang magiting na nagtiis nang labis alang-alang sa kanilang pananampalataya sa ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo: "Ang pag-uugali ng mga Banal, sa kabila ng pinagsamasama nilang mga pasakit at pagdurusa, ay kapuri-puri; ang kanilang katapangan sa pagtatanggol sa kanilang mga kapatid mula sa pamumuksa ng mga mandurumog; ang katapatan nila sa layon ng katotohanan, sa kabila ng matitinding pagsubok at pangamba na makakayang tiisin ng tao; ang kanilang pagmamahalan; ang

kahandaan nilang tumulong sa akin at sa aking mga kapatid na nakakulong sa isang bartolina; ang kanilang mga sakripisyo sa paglisan sa Missouri, at pagtulong sa mga kawawang balo at ulila, at paghanap ng mga bahay para sa kanila sa mas panatag na kapaligiran; lahat ay nagtutulung-tulong para makuha ang paggalang ng lahat ng mabubuti at mababait na tao, at natamo nila ang pagtatangi at pagsang-ayon ni Jehova, at ng isang pangalang di malilimutan hanggang sa kawalang-hanggan."[2]

## Mga Turo ni Joseph Smith

### Kinakalaban ng kaaway ng katotohanan ang mga lingkod ng Panginoon, lalo na kapag higit silang napapalapit sa Panginoon.

"Pinag-iinitan tayo ng mga mang-uusig panaka-naka, . . . na parang sunud-sunod na kulog, dahil sa ating relihiyon."[3]

"Ang mga alituntunin ng ating relihiyon ay lantad sa mundo at handa para siyasatin ng lahat ng tao, subalit batid natin na lahat ng pang-uusig laban sa ating mga kaibigan ay nagmula sa mga paninira [mga maling paratang] at maling paliwanag na walang batayan sa katotohanan at kabutihan. Tiniis natin ito katulad ng lahat ng iba pang samahang pangrelihiyon nang magsimula sila."[4]

"Huwag kayong magtaka, samakatwid, kung kayo man ay usigin; kundi alalahanin ang mga salita ng Tagapagligtas: 'Ang alipin ay hindi dakila kay sa kaniyang Panginoon. Kung ako'y kanilang pinagusig, kayo man ay kanilang paguusigin din' [tingnan sa Juan 15:20]; at na lahat ng paghihirap na kailangang pagdaanan ng mga Banal, ay katuparan ng mga sinabi ng mga Propetang nagsalita bago pa nilikha ang mundo."[5]

"Kapag ginagawa ko ang makakaya ko—kapag isinasagawa ko ang pinakamabuti, kinakalaban ako ng pinakamaraming kasamaan at masasamang ideya. . . . Ang mga kaaway ng mga taong ito ay hinding-hindi magsasawa sa pang-uusig sa Simbahan, hanggang sa mapagod sila. Inaasahan ko na ihahanay nila ang lahat ng kaya nilang kontrolin laban sa akin, at magiging mahaba at matindi ang aming labanan. Siya na makikidigma sa tunay na labanang Kristiyano laban sa mga katiwalian sa mga huling araw

ay patuloy na kalabanin ng masasamang tao at ng mga anghel ng diyablo, at ng lahat ng puwersa ng kadiliman. Kapag kinalaban ng masasama at tiwaling tao ang isang tao, batayan iyon sa paghatol kung ipinaglalaban ng isang tao ang Kristiyanismo. Kapag mali ang mga kasamaang sinasabi ng lahat ng tao laban sa inyo, mapalad kayo, at kung anu-ano pa [tingnan sa Mateo 5:11]. Ituturing bang masama ang isang tao kapag inaalimura siya ng mga tao? Hindi. Kung ang isang tao ay maninindigan at lalabanan ang makasalanang mundo, makakaasa siyang lalabanan siya ng lahat ng masasama at tiwaling espiritu.

"Pero kaunting panahon na lang, at lahat ng paghihirap na ito ay aalisin sa atin, sapagkat tayo ay tapat, at hindi nagpapadaig sa mga kasamaang ito. Habang nakikita nating patuloy ang biyaya ng endowment, at lumalago at lumalaganap ang kaharian sa lahat ng dako, magagalak tayo na hindi tayo nadaig ng mga kahangalang ito."[6]

"Inakala ng ilan na makukuntento ang ating mga kaaway kapag namatay ako; pero sinasabi ko sa inyo na kapag napatay na nila ako hahangarin pa nilang patayin ang lahat ng tao na ang puso ay may munting kislap ng diwa ng kaganapan ng Ebanghelyo. Ang paglaban ng mga taong ito ay inudyukan ng diwa ng kalaban ng lahat ng kabutihan. Hindi lamang ako ang balak nilang patayin, kundi lahat ng lalaki at babaeng magtatangkang maniwala sa mga doktrinang ipinadama sa akin ng Diyos na ituro sa henerasyong ito."[7]

"Nalaman ko sa karanasan na ang kaaway ng katotohanan ay hindi natutulog, ni hindi tumitigil sa pagsisikap na itutok ang isipan ng mga tao laban sa mga lingkod ng Panginoon, sa pamamagitan ng pag-uudyok ng galit sa mga tao tungkol sa lahat ng bagay na mahalaga o makabuluhan."[8]

---

**Titiisin ng mga taong nagmamahal sa Diyos ang pang-uusig nang may katapangan at pananampalataya.**

"Lahat ng Banal! makinabang sa mahalagang *Susi* na ito—na sa lahat ng inyong pagsubok, problema, tukso, paghihirap, pagkaalipin, pagkabilanggo at kamatayan, tiyakin, na hindi ninyo ipagkakanulo ang langit; na hindi ninyo ipagkakanulo si



*Noong taglamig ng 1838–39, libu-libong Banal sa mga Huling Araw ang napilitang tumakas mula sa kanilang mga tahanan sa Missouri, at naglakbay nang halos 322 kilometro patungong Illinois.*

Jesucristo; na hindi ninyo ipagkakanulo ang mga kapatid; na hindi ninyo ipagkakanulo ang mga pahayag ng Diyos, sa Biblia, Aklat ni Mormon, o Doktrina at mga Tipan, o anumang naibigay o ibibigay at ihahayag sa tao sa mundong ito o sa mundong darating. Oo, sa lahat ng inyong pakikipaglaban at pakikibaka, tiyakin na hindi ninyo magawa ang bagay na ito, kung hindi ay mababahiran kayo ng dugo ng walang malay sa inyong laylayan, at mapupunta kayo sa impiyerno."[9]

*Noong tagsibol ng 1830 pinag-usig ang mga Banal dahil sa pagkalathala ng Aklat ni Mormon:* "Matagal-tagal na ring nailathala ang Aklat ni Mormon (ang tungkod ni Jose na nasa kamay ni Ephraim,), at tulad ng hula ng sinaunang propeta, 'inari [itong] parang [ka]katwang bagay.' [tingnan sa Oseas 8:12.] Lumikha ng malaking kaguluhan ang paglabas nito. Sinundan ng matinding oposisyon at labis na pang-uusig ang mga naniniwala sa katotohanan nito. Ngunit ngayo'y bumukal na ang katotohanan mula sa lupa, at bumaba na ang kabutihan mula sa langit [tingnan sa Awit 85:11; Moises 7:62], kaya hindi namin kinatakutan ang aming

mga kalaban, dahil batid namin na nasa aming panig kapwa ang katotohanan at kabutihan, ang Ama at ang Anak, dahil nasa amin ang mga doktrina ni Cristo, at sinunod namin ang mga ito; samakatwid patuloy kaming nangaral at nagbigay ng kaalaman sa lahat ng handang makinig."[10]

*Noong Hulyo 1839, itinala ni Wilford Woodruff:* "Nagsalita nang maikli sa amin si Joseph at nagsabi, 'Tandaan, mga kapatid, na kung kayo ay mabilanggo, unang nabilanggo si Brother Joseph kaysa sa inyo. Kung kayo ay mapunta sa isang lugar na makikita lamang ninyo ang inyong mga kapatid sa pagitan ng mga rehas ng bintana habang nakakadena dahil sa ebanghelyo ni Jesucristo, tandaan na sinapit din ni Brother Joseph ang gayon.' "[11]

*Noong 1841 isinulat ni Joseph Smith at ng kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan:* "Ang katotohanan, gaya ng matibay na punong oak, ay hindi natinag sa gitna ng nagtatalong mga elemento, na ubod ng lakas na humampas dito. Rumagasa ang mga baha, sunud-sunod ang mabilis na dating ng mga alon, at hindi ito nilamon. 'Itinaas nila ang kanilang tinig, O Panginoon; ang mga baha ay nagtaas ng kanilang hugong; ngunit ang Panginoon ng mga Hukbo ay higit na makapangyarihan kaysa malalakas na hampas ng alon sa dagat' [tingnan sa Awit 93:3–4]; ni hindi ito nagawang sirain ng naglalagablab na pang-uusig, sa kabila ng lahat ng impluwensya ng mga mandurumog; ngunit gaya ng mababang punungkahoy ni Moises, hindi ito natupok, at ngayon sa sandaling ito ay nagpapakita ng mahalagang tanawin kapwa sa mga tao at mga anghel.

"Saan natin maibabaling ang ating tingin upang makakita ng katulad niyon? Naiisip natin ang isang lahing tumanggap sa isang sistema ng relihiyon, na hindi popular, at ang pagsunod dito ay naghatid sa kanila ng paulit-ulit na mga pang-uusig. Isang lahing dahil sa pagmamahal nila sa Diyos, at pagiging tapat sa Kanyang layon, ay nagtiis ng gutom, kahubaran, mga panganib, at halos lahat ng kawalan. Isang lahing alang-alang sa kanilang relihiyon ay kinailangang mamighati sa maagang pagkamatay ng mga magulang, asawa, at anak. Isang lahing minabuting mamatay kaysa magpaalipin at magkunwari, at nanatiling marangal ang

pagkatao, at nanindigan at hindi natinag, sa mga panahong sinubukan ang kaluluwa ng mga tao."[12]

---

**Susuportahan ng dakilang kapangyarihan ng Diyos ang mga taong inuusig alang-alang sa kabutihan.**

*Habang nakakulong sa Liberty Jail, sumulat si Joseph Smith sa mga Banal:* "Huwag ninyong isiping pinanghinaan ang aming mga puso, na para bagang may nangyayari sa atin na di pangkaraniwan [tingnan sa I Pedro 4:12], sapagkat nakita at tiniyak na sa atin ang lahat ng bagay na ito bago pa man ito nangyari, at tiyak na mas malaki ang ating pag-asa kaysa ating mga manguusig. Samakatwid pinalakas tayo ng Diyos nang sapat para makapagtiis. Nagagalak tayo sa ating mga pagdurusa, dahil alam natin na nasa ating panig ang Diyos, na Siya ay ating kaibigan, at ililigtas Niya ang ating kaluluwa. Wala tayong pakialam sa kanila na pumapatay ng katawan; hindi nila masasaktan ang ating kaluluwa [tingnan sa Mateo 10:28]. Wala tayong anumang hinihiling sa mga kamay ng mga mandurumog, ni sa mundo, ni sa diyablo, ni sa kanyang mga alagad na naghihimagsik, at sa mga taong mahihilig magsinungaling, at nagsisinungaling, upang ipahamak tayo. Hindi natin itinago kailanman ang tunay nating pakay, ni hindi natin iyon gagawin para lamang mabuhay. . . . Alam natin na matagal na tayong nagsisikap nang buong isipan, kapangyarihan, at lakas, na gawin ang kalooban ng Diyos, at lahat ng bagay na ipag-utos Niya sa atin. . . .

". . . Sinabi ng Tagapagligtas, 'Kinakailangang dumating ang mga kadahilanan; datapuwa't sa aba ng taong yaong panggalingan ng kadahilanan.' [Tingnan sa Mateo 18:7.] At muli, 'Mapapalad kayo pagka kayo'y inaalimura, at kayo'y pinaguusig, at kayo'y pinagwiwikaan ng sarisaring masama na pawang kasinungalingan, dahil sa akin. Mangagalak kayo, at mangagsayang totoo: sapagka't malaki ang ganti sa inyo sa langit: sapagka't gayon din ang kanilang pagkausig sa mga propeta na nangauna sa inyo.' [Mateo 5:11–12.]

"Ngayon, mga kapatid, kung may mga tao mang may dahilan para angkinin ang pangakong ito, tayo iyon; sapagkat alam natin

na hindi lamang tayo kinamumuhian ng mundo, kundi nagsasalita pa sila ng lahat ng uri ng mali at masasamang paratang laban sa atin, na ang tanging dahilan ay sapagkat matagal na tayong nagsisikap na ituro ang kaganapan ng Ebanghelyo ni Jesucristo. . . .

"At ngayon, pinakamamahal na mga kapatid—at kapag sinasabi naming kapatid, ibig naming sabihi'y yaong patuloy sa pananampalataya kay Cristo, mga lalaki, babae at bata—nais namin kayong payuhan sa pangalan ng Panginoong Jesus, na maging matibay sa pananampalataya sa bago at walang hanggang tipan, at huwag matakot sa inyong mga kaaway. . . . Maging matatag kahit hanggang kamatayan; sapagkat 'siya na naghahangad iligtas ang kanyang buhay ay mawawalan nito; at siya na mamamatay dahil sa akin, at sa Ebanghelyo, ay maililigtas yaon,' sabi ni Jesucristo [tingnan sa Marcos 8:35]."[13]

*Mula pa rin sa Liberty Jail, sumulat ang Propeta at ang kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan sa mga lider ng Simbahan:* "Mga kapatid, huwag matakot, kundi magpakalakas kayo sa Panginoon at sa kapangyarihan ng kanyang kalakasan. Ano ang halaga ng tao na dapat siyang katakutan ng alagad ng Diyos, o ng anak ng tao na dapat manginig ang tao dahil sa kanya? Ni huwag ninyong pagtakhan ang mahihigpit na pagsubok sa atin, na wari bang may nangyayari sa atin na di-pangkaraniwan. Tandaan na lahat ay dumaranas ng gayong mga paghihirap. [Tingnan sa I Pedro 4:12–13.] Samakatwid, magalak sa inyong mga paghihirap, na nagpapasakdal sa inyo at nagpasakdal din sa pinuno ng ating kaligtasan. [Tingnan sa Mga Hebreo 2:10.] Ipanatag ang inyong puso at ang mga puso ng lahat ng Banal, at hayaan silang lubos na magalak, sapagkat dakila ang ating gantimpala sa langit, sapagkat gayon pinag-usig ng masasama ang mga propetang nauna sa atin [tingnan sa Mateo 5:11–12]."[14]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Repasuhin ang kuwento sa mga pahina 433–36. Ano ang hinahangaan ninyo sa paraan ng pagtugon ni Joseph Smith at ng mga kapwa niya Banal sa pang-uusig? Sa inyong palagay bakit handa silang magtiis ng pang-uusig?
- Basahin ang mga pahina 436–37, kung saan itinuturo ni Propetang Joseph na madalas mahaharap sa pang-uusig ang mga taong matwid. Sa inyong palagay bakit kaya ganito? Paano nakatulad ng pang-uusig noong panahon ni Joseph Smith ang pang-uusig ngayon? Paano ito naiiba ngayon?
- Sa mga pahina 437–38, ibinahagi ni Joseph Smith ang isang susi para matulungan ang mga Banal. Anong mga karanasan ang nagpakita sa inyo ng halaga ng susing ito? Ano pa ang maipapayo ninyo sa isang taong nahaharap sa pang-uusig dahil sa kanyang pananampalataya? (Para sa mga halimbawa, tingnan sa mga pahina 437–40.)
- Repasuhin ang mga pahina 440–41, kung saan tinitiyak sa atin ni Joseph Smith na tutulungan tayo ng Panginoon kapag tumugon tayo sa pang-uusig nang may pananampalataya at katapangan. Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng "pinalakas tayo ng Diyos nang sapat para makapagtiis"? Paano tayo "nagagalak sa ating pagdurusa" at "[naga]galak sa ating mga paghihirap"? Sa inyong palagay paano tayo mapapasakdal ng ating mga paghihirap?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mateo 5:43–44; Mga Taga Roma 8:35–39; 2 Nephi 26:8; Mosias 24:8–16; 3 Nephi 6:13

## *Mga Tala*

1. Wilford Woodruff, Journals, 1833–98, entry para sa Mayo 3, 1839, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.
2. *History of the Church,* 3:329–30; mula sa "Extract, from the Private Journal of Joseph Smith Jr.," *Times and Seasons,* Nob. 1839, p. 8.
3. *History of the Church,* 6:210; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Peb. 8, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Wilford Woodruff.
4. *History of the Church,* 2:460; mula sa isang liham ni Joseph Smith at ng iba pa kay John Thornton at iba pa, Hulyo 25, 1836, Kirtland, Ohio, inilathala sa *Messenger and Advocate,* Ago. 1836, p. 358.
5. *History of the Church,* 3:331; ginawang makabago ang pagbabantas; mula sa "Extract, from the Private Journal of Joseph Smith Jr.," *Times and Seasons,* Nob. 1839, pp. 8–9.

6. *History of the Church,* 5:140–41; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Ago. 31, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Eliza R. Snow; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
7. *History of the Church,* 6:498; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hunyo 18, 1844, sa Nauvoo, Illinois. Pinagsama-sama ng mga nagtipon ng *History of the Church* sa iisang salaysay ang mga kuwento ng ilang nakasaksi sa talumpati.
8. *History of the Church,* 2:437; mula sa isang liham ni Joseph Smith kay Oliver Cowdery, Abr. 1836, Kirtland, Ohio, inilathala sa *Messenger and Advocate,* Abr. 1836, p. 289.
9. *History of the Church,* 3:385; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hulyo 2, 1839, sa Montrose, Iowa; iniulat nina Wilford Woodruff at Willard Richards.
10. *History of the Church,* 1:84; mula sa "History of the Church" (manuskrito), book A-1, p. 41, Church Archives.
11. Wilford Woodruff, nag-uulat ng paghahayag na ginawa ni Joseph Smith noong Hulyo 7, 1839, sa Commerce, Illinois; Wilford Woodruff, Journals, 1833–98, Church Archives.
12. *History of the Church,* 4:337; ginawang makabago ang pagbabantas; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang ulat ni Joseph Smith at ng kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan, Abr. 7, 1841, Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Abr. 15, 1841, pp. 384–85.
13. *History of the Church,* 3:227–29, 232–33; ginawang makabago ang pagbabantas; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang liham ni Joseph Smith sa mga miyembro ng Simbahan sa Caldwell County, Missouri, Dis. 16, 1838, Liberty Jail, Liberty, Missouri.
14. Liham ni Joseph Smith at ng kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan kina Heber C. Kimball at Brigham Young, Ene. 16, 1839, Liberty Jail, Liberty, Missouri, Church Archives.



*Noong Hulyo 22, 1839, bumangon si Elijah Fordham mula sa "pagkahimlay sa kamatayan" nang pumasok ni Joseph Smith sa kanyang tahanan at nagpahayag, "Elijah, inuutusan kita, sa pangalan ni Jesus ng Nasaret, bumangon at ikaw ay gagaling!"*

# Mga Espirituwal na Kaloob na Magpagaling, Magsalita sa Iba't Ibang Wika, Magpropesiya, at Makahiwatig ng mga Espiritu

*"Walang taong maaaring maging lingkod ni Jesucristo maliban kung siya ay may patotoo kay Jesus; at ito ang diwa ng propesiya."*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Kasunod ng maikling panahon ng pagtatago sa Quincy, Illinois, noong mga unang buwan ng 1839, nagsimulang lumipat ang mga Banal nang mga 80 kilometro pahilaga patungong pamayanan ng Commerce, Illinois. Matapos makatakas mula sa pagkabilanggo sa Missouri, nagsimulang bumili ng mga lupain ang Propeta sa loob at paligid ng Commerce bilang mga lugar na pagtitipunan ng libu-libong umalis sa Missouri at ngayo'y nangangailangan ng lugar para muling isaayos ang kanilang buhay. Pagsapit ng Hulyo 1839, daan-daang Banal ang nakahimpil sa kanilang mga tolda at bagon sa bandang silangan ng Ilog Mississippi sa Commerce, samantalang ang iba ay nakatagpo ng kanlungan sa dating kampo ng militar sa kabilang panig ng ilog sa Montrose, Iowa. Sa bagong tahanang ito, sinikap ng mga Banal na linisin at patuyuin ang putikang lupain malapit sa ilog. Maraming miyembro ng Simbahan ang nakagat ng mga lamok at malubhang nagkasakit ng malaria at iba pang mga karamdaman. Ilan sa mga Banal ang namatay at ang iba naman ay muntik nang mamatay. Kinupkop nina Joseph at Emma Smith ang napakaraming miyembro sa kanilang tahanang yari sa troso para alagaan kaya ipinagamit ng Propeta ang kanyang kama at natulog na lang sa isang tolda sa labas.

Noong Hulyo 22, sa gitna ng sakit na dumapo sa marami, nasaksihan ng mga Banal ang tinawag ni Elder Wilford Woodruff na "isang araw ng kapangyarihan ng Diyos."[1] Nang umagang iyon bumangon ang Propeta, nanalangin sa Panginoon, at, nang mapuspos ng Espiritu ng Panginoon, nangasiwa sa mga maysakit na nasa kanyang bahay, sa bakuran sa labas, at sa tabing ilog. Tumawid siya ng ilog at bumisita sa tahanan ni Brigham Young sa Montrose upang bigyan siya ng basbas na nagpapagaling. Pagkatapos, kasama sina Sidney Rigdon, Brigham Young, at iba pang mga miyembro ng Labindalawa, nagpatuloy siya sa kanyang mahabaging misyon na taglay ang awa sa mga Banal ng Iowa. Ginunita ni Elder Woodruff ang isa sa mga pinaka-hindi malilimutang pagpapagaling sa araw na iyon:

"Tinawid namin ang liwasan, at pumasok kami sa bahay ni Brother [Elijah] Fordham. Isang oras nang naghihingalo si Brother Fordham, at inasahan naming mamamatay na siya anumang sandali. Nadama kong napuspos ng kapangyarihan ng Diyos ang kanyang Propeta. Pagpasok namin sa bahay, lumapit si Brother Joseph kay Brother Fordham, at hinawakan ito sa kanang kamay. . . . Nakita naming nanlalabo ang mga mata ni Brother Fordham, at hindi siya makapagsalita at walang malay.

"Matapos hawakan ang kamay nito, tinunghayan [ng Propeta] ang mukha ng naghihingalong lalaki at sinabi: 'Brother Fordham, kilala mo ba ako?' Noong una ay hindi ito sumagot; ngunit nakita naming lahat ang epekto ng Espiritu ng Diyos sa kanya.

"Muling sinabi [ni Joseph]: 'Elijah, kilala mo ba ako?' Sa mahinang bulong, sumagot si Brother Fordham, 'Oo!' Pagkatapos ay sinabi ng Propeta, 'Hindi ka ba sumasampalataya na gagaling ka?'

"Ang sagot, na mas malinaw kaysa rati, ay: 'Nangangamba akong huli na ang lahat. Kung napaaga ka sana, baka sakali pa.' Parang kagigising pa lamang niya. Nahimlay siya sa kamatayan. Pagkatapos ay sinabi ni Joseph: 'Hindi ka ba naniniwalang si Jesus ang Cristo?' 'Naniniwala ako, Brother Joseph,' ang sagot niya.

"Pagkatapos ay nagsalita ang Propeta ng Diyos sa malakas na tinig, tulad ng karingalan ng Panguluhang Diyos: 'Elijah, inuutusan kita, sa pangalan ni Jesus ng Nasaret, bumangon at ikaw ay gagaling!'

"Hindi tulad ng pagsasalita ng tao ang pagsasalita ng Propeta, kundi tulad ng tinig ng Diyos. Sa tingin ko ay yumanig ang pundasyon ng bahay. Lumukso si Elijah Fordham mula sa kanyang kama gaya ng isang taong bumangon mula sa patay. Bumalik ang kulay sa kanyang mukha, at buhay na buhay ang kanyang pagkilos. Nilagyan ng pantapal ang dalawang paa niya. Sinipa niya ito para matanggal, at kumalat ang gamot na inilagay rito, pagkatapos ay humingi siya ng damit at nagbihis. Humingi siya ng isang mangkok ng tinapay at gatas, at kinain ito; pagkatapos ay isinuot ang kanyang sumbrero at sinundan kami sa daan, para dalawin ang iba pang maysakit."[2]

Sa oras ng mahigpit na pangangailangan, nakaranas ang mga Banal ng pagbuhos ng kaloob na pagpapagaling sa mga kamay ng Propeta.

## Mga Turo ni Joseph Smith

### Mapapagaling ang maysakit sa pamamagitan ng pananampalataya at paggamit ng kapangyarihan ng priesthood, ayon sa kalooban ng Panginoon.

"Ano ang tanda ng pagpapagaling sa maysakit? Ang pagpapatong ng mga kamay ay tanda o paraang itinuro ni Santiago, at ang kaugalian ng mga sinaunang Banal na iniutos ng Panginoon, at hindi natin makakamtan ang pagpapala kung iba ang gagawin natin maliban sa itinuro ng Panginoon [tingnan sa Santiago 5:14–15]."[3]

*Noong Hulyo 1839, nang kalilipat pa lamang ng mga Banal sa Commerce, Illinois, at maraming maysakit sa kanila, itinala ni Joseph Smith:* "Maraming nagkasakit sa mga kapatid, gayundin sa mga nakatira sa lugar, kaya nga ang linggong ito at ang sumunod na linggo ay ginugol sa pagdalaw sa mga maysakit at paglilingkod sa kanila; ilan sa kanila ay sapat ang pananampalataya at napagaling; ang iba ay walang sapat na pananampalataya. . . .

"Linggo 28.—Idinaos ang pulong gaya ng dati. . . . Nagsalita ako, at isa-isang pinayuhan ang mga miyembro ng Simbahan na ilagay sa ayos ang kanilang mga bahay, upang malinis ang loob

ng bandeha, at magkita-kita sa susunod na Sabbath upang makibahagi sa Sacrament, upang sa ating pagsunod sa mga ordenansa, manaig tayong kasama ng Diyos laban sa mapamuksa, at mapagaling ang mga maysakit. Ang buong linggong ito ay ginugol ko sa piling ng mga maysakit, na halos lahat ay lumalakas, at bumabalik ang kalusugan."[4]

"Marami sa mga matwid ang magkakasakit, papasukan ng salot, at kung anu-ano pa, dahil sa kahinaan ng laman, subalit maliligtas sa Kaharian ng Diyos. Kaya nga hindi banal na tuntunin ang sabihin na si ganito at si ganoon ay lumabag kaya sila nagkasakit o namatay, sapagkat lahat ng tao ay mamamatay; at sinabi ng Tagapagligtas, 'Huwag kayong magsihatol, upang huwag kayong hatulan.' [Tingnan sa Mateo 7:1.]"[5]

---

**Ibinibigay ang kaloob na makapagsalita sa iba't ibang wika para maituro ang ebanghelyo sa iba.**

*Nagsalita ang Propeta sa isang kumperensya ng mga elder noong 1834:* "Pagkatapos ay ipinaliwanag ni Joseph Smith ang kaloob na makapagsalita sa iba't ibang wika, na partikular itong ibinigay para sa pangangaral ng Ebanghelyo sa ibang mga bansa at wika, ngunit hindi ito ibinigay para sa pamamahala ng Simbahan."[6]

"Tungkol sa kaloob na makapagsalita sa iba't ibang wika, ang masasabi lang natin ay, na sa lugar na ito, natanggap natin ito tulad ng mga sinauna: gayunman, sana'y mag-ingat kayo para hindi kayo malinlang dito. . . . Walang alinlangang tutudyuhin kayo ni Satanas tungkol sa kaloob na makapagsalita sa iba't ibang wika, maliban kung kayo ay maingat; hindi ninyo siya mahigpit na mababantayan, ni makapagdarasal nang husto. Nawa'y bigyan kayo ng Panginoon ng talino sa lahat ng bagay."[7]

"Nabasa ko ang ika-13 kabanata ng Unang Mga Taga Corinto [sa isang pulong na idinaos noong Disyembre 26, 1841], gayundin ang isang bahagi ng ika-14 na kabanata, sinabi ko na ang kaloob na makapagsalita sa iba't ibang wika ay kailangan sa Simbahan; . . . ang kaloob na makapagsalita sa iba't ibang wika sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo sa Simbahan, ay para sa kapakinabangan ng mga alagad ng Diyos na



*"Ang kaloob na makapagsalita sa iba't ibang wika sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo sa Simbahan, ay para sa kapakinabangan ng mga alagad ng Diyos na makapangaral sa mga walang paniniwala."*

makapangaral sa mga walang paniniwala, tulad noong panahon ng Pentecostes."[8]

"Binigyan tayo ng mga wika upang makapangaral sa mga taong ang wika ay hindi maunawaan; tulad noong panahon ng Pentecostes, at iba pa, at hindi kailangang magturo ng mga wika lalo na sa Simbahan, sapagkat sinuman na kinasihan ng Espiritu Santo, ay masasabi ang mga bagay ng Diyos sa sarili niyang wika at makapagsasalita rin sa iba't ibang wika; sapagkat ang pananampalataya ay dumarating hindi sa pamamagitan ng mga tanda, kundi sa pakikinig sa salita ng Diyos."[9]

"Huwag kayong mag-usisa tungkol sa mga wika, huwag magsalita sa mga wika maliban kung may magpapaliwanag niyon; ang mahalagang layon ng mga wika ay makapagsalita sa mga dayuhan, at kung ang mga tao ay napakasabik na ipagyabang ang kanilang talino, hayaan silang magsalita sa sarili nilang wika. Ang mga kaloob ng Diyos ay malaking pakinabang sa kanilang lugar, ngunit kapag ginamit ito sa hindi nilayon ng Diyos, nakakasama ito, nagiging isang bitag at sumpa sa halip na pagpapala."[10]

"Nagkaroon din kami ng mga miyembrong lalaki at babaeng nagkunwaring may kaloob na makapagsalita ng iba't ibang wika; nagsalita sila sa paungul-ungol at di natural na boses, at namimilipit ang kanilang mga katawan . . . ; samantalang wala namang hindi natural sa Espiritu ng Diyos."[11]

"Huwag gamitin ang kaloob na makapagsalita sa iba't ibang wika nang hindi ito nauunawaan, o walang paliwanag. Nakapagsasalita ang diyablo sa iba't ibang wika; gagawin ng kalaban ang kanyang gawain; matutukso niya ang lahat ng klase ng tao; makapagsasalita siya ng Ingles o Dutch. Huwag pagsalitain ang sinuman sa iba't ibang wika kung hindi rin lang siya magpapaliwanag, maliban kung sumang-ayon ang isang namumuno; sa gayon ay makahihiwatig siya o makapagpapaliwanag, o kaya'y ibang tao ang gagawa niyon."[12]

"Kung mayroon kayong ihahayag, sabihin ito sa sarili ninyong wika; huwag masyadong gamitin ang kaloob na makapagsalita sa iba't ibang wika, o baka samantalahin ng diyablo ang walang malay at walang alam. Maaari kayong magsalita sa iba't ibang wika kung makakaginhawa sa inyo, ngunit inilalahad ko ito bilang tuntunin, na kung may ituro man sa pamamagitan ng kaloob na makapagsalita ng iba't ibang wika, hindi ito dapat tanggapin bilang doktrina."[13]

---

### Bagama't iisang tao lang ang nagsasalita bilang propeta ng Simbahan, binibigyang-kakayahan ng espiritu ng propesiya ang lahat na magpatotoo kay Jesucristo.

"Walang lingkod ni Jesucristo na hindi isang Propeta. Walang taong maaaring maging lingkod ni Jesucristo maliban kung siya ay may patotoo kay Jesus; at ito ang diwa ng propesiya [tingnan sa Apocalipsis 19:10]."[14]

"Sinabi ni Juan na Tagapaghayag na ang patotoo kay Jesus ang diwa ng propesiya [tingnan sa Apocalipsis 19:10]. Ngayon kung mayroong sinuman na may patotoo kay Jesus, hindi ba't may diwa siya ng propesiya? At kung siya ay may espiritu ng propesiya, ang tanong ko, hindi ba't siya ay isang propeta? At kung siya ay propeta, hindi ba't tumatanggap siya ng paghahayag? At sinumang

hindi tumatanggap ng paghahayag para sa kanyang sarili ay isusumpa, sapagkat ang patotoo kay Jesus ang espiritu ng propesiya. Sapagkat sinabi ni Cristo, humingi at ikaw ay tatanggap; at kung tumanggap nga siya ng anuman, ang tanong ko, hindi ba ito ay isang paghahayag? At ang sinuman na walang patotoo kay Jesus o sa espiritu ng Diyos ay hindi sa kanya, ibig sabihi'y kay Cristo. At kung hindi siya sa kanya, dapat siyang isumpa."[15]

*Itinala ng isang bisita sa Nauvoo na itinuro ni Joseph Smith ang sumusunod sa isang pag-uusap:* "Si Propetang Joseph Smith ay [nagsabi na] . . . para maging lingkod ni Jesus, dapat magpatotoo ang isang tao tungkol kay Jesus; at para magpatotoo kay Jesus, dapat magkaroon ng espiritu ng propesiya ang isang tao; sapagkat, ayon kay Juan, ang patotoo kay Jesus ang espiritu ng propesiya.

"Kung sabihin ng isang tao na siya ay lingkod ni Jesus at wala siyang espiritu ng propesiya, isa siyang bulaang saksi, sapagkat wala siya ng kaloob na iyon na nagpapagindapat sa kanya sa katungkulang iyon; at ang pagkakaiba sa pagitan [ni Joseph Smith] at ng mga pastor sa henerasyong ito ay, sinasabi niya na taglay niya ang espiritung iyon ng propesiya na nagpapagindapat sa kanya na magpatotoo kay Jesus at sa Ebanghelyo ng kaligtasan; at itinatatwa ng mga pastor ang espiritung iyon, maging ang espiritu ng propesiya, na siyang tanging hihirang sa kanila na mga tunay na saksi o tagapagpatotoo sa Panginoong Jesucristo, gayunman sila raw ay mga tunay na lingkod ng kaligtasan."[16]

"Natatamo ang pananampalataya sa pakikinig sa salita ng Diyos, sa pamamagitan ng patotoo ng mga alagad ng Diyos; ang patotoong iyon ay lagi nang dinadaluhan ng Espiritu ng propesiya at paghahayag."[17]

---

## Ang kaloob na paghiwatig sa mga espiritu ay nagtutulot sa mga nananalig na matukoy ang kaibhan ng impluwensya ng mabubuti sa masasamang espiritu.

*Sa mga unang araw ng ipinanumbalik na Simbahan, ang mga miyembro ng Simbahan, gayundin ang mga miyembro ng ibang relihiyon, ay sumusunod kung minsan sa impluwensya*

*ng kasamaan o mga bulaang espiritu, sa paniniwalang sila ay nasa ilalim ng impluwensya ng Espiritu Santo. Itinuro ni Propetang Joseph Smith:* "Dahil sa mga nangyari sa aming buhay kamakailan napilitan akong sabihin ang isang bagay na may kinalaman sa mga espiritung nagpapakilos sa mga tao.

"Makikita sa mga sulat ng mga Apostol [sa Bagong Tipan], na maraming bulaang espiritung umiral sa kanilang panahon, at 'ngayo'y nasa sanglibutan na,' at Diyos lamang ang maaaring magkaloob ng talinong kailangan upang matukoy ang mga bulaang espiritu, at mapatunayan kung anong mga espiritu ang sa Diyos [tingnan sa I Juan 4:1–4]. Karaniwan ay walang kaalam-alam ang mundo hinggil sa bagay na ito, at bakit naman hindi— 'sapagkat walang sinumang nakaaalam ng mga bagay ng Diyos, maliban sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos.' [Tingnan sa I Mga Taga Corinto 2:11.] . . .

"Sa bawat panahon, lagi nang parang kulang ang pang-unawa hinggil sa paksang ito. Lahat ng uri ng espiritu ay nakita na, sa bawat panahon, at halos sa lahat ng tao. . . . Lahat ng tao ay naniniwala sa sarili nilang uri ng espiritu, lahat ay naniniwala na ang kanilang espiritu ay may kapangyarihang higit pa sa karaniwan, at iginigiit ng lahat na ang kanilang espiritu ay sa Diyos. Sino ang makakatuklas sa hiwaga? 'Inyong subukin ang mga espiritu,' sabi ni Juan [I Juan 4:1], ngunit sino ang gagawa niyon? Ang may pinag-aralan, ang mahusay magsalita, ang pilosopo, ang pantas, ang pastor—lahat ay walang alam. . . . Sino ang makapaglalantad sa liwanag at makatutuklas sa mga nakatagong hiwaga ng mga bulaang espiritu na napakadalas magpakita sa mga Banal sa mga Huling Araw? Isinasagot namin na walang taong makagagawa nito na walang Priesthood, at kaalaman sa mga batas na namamahala sa mga espiritu; sapagkat kung 'walang sinumang nakaaalam ng mga bagay ng Diyos, maliban sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos,' wala ring sinumang nakaaalam ng espiritu ng diyablo, at ng kanyang kapangyarihan at impluwensya, kundi sa pamamagitan ng pagtatamo ng katalinuhang higit pa sa talino ng tao, at pagtuklas ng mga hiwaga ng kanyang mga plano sa pamamagitan ng Priesthood. . . .

"Kailangan ay makahiwatig ng mga espiritu ang tao bago niya mailantad ang malaimpiyernong impluwensyang ito at maipakita sa mundo ang lahat ng pangwawasak ng kaluluwa, makademonyo, at kasindak-sindak na anyo nito; sapagkat walang higit na kapahamakan sa mga anak ng tao maliban sa pag-aakalang nasa panig nila ang Espiritu ng Diyos gayong sila ay nasa ilalim ng impluwensya ng bulaang espiritu. Libu-libo na ang nakadama ng impluwensya ng kahindik-hindik na kapangyarihan at mapangwasak na mga epekto nito. . . .

"Tulad ng napuna natin noon, malaking problema ang kawalan ng kaalaman tungkol sa likas na katangian ng mga espiritu, sa mga batas na namamahala rito, at sa mga tanda para makilala ang mga ito; kung kailangan ang Espiritu ng Diyos para malaman ang mga bagay ng Diyos; at malalantad lamang ang espiritu ng diyablo sa pamamagitan niyon, sa gayon ay natural lamang na manatili silang walang alam tungkol sa mga alituntuning ito magpakailanman maliban kung may tao o mga taong may komunikasyon, o paghahayag mula sa Diyos, na nagpapakita sa kanila ng gawain ng espiritu; sapagkat iginigiit ko na kung hindi maunawaan ng isang tao ang mga bagay na ito kundi sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos, hindi rin ito mauunawaan ng sampung libong tao; hindi rin ito abot ng talino ng may pinag-aralan, ng dila ng mahusay magsalita, ng kapangyarihan ng malakas. At ito ang ipapasiya natin sa huli, anuman ang iniisip natin tungkol sa paghahayag, na kung wala ito ay hindi natin malalaman ni maunawaan ang anumang bagay ng Diyos, o ng diyablo; at gaano man ang pagtanggi ng mundo na kilalanin ang alituntuning ito, kitang-kita mula sa iba't ibang doktrina at ideya hinggil sa bagay na ito na wala silang nauunawaan sa alituntuning ito, at maliwanag din na kung walang banal na komunikasyon kailangan nilang manatiling walang alam. . . .

"Kailangang makahiwatig ng mga espiritu ang isang tao, tulad ng sinabi natin noon, upang maunawaan ang mga bagay na ito, at paano niya makakamtan ang kaloob na ito kung walang mga kaloob ng Espiritu? At paano makakamtan ang mga kaloob na ito kung walang paghahayag? 'Umakyat si Cristo sa langit, at nagbigay

ng mga kaloob sa tao; at pinagkalooban ang iba na maging mga Apostol, at ang iba'y mga Propeta, at ang iba'y mga Evangelista, at ang iba'y mga Pastor at Guro' [tingnan sa mga Efeso 4:8, 11]. At paano pinili ang mga Apostol, Propeta, Pastor, Guro at Evangelista? Sa pamamagitan ng propesiya (paghahayag) at pagpapatong ng mga kamay:—sa pamamagitan ng banal na komunikasyon, at ordenansang itinalaga ng langit—sa pamamagitan ng Priesthood, na inorganisa ayon sa orden ng Diyos, sa banal na pagtatalaga. Hawak ng mga Apostol noong sinaunang panahon ang mga susi ng Priesthood na ito—ang mga hiwaga ng kaharian ng Diyos, at bunga nito nagawa nilang buksan at kalasin ang lahat ng bagay tungkol sa pamamahala ng Simbahan, sa kapakanan ng lipunan, sa tadhana ng tao sa hinaharap, at sa kalayaang pumili, kapangyarihan at impluwensya ng mga espiritu; sapagkat mapipigil nila ang mga ito kung gusto nila, mapapalayas nila ang mga ito sa pangalan ni Jesus, at malalaman ang mga ginagawa nitong kahangalan at kababalaghan kapag tinatangka nilang linlangin ang Simbahan sa pagkukunwaring sila ay banal, at hinahadlangan ang kapakanan ng Simbahan at paglaganap ng katotohanan. . . .

". . . Ang ating Tagapagligtas, mga Apostol, at maging mga miyembro ng Simbahan ay pinagkalooban ng kaloob na ito, sapagkat, sabi ni Pablo, 'Sa isa'y [ibinigay] ang iba't ibang wika; at sa iba'y ang pagpapaliwanag ng mga wika, sa iba'y ang paggawa ng mga himala; at iba'y propesiya, at sa iba'y ang pagkilala sa mga espiritu.' [Tingnan sa I Mga Taga Corinto 12:10.] Lahat ng ito ay nagmula sa iisang Espiritu ng Diyos, at mga kaloob ng Diyos. . . . Walang sinumang tao o grupo ng mga tao na walang regular na itinalagang awtoridad, walang Priesthood at paghiwatig sa mga espiritu, ang makahihiwatig sa mga bulaang espiritu."[18]

"Laganap ang mga sinungaling na espiritu sa mundo. Magkakaroon ng mga dakilang pagpapakita ng mga espiritu, kapwa bulaan at totoo. . . . Hindi lahat ng espiritu, o pangitain, o pag-awit, ay maka-Diyos. . . . Ang kaloob na paghiwatig ng mga espiritu ay ibibigay sa Presiding Elder. Ipagdasal siya nang mapasakanya ang kaloob na ito."[19]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Repasuhin ang kuwento sa mga pahina 445–47. Paano makatutulong ang kuwentong ito sa mga maytaglay ng Melchizedek Priesthood sa paghahandang maglingkod sa maysakit? Paano ito makatutulong sa atin kapag kailangan natin ng basbas ng priesthood? Sa inyong palagay bakit mahalagang ipahayag ni Brother Fordham ang kanyang pananampalataya kay Jesucristo sa oras na iyon?
- Repasuhin ang mga turo ni Propetang Joseph sa mga pahina 447–48. Anong mga karanasan ang nakatulong sa inyo para maunawaan ang kapangyarihan ng priesthood sa pagpapagaling sa maysakit? Anong mga alituntunin ang dapat gumabay sa atin sa pagbabahagi ng ating mga karanasan sa pagpapagaling sa maysakit? Bakit hindi gumagaling ang ilang tao, kahit sumampalataya sila at tumanggap ng mga basbas ng priesthood?
- Sinabi ni Joseph Smith na ang kaloob na makapagsalita ng iba't ibang wika ay "partikular na itinatag para sa pangangaral ng Ebanghelyo sa ibang mga bansa at wika" (tingnan sa mga pahina 448–50). Paano nakatulong ang kaloob na ito sa pagpapalaganap ng ebanghelyo sa buong mundo? Paano ninyo natanggap o ng ibang kakilala ninyo ang kaloob na makapagsalita ng iba't ibang wika upang makatulong sa pangangaral ng ebanghelyo?
- Repasuhin ang mga turo ng Propeta tungkol sa espiritu ng propesiya (mga pahina 450–51). Ano ang kabuluhan sa inyo na malamang bawat miyembro ng Simbahan ay maaaring magkaroon ng espiritu ng propesiya?
- Repasuhin ang mga turo ng Propeta tungkol sa kaloob na paghiwatig sa mga espiritu (mga pahina 451–54). Ano ang kaloob na paghiwatig sa mga espiritu? Paano natin maiiwasang malin-

lang ng masasamang impluwensya? Paano tayo natutulungan ng kasalukuyan nating propeta at ng iba pang mga lider ng Simbahan na mahiwatigan ang masasamang impluwensya?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* I Mga Taga Corinto 12:1–31; 14:1–6, 22–28; Santiago 5:14–15; Moroni 10:8–17; D at T 46:1–33; 50:1–36, 40–44; 52:14–19

## *Mga Tala*

1. Wilford Woodruff, Journals, 1833–98, entry noong Hulyo 22, 1839, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.
2. Wilford Woodruff, "Leaves from My Journal," *Millennial Star,* Okt. 17, 1881, p. 670; ginawang makabago ang pagpapalaki ng mga letra; binago ang pagkakahati ng mga talata.
3. *History of the Church,* 4:555; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mar. 20, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Wilford Woodruff.
4. *History of the Church,* 4:3–5; binago ang pagkakahati ng mga talata; inalis ang pagkakahilig ng mga salita; mula sa mga journal entry ni Joseph Smith, Hulyo 8–10, 28, 1839, Commerce, Illinois.
5. *History of the Church,* 4:11; mula sa mga tagubiling ibinigay ni Joseph Smith noong Set. 29, 1839, sa Commerce, Illinois; iniulat ni James Mulholland.
6. *History of the Church,* 2:162; mula sa mga tala ng kumperensya ng mga elder na idinaos noong Set. 8, 1834, sa New Portage, Ohio; iniulat ni Oliver Cowdery.
7. *History of the Church,* 1:369; mula sa isang liham ni Joseph Smith at ng kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan sa mga kalalakihan sa Missouri, Hulyo 2, 1833, Kirtland, Ohio.
8. *History of the Church,* 4:485; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Dis. 26, 1841, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Willard Richards.
9. *History of the Church,* 3:379; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hunyo 27, 1839, sa Commerce, Illinois; iniulat ni Willard Richards.
10. *History of the Church,* 5:31–32; mula sa "Gift of the Holy Ghost," isang editoryal na inilathala sa *Times and Seasons,* Hunyo 15, 1842, pp. 825–26; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.
11. *History of the Church,* 4:580; ginawang makabago ang pagbabantas; mula sa "Try the Spirits," isang editoryal na inilathala sa *Times and Seasons,* Abr. 1, 1842, p. 747; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.
12. *History of the Church,* 3:392; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong bandang Hulyo 1839 sa Commerce, Illinois; iniulat ni Willard Richards.
13. *History of the Church,* 4:607; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 28, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Eliza R. Snow.
14. *History of the Church,* 3:389; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong bandang Hulyo 1839 sa Commerce, Illinois; iniulat ni Willard Richards.
15. Binanggit ni James Burgess, sa pagtitipon ng mga bahagi ng mga talumpati ni Joseph Smith; James Burgess, Journals, 1841–48, vol. 2, Church Archives.
16. *History of the Church,* 5:407–8; ginawang makabago ang pagbabantas; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa mga tagubiling ibinigay ni Joseph Smith noong bandang

Ene. 1843 sa Nauvoo, Illinois; iniulat sa liham ng isang di-kilalang *Boston Bee* correspondent, Mar. 24, 1843, Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Mayo 15, 1843, p. 200.

17. *History of the Church,* 3:379; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hunyo 27, 1839, sa Commerce, Illinois; iniulat ni Willard Richards.
18. *History of the Church,* 4:571–75, 580; ginawang makabago ang pagbabantas at gramatika; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa "Try the Spirits," isang editoryal na inilathala sa *Times and Seasons,* Abr. 1, 1842, pp. 743–45, 747; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.
19. *History of the Church,* 3:391–92; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong bandang Hulyo 1839 sa Commerce, Illinois; iniulat ni Willard Richards.



*Nahahabag ang Tagapagligtas sa isang babaeng nangalunya (tingnan sa Juan 8:1–11). "Sinabi ni Cristo na dumating Siya upang papagsisihin ang mga makasalanan, upang iligtas sila," pahayag ni Joseph Smith.*

K A B A N A T A  3 4

# Ang Kapangyarihan ng Pagpapatawad

*"Halina, kapatid, ngayong lipas na ang digmaan,*
*Ang dating magkaibigan, ay magkaibigan na naman."*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Noong tag-init ng 1839, pinangalanang *Nauvoo* ng Propeta ang lugar na pinagtitipunan ng mga Banal sa panig ng Illinois sa may Ilog Mississippi. Ang pangalan ay mula sa salitang Hebreo, na ang ibig sabihin ay "isang magandang sitwasyon, o lugar, na may ideya rin ng kapahingahan."[1] Sa ilalim ng pamamahala ng Propeta, sinimulang gawing magandang lungsod ng mga Banal ang nayon ng Commerce. Pinalitan muna nila ng mga tahanang yari sa troso ang kanilang mga barung-barong at tolda, pagkatapos ay nagsulputan na ang ilang bahay na yari sa kahoy at magagandang tahanang yari sa ladrilyo. Nagtanim sila ng mga namumunga at mayayabong na punungkahoy at halamang gumagapang at maliliit na halaman upang pagandahin ang malalaki nilang lote. Sa maganda nilang Nauvoo, umasa ang mga Banal na makakita ng payapang lugar na kanlungan kung saan nila maiiwasan ang mga panguusig na dinanas nila sa Missouri.

Sa panahong ito ng pagtatayo, may naranasan si Joseph Smith na nagpakita ng kanyang pagkamaawain at kahandaang magpatawad sa iba, kaya nagawa nilang pagsisihan ang kanilang mga kamalian. Isinalaysay ni Daniel Tyler ang karanasan:

"Nagkaroon ng malaria ang isang lalaking mataas ang katungkulan sa Simbahan habang nasa Far West [Missouri]. Habang nanghihina ang isipan at katawan, kung anu-anong masasamang bagay ang sinabi sa kanya ng mga taong walang pakialam at hinikayat siyang iwanan ang mga Banal at sumama sa kanila. Nagpatotoo siya laban sa Propeta. Habang nasa Commerce ang

mga Banal, paggaling niya sa kanyang karamdaman, nilisan niya ang Missouri at nagtungo sa Quincy, Illinois. Doo'y nagsibak siya ng kahoy upang kumita nang sapat para madala niya ang kanyang pamilya sa Nauvoo, at [mabigyan] ng regalo ang ipinahamak na tao ng Diyos at baka sakaling patawarin siya nito at pahintulutan siyang bumalik sa kawan. . . . Nadama niya na wala nang ibang lugar kung saan siya maliligtas at kung ipagkakait ito sa kanya ay mawawala na ang lahat sa ganang kanya. Nagsimula siyang maglakbay nang may bagbag na puso at paninimdim.

"Habang papunta [ang lalaking ito] sinabi ng Panginoon kay Brother Joseph na parating ito. Dumungaw sa bintana ang Propeta at nakita siyang parating. Pagbukas pa lamang niya ng tarangkahan tumayo na ang Propeta mula sa kanyang silya at tumakbo at sinalubong siya sa bakuran, na humihiyaw, 'O Kapatid——, nagagalak akong makita ka!' Kinabig niya ito sa leeg at kapwa sila umiyak na parang mga bata.

"Sapat nang sabihin na nakapagsisi nang husto at muling nabinyagan sa Simbahan ang lalaking nagkasala, muling natanggap ang kanyang Priesthood, ginampanan ang ilang mahahalagang misyon, nakihalubilo sa mga Banal sa Sion at namatay na may lubos na pananampalataya."[2]

Pinatunayan din ni George Q. Cannon, na naglingkod bilang tagapayo sa Unang Panguluhan, ang pagiging mapagpatawad ni Joseph Smith: "Sa matibay na pagtatanggol niya sa katotohanan, at di matinag na pagsunod sa mga utos ng Diyos, laging maawain si Joseph sa mahihina at nagkakasala. Noong tag-init ng 1835, naglingkod siya sa mga konseho at pulong sa Kirtland at mga kalapit na lugar, at napiling makibahagi sa mga kaganapan laban sa ilang miyembrong lilitisin dahil sa pagsasalita laban sa Panguluhan ng Simbahan. Nabunot ang pangalan niya upang ipagtanggol o usigin ang mga inakusahan, at bagama't siya mismo ang pinagkasalahan, nagpakita siya ng labis na kagiliwan at katarungan kaya minahal siya ng lahat."[3]

## Mga Turo ni Joseph Smith

### Dapat nating gamitin ang alituntunin ng awa at patawarin ang ating mga kapatid.

"Isa sa pinakamasasayang tagpong maaaring maganap sa lupa kapag nagkasala ang isang tao sa iba, ay ang patawarin ang pagkakasalang iyon; pagkatapos ayon sa dakila at perpektong huwaran ng Tagapagligtas, ipagdasal sa ating Ama sa langit na patawarin din [ang nagkasala]."[4]

"Laging gamitin ang alituntunin ng awa, at maging handang patawarin ang ating kapatid sa unang katunayan ng pagsisisi, at paghingi ng tawad; at kung patawarin pa natin ang ating kapatid, o kahit ang ating kaaway, bago pa man siya magsisi o humingi ng tawad, gayon din tayo kadaling kaaawaan ng ating Ama sa langit."[5]

"Pagpasensyahan at patawarin natin ang isa't isa, sapagkat gayon din ang Panginoon sa atin. Ipagdasal ang inyong mga kaaway sa Simbahan at huwag ninyong isumpa ang inyong mga kalabang wala sa Simbahan: sapagkat akin ang paghihiganti, sabi ng Panginoon, at ako ang gaganti [tingnan sa Mga Taga Roma 12:19]. Sa bawat miyembrong naordenan, at sa lahat, sinasabi namin, maging maawain at nang kayo ay kaawaan. Hangaring makatulong sa pagligtas ng mga kaluluwa, at hindi ang ipahamak sila: sapagkat talagang alam ninyo, na 'higit ang katuwaan sa langit, sa isang makasalanang nagsisisi, kaysa sa siyamnapu't siyam na taong matwid na di na kailangang magsisi.' [Tingnan sa Lucas 15:7.]"[6]

*Iniulat ni Eliza R. Snow ang mga salitang ito ng Propeta:* "[Ang mga Banal] ay dapat magkaroon ng awa, gaano man kasama ang mga nasa paligid natin. Sabi niya naging kasangkapan siya sa paglalantad ng kasamaan—malungkot at nakakatakot isipin na napakaraming nagpailalim sa sumpa ng diyablo, at napahamak. Marubdob niyang sinabi na sila ay kapwa mga mortal, minahal natin sila dati, hindi ba natin sila hihikayating magbago? Hindi [pa] natin sila pinatatawad nang pitumpung ulit na pito, tulad ng iniutos ng ating Tagapagligtas [tingnan sa Mateo

18:21–22]; marahil hindi pa natin sila pinatatawad kahit minsan. May araw na ng kaligtasan para sa taong nagsisisi at nagbabago."[7]

"Kung tutulan kaya tayo ni Jesucristo at ng mga banal na anghel dahil sa mga walang kabuluhang bagay, ano ang mangyayari sa atin? Kailangan tayong maging maawain sa isa't isa, at huwag pansinin ang maliliit na bagay."[8]

*Iniulat ni Willard Richards, miyembro ng Korum ng Labindalawa:* "Sinabi ni Joseph na maayos ang lahat sa pagitan niya at ng kalangitan; na hindi siya napopoot kaninuman; at nanalangin nang ganito si Joseph, tulad ng, o ayon sa, panalangin ni Jesus—'Ama, patawarin mo po ako sa aking mga pagkakasala tulad ng pagpapatawad ko sa mga nagkasala sa akin' [tingnan sa Mateo 6:12, 14], sapagkat buong-puso kong pinatatawad ang lahat ng tao. Kung nanaisin at lilinangin natin ang pagmamahal sa iba, kailangan natin silang mahalin, maging ang ating mga kaaway at kaibigan."[9]

---

## Ang pagpapatawad ay nagpapanumbalik ng pagkakaisa ng damdamin.

"Nalulungkot ako na walang higit na pagkakaisa ng damdamin; kung nagdurusa ang isang miyembro nadarama ito ng lahat; sa pagkakaisa ng damdamin nagtatamo tayo ng kapangyarihan sa Diyos. Ang sabi ni Cristo pumarito siya upang pagsisihin ang mga makasalanan, upang iligtas sila. Isinumpa si Cristo ng mapagmagaling na mga Judio dahil nakihalubilo Siya sa mga makasalanan; nakihalubilo Siya sa kanila dahil pinagsisihan na nila ang kanilang mga kasalanan. . . . Kung nagsisisi [ang mga makasalanan], kailangan natin silang ibilang sa atin, at sa kabaitan ay pabanalin at linisin sila mula sa lahat ng kasamaan sa pamamagitan ng ating maimpluwensyang pagbabantay sa kanila. . . . Wala nang ibang paraan para mailayo ang mga tao sa pagkakasala kundi hawakan sila sa kamay, at bantayan sila nang buong giliw."[10]

*Sumulat si Propetang Joseph Smith sa isang grupo ng mga lider ng Simbahan:* "Ngayon, mga kapatid, hayaan ninyong sabihin ko sa inyo, na ako ang magpapasiya kung magbibigay ako o magpapatawad, at magpapasensya at magpaparaya, na may

mahabang pagtitiis at pasensya, sa mga pagkakamali, kalokohan, kahinaan, at kasamaan ng aking mga kapatid at ng buong sangkatauhan; at ang aking tiwala at pagmamahal sa inyo ay hindi nababawasan, ni humihina. At ngayon, kung kailanganin ninyong tiisin nang kaunti ang aming mga kahinaan at kalokohan, at nararapat namin kayong pagalitan, huwag sasama ang inyong loob. . . . Kapag nagkaharap tayo, inaasahan ko, nang wala ni katiting na pag-aalinlangan, na lahat ng nangyari sa atin ay ganap na mauunawaan, at mananaig ang lubos na pagmamahal; at ang sagradong tipang nagbubuklod sa atin, ang siyang pinakamahalaga sa ating mga puso."[11]

*Sinabi ni Propetang Joseph Smith ang sumusunod sa pakikipagpulong sa kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan at sa Labindalawa:* "Kung minsan masakit akong magsalita dala ng silakbo ng damdamin, at dahil nasugatan ko ang inyong damdamin, mga kapatid, patawad, sapagkat mahal ko kayo at sinusuportahan nang buong puso sa lahat ng kabutihan, sa harapan ng Panginoon, at sa harapan ng tao; sapagkat tinitiyak ko sa inyo, mga kapatid, na handa akong pigilin ang bugso ng lahat ng oposisyon, sa mga unos at kaguluhan, sa mga kulog at kidlat, sa dagat at lupa, sa ilang o sa gitna ng mga bulaang kapatid, o mga mandurumog, o saan man tayo dalhin ng kalooban ng Diyos. At determinado ako na walang kabundukan o karagatan, mga pamunuan o kapangyarihan, mga bagay sa kasalukuyan o sa hinaharap, o sinumang iba pang nilikha, na makapaghihiwalay sa akin sa inyo [tingnan sa Mga Taga Roma 8:38–39].

"At makikipagtipan ako ngayon sa inyo sa harapan ng Diyos, na hindi ko pakikinggan o paniniwalaan ang anumang paninira laban sa sinuman sa inyo, ni hatulan kayo batay sa anumang patotoo sa ilalim ng langit, maliban lamang kung tiyak ang patotoong iyon, hanggang sa magkaharap tayo, at malaman nang may katiyakan; at hindi mababawasan ang tiwala ko sa inyong salita, sapagkat naniniwala ako na kayo ay tapat na mga kalalakihan. At iyon din ang hiling ko sa inyo, kapag may sinabi ako sa inyong anuman, na pagtiwalaan din ninyo nang gayon ang aking salita, sapagkat hindi ko sasabihin sa inyo ang anumang bagay na hindi ko alam."[12]

*Noong taglagas ng 1835, tinutulan ng kapatid ng Propeta na si William ang isang desisyon ng Propeta, nagalit ito, at sinimulang laitin ang Propeta at hikayatin ang iba na gawin din iyon. Nalungkot ang Propeta sa pakikitungong ito, at sinulatan niya nang ganito si William:* "Nais ko sana, Brother William, na magpakumbaba ka. Buong puso kitang pinatatawad, at alam mong hindi matitinag at hindi magbabago ang aking kalooban; alam ko kung sino ang pinagkakatiwalaan ko; matatag ang aking kinatatayuan; hindi ako kayang igupo, hindi, hindi ako maigugupo, ng mga pagbaha. Alam mo na totoo ang doktrinang itinuturo ko, alam mo na pinagpala ako ng Diyos. . . . Alam mo na tungkulin kong payuhan ka, kapag ikaw ay nagkakamali. May karapatan akong gawin ito lagi, at mapapasaiyo rin ang pribilehiyong ito. May karapatan akong payuhan ka, dahil nakatatanda mo akong kapatid; at ipinagkakaloob ko sa iyo ang pribilehiyong ito, dahil tungkulin kong magpakumbaba, at tumanggap ng pagsaway at tagubilin mula sa isang kapatid, o kaibigan. . . .

"At ngayon nawa'y kaawaan ng Diyos ang bahay ng aking ama; nawa'y alisin ng Diyos ang poot sa pagitan nating dalawa; at nawa'y manumbalik ang lahat ng pagpapala, at malimutan ang nakaraan magpakailanman. Nawa sa mapagpakumbabang pagsisisisi ay mapalapit kaming dalawa sa Inyo, O Diyos, at sa Inyong kapangyarihan at proteksyon, at isang korona, upang makasamang muli ang aking ama, ina, sina Alvin, Hyrum, Sophronia, Samuel, Catherine, Carlos, Lucy, ang mga Banal, at lahat ng napadakila sa kapayapaan, magpakailanman, ang dalangin ng iyong kapatid."[13]

*Noong Enero 1, 1836, sinabi ng Propeta ang sumusunod tungkol sa mga pagsisikap niyang lutasin ang problemang ito sa kanyang pamilya:* "Kahit puspos ng pasasalamat ang aking puso habang pinagninilay-nilay ko ang mga nangyari noong nakaraang taon, at ang napakaraming pagpapalang ipinagkaloob sa atin, nasasaktan ang puso ko, dahil sa problema sa pamilya ng aking ama. . . . Determinado akong gawin ang lahat para makibagay at sa mabuting paraan ay alisin at lutasin ang lahat ng problema ng pamilya sa araw na ito, upang ang darating na taon at mga susunod pa, kaunti man o marami, ay magugol sa kabutihan sa harapan ng Diyos. . . .

"Dumating sa bahay ko sina Brother William at Hyrum, at si Uncle John Smith, at pumasok kami sa isang silid, kasama ang aking ama at si Elder Martin Harris. Sinimulan ni Amang Smith sa panalangin ang aming usapan, pagkatapos ay ipinahayag ang nadarama niya sa nakaaantig at magiliw na paraan, taglay ang lahat ng simpatiya ng isang ama, na ang damdamin ay lubhang nasaktan dahil sa problemang umiiral sa pamilya; at habang nagsasalita sa amin, sumaamin ang Espiritu ng Diyos sa napakalakas na kapangyarihan, at lumambot ang aming mga puso. Mapagpakumbabang nagtapat si Brother William at humingi ng tawad sa panlalait na ginawa niya sa akin. At anuman ang pagkakamali ko ay inihingi ko ng tawad sa kanya.

"At ang espiritu ng pagtatapat at pagpapatawad ay nasa aming lahat, at nakipagtipan kami sa isa't isa, sa harapan ng Diyos, at ng mga banal na anghel, at ng mga kapatid, na sisikapin naming patatagin ang isa't isa sa kabutihan sa lahat ng bagay mula noon, at hindi makikinig sa masasamang ulat hinggil sa bawat isa; kundi, gaya ng tunay na magkakapatid, ay sabihin sa isa't isa ang aming mga hinanakit, nang mapagpakumbaba, at magkasundo, nang sa gayo'y maitaguyod ang aming kaligayahan, at ang kaligayahan ng pamilya, at, sa madaling salita, ang kaligayahan at kapakanan ng lahat. Pagkatapos ay pinapasok ang aking asawa at ina at tagasulat, at inulit namin sa kanila ang aming tipan; at habang puspos ng pasasalamat ang aming kalooban, tumulo ang luha sa aming mga mata. Pagkaraan ay hinilingan akong tapusin ang aming usapan, na ginawa ko naman, sa panalangin; at tunay kaming nagsaya at nagalak."[14]

---

### Sa pamamagitan ng mahabang pagtitiis, pasensya, at awa sa taong nagsisisi, maaakay natin sila sa "kalayaan ng minamahal na mga anak ng Diyos."

*Noong mga huling buwan ng 1838, kabilang si William W. Phelps, na matagal nang pinagkakatiwalaang miyembro ng Simbahan, sa mga nagsabi ng maling patotoo laban sa Propeta at sa iba pang mga lider ng Simbahan, na humantong sa kanilang pagkakulong sa Missouri. Noong Hunyo 1840, sumulat si Brother Phelps kay Joseph Smith, at nagsumamong mapatawad.*



*Si William W. Phelps, na makikita rito kasama si Joseph Smith matapos bumalik sa ganap na pakikisama ng mga Banal, ay sumulat tungkol sa Propeta na lubos siyang pinatawad: "Purihin s'yang kaniig ni Jehova!" (Mga Himno, blg. 21).*

*Sumagot si Propetang Joseph:* "Masasabi kong kakaiba ang nadarama ko nang sagutin ko ang liham mo noong ika-29 [noong nakaraang buwan]; gayundin nagagalak ako sa pribilehiyong ipinagkaloob sa akin.

"Maaari mong maunawaan ang nadarama ko, gayundin ang nadarama nina Elder Rigdon at Brother Hyrum, nang mabasa namin ang iyong liham—tunay na lumambot ang aming mga puso sa pagsuyo at habag nang matiyak namin ang iyong pagsisisi, at kung anu-ano pa. Tinitiyak ko sa iyo na hahatulan ko ang kaso mo sa paraang sasang-ayunan ni Jehova, (na pinaglilingkuran ko), at

sang-ayon sa mga alituntunin ng katotohanan at kabutihang inihayag; at dahil lagi nang may kaakibat na mahabang pagtitiis, pasensya, at awa ang mga pakikitungo ng ating Ama sa langit sa mga mapagpakumbaba at nagsisisi, gusto kong gayahin ang halimbawang ito, pahalagahan ang mga alituntuning iyon, at sa pamamagitan nito ay maging tagapagligtas ng aking kapwa.

"Totoo na lubha kaming nagdusa dahil sa ginawa mo—ang saro ng kapaitan, na sapat na ang pagkapuno para lagukin ng mga mortal, ay tunay ngang umapaw nang talikuran mo kami, na isang taong kaydalas naming hingan ng magiliw na payo, at nagtamasa ng maraming pagpapala mula sa Panginoon—'kung naging kaaway iyon, matitiis namin.' [Tingnan sa Awit 55:12–14.] 'Nang araw na lumipat ka sa kabilang panig, nang araw na dalhin ng mga taga ibang bayan ang kaniyang kayamanan, at magsipasok ang mga mangingibang bayan sa kaniyang mga pintuangbayan, at pagsapalaran ang [Far West], ikaw man ay [kasama] nila; ngunit huwag kang magmasid sa araw ng iyong kapatid sa kaarawan ng kaniyang kasakunaan, at huwag mong ikagalak ang kaarawan ng kanilang pagkabuwal, ni magsalita mang may kapalaluan sa kaarawan ng pagkahapis.' [Tingnan sa Obadias 1:11–12.]

"Gayunman, nalagok na ang laman ng saro, naganap na ang kalooban ng ating Ama, at buhay pa naman kami, na ipinagpapasalamat namin sa Panginoon. At dahil nailigtas kami sa mga kamay ng masasamang tao sa awa ng ating Diyos, sinasabi namin na may pagkakataon kang maligtas mula sa mga puwersa ng kalaban, maging malayang tulad ng minamahal na mga anak ng Diyos, at muling pumanig sa mga Banal ng Maykapal, at sa kasipagan, kapakumbabaan, at pagmamahal na walang-bahid ng pagkukunwari, ipagkatiwala mo ang iyong sarili sa ating Diyos, at iyong Diyos, at sa Simbahan ni Jesucristo.

"Sa paniniwalang totoo ang iyong ipinagtapat, at tunay ang iyong pagsisisi, masaya akong makasama kang muli, at nagagalak ako sa pagbalik ng alibughang nagsisisi.

"Binasa sa mga Banal ang iyong liham noong nakaraang Linggo, at inalam namin ang kanilang nadarama tungkol dito, at

napagpasiyahan ng lahat na dapat tanggapin si W. W. Phelps sa kapatiran.

" 'Halina, kapatid, ngayong lipas na ang digmaan,
Ang dating magkaibigan, ay magkaibigan na naman.' "[15]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Kasama sa kabanatang ito ang ilang kuwento tungkol sa pagpapatawad ni Joseph Smith sa iba. Repasuhin ang mga kuwentong ito sa mga pahina 459–60, 464–65, at 465–68. Paano makatutulong ang mga kuwentong ito sa isang taong nahihirapang patawarin ang iba?
- Anong mga pagpapala ang dumarating sa ating buhay kapag pinatatawad natin ang mga nagkasala sa atin? Bakit tayo nahihirapang patawarin ang iba kung minsan? Ano ang magagawa natin upang maging higit na mapagpatawad?
- May maikli at matalinong mga pahayag sa mga pahina 461–62 tungkol sa pagpapatawad sa iba. Halimbawa: "Pagpasensyahan at patawarin natin ang isa't isa, sapagkat gayon din ang Panginoon sa atin." "Maging maawain at nang kayo ay kaawaan." "Hangaring makatulong sa pagligtas ng mga kaluluwa, hindi ang ipahamak sila." "Kailangan tayong maging maawain sa isa't isa, at huwag pansinin ang maliliit na bagay." Ano ang mapapakinabang ninyo sa bawat pahayag na ito?
- Sa ikatlong talata sa pahina 462, repasuhin ang mga salita ni Propetang Joseph Smith tungkol sa epekto ng kabaitan at kagiliwan. Sa inyong palagay bakit totoo ang payong ito? Paano ninyo naranasan ang mga alituntuning ito sa sarili ninyong buhay?
- Repasuhin ang unang buong talata sa pahina 463. Anong mga problema ang maiiwasan natin sa pagsunod sa payong ito? Bakit mahirap sundin ang payong ito kung minsan? Paano

natin maiiwasan ang tuksong maniwala sa mga negatibong ulat tungkol sa iba?

- Sa mga pagsisikap niyang patawarin ang iba, tinukoy ng Propeta na hangad niyang "gayahin ang halimbawa" ng Ama sa Langit (pahina 467) at mamuhay "ayon sa dakila at perpektong huwaran ng Tagapagligtas" (pahina 461). Sa pagsisikap nating sundan ang halimbawa ng Ama sa Langit at ni Jesucristo, ano ang ilang katangiang dapat nating taglayin?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Awit 86:5; Mateo 18:21–35; 1 Nephi 7:16–21; Mosias 26:29–31; D at T 64:9–11

## *Mga Tala*

1. *History of the Church,* 4:268; mula sa isang liham ni Joseph Smith at ng kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan sa mga Banal, Ene. 15, 1841, Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Ene. 15, 1841, pp. 273–74.
2. Sa "Recollections of the Prophet Joseph Smith," ni Daniel Tyler, *Juvenile Instructor,* Ago. 15, 1892, p. 491; ginawang makabago ang pagbabantas; binago ang pagkakahati ng mga talata.
3. George Q. Cannon, *The Life of Joseph Smith, the Prophet* (1888), pp. 190–91.
4. *History of the Church,* 6:245; mula sa "A Friendly Hint to Missouri," isang artikulong isinulat sa ilalim ng pamamahala ni Joseph Smith, Mar. 8, 1844, Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Mar. 15, 1844, p. 473.
5. *History of the Church,* 3:383; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hulyo 2, 1839, sa Montrose, Iowa; iniulat nina Wilford Woodruff at Willard Richards.
6. *History of the Church,* 2:230, talababa; mula sa "To the Saints Scattered Abroad," *Messenger and Advocate,* Hunyo 1835, p. 138.
7. *History of the Church,* 5:19–20; nasa orihinal ang naka-bracket na salitang "pa"; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong May 26, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Eliza R. Snow.
8. *History of the Church,* 5:23; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hunyo 9, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Eliza R. Snow.
9. *History of the Church,* 5:498; ginawang makabago ang pagbabantas; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hulyo 9, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Willard Richards.
10. *History of the Church,* 5:23–24; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hunyo 9, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Eliza R. Snow.
11. Liham ni Joseph Smith kay Edward Partridge at sa iba pa, Mar. 30, 1834, Kirtland, Ohio; sa Oliver Cowdery Letterbook, pp. 34–35, Huntington Library, San Marino, California; kopya sa Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.

12. *History of the Church,* 2:374; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa katitikan ng isang council meeting ng Unang Panguluhan at ng Labindalawa na idinaos noong Ene. 16, 1836, sa Kirtland, Ohio; iniulat ni Warren Parrish.
13. *History of the Church,* 2:343; mula sa isang liham ni Joseph Smith kay William Smith, Dis. 18, 1835, Kirtland, Ohio.
14. *History of the Church,* 2:352–54; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang journal entry ni Joseph Smith, Ene. 1, 1836, Kirtland, Ohio.
15. *History of the Church,* 4:162–64; nasa orihinal ang ikalawang set ng mga salitang naka-bracket sa ikatlong talata; ginawang makabago ang pagbabantas at pagpapalaki ng mga letra; binago ang pagkakahati ng mga talata; inalis ang pagkakahilig ng mga salita; mula sa isang liham ni Joseph Smith kay William W. Phelps, Hulyo 22, 1840, Nauvoo, Illinois.

# Pagtubos sa mga Patay

*"Alam ng dakilang Jehova . . . ang sitwasyon ng kapwa mga buhay at mga patay, at naglaan ng sapat para sa kanilang pagtubos."*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Sa una pa lang ng pagmiministeryo ni Propetang Joseph Smith, nagkaroon na siya ng karanasan na makatutulong sa paghahanda sa kanya sa panahon na ang doktrina ng kaligtasan ay ihahayag. Noong Nobyembre 1823, biglang nagkasakit nang malubha ang panganay na anak nina Lucy Mack Smith at Joseph Smith Sr. na si Alvin Smith, at nabingit sa kamatayan. Si Alvin ay 25 taong gulang, isang malakas at maabilidad na binata na ang kasipagan ay nakatulong nang malaki sa kabuhayan ng pamilya. Inilarawan siya ng kanyang ina bilang "isang binatang namumukod sa ganda ng paguugali," na ang "pagiging marangal at bukas-palad" ay nagpala sa mga nakapaligid sa kanya "sa bawat oras ng kanyang buhay."[1]

Batid na mamamatay na siya, pinalapit ni Alvin ang kanyang mga kapatid at kinausap ang bawat isa. Kay Joseph, na halos 18 taong gulang noon at hindi pa natatanggap ang mga laminang ginto, ay sinabi ni Alvin, "Nais kong maging mabait kang bata at gawin ang lahat ng magagawa mo upang makuha ang [mga] talaan. Maging matapat ka sa pagtanggap ng tagubilin at sa pagtupad ng bawat kautusan na ibinibigay sa iyo. Kailangan ka nang iwanan ng kapatid mong si Alvin, ngunit tandaan mo ang halimbawang ipinakita niya sa iyo, at magpakita ka ng mabuting halimbawa sa mga nakababata sa iyo."[2]

Pagkamatay ni Alvin, hiniling ng pamilya sa isang pastor na Presbyterian sa Palmyra, New York, na siya ang mamuno sa burol ni Alvin. Dahil hindi miyembro ng kongregasyon ng pastor si Alvin, iginiit ng pastor sa kanyang sermon na hindi maliligtas si



*"Nang itatag ang kaharian ng Diyos sa lupa, at ipanumbalik ang sinaunang pagkakaayos ng mga bagay-bagay, ipinakita sa atin ng Panginoon ang tungkulin at pribilehiyong ito, at inutusan tayong magpabinyag para sa ating mga patay."*

Alvin. Nagunita ni William Smith, nakababatang kapatid ni Joseph: "Ipinagdiinan . . . [ng pastor] na napunta sa impiyerno [si Alvin], dahil hindi siya miyembro ng simbahan, pero mabait siyang anak kaya hindi nagustuhan ng aking ama ang sinabi nito."[3]

Noong Enero 1836, maraming taon pagkamatay ni Alvin, tumanggap ng pangitain si Joseph Smith tungkol sa kahariang selestiyal, kung saan nakita niya si Alvin, gayundin ang kanyang ama at ina, na balang-araw ay mamanahin nila ang kahariang iyon. "Si Joseph ay "namangha kung paano . . . natamo [ni Alvin] ang pamana sa kahariang yaon, nalalamang kanyang nilisan ang buhay na ito bago pa iniunat ng Panginoon ang kanyang kamay upang tipunin ang Israel sa ikalawang pagkakataon, at hindi pa nabinyagan para sa kapatawaran ng mga kasalanan" (D at T 137:6). Pagkatapos ay narinig ni Joseph ang tinig ng Panginoon, na nagsasabing:

"Lahat ng nangamatay na walang kaalaman sa ebanghelyong ito, na kanilang tatanggapin ito kung sila lamang ay pinahintulutang manatili, ay magiging mga tagapagmana ng kahariang selestiyal ng Diyos; gayundin ang lahat ng mamamatay magmula ngayon na walang kaalaman dito, na tatanggap nito nang buo nilang puso, ay magiging tagapagmana ng kahariang yaon; sapagkat ako, ang Panginoon, ay hahatulan ang lahat ng tao alinsunod sa kanilang mga gawa, alinsunod sa pagnanais ng kanilang mga puso" (D at T 137:7–9).

Noong Agosto 15, 1840, nangaral si Propetang Joseph Smith sa isang burol o libing sa Nauvoo at, sa kauna-unahang pagkakataon sa publiko, itinuro ang doktrina ng kaligtasan para sa mga patay. Ayon kay Simon Baker, na naroon noon, nagsimula ang Propeta sa pagpapatotoo na ang "ebanghelyo ni Jesucristo ay naghatid ng mabuting balita ng malaking kagalakan." Binasa niya ang halos buong I Mga Taga Corinto 15 at ipinaliwanag na "ang Apostol ay nakikipag-usap sa mga taong nakauunawa sa binyag para sa mga patay, sapagkat ginagawa nila ito." Pagkatapos ay ipinahayag niya na "magagawa ito ngayon ng mga tao para sa kanilang mga kaibigang pumanaw na, at nilayon ang plano ng kaligtasan upang iligtas ang lahat ng handang sumunod sa mga ipinagagawa ng batas ng Diyos."[4]

Isang buwan matapos magsalita sa burol o libing, binisita ng Propeta ang kanyang ama, na malubha ang karamdaman at malapit nang mamatay. Tinalakay ng Propeta sa kanyang ama ang doktrina ng binyag para sa mga patay, at nabaling ang isipan ni Amang Smith sa pinakamamahal niyang anak na si Alvin. Hiniling ni Amang Smith na isagawa "kaagad" ang gawain para kay Alvin. Ilang minuto lamang bago siya namatay, ipinahayag niya na nakita niya si Alvin.[5] Noong huling bahagi ng 1840, nagalak ang pamilyang Smith nang matanggap ni Hyrum ang ordenansa ng binyag para sa kapatid niyang si Alvin.

## Mga Turo ni Joseph Smith

### Mahal ng Diyos ang lahat ng Kanyang anak at hahatulan ang lahat ng tao ayon sa batas na kanilang natanggap.

"Ang mga dakilang layon ng Diyos kaugnay ng kaligtasan ng sangkatauhan, ay hindi halos maunawaan ng henerasyon natin na nagsasabing marunong sila at matalino. Iba't iba at magkakasalungat ang mga opinyon ng mga tao hinggil sa plano ng kaligtasan, mga [kinakailangan] ng Makapangyarihan, ang mga kailangang ihanda para sa langit, ang kalagayan at kundisyon ng mga espiritung namatay na, at ang kaligayahan o dalamhating kahihinatnan ng mga ginawang kabutihan at kasamaan ayon sa iba't iba nilang ideya ng kabanalan at kasamaan. . . .

". . . Habang ang isang bahagi ng lahi ng tao ay walang awang hinahatulan at isinusumpa ang iba, ang Dakilang Magulang ng sansinukob ay nakatunghay sa buong sangkatauhan nang may pagmamalasakit at paggalang ng isang ama; itinuturing Niya silang Kanyang mga supling, at walang bahid ng makasariling damdamin na umiimpluwensya sa mga anak ng tao, 'pinasisikat niya ang kaniyang araw sa masasama at sa mabubuti, at nagpapaulan sa mga ganap at sa mga hindi ganap.' [Mateo 5:45.] Hawak Niya ang kahatulan sa Kanyang mga kamay; Siya ang matalinong Mambabatas, at hahatulan ang lahat ng tao, hindi ayon sa makitid at makasariling mga ideya ng tao, kundi, 'ayon sa mga ginawa nila habang nasa katawang-lupa maging sila ma'y mabuti o masama,' o kung ginawa ang mga ito sa England,

America, Spain, Turkey, o India. Hahatulan Niya sila, 'hindi ayon sa wala sila, kundi ayon sa mayroon sila'; lahat ng nabuhay nang walang nalalamang batas ay hahatulan nang walang batas: at lahat ng nabuhay sa ilalim ng batas ay hahatulan ayon sa batas ding iyon. Hindi natin kailangang pag-alinlanganan ang karunungan at katalinuhan ng Dakilang Jehova; magbibigay Siya ng kahatulan o ng awa sa lahat ng bansa ayon sa kanilang iba't ibang ginawa, sa kanilang mga paraan ng pagtatamo ng katalinuhan, sa mga batas na sumasakop sa kanila, sa mga pasilidad na nagamit nila para magtamo ng tamang impormasyon, at mga lihim na layon Niya patungkol sa sangkatauhan; at kapag naipakita na ang mga layon ng Diyos, at naipaalam na ang hinaharap, di maglalaon kakailanganin nating sabihing lahat na tama ang ginawa ng Hukom ng buong daigdig [tingnan sa Genesis 18:25]."[6]

"Hinahatulan ng Diyos ang mga tao ayon sa paggamit nila sa liwanag na ibinigay Niya sa kanila."[7]

"Papananagutin ang mga tao sa mga bagay na mayroon sila at hindi sa mga bagay na wala sila. . . . Sa lahat ng liwanag at talinong ipinagkaloob sa kanila ng kanilang maawaing lumikha, marami man ito o kaunti, makatarungan din silang hahatulan ayon dito, at . . . iyon lamang liwanag at talinong ipinagkaloob sa kanila [ng Diyos] ang kailangan nilang sundin at paghusayin, sapagkat hindi lamang sa tinapay dapat mabuhay ang tao kundi sa bawat salitang lumalabas sa bibig ng Diyos."[8]

---

### Ang Tagapagligtas na si Jesucristo ay nagbibigay ng pagkakataon upang mapatawad at maligtas kapwa ang buhay at patay.

"Ang sitwasyon ng mga bansang Kristiyano pagkatapos mamatay, ay isang paksang nangangailangan ng lahat ng dunong at talento ng pilosopo at ng banal, at karaniwang tinatanggap ang opinyon, na ang tadhana ng tao ay hindi na mababago sa oras ng kanyang kamatayan, at maaari siyang lumigaya magpasawalang-hanggan, o malungkot magpasawalang-hanggan; na kapag namatay ang isang tao nang hindi nakikilala ang Diyos, dapat siyang isumpa magpasawalang-hanggan, nang hindi pinagagaang ang kanyang parusa, sakit, o wala ni ang pinakatagong pag-asang

maligtas habang lumilipas ang walang-katapusang henerasyon. Kahit gaano na katanggap ang tuntuning ito, makikita natin na salungat ito sa patotoo ng Banal na Kasulatan, sapagkat sinabi ng ating Tagapagligtas, na lahat ng kasalanan at kalapastanganan ng tao ay patatawarin kung maging lapastangan man sila; ngunit ang paglapastangan sa Espiritu Santo ay hindi patatawarin, ni sa mundong ito, ni sa mundong darating, at maliwanag na may mga kasalanang patatawarin sa mundong darating, bagama't ang paglapastangan [sa Espiritu Santo] ay walang kapatawaran [tingnan sa Mateo 12:31–32; Marcos 3:28–29].

"Sinabi rin ni Pedro, sa pagtukoy sa ating Tagapagligtas, na 'Iyan din ang Kaniyang iniyaon at nangaral sa mga espiritung nasa bilangguan, na nang unang panahon ay mga suwail, na ang pagpapahinuhod ng Dios, ay nanatili noong mga araw ni Noe' (I Pedro 3:19, 20). Narito ngayon ang isang salaysay tungkol sa ating Tagapagligtas na nangaral sa mga espiritu sa bilangguan, sa mga espiritung nabilanggo mula pa noong panahon ni Noe; at ano ang ipinangaral Niya sa kanila? Na mananatili sila roon? Siyempre hindi! Sarili Niyang pagpapahayag ang magpapatotoo. 'Ako'y sinugo niya upang itanyag sa mga bihag ang pagkaligtas, at sa mga bulag ang pagkakita, upang bigyan ng kalayaan ang nangaaapi.' (Lucas 4:18.) Ganito ang pagkasabi ni Isaias— 'Upang maglabas ng mga bilanggo sa bilangguan, at nilang nangauupo sa kadiliman mula sa bilangguan.' (Isaias 42:7.) Kitang-kita rito na hindi lamang Siya nangaral sa kanila, kundi nagligtas, o naglabas sa kanila mula sa bilangguan. . . .

"Pinag-isipan ng dakilang Jehova ang buong mga pangyayaring nauugnay sa daigdig, tungkol sa plano ng kaligtasan, bago pa ito umiral, o bago pa 'magsiawit na magkakasama ang mga bituin pang-umaga' sa kagalakan [Job 38:7]; ang nakaraan, ang kasalukuyan, at ang hinaharap, para sa Kanya, ay isang walang hanggang 'ngayon;' batid Niya ang pagkahulog ni Adan, ang mga kasamaan ng mga sinauna [mga nabuhay bago naganap ang Malaking Baha], ang tindi ng kasamaang kaugnay ng sangkatauhan, ang kanilang kahinaan at kalakasan, ang kanilang kapangyarihan at kaluwalhatian, mga apostasiya, krimen, kabutihan at



*Sa daigdig ng mga espiritu, inorganisa ng Tagapagligtas ang mabubuting espiritu "at inatasan silang humayo at dalhin ang liwanag ng ebanghelyo sa kanila na nasa kadiliman" (D at T 138:30).*

kasamaan; naunawaan Niya ang pagkahulog ng tao, at ang pagtubos sa kanya; batid Niya ang plano ng kaligtasan at itinuro ito; alam Niya ang sitwasyon ng lahat ng bansa at ang kanilang tadhana; isinaaayos Niya ang lahat ng bagay ayon sa patnubay ng sarili Niyang kalooban; alam Niya ang sitwasyon ng kapwa mga buhay at mga patay, at naglaan ng sapat para sa kanilang pagtubos, ayon sa iba't iba nilang kalagayan, at sa mga batas ng kaharian ng Diyos, sa mundo mang ito, o sa mundong darating."[9]

---

## Ang Diyos ay lubos na makatarungan at maawain sa lahat ng tao, kapwa sa buhay at patay.

"Ang ideyang nabubuo sa isipan ng ilang tao tungkol sa katarungan, kahatulan, at awa ng Diyos, ay kahangalang isipin ng isang matalinong tao; halimbawa, karaniwan nang isipin ng marami sa ating kinikilalang mga mangangaral na kung ang isang tao ay hindi ang tinatawag nilang nagbalik-loob, kung mamatay siya sa kalagayang iyon dapat siyang manatili sa impiyerno

magpasawalang-hanggan nang walang anumang pag-asa. Parurusahan siya nang walang katapusan, at hinding-hindi ito magwawakas; subalit ang walang hanggang paghihirap na ito ay kadalasang sinasabing pagkakataon lamang. Maaaring ang napatid na sintas ng sapatos, ang napunit na amerikana ng mga namumuno, o ang kakaibang lugar na tinitirhan ng isang tao, ang naging daan, sa di-tuwirang paraan, ng kanyang kaparusahan, o dahilan kaya hindi siya naligtas.

"Ihahalimbawa ko ang isang pangkaraniwang sitwasyon: Dalawang lalaki, na parehong masama, na binalewala ang relihiyon, ang sabay na nagkasakit; isa sa kanila ang pinalad na madalaw ng isang lalaking banal, at nagbalik-loob siya ilang minuto bago siya namatay; tumawag ang isa ng tatlong iba't ibang lalaking banal, isang sastre, isang sapatero, at isang latero; ang latero ay naghihinang ng kawali, ang sastre ay tinatahi ang butones ng isang amerikanang kailangan niyang tapusin, at ang sapatero ay may itatapal sa botas ng isang tao; wala sa kanila ang makakarating sa oras, namatay ang lalaki, at napunta sa impiyerno: isa sa mga namatay na ito ang dinakila sa sinapupunan ni Abraham, naupo siya sa piling ng Diyos at nagtamasa ng walang hanggan at walang katapusang kaligayahan, samantalang ang isa pa, na kasimbait niya, ay nalubog sa walang hanggang kapahamakan at walang lunas na kalungkutan at kawalan ng pag-asa, dahil lamang ang isang lalaki ay may tatapalang botas, tatahiing butones, o hihinanging kawali.

"Ang mga plano ni Jehova ay lubhang makatarungan, at hindi totoo na ang mga pahayag sa banal na kasulatan ay lubhang [nakalilito], at ang plano ng kaligtasan para sa sangkatauhan ay napakahirap unawain; kapag nagkagayon mapapakunot-noo ang Diyos sa galit, ikukubli ng mga anghel ang kanilang mukha sa matinding kahihiyan, at mapapahumindig ang bawat banal at matalinong tao.

"Kung gagantimpalaan ng batas ang bawat tao, at parurusahan ang lahat ng nagkasala sa iba't iba nilang krimen, tiyak na hindi higit na malupit ang Panginoon kaysa tao, sapagkat Siya ay matalinong mambabatas, at walang kinikilingan ang Kanyang mga

batas, higit na makatarungan ang Kanyang mga tuntunin, at ang Kanyang mga desisyon ay higit na perpekto kaysa sa tao; at sa paghatol ng tao sa kanyang kapwa ayon sa batas, at pagpaparusa sa kanya ayon sa hinihingi ng batas, gayundin na humahatol ang Diyos ng langit 'ayon sa mga ginawa nila habang nasa katawang-lupa.' [Tingnan sa Alma 5:15.] Ang sabihin na isusumpa ang mga pagano dahil hindi sila naniwala sa Ebanghelyo ay kahangalan, at ang sabihin na isusumpang lahat ang mga Judiong hindi naniwala kay Jesus ay walang katotohanan; sapagkat 'paano silang magsisisampalataya sa kaniya na hindi nila napakinggan? at paano silang mangakikinig na walang tagapangaral? at paano silang magsisipangaral, kung hindi sila mga sinugo' [tingnan sa Mga Taga Roma 10:14–15]; samakatwid Judio man o pagano ay hindi mananagot sa pagtanggi sa magkasalungat na opinyon ng mga sekta, ni sa pagtanggi sa anumang patotoo kundi yaong nagmula sa sugo ng Diyos, sapagkat tulad ng hindi makapangangaral ang mangangaral maliban kung siya ay isugo, gayundin ang nakikinig ay hindi maniniwala [maliban kung] marinig niya ang isang mangangaral na 'isinugo,' at hindi mahahatulan ayon sa hindi niya narinig, at dahil wala siyang alam na batas, ay kailangang hatulan nang walang batas."[10]

---

## Tungkulin at pribilehiyo nating mabinyagan at makumpirma para sa mga namatay na hindi nakarinig ng ebanghelyo.

"Kapag pinag-uusapan ang mga pagpapala ng Ebanghelyo, at ang mga bunga ng pagsuway sa mga ipinagagawa, madalas itanong sa atin, ano na ang nangyari sa ating mga ama? Isusumpa ba silang lahat dahil sa pagsuway sa Ebanghelyo, samantalang hindi nila iyon narinig kahit kailan? Siyempre hindi. Ngunit magkakaroon din sila ng pribilehiyong tinatamasa natin dito, sa pamamagitan ng walang hanggang priesthood, na hindi lamang naglilingkod sa lupa, kundi maging sa langit, at sa matalinong pagpapasiya ng dakilang Jehova. Kaya nga ang mga taong tinukoy ni Isaias [tingnan sa Isaias 24:21–22] ay dadalawin ng Priesthood, at lalabas mula sa kanilang bilangguan ayon sa tuntuning ginamit sa mga suwail noong mga panahon ni Noe nang dalawin sila ng

ating Tagapagligtas [na nagtataglay ng walang hanggang Melchizedek Priesthood] at ipinangaral Niya ang Ebanghelyo sa kanilang mga nasa bilangguan. At upang maisakatuparan nila ang lahat ng [hinihingi] ng Diyos, bininyagan ang mga kaibigan nilang buhay para sa kanilang mga kaibigang patay, at dahil dito ay naisakatuparan ang hinihingi ng Diyos, na nagsasabing, 'Maliban na ang tao'y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, ay hindi siya makapapasok sa kaharian ng Dios.' [Juan 3:5.] Siyempre pa nabinyagan sila, hindi para sa kanilang sarili, kundi para sa kanilang mga patay. . . . Sinabi ni Pablo, tungkol sa doktrina, 'Sa ibang paraan, anong gagawin ng mga binabautismuhan dahil sa mga patay? Kung ang mga patay ay tunay na hindi muling binubuhay, bakit nga sila'y binabautismuhan dahil sa kanila?' (I Mga Taga Corinto 15:29). . . .

"At ngayon habang mabilis na isinasagawa ang mga dakilang layunin ng Diyos, at ang mga bagay na binabanggit tungkol sa mga Propeta ay natutupad, nang itatag ang kaharian ng Diyos sa lupa, at ipanumbalik ang sinaunang pagkakaayos ng mga bagay-bagay, ipinakita sa atin ng Panginoon ang tungkulin at pribilehiyong ito, at inutusan tayong magpabinyag para sa ating mga patay, upang maisakatuparan ang mga sinabi ni Obadias, tungkol sa kaluwalhatian ng mga huling araw: 'At ang mga tagapagligtas ay magsisisampa sa bundok ng Sion upang hatulan ang bundok ng Esau; at ang kaharian ay magiging sa Panginoon.' [Tingnan sa Obadias 1:21.] Ang pag-unawa sa mga bagay na ito ay tumutugma sa mga Banal na Kasulatan ng katotohanan, nagbibigay-katwiran sa pakikitungo ng Diyos sa tao, nagpapantay-pantay sa lahat ng tao, at umaakma sa bawat tuntunin ng kabutihan, katarungan at katotohanan. Magtatapos tayo sa mga salita ni Pedro: 'Sapagka't sukat na ang nakaraang panahon upang gawin ang hangad ng mga Gentil.' 'Sapagka't dahil dito'y ipinangaral maging sa mga patay ang evangelio, upang sila, ayon sa mga tao sa laman ay mangahatulan, datapuwa't mangabuhay sa espiritu ayon sa Dios.' [I Pedro 4:3, 6.]"[11]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Repasuhin ang mga pahina 471–74, na tinatandaan kung paano naapektuhan ng doktrina ng kaligtasan para sa mga patay si Joseph Smith at ang kanyang pamilya. Ano ang epekto ng doktrinang ito sa inyo at sa inyong pamilya?
- Sa mga pahina 474–77, repasuhin ang mga turo ni Propetang Joseph tungkol sa Diyos Ama at kay Jesucristo. Ano ang epekto ng doktrinang ito sa inyo at sa inyong pamilya?
- Basahin ang mga turo ng Propeta sa mga pahina 474–75 at 477–79. Paano hinahatulan ng Diyos ang Kanyang mga anak?
- Sinabi ni Joseph Smith na ang binyag para sa mga patay ay isang "tungkulin at pribilehiyo" (pahina 480). Sa anong mga paraan naging isang tungkulin ang gawaing ito? Ano ang mga naranasan ninyo na nagpadama sa inyong ito ay isang pribilehiyo? Ano ang magagawa ninyo upang mapalaganap ang gawain ng Panginoon para sa mga namatay? Paano matutulungan ng mga magulang ang kanilang mga anak na makabahagi sa gawaing ito?
- Paano naipapakita ng doktrina ng kaligtasan para sa mga patay ang katarungan ng Diyos? Paano nito naipapakita ang Kanyang awa? Matapos basahin ang kabanatang ito, paano ninyo ipaliliwanag ang doktrinang ito sa isang taong iba ang relihiyon?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Isaias 49:8–9; 61:1–3; Juan 5:25; D at T 138:11–37

### *Mga Tala*

1. Lucy Mack Smith, "The History of Lucy Smith, Mother of the Prophet," 1844–45 manuskrito, book 4, pp. 5–6, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.
2. Alvin Smith, sinipi sa "The History of Lucy Smith, Mother of the Prophet," ni Lucy Mack Smith, 1844–45 manuskrito, book 4, p. 4, Church Archives.

3. William Smith, interbyu nina E. C. Briggs at J. W. Peterson, Okt. o Nob. 1893, orihinal na inilathala sa *Zion's Ensign* (pahayagang inilathala ng Reorganized Church of Jesus Christ of Latter Day Saints, na tinatawag ngayong Community of Christ); muling inilimbag sa *Deseret Evening News,* Ene. 20, 1894, p. 2.
4. Simon Baker, sa pag-uulat tungkol sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Ago. 15, 1840, sa Nauvoo, Illinois; sa Journal History of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Ago. 15, 1840. Tingnan din sa *History of the Church,* 4:231.
5. Joseph Smith Sr., sinipi sa "The History of Lucy Smith, Mother of the Prophet," ni Lucy Mack Smith, 1845 manuskrito, pp. 296, 301, Church Archives.
6. *History of the Church,* 4:595–96; ginawang makabago ang pagbabantas; mula sa "Baptism for the Dead," isang editoryal na inilathala sa *Times and Seasons,* Abr. 15, 1842, p. 759; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.
7. *History of the Church,* 5:401; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mayo 21, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Willard Richards.
8. Liham ni Joseph Smith sa kanyang tiyuhing si Silas Smith, Set. 26, 1833, Kirtland, Ohio; sa "The History of Lucy Smith, Mother of the Prophet," ni Lucy Mack Smith, 1845 manuskrito, pp. 228–29, Church Archives.
9. *History of the Church,* 4:596–97; nasa orihinal ang unang set ng mga salitang naka-bracket sa unang talata; ginawang makabago ang pagbabaybay at pagbabantas; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa "Baptism for the Dead," isang editoryal na inilathala sa *Times and Seasons,* Abr. 15, 1842, pp. 759–60; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan. Isang paghahayag na natanggap ni Pangulong Joseph F. Smith noong Oktubre 1918 ang naglinaw na samantalang nasa daigdig ng mga espiritu ang Tagapagligtas, dinalaw Niya ang mabubuting espiritu at naghirang ng mga sugong pupunta sa masasamang espiritu upang ihatid ang mensahe ng ebanghelyo (tingnan sa D at T 138:18–23, 28–32).
10. *History of the Church,* 4:597–98; ginawang makabago ang pagbabantas; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa "Baptism for the Dead," isang editoryal na inilathala sa *Times and Seasons,* Abr. 15, 1842, p. 760; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.
11. *History of the Church,* 4:598–99; nasa orihinal ang ikalawang set ng mga salitang naka-bracket sa unang talata; ginawang makabago ang pagbabaybay at pagbabantas; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa "Baptism for the Dead," isang editoryal na inilathala sa *Times and Seasons,* Abr. 15, 1842, pp. 760–61; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.

# Pagtanggap ng mga Ordenansa at Pagpapala ng Templo

*Ang templo ay isang lugar kung saan "maihahayag [ng Diyos] sa Kanyang mga tao ang mga ordenansa ng Kanyang bahay at mga kaluwalhatian ng Kanyang kaharian, at maituturo sa mga tao ang daan tungo sa kaligtasan."*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Mula pa noong mga unang araw ng Panunumbalik, itinuro na ng Panginoon kay Propetang Joseph Smith ang kahalagahan ng pagtatayo ng mga templo. Bagaman maraming beses na napilitang lumipat ang Propeta at lagi nang may mga bagay na kailangang agad pag-ukulan ng kanyang oras at pansin, hinding-hindi niya nakaligtaan na kailangang magtayo ng bahay ng Panginoon. Isang lugar na pagtatayuan ng templo ang inilaan sa Independence, Missouri. Isang magandang templo ang naitayo at nailaan sa Kirtland, Ohio. Sa Far West, Missouri, nailatag ang mga batong panulok para sa isang templo, na iiwanan lamang pala. Ngayon, nang simulan ng mga miyembro ng Simbahan na muling isaayos ang kanilang buhay sa Nauvoo—marami sa kanila ang walang sapat na pagkain, tirahan, o trabaho—batid ni Joseph Smith na ang pinakamahalagang gawain ng mga Banal ay magtayong muli ng isang templo.

Bilang tugon sa utos ng Panginoon, ang Propeta at mga Banal ay mabilis na kumilos sa abot ng kanilang makakaya upang simulan ang pagtatayo ng bahay ng Panginoon. Ngunit naunawaan ng Propeta na taon ang bibilangin sa pagtatayo ng templo, at batid niyang kailangan ng mga Banal ang lubos na mga pagpapala ng templo. Dahil dito, noong Mayo 4, 1842, kahit hindi pa buo ang



*Ang Nauvoo Temple na muling itinayo sa lugar na pinagtayuan ng oribinal na templo. Habang itinatayo ang oribinal na Nauvoo Temple, ipinahayag ni Propetang Joseph Smith, "Higit nating kailangan ang templo kaysa anupaman."*

templo, isinagawa na ni Joseph Smith ang endowment sa isang maliit na grupo ng matatapat na kalalakihan.

Nagpulong ang grupo sa malaking silid sa itaas ng Red Brick Store ng Propeta, na "inaayos na parang sa loob ng isang templo hangga't itutulot ng pagkakataon."[1] Isinulat ni Franklin D. Richards, ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Nang udyukan ng Espiritu [si Joseph Smith] na malapit nang magwakas ang kanyang gawain sa buhay, at nang makini-kinita niyang maaari siyang pumanaw sa mundo bago pa matapos ang templo, tumawag siya ng ilang piling tao, at ipinagkaloob sa kanila ang mga ordenansa ng mga banal na endowment, nang sa gayon ang mga banal na bagay sa kanyang isipan ay hindi maglaho sa mundo pagkamatay niya."[2]

Nakatala sa kasaysayan ng Propeta: "Ginugol ko ang maghapon sa itaas na bahagi ng tindahan, . . . na kausap sina General James Adams, ng Springfield, Patriarch Hyrum Smith, Bishop Newel K. Whitney at Bishop George Miller, at Pangulong Brigham Young at Elder Heber C. Kimball at Elder Willard Richards, at itinuro sa kanila ang mga alituntunin at orden ng Priesthood, pagsasagawa ng paghuhugas, pagpapahid ng langis, mga endowment at pagkakaloob ng mga susing patungkol sa Aaronic Priesthood, at kung anu-ano pa hanggang sa pinakamataas na orden ng Melchizedek Priesthood, na inilalahad ang orden tungkol sa Matanda ng mga Araw, at lahat ng plano at alituntuning nagbigay-kakayahan sa lahat na makamtan ang kaganapan ng mga pagpapalang iyon na inihanda para sa Simbahan ng Panganay, at umakyat at makapiling si Elohim sa walang hanggang mga mundo. Sa konsehong ito itinatag ang sinaunang orden ng mga bagay-bagay sa kauna-unahang pagkakataon nitong mga huling araw.

"At ang mga komunikasyong ginawa ko sa konsehong ito ay mga bagay na espirituwal, at matatanggap lamang ng mga taong may espirituwal na kaisipan: at walang ipinaalam sa mga taong ito maliban sa mga bagay na ipaaalam sa lahat ng Banal sa mga huling araw, sa panahong handa na silang tumanggap, at isang angkop na lugar ang inihanda upang maipaalam ang mga ito, maging sa mga pinakamahina sa mga Banal; kung gayon hayaang

magsumigasig ang mga Banal sa pagtatayo ng Templo, at lahat ng bahay na ipinatayo, o mula ngayo'y ipatatayo, ng Diyos."[3]

Kahit karamihan sa mga Banal ay tatanggap ng endowment sa templo kapag naitayo na ang Nauvoo Temple, kaunti lamang sa mga kalalakihan at kababaihan ang tumanggap ng pagpapalang ito nang sumunod na mga buwan pagkatapos ng pulong noong Mayo 1842. Isa si Mercy Fielding Thompson sa mga ito. Nang matanggap niya ang kanyang endowment, sinabi ng Propeta sa kanya, "Ilalabas ka nito mula sa kadiliman tungo sa kagila-gilalas na kaliwanagan."[4]

## Mga Turo ni Joseph Smith

### Inutusan ng Diyos ang mga Banal na magtayo ng mga templo.

*Noong Enero 1833 sa Kirtland, Ohio, isinulat ng Propeta:* "Inutusan kami ng Panginoon, sa Kirtland, na magtayo ng bahay ng Diyos; . . . ito ang sinabi sa amin ng Panginoon, at dapat namin itong gawin, oo, tinutulungan kami ng Panginoon, susunod kami: dahil kung susunod kami nangako Siya ng mga dakilang bagay sa amin; oo, maging isang pagdalaw mula sa kalangitan upang bigyan kami ng karangalan sa Kanyang pagparito. Malaki ang takot namin sa harapan ng Panginoon dahil baka hindi namin matanggap ang malaking karangalang ito, na gustong ipagkaloob sa amin ng ating Panginoon; hangad naming magpakumbaba at sumampalataya dahil baka mahiya kami sa Kanyang harapan."[5]

*Noong Setyembre 1840, ipinahayag ng Propeta at ng kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan na panahon na upang itayo ang Nauvoo Temple:* "Sa paniniwalang panahon na, na kailangan nang itayo ang bahay-dalanginan, isang bahay ng kaayusan, isang bahay para sa pagsamba sa ating Diyos [tingnan sa D at T 88:119], kung saan maisasagawa ang mga ordenansa na aayon sa Kanyang banal na kalooban, sa rehiyong ito ng bansa—upang maisagawa kung anuman ang kailangang pagsikapan, at kailangang paraan—at dahil kailangang madaliin ang gawain para sa kabutihan, minabuti ng mga Banal na timbangin ang kahalagahan ng mga bagay na ito, sa kanilang isipan, sa lahat ng

maaapektuhan nito, at pagkatapos ay gawin ang kailangan para mapagana ito; at inihanda ang kanilang sarili nang buong tapang, determinadong gawin ang lahat ng makakaya nila, at nagsumigasig na para bang sa kanila lamang nakasalalay ang buong gawain. Sa paggawa nito matutularan nila ang maluluwalhating gawa ng mga ama, at makakamtan ang mga pagpapala ng langit para sa kanila at sa kanilang mga inapo hanggang sa pinakahuling henerasyon."[6]

*Noong Enero 1841, isinulat ng Propeta at ng kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan:* "Itinatayo na ang Templo ng Panginoon dito [sa Nauvoo], kung saan pupunta ang mga Banal upang sumamba sa Diyos ng kanilang mga ama, ayon sa orden ng Kanyang bahay at mga kapangyarihan ng Banal na Priesthood, at itatayo sa paraang lahat ng kapangyarihan ng Priesthood ay angkop na magagamit, at kung saan ang mga tagubilin mula sa Kataas-taasan ay matatanggap, at mula sa lugar na ito ay lalaganap sa malalayong lupain. Kung gayo'y tipunin natin ang lahat ng ating kapangyarihan . . . at sikaping tularan ang ginawa ng sinaunang pinagtipanang mga ama at mga patriarch, sa mga bagay na napakahalaga sa henerasyong ito at sa bawat susunod na henerasyon."[7]

*Noong mga unang buwan ng 1841, itinuro ni Joseph Smith ang sumusunod, ayon sa tala ni William P. McIntire:* "Sinabi ni Joseph na sinabi ng Panginoon na dapat tayong magtayo ng bahay sa kanyang pangalan, upang mabinyagan tayo para sa mga patay. Ngunit kung hindi natin ito gagawin, hindi tayo dapat tanggapin, kasama ng ating mga patay, at hindi dapat tanggapin ang Simbahang ito [tingnan sa D at T 124:32]."[8]

*Noong Abril 1842, sinabi ng Propeta:* "Ang Simbahan ay hindi lubos na organisado, sa wastong kaayusan nito, at hindi ito maisasaayos, hangga't hindi natatapos ang Templo, kung saan ilalaan ang mga lugar para sa pangangasiwa ng mga ordenansa ng Priesthood."[9]

*Noong Hulyo 1842, ipinahayag ng Propeta:* "Sinabihan tayo ng Panginoon na itayo ang [Nauvoo] Temple . . . ; at ang utos na iyan ay may bisa sa atin tulad ng iba pang mga utos; at ang taong

hindi nakikibahagi sa mga bagay na ito ay may kasalanan din na para bang nilabag niya ang alinman sa iba pang mga kautusan; hindi siya sumusunod sa kalooban ng Diyos, hindi tumutupad sa Kanyang mga batas."[10]

*Noong Oktubre 1843, sinabihan ng Propeta ang mga Banal:* "Madaliin ang gawain sa Templo, pag-ibayuhin ang inyong pagsisikap upang maipalaganap ang lahat ng gawain sa mga huling araw, at lumakad nang may pagpapakumbaba at kabutihan sa harapan ng Panginoon."[11]

*Noong Marso 1844, nakipagkita ang Propeta sa Labindalawa at sa komite ng Nauvoo Temple upang pag-usapan kung paano hahati-hatiin ang kakaunting pera ng Simbahan. Sa pulong na ito, sinabi ng Propeta:* "Higit nating kailangan ang templo kaysa anupaman."[12]

---

## Sa templo natin nalalaman ang mga bagay ng kawalang-hanggan at natatanggap ang mga ordenansa ng kaligtasan para sa ating sarili at sa ating mga ninuno.

"Ano ang layunin ng pagtitipon ng . . . mga tao ng Diyos sa alinmang panahon ng mundo? . . . Ang pangunahing layunin ay magtayo ng bahay para sa Panginoon kung saan maihahayag Niya sa Kanyang mga tao ang mga ordenansa ng Kanyang bahay at ang mga kaluwalhatian ng Kanyang kaharian, at maituturo sa mga tao ang daan tungo sa kaligtasan; sapagkat may ilang partikular na ordenansa at alituntunin na, kapag itinuro at isinagawa, ay kailangang gawin sa isang lugar o bahay na itinayo para sa layuning iyon.

". . . Ang mga ordenansang pinasimulan sa kalangitan bago pa itinatag ang daigdig, sa priesthood, para sa kaligtasan ng tao, ay hindi dapat palitan o baguhin. Kailangang maligtas ang lahat sa gayunding mga alituntunin.

"Ito rin ang layunin kaya tinipon ng Diyos ang Kanyang mga tao sa mga huling araw, para magtayo ng isang bahay sa Panginoon upang ihanda sila para sa mga ordenansa at endowment, paghuhugas at pagpapahid ng langis, at kung anu-ano pa. Isa sa mga ordenansa ng bahay ng Panginoon ang binyag para sa



*Ang Cardston Alberta Temple. Sa mga banal na templo, inihahayag ng Panginoon sa Kanyang mga tao "ang kaluwalhatian ng Kanyang kaharian" at "ang daan tungo sa kaligtasan."*

mga patay. Iniutos ng Diyos bago pa nilikha ang mundo na ang ordenansang iyon ay dapat isagawa sa isang bautismuhang inihanda para sa layuning iyon sa bahay ng Panginoon. . . .

"Ang doktrina ng binyag para sa mga patay ay malinaw na ipinakita sa Bagong Tipan; . . . ito ang dahilan kung bakit sinabi ni Jesus sa mga Judio, 'Makailang inibig kong tipunin ang iyong mga anak, na gaya ng pagtitipon ng inahing manok sa kaniyang mga sisiw sa ilalim ng kaniyang mga pakpak, ay ayaw kayo!' [Mateo 23:37]—upang maisagawa nila ang mga ordenansa ng binyag para sa mga patay gayundin ang iba pang mga ordenansa ng priesthood, at tumanggap ng mga paghahayag mula sa langit, at maging ganap sa mga bagay na nauukol sa kaharian ng Diyos—ngunit ayaw nila. Ito ang nangyari noong araw ng Pentecostes: ang mga pagpapalang iyon ay ibinuhos sa mga disipulo sa okasyong iyon. Inordena ng Diyos na ililigtas Niya ang mga patay, at gagawin iyon sa pamamagitan ng sama-samang pagtitipon sa Kanyang mga tao. . . .

". . . Bakit titipunin ang mga tao sa lugar na ito? Tulad din ng layunin ni Jesus sa hangaring matipon ang mga Judio—upang tumanggap ng mga ordenansa, pagpapala, at kaluwalhatiang nais ipagkaloob ng Diyos sa Kanyang mga Banal. Itatanong ko ngayon sa kapulungang ito at sa lahat ng Banal kung itatayo na ba ninyo ngayon ang bahay na ito at tatanggapin ang mga ordenansa at pagpapalang nais ipagkaloob sa inyo ng Diyos; o hindi ninyo itatayo ang bahay na ito sa Panginoon, at hahayaan Siyang dumaan at ipagkaloob ang mga pagpapalang ito sa ibang tao?"[13]

"Sa sandaling maihanda na ang [Nauvoo] Temple at bautismuhan, layon naming ibigay sa mga Elder ng Israel ang kanilang mga paghuhugas at pagpapahid ng langis, at asikasuhin ang mga huli at higit na kahanga-hangang mga ordenansa, na kung wala ang mga ito ay hindi tayo magtatamo ng mga trono sa kahariang selestiyal. Ngunit kailangang may isang banal na lugar na nakahanda para sa layuning iyon. May inilabas na pahayag noong inilatag ang pundasyon ng Templo, at may ginawang mga paglalaan hanggang sa matapos ang gawain, nang sa gayo'y matanggap ng mga tao ang kanilang mga endowment at maging mga hari at saserdote sila sa Pinakamakapangyarihang Diyos. . . . Gayunman, kailangang may isang lugar na itinayo para lamang sa layuning iyon, at para mabinyagan ang mga tao para sa kanilang mga patay. . . .

"May matatag na batas ang Panginoon kaugnay ng paksang ito: kailangang may isang natatanging lugar para sa kaligtasan ng ating mga patay. Talagang naniniwala ako na magkakaroon ng isang lugar, at dahil dito ang mga taong nais iligtas ang kanilang mga patay ay makapupunta at madadala ang kanilang mga pamilya, magagawa ang kanilang gawain sa pamamagitan ng pagpapabinyag at pagsasagawa ng iba pang mga ordenansa para sa kanilang mga patay."[14]

"Madalas itanong, 'Hindi ba tayo maliligtas nang hindi dumaraan sa lahat ng ordenansang iyon, at kung anu-ano pa?' Ang sagot ko'y, Hindi, hindi ang kaganapan ng kaligtasan. Sinabi ni Jesus, 'Maraming tahanan sa bahay ng aking Ama, at ako ay paroroon upang maghanda ng lugar para sa inyo.' [Tingnan sa Juan

14:2.] Ang *bahay* na binanggit dito ay dapat naisalin bilang kaharian; at sinumang taong dinakila sa pinakamataas na tahanan ay kailangang sundin ang batas na selestiyal, at gayundin ang kabuuan ng batas."[15]

Kung natamo ng isang tao ang kaganapan ng priesthood ng Diyos, kailangang matamo niya ito sa paraang katulad ng pagtatamo rito ni Jesucristo, at iyon ay sa pamamagitan ng pagtupad sa lahat ng utos at pagsunod sa lahat ng ordenansa ng bahay ng Panginoon. . . .

"Lahat ng taong naging tagapagmana ng Diyos at mga kasamang tagapagmana ni Jesucristo ay kailangang tumanggap ng kaganapan ng mga ordenansa ng kanyang kaharian; at ang mga taong hindi tatanggap ng lahat ng ordenansa ay hindi matatanggap ang ganap na kaluwalhatiang iyon."[16]

"Kung mababasa natin at mauunawaan ang lahat ng isinulat mula sa panahon ni Adan, tungkol sa kaugnayan ng tao sa Diyos at mga anghel sa hinaharap, kaunti lamang ang malalaman natin tungkol dito. Ang pagbabasa ng karanasan ng iba, o ng paghahayag na ibinigay sa *kanila*, ay hinding-hindi magbibigay sa *atin* ng malinaw na pananaw tungkol sa ating kalagayan at tunay na kaugnayan sa Diyos. Ang kaalaman sa mga bagay na ito ay makakamit lamang sa karanasan sa pamamagitan ng mga ordenansa ng Diyos na itinalaga para sa layuning iyon. Kung matititigan ninyo ang langit nang limang minuto, mas marami kayong malalaman kaysa kung babasahin ninyo ang lahat ng naisulat tungkol sa paksa. . . . Tinitiyak ko sa mga Banal na ang katotohanan . . . ay malalaman at maaaring alamin sa mga paghahayag ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang mga ordenansa, at bilang sagot sa panalangin."[17]

"Ang orden ng bahay ng Diyos ay hindi magbabago, ngayon at magpakailanman, kahit matapos dumating si Cristo; at kapag nagwakas na ang isang libong taon hindi pa rin ito magbabago; at sa wakas ay makapapasok tayo sa Kahariang selestiyal ng Diyos, at magagalak doon magpakailanman."[18]

### Ang templo ay lugar ng kabanalan kung saan matatanggap natin ang mga pinakadakilang pagpapala ng Diyos para sa Kanyang mga anak.

*Bilang bahagi ng panalangin ng paglalaan para sa Kirtland Temple, na ibinigay kay Propetang Joseph Smith sa pamamagitan ng paghahayag at kalaunan ay itinala sa Doktrina at mga Tipan 109, ang Propeta ay nanalangin:* "At ngayon, Banal na Ama, hinihiling namin . . . nang ang inyong kaluwalhatian ay mapasainyong mga tao, at dito sa inyong bahay, na amin ngayong inihahandog sa inyo, upang ito ay mapabanal at mailaan upang maging banal, at nang ang inyong banal na kaluwalhatian ay tuwinang mapasa bahay na ito; at nang ang lahat ng taong papasok sa pintuan ng bahay ng Panginoon ay madama ang inyong kapangyarihan, at mapilitang kilalanin na inyong pinabanal ito, at na ito ay inyong bahay, isang pook ng inyong kabanalan.

"At inyong ipahintulot, Banal na Ama, na ang lahat ng yaong sasamba sa bahay na ito ay maturuan ng mga salita ng karunungan mula sa pinakamahusay na mga aklat, at nang sila ay maghangad ng karunungan maging sa pamamagitan ng pag-aaral, at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya, gaya ng inyong sinabi; at nang sila ay lumaki sa inyo, at makatanggap ng kaganapan ng Espiritu Santo, at mabuo alinsunod sa inyong mga batas, at maging handa na matamo ang bawat kinakailangang bagay; at na ang bahay na ito ay maging isang bahay ng panalangin, isang bahay ng pag-aayuno, isang bahay ng pananampalataya, isang bahay ng kaluwalhatian at ng Diyos, maging inyong bahay. . . .

"At hinihiling namin, Banal na Ama, na ang inyong mga tagapaglingkod ay makahayo mula sa bahay na ito na sakbit ang inyong kapangyarihan, at nang ang inyong pangalan ay mapasakanila, at ang inyong kaluwalhatian ay bumalot sa kanila, at ang inyong mga anghel ay mangalaga sa kanila; at mula sa lugar na ito ay kanilang madala ang labis na dakila at maluwalhating balita, sa katotohanan, hanggang sa mga dulo ng mundo, nang kanilang malaman na ito ay inyong gawain, at na inyong iniunat

ang inyong kamay, upang tuparin ang inyong sinabi sa pamamagitan ng mga bibig ng mga propeta, hinggil sa mga huling araw.

"Hinihiling namin, Banal na Ama, na itatag ang mga taong sasamba, at marangal na hahawak ng pangalan at katayuan dito sa inyong bahay, sa lahat ng salinlahi at sa walang hanggan; na walang sandatang ginawa laban sa kanila ang magtatagumpay; siya na maghuhukay ng libingan para sa kanila ang siya ring mahuhulog dito; na walang pagsasabuwatan ng kasamaan ang magkakaroon ng kapangyarihang makapaghihimagsik at magwawagi sa inyong tao na kung kanino ang inyong pangalan ay inilagay sa bahay na ito."[19]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Repasuhin ang huling dalawang talatang nagsisimula sa pahina 485. Sa anong mga paraan tayo "ilalabas" ng gawain sa templo "mula sa kadiliman tungo sa kagila-gilalas na kaliwanagan"? Ano sa palagay ninyo ang kahulugan ng maging "espirituwal ang isipan"? Bakit tayo kailangang magkaroon ng "espirituwal na isipan" upang matanggap ang kaliwanagang makakamtan natin sa templo?
- Noong itinatayo ng mga Banal sa Nauvoo ang templo, sinabihan sila ni Propetang Joseph Smith, "Higit nating kailangan ang templo kaysa anupaman" (pahina 488). Repasuhin ang mga pahina 483–88, na hinahanap ang mga dahilan kung bakit totoo ang pahayag na ito. Sa anong mga paraan nagkatotoo sa buhay ninyo ang pahayag ng Propeta?
- Pag-aralan ang mga turo ni Joseph Smith tungkol sa utos na magtayo ng mga templo (mga pahina 486–88. Sa inyong palagay bakit hindi magiging "lubos na organisado" ang Simbahan kung walang mga templo at ordenansa sa templo? Ano ang magagawa natin ngayon upang "madaliin ang gawain sa

Templo"? Bakit natin kailangang "timbangin ang kahalagahan" ng gawain sa templo?

- Repasuhin ang mga turo ng Propeta tungkol sa mga sagradong ordenansa sa templo at kung ano ang matututuhan natin mula rito (mga pahina 488–91. Alin sa mga turong ito ang partikular na nakatulong sa inyo upang maunawaan ang kahalagahan ng mga ordenansa sa templo?
- Basahin ang ikatlong buong talata sa pahina 491. Kung natanggap na ninyo ang mga ordenansa sa templo, isiping mabuti kung paano kayo naturuan ng inyong mga karanasan tungkol sa inyong "kalagayan at tunay na kaugnayan sa Diyos." Kung hindi pa kayo nakakapunta sa templo o matagal na kayong hindi nakababalik, isipin kung paano kayo makapaghahanda para makapasok sa templo.
- Ano ang ilang pagpapalang matatanggap natin kapag pumasok tayo sa templo? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 492–93. Sa nabasa ninyo sa kabanatang ito, paano ninyo magagawang higit na makabuluhan ang pagpasok ninyo sa templo?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mga Awit 24:3–5; Isaias 2:2–3; D at T 124:25–28, 39–41

## Mga Tala

1. Lucius N. Scovil, *Deseret News: Semi-Weekly,* Peb. 15, 1884, p. 2.
2. Franklin D. Richards, "A Tour of Historic Scenes," *Contributor,* Mayo 1886, p. 301; ginawang makabago ang pagbabantas at pagpapalaki ng mga letra.
3. *History of the Church,* 5:1–2; ginawang makabago ang pagbabaybay at gramatika; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa "History of the Church" (manuskrito), aklat C-1, pp. 1328–29, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.
4. Mercy Fielding Thompson, "Recollections of the Prophet Joseph Smith," *Juvenile Instructor,* Hulyo 1, 1892, p. 400.
5. *History of the Church,* 1:316–17; mula sa isang liham ni Joseph Smith kay William W. Phelps, Ene. 11, 1833, Kirtland, Ohio; mali ang petsang Ene. 14, 1833 sa liham na ito sa *History of the Church*.
6. *History of the Church,* 4:186; ginawang makabago ang gramatika; mula sa isang liham ni Joseph Smith at ng kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan sa mga Banal, Set. 1840, Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Okt. 1840, pp. 179–79.
7. *History of the Church,* 4:269; mula sa isang liham ni Joseph Smith at ng kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan sa mga Banal, Ene. 15, 1841, Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Ene. 15, 1841, p. 274.

8. William P. McIntire, sa pag-uulat tungkol sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong mga unang buwan ng 1841 sa Nauvoo, Illinois; William Patterson McIntire, Notebook 1840–45, Church Archives.
9. *History of the Church,* 4:603; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 28, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Eliza R. Snow; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
10. *History of the Church,* 5:65; mula sa "The Government of God," isang editoryal na inilathala sa *Times and Seasons,* Hulyo 15, 1842, pp. 857–58; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.
11. *History of the Church,* 6:52; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Okt. 9, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Willard Richards at ng *Times and Seasons,* Set. 15, 1843, pp. 331–32; nahuli ang paglalathala sa isyung ito ng *Times and Seasons*.
12. *History of the Church,* 6:230; mula sa isang journal entry ni Joseph Smith, Mar. 4, 1844, Nauvoo, Illinois.
13. *History of the Church,* 5:423–25, 427; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hunyo 11, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Wilford Woodruff at Willard Richards; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
14. *History of the Church,* 6:319; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 8, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Wilford Woodruff, Willard Richards, Thomas Bullock, at William Clayton; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
15. *History of the Church,* 6:184; ginawang makabago ang pagbabantas; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Ene. 21, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Wilford Woodruff.
16. *History of the Church,* 5:424; ginawang makabago ang pagbabaybay; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hunyo 11, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Wilford Woodruff at Willard Richards; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
17. *History of the Church,* 6:50–51; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Okt. 9, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Willard Richards at ng *Times and Seasons,* Set. 15, 1843, p. 331; nahuli ang paglalathala ng isyung ito ng *Times and Seasons*.
18. *History of the Church,* 2:309; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Nob. 12, 1835, sa Kirtland, Ohio; iniulat ni Warren Parrish.
19. Doktrina at mga Tipan 109:10, 12–16, 22–26; panalanging inialay ni Joseph Smith noong Mar. 27, 1836, sa paglalaan ng templo sa Kirtland, Ohio.



*Ang itinayong Red Brick Store sa Nauvoo. Ang gusaling ito ay nagsilbing tanggapan ni Propetang Joseph Smith at bilang negosyo na tumulong sa kanya sa pagtustos sa kanyang pamilya. Maraming pulong at aktibidad ng Simbahan ang ginanap sa tindahang ito.*

# Pag-ibig sa Kapwa-tao, ang Dalisay na Pag-ibig ni Cristo

*"Mapagmahal ang isa sa pangunahing mga katangian ng Diyos, at dapat na ipakita ng mga taong umaasam na maging mga anak na lalaki ng Diyos."*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Sa isang paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith noong 1841, itinalaga ng Panginoon ang stake sa Nauvoo, Illinois, na isang "batong panulok ng Sion, na pakikintabin ng pagpapakinis na nahahalintulad sa isang palasyo" (D at T 124:2). Sa ilalim ng pamamahala ng Propeta, ang Nauvoo ay naging maunlad na sentro ng pangangalakal, edukasyon, at sining. Maraming tao ang nagsaka ng kanilang bukirin, samantalang ang mga may 0.4 na ektarya ng lupa ay nagtanim ng mga prutas at gulay sa kanilang mga bakuran. Nagtayo ng lagarian, pagawaan ng ladrilyo, palimbagan, gawaan ng harina, at panaderya sa lungsod, gayundin ng mga shop para sa mga karpintero, magpapalayok, latero, platero, panday, at tagagawa ng kabinet. Sa Nauvoo, nasisiyahan ang mga Banal sa panonood sa teatro, mga sayawan, at konsiyerto. Daan-daang estudyante ang pumapasok sa mga paaralan sa buong komunidad, at may mga plano na para sa isang unibersidad.

Habang mabilis na umuunlad ang Nauvoo, ang ilang pagawaan ng ladrilyo ay gumawa ng pulang mga laryo na nagbigay ng kakaibang hitsura sa mga gusali ng Nauvoo. Ang isa sa mga gusaling ito ay ang Red Brick Store ng Propeta. Itinayo ang tindahan para magsilbing opisina ng Propeta at ng Unang Panguluhan at bilang negosyo para matulungan ang Propeta na suportahan ang kanyang pamilya. Isang pangyayari sa Red Brick Store ang nagpakita

ng likas na pagiging mapagkawanggawa ng Propeta kaya't lalo siyang minahal ng mga tao.

Si James Leach ay isang taga-Inglatera na pumunta sa Nauvoo kasama ang kanyang ate na miyembro ng Simbahan na si Agnes at ang asawa nitong si Henry Nightingale. Pagkatapos mabigong makahanap ng trabaho, nagpasiya sina James at Henry na humingi ng tulong sa Propeta. Naalala ni James:

"Aming . . . nakita [ang Propeta] sa isang maliit na tindahan na nagbebenta sa isang babae ng ilang paninda. Ito ang unang pagkakataon na nagkaroon ako ng oportunidad na makalapit sa kanya at makita siya nang malapitan. Nadama ko ang pangingibabaw ng kanyang espiritu. Kakaiba siya sa sinumang nakilala ko; at sinabi ko sa aking puso, siya ay tunay na Propeta ng pinakadakilang Diyos.

"Dahil hindi ako miyembro ng Simbahan gusto kong si Henry ang humingi sa kanya ng trabaho, pero hindi niya iyon ginawa, kaya't ako na lamang ang lumapit. Sabi ko, 'G. Smith, may maibibigay po ba kayong trabaho sa aming dalawa, para may makain kami?' Masaya ang mukha niya nang tingnan niya kami, at magiliw na sinabing, 'Buweno, mga ginoo, ano ang kaya ninyong gawin?' Sinabi namin sa kanya kung ano ang dati naming trabaho bago kami umalis sa aming bayang sinilangan.

"Sabi niya, 'Kaya n'yo bang gumawa ng kanal?' Sinabi kong gagawin namin ang lahat ng makakaya namin dito. 'Tama 'yan, mga ginoo' at habang kinukuha ang metrong panukat, sinabi niya, 'Sumama kayo sa akin.'

"Isinama niya kami nang mga ilang dipa mula sa tindahan, ipinahawak sa akin ang bilog na metal, at hinila ang buong metro mula sa ikiran nito at gumuhit ng linya kung hanggang saan kami gagawa. 'Ngayon, mga ginoo' sabi niya, makagagawa ba kayo ng kanal na may lawak na tatlong talampakan at may lalim na dalawa't kalahating talampakan sa linyang ito?'

"Sinabi naming pagbubutihin namin, at iniwan niya kami. Nagtrabaho na kami, at nang matapos na ito pinuntahan ko siya at sinabing tapos na ito. Pinuntahan niya at tiningnan ito at sinabing, 'Mga ginoo, kung ako lamang ang gumawa nito hindi ito ganito kaayos. Ngayon sumama kayo sa akin.'

“Nanguna siya pabalik sa kanyang tindahan, at sinabihan kami na kunin ang pinakamahal na ham o piraso ng karne para sa aming sarili. Dahil nahihiya kami, sinabi kong mas gusto naming siya na lamang ang magbigay sa amin. Kaya’t kinuha niya ang dalawang pinakamalaki at pinakamahal na piraso ng karne at isang sako ng harina para sa bawat isa sa amin, at tinanong kami kung sapat ng kabayaran iyon. Sinabi namin sa kanya na handa kaming magtrabaho pa para dito, subalit sinabi niya, ‘Kung nasiyahan na kayo, mga ginoo, ako rin.’

“Magiliw kaming nagpasalamat sa kanya, at masayang umuwi na nagagalak dahil sa kabaitan ng Propeta ng ating Diyos.”

Si James Leach ay nabinyagan nang taon ding iyon at itinala na siya ay “madalas magkaroon ng pagkakataong makita ang maamong mukha [ng Propeta] na pinasisigla ng Espiritu at kapangyarihan ng Diyos.”[1]

## Mga Turo ni Joseph Smith

### Ang taong puspos ng pagmamahal ng Diyos ay sabik na pagpalain ang iba.

“Pagmamahal ang isa sa mga pangunahing katangian ng Diyos, at dapat ipakita ng mga taong umaasam na maging mga anak na lalaki ng Diyos. Ang taong puspos ng pagmamahal ng Diyos, ay hindi nasisiyahan na pagpalain lamang ang kanyang pamilya, bagkus ipinalalaganap ito sa buong mundo, sabik na pagpalain ang buong sangkatauhan.”[2]

*Itinala ni Lucy Meserve Smith ang sumusunod:* “Sinabi [ni Joseph Smith], ‘Mga kapatid, mahalin ninyo ang isa’t isa; mahalin ang isa’t isa at maging maawain sa inyong mga kaaway.’ Inulit niya ang mga salitang ito sa napakalinaw na tinig na may malakas na amen.”[3]

*Noong Hulyo 1839, nagsalita ang Propeta sa isang grupo ng mga lider sa Simbahan:* “Nagsalita ako sa kanila at nagbigay ng maraming tagubilin . . . tinalakay ang maraming mahahalaga at makabuluhang paksa sa lahat ng naghahangad na lumakad nang mapagpakumbaba sa harapan ng Panginoon, at lalo pa silang tinuruan na magkaroon ng pag-ibig sa kapwa, karunungan at

pagdamay, nang may pagmamahal sa bawat isa sa lahat ng bagay, at sa lahat ng sitwasyon."[4]

---

**May natatangi tayong obligasyon na mahalin at pangalagaan ang mga nangangailangan.**

"Ito ay isang tungkulin na dapat lubos na isagawa ng bawat Banal sa kanyang mga kapatid—ang mahalin sila tuwina, at palagi silang tulungan. Upang mabigyang-katwiran sa harapan ng Diyos dapat nating mahalin ang isa't isa: dapat nating daigin ang masama; dapat nating dalawin ang mga ulila sa ama at ang mga balo sa kanilang pagdadalamhati, dapat nating panatilihing walang bahid-dungis ang ating sarili mula sa mundo; sapagkat sa ganitong kabutihan nagmumula ang malaking bukal ng dalisay na relihiyon [tingnan sa Santiago 1:27]."[5]

"[Ang isang miyembro ng Simbahan] ay dapat pakainin ang nagugutom, damitan ang hubad, tulungan ang mga balo, pahirin ang luha ng mga ulila, aliwin ang nagdurusa, sa simbahan mang ito, o sa iba pa, o sa walang kinabibilangang simbahan, saanman niya makita sila."[6]

"Ang mayayaman ay hindi maliligtas kung walang pag-ibig sa kapwa, na nagbibigay ng pagkain sa mga maralita ayon sa paraan ng Diyos."[7]

"Isaisip ang kalagayan ng mga nagdurusa at sikaping pagaanin ang kanilang paghihirap; hayaang kainin ng nagugutom ang inyong tinapay, at ang inyong damit ay ipasuot sa hubad; hayaang pahirin ng inyong pagiging bukas-palad ang luha ng mga ulila, at pasayahin ang namimighating balo; hayaang ang inyong mga panalangin, at pagdamay, at kabaitan, ay magpagaan sa kirot na nadarama ng naghihinagpis, at ang pagiging bukas-palad ninyo ay makatulong sa kanilang mga pangangailangan; gumawa ng mabuti sa lahat ng tao, lalo na sa mga kasangbahay sa pananampalataya, upang kayo'y maging walang sala at walang malay, mga anak ng Diyos na walang dungis. Sundin ang mga utos ng Diyos—lahat ng kanyang ibinigay, ibinibigay, o ibibigay, at ang buhay ninyo ay pagpapalain; ang mga maralita ay magsisibangon at tatawagin kayong pinagpala; kayo ay ikararangal at igagalang ng lahat ng mabubuting tao; at ang inyong landas ay tulad ng sa

yaong matwid, na sumisilang ng higit at higit sa sakdal na araw [tingnan sa Mga Kawikaan 4:18]."[8]

"Ang Banal na Espiritu . . . ay ibubuhos sa inyong uluhan sa lahat ng oras, kapag ipinamumuhay ninyo ang mga alituntuning iyon ng kabutihan na ayon sa isipan ng Diyos, at minamahal ang isa't isa, at maingat sa anumang paraan na alalahanin ang mga taong nasa pagkaalipin, at kalungkutan, at labis na naghihirap para sa inyong kapakanan. At kung sinuman sa inyo ang maghahangad na magpayaman, at asamin ang sariling pagyaman, habang ang kanilang mga kapatid ay dumaranas ng kahirapan, at sumasailalim sa matitinding pagsubok at tukso, hindi sila makikinabang sa tulong ng Banal na Espiritu, na namamagitan para sa atin araw at gabi ng mga hibik na hindi maisasaysay sa pananalita [tingnan sa Mga Taga Roma 8:26].

"Dapat tayong maging napakaingat sa lahat ng panahon na hindi kailanman magkaroon ng puwang ang kapalaluan sa ating puso; subalit makiayon tayo sa mga bagay na may kapakumbabaan, at batahin ang kahinaan ng mahihina nang may buong pagtitiis."[9]

---

## Ang pag-ibig sa kapwa ay nagtitiis nang matagal, maawain, at mabait.

*Iniulat ni Eliza R. Snow ang isang mensaheng ibinigay ng Propeta:* "Nagsimula siya sa pagbabasa ng ika-13 kabanata [ng 1 Mga Taga Corinto]—'Kung ako'y magsalita ng mga wika ng mga tao at ng mga anghel, datapuwa't wala akong pagibig, ay ako'y naging tanso na tumutunog, o batingaw na umaalingawngaw;' at sinabing, pahalagahan ninyo ang kabutihang ginawa ng inyong kapwa, subalit mag-ingat sa pagmamapuri ng inyong sarili, at huwag magmagaling sa nagawang kabutihan, at huwag isiping mas mabait kayo kaysa sa iba; kung gagawin ninyo ang ginawa ni Jesus, dapat ninyong pag-ibayuhin ang inyong pagmamahal at paggalang sa isa't isa, at dalhin ang kapwa ninyo sa sinapupunan ni Abraham. Sinabi ni Joseph Smith na nagpakita siya ng mahabang pagtitiis, kahinahunan, at pasensya sa Simbahan, at sa kanya ding mga kaaway; at dapat nating pasanin ang mga kabiguan ng isa't isa, tulad ng isang mabait na magulang na

pinagpapasensyahan ang mumunting kahinaan ng kanyang mga anak.

“. . . Habang nadaragdagan ang inyong kadalisayan at kabaitan, habang nadaragdagan ang inyong kabutihan, hayaang lalong magmahal ang inyong puso, dagdagan ang inyong pagmamahal at pagkahahabag sa iba; kailangan pa ninyong magtiis at magpasensya sa mga pagkukulang at pagkakamali ng sangkatauhan. Napakahalaga ng kaluluwa ng mga tao! . . .

“. . . Huwag mainggit sa magagandang kasuotan at panlabas na anyo ng mga makasalanan, sapagkat kahabag-habag ang kalagayan nila; ngunit hangga't makakaya ninyo, kaawaan sila, sapagkat sa maikling panahon wawasakin sila ng Diyos, kung hindi sila magsisisi at babaling sa kanya.”[10]

“Dapat sapat na nakauunawa ang matatalinong tao upang malupig ang mga tao sa pamamagitan ng kabutihan. ‘Ang malubay na sagot ay nakapapawi ng poot,’ sabi ng isang matalinong tao [Mga Kawikaan 15:1]; at kapuri-puri para sa mga Banal sa mga Huling Araw na ipakita ang pagmamahal ng Diyos, sa pamamagitan ng mabait na pakikitungo sa mga taong, sa pabigla-biglang reaksyon, ay nakagawa ng pagkakamali; sapagkat tunay na sinabi ni Jesus, Idalangin ninyo ang sa inyo'y nagsisiusig [tingnan sa Mateo 5:44].”[11]

“Hindi ko pinapansin ang mga pagkakamali mo, at hindi mo rin dapat pansinin ang sa akin. Ang pag-ibig sa kapwa, na siyang pagmamahal, ay natatakpan ang napakaraming kasalanan [tingnan sa I Ni Pedro 4:8], at madalas kong pagtakpan ang lahat ng kamalian ninyo; subalit ang pinakamabuting gawin ay huwag nang magkamali pa. Dapat nating pag-ibayuhin ang pagiging maamo, tahimik at payapa.”[12]

*Iniulat ni Eliza R. Snow ang isa pang mensaheng ibinigay ng Propeta:* “Kapag nagpapakita ng kaunting kabaitan at pagmamahal ang mga tao sa akin, Ah, nangingibabaw ito sa aking isipan, samantalang ang kasalungat nito ay nakasasakit ng damdamin at nagpapahina ng isipan ng tao.

“Isa itong patunay na walang nalalaman ang mga tao ukol sa mga alituntunin ng kabanalan para makitang nababawasan ang

pagmamahal at nawawalan ng pag-ibig sa kapwa sa mundo. Ang kapangyarihan at kaluwalhatian ng kabanalan ay lumalaganap sa isang malawak na alituntunin para palaganapin ang balabal ng pag-ibig sa kapwa. Ang Diyos ay hindi makatitingin sa kasalanan nang may munti mang antas ng pagpapahintulot, subalit kapag nagkasala ang mga tao, dapat may pagsasaalang-alang na gawin para sa kanila. . . . Kapag mas napapalapit tayo sa ating Ama sa Langit, mas nahahabag tayo sa mga taong naliligaw ng landas; nais natin silang pasanin, at balikatin ang kanilang mga kasalanan. . . .

“. . . Gaano kadalas hinangad ng matatalinong lalaki at babae na diktahan si Brother Joseph sa pagsasabing, ‘Ah, kung ako si Brother Joseph, ganito at gayon ang gagawin ko;’ pero kung sila ang nasa katayuan ni Brother Joseph malalaman nila na hindi maaaring pilitin ang kalalakihan o kababaihan na pumasok sa kaharian ng Diyos, kundi sila ay kailangang pakitunguhan nang may mahabang pagtitiis, at sa huli’y maliligtas natin sila. Ang paraan para mapanatiling magkakasama ang mga Banal, at mapanatiling lumalaganap ang gawain, ay maghintay nang may mahabang pagtitiis, hanggang sa hatulan ng Diyos ang mga makasalanan. Walang kapahintulutan sa paggawa ng kasalanan, ngunit dapat may kaakibat na awa o habag sa pagsaway.

---

## Ipinakikita natin ang pag-ibig sa kapwa sa pamamagitan ng simpleng paglilingkod at kabaitan.

“Ako ay inyong tagapaglingkod, at sa pamamagitan lamang ng Espiritu Santo kung kaya’t nakagagawa ako sa inyo ng kabutihan. . . . Hindi namin inihaharap ang aming mga sarili sa inyo bilang sinuman kundi bilang mapagpakumbabang mga tagapaglingkod ninyo, na nakahandang gumugol ng oras, lakas, kabuhayan at iba pa at magpagal sa paglilingkod sa inyo.”[14]

*Naalala ni Edwin Holden:* “Noong 1838, si Joseph at ang ilang binatilyo ay naglalaro ng iba’t ibang laro, isa rito ang paglalaro ng bola. Kalaunan, napagod sila. Nakita niya ito, at tinawag silang lahat at sinabing: ‘Magtayo tayo ng isang dampa.’ Kaya’t nagsimula na sila, si Joseph at ang mga binatilyo, para magtayo ng isang dampa na yari sa troso para sa isang babaing balo. Iyon



*"Kaya't nagsimula na sila, si Joseph at ang mga binatilyo, para magtayo ng isang dampa na yari sa troso para sa isang babaing balo. Iyon ang isa sa mga paraan ni Joseph, laging tumutulong sa abot ng kanyang makakaya."*

ang isa sa mga paraan ni Joseph, laging tumutulong sa abot ng kanyang makakaya."[15]

*Ikinuwento ni Lucy Mack Smith, ang ina ni Propetang Joseph Smith, noong unang manirahan ang mga Banal sa Commerce, Illinois, na kalauna'y tinawag na Nauvoo:* "Sa pagdaan ng panahon, nagsimulang maramdaman ng mga kapatid na nanirahan dito ang mga epekto ng kanilang kahirapan, na sinamahan ng masamang klima, na nagdulot sa kanila ng lagnat at panginginig at sakit na malarya hanggang sa may ilang pamilya na wala ni isa man lamang ang makatayo para makapagbigay ng malamig na tubig sa kasambahay o maasikaso mismo ang sarili. Ang pamilya ni Hyrum ay halos maysakit lahat. Ang bunso kong anak na babae na si Lucy ay malubha rin ang sakit, at sa katunayan kaunti lamang ang walang sakit sa mga naninirahan sa lugar na ito.

"Pinapunta nina Joseph at Emma ang mga maysakit sa kanilang bahay at inalagaan nila ang mga ito. At patuloy nilang

kaagad na pinapupunta ang mga nagkakasakit hanggang sa ang bahay nila, na may apat na silid, ay napuno na kaya't kinailangan nilang magtayo ng tolda sa bakuran para doon mamalagi ang mga miyembro ng pamilyang iyon na nakakakilos pa. Ginugol nina Joseph at Emma ang buo nilang oras at atensyon sa pag-aalaga sa mga maysakit sa panahong ito ng kapighatian."[16]

*Naalala ni John L. Smith, ang pinsan ng Propeta, ang sumusunod na pangyayari na naganap noong panahon ding ito:* "Si Propetang Joseph at ang pinsan naming si Hyrum na kapatid niya, ay dumalaw sa amin. Lahat kami ay maysakit at si Nanay ay nilalagnat at may malarya, at si Tatay ay nagdidiliryo halos buong araw. Hinubad ni Joseph ang kanyang sapatos nang makita niya ang kaawa-awa naming kalagayan at isinuot ito sa mga paa ni Tatay dahil nakayapak lamang ito, at siya ay umuwing walang suot na sapatos. Iniuwi niya si Tatay sa kanilang tahanan at iniligtas ang kanyang buhay at tinustusan kami ng maraming pangangailangan kaya't gumaling kami."[17]

*Naalala ni Elizabeth Ann Whitney:* "Sa mga unang buwan ng tagsibol noong 1840 nagpunta kami sa Commerce, tulad ng pagkakatawag pa rin sa mataas na bahagi ng lungsod ng Nauvoo. Nangupahan kami sa bahay na pag-aari ni Hiram Kimball. . . . Kaming lahat dito ay may lagnat at nanginginig, at halos gumagapang na lamang kami at inaalagaan ang isa't isa. Sa ganito kahirap na kalagayan ay isinilang ko ang ikasiyam kong anak. Si Joseph, nang madalaw kami at nakita ang aming kalagayan, ay hinikayat kami na pumunta at makituloy muna sa kanyang bahay. Nadama naming hindi na namin matatagalan ang klima, tubig, at kasalatan; dahil dito tinanggap namin ang alok at nanirahan sa maliit na kubo sa bakuran ni Propetang Joseph; kalauna'y bumalik ang dati naming lakas, at ang mga bata ay bumalik sa dati. Nagtrabaho ang asawa ko sa tindahan na itinayo at inimbakan ni Joseph ng napakaraming kalakal na talagang kailangang-kailangan ng mga tao.

"Isang araw habang papalabas ako ng bahay papunta sa bakuran parang kidlat na biglang sumagi sa isipan ko ang propesiyang binanggit ni Joseph Smith sa akin, noong tumira siya sa bahay namin sa Kirtland; ito iyon: na tulad ng ginawa namin sa kanya, na tinanggap namin siya at ang kanyang pamilya sa aming tahanan



*Sa panahon ng malubhang pagkakasakit sa Commerce, Illinois, kinupkop nina Joseph at Emma ang mga maysakit sa kanilang tahanan at inalagaan sila roon.*

noong wala silang matirhan; kami rin sa hinaharap ay tatanggapin niya sa kanyang tahanan."[18]

*Iniulat ni Mosiah L. Hancock ang sumusunod na karanasan na naganap sa Nauvoo noong siya ay binatilyo pa lamang:* "Itong tag-init [1841] ang una kong paglalaro ng bola na kasama ang Propeta. Naghalinhinan kami sa pagsipa at paghabol sa bola, at nang matapos ang laro sinabi ng Propeta, 'Sakyan ninyo ang inyong mga kabayo,' na siyang ginawa namin, at lahat kami ay pumunta sa kakahuyan. Nakatayo sa *bolster,* pinatakbo ko ang kabayo namin na may hilang bagon, at si Brother Joseph at ang tatay ko ay nakasakay sa *hounds* sa likod [ang *bolster* at *hounds* ay bahagi ng istruktura ng isang bagon]. May 39 na kabayo sa grupo at nangahoy kami hanggang sa mapuno ang aming mga bagon. Nang mapuno na ang aming bagon, nagyaya si Brother Joseph na maglaro ng *pull sticks*—at nahila niyang patayo ang lahat ng kalaro niya nang minsanan lang—ang sinumang gustong makipaglaro sa kanya.

"Pagkatapos niyon, ipinadala ng Propeta ang mga bagon sa iba't ibang lugar kung saan may mga taong nangangailangan ng tulong; at sinabihan silang magputol ng kahoy para sa mga Banal na nangangailangan nito. Gustong gawin ng lahat ang ipinagagawa ng Propeta, at kahit maysakit kami, at nangamamatay ang mga tao sa aming paligid, ang mga miyembro ng pamilya ay nakangiti at sinisikap pasayahin ang lahat."[19]

*Noong Enero 5, 1842, isinulat ng Propeta ang sumusunod sa isang liham kay Edward Hunter, na kalauna'y naglingkod bilang Presiding Bishop:* "Ang pag-uuri namin ng mga kalakal [sa Red Brick Store] ay mainam naman—napakainam, na isinasaalang-alang ang iba't ibang binibili ng iba't ibang tao sa magkakaibang panahon, at bumibili sila ayon sa kanilang pangangailangan; subalit natutuwa akong nagawa namin ang nararapat, sapagkat ang puso ng maraming maralitang kalalakihan at kababaihan ay napasaya ng mga kalakal na makakaya na nilang bilhin ngayon.

Punong-puno ang tindahan, at nakatayo ako sa despatso [counter] maghapon, nagbebenta ng mga paninda tulad ng sinumang klerk na nakita na ninyo, tinutulungan ang mga taong napilitang pumunta rito na walang karaniwang hapunan para sa Pasko at Bagong Taon, sapagkat kulang sila ng kaunting asukal, pulot, pasas, at iba pa, at kung anu-ano pa; at pinasasaya rin ang aking sarili, sapagkat gusto kong paglingkuran ang mga Banal, at maging tagapaglingkod ng lahat, umaasang madadakila ako sa takdang panahon ng Panginoon."[20]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Habang nirerepaso ninyo ang mga kuwento sa mga pahina 497–99 at sa mga pahina 503–7, isipin ang nadarama ninyo tungkol kay Propetang Joseph Smith. Ano ang itinuturo ng

mga kuwentong ito tungkol sa kanya? Sa inyong palagay sa anong mga paraan nakaimpluwensya ang kanyang mga ikinilos sa mga taong nasa paligid niya? Sa anong mga paraan naantig ng kabaitan ng iba ang inyong buhay?

- Repasuhin ang huling tatlong talata sa pahina 499. Sa inyong palagay bakit ninanais ng isang taong puspos ng pagmamahal ng Diyos na pagpalain ang lahat ng tao? Paano nakakatulong ang pagmamahal at kabaitan natin sa pagpapala sa lahat ng tao?
- Ano ang ilan sa mga responsibilidad natin sa pangangalaga sa mga taong nangangailangan? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 500–1.) Paano nauugnay ang mga responsibilidad na ito sa temporal na pangangailangan ng tao? Paano nauugnay ang mga ito sa pangangailangang espirituwal? Anong mga halimbawa ang nakikita ninyo sa mga taong nangangalaga sa mga nangangailangan?
- Basahin ang talata na nagsisimula sa dulong ibaba ng pahina 501. Ano ang magagawa natin para mapag-ibayo ang pagpapahalaga natin sa magagandang ugali ng iba? Sa inyong palagay bakit natin kailangang "mag-ingat sa pagmamapuri ng sarili, at pagmamagaling sa nagawang kabutihan"?
- Nagpahayag ng pag-aalala si Propetang Joseph sa "nababawasang pagmamahal . . . sa mundo" (mga pahina 502–3). Kabaligtaran nito, sinabi niyang "dapat [nating] pag-ibayuhin ang [ating] pagmamahal sa isa't isa" at "hayaang lalong magmahal ang [ating] puso, dagdagan ang [ating] pagmamahal at pagkahabag sa iba" (mga pahina 501–2). Sa inyong palagay ano ang kahulugan ng pag-ibayuhin ang ating pagmamahal at pagkahabag sa isa't isa?
- Basahin ang ikalimang buong talata sa pahina 502. Sa anong mga paraan natin maipamumuhay ang turong ito sa pakikipag-ugnayan natin sa mga miyembro ng ating pamilya?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* I Mga Taga Corinto 13:1–13; Mosias 4:14–16, 26–27; Eter 12:33–34; Moroni 7:45–48; D at T 121:45–46

## *Mga Tala*


1. James Leach, sa "Recollections of the Prophet Joseph Smith," *Juvenile Instructor,* Mar. 1, 1892, p. 152–53; ginawang makabago ang pagbabantas; binago ang pagkakahati ng mga talata.
2. *History of the Church,* 4:227; mula sa isang liham ni Joseph Smith sa Labindalawang Apostol, Dis. 15, 1840, Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Ene. 1, 1841, p. 258; mali ang petsang Okt. 19, 1840, na nakalagay sa liham na ito, sa *History of the Church*.
3. Lucy Meserve Smith, sa "Recollections of the Prophet Joseph Smith," *Juvenile Instructor,* Ago. 1, 1892, p. 471.
4. *History of the Church,* 3:383; mula sa isang journal entry ni Joseph Smith, Hulyo 2, 1839, Montrose, Iowa.
5. *History of the Church,* 2:229, talababa; mula sa "To the Saints Scattered Abroad," *Messenger and Advocate,* Hunyo 1835, p. 137.
6. Tugon ng editor sa isang liham ni Richard Savary, *Times and Seasons,* Mar. 15, 1842, p. 732; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.
7. *History of the Church,* 4:608; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mayo 1, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Willard Richards.
8. "To the Saints of God," isang editoryal na inilathala sa *Times and Seasons,* Okt. 15, 1842, p. 952; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.
9. *History of the Church,* 3:299; ginawang makabago ang pagbabantas; mula sa isang liham ni Joseph Smith at ng iba pa kay Edward Partridge at sa Simbahan, Mar. 20, 1839, Liberty Jail, Liberty, Missouri.
10. *History of the Church,* 4:606–7; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 28, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Eliza R. Snow; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
11. *History of the Church,* 6:219; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa "Pacific Innuendo," isang artikulong isinulat sa pamamahala ni Joseph Smith, Peb. 17, 1844, Nauvoo, Illinois; inilathala sa *Times and Seasons,* Peb. 15, 1844, p. 443; nahuli ang paglathala sa isyung ito ng *Times and Seasons*.
12. *History of the Church,* 5:517; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hulyo 23, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Willard Richards; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
13. *History of the Church,* 5:24; ginawang makabago ang pagbabaybay; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hunyo 9, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Eliza R. Snow.
14. *History of the Church,* 5:355; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 13, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Willard Richards.
15. Edwin Holden, sa "Recollections of the Prophet Joseph Smith," *Juvenile Instructor,* Mar. 1, 1892, p. 153; ginawang makabago ang pagbabantas.
16. Lucy Mack Smith, "The History of Lucy Smith, Mother of the Prophet," 1844–45 manuscript, aklat 17, p. 17, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.
17. John Lyman Smith, Autobiography and Diaries, 1846–95, photocopy, tomo 1, entry para sa Set. 1839, Church Archives.
18. Elizabeth Ann Whitney, "A Leaf from an Autobiography," *Woman's Exponent,* Nob. 15, 1878, p. 91.
19. Mosiah Lyman Hancock, Autobiography, typescript, p. 22, Church Archives.
20. *History of the Church,* 4:492; mula sa isang liham ni Joseph Smith kay Edward Hunter, Ene. 5, 1842, Nauvoo, Illinois.



*"Sa kahilingan ni Ginoong John Wentworth, . . . isinulat ko ang maikling paglalarawan ng pagbangon, pag-unlad, pagkausig, at pananampalataya ng mga Banal sa mga Huling Araw, kung saan ikinararangal ko, sa ilalim ng pamamahala ng Diyos, ang maging tagapagtatag nito."*

# Ang Wentworth Letter

*Ang Wentworth Letter ay salaysay ng Propeta tungkol sa "pagbangon, pag-unlad, pagkausig, at pananampalataya ng mga Banal sa mga Huling Araw," kabilang ang mga pahayag na kilala bilang Mga Saligan ng Pananampalataya.*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Bukod sa pagiging Pangulo ng Simbahan, marami pang ibang responsibilidad si Joseph Smith sa Nauvoo. Noong Mayo 1842, naging mayor siya ng Nauvoo, na ibig sabihin siya rin ang punong hukom ng Nauvoo Municipal Court. Siya ang tinyente heneral at komandante ng Nauvoo Legion. At noong Pebrero 1842, nanungkulan siyang editor ng *Times and Seasons,* isang pahayagan ng Simbahan na inilalathala nang dalawang beses kada buwan. Ang *Times and Seasons* ay nagbigay-daan para makaugnayan ng mga lider ng Simbahan ang mga Banal, naglathala ng mga paghahayag at mahahalagang mensahe, at nagbahagi ng mga balita tungkol sa Simbahan. Si John Taylor, isang miyembro ng Korum ng Labindalawa, ay itinalaga na pangasiwaan ang maraming aspeto ng paglalathala sa ilalim ng pamamahala ng Propeta.

Sa unang inilathalang edisyon noong siya ang editor, isinulat ng Propeta na ang pahayagan ay magbibigay ng mga artikulo tungkol sa "mahahalagang kaganapan na nangyayari araw-araw sa ating kapaligiran; mabilis na paglaganap ng katotohanan; maraming balitang tinatanggap namin, araw-araw, mula sa mga elder na nasa ibang bansa; kapwa sa bansang ito, sa Inglatera, mula sa kontinente ng Europa, at iba pang panig ng mundo; nakababalisang kalagayan ng mga bansa; mga liham at turo ng Labindalawa; at mga paghahayag na tinatanggap namin mula sa Diyos."[1]

Habang nanunungkulan ang Propeta bilang editor, naglathala ang *Times and Seasons* ng lubhang mahahalagang dokumento. Ang teksto ng aklat ni Abraham at dalawa sa mga paksimile ay inilathala noong Marso 1842, ang ikatlong paksimile ay inilathala sa buwan ng Mayo. Marso rin nang simulang ilathala ng Propeta ang "History of Joseph Smith [Kasaysayan ni Joseph Smith]," ang salaysay na kalaunan ay naging *History of the Church.*

Sa isyu ng *Times and Seasons* na may petsang Marso 1, 1842, inilathala ng Propeta ang nakilala sa tawag na Wentworth Letter. Sa paglalarawan ng mga dahilan niya sa paggawa ng dokumentong ito, ipinaliwanag ng Propeta: "Sa kahilingan ni Ginoong John Wentworth, Editor at May-ari ng *Chicago Democrat,* isinulat ko ang maikling paglalarawan ng pagbangon, pag-unlad, pagkausig, at pananampalataya ng mga Banal sa mga Huling Araw, kung saan ikinararangal ko, sa ilalim ng pamamahala ng Diyos, na maging tagapagtatag nito. Sinabi ni Ginoong Wentworth na gusto niyang bigyan ng dokumentong ito ang kanyang kaibigang si Ginoong [George] Barstow, na nagsusulat ng kasaysayan ng New Hampshire. Dahil nagawa na ni Ginoong Barstow ang mga tamang hakbang sa pagkuha ng wastong impormasyon, ang tanging hiniling ko sa kanya, ay, ilathala niya nang buo ang pangyayari, nang simple, at walang maling pagpapaliwanag."[2]

Sa huli hindi isinama ni George Barstow ang salaysay ng Propeta sa kanyang kasaysayan sapagkat nagpasiya siyang isalaysay lamang ang mga pangyayaring naganap sa buong taon ng 1819 sa kanyang aklat.[3] Gayunpaman napakahalaga ng Wentworth Letter sa mga Banal sa mga Huling Araw. Ito ang orihinal na salaysay ni Joseph Smith na nagpapatotoo sa kanyang banal na tungkulin mula sa Diyos, ang kanyang mga pangitain, at ministeryo at pagtuturo. Isinasalaysay nito ang pagkakatatag at paglaki ng Simbahan at pang-uusig sa mga Banal. Naglalaman ito ng paghahayag ng propeta sa tagumpay ng Simbahan sa mundo sa hinaharap sa ilalim ng mapagkalingang kamay ng Dakilang Jehova. Naglalaman din ito ng ilang mahahalagang detalye na hindi matatagpuan sa iba pang turo ng Propeta, kabilang ang paglalarawan sa mga laminang ginto at balangkas ng nilalaman ng Aklat ni Mormon. At pinakamahalaga, ito ang kauna-unahang

pagkakataon na mismong si Joseph Smith ang naglathala ng salaysay ng kanyang Unang Pangitain.

Sa pagtatapos nito sa 13 pagpapahayag ng doktrina ng Simbahan na tinatawag ngayon na Mga Saligan ng Pananampalataya, ito ay nagsisilbing malakas na patotoo sa banal na tungkulin ni Propetang Joseph Smith.

## Mga Turo ni Joseph Smith

### Ang Diyos Ama at si Jesucristo ay nagpakita kay Joseph Smith bilang tugon sa kanyang panalangin.

"Ako ay isinilang sa bayan ng Sharon, Windsor County, Vermont, noong ika-23 ng Disyembre, A.D. 1805. Nang [ako ay] sampung taong gulang, lumipat ang mga magulang ko sa Palmyra, New York, kung saan tumira kami ng mga apat na taon, at mula roon lumipat kami sa bayan ng Manchester. Magsasaka ang tatay ko at tinuruan niya ako ng pagsasaka. Noong labing-apat na taong gulang ako, naisip ko ang kahalagahan ng pagiging handa sa mangyayari sa hinaharap, at sa pagtatanong [tungkol] sa plano ng kaligtasan, nalaman ko na may malaking pagkakaiba sa mga opinyong pangrelihiyon; kapag dumadalo ako sa isang sekta itinuturo nila sa akin ang isang plano, at iba rin sa ibang sekta; bawat isa ay nagtuturo ng kani-kanyang doktrina bilang *summum bonum* [pinakasukdulan] ng kaganapan. Iniisip na lahat ay maaaring hindi tama, at ang Diyos ay hindi maaaring maging may-akda ng labis na kalituhan, nagpasiya akong suriin nang lubos ang paksang ito, naniniwalang kung ang Diyos ay may isang Simbahan hindi ito mahahati-hati sa mga pangkat, at kung itinuro Niya sa isang sekta ang isang paraan ng pagsamba, at pangangasiwa sa isang set ng mga ordenansa, hindi Niya tuturuan ang ibang sekta ng mga alituntuning salungat sa itinuro niya sa isa.

"Sapagkat naniniwala ako sa salita ng Diyos, nagtiwala ako sa pahayag ni Santiago—'Nguni't kung nagkukulang ng karunungan ang sinoman sa inyo, ay humingi sa Dios, na nagbibigay ng sagana sa lahat at hindi nanunumbat; at ito'y ibibigay sa kaniya.' [Santiago 1:5.] Nagtungo ako sa isang tagong lugar sa kakahuyan, at nagsimulang manalangin sa Panginoon; habang taos pusong

nananalangin, natuon ang isipan ko sa mga bagay na nakapalibot sa akin, at nabalot ako ng isang makalangit na pangitain, at nakakita ng dalawang maluwalhating katauhan, na magkatulad na magkatulad sa katangian at anyo, napalilibutan ng maningning na liwanag na mas maliwanag kaysa araw sa katanghaliang tapat. Sinabi nila sa akin na lahat ng sekta ay naniniwala sa maling mga doktrina, at wala ni isa man sa kanila ang kinikilala ng Diyos bilang Kanyang Simbahan at kaharian: at inutusan akong 'huwag sumapi sa alinman sa kanila,' at kasabay nito nakatanggap ng pangako na ang kaganapan ng Ebanghelyo ay ipaaalam sa akin balang araw.

---

**Ang Aklat ni Mormon ay isinulat noong sinauna sa mga laminang ginto at ibinigay kay Joseph Smith ng isang sugo ng langit.**

"Noong gabi ng ika-21 ng Setyembre, A.D. 1823, habang ako ay nananalangin sa Diyos, at nagsisikap na manalig sa mahahalagang pangakong nasa Banal na Kasulatan, biglang may isang liwanag tulad sa umaga, lamang ay higit na dalisay at higit na maluwalhati ang anyo at ningning, na pumasok sa silid; tunay na ang unang tingin ko ay parang puno ng nagniningas na apoy ang kabahayan; ang paglitaw nito ay nakagitla sa buo kong katawan; sa isang saglit ay isang katauhan ang nakatayo sa harapan ko na nalilibutan ng kaluwalhatiang higit pa sa liwanag na pumalibot sa akin. Ipinahayag mismo ng sugong ito na siya ay anghel ng Diyos, isinugo na dalhin ang balita ng kagalakan na ang tipan na ginawa ng Diyos sa sinaunang Israel ay malapit nang matupad, na ang gawaing maghahanda para sa ikalawang pagparito ng Mesiyas ay magsisimula na, na malapit nang dumating ang panahon na ipangangaral nang may kapangyarihan ang Ebanghelyo sa buong kaganapan nito, sa lahat ng bansa upang ang mga tao ay maihanda para sa paghahari sa Milenyo. Ipinaalam sa akin na ako ang pinili na maging instrumento sa mga kamay ng Diyos upang isakatuparan ang ilan sa Kanyang mga layunin sa maluwalhating dispensasyong ito.

"Ipinaalam din sa akin ang tungkol sa mga unang nanirahan sa bansang ito at ipinakilala kung sino sila, at kung saan sila

nanggaling; isang maikling salaysay ng kanilang pinagmulan, pag-unlad, sibilisasyon, mga batas, pamahalaan, ng kanilang kabutihan at kasamaan, at mga pagpapala ng Diyos na sa huli'y binawi sa kanila bilang isang bansa, ay ipinaalam sa akin; sinabi rin sa akin kung saan ibinaon ang ilang lamina kung saan nakaukit ang isang pinaikling mga talaan ng sinaunang mga Propeta na namuhay sa kontinenteng ito. Tatlong beses nagpakita sa akin ang anghel nang gabing iyon at ipinahayag ang gayunding mga bagay. Matapos makatanggap ng maraming pagbisita ng mga anghel mula sa Diyos na ipinaaalam sa akin ang karingalan at kaluwalhatian ng mga pangyayaring magaganap sa mga huling araw, noong umaga ng ika-22 ng Setyembre, A.D. 1827, ibinigay sa akin ng anghel ng Panginoon ang mga talaan.

"Ang mga talaang ito ay nakaukit sa mga lamina na nasa anyong ginto: ang bawat lamina ay anim na pulgada ang lapad at walong pulgada ang haba, at hindi gaanong makapal tulad ng karaniwang lata [tin]. Puno ang mga ito ng mga ukit, sa titik ng mga taga Egipto, at sama-sama sa isang tomo tulad ng mga pahina ng isang aklat, na may tatlong argolya [ring] na nakapasuot sa buong lamina. Ang buong lamina ay tinatayang anim na pulgada ang kapal, isang bahagi nito ang nakasara. Ang nakasulat sa hindi selyadong bahagi ay maliliit, at maganda ang pagkakaukit. Ang buong libro ay nagpapakita ng maraming palatandaan na ginawa ito noong unang panahon, at lubhang sanay sa sining ng pag-ukit. Makikitang kasama ng mga talaan ang isang instrumentong napakahusay na ginawa, na tinatawag ng mga sinauna na "Urim at Tummim,' na binubuo ng dalawang malilinaw na bato na nakalagay sa nakabalantok na busog na nakakabit sa baluti sa dibdib. Sa pamamagitan ng Urim at Tummim naisalin ko ang mga talaan sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos.

". . . Ang aklat na ito . . . ay nagsasalaysay sa atin na nagpakita ang Tagapagligtas sa kontinenteng ito pagkatapos ng Kanyang pagkabuhay na muli; na Kanyang itinatag ang Ebanghelyo rito sa buo nitong kaganapan, at kasaganaan, at kapangyarihan, at pagpapala; na sila ay may mga Apostol, Propeta, Pastor, Teacher, at Evangelist, may gayunding pagkakaayos, priesthood, mga ordenansa, kaloob,



*"Noong umaga ng ika-22 ng Setyembre,* A.D. *1827, ibinigay ng anghel ng Panginoon ang mga talaan sa aking mga kamay."*

kapangyarihan, at pagpapala, tulad ng tinamasa ng mga nasa silangang kontinente; ang mga tao ay iwinaksi dahil sa kanilang mga kasalanan; na ang huli sa mga propeta na namuhay sa kanila ay inutusang ibuod ang mga propesiya nila, kasaysayan, atbp., at ibaon ito sa lupa, at lalabas ito at magiging kaisa ng Biblia sa pagsasakatuparan ng mga layunin ng Diyos sa mga huling araw. Para sa mas detalyadong salaysay babanggitin ko ang Aklat ni Mormon, na mabibili sa Nauvoo, o mula sa sinuman sa aming mga Naglalakbay na Elder.

"Nang mabalitaan kaagad ang pagkatuklas na ito, ang maling mga balita, kasinungalingan at paninirang-puri, ay tila ikinalat ng hangin sa lahat ng dako; madalas paligiran ng mga mandurumog at masasamang tao ang bahay namin. Ilang ulit na akong pinaputukan ng baril, at muntik nang hindi makaligtas, at lahat ng paraan ay ginamit para makuha ang mga lamina sa akin; subalit ang kapangyarihan at pagpapala ng Diyos ang tumulong sa akin, at ilan ang nagsimulang maniwala sa aking patotoo.

**Bagaman tumitindi ang pag-uusig laban sa Simbahan, walang makapipigil sa paglaganap ng katotohanan.**

"Noong ika-6 ng Abril, 1830, ang 'Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw' ay unang itinatag sa bayan ng Fayette, Seneca county, estado ng New York. Ilang tao ang tinawag at inordenan sa pamamagitan ng Diwa ng paghahayag at propesiya, at nagsimulang mangaral sa pamamagitan ng paghihikayat ng Espiritu, at bagaman mahina, gayunpaman sila ay pinalakas ng kapangyarihan ng Diyos, at marami ang nadala sa pagsisisi, bininyagan sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig, at napuspos ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay. Nakakita sila ng mga pangitain at nagpropesiya, nagpalayas ng mga diyablo, at nagpagaling ng mga maysakit sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay. Mula ng panahong iyon kamangha-mangha ang mabilis na paglaganap ng gawain, at kalauna'y maraming simbahan ang naitayo sa mga estado ng New York, Pennsylvania, Ohio, Indiana, Illinois, at Missouri; sa Missouri maramihang paninirahan ang nabuo sa Jackson county: maraming tao ang sumapi sa Simbahan at napakabilis ng pagdami namin; marami kaming biniling lupain, maraming inani ang aming mga bukirin, at natamasa ang kapayapaan at kaligayahan sa aming mga tahanan at pamilya, at sa lahat ng aming kapitbahay; subalit dahil hindi kami maaaring makisama sa aming mga kapitbahay (na, marami sa kanila, na napakasamang tao, at nawala sa pagiging sibilisado, ang pumunta sa hangganan ng bansa para takasan ang batas,) sa kanilang hatinggabing pagsasaya, paglabag sa araw ng Sabbath, pangangarera at pagsusugal; nagsimula muna sila sa pangungutya, tapos sa pang-uusig, at sa huli isang

grupo ng mandurumog ang nagsama-sama at sinunog ang aming mga bahay, nilagyan ng alkitran at balahibo at hinagupit ang marami sa aming kalalakihan, at sa huli, labag sa batas, katarungan at pagiging makatao, pinalayas sila sa kanilang tirahan; na, walang tirahan at tahanan, ay nagpagala-gala sa malamig at mapanglaw na mga parang hanggang sa bakas na lamang ng dugo ng mga bata ang maiwan dito. Nangyari ito noong buwan ng Nobyembre, at wala silang anumang masisilungan kundi ang kalandong ng langit, sa mabagyong panahong ito ng taon; ang pangyayaring ito ay binalewala ng pamahalaan, at kahit na may kasulatan kami na ang lupain ay walang anumang pagkakautang, at walang nilabag na batas, wala kaming natamong bayad-pinsala.

"Maraming nagkasakit, na walang awang pinalayas sa kanilang mga tirahan, at tiniis ang lahat ng pang-aabusong ito at naghanap ng lugar na maaaring tirhan. Ang bunga ay, marami sa kanila na inalisan ng mga kaginhawaan sa buhay, mahahalagang kabuhayan, ang namatay; maraming bata ang naulila, nabalo ang kababaihan, at kalalakihan; ang aming bukirin ay inangkin ng mga mandurumog, libu-libong baka, tupa, kabayo at baboy ang kinuha, at ang mga kagamitan namin sa bahay, sa tindahan, at palimbagan ay sinira, kinuha, o kaya'y winasak.

Marami sa aming mga kapatid ang lumipat sa Clay county at nanirahan doon nang tatlong taon hanggang 1836; walang karahasang naganap, subalit may mga pagbabanta ng karahasan. Gayunpaman noong tag-init ng 1836 ang mga pagbabantang ito ay nagsimulang pormal na mabuo, mula sa mga pagbabanta, tumawag sila ng mga pampublikong pulong, nagpasa ng resolusyon, nagbanta ng paghihiganti at pangwawasak, at ang mga pangyayaring ito ay muling nagdulot ng pagkatakot; ang Jackson county ay sapat na para pamarisan, at dahil ang awtoridad sa bayang iyon ay hindi nanghimasok, sila [ang mga awtoridad ng Clay county] ay nagyabang na hindi sila makikialam dito; na napatunayan namin nang humingi kami ng proteksyon sa mga awtoridad, at matapos ang maraming pinsala at pagkawala ng ari-arian, muli kaming pinalayas sa aming mga tahanan.

"Sumunod kaming nanirahan sa Caldwell at Daviess county, kung saan marami at malawak ang sakop ng aming paninirahan, iniisip na palayain ang aming sarili mula sa matinding pang-uusig, sa pamamagitan ng pandarayuhan sa bagong mga bayan, na kakaunti ang naninirahan; subalit hindi kami hinayaang mamuhay nang tahimik dito, kaya't noong 1838 muli kaming sinalakay ng mga mandurumog, isang utos na lipulin kami ang inilabas ni Gobernador Boggs, at sa pahintulot ng batas, isang inorganisang mga bandido ang lumilibut-libot sa bayan, ninakawan kami ng baka, tupa, baboy, at kung anu-ano pa, marami sa mga tao namin ang walang awang pinaslang, inilugso ang puri ng aming kababaihan, at napilitan kaming ibigay ang aming ari-arian sa pamamagitan ng paglagda sa legal na mga dokumento habang nakaumang sa amin ang kanilang sandata; at matapos tiisin ang bawat pang-iinsulto na maibibigay sa amin ng walang-puso at masasamang bandido, mula labindalawa hanggang labinlimang libong kaluluwa, mga lalaki, babae, at bata ang pinalayas sa sarili nilang tahanan, at mula sa mga lupain na may legal na kasulatan ng pagmamay-ari, ay nawalan ng tirahan, walang kaibigan, at walang tahanan (sa katindihan ng taglamig) upang magpagala-gala bilang mga itinapon sa mundo, o maghanap ng tirahan sa mas mainam na kapaligiran, at sa hindi gaanong malupit na tao. Marami ang nagkasakit at namatay dulot ng malamig na panahon at hirap na dinanas nila; maraming babae ang naiwang balo, at mga batang [naiwang] ulila, at hikahos. Hindi sapat ang ibinigay na pagkakataon sa akin dito upang mailarawan ang kawalang katarungan, kamalian, pagpaslang, pagdanak ng dugo, pagnanakaw, kalungkutan at kaapihan na dulot ng malulupit, hindi makatao, at walang kinikilalang batas na pamamalakad ng estado ng Missouri.

"Sa sitwasyong ipinahiwatig noon, dumating kami sa estado ng Illinois noong 1839, kung saan kami nakakita ng mababait na tao at tahanang mapapalagay ang loob ninuman: mga taong handang pasakop sa mga alituntunin ng batas at pagkamakatao. Sinimulan naming magtayo ng isang lungsod na tinawag na 'Nauvoo,' sa bayan ng Hancock. Anim hanggang walong libo kaming naroon, maliban pa sa marami sa palibot ng bayan, at sa

bawat bayan halos ng estado. May kasunduan na ipinagkaloob sa amin para magtatag ng lungsod, at kasunduan para makabuo ng isang Legion, na ang mga sundalo ay umaabot na ngayon sa 1,500. May kasunduan din kami para magtayo ng isang Unibersidad, para sa Agricultural and Manufacturing Society, may sarili kaming mga batas at tagapamahala, at nasa amin ang lahat ng pribilehiyong tinatamasa ng ibang malalaya at may pinag-aralang mga mamamayan.

"Hindi nahadlangan ng pag-uusig ang paglaganap ng katotohanan, kundi nagdagdag lamang sa kalakasan nito, napakabilis nitong lumaganap. Ipinagmamalaki ang adhikaing kanilang niyakap, at batid ang aming kawalang sala, at ang katotohanan ng relihiyong ito, sa gitna ng kasinungalingan at paninira, ay humayo ang mga Elder ng Simbahang ito, at itinanim ang Ebanghelyo sa halos bawat estado ng Estados Unidos ng Amerika; nakapasok ito sa ating mga lungsod, kumalat sa ating mga kanayunan, at pinasunod ang libu-libo sa ating matatalino, mararangal, at mga makabayang mamamayan sa banal nitong mga kautusan, at pinamahalaan ng sagradong mga katotohanan nito. Lumaganap din ito sa England, Ireland, Scotland, at Wales, kung saan, noong 1840, ilan sa ating mga misyonero ang ipinadala, at mahigit sa limang libo ang sumama sa Pamantayan ng Katotohanan; maraming tao ngayon ang sumasapi sa bawat lupain.

"Ang ating mga misyonero ay humahayo sa iba't ibang bansa, at sa Germany, Palestine, New Holland [Australia], East Indies, at iba pang lugar, ang Pamantayan ng Katotohanan ay naitayo na; walang kamay na di pinaging banal ang maaaring pumigil sa pagsulong ng gawain; ang mga pag-uusig ay maaaring magngitngit, ang mga mandurumog ay maaaring magkaisa, ang mga hukbo ay maaaring magkatipon, ang kasinungalingan ay maaaring manira, subalit ang katotohanan ng Diyos ay magpapatuloy nang may kagitingan, may pagkamaharlika, at may kalayaan, hanggang sa makapasok ito sa bawat bansa, makadalaw sa bawat klima, makaraan sa bawat lugar, at mapakinggan ng bawat tainga, hanggang sa ang mga layunin ng Diyos ay matupad, at ang Dakilang Jehova ay magsabing ang gawain ay naganap na.

**Ang mga Saligan ng Pananampalataya ay naglalarawan ng pangunahing mga doktrina at alituntunin ng ating relihiyon.**

"Naniniwala kami sa Diyos ang Amang walang hanggan, at sa Kanyang Anak na si Jesucristo, at sa Espiritu Santo.

"Naniniwala kami na ang mga tao ay parurusahan dahil sa kanilang sariling mga kasalanan, at hindi dahil sa paglabag ni Adan.

"Naniniwala kami na sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo, ang buong sangkatauhan ay maaaring maligtas sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas at ordenansa ng Ebanghelyo.

"Naniniwala kami na ang mga pangunahing alituntunin at ordenansa ng Ebanghelyo ay: (1) Pananampalataya sa Panginoong Jesucristo; (2) Pagsisisi; (3) Pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog para sa kapatawaran ng mga kasalanan; (4) Pagpapatong ng mga kamay para sa kaloob na Espiritu Santo.

"Naniniwala kami na ang tao ay kinakailangang tawagin ng Diyos sa pamamagitan ng propesiya, at ng pagpapatong ng mga kamay ng mga yaong may karapatan, upang ipangaral ang Ebanghelyo at mangasiwa sa mga ordenansa niyon.

"Naniniwala kami sa samahan ding yaon na umiral sa sinaunang Simbahan, alalaong baga'y mga apostol, propeta, pastor, guro, ebanghelista, at kung anu-ano pa.

"Naniniwala kami sa kaloob na mga wika, propesiya, paghahayag, mga pangitain, pagpapagaling, pagbibigay-kahulugan sa mga wika, at kung anu-ano pa.

"Naniniwala kami na ang Biblia ay salita ng Diyos hangga't ito ay nasasalin nang wasto; naniniwala rin kami na ang Aklat ni Mormon ay salita ng Diyos.

"Naniniwala kami sa lahat ng ipinahayag ng Diyos, sa lahat ng Kanyang ipinahahayag ngayon, at naniniwala rin kami na maghahayag pa Siya ng maraming dakila at mahahalagang bagay hinggil sa kaharian ng Diyos.

"Naniniwala kami sa literal na pagtitipon ng Israel at sa pagpapanumbalik ng Sampung Lipi; na ang Sion ay itatayo sa lupalop

na ito [ng Amerika]; na maghahari si Cristo sa mundo; at ang mundo ay babaguhin at matatanggap nito ang malaparaisong kaluwalhatian.

"Inaangkin namin ang natatanging karapatang sambahin ang Pinakamakapangyarihang Diyos alinsunod sa mga atas ng aming sariling budhi, at pinahihintulutan ang lahat ng tao ng gayon ding karapatan, hayaan silang sumamba, kung paano, kung saan, kung anuman ang ibig nila.

"Naniniwala kami sa pagpapasailalim sa mga hari, pangulo, namamahala, at hukom, sa pagsunod, paggalang, at pagtataguyod ng batas.

"Naniniwala kami sa pagiging tapat, tunay, malinis, mapagkawanggawa, marangal, at sa paggawa ng mabuti sa *lahat ng tao*; sa katotohanan, maaari naming sabihing sinusunod namin ang payo ni Pablo. Naniniwala kami sa lahat ng bagay, umaasa kami sa lahat ng bagay, nakapagtiis kami ng maraming bagay, at umaasang makapagtitiis sa lahat ng bagay. Kung may anumang bagay na marangal, kaaya-aya, o magandang balita, o maipagkakapuri, hinahangad namin ang mga bagay na ito. [Tingnan sa Mga Saligan ng Pananampalataya 1:1–13.]

"Gumagalang, atbp.,

"JOSEPH SMITH."[4]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Isinulat ni Joseph Smith ang Wentworth Letter bilang tugon sa kahilingan nina John Wentworth at George Barstow (pahina 512). Kailan may nagtanong sa inyo tungkol sa kasaysayan o paniniwala ng Simbahan? Habang pinag-aaralan ninyo o tinatalakay ang kabanatang ito, pag-isipan kung paano ninyo masasagot ang gayong mga tanong sa hinaharap? Ano ang matututuhan natin sa mga salita ni Joseph Smith sa Wentworth Letter kung paano sagutin ang gayong mga tanong?

- Basahin ang sinabi ng Propeta tungkol sa kanyang Unang Pangitain (pahina 513). Sa susunod na sabihin ninyo sa isang tao ang tungkol sa Unang Pangitain, paano ninyo matutulungan ang taong iyon na maunawaan ang Unang Pangitain at ano ang kahulugan nito sa inyo?
- Basahin ang paglalarawan ng Propeta tungkol sa pagdating ng Aklat ni Mormon (mga pahina 514–17). Anong kaibhan ang nagawa ng Aklat ni Mormon sa inyong buhay? Ano ang ilang paraan na maibabahagi natin ang ating patotoo tungkol sa Aklat ni Mormon?
- Sa mga pahina 517–20, ibinigay ni Joseph Smith ang maikling kasaysayan ng pagsisimula ng Simbahan at nagpatotoo sa kahihinatnan ng Simbahan. Ano ang nadama ninyo habang pinagaaralan ninyo ang huling talata sa pahina 520? Sa inyong palagay bakit hindi kayang hadlangan ng pag-uusig ang pag-unlad ng Simbahan? Ano ang ilang halimbawa ng mga taong umunlad sa kabila ng mga pagsalungat sa kanila? (Isaalang-alang ang mga halimbawa mula sa mga banal na kasulatan, kasaysayan ng Simbahan, at sarili ninyong buhay.)
- Repasuhin ang Mga Saligan ng Pananampalataya (mga pahina 521–22). Sa paanong paraan nakatulong sa inyo ang Mga Saligan ng Pananampalataya? Sa inyong palagay bakit ipinasasaulo natin sa mga bata sa Primary ang mga ito? Isipin ang paggawa ng iskedyul para mapag-aralan ninyo o maisaulo ang Mga Saligan ng Pananampalataya.

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Joseph Smith—Kasaysayan 1:1–75

## *Mga Tala*

1. "To Subscribers," isang editoryal na inilathala sa *Times and Seasons,* Peb. 15, 1842, p. 696; ginawang makabago ang pagpapalaki ng mga letra; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.
2. *History of the Church,* 4:535–36; mula sa isang liham ni Joseph Smith na isinulat sa kahilingan nina John Wentworth at George Barstow, Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Mar. 1, 1842, p. 706. Mali ang pagbabaybay na "Bastow" sa apelyido ni Ginoong Barstow sa *History of the Church* at *Times and Seasons.*

3. Bagaman ang liham ay tila hindi nailathala ni John Wentworth o George Barstow, ang gayunding salaysay, na may ilang idinagdag at binago, ay inilathala ni I. Daniel Rupp sa buong bansa noong 1844 sa "Latter Day Saints," *He Pasa Ekklesia [The Whole Church]: An Original History of the Religious Denominations at Present Existing in the United States,* mga pahina 404–10.
4. *History of the Church,* 4:536–41; nasa orihinal ang salitang naka-bracket na "tungkol" sa unang talata sa p. 513; nasa orihinal ang mga salitang naka-bracket sa ikawalong talata sa p. 522; ginawang makabago ang pagbabaybay at pagbabantas; mula sa isang liham ni Joseph Smith na isinulat sa kahilingan nina John Wentworth at George Barstow, Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Mar. 1, 1842, p. 706–10. Sa ilang iba't ibang pagkakataon isinulat o idinikta ni Propetang Joseph Smith ang detalyadong salaysay tungkol sa Unang Pangitain. Ang salaysay na nasa Wentworth Letter ay isa sa mga salaysay na ito. Ang opisyal na salaysay sa mga banal na kasulatan ay matatagpuan sa Joseph Smith—Kasaysayan sa Mahalagang Perlas. Gayundin, ilang kaunting pagbabago ang ginawa para maihanda ang Mga Saligan ng Pananampalataya sa paglalathala sa edisyon ng Mahalagang Perlas noong 1981. Samakatwid, may ilang mumunting pagkakaiba sa pagitan ng kasalukuyang bersyon ng Mga Saligan ng Pananampalataya at sa bersyong inilathala sa kabanatang ito.

# Relief Society: Banal na Organisasyon ng Kababaihan

*"Kung magiging marapat kayo sa inyong mga pribilehiyo, hindi mapipigil ang mga anghel na makihalubilo sa inyo."*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Noong tagsibol ng 1842, abalang-abala ang mga miyembro ng Simbahan sa Nauvoo sa pagtatayo ng Nauvoo Temple. Dalawa sa mga miyembrong iyon sina Sarah Granger Kimball at ang kanyang mananahi na si Margaret A. Cook, ang nag-uusap isang araw, at nagpasiyang pagsamahin ang kanilang gawain upang matulungan ang mga nagtatayo ng templo. Sinabi ni Sister Kimball na siya ang bahala sa tela para makatahi ng mga kamiseta si Sister Cook para sa kalalakihan. Nagpasiya ang dalawa na anyayahan ang ibang kababaihan na sumama sa kanila sa pagbuo ng isang grupo ng kababaihan para maisakatuparan pa ang kanilang pagkakawanggawa. Naalala ni Sarah Granger Kimball: "Nagtipon ang magkakapitbahay na kababaihan sa aking tahian at nagpasiyang bumuo ng grupo. Naatasan akong tawagin si Sister Eliza R. Snow at hilingan siyang sumulat para sa amin ng isang Konstitusyon at mga Tuntunin, at ibigay ito kay Pangulong Joseph Smith bago ang susunod naming pulong sa Huwebes."

Matapos basahin ang ipinanukalang konstitusyon at mga tuntunin, ipinahayag ng Propeta na ang mga ito ay pinakamainam sa lahat ng nakita na niya ngunit sinabi niyang: " 'Hindi ito ang gusto ninyo. Sabihin sa kababaihan na tinatanggap ng Panginoon ang kanilang mga handog, at siya ay may inilalaang mas mainam para sa kanila kaysa sa nakasulat na Konstitusyon. Inaanyayahan ko silang lahat na makipagkita sa akin at sa ilang kalalakihan . . . sa susunod na Huwebes ng hapon.' "[1]



*Noong Marso 17, 1842, itinatag ni Propetang Joseph Smith ang Female Relief Society ng Nauvoo. "Nang maorganisa ang kababaihan noon lamang ganap na nabuo ang organisasyon ng Simbahan," pagpapahayag ng Propeta.*

Kaya, noong Marso 17, ang Propeta, kasama sina Elder John Taylor at Elder Willard Richards, ay nakipagpulong sa 20 kababaihan na magkakaiba ang edad sa silid sa itaas ng Red Brick Store. Opisyal na binuo ng Propeta ang Female Relief Society ng Nauvoo at itinuro sa mga naroon ang tungkol sa mga layunin ng bagong organisasyon. Pinili ng kababaihan si Emma Smith bilang pangulo ng Relief Society, at pinili ni Emma ang kanyang dalawang tagapayo. Pagkatapos ay binasa ng Propeta ang isang paghahayag na natanggap 12 taon na ang nakararaan kung saan itinalaga ng Panginoon si Emma na magtipon ng mga himno na ilalathala at tinawag siyang isang "hinirang na babae" (D at T 25:3). Tumayo si Emma para magsalita, na binibigyang-diin ang malaking kakayahan ng samahan: "May gagawin tayong isang bagay na di karaniwan. . . . Umasa tayong magkakaroon ng mga pambihirang pagkakataon at mahihirap na gawain."[2]

Si Emma Smith, ang unang Relief Society general president, ay may matinding hangarin sa tuwina na paglingkuran ang iba at itayo ang kaharian ng Diyos, at minsan ay sinabing gusto niyang maging "isang pagpapala sa lahat ng maaaring mangailangan ng anumang tulong mula sa kanya."[3] Sa New York, nagtahi siya ng mga kasuotan para sa apat na misyonero na tinawag na mangaral sa mga Lamanita. Sa Kirtland, tumulong siya sa ibang kababaihan na magtipon ng mga kumot, pagkain, at damit na dadalhin ng mga tauhan ng Kampo ng Sion sa namimighating mga Banal sa Missouri. Tumulong siya sa paghahanda ng pagkain at paggawa ng mga medyas, pantalon, at dyaket para sa mga nagtatayo ng Kirtland Temple. Pinatuloy niya ang napakaraming manggagawa sa kanilang tahanan kaya't natutulog na lamang sila ni Joseph sa sahig. Sa mga unang araw sa Nauvoo, ibinuhos niya ang marami niyang oras sa pag-aalaga ng maraming biktima ng malaria na nagtayo ng tolda sa labas ng kanyang bahay sa pampang ng Ilog ng Mississippi. Sa ganito at sa iba pang paraan, naging halimbawa siya ng paglilingkod na ibinigay ng maraming miyembrong babae noong kanyang kapanahunan. Naalala ni Polly Angell na nang makita ng Propeta na abalang nananahi ang isang grupo ng kababaihan ng mga tabing na gamit para sa partisyon ng iba't ibang lugar sa loob ng Kirtland Temple, sinabi

niya, "Mga kapatid, . . . nariyan kayong lagi. Ang kababaihan ang laging nangunguna at pinakauna sa lahat ng mabubuting gawa."[4]

Simula noong mga unang araw ng Relief Society, napanatili ng kababaihan ng Simbahan ang napakalaking impluwensya nito para sa kabutihan. Sa isang pulong na ginanap makaraan ang isang linggo matapos itatag ang Relief Society, si Lucy Mack Smith, ang ina ng Propeta, ay nagbigay ng payo sa mga miyembrong babae na angkop din sa milyun-milyong kababaihan sa Simbahan ngayon: "Kailangan nating pakamahalin ang isa't isa, pangalagaan ang isa't isa, aliwin ang isa't isa at maturuan, upang makaupo tayo nang magkakasama sa langit"[5]

## Mga Turo ni Joseph Smith

### Ang Relief Society, na binuo sa ilalim ng pamamahala ng priesthood at ayon sa pagkakaayos nito, ay mahalagang bahagi ng Simbahan.

*Naalala ni Sarah Granger Kimball na bago itatag ni Propetang Joseph Smith ang Relief Society, sinabi niya:* "Aking isasayos ang kababaihan sa ilalim ng priesthood ayon sa pagkakaayos sa priesthood. . . . Nang maorganisa ang kababaihan noon lamang ganap na nabuo ang organisasyon ng Simbahan."[6]

*Nakatala sa salaysay ng Propeta noong Marso 24, 1842:* "Natapos na sa araw na ito [ang] organisasyon [ng Female Relief Society]. Si Gng. Emma Smith ang pangulo; ang kanyang mga tagapayo ay sina Gng. Elizabeth Ann Whitney at Sarah M. Cleveland; si Bb. Elvira [Cowles] ang ingat-yaman, at ang tanyag at matalinong makata na si Bb. Eliza R. Snow, ang sekretarya."[7]

*Iniulat ni Eliza R. Snow:* "Tumayo si Pangulong Joseph Smith. Nagsalita tungkol sa organisasyong Female Relief Society; sinabing labis siyang natutuwa, na maitatag ito sa Pinakamakapangyarihang Diyos sa paraang katanggap-tanggap."[8]

*Iniulat din ni Eliza R. Snow:* "Hinikayat [ni Joseph Smith] ang mga miyembrong babae na laging iukol ang kanilang pananampalataya at mga panalangin para sa, at magtiwala sa . . . matatapat na kalalakihang inilagay ng Diyos na mamuno sa Simbahan upang akayin ang Kanyang mga tao; na palakasin at suportahan

sila sa pamamagitan ng ating mga panalangin. . . . Kung makikinig ang Samahang ito sa payo ng Makapangyarihang Diyos, sa pamamagitan ng mga pinuno ng Simbahan, magkakaroon sila ng kapangyarihan na atasan ang mga reyna sa kanilang kalipunan."[9]

"Ang Samahang ito ay tuturuan ayon sa kaayusang itinakda ng Diyos—sa pamamagitan ng mga inatasang mamuno—at [ipinipihit ko ngayon ang susi para sa inyo sa ngalan ng Diyos, at ang Samahang ito ay magagalak, at kaalaman at katalinuhan ang dadaloy mula sa oras na ito—ito ang simula ng mas magagandang araw sa Samahang ito."[10]

---

**Kumikilos ang kababaihan ng Relief Society ayon sa likas nilang kabaitan, pinangangalagaan ang mga taong nangangailangan.**

"Ito ay isang mapagkawanggawang Samahan, at iyon ay ayon sa likas na mga katangian ninyo; likas sa mga babae ang pagkakawanggawa at kabaitan. Nasa sitwasyon kayo ngayon na makakakilos kayo ayon sa pagdamay na iyon sa kapwa na itinanim ng Diyos sa puso ninyo."[11]

"Sabi ni Jesus, 'Gawin ang mga bagay na nakita ninyong ginawa ko.' [Tingnan sa 2 Nephi 31:12.] Ito ang mahahalagang salitang magiging panuntunan ng samahan."[12]

*Iniulat ni Willard Richards:* "Nagsalita sa pulong ng [Female Relief Society] si Pangulong Joseph Smith, upang ilarawan ang layunin ng Samahan—na ang Samahan ng Kababaihan na ito ang maaaring [maghikayat] sa kalalakihan na gumawa ng mabuti sa paglingap sa mahihirap—na naghahanap ng mga pagkakataong mapakitaan ng pag-ibig ang kapwa, at maibigay ang kanilang mga pangangailangan—upang umalalay sa pamamagitan ng pagwawasto ng mga pag-uugali at pagpapaibayo ng mabubuting katangian ng komunidad."[13]

"Dumalo ako sa paanyaya ng Female Relief Society na ang layon ay bigyang-ginhawa ang mga maralita, dukha, balo at ulila, at gawin ang lahat ng mabubuting layunin. . . . Kasama ang ilan sa matatalino, makatao, mapagkawanggawa, at iginagalang na kababaihan sa napakaraming dumalo sa pagtatatag ng samahan,



*"Ito ay isang mapagkawanggawang Samahan. . . . Nasa sitwasyon kayo ngayon na makakakilos kayo ayon sa pagdamay na iyon sa kapwa na itinanim ng Diyos sa inyong puso."*

at gayundin sa sumunod na mga pulong; at lubos kaming nakatitiyak mula sa kaalaman sa mga dalisay na alituntunin ng kabutihan na kusang dumadaloy mula sa kanilang makatao at mapagkawanggawang puso, na sa mga bagay na makukuha nila anumang oras, ay matutugunan nila ang pangangailangan ng mga dayuhan; bubuhusan nila ng langis at alak ang sugatang puso ng naghihinagpis; papahirin nila ang mga luha ng mga ulila at pasasayahin ang puso ng balo.

"Ang kababaihan natin ay kilala na sa kanilang pagkakawanggawa at kabaitan; . . . sa gitna ng pang-uusig sa kanila, nang agawin ng mga mapang-api ang tinapay mula sa kanilang kaawa-awang mga anak, sila ay handa tuwina na buksan ang kanilang mga pintuan sa mga pagod na manlalakbay, ibahagi ang kanilang kaunting pagkain sa nagugutom, at mula sa kanilang aparador na ninakawan at halos wala nang lamang damit, ibinigay nila ang mga damit sa mas nangangailangan at naghihirap; at ngayon na naninirahan sila sa mas mainam na lugar at sa di gaanong malupit na tao, at nagmamay-ari ng mga pasilidad na ngayon

lamang nila natamasa, kumbinsido kami na sa sama-sama nilang pagsisikap, ang kalagayan ng nagdurusang maralita, ng dayuhan at ulila sa ama ay mapapabuti."[14]

---

### Hinihikayat ng Relief Society ang kababaihan na ipamuhay ang kabanalan at turuan ang isa't isa.

"Ang Ladies' Relief Society ay hindi lamang para magbigay-ginhawa sa mga dukha, kundi para magligtas ng mga kaluluwa."[15]

"Ngayon minamahal na mga kapatid, . . . nais naming gawin ninyo ang inyong bahagi, at gagawin namin ang sa amin, sapagkat hangad nating sundin ang mga utos ng Diyos sa lahat ng bagay, na tuwirang ibinigay sa atin ng langit, na namumuhay sa pamamagitan ng bawat salita na namumutawi sa bibig ng Panginoon. Nawa'y idagdag ng Diyos ang kanyang pagpapala sa inyong mga ulo at akayin kayo sa lahat ng landas ng kabutihan, kadalisayan at biyaya."[16]

"Maganda ang nagawa ng [Relief] Society: ang mga alituntunin nila ay ipamuhay ang kabanalan. Mahal kayo ng Diyos, at malaki ang nagawa ng inyong mga panalangin para sa akin: huwag tulutang mahinto ang patuloy na pagsamo ninyo sa Diyos alang-alang sa akin."[17]

"Dapat ninyong daigin ang kasamaan, at sa pamamagitan ng mabubuti ninyong halimbawa, hikayatin ang mga Elder na gumawa ng mabuti."[18]

*Iniulat ni Willard Richards:* "Binasa ni Pangulong Joseph Smith ang paghahayag para kay Emma Smith, mula sa aklat ng Doktrina at mga Tipan [D at T 25]; at ipinahayag na siya ang . . . magpapaliwanag ng mga banal na kasulatan sa lahat; at magtuturo sa kababaihan ng komunidad; at hindi lamang siya, kundi ang iba rin, ay maaaring matamo ang gayunding mga pagpapala."[19]

*Iniulat ni Eliza R. Snow:* "Sa pagkakaroon [ni Propetang Joseph Smith] ng ganitong pagkakataon, tinagubilinan niya ang kababaihan ng Samahang ito, at itinuro ang paraan para pangasiwaan ang kanilang sarili, nang sa gayon ay makakilos sila ayon sa kagustuhan ng Diyos. . . .

"Kung ipamumuhay ninyo ang mga alituntuning ito, napakadakila at napakaluwalhati ng magiging gantimpala ninyo sa kahariang selestiyal! Kung magiging marapat kayo sa inyong mga pribilehiyo, hindi mapipigilan ang mga anghel na makihalubilo sa inyo. Ang kababaihan, kung sila ay dalisay at walang kasalanan, ay makapapasok sa kinaroroonan ng Diyos; sapagkat ano pa ang higit na nakalulugod sa Diyos kundi ang kawalan ng kasalanan; dapat kayong maging walang bahid-dungis, dahil kung hindi ay hindi kayo makaparoroon sa harapan ng Diyos; kung haharap tayo sa Diyos, dapat nating panatilihing dalisay ang ating mga sarili, tulad Niya na dalisay."[20]

---

**Hinihikayat ng Relief Society ang kababaihan na sundan ang halimbawa ng Tagapagligtas sa pagpapakita ng awa at pag-iwas sa pagtatalu-talo.**

"Kung gusto ninyong kaawaan kayo ng Diyos, kaawaan ninyo ang isa't isa. . . . Puno tayo ng kasakiman; binibilog ng diyablo ang ating ulo at sinasabing napakabuti natin, samantalang nakatuon tayo sa mga kamalian ng iba. Makapamumuhay lamang tayo nang matwid sa pamamagitan ng pagsamba sa ating Diyos; kailangang gawin ito ng lahat para sa kanilang sarili; walang makagagawa nito para sa iba. Napakagiliw ng pakikipag-usap ng Tagapagligtas kay Pedro, na sinasabing, 'Kung makapagbalik ka nang muli, ay papagtibayin mo ang iyong mga kapatid.' [Lucas 22:32.] Minsan, sinabi Niya sa kanya, 'Iniibig mo baga ako?' at nang matanggap ang sagot ni Pedro, sinabi Niya, 'Pakainin mo ang aking mga tupa.' [Juan 21:15–17.] Kung [mahal] ng kababaihan ang Panginoon, pakakainin nila ang mga tupa, at hindi sila pababayaan. . . .

"Kababaihan ng samahan, magkakaroon ba ng pagtatalu-talo sa inyo? Hindi ko pahihintulutan ito. Kailangan ninyong magsisi, at kamtin ang pagmamahal ng Diyos. Iwasan ang magmapuri sa sarili. Ang pinakamainam na sukatan o alituntunin para akayin ang maralita sa pagsisisi ay tugunan ang kanilang pangangailangan."[21]

*Iniulat ni Eliza R. Snow ang sumusunod na mga salita ng Propeta:* "Bagaman ang mga hindi karapat-dapat ay nasa ating kalipunan, ang mga matwid, mula sa pagpapahalaga sa sarili, ay hindi dapat malungkot at pagmalupitan ang mga yaong sa kasa-

wiang-palad ay hindi naging karapat-dapat—dahil maging ang hindi karapat-dapat na mga taong ito ay dapat ding hikayatin na mamuhay nang matwid mula ngayon para ikarangal ng samahang ito, na pinakamainam na bahagi ng komunidad. Sinabi niya na may dalawa siyang bagay na imumungkahi sa mga miyembro ng samahang ito, na maging lalong maingat sa sinasabi sa isa't isa: walang binuong samahan ang iiral kung wala ang lahat ng ito. . . . Ang layunin ay pagbaguhin ang mga taong hindi gaanong mabubuti at pabalikin sa landas ng kabutihan nang sila ay mapabilang sa mabubuti. . . .

". . . Suriin ang inyong sarili—ang dila ay hindi napaaamo—pigilan ang inyong dila tungkol sa mga bagay na walang kabuluhan—ang isang maliit na tsismis ay lilikha ng napakalaking problema."[22]

"Ang mga munting sora ay naninira ng mga ubasan—ang mumunting kasaman ang siyang halos pumipinsala sa Simbahan. Kung may hinanakit kayo, at sinabi ninyo ito sa isa't isa, ito ay malamang na lumikha ng malaking gulo."[23]

"Huwag siraan ang pagkatao ng sinuman. Kung labag sa kagandahang-asal ang ipinapakita ng mga miyembro ng Samahan, kausapin sila, at panatilihing lihim ang lahat ng pakikipag-usap sa kanila, at ituring na sagrado ang pagkatao ng lahat ng tao."[24]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Basahin ang sinabi ni Emma Smith sa dulo ng unang talata sa pahina 527. Sa inyong palagay bakit nakapagsagawa ng di karaniwang mga bagay ang kababaihan ng Relief Society? Sa paanong paraan kayo napagpala at ang inyong pamilya ng mga gawain ng kababaihan ng Relief Society? Basahin ang payo ni Lucy Mack Smith sa dulo ng unang buong talata sa pahina 528. Sa anong mga paraan sinusunod ng kababaihan ng Relief Society ang payong ito ngayon?

- Binuo ni Propetang Joseph Smith ang Relief Society sa "ilalim ng priesthood ayon sa pagkakaayos sa priesthood" (pahina 528). Paano sila inihiwalay nito sa iba pang naglilingkod na organisasyon sa mundo? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 528–29.) Sa inyong palagay bakit "noon lamang ganap na nabuo" ang organisasyon ng Simbahan nang itatag ni Joseph Smith ang Relief Society?
- Paano inihahalintulad ngayon ang mga responsibilidad ng kababaihan sa Relief Society sa mga tungkuling natanggap ng kababaihan noon mula kay Joseph Smith? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 529–32.) Basahin ang ikatlong buong talata sa pahina 529. Sa anong mga paraan nakatulong sa atin ang mga oportunidad na maglingkod upang maging higit na katulad ng Tagapagligtas?
- Basahin ang unang buong talata sa pahina 531. Sa inyong palagay ano ang ibig sabihin ng magligtas ng isang kaluluwa? Sa anong mga paraan naisagawa ng mga miyembro ng Relief Society ang responsibilidad na ito, kapwa sa temporal at espirituwal?
- Repasuhin ang pangalawa sa huling talata sa pahina 529 at ang ikaapat na buong talata sa pahina 531. Ano ang magagawa ng mga miyembro ng Relief Society para mahikayat na gumawa ng mabuti ang mga maytaglay ng priesthood? Ano ang magagawa ng mga maytaglay ng priesthood para suportahan ang kababaihan ng Relief Society sa kanilang gawain?
- Basahin ang pangalawa sa huling talata sa pahina 531. Ano ang matututuhan natin sa pahayag na ito tungkol sa mga tungkulin at oportunidad ng bawat kababaihan?
- Nagbabala ang Propeta laban sa "[pagtutuon] sa mga kamalian ng iba" (pahina 532). Sa inyong palagay ano ang ibig sabihin nito? Paano maaaring mahadlangan ng ugaling ito ang mga gawain ng Relief Society—o alinman sa korum o grupo sa Simbahan? Ano ang magagawa natin para mapakain ang mga tupa ng Panginoon sa halip na tumuon sa kanilang mga pagkakamali?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mga Kawikaan 31:10–31; I Mga Taga Corinto 13:8; D at T 25:1–16; 88:125

## *Mga Tala*

1. Sarah Granger Kimball, "Auto-biography," *Woman's Exponent,* Set. 1, 1883, p. 51.
2. Emma Smith, sinipi sa Relief Society, Minute Book Mar. 1842–Mar. 1844, entry para sa Mar. 17, 1842, p. 12, iniulat ni Willard Richards, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.
3. Emma Hale Smith, Blessing, 1844, typescript, Church Archives.
4. Binanggit ni Polly Angell, sa Edward W. Tullidge, *The Women of Mormondom* (1877), p. 76.
5. Lucy Mack Smith, sinipi sa Relief Society, Minute Book Mar. 1842–Mar. 1844, entry para sa Mar. 24, 1842, p. 18–19, iniulat ni Eliza R. Snow, Church Archives.
6. Sinipi sa Sarah Granger Kimball, "Auto-biography," *Woman's Exponent,* Set. 1, 1883, p. 51.
7. *History of the Church,* 4:567; mula sa "Ladies' Relief Society," isang editoryal na inilathala sa *Times and Seasons,* Abr. 1, 1842, p. 743; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.
8. *History of the Church,* 4:570, mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mar. 30, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Eliza R. Snow.
9. *History of the Church,* 4:604–5; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 28, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Eliza R. Snow; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
10. Talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 28, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Eliza R. Snow, sa Relief Society, Minute Book Mar. 1842–Mar. 1844, p. 40, Church Archives.
11. *History of the Church,* 4:605; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 28, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Eliza R. Snow.
12. *History of the Church,* 5:20; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mayo 26, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Eliza R. Snow.
13. Talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mar. 17, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Willard Richards, sa Relief Society, Minute Book Mar. 1842–Mar. 1844, p. 7, Church Archives.
14. *History of the Church,* 4:567–68; mula sa "Ladies' Relief Society," isang editoryal na inilathala sa *Times and Seasons,* Abr. 1, 1842, p. 743; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.
15. *History of the Church,* 5:25; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hunyo 9, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Eliza R. Snow.
16. Liham mula kay Joseph Smith at iba pang mga lider ng Simbahan sa Relief Society sa Nauvoo, 1842, Nauvoo, Illinois; sa Relief Society, Minute Book Mar. 1842–Mar. 1844, p. 88, Church Archives.
17. *History of the Church,* 5:141; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Ago. 31, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Eliza R. Snow.
18. *History of the Church,* 4:605; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 28, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Eliza R. Snow.
19. Talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mar. 17, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Willard Richards, sa Relief Society, Minute Book Mar. 1842–Mar. 1844, p. 8, Church Archives.
20. *History of the Church,* 4:604–5; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 28, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Eliza R. Snow; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.

21. *History of the Church,* 5:24–25; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hunyo 9, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Eliza R. Snow.
22. *History of the Church,* 5:20; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mayo 26, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Eliza R. Snow; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
23. *History of the Church,* 5:140; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Ago. 31, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Eliza R. Snow.
24. Talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mar. 17, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Willard Richards, sa Relief Society, Minute Book Mar. 1842–Mar. 1844, p. 10, Church Archives.

# Kasiya-siya ang mga Tapat, Matwid, at Tunay na Kaibigan

*"Ang pakikipagkaibigan ay isa sa mga dakila at mahahalagang alituntunin ng 'Mormonismo.' . . . Pinagkakaisa nito ang pamilya sa dulot nitong kaligayahan."*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Noong Agosto 1842, ang mga awtoridad mula sa Missouri ay nagsikap muli na hulihin si Propetang Joseph Smith. Ang Propeta ay nagtago sa takot na baka paslangin siya kung siya ay maaresto at dalhin sa Missouri. Noong Agosto 11, nagpasabi siya na salubungin siya sa isang isla sa Ilog ng Mississippi, di kalayuan sa Nauvoo ng ilang matatapat na kapamilya at kaibigan. Nang gabing iyon, nagtipon sina Emma Smith, Hyrum Smith, Newel K. Whitney, at iba pa malapit sa pampang ng ilog at naglakbay sakay ng bangka sa itinalagang lugar na pagtitipanan. Masayang hinawakan ng Propeta sa kamay ang bawat isa, na nagpapasalamat sa tulong at kaaliwang dulot ng tunay na pagkakaibigan. Kalaunan isinulat niya sa kanyang journal ang nadarama niyang pasasalamat sa kanyang mga kapamilya at kaibigan. Ang ilan sa isinulat niyang ito sa journal ay isinama sa kabanatang ito. Ilang linggo pa ang lumipas, tinapos ng Propeta ang kanyang liham sa mga Banal sa mga salitang nagpapahayag ng kanyang nadarama para sa kanila: "Ako, gaya ng dati, ang inyong hamak na tagapaglingkod at hindi nagbabagong kaibigan, Joseph Smith" (D at T 128:25).

Tinugon ng mga Banal ang damdamin ng Propeta, itinuring siyang hindi lamang kanilang Propeta kundi kaibigan din nila. Nagunita ni Benjamin F. Johnson, isang malapit na kaibigan at personal na sekretaryo ni Joseph Smith na: "Si 'Joseph Smith'—



*Si Hyrum Smith ay pinagmumulan tuwina ng lakas at suporta ng kanyang kapatid na si Joseph. "Brother Hyrum," pagpapahayag ng Propeta, "napakatapat ng iyong puso!"*

bilang kaibigan ay tapat, mapagtiis, marangal at tunay. . . . Bilang kasama, sa pakikipagkapwa-tao, siya ay pinagkaloobang mabuti ng magagandang katangian—mabait, mapagbigay, matuwain at masayahin. . . . Sa paglilibang nakikipagbuno siya minsan sa isang kaibigan, o kadalasan susubukan niya ang lakas ng iba sa pamamagitan ng pag-upo sa sahig na magkadaop ang mga talampakan at hahawakan ang patpat na nasa gitna nila. Pero walang sinuman ang makapantay sa kanyang lakas. Pangkaraniwan na ang biruan, paghula ng salita gamit ang mga larawan, pagtatambal ng magkakatugmang taludtod, at kung anu-ano pa. Subalit mas madalas ang paghiling na awitin ang isa o higit pa sa mga paborito niyang kanta. . . . Gayunpaman, bagaman madalas nagkakatuwaan at nagkakasayahan, hindi niya pinapayagan ang kayabangan o kawalang-galang sa pagsasalita o pagkilos."[1]

Si Joseph Smith ay palakaibigan at maawain pa, naalala ng isang kabataang lalaki: "Nasa bahay ako ni Joseph noon; naroon siya, at ilang kalalakihan ang nakaupo sa bakod. Lumabas si Joseph at nakipag-usap sa aming lahat. Kalaunan isang lalaki ang dumating at sinabing sinunog ang bahay ng isang maralitang tao na nakatira ng di kalayuan sa bayan. Halos lahat ng kalalakihan ay nalungkot para sa taong iyon. Dumukot ng pera si Joseph sa kanyang bulsa at sinabing, 'Nalulungkot ako para sa brother na ito at narito ang kanyang limang dolyar; Gaano ang . . . nadarama ninyong kalungkutan [para] sa kanya?' "[2]

Marahil ang malaking pagmamahal ni Joseph Smith sa kanyang mga kaibigan ang lalong nagpahirap sa kanya nang magtaksil ang ilan sa mga kaibigang iyon. Sa Nauvoo, kinalaban ang Propeta ng mga kaibigang pinagkatiwalaan niya. Gayunpaman, tinugunan ng maraming kaibigan ang katapatan ng Propeta, nanatili silang tapat sa kanya hanggang wakas.

Isa sa mga kaibigang iyon si Willard Richards, isang miyembro ng Korum ng Labindalawa, na nabilanggong kasama nina Joseph at Hyrum Smith at John Taylor sa Carthage, Illinois. Habang nakakulong, pinahintulutan ang kalalakihan na lumipat sa mas komportableng silid sa pangalawang palapag ng bilangguan mula sa seldang nasa ibaba. Pagkatapos, bago siya namatay na martir, iminungkahi ng tagabantay ng bilangguan na mas ligtas

ang mga bilanggo sa seldang bakal na katabi ng silid. Tinanong ni Joseph si Elder Richards, na tinatawag na "doktor" ng kanyang mga kaibigan sapagkat manggagamot siya: " 'Kung pupunta kami sa selda, sasama ka ba sa amin?' Sumagot ang doktor, 'Brother Joseph, hindi mo hiniling na samahan kita sa pagtawid sa ilog—hindi mo ako pinapunta sa Carthage—hindi mo ako pinasama sa bilangguan—palagay mo ba pababayaan kita ngayon? Pero sasabihin ko sa iyo ang gagawin ko; kung nahatulan kang mabitay sa salang pagtataksil, ako ang magpapabitay para sa iyo, at makakalaya ka.' Sinabi ni Joseph, 'Hindi mo gagawin iyan.' Tumugon ang doktor, 'Gagawin ko.' "[3]

## Mga Turo ni Joseph Smith

### Pinagagaan ng tunay na mga kaibigan ang kalungkutan ng isa't isa at nananatiling tapat kahit sa panahon ng paghihirap.

*Isinulat ni Joseph Smith ang sumusunod tungkol sa mga miyembro ng kanyang pamilya at mga kaibigan na dumalaw sa kanya noong Agosto 11, 1842, habang siya ay nagtatago:* "Tila napakaganda at napakasaya para sa akin, na makahanap ng dalisay at banal na mga kaibigan, na matatapat, mga matwid, at tunay, at ang mga puso ay hindi nagsisipanglupaypay; at ang mga tuhod ay malalakas at hindi nanghihina, habang sila'y nangaghihintay sa Panginoon, sa pagbibigay sa akin ng mga kailangan ko, sa panahong ibinuhos ng aking mga kaaway ang kanilang poot sa akin. . . .

"Napakasaya ko nang makita ko ang grupo ng matatapat at magigiliw na kaibigang iyon, noong ikalabing-isa ng gabi, araw ng Huwebes, sa isla sa bungad ng latian, sa pagitan ng Zarahemla at Nauvoo: at hindi maibulalas na kaligayahan, at matinding galak ang nadama ko, nang hawakan ko sa kamay, nang gabing iyon, ang mahal kong si Emma—siya na aking asawa, maging sa aking kabataan, at siyang pinili ng aking puso. Marami akong naalala nang sandali kong mapagmuni-muni ang maraming pangyayari na kinailangan naming pagdaanan, ang mga pagpapagal at paghihirap, mga kalungkutan at pagdurusa at kagalakan at kaaliwan, sa pana-panahon, na nangyari sa buong buhay

namin at nagpala ng aming buhay. Ah, marami ang sumagi sa isipan ko nang sandaling iyon, at narito siyang muli, . . . hindi nawawalan ng pag-asa, matatag, at hindi nanghihina—hindi nagbabago, mapagmahal na si Emma!

"Narito si Brother Hyrum na hinawakan din ako sa kamay—isang mapagmahal na kapatid. Naisip ko sa sarili ko, Brother Hyrum, napakatapat ng puso mo! Ah, nawa'y putungan ka ng Walang Hanggang Jehova ng mga pagpapalang walang hanggan sa iyong uluhan, bilang gantimpala sa pangangalaga mo sa aking kaluluwa! Ah, napakarami na nating dinanas na kalungkutan na magkasama; at muli nasumpungan natin ang ating sarili na bilanggo ng malulupit na kamay ng kaaway. Hyrum, masusulat ang pangalan mo sa Aklat ng Kautusan ng Panginoon, para sa mga taong hahangarin kang makilala, nang sa gayon ay tularan nila ang iyong mga ginawa.

"Sabi ko sa sarili ko, Narito rin si Brother Newel K. Whitney. Napakaraming kalungkutan na ang nangyari sa aming buhay na magkasama; subalit nagkita kaming muli upang maranasan muli ang kalungkutang ito. Ikaw ay isang matapat na kaibigan kung kanino ay maaaring magtapat ang namimighating mga anak na lalaki, na lubos na magtitiwala sa iyo. Hayaang ang mga pagpapala ng Walang Hanggang Jehova ay maiputong din sa kanyang uluhan. Napakamaawain niya at hangad ng kanyang kaluluwa ang kapakanan ng isang itinakwil, at kinapootan ng halos lahat ng tao. Brother Whitney hindi mo nalalaman kung gaano katibay ang mga bigkis na iyon na nag-uugnay sa aking kaluluwa at puso sa iyo. . . .

"Hindi ko inisip na banggitin ang bawat detalye ng nangyari noong sagradong gabing iyon, na maaalala ko magpakailanman; subalit ang mga pangalan ng matatapat ang hangad kong itala sa bahaging ito. Ang mga ito ang nakilala ko sa kasaganahan, at sila ay mga kaibigan ko; at nakasama ko sila sa pagdurusa, at lalo ko pa silang naging matatalik na kaibigan. Mahal nila ang Diyos na aking pinaglilingkuran; mahal nila ang mga katotohanan na ipinaalam ko sa kanila; mahal nila ang yaong mabubuti, at yaong banal na mga doktrina na itinangi ko sa kaibuturan ng aking

puso nang may pagmamahal, at sa kasiglahang iyon na hindi maikakaila. . . .

". . . Sana makita kong muli ang [mga kaibigan ko], nang sa gayon ay magpagal ako para sa kanila, at magbigay rin ng kaaliwan sa kanila. Hindi sila mangungulila sa kaibigan habang ako ay buhay; mamahalin sila ng puso ko, at ang aking mga kamay ay magpapagal para sa kanila, na nagmahal at nagpagal para sa akin, at magiging tapat magpakailanman sa aking mga kaibigan. Magiging walang utang na loob ba ako? Hinding-hindi! Huwag nawang itulot ng Diyos!"[4]

*Noong Agosto 23, 1842, isinulat pa ng Propeta:* "Nadama ko . . . na nag-ibayo ang pagmamahal ko sa aking mga kaibigan, habang naiisip ko ang mga kabutihan at mabubuting katangian at pagkatao ng iilang matatapat na itinatala ko ngayon sa Aklat ng Kautusan ng Panginoon,—mga taong nasa tabi ko sa bawat oras ng pagdurusa, sa nakalipas na labing limang taong ito,—katulad, halimbawa, ng matanda na at mahal kong kapatid na si Joseph Knight, Sen., na kabilang sa mga unang tao na tumulong sa mga pangangailangan ko, habang sinisimulan ko ang pagpapalaganap ng gawain ng Panginoon, at pagtatayo ng pundasyon ng Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Sa loob ng labinlimang taon siya ay naging tapat at tunay, at makatarungan at uliran, at banal at mabait, nanatiling tapat at sumasampalataya. Masdan siya ay isang mabuting tao, nawa'y pahabain ng Makapangyarihang Diyos ang kanyang buhay; at nawa'y sumiglang muli ang kanyang nanginginig, pinahirapan, at sinaktang katawan, at biyayaan siya sa tuwina ng mabuting kalusugan, kung iyon ang Inyong kalooban, O Diyos; at ang masasabi ko sa kanya, ng mga anak na lalaki ng Sion, hangga't may nabubuhay sa mga ito, na ang lalaking ito ay isang tapat na tao sa Israel; samakatwid ang kanyang pangalan ay hindi malilimutan kailanman. . . .

". . . Habang naaalala ko ang ilang matatapat na nabubuhay pa ngayon, naalala ko rin ang tapat kong mga kaibigan na pumanaw na, sapagkat napakarami nila; at marami silang nagawang kabutihan—kabutihan ng isang ama at kapatid na lalaki—na ipinagkaloob nila sa akin; at simula nang tugisin ako ng mga

taga Missouri, maraming kabutihan nila ang sumagi sa aking isipan. . . .

"Maraming kaluluwa ang minahal ko ng pagmamahal na mas matibay kaysa kamatayan. Sa kanila ay napatunayan kong tapat ako—sa kanila ay nagpasiya akong patunayan na tapat ako, hanggang sa tawagin ako ng Diyos sa langit."[5]

---

**Pinagkakaisa ng pagkakaibigan ang pamilya ng sangkatauhan, pinapawi ang poot at di pagkakaunawaan.**

"Hindi mahalaga sa akin anuman ang pagkatao ng isang tao; kung siya ay kaibigan ko—isang tunay na kaibigan, magiging kaibigan niya ako, at ipangangaral ang Ebanghelyo ng kaligtasan sa kanya, at bibigyan siya ng mabubuting payo, at tutulungan siyang makaalis sa kanyang mga paghihirap.

"Ang pakikipagkaibigan ay isa sa mga dakila at mahahalagang alituntunin ng 'Mormonismo'; [ito'y nilayon] upang baguhin at gawing sibilisado ang daigdig, at pahupain ang mga digmaan at alitan at maging magkakaibigan at magkakapatid ang mga tao. . . .

". . . Ang pakikipagkaibigan ay tulad ng kay Brother [Theodore] Turley sa kanyang pandayan na naghihinang ng bakal sa bakal; pinag-iisa nito ang pamilya ng sangkatauhan sa kaligayahang dulot nito."[6]

"Ang pagkakaibigang iyon na tatanggaping tunay ng matatalinong tao ay dapat magsimula sa pagmamahal, at ang pagmamahal na iyon ay dapat mag-ibayo sa kabutihan na mahalagang bahagi ng relihiyon tulad ng liwanag na bahagi ni Jehova. Ganito ang sabi ni Jesus, 'Walang may lalong dakilang pagibig kay sa rito, na ibigay ng isang tao ang kaniyang buhay dahil sa kaniyang mga kaibigan.' [Juan 15:13]"[7]

*Noong Marso 1839, habang nakabilanggo si Propetang Joseph Smith at ilang kasama sa bilangguan sa Liberty, Missouri, lumiham ang Propeta sa mga miyembro ng Simbahan:* "Nakatanggap kami ng ilang liham kagabi—isa mula kay Emma, isa kay Don C. Smith [kapatid ni Joseph], at isa kay Bishop [Edward] Partridge—ang lahat ay nagpapahayag ng magiliw at nakapapanatag na

damdamin. Labis kaming nasiyahan sa nilalaman nito. Matagal na kaming walang nababalitaan; at nang mabasa namin ang mga liham na iyon, ang mga ito ay nagpaginhawa sa amin tulad ng sariwang hangin, subalit ang aming kagalakan ay nahaluan ng kalungkutan, dahil sa mga pagdurusa ng mga maralita at lubhang napinsalang mga Banal. Hindi na namin kailangang sabihin sa inyo na naantig ng matinding kalungkutan ang aming puso at nahilam sa luha ang aming mga mata, subalit ang mga taong hindi pa nakulong sa mga pader ng bilangguan nang walang kadahilanan o nakagalit, ay may kaunting ideya lamang kung gaano katamis ang tinig ng isang kaibigan; isang sagisag ng pagkakaibigan mula sa anumang pinagmulan na nakapagpaantig at nagpaibayo ng pagdamay; maaalala mo ang lahat ng nakaraan; sinasakop nito ang kasalukuyan nang may pananabik tulad ng kidlat; sinusunggaban nito ang hinaharap nang may kabangisan ng isang tigre; ipinaaalala nito sa isipan ang nakaraan at kasalukuyan, mula sa isang bagay tungo sa isa pa, hanggang sa huli ang lahat ng alitan, masamang hangarin at poot, at pagkakaiba-iba noon, di pagkakaunawaan at maling pakikitungo ay matagumpay na nadaig sa paanan ng pag-asa."[8]

---

**Ang mga Banal ng Diyos ay tunay na magkakaibigan.**

*Isinulat ng Propeta ang sumusunod na tala sa isang miyembro ng Simbahan noong Agosto 1835:* "Naaalala namin ang iyong pamilya, kasama ang lahat ng unang mga pamilya ng Simbahan, na unang yumakap sa katotohanan. Naalala namin ang kawalan ninyo at kalungkutan. Ang unang bigkis ng ating pagkakaibigan ay hindi naputol; kasama namin kayo sa naranasang kasamaan gayundin sa kabutihan, sa kalungkutan gayundin sa kagalakan. Nagtitiwala tayo na ang ating pagkakaisa ay mas matibay kaysa kamatayan, at hindi kailanman masisira."[9]

*Ganito ang sinabi ng Propeta sa isang salu-salo na dinaluhan niya noong Enero 1836 sa Kirtland:* "Dumalo ako sa masaganang handaan kina Bishop Newel K. Whitney. Ang handaang ito ay ayon sa orden ng Anak ng Diyos—ang pilay, lumpo, at bulag ay inanyayahan, ayon sa mga tagubilin ng Tagapagligtas




*Naalala ng maraming Banal na dumating sa daungan ang pagsalubong ni Propetang Joseph Smith habang sila ay bumababa, na malugod silang tinatanggap sa kanilang bagong tirahan.*

[tingnan sa Lucas 14:12–13]. . . . Marami ang dumalo, at bago kami kumain inawit namin ang ilang awit ng Sion; at nagalak ang aming mga puso sa paunang pagtamasa ng kagalakang iyon na ibubuhos sa mga uluhan ng mga Banal kapag sila ay sama-samang nagtipon sa Bundok ng Sion, upang masayang maka-sama ang isa't isa magpakailanman, matamasa ang lahat ng pag-papala ng langit, kung saan walang sinuman ang manliligalig o mananakot sa amin."[10]

*Tinangkang dalawin ni Sister Presendia Huntington Buell si Joseph Smith habang nakakulong ito sa Liberty Jail noong 1839, subalit pinaalis siya ng tagapagbantay ng bilangguan. Kalaunan lumiham sa kanya ang Propeta:* "Ah, napakasaya sanang makita ang aming mga kaibigan! Napasaya sana nito ang aking puso sa pribilehiyong makausap ka, ngunit ang kamay ng malulupit ay nakaumang sa atin. . . . Gusto kong malaman mo at ng [iyong asawa] na tunay ninyo akong kaibigan. . . . Walang dilang makapagsasabi ng kagalakang naidudulot nito sa isang

tao, matapos mabilanggo sa mga pader ng bilangguan nang limang buwan, ang makita ang mukha ng isang kaibigan. Tila ba magiging mas mapagmahal ang aking puso tuwina matapos ito kaysa noon. Patuloy na naghihinagpis ang puso ko kapag naiisip ko ang paghihirap ng Simbahan. Ah, sana ay makasama ko sila! Hindi ko sila tatalikuran sa takot na magpagal at maghirap para mabigyan sila ng kaaliwan at kasiyahan. Hangad ko ang pagpapala na minsan pa ay magsalita sa gitna ng mga Banal. Ibubuhos ko ang aking kaluluwa sa Diyos para matagubilinan sila."[11]

*Sa pagsasalita sa Nauvoo, Illinois, kung saan maraming miyembro ng Simbahan ang dumating na dala lamang ay kaunting ari-arian, itinuro ng Propeta:* "Dapat nating damayan ang mga kasamahan natin na nagdusa. Kung may lugar man na dapat pag-ibayuhin ang pagdadamayan at ibuhos ang langis at alak sa namimighati, iyon ay sa lugar na ito; at ang diwang iyon ay makikita rito; at bagaman isang dayuhan at naghihirap [ang tao] nang siya ay dumating, makahahanap siya ng isang kapatid at kaibigan na handang tumulong sa kanyang mga pangangailangan.

"Ituturing kong isa sa pinakamalalaking pagpapala, kung ako ay pahirapan sa mundong ito, na ako sana ay itadhana sa lugar kung saan mapalilibutan ako ng aking mga kapatid at kaibigan."[12]

*Naalala ni George A. Smith na pinsan ng Propeta:* "Pagkatapos naming mag-usap, mahigpit akong niyakap ni Joseph at sinabing, 'George A., mahal kita tulad ng aking buhay.' Labis akong naantig, hindi ako gaanong nakapagsalita."[13]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Repasuhin ang unang talata sa pahina 537 Pagkatapos ay ilipat sa mga pahina 540–43 at pansinin ang mga katangiang hinangaan ni Joseph Smith kina Emma Smith, Hyrum Smith,

Newel K. Whitney, at Joseph Knight Sr. Sa inyong palagay bakit isang kaaliwan sa kanya ang kanilang pagkakaibigan sa panahon ng paghihirap? Sa anong mga paraan kayo sinuportahan ng mga kaibigan nang maharap kayo sa pagsubok? Ano ang magagawa natin para suportahan ang iba kapag dumaranas sila ng pagsubok?

- Karamihan sa mga kuwento sa kabanatang ito ay tungkol sa kahalagahan ng tunay na pagkakaibigan sa panahon ng kahirapan. Subalit sa talata na nagsisimula sa dulong ibaba ng pahina 537, ikinuwento ni Benjamin F. Johnson ang tungkol sa magiliw na paraan ni Joseph Smith sa panahon ng kapayapaan. Ano ang matututuhan ninyo sa paglalarawang ito? Paano nakikinabang ang ating pagkakaibigan at ugnayan sa pamilya kapag gumugugol tayo ng oras para magtawanan at maglaro nang magkakasama?
- Pag-aralan ang ikatlong buong talata sa pahina 543. Sa inyong palagay bakit sinabi ni Joseph Smith na ang pagkakaibigan ay isa sa mga dakila at mahahalagang alituntunin ng 'Mormonismo' "? Sa anong mga paraan matutulungan ng ipinanumbalik na ebanghelyo na makita ng mga tao na sila ay magkakaibigan? Paano nagpakita ng halimbawa ng pagkakaibigan sa lahat ng tao ang iba pang mga Pangulo ng Simbahan?
- Repasuhin ang ikaapat na buong talata sa pahina 543. Paano naging katulad ng paghihinang ng bakal sa bakal ang pagkakaibigan?
- Basahin ang una at ikalawang buong talata sa pahina 546. Pansinin ang pagtukoy sa "langis at alak," mula sa talinghaga ng mabuting Samaritano (Lucas 10:34). Ano ang mga partikular na bagay na magagawa natin para masunod ang payo ng Propeta? para sundan ang halimbawa ng mabuting Samaritano?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* 1 Samuel 18:1; Mga Kawikaan 17:17; 2 Nephi 1:30; Mosias 18:8–10; Alma 17:2; D at T 84:77; 88:133

## Mga Tala


1. Liham ni Benjamin F. Johnson kay George F. Gibbs, 1903, p. 6–8; Benjamin Franklin Johnson, Papers, 1852–1911, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.
2. Andrew J. Workman, sa "Recollections of the Prophet Joseph Smith," *Juvenile Instructor,* Okt. 15, 1892, p. 641.
3. *History of the Church,* 6:616; ginawang makabago ang pagbabantas; mula sa isang journal entry ni Willard Richards, Hunyo 27, 1844, Carthage, Illinois.
4. *History of the Church,* 5:107–9; ginawang makabago ang pagbabaybay, pagbabantas, at pagpapalaki ng mga letra; mula sa isang journal entry ni Joseph Smith, Ago. 16, 1842, malapit sa Nauvoo, Illinois.
5. *History of the Church,* 5:124–25; mula sa isang journal entry ni Joseph Smith, Ago. 23, 1842, malapit sa Nauvoo, Illinois; mali ang petsang Ago. 22, 1842 sa entry na ito sa *History of the Church.*
6. *History of the Church* 5:517; nasa orihinal ang unang grupo ng mga salitang naka-bracket; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hulyo 23, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Willard Richards; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
7. *History of the Church,* 6:73; mula sa isang liham ni Joseph Smith kay James Arlington Bennett, Nob. 13, 1843, Nauvoo, Illinois; mali ang pagbabaybay na "Bennett" sa apelyido ni James Bennet sa *History of the Church.*
8. *History of the Church,* 3:293; ginawang makabago ang pagbabaybay; mula sa isang liham ni Joseph Smith at ng iba pa kay Edward Partridge at sa Simbahan, Mar. 20, 1839, Liberty Jail, Liberty, Missouri.
9. Pahabol na liham ni Joseph Smith at ng iba pa kay Hezekiah Peck, Ago. 31, 1835, Kirtland, Ohio; sa "The Book of John Whitmer," pp. 80–81, Community of Christ Archives, Independence, Missouri; kopya ng "The Book of John Whitmer" sa Church Archives.
10. *History of the Church,* 2:362–63; mula sa isang journal entry ni Joseph Smith, Ene. 7, 1836, Kirtland, Ohio.
11. *History of the Church,* 3:285–86; ginawang makabago ang pagbabaybay; mula sa isang liham ni Joseph Smith kay Presendia Huntington Buell, Mar. 15, 1839, Liberty Jail, Liberty, Missouri; mali ang pagbabaybay na "Bull" sa apelyido ni Sister Buell sa *History of the Church.*
12. *History of the Church,* 5:360–61; ginawang makabago ang pagbabantas; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 16, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Wilford Woodruff at Willard Richards.
13. George A. Smith, sinipi sa *History of the Church,* 5:391; mula kay George A. Smith, "History of George Albert Smith by Himself," p. 1, George Albert Smith, Papers, 1834–75, Church Archives.

# Pagiging mga Tagapagligtas sa Bundok ng Sion

*"Paano sila magiging mga tagapagligtas sa Bundok ng Sion? Sa pamamagitan ng pagtatayo ng kanilang mga templo, [pagtatayo ng bautismuhan], at sa pagtanggap ng lahat ng ordenansa . . . para sa kanilang mga ninuno na namatay."*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Para sa mga miyembro ng Simbahan na naninirahan sa Nauvoo noong 1840s, ang pagsasagawa ng gawain para sa kanilang namayapang kamag-anak ang pinakamahalaga nilang pinagtutuunan ng pansin. Mula nang isagawa ang unang pagbibinyag para sa mga patay noong 1840, nagsaliksik na ang mga Banal ng mga impormasyon tungkol sa talaangkanan ng kanilang mga ninuno, at marami ang inilubog sa tubig ng binyag para sa namayapa nilang mga mahal sa buhay.

Noong una, ang pagbibinyag para sa mga patay ay isinagawa sa Ilog ng Mississippi o sa mga batis sa lugar na iyon. Subalit noong Enero 1841, nang magplano ang mga Banal para sa Nauvoo Temple, ipinahayag ng Panginoon: "Ang lugar na pinagbibinyagan ay wala sa mundo, na sila, aking mga banal, ay maaaring binyagan para sa yaong mga patay—sapagkat ang ordenansang ito ay nabibilang sa aking bahay, at hindi ko maaaring matanggap, maliban lamang sa mga araw lamang ng inyong karalitaan, kung saan hindi kayo maaaring makapagtayo ng bahay para sa akin" (D at T 124:29–30).

Ang mga pagbibinyag sa ilog para sa mga patay ay itinigil noong Oktubre 3, 1841, nang ipahayag ng Propetang: "Wala nang isasagawang mga pagbibinyag para sa mga patay, hanggang sa ang ordenansa ay isagawa sa Bahay ng Panginoon. . . .



*Ang bautismuhan sa muling itinayong Nauvoo Temple. Sa bautismuhang tulad nito, tinanggap ng mga Banal ang ordenansa ng binyag para sa mga taong namatay na.*

*Sapagkat gayon ang wika ng Panginoon!"*[1] Kaagad nagsimulang magtayo ang mga Banal ng pansamantalang bautismuhan na yari sa kahoy sa kababagong hukay na silong ng Nauvoo Temple. Ang bautismuhan, na yari sa Wisconsin pine, ay nakapatong sa likod ng 12 baka na yari sa kahoy. Ito ay inilaan noong Nobyembre 8, para gamitin "hanggang matapos ang Templo, kung kailan may kapalit ng mas matibay na bautismuhan."[2] Noong Nobyembre 21, 1841, anim na miyembro sa Korum ng Labindalawa ang nagsagawa ng binyag para sa 40 kataong namayapa na, ang unang mga pagbibinyag para sa patay ay isinagawa sa bautismuhan.

Ang naranasan ng mga Banal sa pagbibinyag para sa mga patay ay nagturo sa kanila ng kahalagahan ng pag-iingat ng rekord sa Simbahan ng Panginoon. Bagaman ang pagbibinyag para sa mga patay sa mga ilog ay isinagawa sa pamamagitan ng wastong awtoridad ng priesthood, ang mga ito ay hindi opisyal na naitala. Bunga nito, ang mga pagbibinyag na iyon ay kailangang muling isagawa. Sa isang mensaheng ibinigay noong Agosto 31, 1842, ipinaliwanag ng Propeta: "Ang lahat ng taong bininyagan para sa mga patay ay kailangang daluhan ng isang tagapagtala, nang sa gayon siya ay magsilbing saksi para maitala ito at mapatunayan ang katotohanan at katumpakan ng kanyang tala. . . . Samakatwid gawin ang pagtatala at pagsaksi sa mga pagbibinyag para sa mga patay at tiyaking nadaluhan ito mula sa araw na ito."[3] Tinalakay nang husto ng Propeta ang bagay na ito sa isang liham na isinulat niya sa mga Banal noong Setyembre 6. Ang mga sulat na ito ay mga bahagi 127 at 128 ngayon ng Doktrina at mga Tipan.

Sa bahagi 127, itinala ng Propeta ang sumusunod na mga tagubilin mula sa Panginoon: "Kapag sinuman sa inyo ay nabinyagan para sa inyong mga patay, magkaroon ng tagapagtala, at siya ang magiging saksi sa inyong mga pagbibinyag; makinig siya sa pamamagitan ng kanyang mga tainga, upang siya ay makapagpatotoo sa katotohanan, wika ng Panginoon; upang sa lahat ng inyong pagtatala ito ay maitala sa langit. . . . At muli, ang lahat ng tala ay isaayos, upang ang mga ito ay mailagay sa lugar ng talaan sa aking banal na templo, upang maalaala sa bawat sali't salinlahi" (D at T 127:6–7, 9).

Sa pagsasagawa ng mga Banal sa sagradong gawaing ito, "nakita nila kalaunan na ang ilan ay may mahabang rekord ng kanilang mga patay, na hangad nilang pangasiwaan," naalala ni Elder George A. Smith, miyembro ng Korum ng Labindalawa. Natanto nilang ito ay simula lamang ng napakalaking gawain, at ang isagawa ang lahat ng ordenansa ng Ebanghelyo sa napakaraming patay ay hindi madaling gawin. Ang ilan sa Labindalawa ay nagtanong kay Joseph kung wala na bang mas maikling paraan ng pangangasiwa sa napakaraming patay. Tumugon si Joseph: 'Ang mga batas ng Panginoon ay hindi nagbabago; dapat tayong kumilos na lubos na sinusunod ang inihayag sa atin. Hindi natin kailangang umasa na magagawa natin ang napakalaking gawaing ito para sa mga patay sa napakaikling panahon.' "[4]

## Mga Turo ni Joseph Smith

### Ang doktrina ng kaligtasan para sa mga patay ay nagpapakita ng napakalaking karunungan at awa ng Diyos.

"Ang lahat ng taong walang pagkakataon na marinig ang Ebanghelyo, at hindi napangasiwaan ng isang taong binigyan ng inspirasyon habang nasa laman, ay kailangang magkaroon ng pagkakataon sa kabilang buhay, bago sila mahatulan sa huli."[5]

"Kapani-paniwalang *ililigtas* ng Diyos ang mga patay, tulad din ng *ibabangon* niya ang mga patay.

"Hindi kailanman nangyari na napakatanda na ng espiritu upang makalapit sa Diyos. Lahat sila na hindi nakagawa ng kasalanang walang kapatawaran, na hindi magkakaroon ng kapatawaran, sa daigdig na ito ni sa daigdig na darating ay nasasakop ng awa at napapatawad. May paraan para mapalaya ang mga espiritu ng mga namatay sa bilangguan ng mga espiritu; iyon ay sa pamamagitan ng kapangyarihan at awtoridad ng Priesthood—sa pamamagitan ng pagbibigkis at pagkakalag sa mundo. Napakaganda ng doktrinang ito, sapagkat nagpapahayag ito ng dakila at banal na awa at kabaitan sa nasasaklawan ng plano ng kaligtasan ng tao.

"Ang maluwalhating katotohanang ito ay lubos na nilayong palawakin ang pang-unawa, at patatagin ang kaluluwa sa kabila ng mga paghihirap, problema at dalamhati. Para mailarawan ito, isipin ang dalawang magkapatid na lalaki, parehong matalino, may pinag-aralan, mabait at makisig, namumuhay nang matwid at malinis ang budhi, na nababatid kung ano ang nararapat at tamang gawin ng tao sa mga maling tradisyon, o sa isipang nadirimlan.

"Ang isa sa magkapatid ay namatay at inilibing, na hindi kailanman narinig ang Ebanghelyo ng pakikipagkasundo sa Diyos; ang isa naman ay nadalhan ng mensahe ng kaligtasan, narinig at tinanggap niya ito, at nagmana ng buhay na walang hanggan. Magiging kabahagi ba ang isa ng kaluwalhatian at ang isa naman ay malalagak sa matinding kapahamakan? Wala bang pagkakataong maligtas siya sa kapahamakan? Sagot ng mga sekta 'wala.' . . .

"Maliwanag na ipinapakita ng doktrinang ito ang karunungan at awa ng Diyos sa paghahanda ng ordenansa para sa kaligtasan ng mga patay, na bininyagan sa pamamagitan ng pagpapakatawan para sa kanila, ang kanilang mga pangalan ay nakatala sa langit at hahatulan ayon sa ginawa nila rito sa lupa. Ang doktrinang ito ay madalas banggitin sa mga banal na kasulatan. Ang mga Banal na magbabalewala dito para sa kanilang namayapang mga kamag-anak, ay ginagawa ito sa ikapapahamak ng sarili nilang kaligtasan."[6]

*Noong Disyembre 1840, sumulat si Joseph Smith sa mga miyembro ng Korum ng Labindalawa at iba pang mga lider ng priesthood na nagmimisyon sa Great Britain:* "Siguro ay narinig na ninyo ang tungkol sa doktrina ng 'pagbibinyag para sa mga patay' bago ninyo natanggap ang liham na ito, at may mga tanong na sa inyong isipan tungkol sa doktrinang ito. Hindi ko maibibigay sa liham na ito ang lahat ng impormasyon na hangad ninyo sa paksang ito; subalit . . . masasabi kong ito ay tunay na isinagawa ng sinaunang mga simbahan; at sinikap ni San Pablo na patunayan ang doktrina ng pagkabuhay na muli mula sa doktrina ring ito, at sinabing, 'Sa ibang paraan, anong gagawin ng mga binabautismuhan dahil sa mga patay? Kung ang mga patay

ay tunay na hindi muling binubuhay, bakit nga sila'y binabautismuhan dahil sa kanila?' [1 Mga Taga Corinto 15:29.]

"Una kong nabangit ang doktrina sa mga tao nang mangaral ako sa burol ni Brother Seymour Brunson; at mula noon ay nagbigay ng pangkalahatang mga tagubilin sa Simbahan tungkol sa paksang ito. Nagkaroon ng pribilehiyo ang mga Banal na mabinyagan para sa mga namayapa nilang kamag-anak. . . . Nang hindi na ipinaliliwanag pa ang paksa, walang alinlangang makikita ninyo na hindi ito pabagu-bago at may katwiran; at ipinapakita nito ang Ebanghelyo ni Cristo sa marahil ay mas pinalawak na pagsasagawa kaysa inaakala ng ilan."[7]

---

**Nagiging mga tagapagligtas tayo sa Bundok ng Sion sa pamamagitan ng pagsasagawa ng sagradong mga ordenansa para sa mga patay.**

"Kung, sa pamamagitan ng Priesthood ng Anak ng Diyos, ay mabibinyagan natin ang isang tao sa pangalan ng Ama, ng Anak, at ng Espiritu Santo, para sa kapatawaran ng mga kasalanan, pribilehiyo rin natin na kumilos bilang kinatawan, at mabinyagan para sa kapatawaran ng mga kasalanan para sa at alang-alang sa ating namayapang kamag-anak, na hindi nakarinig ng Ebanghelyo, o ng kaganapan nito."[8]

"Isinasaad sa Biblia, 'Aking susuguin sa inyo si Elias na propeta bago dumating ang dakila at kakilakilabot na kaarawan ng Panginoon; at kaniyang papagbabaliking-loob ang puso ng mga ama sa mga anak, at ang puso ng mga anak sa kanilang mga magulang; baka ako'y dumating at saktan ko ang lupa ng sumpa.' [Malakias 4:5–6.]

"Ngayon, ang salitang *papagbabaliking-loob* dito ay dapat isalin na *pagbigkisin,* o pagbuklurin. Subalit ano ba ang hangarin ng mahalagang misyong ito? o paano ba ito isasakatuparan? Ang mga susi ay kailangang ipagkaloob, ang diwa ni Elijah ay darating, ang ebanghelyo ay itatatag, ang mga Banal ng Diyos ay magtitipun-tipon, maitatayo ang Sion, at ang mga Banal ay magsisiakyat bilang mga tagapagligtas sa Bundok ng Sion [tingnan sa Obadias 1:21].



*"Ang pinakamalaking responsibilidad sa mundong ito na iniatang sa atin ng Diyos ay ang saliksikin at kilalanin ang ating mga patay."*

"Subalit paano sila magiging mga tagapagligtas sa Bundok ng Sion? Sa pamamagitan ng pagtatayo ng kanilang mga templo, [pagtatayo ng bautismuhan], at sa pagtanggap ng lahat ng ordenansa, binyag, kumpirmasyon, paghuhugas, pagpapahid ng langis, ordenasyon at pagbubuklod sa kanilang uluhan, para sa kanilang mga ninuno na namatay, at tubusin sila upang sila ay makabangon sa unang pagkabuhay na mag-uli at madakila sa mga trono ng kaluwalhatian na kasama sila; at narito ang tanikalang nagbibigkis sa puso ng mga ama sa mga anak, at ang mga anak sa mga ama, na nagsasakatuparan ng misyon ni Elijah. . . .

"Kakaunti na lamang ang panahon ng mga Banal para iligtas at tubusin ang kanilang mga patay, at tipunin ang buhay nilang mga kamag-anak, nang sila rin naman ay maligtas, bago parusahan ang lupa, at dumating ang pagkawasak na itinakda [ng Diyos] sa mundo.

"Papayuhan ko ang mga Banal na gawin ang lahat ng kanilang makakaya at tipunin ang lahat ng buhay nilang kamag-anak sa

[templo], upang sila ay mabuklod at maligtas, nang sa gayon maging handa sila para sa araw na maglilibot ang mapangwasak na anghel; at kung gagawin ng buong Simbahan ang lahat ng kanilang makakaya para iligtas ang kanilang mga patay, ibubuklod ang kanilang angkan, at titipunin ang buhay nilang mga kaibigan, at walang gugugulíng oras para sa mundo, bahagya silang makakatapos bago dumating ang gabi, kung kailan wala nang taong makagagawa pa."[9]

"May pagbibinyag, at iba pa, na isinasagawa sa mga nabubuhay pa, at pagbibinyag para sa mga patay na namatay na walang nalalaman sa Ebanghelyo. . . . Hindi lamang mahalaga na kayo ay mabinyagan para sa inyong mga patay, subalit kailangan ninyong isagawa ang lahat ng ordenansa para sa kanila, tulad ng ginawa ninyo para iligtas ang inyong sarili. . . .

". . . Dapat na may isang lugar kung saan ang lahat ng bansa ay makapupunta nang pana-panahon para tumanggap ng kanilang endowment; at sinabi ng Panginoon na ito [ang templo] ang magiging lugar para sa pagbibinyag ng mga patay. Ang bawat tao na nabinyagan at kasapi ng kaharian ay nararapat mabinyagan para sa mga namatay na; at kapag agarang sinunod dito ang batas ng Ebanghelyo ng kanilang mga kaibigan na bibinyagan para sa kanila, ang Panginoon ay may mga tagapangasiwa roon na magpapalaya sa kanila. Maaaring katawanin ng isang tao ang kanyang sariling mga kamag-anak; ang mga ordenansa ng Ebanghelyo na inihayag bago ang pagkakatatag ng mundo ay naisakatuparan na nila, at maaari tayong binyagan para sa mga taong labis nating kinagiliwan."[10]

"Lahat ng namatay nang may pananampalataya ay pumupunta sa bilangguan ng mga espiritu para mangaral sa mga yaong ang mga katawan ay patay, subalit buhay sa espiritu; at ang mga espiritung iyon na namatay sa pananampalataya ay nangangaral sa mga espiritu [na nasa bilangguan] upang mangabuhay sila sa espiritu ayon sa Diyos, at ang mga tao sa mundo ang nangangasiwa para sa kanila; . . . at pinasaya sila ng mga paraang ito [tingnan sa 1 Ni Pedro 4:6]. Samakatwid, ang mga taong bininyagan para sa kanilang mga patay ay mga tagapagligtas sa Bundok ng Sion, at kailangan nilang tanggapin ang

paghuhugas at pagpapahid ng langis para sa kanilang mga patay gayundin para sa kanilang sarili."[11]

---

**Iniatang sa atin ng Diyos ang malaking responsibilidad na saliksikin at kilalanin ang ating mga patay.**

Ipauunawa ko sa inyo ang tungkol sa mga patay. Ang lahat ng bagay na nakita ng Diyos sa kanyang walang hanggang karunungan na angkop at nararapat na ipahayag sa atin, habang tayo ay nasa mundong ito, na may kinalaman sa ating mortal na katawan, ay inihayag sa atin nang matalinghaga, at walang kaugnayan sa mortal na katawang ito, subalit lubos na inihayag sa ating mga espiritu na tila ba wala tayong mga katawan; at ang mga paghahayag na iyon na magliligtas sa ating espiritu ay magliligtas sa ating katawan. Ipinahahayag ng Diyos ang mga ito sa atin nang hindi tinitingnan ang walang hanggang pagkabulok ng katawan. Narito ang responsibilidad, ang malaking responsibilidad, na nakaatang sa atin na may kaugnayan sa ating mga patay; sapagkat ang lahat ng espiritu na hindi sumunod sa Ebanghelyo sa laman ay kailangan itong sundin sa espiritu dahil kung hindi sila ay mapapahamak. Napakabanal na isipin!—kakilakilabot na isipin! Wala na bang magagawa?—wala bang paghahanda—wala bang kaligtasan para sa ating mga ninuno at kaibigan na namatay na walang oportunidad na sundin ang mga kautusan ng Anak ng Tao? . . .

"Ano ang mga ipinangako kaugnay ng paksang kaligtasan ng mga patay? at anong uri ng mga pagkatao ang maililigtas, bagaman ang kanilang mga katawan ay naaagnas at nabubulok na sa libingan? Kapag tinuturuan tayo ng Kanyang mga utos, ito ay pagsasaalang-alang sa kawalang hanggan; sapagkat tinitingnan tayo ng Diyos na tila baga tayo ay nasa kawalang hanggan; naroroon ang Diyos sa kawalang hanggan, at hindi tinitingnan ang bagay tulad ng ginagawa natin.

"Ang pinakamalaking responsibilidad sa mundong ito na iniatang sa atin ng Diyos ay ang saliksikin at kilalanin ang ating mga patay. Sabi ng apostol, 'Sila'y huwag maging sakdal ng bukod sa atin' [tingnan sa Sa Mga Hebreo 11:40]; sapagkat mahalagang mapasaating kamay ang kapangyarihang magbuklod na magbubuklod sa ating mga anak at sa ating mga patay sa kaganapan ng

dispensasyon ng panahon—isang dispensasyon upang matugunan ang mga pangakong ginawa ni Jesucristo bago pa ang pagkakatatag ng mundo para sa kaligtasan ng tao.

". . . Mahalagang ang mga nabuhay na nauna sa atin at ang mga isisilang pa ay dapat magtamo ng kaligtasan na kasama natin; at sa gayon iniutos ito ng Diyos sa tao. Kaya nga, sinabi ng Diyos, 'Aking susuguin sa inyo si Elias na propeta bago dumating ang dakila at kakilakilabot na kaarawan ng Panginoon; at kaniyang papagbabaliking-loob ang puso ng mga ama sa mga anak, at ang puso ng mga anak sa kanilang mga magulang; baka ako'y dumating at saktan ko ang lupa ng sumpa.' [Malakias 4:5–6.]"[12]

*Isinulat ni Propetang Joseph Smith ang sumusunod sa isang liham sa mga Banal, na kalaunan ay itinala sa Doktrina at mga Tipan 128:15–18, 22, 24:* "At ngayon, aking mga pinakamamahal na kapatid na lalaki at babae, hayaang aking tiyakin sa inyo na ang mga ito ay alituntuning may kinalaman sa mga patay at sa mga buhay na hindi maaaring ipagwalang-bahala nang gayungayon lamang, gaya ng nauukol sa ating kaligtasan. Sapagkat ang kanilang kaligtasan ay kinakailangan at lubhang mahalaga sa ating kaligtasan, gaya ng sinabi ni Pablo hinggil sa mga ama—na sila kung wala tayo ay hindi magagawang ganap—ni tayo kung wala ang ating mga patay ay hindi magagawang ganap.

"At ngayon, kaugnay ng pagbibinyag para sa mga patay, akin kayong bibigyan ng isa pang sipi ni Pablo, 1 Mga Taga Corinto 15:29: *Sa ibang paraan, anong gagawin ng mga binabautismuhan dahil sa mga patay? Kung ang mga patay ay tunay na hindi muling binubuhay, bakit nga sila'y binabautismuhan dahil sa kanila?*

"At muli, kaugnay ng siping ito akin kayong bibigyan ng isang sipi mula sa isa sa mga propeta, na itinuon ang kanyang mga mata sa pagpapanumbalik ng pagkasaserdote, ang mga kaluwalhatiang ipahahayag sa mga huling araw, at sa isang natatanging pamamaraan itong pinakamaluwalhati sa lahat ng paksang nabibilang sa walang hanggang ebanghelyo, alalaong baga'y, ang pagbibinyag para sa mga patay; sapagkat sinasabi ni Malakias, huling kabanata, talata 5 at 6: *Masdan, aking isusugo sa inyo si Elijah ang propeta bago dumating ang dakila at kakilakilabot na*

*araw ng Panginoon: At kanyang papagbabaliking-loob ang puso ng mga ama sa mga anak, at ang puso ng mga anak sa kanilang mga ama, at baka ako ay pumarito at bagabagin ang mundo ng isang sumpa.*

"Ako ay maaaring makapagbigay ng isang malinaw na pagkakasalin nito, subalit ito ay sapat na malinaw upang iangkop sa aking layunin gaya ng pagkakasalin nito. Sapat nang malaman, sa pangyayaring ito, na ang mundo ay babagabagin ng isang sumpa maliban kung may isang pag-uugnay ng anumang uri o iba pa sa pagitan ng mga ama at ng mga anak, sa alinmang paksa o iba pa—at masdan ano ang paksang yaon? Ito ang pagbibinyag para sa mga patay. Sapagkat tayo kung wala sila ay hindi magagawang ganap; ni sila kung wala tayo ay hindi magagawang ganap. . . .

". . . Magsaya sa inyong mga puso, at labis na magalak. Paawitin ang mundo. Pagsalitain ang mga patay ng mga awit ng walang hanggang papuri sa Haring Immanuel, na nag-orden, bago pa ang pagkakatatag ng daigdig, na yaong makatutulong sa atin upang matubos sila mula sa kanilang bilangguan; sapagkat ang mga bilanggo ay makalalaya. . . .

". . . Samakatwid, bilang isang simbahan at mga tao, at bilang mga Banal sa mga Huling Araw, maghain tayo sa Panginoon ng isang handog sa kabutihan; at ating ialay sa kanyang banal na templo, kapag ito ay natapos na, ang isang aklat na naglalaman ng mga talaan ng ating mga patay, na magiging karapat-dapat sa lahat ng pagtanggap."[13]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Repasuhin ang mga pahina 549–52, na binibigyang-pansin kung paano nag-ibayo ang pag-unawa ni Joseph Smith at ng unang mga Banal tungkol sa doktrina ng pagbibinyag para sa mga patay. Isipin kung ano ang maaaring nadama ng mga Banal noong unang matutuhan nila ang kaligtasan para sa

mga patay. Ano ang nadama ninyo noong una kayong makibahagi sa mga ordenansa para sa mga patay?

- Basahin ang huling talata sa pahina 552 at unang talata sa pahina 553. Paano ipinapakita ng doktrina ng kaligtasan para sa mga patay ang pagkahabag at awa ng Diyos? Sa paanong mga paraan "[m]apalalawak ang pang-unawa" at "[m]apatatatag ang kaluluwa" ng doktrinang ito?
- Ano ang ibig sabihin ng maging tagapagligtas sa Bundok ng Sion? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 554–57.) Sa inyong palagay bakit imposible para sa ating namayapang mga ninuno ang maging ganap kung wala tayo? Sa inyong palagay bakit imposible sa atin na maging ganap kung wala sila?
- Repasuhin ang ilan sa mga turo ni Propetang Joseph Smith tungkol sa malaki nating responsibilidad na "saliksikin at kilalanin ang ating mga patay" (mga pahina 557–59). Ano ang mga naranasan ninyo sa mga nalaman ninyo tungkol sa inyong mga ninuno? Paano tumibay ang pagmamahal ninyo sa inyong pamilya at pananampalataya ninyo sa Diyos sa pagsasaliksik ninyo tungkol sa inyong mga ninuno? Paano naantig ng pagsasagawa ng mga ordenansa sa templo para sa inyong mga ninuno ang damdamin ninyo sa kanila?
- Ano ang magagawa natin para tulungan ang mga bata na pahalagahan ang pamana ng kanilang pamilya? Ano ang magagawa natin para tulungan ang mga bata na makibahagi sa gawain sa templo at family history?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mga Taga Roma 14:9; D at T 128:8–11

## *Mga Tala*

1. *History of the Church,* 4:426; mula sa katitikan ng isang kumperensya ng Simbahan na naganap noong Okt. 3, 1841, sa Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Okt. 15, 1841, p. 578.
2. *History of the Church,* 4:446–47; mula sa "History of the Church" (manuskrito), book C-1, addenda, p. 44, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.
3. *History of the Church,* 5:141; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Ago. 31, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Eliza R. Snow; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.

4. George A. Smith, talumpating ibinigay noong Dis. 25, 1874, sa St. George, Utah; sa St. George Stake, General Minutes, tomo 4, Church Archives.
5. *History of the Church,* 3:29; mula sa isang inilathalang editoryal sa *Elders' Journal,* Hulyo 1838, p. 43; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.
6. *History of the Church,* 4:425–26; mula sa katitikan ng isang kumperensya ng Simbahan noong Okt. 3, 1841, sa Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Okt. 15, 1841, p. 577–78.
7. *History of the Church,* 4:231; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang liham ni Joseph Smith sa Labindalawa, Dis. 15, 1840, Nauvoo, Illinois; mali ang petsang Okt. 19, 1840, sa liham na ito sa *History of the Church*.
8. *History of the Church,* 4:569; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mar. 27, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Wilford Woodruff; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
9. *History of the Church,* 6:183–84; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Ene. 21, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Wilford Woodruff.
10. *History of the Church,* 6:365–66; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mayo 12, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Thomas Bullock.
11. Binanggit ni George Laub, sa pagtitipon ng mga sipi mula sa mga talumpati ni Joseph Smith, mga 1845; George Laub, Reminiscences and Journal Ene. 1845–Abr. 1857, p. 21, Church Archives.
12. *History of the Church,* 6:312–13; ginawang makabago ang pagbabaybay; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 7, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Wilford Woodruff, Willard Richards, Thomas Bullock, at William Clayton.
13. Doktrina at mga Tipan 128:15–18, 22, 24; isang liham ni Joseph Smith sa mga Banal, Set. 6, 1842, Nauvoo, Illinois.



*Ipinahayag ni Parley P. Pratt: "Si Joseph Smith ang nagturo sa akin kung paano pahalagahan ang pagmamahalan ng ama at ina, mag-asawa; magkapatid, anak na lalaki at babae."*

# Pamilya: Ang Pinakamatamis na Ugnayan sa Buhay na Ito at sa Kawalang-hanggan

*"Ang pinakamatamis na ugnayan at kaligayahan ay namayani sa aming tahanan. Walang pagtatalo ni alitan na gumambala sa aming katahimikan, at kapayapaan ang naghari sa amin." (Lucy Mack Smith)*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Noong 1843, bagaman hindi pa tapos ang Nauvoo Temple, ipinahayag ng Propeta ang doktrina ng kaligtasan para sa mga patay, at pinangasiwaan niya ang endowment sa templo sa isang grupo ng matatapat na Banal. Subalit ang isang mahalagang bahagi ng sagradong gawain sa mga templo ay isasaayos pa lamang. Noong Mayo 16, 1843, naglakbay ang Propeta mula sa Nauvoo patungo sa Ramus, Illinois, kung saan nanirahan siya sa tahanan ng kanyang matalik na kaibigan na si Benjamin F. Johnson. Nang gabing iyon, itinuro niya kina Brother at Sister Johnson at sa ilang malalapit na kaibigan ang tungkol sa "bago at walang hanggang tipan ng kasal." Ipinaliwanag niya na ang tipang ito ay "orden . . . ng pagkasaserdote" na mahalaga para matamo ang pinakamataas na antas ng kahariang selestiyal. (Tingnan sa D at T 131:1–4.) Itinuro rin niya na maliban na pumasok ang lalaki at babae sa tipan ng walang hanggang kasal, "hindi sila magkakaroon ng pag-unlad kapag namatay sila; ibig sabihin, hindi sila magkakaroon ng mga anak pagkatapos ng pagkabuhay na muli." Ang mga yaong pumasok sa tipang ito at nanatiling tapat "ay magpapatuloy sa pag-unlad at magkakaroon ng mga anak sa kaluwalhatiang selestiyal."[1]

Makaraan ang dalawang buwan, noong Hulyo 12, 1843, sa opisina na nasa itaas ng kanyang Red Brick Store, idinikta ng Propeta

kay William Clayton ang isang paghahayag tungkol sa doktrina ng walang hanggang kasal (tingnan sa D at T 132). Alam na ng Propeta at itinuro na niya minsan ang doktrinang ito noon. Sa paghahayag na ito, ipinahayag ng Panginoon na kung hindi ibinuklod ang mag-asawa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng banal na priesthood, "hindi sila maaaring dumami, kundi mananatiling hiwa-hiwalay at nag-iisa, walang kadakilaan, sa kanilang ligtas na kalagayan, sa lahat ng kawalang-hanggan" (tingnan sa D at T 132:15–18). Upang matamo ang kadakilaan, ang mga mag-asawa ay dapat ibuklod sa pamamagitan ng kapangyarihan ng priesthood at pagkatapos ay manatiling tapat sa kanilang mga tipan:

"Katotohanang sinasabi ko sa iyo, kung ang isang lalaki ay nagpakasal sa isang babae sa pamamagitan ng aking salita, na siyang aking batas, at sa pamamagitan ng bago at walang hanggang tipan, at ito ay ibinuklod sa kanila ng Banal na Espiritu ng pangako, sa pamamagitan niya na siyang hinirang, kung kanino ko itinakda ang kapangyarihang ito at ang mga susi ng pagkasaserdoteng ito; . . . ito ay magagawa sa kanila sa lahat ng bagay anuman ang ipataw sa kanila ng aking tagapaglingkod, sa panahon, at sa lahat ng kawalang-hanggan; at magkakaroon ng buong bisa kapag sila ay wala na sa daigdig; at sila ay makararaan sa mga anghel, at sa mga diyos, na inilagay roon, tungo sa kanilang kadakilaan at kaluwalhatian sa lahat ng bagay, na ibinuklod sa kanilang mga ulo, kung aling kaluwalhatian ay magiging isang kaganapan at isang pagpapatuloy ng mga binhi magpakailanman at walang katapusan.

"Pagkatapos sila ay magiging mga diyos, sapagkat sila ay walang katapusan; samakatwid sila ay magiging mula sa kawalang-hanggan hanggang sa kawalang-hanggan, sapagkat sila ay magpapatuloy; sa gayon sila ay mangingibabaw sa lahat, sapagkat lahat ng bagay ay saklaw nila. Sa gayon sila ay magiging mga diyos, sapagkat taglay nila ang lahat ng kapangyarihan, at ang mga anghel ay saklaw nila. Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa iyo, maliban sa kayo ay sumunod sa aking batas hindi ninyo matatamo ang kaluwalhatiang ito" (D at T 132:19–21).

Para kay Elder Parley P. Pratt ng Korum ng Labindalawa, ang kaalaman sa doktrinang ito ay nagpalalim ng kanyang pagmama-

hal sa kanyang pamilya: "Si Joseph Smith ang nagturo sa akin kung paano pahalagahan ang pagmamahalan ng ama at ina, mag-asawa; magkapatid, mga anak na lalaki at babae. Natutuhan ko sa kanya na maaari kong makasama ang mahal kong asawa sa panahong ito at buong kawalang hanggan; at ang dalisay na pagdadamayan at pagmamalasakit kaya napamahal sa amin ang isa't isa ay nagmula sa bukal ng dakilang walang hanggang pag-ibig. Sa kanya ko natutuhan na mapag-iibayo natin ang pagmamahal na ito, at mapalalakas at mapatitibay ito sa buong kawalang hanggan; samantalang ang bunga ng ating walang hanggang ugnayan ay mga binhi na kasing dami ng bituin sa langit, o ng mga buhangin sa baybayin ng dagat. . . . Nagmahal ako noon, subalit hindi ko alam kung bakit. Subalit ngayon nagmahal ako—nang may kadalisayan—isang maganda, dakilang damdamin, na mag-aangat sa aking kaluluwa mula sa panandaliang mga bagay ng abang mundong ito at palalawakin ito tulad ng karagatan. . . . Sa madaling salita, magmamahal na ako ngayon nang buong kaluluwa at pag-unawa rin."[2]

## Mga Turo ni Joseph Smith

### Iginagalang ng mga mag-asawa ang isa't isa sa pamamagitan ng pagpapakita ng pagmamahal, kabaitan, at pagsuyo.

"Ang kasal [ay] isang institusyon ng langit, na sinimulan sa halamanan ng Eden."[3]

"Tungkulin ng lalaki na mahalin, itangi, at alagaan ang kanyang asawa, at pumisan sa kanya at wala nang iba [tingnan sa D at T 42:22]; dapat niyang igalang ito tulad ng kanyang sarili, at dapat niyang isaalang-alang ang nadarama nito nang may kabaitan, sapagkat siya ay laman ng kanyang laman, at buto ng kanyang buto, na nilayong maging katuwang niya, kapwa sa mga bagay na temporal at espirituwal; isang taong mapagsasabihan niya ng lahat ng kanyang hinaing nang walang hinihintay na kapalit, na handa (dahil nilayong) makibahagi sa kanyang mga pasanin, at payapain at palakasin ang kanyang loob sa pamamagitan ng magiliw niyang tinig.

"Tungkulin ng lalaki, na tumayo bilang pinuno ng kanyang pamilya, . . . hindi upang manaig sa kanyang asawa sa kalupitan, ni mangamba o mainggit na mahihigitan siya ng kanyang asawa, at hahadlangan siyang gamitin ang kanyang awtoridad. Tungkulin niyang maging isang tao ng Diyos (sapagkat ang tao ng Diyos ay isang taong matalino,) laging handang matamo ang mga paghahayag mula sa mga banal na kasulatan at ang mga tagubilin mula sa itaas na mahalaga para mapatatag, at mailigtas ang kanyang sambahayan."[4]

*Sa isang pulong ng mga kababaihan sa Relief Society, sinabi ni Joseph Smith:* "Hindi na ninyo kailangang inisin ang inyong mga asawa dahil sa kanilang mga ginawa, kundi hayaang ang impluwensya ng inyong kawalang-sala, kabaitan at pagmamahal ay madama nila, na mas mabisa kaysa sabitan ang kanilang leeg ng isang malaking batong gilingan; hindi digmaan, hindi alitan [awayan], hindi pagtatalu-talo, o paglaban, kundi kaamuan, pagmamahal, kadalisayan—ang mga bagay na ito ang dapat mag-angat sa inyo sa paningin ng lahat ng mabubuting lalaki. . . .

". . . Kapag nabibigatan sa problema ang lalaki, kapag siya ay naguguluhan dahil sa alalahanin at paghihirap, kung siya ay sasalubungin ng isang ngiti sa halip na pakikipagtalo o pagdaing—kung siya ay sasalubungin ng kahinahunan, papayapain nito ang kanyang kaluluwa at pagiginhawahin ang kanyang pakiramdam; kapag dumarating sa kanyang isipan ang kawalang pag-asa, kailangan nito ng aliw at [kabaitan]. . . . Kapag umuwi kayo ng bahay, huwag na huwag pagalit na magsalita o magsabi ng masasakit na salita, kundi hayaang ang kabaitan, pag-ibig sa kapwa at pagmamahal ang magpadakila sa inyong mga ginagawa mula ngayon."[5]

*Iniulat ni Eliza R. Snow:* "Hinikayat [ni Propetang Joseph Smith] ang mga miyembrong babae na palaging ituon ang kanilang pananampalataya at panalangin para sa, at magtiwala sa kanilang asawa, na itinalaga ng Diyos para sa kanila upang igalang."[6]

**Iginagalang ng mga bata ang kanilang mga magulang sa pamamagitan ng pasasalamat sa kanila at habambuhay na pagmamahal.**

*Mga ilang araw noong Oktubre 1835, araw-araw na dinadalaw ng Propeta ang kanyang ama na may malubhang karamdaman, at inalagaan itong "mabuti." Nakasulat sa journal ng Propeta:* "Inalagaan ko uli si tatay, na malubha ang sakit. Noong umaga sa aking panalangin, sinabi ng Panginoon, 'Aking tagapaglingkod, mabubuhay ang iyong ama.' Inilagaan ko siya buong araw na nananalangin sa Diyos sa pangalan ni Jesucristo, na siya ay pagalingin Niya, nang sa gayon ay pagpalain ako na makapiling siya at mapayuhan niya, dahil itinuturing kong isa sa mga pinakamalaking biyaya sa mundo ang makapiling ang mga magulang, na ang hustong kaisipan at karanasan ay nakapagbibigay ng pinakamagandang payo. Kinagabihan dumating si Brother David Whitmer. Nagsumamo kami sa Panginoon sa taimtim na panalangin sa pangalan ni Jesucristo, at ipinatong ang aming mga kamay sa kanyang uluhan, at itinaboy ang karamdaman. At narinig ng Diyos at sinagot ang aming mga panalangin—na lubos na ikinagalak at ikinasiya ng aming kaluluwa. Ang aming matanda nang ama ay bumangon at nagbihis, nagsalita nang malakas, at pinuri ang Panginoon."[7]

"Pinagpala ang aking ina, sapagkat ang kanyang kaluluwa ay puspos ng kabutihan at pagkakawanggawa; at sa kabila ng kanyang edad, siya ay makatatanggap ng lakas, at aaliwin kasama ang kanyang pamilya, at siya ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan. At pinagpala ang aking ama, sapagkat ang kamay ng Panginoon ay pasasakanya, sapagkat makikita niyang mapapawi ang paghihirap ng kanyang mga anak; at sa kanyang katandaan makikita niya ang kanyang sarili na tulad ng isang punong olibo, na ang mga sanga ay hitik ng mga bunga; magtatamo rin siya ng mansiyon sa kalangitan."[8]

"Naalala ko ang mga nangyari noong kabataan ko. Naisip ko ang aking yumaong ama. . . . Siya ay isang marangal na tao at nagtataglay ng masigla, at banal, at dakila, at malinis na isipan. Ang kanyang kaluluwa ay nakahihigit sa lahat ng mabababa at walang dignidad

na mga prinsipyo na napakakaraniwan sa tao. Masasabi ko ngayon na hindi siya kailanman nakagawa ng masama, na hindi masasabing hindi siya bukas-palad sa kanyang buhay, sa nalalaman ko. Mahal ko ang aking ama at ang kanyang alaala; at ang alaala ng kanyang marangal na mga gawain ay nakaukit sa aking isipan, at marami sa kanyang mabubuting salita at payo ang nakaukit sa aking puso.

Sagrado sa akin ang mga alaala na itinatangi ko sa kasaysayan ng kanyang buhay, na sumagi sa aking isipan, at nakintal sa aking isipan sa pagmamasid ko, mula nang ako ay isilang. Sagrado sa akin ang kanyang alabok, at ang libingan niya. Sagrado sa akin ang libingang ginawa ko na pinaghimlayan niya. Hayaang manatiling buhay magpakailanman ang alaala ng aking ama. . . . Nawa ang mahal kong Diyos ay tumunghay mula sa langit at iligtas ako mula sa aking mga kaaway, at akayin sa kamay nang sa gayon ay makatayo ako sa Bundok ng Sion, at kasama ng aking ama ay putungan ako roon magpasawalang hanggan.

"Ang mga salita at wika ay hindi sapat para mapasalamatan ko ang Diyos sa pagbibigay sa akin ng napakabubuting magulang.

"Ang ina ko rin ay isa sa mga pinakadakila at pinakamabait na babae. Nawa'y pahabain kapwa ng Diyos ang buhay niya at buhay ko, nang sa gayon mamuhay kaming masaya na magkasama sa mahabang panahon."[9]

"Kapag iniisip natin ang pag-aalaga, at ang walang tigil na pagsisikap ng ating mga magulang na alagaan tayo, at ang napakaraming oras na ginugol nila sa kalungkutan at pag-aalala, sa tabi ng ating mga duyan at higaan, sa panahong tayo ay maysakit, dapat nating pakaingatan ang nadarama nila sa kanilang katandaan! Hindi magiging matamis na alaala sa atin ang magsalita o gumawa ng anumang maghahatid ng kapanglawan sa kanilang katandaan sa libingan."[10]

---

**Ang pagmamahalan ng magkakapatid ay maaaring maging matamis at nagtatagal.**

*Tungkol sa kanyang dalawang kapatid na lalaki, na kapwa namatay sa kanilang kabataan, isinulat ng Propeta:* "Si Alvin, ang aking panganay na kapatid—lubos ko pang naaalala ang matinding kirot ng kalungkutan na nadama ko sa aking bata

pang puso at halos sumabog ito nang siya ay mamatay. Siya ang panganay at ang pinakamarangal sa pamilya ng aking ama. Isa siya sa mga pinakadakila sa mga anak na lalaki ng tao. . . . Sa kanya'y walang panlilinlang. Namuhay siyang walang sala mula nang siya ay musmos pa. . . . Isa siya sa pinakamahihinahong tao, at nang mamatay siya dinalaw siya ng anghel ng Panginoon sa kanyang mga huling sandali. . . .

"Ang aking kapatid na si Don Carlos Smith . . . ay isa ring mabait na bata; wala akong nalalamang anumang kasalanang nagawa niya; hindi ko siya nakitaan kailanman ng kahalayan, o kalapastanganan o kasamaan sa kanyang kamusmusan mula nang siya ay isilang hanggang sa panahong siya ay pumanaw. Siya ay kalugud-lugod, mapagbigay, maawain at mabait at tapat, matwid na bata; at saan man naroon ang kanyang kaluluwa, hayaang pumaroon din ako."[11]

*Isinulat ni Joseph Smith ang sumusunod sa isang liham sa kanyang kuya na si Hyrum:* "Pinakamamahal kong Kapatid na Hyrum, labis akong nag-aalala sa iyo, subalit lagi kitang inaalala sa aking mga panalangin, na nagsusumamo sa Diyos na iligtas ka niya sa galit ng mga tao o diyablo. . . . Pangalagaan ka nawa ng Diyos."[12]

*Tungkol kay Hyrum, isinulat ng Propeta:* "Idinadalangin ko sa aking puso na lahat sana ng aking mga kapatid [sa Simbahan] ay tulad ng aking mahal na kapatid na si Hyrum, na nagtataglay ng kahinahunan ng isang tupa, at katapatan ng isang tao na tulad ni Job, at sa madaling salita, ang kaamuan at kababaang-loob ni Cristo; at mahal ko siya, pagmamahal na mas matibay kaysa kamatayan."[13]

---

## Ang mga magulang na nagmamahal, sumusuporta, at dumadalangin para sa kanilang mga anak ay nagdudulot ng hindi masusukat na pagpapala sa buhay ng kanilang mga anak.

*Pagkatapos ng pagpunta niya sa Hill Cumorah noong Setyembre 1823, ikinuwento ni Joseph Smith sa kanyang pamilya ang kanyang naranasan at patuloy na ibinahagi ang kanyang karanasan sa kanila. Itinala ng ina ng Propeta:* "Tinitipon namin ang mga bata tuwing gabi. Sa palagay ko ang



*Si Joseph Smith ay lumaki sa isang pamilya na ang mga magulang at mga anak ay nagmamahalan at iginagalang ang isa't isa. Ipinakikita ng larawang ito ang muling pagsasama ng pamilyang Smith kasama ang kanilang ama noong 1816 matapos itong magpauna sa paglipat nila sa Palmyra, New York.*

pamilya lang namin ang gumagawa nang gayon sa buong mundo, lahat ay nauupo nang pabilog, ama, ina, mga anak na lalaki at babae ay nagbibigay ng matamang pansin sa pagtuturo ng isang batang lalaki [na labimpitong] taong gulang tungkol sa relihiyon. . . .

"Naniniwala na kami ngayon na may ihahayag ang Diyos na magpapalakas sa aming isipan at espiritu, isang bagay na mas malinaw na nauunawaan" kaysa anumang itinuro sa amin noon,

at labis kaming nagalak dito. Ang pinakamatamis na ugnayan at kaligayahan ay namayani sa aming tahanan. Walang pagtatalo ni alitan na gumambala sa aming katahimikan, at kapayapaan ang naghari sa amin."[14]

*Sa nalalapit na pagtatapos ng pagmartsa ng Kampo ng Sion, noong Hunyo 1834, sina Joseph at Hyrum Smith, kasama ang iba pa, ay nagkasakit ng kolera. Ikinuwento ng kanilang ina ang sumusunod tungkol sa kanilang naranasan:* "Sina Hyrum at Joseph . . . ay tuwang-tuwa at malakas na sila nang magkita kaming muli, dahil sa panganib na naligtasan nila noong sila ay wala sa bahay. Naupo sila, pinagitnaan nila ako, hawak ni Joseph ang isa kong kamay at hawak naman ni Hyrum ang isa pa, at ikinuwento nila ang sumusunod: . . .

" 'Mabilis na lumaganap ang sakit sa amin, at sa ilang minuto kalunus-lunos na ang kalagayan namin. Nagsenyasan kami at nilisan ang bahay sa layuning pumunta sa isang tagong lugar at sama-samang manalangin sa Diyos na iligtas kami sa sakit na ito. Subalit bago kami makalayo para mapuntahan ang tagong lugar na iyon, halos hindi na kami makatayo at dahil dito labis kaming nag-alala, natakot na baka mamatay kami sa kanlurang kaparangang ito na napakalayo sa aming mga pamilya, na wala man lamang pribilehiyo na basbasan ang aming mga anak o mabigyan sila ng huling payo ng pamamaalam. Sinabi ni Hyrum, "Joseph, ano ang gagawin natin? Mawawala na ba tayo sa ibabaw ng lupa dahil sa nakakatakot na sakit na ito?" "Halina," sabi [ni Joseph], "lumuhod tayo at manalangin sa Diyos na pawiin ang pamumulikat at iba pang paghihirap natin at palakasin tayo, upang makabalik tayo sa ating mga pamilya." Ginawa namin iyon pero walang nangyari, sa halip ay nagpatuloy pang lumala. . . .

" 'Kaagad kaming nagpasiyang magsumamo muli sa Diyos na kaawaan kami at hindi kami tatayo sa aming pagkakaluhod hanggang sa ang isa sa amin ay magkaroon ng patotoo na gagaling kami. . . . Oras-oras kaming nanalangin, ang isa muna at pagkatapos ay ang isa, at kalauna'y nadama naming napapawi ang pamumulikat. At sa maikling oras pagkatapos niyon, tumayo si Hyrum at sinabing, "Joseph, babalik na tayo, sapagkat nakakita ako ng isang pangitain na nakita ko si Nanay na nakaluhod at



*"Tinitipon namin ang mga bata tuwing gabi," paggunita ni Lucy Mack Smith, "ang ama, ina, mga anak na lalaki at babae ay matamang nagbibigay ng pansin sa pagtuturo ng isang batang lalaki na [labing pitong] taong gulang tungkol sa relihiyon."*

nanalangin sa ilalim ng puno ng mansanas para sa atin, at hanggang ngayon ay umiiyak na nagsusumamo sa Diyos na iligtas tayo upang makita tayong muli. At nagpapatotoo ang Espiritu sa akin na maririnig ang mga panalangin niya at natin." At sa sandaling iyon ay gumaling kami at masayang naglakbay.'

" 'Ah, Inay ko,' sabi ni Joseph, 'dahil sa inyong mga panalangin ay naagaw kami tuwina sa bingit ng kamatayan.' "[15]

*Ang pagmamahal ni Lucy Mack Smith sa kanyang mga anak ay mailalarawan sa kuwento niya tungkol sa Propeta at sa*

*kapatid nito na si Hyrum na dinalang bihag mula sa Far West, Missouri, noong Nobyembre 1838, patungo sa Independence at pagkatapos sa Richmond, Missouri, kung saan sila ibinilanggo. Natakot ang pamilya na baka patayin sina Joseph at Hyrum:* "Nang dumating sa amin ang balita na dadalhin ang aming mga anak, sinabihan kami ng mensahero na kung gusto naming muling makitang buhay ang aming mga anak, kailangan naming sumama sa kanila, habang sila ay nasa bagon na paalis na sa loob ng ilang minuto. Ang asawa ko ay malubha ang sakit para makasama, kaya't kami lang ni Lucy [anak na babae] ang nakasama, sapagkat kami lang ang walang sakit sa pamilya.

"Nang mapalapit kami nang mga 366 metro sa bagon, hindi na kami makalapit pa dahil sa mga kalalakihang nakapaligid sa kanila. 'Ako ang ina ng Propeta,' ang sigaw ko, 'wala ba ditong maginoo na tutulong sa akin na makadaan sa maraming taong ito patungo sa bagon nang makita ko sa huling sandali at makausap muli ang aking mga anak bago sila mamatay?' Isang tao ang nagboluntaryo na hawiin ang hukbo para makaraan kami, at dumaan kami sa gitna ng mga espada, *musket,* baril, bayoneta, na nagbabanta ng kamatayan sa bawat hakbang, hanggang sa marating namin ang bagon. Kinausap si Hyrum, na nakaupo sa harap, ng lalaking sumama sa akin, at sinabi sa kanya na narito ang kanyang ina at iabot ang kanyang kamay. Ginawa niya iyon, subalit hindi ako pinayagan na makita sila, sapagkat ang takip ng bagon ay napakakapal at mahigpit na nakatali sa harapan at nakapakong mabuti sa magkabilang gilid. . . .

"Isinama naman kami ng aming kaibigan sa likurang bahagi ng bagon, kung saan naroon si Joseph, at nagsalita sa kanya, sinasabing, 'G. Smith, narito ang iyong ina at kapatid at gusto nilang mahawakan ang iyong kamay.' Isiniksik ni Joseph ang kanyang kamay sa pagitan ng bagon at takip na nakapako sa dulo ng kahoy. Nahawakan namin ang kanyang kamay, pero hindi siya nagsalita sa amin. Hindi ko matiis na iwanan siya na hindi man lang naririnig ang kanyang tinig. 'O, Joseph,' sabi ko, 'kausapin mong muli ang kaawa-awa mong ina. Hindi ako aalis hangga't hindi kita naririnig na magsalita.'

" 'Pagpalain kayo ng Diyos, Inay,' sabi niya, at isang tinig ng hudyat ang narinig at lumakad na ang bagon, inilayo sa amin ang aking anak pagkatapos na pagkatapos mahawakan ni Lucy ang kanyang kamay at gawaran ito ng huling halik ng kapatid, sapagkat alam naming sila ay nahatulang barilin.

"Nagtagumpay kaming muling makabalik sa bahay, bagaman halos hindi namin makayang dalhin ang aming sarili. . . . Ilang oras ding walang maririnig sa bahay kundi buntong-hininga at paghihinagpis, dahil hindi namin alam ang mangyayari bagaman nakita namin sina Joseph at Hyrum sa huling sandali. Gayunpaman sa gitna ng aking paghihinagpis, nakadama ako ng kaaliwan na higit pa sa lahat ng kaaliwang maibibigay ng mundo. Napuspos ako ng Espiritu ng Diyos at natanggap ang sumusunod sa pamamagitan ng kaloob na propesiya: 'Mapanatag ang iyong puso hinggil sa iyong mga anak, sapagkat hindi nila masasaktan ni ang hibla ng kanilang buhok sa ulo.' . . . 'Mga anak ko,' sabi ko, huwag nang umiyak pa. Hindi sila papatayin ng mga mandurumog, sapagkat ipinaalam sa akin ng Panginoon na ililigtas niya sila sa mga kamay ng kanilang mga kaaway.' Ito ay malaking kaaliwan sa aming lahat, at hindi na kami gaanong namighati pagkatapos niyon tungkol sa gagawing pagpaslang sa kanila."[16]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Repasuhin ang paglalarawan ni Elder Parley P. Pratt kung paano pinagpala ang kanyang buhay sa kaalaman tungkol sa doktrina ng walang hanggang kasal (mga pahina 564–65). Sa anong mga paraan maiimpluwensyahan ng doktrinang ito ang nadarama natin tungkol sa ating pamilya? ang paraan ng pakikitungo natin sa isa't isa sa ating tahanan?

- Basahin ang payo ni Joseph Smith sa mga mag-asawa (mga pahina 565–66). Isipin kung paano nauukol ang payong ito kapwa sa kababaihan at kalalakihan. Bakit mahalaga kapwa sa mga ama at ina na pag-aralan ang mga banal na kasulatan at tumanggap ng paghahayag para magabayan ang pamilya? Ano ang ilang bagay na magagawa ng lalaki kapag nakikita niyang ang kanyang asawa ay "naguguluhan dahil sa alalahanin"? Bakit kailangang iwasan ng mag-asawa ang paggamit ng "masasama o masasakit na salita"?
- Kahit nasa hustong gulang na, patuloy pa ring nagagalak si Joseph na makapiling ang kanyang mga magulang, hingan sila ng payo, at igalang (mga pahina 567–68). Alin sa mga pahayag ng Propeta tungkol sa kanyang mga magulang ang nakaantig sa inyo? Anong mga halimbawa ang nakita ninyo tungkol sa nagtatagal na impluwensya sa kabutihan ng mga magulang sa kanilang mga anak? Isipin ang magagawa ninyo para lalo pang maigalang ang inyong mga magulang.
- Repasuhin ang mga pahayag ng Propeta tungkol sa kanyang mga kapatid na sina Alvin, Don Carlos, at Hyrum (mga pahina 568–69). Sa inyong palagay bakit maaaring magtagal at tumibay ang ugnayan ng magkakapatid. Ano ang magagawa ng mga magulang para mahikayat ang kanilang mga anak na maging matalik na magkaibigan? Ano ang magagawa ng magkakapatid para mapag-ibayo ang kanilang pagkakaibigan?
- Repasuhin ang pag-alaala ni Lucy Mack Smith tungkol sa pagtuturo ng kanyang anak na si Joseph sa pamilya (mga pahina 569–70). Anong mga karanasan ang maibabahagi ninyo kung kailan nadama ninyo ang "pagkakaisa at kaligayahan" kasama ang inyong mga kapamilya? Ano ang matututuhan ng mga magulang mula sa karanasan nina Joseph at Hyrum na gumaling mula sa kolera? (Tingnan sa mga pahina 571–74.)

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Exodo 20:12; I Mga Taga Corinto 11:11; Mga Taga Efeso 6:1–4; Mosias 4:14–15; Moises 3:18, 21–24

## Mga Tala


1. *History of the Church,* 5:391; mula sa mga tagubiling ibinigay ni Joseph Smith noong Mayo 16, 1843, sa Ramus, Illinois; iniulat ni William Clayton.
2. Parley P. Pratt, *Autobiography of Parley P. Pratt,* inedit ni Parley P. Pratt Jr. (1938), p. 297–98; binago ang pagkakahati ng mga talata.
3. *History of the Church,* 2:320; mula sa isang journal entry ni Joseph Smith, Nob. 24, 1835, Kirtland, Ohio.
4. "On the Duty of Husband and Wife," isang editoryal na inilathala sa *Elder's Journal,* Ago. 1838, p. 61; binago ang pagkakahati ng mga talata; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.
5. *History of the Church,* 4:605–7; ginawang makabago ang pagbabaybay; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 28, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Eliza R. Snow; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
6. *History of the Church,* 4:604; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 28, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Eliza R. Snow; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
7. *History of the Church,* 2:289; mula sa mga journal entry ni Joseph Smith, Okt. 8 at 11, 1835, Kirtland, Ohio.
8. *History of the Church,* 1:466; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang journal entry ni Joseph Smith, Dis. 18, 1833, Kirtland, Ohio.
9. *History of the Church,* 5:125–26; mula sa isang journal entry ni Joseph Smith, Ago. 23, 1842, malapit sa Nauvoo, Illinois; mali ang petsang Ago. 22, 1842, sa journal entry na ito sa *History of the Church.*
10. *History of the Church,* 2:342; mula sa isang liham ni Joseph Smith kay William Smith, Dis. 18, 1835, Kirtland, Ohio.
11. *History of the Church,* 5:126–27; mula sa isang journal entry ni Joseph Smith, Ago. 23, 1842, malapit sa Nauvoo, Illinois; mali ang petsang Ago. 22, 1842, sa journal entry na ito sa *History of the Church.*
12. Liham ni Joseph Smith kay Hyrum Smith, Mar. 3, 1831, Kirtland, Ohio; Joseph Smith, Collection, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.
13. *History of the Church,* 2:338; mula sa isang journal entry ni Joseph Smith, Dis. 18, 1835, Kirtland, Ohio.
14. Lucy Mack Smith, "The History of Lucy Smith, Mother of the Prophet," 1844–45 manuskrito, aklat 4, p. 1, Church Archives.
15. Lucy Mack Smith, "The History of Lucy Smith, Mother of the Prophet," 1844–45 manuskrito, aklat 13, p. 12–14, Church Archives.
16. Lucy Mack Smith, "The History of Lucy Smith, Mother of the Prophet," 1844–45 manuskrito, aklat 16, p. 3–6, Church Archives.


# “Siya ay Propeta ng Diyos”: Nagpatotoo ang mga Kasama at Kakilala ni Joseph Smith Tungkol sa Kanyang Misyon Bilang Propeta

*Ibig kong sumigaw ng Aleluya, tuwi-tuwina, kapag naiisip ko na nakilala ko si Joseph Smith, ang Propeta.” (Brigham Young)*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Sa Nauvoo, madalas na sama-samang nagtitipon ang mga Banal para pakinggang magsalita si Propetang Joseph Smith. Dahil walang gusali sa Nauvoo na sapat ang laki para magkasya ang lahat ng Banal, madalas na sa labas nagsasalita ang Propeta. Madalas siyang magsalita sa kakahuyang nasa kanlurang bahagi lamang ng templo, kung saan libu-libo ang maaaring magtipon. Isang portable na entablado ang itinayo para sa mga lider ng Simbahan at mga tagapagsalita, at sa damuhan, sa mga torso, o ladrilyo naman nakaupo ang mga tao. Nagsalita rin ang Propeta sa iba pang mga lugar sa Nauvoo, kabilang na ang di pa natapos na templo at mga pribadong tahanan. Iniulat ng isang bumisita sa Nauvoo noong mga unang buwan ng 1843 na nasaksihan niya ang pagdaraos ng mga pulong “sa baku-bakong sahig sa pinakailalim na palapag ng Templo. Nagsalita ang Propeta sa mga pulong na iyon.”[1]

Kapag sa labas nagsasalita ang Propeta, madalas niyang simulan ang kanyang pagsasalita sa paghiling sa mga Banal na ipagdasal na manatiling banayad ang hangin at huwag umulan hanggang sa matapos siyang magsalita. Sa isang kumperensyang



*"Gustung-gustong pakinggan ng mga tao [si Propetang Joseph Smith], sapagkat puno siya ng paghahayag," sabi ni Lorenzo Snow. "Ayon sa pangako ng Panginoon, ang mga taong tumatanggap ng mga alituntuning itinuro niya ay nakatatanggap sa Panginoon ng patunay na totoo ang mga ito."*

ginanap sa Nauvoo noong Abril 8, 1843, sinimulan ng propeta ang kanyang talumpati sa pagsasabing: "May tatlo akong hihilingin sa kongregasyon: Una, na ang lahat ng may pananampalataya ay gamitin ito para ipagdasal sa Panginoon na gawing banayad ang hangin; dahil sa pag-ihip nito ngayon, hindi ako makapagsasalita nang matagal nang hindi maaapektuhan ang aking kalusugan; ikalawa, na nawa'y ipagdasal ninyong palakasin ng Panginoon ang aking mga baga, nang sa ganoon ay marinig ninyo akong lahat; at ikatlo, na nawa'y ipagdasal ninyong mapasaakin ang Espiritu Santo, upang maipahayag ko ang mga bagay na totoo."[2]

Ang pagsasalita ng Propeta ay napakahalaga sa mga miyembro ng Simbahan, at kung minsan nagsasalita siya sa mga kongregasyong umaabot nang libu-libo ang dami. "Walang sinumang nakinig sa kanya na nabagot sa kanyang pagsasalita," paggunita ni Parley P. Pratt. "Nakilala ko siya bilang isang tao na kayang panatilihing handa at sabik na makinig ang isang kongregasyon sa loob ng maraming oras, sa gitna man ng lamig, o init, ulan o hangin, na napatatawa niya sa isang sandali at maya-maya'y napapaiyak naman.[3] Naalala ni Alvah J. Alexander, na musmos pa lang noong panahon ng mga kaganapan sa Nauvoo, na "mas interesado akong maringgan siyang magsalita kaysa maglibang o maglaro."[4]

Naalala ni Amasa Porter na kasama siya sa malaking grupo ng mga Banal sa Nauvoo na binigyan ni Propetang Joseph Smith ng nakaaantig na sermon:

"Nang nakapagsalita na [ang Propeta] nang mga tatlumpung minuto dumating ang malakas na hangin at bagyo. Sa kapal ng alikabok halos hindi namin makita ang isa't isa maliban kung magkakalapit kami. Nag-aalisan na ang ilang tao nang tinawag silang pabalik ni Joseph at sinabihan silang ipagdasal sa Makapangyarihang Diyos na pahintuin ang pag-ihip ng hangin at pagbagsak ng ulan, at mangyayari iyon. Ilang minuto pa ay huminto na ang hangin at ulan at kumalma ang panahon na tulad ng mainit na umaga. Nahati ang bagyo at napasa hilaga at kanlurang bahagi ng lungsod, at nakita namin sa malayo ang mga puno at halaman na hinahampas ng hangin, habang payapa naman sa kinalalagyan namin sa loob ng isang oras. Nang sandali

ring iyon, ibinahagi ang isa sa mga pinakamagandang sermon na namutawi sa mga labi ng propeta na may napakagandang paksa tungkol sa mga patay."[5]

Ang mga Banal na naringgang magsalita si Propetang Joseph Smith ay nagbahagi ng malakas at malinaw na patotoo tungkol sa kanyang misyon bilang propeta. Marami sa kanila ang nagtala ng mga naalala nilang sinabi niya at ng mga pangyayaring naranasan nila na kasama siya, dahil nais nilang malaman ng mga susunod na henerasyon na si Joseph Smith ay tunay na propeta ng Diyos, tulad ng nalaman nila.

## Mga Patotoo Tungkol Kay Joseph Smith

### Tulad ng mga Naunang Miyembro, malalaman natin na si Joseph Smith ang propetang kinasangkapan ng Panginoon upang ipanumbalik ang kaganapan ng ebanghelyo.

*Brigham Young, ang pangalawang Pangulo ng Simbahan:* "Ibig kong sumigaw ng Aleluya, tuwi-tuwina, kapag naiisip ko na nakilala ko si Joseph Smith, ang Propetang hinirang at inordenan ng Panginoon, at kung kanino ibinigay ang mga susi at kapangyarihang itatag ang Kaharian ng Diyos sa lupa at itaguyod ito. Ang mga susing ito ay itinalaga sa mga taong ito, at mayroon tayong kapangyarihan na ipagpatuloy ang gawaing sinimulan ni Joseph."[6]

*Eliza R. Snow, ang pangkalahatang pangulo ng Relief Society mula 1866 hanggang 1887*: "Para sa katotohanan at kabutihan—para sa lahat ng makakatulong sa kanyang kapwa, ang kanyang integridad ay singtibay ng mga haligi ng Langit. Alam niyang tinawag siya ng Diyos sa gawain, at lahat ng pinagsamang kapangyarihan ng lupa at impiyerno, ay nabigong hadlangan o ilayo siya sa kanyang layunin. Sa tulong ng Diyos at ng kanyang mga kapatid, inilatag niya ang pundasyon ng isang dakilang gawaing maitatatag ng tao—gawaing sumasakop hindi lamang sa mga buhay, at sa mga darating na henerasyon, kundi pati sa mga patay.

"Masigasig at matapang niyang sinalungat ang mga maling tradisyon, pamahiin, relihiyon, kawalang-katarungan at kawalang-kaalaman ng mundo—pinatunayan ang kanyang katapatan sa

bawat alituntuning inihayag mula sa langit—katapatan sa kanyang mga kapatid at sa kanyang Diyos, at pagkatapos ay tinatakan ang kanyang patotoo ng kanyang dugo."[7]



*Bathsheba W. Smith*

*Batsheba W. Smith, ang pangkalahatang pangulo ng Relief Society mula 1901 hanggang 1910:* Kilala ko siya kung paano niya ipinakilala ang kanyang sarili—isang tunay na propeta ng Diyos, at sa pamamagitan niya ibinalik ng Panginoon ang walang hanggang ebanghelyo at bawat ordenansa at endowment na aakay sa atin sa kahariang selestiyal."[8]

*Wilford Woodruff, pang-apat na Pangulo ng Simbahan:* "Galak na galak ako sa nakita ko kay Kapatid na Joseph dahil sa publiko o pribadong buhay ay taglay niya ang Espiritu ng Pinakamakapangyarihan, at makikita sa kanya ang kadakilaan ng kaluluwa na hindi ko nakita kahit kanino."[9]

*Daniel D. McArthur, isa sa mga naunang miyembro ng Simbahan na kalaunan ay namuno sa isa sa mga unang handcart company papuntang Salt Lake City:* Pinapatotohanan ko na siya ay totoong Propeta ng Diyos na buhay; at kapag lalo kong naririnig ang kanyang mga sinasabi at nakikita ang kanyang mga ginagawa lalo akong nakukumbinsi na totoong nakita niya ang Diyos Ama at Kanyang Anak na si Jesucristo, gayun din ang mga banal na anghel ng Diyos. . . . Para sa akin kung may nalalaman akong anuman sa mundong ito, ito ay ang walang alinlangang alam ko na siya ay Propeta."[10]

*Alexander McRae, isa sa mga nabilanggo sa Liberty Jail kasama ni Joseph Smith:* "Gayon na lamang ang tiwala namin kay [Joseph Smith] bilang Propeta, kung kaya't nang sabihin niyang, "Gayon ang wika ng Panginoon,' tiwala kami na gayon nga iyon tulad ng sabi niya; at kapag lalo naming sinusubukan ang kanyang sinabi, lalong nadaragdagan ang tiwala namin, sapagkat sa bawat pagkakataon ay nakita naming nagkatotoo ang kanyang sinabi."[11]

*Lyman O. Littlefield, miyembro ng Kampo ng Sion:* "Ang buong lakas ng kanyang kaluluwa ay nakatuon sa maluwalhating gawaing ito sa mga huling araw kung saan siya tinawag ng Dakilang Guro.[12]


*Mary Alice Cannon Lambert*

*Mary Alice Cannon Lambert, isang miyembrong taga-Inglatera na nandayuhan sa Nauvoo noong 1843:* "Una kong nakita si Joseph Smith noong Tagsibol ng 1843. Nang makadaong sa Nauvoo ang barkong sinakyan namin patawid ng Ilog ng Mississippi, sinalubong ng ilang namumunong kapatid ang pangkat ng mga banal na naroon. Kabilang sa mga kalalakihang iyon si Propetang Joseph Smith. Nang mapako ang tingin ko sa kanya, nakilala ko siya kaagad at natanggap ko nang sandali ring yaon ang aking patotoo na siya ay Propeta ng Diyos. . . . Hindi siya itinuro sa akin, nakilala ko siya sa iba pang kalalakihan, at bagaman bata pa [labing-apat na taong gulang lamang ako] alam ko na na nakakita ako ng Propeta ng Diyos."[13]

*Angus M. Cannon, isang miyembro ng Simbahan na nanirahan sa Nauvoo noong bata pa at kalaunan ay naging stake president sa Salt Lake City:* "Tandang-tanda ko si Joseph Smith nang magsalita siya sa harap ng nakatipong mga Banal, noong tagsibol ng 1844. Naganap iyon sa ilalim ng malalaking puno ng oak, sa isang mababaw na lambak sa katimugang bahagi ng Templo, malapit sa kalye ng Parley. Nagsasalita siya tungkol sa katotohanan na ang Diyos, sa pagtatatag ng Kanyang Simbahan, ay nagpahayag na isang tao lamang ang binigyan ng karapatan ng Diyos, na tumanggap ng mga paghahayag na kakailanganin ng Simbahan. . . . Sa pagkakataon ding ito narinig ko na ipinahayag ng Propeta na natanggap niya ang Melchizedek Priesthood, sa ilalim ng pangangasiwa nina Pedro, Santiago at Juan.

"Ang mga nakapagbibigay-inspirasyong salita ni Joseph Smith na natanim sa aking murang isipan ang siyang gumabay sa akin sa buong buhay ko; at kapag nadirimlan ang aking isipan, malinaw

kong naiisip ang kanyang patotoo, na nagpapatunay sa akin na Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay naitatag at pinamamahalaan sa pamamagitan ng kapangyarihan at awtoridad ng Diyos."[14]

*Hyrum Smith, ang kapatid ng Propeta at Patriarch ng Simbahan:* May mga propeta noon, ngunit na kay Joseph ang diwa at kapangyarihan ng lahat ng propeta."[15]

---

**Si Joseph Smith ay halimbawang masusundan natin para magkaroon ng katangiang tulad ng kay Cristo.**



*Parley P. Pratt*


*Parley P. Pratt, miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol mula 1835 hanggang 1857:* "Sa personal, si Joseph Smith ay matangkad at matipuno, malakas at masigla; maputi ang balat, olandes ang buhok, asul ang mga mata, hindi balbasin, at kakaiba ang ekspresyon ng mukha. . . . Ang kanyang anyo ay nagpapakita ng kahinahunan, kaluguran, katalinuhan at kabaitan; na ang tingin ay puno ng pagmamalasakit at ngiting kusang sumisilay na tanda ng pagiging masayahin at kawalan ng pagmamarangal; at may bagay na tila kaakibat ng payapa at tumatagos na pagtitig ng kanyang mata, na tila ba tumatagos sa kaibuturan ng puso ng tao, minamasdan ang kawalang-hanggan, inaarok ang kalangitan, at inaalam ang sandaigdigan. Taglay niya ang isang maringal na kagitingan at sariling kakayahan; madali siyang pakisamahan; ngunit kung magalit siya'y parang leon; singlawak ng karagatan ang kabaitan; marunong sa lahat ng bagay."[16]

*John Needham, miyembro noon na mula sa Inglatera:* "Si Joseph Smith ay isang dakilang tao, maprinsipyo at tapat, hindi istrikto at mukhang santo, kundi kabaligtaran nito. Totoong marami ang nanlamig sa kanilang pananampalataya dahil napakaprangka niya, diretsahang magsalita, at matuwain, subalit minahal ko siyang lalo dahil doon."[17]

*Emmeline B. Wells, ang pangkalahatang pangulo ng Relief Society mula 1910 hanggang 1921:* "Pinatototohanan ko na siya

ang pinakadakilang tao at pinakadakilang propeta at pinakadakilang personalidad sa henerasyong ito, pinakadakila, na sapat kong masasabi, simula nang panahon ng Tagapagligtas. Kalugud-lugod ang karingalan ng kanyang anyo. Maiisip mo na mas matangkad at mas matipuno siya kaysa sa talagang anyo niya. Marahil marami sa inyo ang nakapansin ng mga lalaking may ganitong tindig kapag tumayo sila at naglakad. Ganito si Propetang Joseph Smith. Wala akong nakikitang larawan niya ngayon na makakahambing sa ganda at ringal ng kaanyuan niya sa personal."[18]


*Mary Alice Cannon Lambert:* "Hindi mailalarawan ng salita ang pagmamahal ng mga Banal sa kanya. Handa nilang ialay ang buhay nila sa kanya kung nagkaroon lamang ng pagkakataon. Kapag ibinalitang magsasalita siya sa pulong, isasantabi nila ang anumang gawain upang makinig sa sasabihin niya. Hindi siya karaniwang tao. Kapwa nadama ng mga matwid at makasalanan ang kapangyarihan at impluwensyang taglay niya. Imposible na makausap mo siya nang hindi naaantig sa lakas ng kanyang personalidad at impluwensya."[19]


*John M. Bernhisel*

*John M. Bernhisel, isang manggagamot na tumira sa tahanan nina Joseph at Emma sa Nauvoo nang ilang buwan sa pagitan ng 1843 at 1844:* "Likas kay Joseph Smith ang pagiging matalino, masigla at determinado, malawak ang pang-unawa, maalam sa likas na katangian ng tao. Siya ang taong may mahinahong pagpapasiya, malawak na pananaw, at kilalang-kilala sa pagiging makatarungan. Mabait at mapagbigay siya, bukas-palad at magiliw, marunong makisama at masayahin, at mapag-isip ng mabuti. Siya ay tapat, prangka, matapang, at nakatatayo sa sariling paa, at hindi mapagbalatkayo na tulad ng mga taong nakikita ninyo. . . . Bilang tagapagturo ng relihiyon, at bilang tao, lubos siyang minahal ng mga taong ito."[20]

*Jesse N. Smith, pinsan ni Joseph Smith:* "[Ang Propeta} ang taong kinakitaan ko na lubos na nagtaglay ng katangiang tulad

ng sa Diyos. . . . Alam ko na likas sa kanya ang pagiging di sinungaling at di mapandaya, napakabait niya at napakarangal. Kapag kasama ko siya pakiramdam ko ay naaarok niya ang aking buong pagkatao. Alam ko na totoo ang sinasabi niya tungkol sa kanyang sarili."[21]



*William Clayton*

*William Clayton, isang miyembrong taga-Inglatera na naglingkod bilang klerk kay Joseph Smith:* "Kapag lalo ko siyang nakakasama, lalo ko siyang minamahal; kapag lalo ko siyang nakikilala, lalo akong nagtitiwala sa kanya."[22]

*Joseph F. Smith, pang-anim na Pangulo ng Simbahan:* "Punung-puno ng karingalan at kadalisayan ang kanyang pagkatao, na kadalasa'y naipapahayag niya sa simpleng paglilibang—sa paglalaro ng bola, sa pakikipagbuno sa kanyang mga kapatid at pakikipagharutan, na ikinatutuwa niya; Hindi siya ang tipong di makabasag-pinggan, na parang sementado ang mukha kung kaya't di makangiti at hindi marunong magsaya. Puno siya ng galak; puno siya ng saya; puno ng pagmamahal, at ng bawat katangiang nagpapadakila at nagpapabuti sa tao, at kasabay niyon siya ay simple at tila walang muwang, kung kaya't naibababa niya ang sarili sa pinakaabang kalagayan; at may kapangyarihan siya, sa tulong ng Diyos, na maunawaan din ang mga layunin ng Pinakamakapangyarihan. Iyan ang pagkatao ni Joseph Smith."[23]


---

**Bilang propetang kinasangkapan para maipanumbalik ang ebanghelyo, itinuro ni Joseph Smith ang plano ng kaligtasan ng Diyos nang malinaw at mabisa.**

*Brigham Young:* "Ang kadakilaan ng kaluwalhatian ng pagkatao ng Kapatid na si Joseph Smith ay ang kanyang kakayahang maipaunawa ang mga makalangit na bagay sa mga taong limitado ang kaalaman. Kapag nangangaral siya sa mga tao—nagpapahayag ng mga bagay tungkol sa Diyos, sa kalooban ng Diyos, sa plano ng kaligtasan, sa layunin ni Jehova, ang ating katayuan sa kanya, at sa

lahat ng nilalang sa langit, nakukuha niyang ituro ang mga ito sa abot-kaya ng pang-unawa ng bawat lalaki, babae, at bata, ginagawa itong malinaw na tulad ng isang tiyak na daan. Sapat na sana nitong mapaniwala ang bawat taong nakarinig tungkol sa awtoridad at kapangyarihan niya mula sa langit, dahil walang sinuman ang makapagtuturo nang tulad niya, at walang sinumang makapaghahayag ng mga bagay ng Diyos, kundi sa pamamagitan ng mga paghahayag ni Jesucristo."[24]

*Howard Coray, klerk ni Joseph Smith:* "Pinag-aralan ko ang Ebanghelyo ayon sa pagkakahayag ni Joseph Smith at inisip ko kung posible ba sa sinuman na makapaghayag ng gayong plano ng kaligtasan at kadakilaan para sa tao nang walang tulong ng Espiritu ng Diyos. Inisip kong imposible ito. Naupo ako at nakinig sa kanyang mensahe sa pulpito ng Nauvoo nang maraming beses kung kailan ganap akong natangay sa di sukat mailarawang husay niya sa pagsasalita—sa kapangyarihang magpahayag—nagsasalita sa paraang di ko pa narinig sa sinumang tao."[25]


*Joseph L. Robinson*

*Joseph L. Robinson, tagapayo sa bishopric sa Nauvoo:* "Pinaniniwalaan at nalalaman na namin noon pa man na si Joseph Smith ay totoo at mapagpakumbabang Propeta ng Diyos, ngunit ngayon mas malinaw naming nakikita kung sino talaga siya at mas naririnig ang kanyang tinig na animo'y tunog ng malakas na pagkulog ng langit, subalit ang kanyang pananalita ay banayad at mapagtagubilin at lubos na nagbibigay-sigla. Ngunit may kapangyarihan at karingalan na hindi namin namasdan kaninuman noon, sapagkat siya ay isang makapangyarihang Propeta, banal na tao ng Diyos. Tunay na Siya ay tinuruan sa mga bagay na patungkol sa kaharian ng Diyos at lubos na binigyang-lakas ng Espiritu Santo, na laging sumakanya."[26]

*Orson Spencer, isang ministrong Baptist na sumapi sa Simbahan noong 1841*: "Kung doktrina ang pag-uusapan, mahalaga kay Ginoong Joseph Smith ang banal na kasulatan. Hindi ko

siya narinig na nagtatwa o nagwalang-halaga sa kahit isang katotohanan sa Luma at Bagong Tipan; kundi kilala ko siya bilang taong handang ipaliwanag at ipaglaban ang mga ito nang may ganap na kaalaman. Para maturuan at gawing ganap ang simbahan, siya bilang hinirang ng Diyos ay dapat na nakaaalam kung paano punan ang mga bagay na may kakulangan upang mapagsama ang mga makabago at sinaunang bagay, na dapat lamang sa isang tagasulat na naturuang mabuti. Ang katungkulan at pagkaapostol na ito ay kanyang ginagampanan; kapag kanyang binabanggit ang mga sinaunang propeta, nabibigyang-buhay sila at ang ganda at bisa ng kanilang mga paghahayag ay naipapakita mismo sa paraang nakakapukaw-pansin sa lahat ng nakikinig."[27]

*Jonah R. Ball, miyembro ng Simbahan na nanirahan sa Nauvoo:* "Dumalo kami sa pulong. Narinig na nangaral ang Propeta sa ibaba ng Templo. Libu-libo ang naroon para makinig sa kanya. Walang kaduda-duda na ang paraan ng pagpapaliwanag niya ng mga banal na kasulatan ay hindi mapag-aalinlanganan o mapagtatalunan. Ang mensahe niya ay ang unang kabanata ng 2 Pedro. Ipinaliwanag niya ito nang kasing-liwanag ng sikat ng araw [sa katanghalian]."[28]

*William Clayton:* "Nagkaroon kami ng pribilehiyong makipag-usap kay Joseph Smith Jr. at nasiyahan kaming makasama siya. . . . Siya ay . . . lalaking may mabuting pagpapasiya at nag-aangkin ng labis na katalinuhan, at habang nakikinig ka sa kanyang sinasabi nakatatanggap ka ng katalinuhan na nagpapalawak sa iyong isipan at nagpapagalak sa iyong puso. Madali siyang kausapin at nagagalak na tagubilinan ang mahihirap na miyembro. Maaari ko siyang kausapin tulad ng pakikipag-usap ko sa iyo, at tungkol naman sa pagbibigay ng tagubilin sinasabi niya, 'Tinanggap ko itong walang bayad at ibi[bi]gay ko itong walang bayad.' Handa siyang sagutin ang anumang itanong ko at nasisiyahan kapag tinatanong namin siya. Tila napakahusay niya sa mga banal na kasulatan, at habang nagsasalita siya tungkol sa alinmang paksa, may liwanag at gandang naihahayag na hindi ko pa nakita kailanman noon. Kung nanggaling man ako mula pa sa Inglatera para

lamang makipag-usap sa kanya nang ilang araw maituturing ko nang sulit ang ginawa kong pagpunta [sa Nauvoo]."[29]


Mercy Fielding Thompson


*Mercy Fielding Thompson, isang miyembrong taga-Britanya na ang asawang si Robert B. Thompson ay naglingkod bilang klerk kay Joseph Smith:* "Napakinggan ko . . . ang kanyang malinaw at mahusay na paliwanag sa malalalim at mahihirap na tanong. Tila simple at madali lamang unawain ang lahat ng bagay sa kanya, at sa gayon ay nagagawa niyang malinaw ito sa iba na hindi nagawa ng iba pang mga taong naringgan ko na."[30]

---

## Tulad ng mga naunang Banal, mapahahalagahan natin ang mga salita ni Joseph Smith at maipamumuhay ang mga alituntuning itinuro niya.


Emmeline B. Wells

*Emmeline B. Wells:* "Naniniwala akong nadama ko kay Propetang Joseph Smith ang malakas na espirituwalidad na nagpagalak at umaliw sa mga Banal. . . . Nasa kanya ang kapangyarihan ng Diyos kung kaya't sa maraming pagkakataon tila nagbabago ang kanyang kaanyuan. Kapag wala siyang imik, maamo at animo'y halos tulad lang ng isang musmos ang kanyang mukha; at kapag nagsasalita siya sa tao na nagmamahal sa kanya nang labis, hindi maipaliwanag ang luwalhating mababakas sa kanyang mukha. Sa iba pang mga pagkakataon, ang kanyang buong pagkatao, hindi lamang ang kanyang tinig (na malinaw at banal sa akin) ay tila niyayanig ang lugar na kinatatayuan namin at inaantig ang kaibuturan ng kaluluwa ng kanyang mga tagapakinig na natitiyak kong handang magalay ng kanilang buhay para ipagtanggol siya. Sa tuwina'y mangha akong nakikinig sa bawat sinasambit niya—ang hinirang ng Diyos sa huling dispensasyong ito."[31]



*Lorenzo Snow*

*Lorenzo Snow, panglimang Pangulo ng Simbahan:* "Una kong nakita si Propetang Joseph noong binatilyo pa ako [mga 17 taong gulang]. Nagsasalita siya sa harap ng isang maliit na kongregasyon. Sinabi niya sa kanila ang mga pagdalaw ng mga anghel sa kanya. . . . Gustung-gusto siyang pakinggan ng mga tao, dahil punung-puno siya ng paghahayag. . . . Ayon sa pangako ng Panginoon, yaong mga tumanggap ng mga alituntuning itinuro niya ay nakatatanggap sa Panginoon ng patunay na totoo ang mga ito."[32]

*Edward Stevenson, miyembro ng Pitumpu mula 1848 hanggang 1897:* "Una ko siyang nakita noong 1834 sa Pontiac [Michigan] at dahil hindi siya mawala sa isip ko natutuwa akong ilarawan siya sa kanyang maraming kaibigan. Ang pagmamahal ko sa kanya, bilang tunay na Propeta ng Diyos ay nakatanim na sa isipan ko, at lagi nang nasa isipan ko mula noon, bagaman halos animnapung taon na ang lumipas. Sa taon ding iyon ng 1834, sa gitna ng maraming malalaking kongregasyon, pinatotohanan ng Propeta nang may matinding kapangyarihan ang pagdalaw ng Ama at ng Anak, at ang pakikipag-usap niya sa kanila. Hindi ko pa nadama kailanman ang kapangyarihang ipinakita sa mga pagkakataong ito."[33]

*Mary Ann Stearns Winters, anak ng asawa (stepdaughter) ni Elder Parley P. Pratt:* "Nakatayo akong malapit sa Propeta habang nangangaral siya sa mga Indian sa Kakahuyang malapit sa Templo. Pinagliwanag ng Banal na Espiritu ang kanyang mukha hanggang sa nagliwanag itong tila may limbo sa paligid nito, at ang kanyang mga sinabi ay tumimo sa puso ng mga nakikinig sa kanya. . . .

"Nakita ko ang mga bangkay nina Brother Joseph at Hyrum habang nakahimlay sila sa Mansion House matapos silang dalhin mula sa Carthage, at nakita ko rin ang ilan sa kanilang mga kasuotan na puno ng sarili nilang dugo. Alam kong sila ang mga kalalakihan ng Diyos, ang Propeta at Patriarch, totoo at tapat. Nawa'y maging marapat tayong makita sila sa kabilang buhay!"[34]

*Wilford Woodruff, sa kanyang iniulat na sermon na ibinigay noong Abril 6,1837:* "Tumayo si Pangulong Joseph Smith Jr. at nagsalita sa kongregasyon sa loob ng tatlong oras, nababalutan ng kapangyarihan, espiritu, at imahe ng Diyos. Hayagan niyang ipinahiwatig ang kanyang kaisipan at damdamin sa bahay ng kanyang mga kaibigan. Inihayag niya ang maraming bagay na lubhang makabuluhan sa mga isipan ng mga elder ng Israel. Ah, nang sa gayon ay maiukit sa ating mga puso ng isang bakal na panulat upang manatili magpakailanman at sa gayo'y maipamuhay natin ang mga ito [tingnan sa Job 19:23–24]. Ang bukal na iyon ng liwanag, alituntunin, at kabutihang nagmula sa puso at bibig ni Propetang Joseph, na ang puso tulad ni Enoc ay lumaki gaya ng kawalang-hanggan—masasabi ko na ang ganoong mga katibayan na inihayag nang gayon kalakas ay makapapawi ng lahat ng kawalang-paniniwala at pag-aalinlangan sa isipan ng mga nakikinig, sapagkat ang gayong pananalita, damdamin, alituntunin, at diwa ay hindi dadaloy mula sa kadiliman. Si Joseph Smith Jr. ay propeta ng Diyos na ibinangon upang iligtas ang Israel at ito'y totoo tulad ng pag-alab ng aking puso ngayon."[35]

*Brigham Young:* "Mula noong una kong makita si Propetang Joseph, wala akong nalimutan ni isang salitang nagmula sa kanya hinggil sa kaharian. At ito ay susi ng kaalamang mayroon ako ngayon, na talagang narinig ko ang mga salita ni Joseph, at iniingatan ito sa aking puso. Pinangalagaan ko ito, isinasamo sa aking Ama sa pangalan ng kanyang Anak na si Jesus na ipaisip ito sa akin kapag kinakailangan. Pinahahalagahan ko ang mga bagay ng Diyos, at ito ang susi na hawak ko ngayon. Sabik akong matuto mula kay Joseph at sa Espiritu ng Diyos."[36]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Basahin ang mga patotoo tungkol kay Propetang Joseph Smith sa mga pahina 580–83. Ano ang nadama ninyo sa mga patotoong ito? Ano ang pundasyon ng inyong sariling patotoo

tungkol kay Joseph Smith? Paano ninyo natamo ang patotoong ito? Maaari ninyong isulat sa journal ang inyong patotoo o kaya ay ibahagi ito sa inyong pamilya?

- Ang mga pahina 583–85 ay naglalaman ng mga pahayag na naglalarawan ng anyo, personalidad, at pagkatao ni Joseph Smith. Paano naimpluwensyahan ng mga pahayag na ito ang inyong nadarama tungkol kay Joseph Smith? Mag-isip ng mga paraan kung paano ninyo maaaring taglayin ang ilan sa mga katangiang ito.
- Pag-aralan ang mga patotoo tungkol sa paraan ni Propetang Joseph Smith sa pagtuturo ng ebanghelyo at pagpapaliwanag ng mga banal na kasulatan (mga pahina 585–88). Paano makakatulong sa atin ang mga patotoong ito sa pag-aaral at pagtuturo natin ng ebanghelyo?
- Repasuhin ang huling bahagi ng kabanatang ito (mga pahina 588–90). Paano ninyo masusundan ang mga halimbawa ni Wilford Woodruff at Brigham Young sa pag-aaral ninyo ng aklat na ito? Paano ninyo masusundan ang kanilang mga halimbawa habang pinag-aaralan ninyo ang mga turo ng mga buhay na propeta? Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng hayaang ang katotohanan ay "maiukit sa ating mga puso ng isang bakal na panulat"?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* 2 Nephi 3:6–19; D at T 24:1–9; 124:1

## *Mga Tala*

1. Sinipi sa *History of the Church,* 5:408; ginawang makabago ang pagpapalaki ng mga letra; mula sa isang liham ng isang di-nagpakilalang manunulat ng *Boston Bee*, Mar. 24, 1843, Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Mayo 15, 1843, p. 200.
2. *History of the Church,* 5:339; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 8, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Willard Richards at William Clayton.
3. Parley P. Pratt, *Autobiography of Parley P. Pratt,* inedit ni Parley P. Pratt Jr. (1938), p. 46.
4. Alvah J. Alexander, sa "Joseph Smith, the Prophet," *Young Woman's Journal,* Dis. 1906, p. 541.
5. Amasa Potter, "A Reminiscence of the Prophet Joseph Smith," *Juvenile Instructor,* Peb. 15, 1894, p. 132.
6. Brigham Young, *Deseret News,* Okt. 31, 1855, p. 268.
7. Eliza R. Snow, "Anniversary Tribute to the Memory of President Joseph Smith," *Woman's Exponent,* Ene. 1, 1874, p. 117; ginawang makabago ang pagbabantas.
8. Bathsheba W. Smith, sa "Recollections of the Prophet Joseph Smith," *Juvenile Instructor,* Hunyo 1, 1892, p. 344.

9. Wilford Woodruff, *Deseret News,* Ene. 20, 1858, p. 363; ginawang makabago ang pagpapalaki ng mga letra.
10. Daniel D. McArthur, sa "Recollections of the Prophet Joseph Smith," *Juvenile Instructor,* Peb. 15, 1892, p. 129.
11. Alexander McRae, sinipi sa *History of the Church,* 3:258; mula sa isang liham ni Alexander McRae sa editor ng *Deseret News,* Nob. 1, 1854, Salt Lake City, Utah, inilathala sa *Deseret News,* Nob. 9, 1854, p. 1; ginawang makabago ang pagbabantas at gramatika.
12. Lyman O. Littlefield, *Reminiscences of Latter-day Saints* (1888), p. 35
13. Mary Alice Cannon Lambert, sa "Joseph Smith, the Prophet," *Young Woman's Journal,* Dis. 1905, p. 554.
14. Angus M. Cannon, sa "Joseph Smith, the Prophet," *Young Woman's Journal,* Dis. 1906, p. 546; ginawang makabago ang pagbabaybay at paggamit ng gramatika.
15. Hyrum Smith, sinipi sa *History of the Church,* 6:346; mula sa isang talumpating ibinigay ni Hyrum Smith noong Abr. 28, 1844, sa Nauvoo, Illinois.
16. Parley P. Pratt, *Autobiography of Parley P. Pratt,* ed. Parley P. Pratt Jr. (1938), pp. 45–46; binago ang pagkakahati ng mga talata.
17. Liham ni John Needham sa kanyang mga magulang noong Hulyo 7, 1843, Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Millennial Star,* Okt. 1843, p. 89.
18. Emmeline B. Wells, "The Prophet Joseph," *Young Woman's Journal,* Ago. 1912, pp. 437–38; binago ang pagkakahati ng mga talata.
19. Mary Alice Cannon Lambert, sa "Joseph Smith, the Prophet," *Young Woman's Journal,* Dis. 1905, p. 554.
20. John M. Bernhisel, sinipi sa *History of the Church,* 6:468; binago ang pagkakahati ng mga talata; kinuha mula sa sulat ni John M. Bernhisel kay Thomas Ford, Hunyo 14, 1844, Nauvoo, Illinois.
21. Jesse N. Smith, sa "Recollections of the Prophet Joseph Smith," *Juvenile Instructor,* Ene. 1, 1892, pp. 23–24; binago ang pagkakahati ng mga talata.
22. Liham ni William Clayton kay William Hardman, Mar. 30, 1842, Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Millennial Star,* Ago. 1, 1842, p. 76.
23. Joseph F. Smith, sa "Joseph, the Prophet," *Salt Lake Herald Church and Farm Supplement,* Ene. 12, 1895, p. 211; ginawang makabago ang pagbabaybay at pagbabantas.
24. Brigham Young, *Deseret News,* Nob. 28, 1860, p. 305; ginawang makabago ang pagpapalaki ng mga letra.
25. Liham ni Howard Coray kay Martha Jane Lewis, Agos. 2, 1889, Sanford, Colorado, pp. 3–4, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.
26. Joseph Lee Robinson, Autobiography and Journals, 1883–92, folder 1, p. 22, Church Archives.
27. Liham ni Orson Spencer sa isang di-kilalang tao, Nob. 17, 1842, Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Ene. 2, 1843, pp. 56–57; ginawang makabago ang pagbabantas.
28. Liham ni Jonah R. Ball kay Harvey Howard, Mayo 19, 1843, Nauvoo, Illinois; Jonah Randolph Ball, Letters 1842–43, to Harvey Howard, Shutesbury, Massachusetts, Church Archives.
29. Liham ni William Clayton sa mga miyembro ng Simbahan sa Manchester, England, Dis. 10, 1840, Nauvoo, Illinois, Church Archives.
30. Mercy Fielding Thompson, "Recollections of the Prophet Joseph Smith," *Juvenile Instructor,* Hulyo 1, 1892, p. 399; binago ang pagkakahati ng mga talata.
31. Emmeline B. Wells, sa "Joseph Smith, the Prophet," *Young Woman's Journal,* Dis. 1905, p. 556; ginawang makabago ang pagbabantas; binago ang pagkakahati ng mga talata.
32. Lorenzo Snow, *Deseret Weekly,* Abr. 13, 1889, p. 487.
33. Edward Stevenson, *Reminiscences of Joseph, the Prophet, and the the Coming Forth of the Book of Mormon* (1893), p. 4; binago ang pagkakahati ng mga talata.
34. Mary Ann Stearns Winters, sa "Joseph Smith, the Prophet," *Young Woman's Journal,* Dis. 1905, p. 558; binago ang pagkakahati ng mga talata.
35. Wilford Woodruff, pag-uulat tungkol sa talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 6, 1837, sa Kirtland, Ohio; Wilford Woodruff, Journals, 1833–98, Church Archives.
36. Brigham Young, *Deseret News,* Hunyo 6, 1877, p. 274; ginawang makabago ang pagpapalaki ng mga letra.

# Ang Panunumbalik ng Lahat ng Bagay: Ang Dispensasyon ng Kaganapan ng Panahon

*"[Ito] ang tunay na dispensasyon ng kaganapan ng panahon, kung kailan ang lahat ng bagay na kay Cristo Jesus sa langit man o sa lupa, ay sama-samang titipunin sa Kanya, at kung kailan lahat ng bagay ay ipanunumbalik."*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Mahal ni Propetang Joseph Smith ang Nauvoo Temple at hangad na makitang matapos ito. Naroon si Martha Coray na taga Nauvoo nang magsalita ang Propeta at iniunat ang kanyang kamay at itinuro ang templo at sinabi sa malungkot na tinig, "Kung loloobin ng Diyos na habaan pa ang buhay ko upang makitang natapos na ang templo mula sa pundasyon hanggang sa pinakaibabaw na bato, sasabihin ko, 'O, Panginoon, ito ay sapat na Panginoon, hayaan ninyong pumanaw na payapa ang inyong tagapaglingkod.' "[1]

Ginunita ni George Q. Cannon, na kalaunan ay naging tagapayo sa Unang Panguluhan: "Bago ang kanyang kamatayan, nagpakita siya ng malaking kasabikan na makitang tapos na ang templo [ng Nauvoo], na alam na alam ng karamihan sa inyo na miyembro na ng Simbahan noong panahon niya. 'Bilisan ninyo ang paggawa, mga kapatid,' lagi niyang sinasabi,—tapusin natin ang templo; ang Panginoon ay may inihandang dakilang kaloob para sa inyo, at sabik na akong matanggap na ng mga kapatid ang kanilang endowment at ang kabuuan ng priesthood.' Hinimok



*Inasam ni Propetang Joseph Smith na makitang tapos na ang Nauvoo Temple. " 'Bilisan ninyo ang paggawa, mga kapatid,' lagi niyang sinasabi,—'tapusin natin ang templo; ang Panginoon ay may inihandang dakilang kaloob sa inyo.' "*

niyang magpatuloy ang mga banal, na ipinangangaral sa kanila ang kahalagahan ng pagtapos sa gusaling iyon, upang sa loob niyon ay maigawad ang mga ordenansa ng buhay at kaligtasan sa lahat ng tao, lalo na sa mga korum ng banal na priesthood; 'pagkatapos,' sabi niya, 'itatatag ko ang Kaharian, at wala ng halaga sa akin kahit ano pa ang mangyari sa akin.' "[2]

Ang mga plano para sa Nauvoo Temple ay gawin itong mas malaki at mas magandang gusali kaysa sa Kirtland Temple. Matatagpuan sa tuktok ng burol kung saan matatanaw ang Ilog ng Mississippi, ang natapos na Nauvoo Temple ay naging isa sa mga pinakamaringal na gusali sa Illinois. Yari ito sa mga limestone na nakuha mula sa minahang malapit sa Nauvoo Temple at kahoy na mula sa taniman ng mga puno ng pino sa Wisconsin. Kapag natapos, magiging 39 na metro ang haba nito, halos 27 metro ang lapad, at mahigit 50 metro ang taas hanggang sa tuktok ng taluktok. Ang panlabas na bahagi ay pinalamutian ng mga batong naglalarawan ng buwan, araw, at mga bituin na buong ingat na inukit, samantalang ang sikat ng araw na naglalagos sa maraming bintana ang nagbigay-liwanag sa loob nito.

Namatay si Joseph Smith bago matapos ang Nauvoo Temple, ngunit matapos ang kanyang kamatayan, libu-libong Banal ang tumanggap ng mga sagradong ordenansa sa templo sa ilalim ng pamamahala ni Brigham Young. Matapos mapilitang lisanin ng mga Banal ang Nauvoo, nawasak ang kanilang magandang templo. Tinupok ito ng apoy noong 1848, at noong 1850 isang buhawi ang nagpatag sa ilang pader nito, na nagpahina sa natitira pang pader kung kaya't kailangang tuluyan nang itumba ang mga ito. Makalipas ang halos 150 taon, sinimulan ang pagtatayo ng bagong Nauvoo Temple sa mismong orihinal na pinagtayuan dito. Inilaan ang muling itinayong templo noong Hunyo 27, 2002, na naging isa sa mahigit isandaang templo sa buong mundo. Bawat isa sa mga templong ito ay simbolo na ang kabuuan ng mga pagpapala ng Diyos sa Kanyang mga anak, buhay at patay, ay naipanumbalik sa huling dipensasyong ito.

Si Propetang Joseph Smith ay tinawag ng Diyos upang ibalik ang mga dakilang pagpapalang ito sa mundo at mamuno sa dispensasyon ng kaganapan ng panahon. Noong nagministeryo ang

Propeta, ang lahat ng bagay na kailangan para mailatag ang pundasyon ng pinakadakilang dispensasyon sa lahat ng panahon ay ipinanumbalik. Ang priesthood, taglay ang mahahalagang susi nito, ay ipinanumbalik; ang Aklat ni Mormon ay isinalin; itinatag ang Simbahan; at ang mga doktrina, ordenansa at tipan ay ipinahayag, kabilang na ang mga ordenansa at mga tipan ng endowment at ang pagbubuklod ng kasal. Ipinahayag ng Panginoon na ipinagkaloob Niya kay Joseph Smith "ang mga susi ng aking kaharian, at dispensasyon ng ebanghelyo para sa huling panahon; at para sa kaganapan ng panahon, kung kailan ko samasamang titipunin sa isa ang lahat ng bagay, maging ang mga nasa langit, at ang mga nasa lupa" (D at T 27:13).

## Mga Turo ni Joseph Smith

### Sa huling dispensasyong ito, lahat ng karapatan, ordenansa, at kaalaman ng mga naunang dispensasyon ay naipanumbalik.

"Nasa panuntunan ng mga bagay na makalangit na ang Diyos sa tuwina ay dapat magpadala ng bagong dispensasyon sa mundo kung kailan ang mga tao ay tumalikod mula sa katotohanan at nawalan ng priesthood."[3]

*Noong Setyembre 6, 1842, isinulat ni Joseph Smith ang sumusunod sa mga Banal, na itinala kalaunan sa Doktrina at mga Tipan 128:18:* "Kinakailangan sa pagsisimula ng dispensasyon ng kaganapan ng panahon, kung aling dispensasyon sa ngayon ay nagsisimula na, na ang isang buo at husto at ganap na pagsasanib, at pag-uugnay na magkakasama ng mga dispensasyon, at mga susi, at mga kapangyarihan, at mga kaluwalhatian ay dapat mangyari, at maipahayag mula sa mga araw ni Adan hanggang sa kasalukuyang panahon. At hindi lamang ito, kundi pati na ang mga bagay na hindi pa ipinahayag mula pa sa pagkakatatag ng daigdig, subalit maingat na itinago mula sa matatalino at marurunong, ay ipahahayag sa mga sanggol at pasusuhin dito, sa dispensasyon ng kaganapan ng panahon."[4]

"Tunay ngang ito ay araw na di malilimutan ng mga Banal sa mga huling araw—ang araw kung kailan sinimulan ng Diyos ng langit na ipanumbalik ang sinaunang kaayusan ng Kanyang

kaharian sa Kanyang mga tagapaglingkod at mga tao,—ang araw kung kailan ang lahat ng bagay ay sama-samang kikilos upang maisagawa ang kabuuan ng Ebanghelyo, ang kaganapan ng dispensasyon ng mga dispensasyon, maging ang kaganapan ng panahon; ang araw kung kailan sisimulan nang ipahayag at ihanda ng Diyos sa Kanyang Simbahan ang mga bagay na naganap, at yaong mga bagay na hinangad na makita ng mga propeta noon at matatalinong tao ngunit namatay nang hindi nararanasan ito; ang araw kung kailan ang mga bagay na yaon ay sisimulan nang ipahayag, na pinanatiling nakatago bago pa ang pagkakatatag ng daigdig, at siyang ipinangako ni Jehova na ipaalam sa Kanyang sariling panahon sa Kanyang mga tagapaglingkod, upang maihanda ang mundo para sa Kanyang maluwalhating pagbabalik, maging ang selestiyal na kaluwalhatian, at isang kaharian ng mga Saserdote at mga hari ng Diyos at ng Kordero, magpakailanman, sa Bundok ng Sion."[5]

"Ang dispensasyon ng kaganapan ng panahon ay magpapakita ng mga bagay na naihayag na sa lahat ng naunang dsipensasyon; pati na ang iba pang mga bagay na hindi pa naihahayag. Ipadadala niya si Elijah, ang Propeta, at iba pa, at ibabalik ang lahat ng bagay kay Cristo."[6]

" 'Na ipinakikilala niya sa atin ang hiwaga ng Kaniyang kalooban, ayon sa Kaniyang minagaling na ipinasiya niya sa kaniya rin: sa pagiging katiwala sa kaganapan ng mga panahon, upang tipunin ang lahat ng mga bagay kay Cristo, ang mga bagay na nangasa sangkalangitan, at ang mga bagay na nangasa ibabaw ng lupa; sa kaniya, sinasabi ko.' [Mga Taga Efeso 1:9–10.]

"Ngayon ang pasiya ng Diyos sa mga huling tagpo ng huling dispensasyon ay na ang lahat ng bagay tungkol sa dispensasyong iyon ay dapat pangasiwaan sa tumpak na paraan ayon sa mga naunang dispensasyon.

"At muli, nagpasiya ang Diyos na walang magaganap na walang hanggang kaganapan hangga't hindi naisasakatuparan ang bawat dispensasyon at sama-samang natipon, at ang lahat ng anumang bagay, na dapat sama-samang tipunin sa mga dispensasyong iyon sa gayunding kaganapan at walang hanggang kaluwalhatian, ay dapat na na kay Cristo Jesus. . . .

". . . . Lahat ng ordenansa at tungkulin na kinailangan sa Priesthood, sa ilalim ng mga tagubilin at kautusan ng Pinakamakapangyarihan sa alinmang dispensasyon, ay iiral lahat sa huling dispensasyon, samakatwid lahat ng bagay na umiral sa ilalim ng awtoridad ng priesthood sa alimang panahon, ay iiral muli, upang isakatuparan ang panunumbalik na binigkas ng lahat ng Banal na Propeta."[7]

---

**Si Joseph Smith ang maytaglay ng mga susi ng dispensasyon ng kaganapan ng panahon.**

"Ako . . . ang maytaglay ng mga susi ng huling kaharian, na dispensasyon ng kaganapan ng lahat ng bagay na winika ng mga bibig ng lahat ng banal na Propeta simula nang magsimula ang mundo, sa ilalim ng kapangyarihang magbuklod ng Melchizedek Priesthood."[8]

"Bawat lalaki na may tungkuling maglingkod sa mga tao sa daigdig ay inordenan sa mismong layuning iyon sa Malaking Kapulungan ng langit bago nilikha ang daigdig na ito. Sa palagay ko inordenan ako sa mismong katungkulang ito sa Malaking Kapulungang iyon. Ito ang patotoong nais ko, na ako ay tagapaglingkod ng Diyos, at ang mga taong ito ay kanyang mga tao. Ipinahayag ng sinaunang propeta na sa mga huling araw ang Diyos ng langit ay nararapat magtayo ng kaharian na hindi kailanman mawawasak, ni maiiwan sa ibang tao. . . .

"Layon kong maging isa sa mga kasangkapan sa paghahanda ng kaharian ni Daniel ayon sa salita ng Panginoon, at layon kong magtatag ng pundasyon na magpapabago sa buong mundo."[9]

"Nasa akin ang buong plano ng kaharian, at walang ibang taong mayroon nito."[10]

*Naroon si Lucy Mack Smith nang mangaral si Joseph Smith sa Kirtland Ohio noong 1832. Naalala niya ang sinabing ito ng mga Propeta:* "Ako mismo ang maytaglay ng mga susi ng huling dispensasyong ito, at walang hanggang tataglayin ang mga ito sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan. Kaya ipanatag ang inyong mga kalooban, sapagkat maayos ang lahat."[11]

### Ang huling dispensasyon ay napakahalaga kung kaya't kinakailangan nito ng ganap at lubos na katapatan ng mga Banal.

*Noong Setyembre 1840, ipinahayag nina Joseph Smith at kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan ang sumusunod sa mga miyembro ng Simbahan:* "Ang gawain ng Panginoon sa mga huling araw na ito, ay napakalawak at hindi kayang unawain ng mga mortal. Ang mga kaluwalhatian nito ay di sukat mailarawan, at ang karingalan ay di mapapantayan. Ito ang paksang ikinintal sa damdamin ng mga propeta at matwid na mga tao mula pa nang likhain ang daigdig hanggang sa bawat nagdaang henerasyon at hanggang sa kasalukuyan; at tunay ngang ito ang dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon, kung kailan ang lahat ng bagay na na kay Cristo Jesus, sa langit man o sa lupa, ay samasamang titipunin sa Kanya, at kung kailan ang lahat ng bagay ay ipanunumbalik, na sinalita ng mga banal na propeta mula pa sa simula ng daigdig; sapagkat magaganap dito ang maluwalhating katuparan ng mga pangakong ginawa sa mga ama, habang ang mga pagpapakita ng kapangyarihan ng Kataas-taasan ay magiging dakila, maluwalhati, at banal. . . .

". . . Ipinasiya naming magpatuloy at pag-isahin ang aming lakas para sa pagtatayo ng Kaharian, at pagtatatag ng Priesthood sa kanilang kaganapan at kaluwalhatian. Ang gawaing dapat isakatuparan sa mga huling araw ay napakahalaga, at kakailanganin nito ang lakas, kasanayan, talento, at kakayahan ng mga Banal, nang sa gayon ito ay lumaganap taglay ang kaluwalhatian at karingalang inilarawan ng propeta [tingnan sa Daniel 2:34–35, 44–45]; at samakatuwid ay kailangang pag-ukulan ng pansin ng mga Banal, upang maisagawa ang mga gawaing gayon kalawak at karingal.

"Ang pagtitipong nabanggit sa mga Banal na Kasulatan ay kailangan upang maisakatuparan ang mga kaluwalhatian ng huling dispensasyon. . . .

"Mga kapatid, sa hangaring isakatuparan ang mga layunin ng Diyos, ang gawain kung saan tayo tinawag; at maging kasama Niyang gumagawa sa huling dispensasyong ito; nadarama naming kailangan ng taos-pusong pakikipagtulungan ng mga Banal sa



*Mga full-time missionary sa Missionary Training Center sa Provo, Utah. Ipinahayag ni Joseph Smith na sa huling dispensasyon, "kailangang makinig ang mga Banal sa payo at . . . masigasig na manindigan sa adhikain ng katotohanan."*

buong lupaing ito, at sa ibabaw ng mga pulo ng dagat. Kailangang makinig ang mga Banal sa payo at ibaling ang kanilang pansin sa Simbahan, sa pagtatayo ng Kaharian, at isantabi ang bawat makasariling panuntunan, lahat ng nakabababa at nakapagpapasama ng pagkatao, at masigasig na manindigan para sa katotohanan, at tulungan sa abot ng kanilang makakaya ang mga binigyan ng pamantayan at plano [ng kaharian ng Diyos]. . . .

"Samakatwid, narito minamahal kong mga kapatid, ang gawaing karapat-dapat na ipaglaban ng mga arkanghel—gawaing napakalaki ng kahigitan kumpara sa mga bagay na naisagawa na; gawaing hinanap, inasahan, at taimtim na hinangad na mamalas ng mga propeta at matwid na mga tao nang nakaraang panahon, ngunit pumanaw nang hindi namalas ito; at mapalad ang mga taong tutulong sa pagsasakatuparan ng napakalaking gawain ni Jehova."[12]

"Ang pagtatayo ng Sion ay gawain na bumighani sa mga tao ng Diyos sa bawat panahon; ito'y paksang binigyang-diin ng mga propeta, saserdote at hari nang may kakaibang galak; malugod nilang inasam ang ating panahon; at bunga ng makalangit at pag-asam na puno ng galak sila'y umawit at nagsulat at nagpropesiya tungkol sa ating panahon; ngunit namatay silang hindi ito namalas; tayo ang mga hinirang ng Diyos na Kanyang pinili upang isakatuparan ang kaluwalhatian sa huling araw; narito ito upang ating makita ito, maging bahagi nito, at tulungang maisulong ang kaluwalhatian sa mga Huling araw, ang 'dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon, kung kailan titipunin ng Diyos ang lahat ng bagay na nasa langit, at lahat ng bagay na nasa lupa, at pag-iisahin' [tingnan sa Mga Taga Efeso 1:10], kung kailan ang mga Banal ng Diyos ay sama-samang titipunin mula sa bawat bansa, at lahi, at wika, kung kailan ang mga Judio ay sama-samang titipunin, ang masasama ay titipunin din upang lipulin, tulad ng sinalita ng mga propeta; ang Espiritu ng Diyos ay mananahan din sa Kanyang mga tao, at aalisin mula sa iba pang mga bansa, at lahat ng bagay sa langit man o sa lupa ay pag-iisahin, maging kay Cristo.

"Ang Priesthood sa langit ay makikipag-isa sa Priesthood sa mundo, upang maisakatuparan ang mga dakilang layuning iyon; at habang tayo ay nagkakaisa sa iisang adhikain, upang isulong ang kaharian ng Diyos, ang Priesthood sa langit ay hindi lamang manonood, ang Espiritu ng Diyos ay ibubuhos mula sa itaas at mananahan sa atin. Ang mga pagpapala ng Kataastaasan ay mapapasaatin, at ang ating pangalan ay sasambitin sa hinaharap; magsisibangon ang ating mga anak at tatawagin tayong mapalad; at ang mga darating na henerasyon ay malulugod sa mga karanasang pinagdaanan natin, ang mga kasalatang tiniis natin, ang walang sawang pagsusumigasig na ipinakita natin, ang lahat ng hirap na di kayang pasanin na ating nadaig sa paglalatag ng pundasyon ng gawaing nagdulot ng kaluwalhatian at pagpapalang kanilang kakamtin; gawaing kinaluguran ng Diyos at ng mga anghel nang nakalipas na henerasyon; na nagbigay-inspirasyon sa mga kaluluwa ng sinaunang mga patriarch at propeta; gawaing nakatakdang isakatuparan ang pagwasak sa kapangyarihan ng kadiliman, ang pagpapanibagong muli ng mundo, ang kaluwalhatian ng Diyos, at ang kaligtasan ng sangkatauhan."[13]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Repasuhin ang mga pahina 593–96. Bakit mahalaga ang mga templo sa pagsasakatuparan ng gawain ng Panginoon?
- Sa inyong palagay bakit inasam ng mga sinaunang propeta at mga pantas ang ating panahon? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 596–98.) Pagnilay-nilayin ang pribilehiyong maging miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon.
- Pag-aralan ang ikatlong talata sa pahina 598. Habang pinag-iisipan ninyong mabuti ang pahayag na ito, ano ang mga naisip at nadama ninyo tungkol sa mga tungkulin ninyong maglingkod sa Simbahan?
- Basahin ang huling tatlong buong talata sa pahina 598. Paano napalalakas ng mga pahayag na ito ang inyong patotoo sa misyon ni Propetang Joseph Smith?
- Sabi ni Propetang Joseph Smith, "Ang gawain ng Panginoon sa mga huling araw na ito ay napakahalaga" (pahina 599). Pag-aralan ang mga pahina 599–601, at pag-isipang mabuti ang ating responsibilidad na tumulong sa pagsasakatuparan ng gawain ng Panginoon sa huling dispensasyon. Bakit natin dapat "pag-isahin ang ating lakas" kung nais nating maisakatuparan ang gawaing ito? Bakit natin dapat "isantabi ang bawat makasariling panuntunan"? Isipin kung paano ninyo magagamit ang inyong "lakas, kasanayan, talento, at kakayahan" para makatulong sa gawain ng Panginoon.

*Kaugnay na mga banal na kasulatan:* D at T 27:12–13; 90:2–3; 112:30–32; 124:40–41

## *Mga Tala*


1. Binanggit ni Martha Jane Knowlton Coray, sa pag-uulat tungkol sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith sa Nauvoo, Illinois; Martha Jane Knowlton Coray, Notebook, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah; ang talumpating ito ay may petsang Hulyo 19, 1840, sa kuwaderno ni Sister Coray, ngunit malamang na mas maaga ito kaysa sa talagang petsa ng pagkakabigay.
2. George Q. Cannon, *Deseret News: Semi-Weekly,* Dis. 14, 1869, p. 2.
3. *History of the Church,* 6:478–79; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hunyo 16, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Thomas Bullock; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
4. Doktrina at mga Tipan 128:18; mula sa isang liham ni Joseph Smith sa mga Banal, Set. 6, 1842, Nauvoo, Illinois.
5. *History of the Church,* 4:492–93; mula sa isang journal entry ni Joseph Smith, Ene. 6, 1842, Nauvoo, Illinois.
6. *History of the Church,* 4:426; mula sa katitikan ng isang kumperensya ng Simbahan na ginanap noong Okt. 3, 1841, sa Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Okt. 15, 1841, p. 578.
7. *History of the Church,* 4:208, 210–11; mula sa isang talumpating inihanda ni Joseph Smith at binasa sa isang kumperensya ng Simbahan na idinaos noong Okt. 5, 1840, sa Nauvoo, Illinois.
8. *History of the Church,* 6:78; ginawang makabago ang pagbabaybay; mula sa isang liham ni Joseph Smith kay James Arlington Bennet, Nob. 13, 1843, Nauvoo, Illinois; mali ang pagbabaybay na "Bennett" sa apelyido ni James Bennet sa *History of the Church*.
9. *History of the Church,* 6:364–65; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mayo 12, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Thomas Bullock.
10. *History of the Church,* 5:139; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Ago. 29, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni William Clayton.
11. Binanggit ni Lucy Mack Smith, sa pag-uulat tungkol sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong mga unang buwan ng 1832 sa Kirtland, Ohio; Lucy Mack Smith, "The History of Lucy Smith, Mother of the Prophet," 1844–45 manuscript, book 13, p. 5, Church Archives
12. *History of the Church,* 4:185–87; ginawang makabago ang pagbabantas; mula sa isang liham ni Joseph Smith at ng kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan sa mga Banal, Set. 1840, Nauvoo, Illinois, inilathala sa *Times and Seasons,* Okt. 1840, pp. 178–79.
13. *History of the Church,* 4:609–10; ginawang makabago ang pagbabantas; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa "The Temple," isang editoryal na inilathala sa *Times and Seasons,* Mayo 2, 1842, p. 776; si Joseph Smith ang editor ng pahayagan.



*Nag-ukol ng oras si Joseph Smith para ipakita na may malasakit siya sa bawat isa sa mga Banal. Naalala ni Margarette McIntire Burgess ang Propeta, na tinawag niyang "ang mapagmahal na kaibigan ng mga bata," nang malubog sila ng kapatid niya sa putik at tinulungan sila nito.*

# Ang Damdamin ni Joseph Smith Tungkol sa Kanyang Misyon Bilang Propeta

*"Wala akong ibang hangad kundi gawan ng kabutihan ang lahat ng tao."*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Mula pa sa simula ng ministeryo ni Propetang Joseph Smith, madalas nang malagay sa panganib ang kanyang buhay. Bagaman maraming beses siyang nailigtas ng Panginoon mula sa kanyang mga kaaway, alam ng Propeta na sa sandaling matapos na niya ang kanyang misyon sa lupa, siya ay maaaring mamatay. "Ipinapalagay ng ilan na hindi maaaring mamatay si Brother Joseph," sabi niya sa isang libing sa Nauvoo noong 1842, "ngunit isang pagkakamali ito: totoo na maraming beses na pinangakuan akong pangangalagaan ang aking buhay upang maisagawa ang ilang bagay, ngunit, kapag nagawa ko na ang mga bagay na iyon, hindi ipinangako sa aking patuloy akong mabubuhay. Mamamatay din ako tulad ng ibang tao."[1]

Alam ng Propeta na patuloy na nanganganib ang kalagayan niya at ng lahat ng Banal na naninirahan sa Nauvoo. Sa pag-unlad ng Nauvoo, ilan sa mga naninirahan sa lugar ang nagsimulang matakot sa nag-iibayong lakas ng mga Banal sa pulitika at ekonomiya. Muli silang inumpisahang guluhin ng mga mandurumog. Ang Propeta ang siyang nasa pinakamapanganib na kalagayan, dahil ilang beses siyang tinangkang hulihin ng pulisya ng Missouri, at ang mga tumiwalag sa Simbahan ay lalong naging marahas sa ginagawang pagsira sa kanya. Noong Agosto 6, 1842, ipinahayag ng Propeta na darating ang panahon na mapipilitang lisanin ng mga miyembro ng Simbahan ang Nauvoo:

"Ipinopropesiya ko na ang mga Banal ay patuloy na daranas ng maraming hirap at itataboy papuntang Rocky Mountains. Marami ang mag-aapostasiya, ang iba'y papatayin ng ating mga tagausig o mamamatay bunga ng pagkalantad sa mga sakit, at ang ilan sa inyo ay mabubuhay upang magpatuloy at tumulong sa pagtatayo ng mga paninirahan at mga lungsod at makikitang maging maimpluwensyang tao ang mga Banal sa gitna ng Rocky Mountains."[2]

Sa mga sermon at isinulat sa mga huling taon ng buhay ng Propeta, nagpapahiwatig ang mga ito na kailangang gawin agad ang isang bagay. Dahil alam niyang maikli ang kanyang buhay, masigasig siyang gumawa upang turuan ang mga Banal ng mga bagay na inihayag sa kanya ng Diyos at hinikayat silang maghandang tanggapin ang mga katotohanang ito. Nagpakita rin siya ng malaking pagmamahal sa mga Banal, at ipinahayag pa na handa siyang ialay ang kanyang buhay para sa kanila: "Ako ay nakahandang magsakripisyo sa paraang makapagdudulot ng pinakamalaking kapakinabangan at kabutihan."[3]

Kahanga-hanga na habang nagtitiis ng napakatinding panguusig ang Propeta at abalang-abala sa mga gawaing hinihingi ng isang lumalagong Simbahan, nag-ukol siya ng panahon para ipakita na may malasakit siya sa bawat miyembro ng Simbahan. Sa sumunod na mga taon maraming Banal ang nakaalala sa pagmamahal at kabaitang ipinakita sa kanila ni Propetang Joseph Smith.

Naalala ni Aroet L. Hale: "Ang Propeta . . . ay madalas lumalabas ng Mansion [House] at nakikipaglaro ng bola sa aming mga bata, kasama ang anak niyang si Joseph na halos ka-edad ko. Laging sumusunod sa mga patakaran ng laro [ang Propeta]. Sinasalo niya ang bola at pinapalo ito kapag siya na ang titira, at dahil malaking tao siya, napakalayo ng nararating ng bolang pinalo niya kaya isinisigaw namin sa batang humahabol sa bola na dalhin na ang kanyang hapunan dahil tiyak na matagal bago siya makabalik. Natatawa ang Propeta kapag sinasabi ito. Si Joseph ay likas na mabait at masayahin."[4]

Ikinuwento ni Margarette McIntire Burgess ang isa pang pangyayaring naranasan niya sa Nauvoo kasama ang Propeta: "Papunta kami noon sa paaralan ng kuya ko, malapit sa gusaling

tinatawag na Joseph's brick store. Nag-uulan bago ang araw na 'yon, kaya napakaputik ng daan lalo na sa kalsadang iyon. Nalubog kami sa putik ng kapatid kong si Wallace, at hindi makaahon, at siyempre, dahil mga bata pa, nagsimula kaming umiyak, inaakalang hindi na kami makaaalis doon. Pero nang tumingala ako, nakita ko ang mapagmahal na kaibigan ng mga bata, si Propetang Joseph, na papunta sa amin. Hindi nagtagal nailipat niya kami sa mas mataas at tuyong lupa. Pagkatapos ay yumukod siya at nilinis ang putik mula sa maliliit at maputik naming sapatos, kinuha ang panyo mula sa kanyang bulsa at pinunasan ang aming mukha na may bakas ng luha. Magiliw at masaya niya kaming kinausap, at natutuwang inihatid kami sa daan papuntang paaralan. Nakapagtataka ba na mahal ko ang dakila, mabait at marangal na taong iyon ng Diyos?"[5]

## Mga Turo Ni Joseph Smith

### Itinuturo ng mga Propeta ang inihahayag ng Diyos sa kanila; sinisikap nating maunawaan at dinggin ang kanilang mga salita.

Ang pinagninilayan ko buong maghapon, at higit na nakalulugod sa akin, ay kung paano ko maipauunawa sa mga Banal ng Diyos ang mga pangitain na naiisip ko nang matindi at madalas. Ah, nalulugod akong iparating sa inyo ang mga bagay na hindi pa ninyo naisip kailanman! Ngunit ang mga kahirapan at alalahanin ng daigdig ay humahadlang sa aking gawin iyon. . . .

"Hosanna, hosanna, hosanna sa Makapangyarihang Diyos, nagsisimula na ngayong sumikat sa atin ang liwanag. Hindi ako makaapuhap ng mga salita para masabi ko ang nais kong sabihin. Hindi ako nakapag-aral ngunit may damdamin rin akong tulad ng iba. Ah! sana'y taglay ko ang husay sa pananalita ng isang arkanghel upang maipahayag ang nadarama ko sa aking mga kaibigan! Ngunit hindi ko kailanman inaasahan ito sa aking buhay."[6]

"Napakahirap ipaisip ang anumang bagay sa henerasyong ito. Para kang gumamit ng kapirasong tinapay sa pagsibak ng matigas na kahoy, at ng kalabasa para gawing malyete. Maging ang mga banal ay mabagal makaunawa.

"Sinikap ko sa loob ng ilang taon na maihanda ang isipan ng mga Banal sa pagtanggap ng mga bagay ukol sa Diyos; subalit malimit na makakita kami ng ilan sa kanila, na matapos magpakasakit para sa gawain ng Diyos, ay nawawala katulad ng salaming madaling mabasag sa sandaling may dumating na anumang salungat sa kanilang mga kaugalian; hindi na nila matagalan ang pagsubok. Gaano karami ang makasusunod sa selestiyal na batas, at magpapatuloy at tatanggapin ang kanilang kadakilaan, hindi ko masasabi, dahil marami ang tinawag, subalit iilan lang ang napili [tingnan sa D at T 121:40]."[7]

"Hindi ako tulad ng ibang tao. Patuloy na abala ang aking isipan sa mga gawain sa araw-araw, at kailangan kong umasa nang lubusan sa Diyos na buhay sa lahat ng aking sasabihin sa mga okasyong tulad nito [na isang libing]. . . .

"Kung may inspirasyon, paghahayag at lakas ako para iparating ang mga napagnilayan na ng aking kaluluwa, bawat isa sa kongregasyong ito ay uuwi sa kanilang bahay at titigil sa pagsasalita tungkol sa relihiyon hanggang sa may matutuhan sila.

"Bakit ninyo tinitiyak na nauunawaan ninyo ang lahat ng bagay ukol sa Diyos, gayong hindi kayo nakatitiyak sa lahat ng bagay? Malaya kayong tanggapin ang lahat ng kaalaman at karunungang maibabahagi ko sa inyo."[8]

"Sinasabi ng ilang tao na ako ay huwad na Propeta, dahil hindi ko ibinibigay ang lahat ng salita ng Panginoon. Bakit hindi ko ginagawa iyon? Natanggap na ba natin ito? Hindi pa! walang ni isa man sa silid na ito ang nakatanggap."[9]

"Ihahayag ko sa inyo nang pana-panahon ang mga paksang ipinahayag ng Espiritu Santo sa akin. Lahat ng ginagawang kasinungalingan laban sa akin ay sa diyablo at ang impluwensya ng diyablo at kanyang mga alagad ay gagamitin laban sa kaharian ng Diyos. Ang mga tagapaglingkod ng Diyos ay walang itinuturo kundi mga alituntuning tungkol sa buhay na walang hanggan, sa pamamagitan ng kanilang mga gawa ninyo sila makikilala. Ang mabuting tao ay magsasalita ng mabubuting bagay at banal na mga alituntunin, at ang masamang tao ay magsasalita ng masasamang bagay. Nadarama ko, sa pangalan ng Panginoon, na dapat

akong magalit sa lahat ng gayong masamang paniniwala, kasinungalingan, at iba pa, at binabalaan ko kayong lahat na mag-ingat sa taong uusigin ninyo. Hinihikayat ko kayong dinggin ang lahat ng kabutihan at turong ibinigay ko sa inyo. . . .

"Pinapayuhan ko kayong pag-isipan ito—idagdag sa inyong pananampalataya ang kagalingan, pagmamahal, at iba pa. Sinasabi ko, sa pangalan ng Panginoon, kung ang mga bagay na ito ay nasa inyo, kayo ay magiging masagana [tingnan sa 2 ni Pedro 1:5-8]. Pinapatotohanan ko na walang taong may kapangyarihang ihayag ito kundi ako—mga bagay na nasa langit, sa lupa at sa impiyerno. . . . Binibigyang-puri ko kayo sa Diyos, nang sa gayo'y manahin ninyo ang lahat ng bagay; at nawa'y idagdag ng Diyos ang Kanyang pagpapala."[10]

---

**Bagamat ang mga propeta ay may mga kahinaan din tulad ng karaniwang tao, sila ay tinawag ng Diyos para turuan at pamunuan ang Kanyang mga tao.**

*Nakatala sa journal ng Propeta noong Nobyembre 6, 1835:* "Nitong umaga ipinakilala sa akin ang isang lalaking mula sa silangan. Matapos marinig ang aking pangalan, sinabi niya na tulad lang ako ng karaniwang tao, ipinahihiwatig niya sa sinabi niyang ito, na inakala niya na ang taong itinuring ng Panginoon na akma para magpahayag ng Kanyang kalooban ay dapat hindi karaniwang tao. Tila nalimutan niya ang sinambit ni San Santiago, na nadarama rin ni [Elijah] kung ano ang nadarama natin, subalit malakas ang pananampalataya niya sa Diyos, kung kaya, bilang sagot sa kanyang dalangin, sinarhan ng Diyos ang kalangitan upang hindi ito magbigay ng ulan sa loob ng tatlong taon at anim na buwan; at muli, bilang sagot sa kanyang dalangin, ang langit ay nagbigay ng ulan mula sa kalangitan at ang lupa ay namunga ng kanyang bunga [tingnan sa Santiago 5:17–18]. Tunay ngang gayon ang kadiliman at kawalang-muwang ng henerasyong ito, kung kaya itinuturing nilang hindi kapani-paniwala na maaaring magkaroon ng anumang [ugnayan] ang tao sa kanyang Tagapaglikha."[11]

"Kailan ba ako nagturo ng mali mula sa pulpitong ito? Kailan ba ako nalito? Nais kong magtagumpay sa Israel bago ako lumisan at hindi na muling makita. Kahit kailan hindi ko sinabi sa

inyong perpekto ako; ngunit walang mali sa paghahayag na itinuturo ko. Dahil dito ako ba'y ituturing na lang na walang kabuluhan?"[12]

"Bagamat nakagagawa ako ng mali, hindi ko ginagawa ang maling ibinibintang sa akin: tulad ng iba, nakagagawa ako ng mali dahil sa kahinaang likas sa tao. Walang nabubuhay nang hindi nagkakamali. Sa palagay ba ninyo, maski si Jesus kung Siya man ay narito, hindi ninyo siya hahanapan ng mali? Nagsalita ng lahat ng uri ng kasamaan laban sa Kanya ang kanyang mga kaaway—lahat sila'y naghanap ng masama sa Kanya."[13]

*Nakatala sa journal ni Joseph Smith noong Oktubre 29, 1842:* "Ako . . . ay nagpunta sa tindahan [sa Nauvoo, Illinois], kung saan nagtipon ang ilang miyembro ng simbahan, babae at lalaki, na nagmula sa mga lugar na nakapalibot sa New York City. . . . Sinabi ko sa kanila na ako ay tao lamang, at hindi nila dapat asahang perpekto ako; kung umaasa sila ng pagkaperpekto mula sa akin, dapat ko ring asahan iyon sa kanila; ngunit kung pagtitiyagaan nila ang mga kahinaan ko at ng mga kapatid, pagtitiyagaan ko rin naman ang kanilang mga kahinaan."[14]

---

### Sa kabila ng oposisyon, naisasagawa ng mga propeta ang misyon na ibinigay sa kanila ng Diyos.

"Masaya ako at nagpapasalamat sa pribilehiyong makadalo sa kaganapang ito. Matindi ang pagpupumilit ng aking mga kaaway na dalhin ako sa Missouri at patayin ako; ngunit hinadlangan sila ng Panginoon, at hindi pa nila naisagawa ang kanilang layunin. Nagawa ng Diyos na ilayo ako sa kanilang mga kamay. Ako ay nakipaglaban ng isang mabuting laban. . . .

"Magtatagumpay ako laban sa aking mga kaaway: Nasimulan ko nang magtagumpay sa lupaing ito, at gagawin ko ito sa ibang bayan. At yaong sumasalungat sa akin ay tiyak na madarama ang bigat ng kanilang pagkakasala sa kanilang sarili mismo."[15]

"Masigasig at matapat at may awtoridad akong nagsasalita sa inyo. . . . Alam ko ang sinasabi ko; nauunawaan ko ang aking misyon at gawain. Ang makapangyarihang Diyos ang aking kalasag; at ano ang magagawa ng tao kung ang Diyos ay kaibigan ko? Hindi ako isasakripisyo hangga't hindi ko pa oras; pagkatapos

ako ay kusang iaalay. . . . Nagpapasalamat ako sa Diyos dahil iniligtas ako mula sa aking mga kaaway; wala akong magiging mga kaaway maliban lang kung ipagtatanggol ko ang katotohanan. Wala akong hangad kundi ang gawan ng kabutihan ang lahat ng tao. Nais kong ipagdasal ang lahat ng tao."[16]

"Kung hindi ako naging bahagi ng gawaing ito at tinawag ng Diyos, aatras ako. Ngunit hindi ako makaaatras: Hindi ko pinagaalinlanganan ang katotohanan."[17]

"Ako ay isang magaspang na bato. At kung hindi ako sinimulang pakinisin ng Panginoon ay hindi ako kailanman nagamitan ng pait at martilyo. Tanging ang kaalaman at karunungang mula sa langit ang hangad ko."[18]

"Nagpopropesiya at nagpapatotoo ako ngayong umaga na ang lahat ng pinagsamang kapangyarihan ng lupa at impiyerno ay hindi kailanman kakayanin o kailanman magagapi o madaraig ang batang lalaking ito, sapagkat pinangakuan ako ng Diyos na walang hanggan. Kung ako man ay nagkasala, nagawa ko ito nang hindi ko sinasadya; ngunit walang alinlangang pinagnilayan ko ang mga bagay ng Diyos."[19]

Kapag umaasa ang mga tao sa pundasyon ng iba, ginagawa nila ito sa sarili lamang nila, nang walang awtoridad mula sa Diyos; at kapag dumating ang baha at umihip ang hangin, matutuklasan nilang buhangin lang pala ang kanilang pundasyon, at buung-buong madudurog ito.

"Nagtayo o sumalig ba ako sa pundasyon ng ibang tao? Nasa akin ang lahat ng katotohanang angkin ng daigdig ng mga Kristiyano, at may dagdag pang sariling paghahayag, at papagtatagumpayin ako ng Diyos."[20]

---

**Minamahal ng mga Propeta ang kanilang mga pinaglilingkuran at hangad na pamunuan silang mabuti, kahit na sa paggawa nito ay kailangang pagsabihan sila.**

"Walang may lalong dakilang pag-ibig kay sa rito, na ibigay ng isang tao ang kaniyang buhay dahil sa kaniyang mga kaibigan [tingnan sa Juan 15:13]. Natuklasan ko na daan-daan at libu-libo sa aking mga kapatid ang handang isakripisyo ang kanilang buhay para sa akin.



*"Layunin kong iparating sa lahat ang aking mga sinabi, kapwa sa mayaman at mahirap, alipin at malaya, malalaki at maliliit. . . . Mahal ko ang lahat ng tao, lalo na ang aking mga kapatid sa Simbahan."*

"Napakabigat ng pasaning dumating sa akin. Hindi ako tinitigilan ng mga kumakalaban sa akin, at natuklasan ko na sa gitna ng mga gawain at alalahanin, ang espiritu ay may ibig [o handang kumilos], datapwa't mahina ang laman. Bagamat ako ay tinawag ng aking Ama sa Langit upang ilatag ang pundasyon nito ng dakilang gawain at kaharian sa dispensasyong ito, at patotohanan ang Kanyang inihayag na kalooban sa nakakalat na Israel, nadarama ko rin ang nadarama ng ibang tao, tulad ng mga propeta noong unang panahon. . . .

"Wala akong nakikitang mali sa Simbahan, samakatuwid hayaan ninyong mabuhay akong muli kasama ng mga Banal, umakyat man ako sa langit o bumaba sa impiyerno, o pumunta sa iba pa mang lugar. At kung pupunta tayo sa impiyerno, itataboy nating palabas ang mga diyablo at gagawin itong langit. Kung saan naroon ang mga taong ito, magandang lipunan ang naroroon."[21]

"Hindi dapat akalain ng mga Banal na dahil malapit ako sa kanila at nakikipaglaro at nakikipagtawanan, ay wala na akong alam sa nangyayari. Hindi papayagan sa Simbahan ang anumang uri ng kasamaan, at hindi ito mangyayari hangga't naririto ako; dahil matibay ang pasiya kong pamunuan ang Simbahan, at pamunuan ito nang tama."[22]

"Kung ako man ay lubos na pinalad na maunawaan ang Diyos, at maipaliwanag ang mga alituntunin sa inyong mga puso, nang sa gayon ay mapagtibay ito sa inyo ng Espiritu, kung gayon ang bawat lalaki at babae ay dapat maupo nang tahimik, takpan ng kanilang mga kamay ang kanilang bibig at huwag magtaas ng kamay o tinig, o magsalitang muli ng anumang laban sa tao ng Diyos o sa mga tagapaglingkod ng Diyos. . . . Kung ipinaaalam ko sa inyo ang bagay tungkol sa Kanya, dapat lamang na humintong lahat ang pag-uusig laban sa akin. At malalaman ninyo na ako ay Kanyang tagapaglingkod; sapagkat ako ay nagsasalita nang may awtoridad. . . .

". . . Matitikman ko ang mga alituntunin ng buhay na walang hanggan, at gayon din kayo. Ibinigay sa akin ang mga ito para sa paghahayag ni Jesucristo; at alam ko na kung sasabihin ko sa inyo ang mga salitang ito ng buhay na walang hanggan ayon sa pagkakabigay nito sa akin, matatamasa ninyo ang mga ito, at alam ko na paniniwalaan ninyo ang mga ito. Sinasabi ninyong matamis ang pulot at sinasabi ko rin ito. Matitikman ko rin ang diwa ng buhay na walang hanggan. Alam ko na ito ay mabuti; at kapag sinabi ko sa inyo ang mga bagay na ibinigay sa akin sa pamamagitan ng Espiritu Santo, makatitiyak kayo na matatanggap ninyo ito nang ganoon din katamis, at magagalak nang magagalak. . . .

"Layunin kong iparating sa lahat ang aking mga sinasabi, kapwa sa mayaman at mahirap, alipin at malaya, malalaki at maliliit. Wala akong galit kaninuman. Mahal ko kayong lahat; ngunit napopoot ako sa ilang ginagawa ninyo. Ako ang inyong matalik na kaibigan, at kung magkulang man ang mga tao sa nais nilang kamtin, pagkakamali nila iyon. Kung kagagalitan ko ang isang tao, at mapopoot siya sa akin, siya ay hangal; sapagkat mahal ko ang lahat ng tao, lalo na ang aking mga kapatid sa Simbahan.

". . . Hindi ninyo ako kilala; hindi ninyo alam ang saloobin ng aking puso. Walang taong nakaaalam ng aking kasaysayan. Hindi ko ito maisasalaysay: hindi ko ito kailanman magagawa sa sarili ko lamang. Hindi ko masisisi ang sinuman kung hindi paniwalaan ang aking kasaysayan. Kung hindi ko ito naranasan, ako mismo ay hindi maniniwala rito. Wala akong sinaktang tao mula nang isilang ako sa mundo. Kapayapaan ang lagi kong panawagan.

"Hindi ako makapagpapahinga hangga't hindi natatapos ang aking gawain. Wala akong inisip na masama, o ginawang anuman na makasasakit sa aking kapwa. Kapag ako ay tinawag sa tinig ng arkanghel at tinimbang sa timbangan, makikilala na ninyo ako. Wala na akong idaragdag pa. Pagpalain kayong lahat ng Diyos."[23]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Sa pahina 605 basahing muli ang tungkol sa pag-uusig na naranasan ni Joseph Smith sa Nauvoo. Pagkatapos ay ilipat sa mga pahina 606–7 at repasuhin ang mga kuwento tungkol sa paglilingkod at pakikipaglaro niya sa mga bata sa Nauvoo. Sa inyong palagay bakit niya nagawang manatiling maging masayahin at mapagmalasakit? Pag-isipan kung ano ang magagawa ninyo para manatiling masaya at mapagmahal sa oras ng mga pagsubok.
- Basahin ang huling talata sa pahina 607 at unang talata sa pahina 608 at bigyang-pansin ang nadamang lungkot ni Joseph nang hindi pa handa ang mga Banal na matanggap ang lahat ng gusto niyang ituro sa kanila (tingnan sa mga pahina 608–9). Ano ang makahahadlang sa kakayahan nating tumanggap ng dagdag na katotohanan? Ano ang magagawa natin para "maging handa sa pagtanggap ng mga bagay ng Diyos'?
- Repasuhin ang ikalawang buong talata sa pahina 609 at ang dalawang sumunod na talata. Anong payo ang maibibigay ninyo sa isang taong ayaw sumunod sa isang lider ng Simbahan dahil may problema sa pag-uugali ang lider?

Basahin ang ikalawang buong talata sa pahina 610 at pag-isipan kung paano naaangkop ang pahayag na ito sa lahat ng ating mga pakikipag-ugnayan.

- Nagpahayag si Joseph Smith ng pananampalataya na pangangalagaan siya ng Diyos at bibigyan siya ng kakayahang isakatuparan ang kanyang misyon sa buhay (mga pahina 610–11. Anu-ano ang mga naging karanasan ninyo kung kailan tinulungan kayo ng Diyos na gampanan ang mga responsibilidad ninyo sa inyong pamilya o sa tungkulin ninyo sa Simbahan?
- Pag-aralan ang huling dalawang talata sa pahina 613. Kailan ninyo natikman ang tamis ng katotohanan? Paano tayo magagalak sa mga salita ng propeta o ng iba pang lider ng Simbahan kahit pinagsasabihan niya tayo dahil sa ating mga pagkakamali?
- Mabilis na repasuhin ang buong kabanata at hanapin ang isa o dalawang pahayag na partikular na nakatulong sa inyo? Ano ang pinasasalamatan ninyo sa mga pahayag na pinili ninyo? Paano naimpluwensyahan ng kabanatang ito ang inyong patotoo kay Propetang Joseph Smith?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Daniel 2:44–45; 2 Kay Timoteo 4:6–8; Jacob 1:17–19; Mosias 2:9–11; Mormon 9:31

## Mga Tala

1. *History of the Church,* 4:587; ginawang makabago ang pagbabantas; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 9, 1842, sa Nauvoo, Illinois iniulat ni Wilford Woodruff.
2. *History of the Church,* 5:85; mula sa "History of the Church" (manuskrito), book D-1, p. 1362, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.
3. *History of the Church,* 5:159; mula sa isang liham ni Joseph Smith kay James Arlington Bennet, Set. 8, 1842, Nauvoo, Illinois; mali ang pagbabaybay na "Bennett" sa apelyido ni James Bennet sa *History of the Church*.
4. Aroet L. Hale, "First Book or Journal of the Life and Travels of Aroet L. Hale," pp. 23–24; Aroet Lucius Hale, Reminiscences, ca. 1882, Church Archives.
5. Margarette McIntire Burgess, sa "Recollections of the Prophet Joseph Smith," *Juvenile Instructor,* Ene. 15, 1892, pp. 66–67.
6. *History of the Church,* 5:362; ginawang makabago ang pagbabaybay at pagbabantas; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 16, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Wilford Woodruff at Willard Richards.

7. *History of the Church,* 6:184–85; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Ene. 21, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Wilford Woodruff.
8. *History of the Church,* 5:529–30; ginawang makabago ang pagbabaybay at pagbabantas; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Ago. 13, 1843 sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Willard Richards.
9. *History of the Church,* 4:478; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Dis. 19, 1841, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Wilford Woodruff.
10. *History of the Church,* 6:366–67; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mayo 12, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Thomas Bullock.
11. *History of the Church,* 2:302; mula sa isang journal entry ni Joseph Smith, Nob. 6, 1835, Kirtland, Ohio.
12. *History of the Church,* 6:366; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mayo 12, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Thomas Bullock.
13. *History of the Church,* 5:140; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Ago. 31, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Eliza R. Snow.
14. *History of the Church,* 5:181; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa journal ni Joseph Smith, Okt. 29, 1842, Nauvoo, Illinois.
15. *History of the Church,* 5:139–40; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Ago. 31, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Eliza R. Snow; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
16. *History of the Church,* 5:257, 259; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Ene. 22, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Wilford Woodruff; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
17. *History of the Church,* 5:336; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 6, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Willard Richards.
18. *History of the Church,* 5:423; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hunyo 11, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Wilford Woodruff at Willard Richards; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
19. *History of the Church,* 5:554; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Ago. 27, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Willard Richards at William Clayton.
20 *History of the Church,* 6:479; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hunyo 16, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Thomas Bullock; tingnan din sa apendise, pahina 655 aytem 3.
21. *History of the Church,* 5:516–17; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hulyo 23, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Willard Richards; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
22. *History of the Church,* 5:411; mula sa mga tagubiling ibinigay ni Joseph Smith noong Mayo 27, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Wilford Woodruff.
23. *History of the Church,* 6:304–5, 312, 317; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Abr. 7, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat nina Wilford Woodruff, Willard Richards, Thomas Bullock, at William Clayton; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.

KABANATA 46


# Ang Pagkamatay Bilang Martir: Tinatakan ng Propeta ng Kanyang Dugo ang Kanyang Patotoo

*"Siya ay nabuhay na dakila, at siya ay namatay na dakila sa paningin ng Diyos at ng kanyang mga tao."*

## Mula sa Buhay ni Joseph Smith

Ang taglamig at tagsibol ng 1843–44 ay panahon ng matinding tensyon sa Nauvoo habang lalong tumitindi ang paghahangad ng mga kalaban ni Joseph Smith na pabagsakin siya at ang Simbahan. Dahil alam niyang matatapos na ang kanyang ministeryo sa lupa, madalas na nakipagpulong ang Propeta sa mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol upang tagubilinan sila at ibigay sa kanila ang mga susi ng priesthood na kailangan sa pamamahala sa Simbahan. Nagtapos ang mga paghahandang ito sa pakikipagpulong sa mga Apostol at sa ilan pang malalapit na kasamahan noong Marso 1844. Sa ganitong di pangkaraniwang pulong, inatasan ng Propeta ang Labindalawa na pamahalaan ang Simbahan pagkamatay niya, at ipinaliwanag na naigawad na niya sa kanila ang lahat ng ordenansa, awtoridad, at mga susing kailangan para magawa ito. "Inililipat ko ang dalahin at responsibilidad ng pamumuno sa Simbahang ito mula sa aking mga balikat patungo sa inyo," pahayag niya. "Ngayon, balikatin ninyo ito at manindigan kayo bilang mga tunay na lalaki; dahil ako'y pagpapahingahin muna ng Panginoon."[1]

Noong Hunyo 10, 1844, si Joseph Smith na mayor ng Nauvoo, at ang konseho ng lungsod ng Nauvoo ay nag-utos na wasakin ang *Nauvoo Expositor* at ang palimbagan nito. Ang *Nauvoo Expositor* ay isang pahayagang laban sa mga Mormon na bumatikos sa



*Noong hapon ng Hunyo 27, 1844, nilusob ng mga mandurumog ang piitan sa Carthage, Illinois, at pinaslang sina Propetang Joseph Smith at Hyrum Smith.*

Propeta at sa iba pang mga Banal at umapelang baguhin ang Nauvoo Charter. Nangamba ang mga opisyal ng lungsod na baka maging dahilan ang lathalaing ito para kumilos ang mga mandurumog. Dahil sa ginawang pagkilos ng mayor at konseho ng lungsod, inakusahan nang walang basehan ng pulisya ng Illinois ang Propeta, ang kanyang kapatid na si Hyrum, at iba pang mga opisyal ng lungsod ng Nauvoo ng panggugulo. Iniutos ni Thomas Ford, gobernador ng Illinois, na humarap sa korte sa Carthage, Illinois, na kabisera ng lungsod, ang mga kalalakihang ito at pinangakuang poproteksyunan sila. Alam ni Joseph na kung pupunta siya sa Carthage, malalagay sa matinding panganib ang buhay niya mula sa nagbabantang mga mandurumog.

Dahil naniniwala na sila lamang ang gusto ng mga mandurumog ipinasiya nina Joseph at Hyrum na umalis papuntang Kanluran para iligtas ang kanilang buhay. Noong Hunyo 23, tinawid nila ang Ilog ng Mississippi, ngunit kalaunan nang araw na iyon, natagpuan ng mga kapatid na kalalakihan ang Propeta at sinabi sa kanyang lulusubin ng mga kawal ang lungsod kung hindi siya susuko sa mga awtoridad sa Carthage. Pumayag na sumuko ang Propeta, umaasang makapagpapakalma ito sa mga opisyal ng gobyerno at mga mandurumog. Noong Hunyo 24, nagpaalam sina Joseph at Hyrum Smith sa kanilang pamilya at kasama ang iba pang mga opisyal ng lungsod ng Nauvoo ay nagpunta sila sa Carthage at kusang sumuko sa mga opisyal ng bayan sa Carthage kinabukasan. Matapos mapakawalan sa pamamagitan ng piyansa ang magkapatid, pinaratangan sila ng rebelyon laban sa estado ng Illinois, hinuli, at ikinulong sa Carthage Jail habang naghihintay ng paglilitis. Kusa silang sinamahan nina Elder John Taylor at Willard Richards, tanging mga miyembro ng Labindalawa na hindi naglilingkod noon sa misyon.

Nang kinahapunan ng Hunyo 27, 1844, tahimik at malungkot na nakaupo sa piitan ang maliit na pangkat ng mga kalalakihang ito ng Simbahan. Hiniling ng isa sa kanila kay Elder Taylor, na magandang umawit ng tenor, na awitan sila. Maya-maya'y umawit siya: "Isang taong manlalakbay, na laging nakikita ko, ang sa akin ay nagsumamo at s'ya'y di ko matanggihan."[2] Naalala ni Elder Taylor na ang himnong iyon ay "akmang-akma sa nadarama namin

nang oras na iyon dahil lahat kami ay malungkot, matamlay, at namamanglaw."[3]

Ilang sandali pa makalipas ang ikalima ng hapon, isang malaking grupo ng mga mandurumog ang sumalakay sa piitan, at pinaulanan ng bala ang mga kalalakihan sa loob. Ilang minuto pa at naisagawa ang karumal-dumal na krimen. Unang nabaril si Hyrum Smith at kaagad namatay. Himalang nasugatan lamang nang mababaw si Elder Richards; bagamat nasugatan nang malubha, nakaligtas si Elder John Taylor at naging pangatlong Pangulo ng Simbahan. Tumakbo sa bintana si Propetang Joseph at nabaril na kaagad niyang ikinamatay. Tinatakan ng Propeta ng Panunumbalik at ng kanyang kapatid na si Hyrum ang kanilang patotoo ng kanilang dugo.

## Mga Turo ni Joseph Smith

### Pinangalagaan ng Diyos si Joseph Smith hanggang sa matapos ang kanyang misyon sa mundo.

*Noong Agosto 1842, sinabi ni Joseph Smith:* "Nadarama ko sa oras na ito na pinangangalagaan ako ng Makapangyarihang Panginoon hanggang ngayon, at patuloy niya akong pangangalagaan, sa pamamagitan ng sama-samang pananampalataya at panalangin ng mga Banal, hanggang sa ganap kong maisagawa ang aking misyon sa buhay na ito, at matibay nang naitatag ang dispensasyon ng kaganapan ng priesthood sa mga huling araw kung kaya't lahat ng lupa at impiyerno ay hindi magsisipanaig laban dito."[4]

*Noong Oktubre 1843, sinabi ng Propeta:* "Hinahamon ko ang buong sandaigdigan na subukan nilang wasakin ang gawain ng Diyos; at ipinopropesiya ko na hindi sila kailanman magkakaroon ng kapangyarihang patayin ako hangga't hindi natatapos ang aking gawain, at handa na akong mamatay."[5]

*Noong Mayo 1844, sinabi ng Propeta:* "Pangangalagaan akong lagi ng Diyos hanggang sa maisakatuparan ko ang aking misyon."[6]

*Noong Hunyo 1844, sinabi ng Propeta:* "Hindi ko pinahahalagahan ang buhay ko nang higit kaysa sa iba. Handa akong maialay bilang sakripisyo para sa mga taong ito; sapagkat ano ba ang

magagawa ng ating mga kaaway? Patayin lamang ang katawan, at tapos na ang kanilang kapangyarihan. Manatiling matatag, aking mga kaibigan; huwag matakot kailanman. Huwag hangaring iligtas ang inyong mga sarili, sapagkat siya na takot mamatay para sa katotohanan, ay mawawalan ng buhay na walang hanggan. Manatiling tapat at tayo ay mabubuhay na mag-uli at magiging tulad ng mga Diyos, at maghahari sa selestiyal na mga kaharian, pamunuan, at walang hanggang mga sakop."[7]

*Noong mga unang bahagi ng Hunyo 27, 1844, sa Carthage Jail, mabilisang lumiham si Joseph Smith kay Emma Smith:* "Tinatanggap ko na nang lubos ang kapalaran ko, dahil alam kong wala nang maisisisi pa sa akin at nagawa ko nang lahat ang pinakamabuti kong magagawa. Iparating mo ang aking pagmamahal sa aking mga anak at lahat ng aking mga kaibigan. . . ; at tungkol naman sa pagtataksil sa pamahalaan, alam kong wala akong ginawang gayon, at wala silang mapatutunayan ni isa mang kahalintulad nito, kaya hindi mo kailangang mangamba na may mangyayaring masama sa atin sa dahilang iyan. Nawa'y pagpalain kayong lahat ng Diyos. Amen."[8]

---

### Bago siya namatay, iginawad ni Joseph Smith sa Labindalawang Apostol ang bawat susi at kapangyarihan ng priesthood na ibinuklod sa kanya.

*Ginunita ni Wilford Woodruff, ang pang-apat na Pangulo ng Simbahan:* "Ginugol [ni Joseph Smith] ang huling taglamig sa kanyang buhay, mga tatlo o apat na buwan, sa piling ng korum ng Labindalawa, at tinuruan sila. Hindi iyon ilang oras lamang ng pagtuturo sa kanila ng mga ordenansa ng ebanghelyo; kundi ginugol niya ang bawat araw, bawat linggo at bawat buwan, sa pagtuturo sa kanila at sa ilang iba pa ng mga bagay tungkol sa kaharian ng Diyos."[9]

*Ikinuwento ni Wilford Woodruff ang pakikipagpulong ni Joseph Smith sa mga Apostol noong Marso 1844:* "Naaalala ko ang huling talumpating ibinigay sa amin ni [Joseph Smith] bago siya namatay. . . . Mga tatlong oras siyang nakatayo. Napuspos ang silid ng tila nag-aalab na apoy, ang kanyang mukha ay kasinglinaw ng baga, at siya ay nabalot ng kapangyarihan ng Diyos.



*Ginunita ni Wilford Woodruff na "ginugol [ni Propetang Joseph Smith] ang huling taglamig sa kanyang buhay, sa loob ng mga tatlo o apat na buwan, sa piling ng Korum ng Labindalawa, at tinuruan sila. . . . Ginugol niya ang bawat araw, bawat linggo at bawat buwan."*

Ipinaliwanag niya sa amin ang aming tungkulin. [Ipinakita] niya sa amin ang kabuuan ng dakilang gawaing ito; at sa kanyang talumpati sinabi niya sa amin: 'Ibinuklod na sa aking ulunan ang bawat susi, bawat kapangyarihan, bawat alituntunin ng buhay at kaligtasan na ibinigay ng Diyos sa sinumang tao na nabuhay sa ibabaw ng lupa. At ang mga alituntuning ito at ang Priesthood na ito ay kabilang sa dakila at huling dispensasyon na inihanda mismo ng Diyos ng Langit para maitatag sa mundo. Ngayon,' sabi niya, na pinatutungkulan ang Labindalawa, 'Ibinuklod ko sa inyong mga uluhan ang bawat susi, bawat kapangyarihan, at

bawat alituntunin na ibinuklod ng Panginoon sa aking ulunan.' At patuloy pa niyang sinabi, 'Matagal na akong nabubuhay—hanggang sa kasalukuyan—ako ay napalilibutan ng mga taong ito at sa dakilang gawain at sa pagtubos. Hangad kong manatiling buhay upang makitang matapos ang Templong ito. Ngunit hindi ko ito mamamalas sa buhay na ito; ngunit ito ay mamamalas ninyo—mamamalas ninyo ito.' . . .

"Matapos magsalita sa ganitong paraan sinabi niya: 'Sinasabi ko sa inyo, ang responsibilidad sa kahariang ito ay nasa inyo nang mga balikat; kailangan ninyo itong panagutan sa sandaigdigan, at kung hindi ninyo ito gagawin kayo ay isusumpa.' "[10]

*Itinala ng mga Miyembro ng Korum ng Labindalawa:* Kaming [Labindalawa], . . . ay naroon sa pulong sa huling bahagi ng buwan ng Marso noong [1844], na ginanap sa lungsod ng Nauvoo. . . .

"Sa pulong na ito, tila malungkot si Joseph Smith, at nagpasiyang ipahayag sa amin ang kanyang nadarama. . . : 'Mga kapatid, iniatas sa akin ng Panginoon na bilisan natin ang gawaing ibinigay sa atin. . . . May mahalagang pangyayari na malapit nang maganap. Maaaring patayin ako ng aking mga kaaway. At sakali mang gawin nila iyon, at hindi ko naigawad sa inyo ang mga susi at kapangyarihan, mawawala ang mga ito sa mundo. Ngunit kung mapagtatagumpayan kong maipatong ang mga ito sa inyong mga ulunan kung gayon maaaari na akong mapasakamay ng mga mamamatay-tao kung tulutan ito ng Diyos, at maaari na akong pumanaw nang may galak at kasiyahan, nalalamang natapos ko na ang gawain, at nailatag na ang pundasyon kung saan itatayo ang kaharian ng Diyos sa dispensasyong ito ng kaganapan ng panahon.

" 'Sa mga balikat ng Labindalawa dapat nakaatang ang responsibilidad na pamunuan ang Simbahang ito hanggang sa humirang kayo ng mga taong papalit sa inyo. Hindi kayo sabay-sabay na mapapatay ng inyong mga kaaway, at kung may isa mang napatay sa inyo, maipapatong ninyo ang inyong mga kamay sa iba pa upang punan ang inyong korum. Sa gayon maipalalaganap ang kapangyarihan at mga susing ito sa mundo.' . . .

"Hindi namin kailanman malilimutan ang kanyang nadama o sinabi sa pangyayaring ito. Matapos siyang magsalita, patuloy siyang naglakad sa silid, sinasabing: 'Yamang nailipat ko na ang responsibilidad mula sa aking mga balikat, pakiramdam ko ay kasinggaan ako ng isang tapon. Pakiramdam ko ay malaya ako. Pinasasalamatan ko ang aking Diyos sa paglayang ito.' "[11]

*Isinulat ni Parley P. Pratt, miyembro ng Korum ng Labindalawa:* "Bago siya mamatay nahikayat ang dakila at mabuting taong ito na tipunin ang Labindalawa nang madalas, at tagubilinan sila sa lahat ng bagay na patungkol sa mga kaharian, ordenansa, at pamumuno ng Diyos. Madalas niyang sabihing inilatag niya ang pundasyon, ngunit ang Labindalawa na ang tatapos ng gusali. Sinabi niya, 'Hindi ko alam kung bakit; ngunit sa ilang kadahilanan, napipilitan akong bilisan ang aking mga paghahanda, at igawad sa Labindalawa ang lahat ng ordenansa, susi, tipan, endowment, at mga ordenansa ng pagbubuklod ng priesthood, at sa gayon ay magbigay sa kanila ng huwaran sa lahat ng bagay patungkol sa santuwaryo [ang templo] at sa endowment na nakapaloob dito.'

"Matapos gawin ito, nagalak siya nang labis; dahil, sabi niya, iniatang na ng Panginoon ang dalahin sa inyong mga balikat at pansamantala akong papagpapahingahin; at kung patayin nila ako, dagdag pa niya, patuloy na susulong ang kaharian ng Diyos, ngayong natapos ko na ang gawaing iniatang sa akin, at naibilin na sa inyo ang lahat ng bagay para sa pagtatayo ng kaharian ayon sa makalangit na pangitain at pamantayang ipinakita sa akin."[12]

*Itinuro ni Brigham Young, pangalawang Pangulo ng Simbahan:* "Iginawad ni Joseph sa aming ulunan ang lahat ng susi at kapangyarihang nakapaloob sa pagiging Apostol na tinaglay niya mismo bago siya pumanaw, at walang tao o pangkat ng kalalakihan na makahahadlang sa pagitan ni Joseph at ng Labindalawa sa buhay na ito o sa kabilang buhay. Gaano ba kadalas na sinabi ni Joseph sa Labindalawa, 'nailatag ko na ang pundasyon at doon kayo dapat magtayo, sapagkat nakasalalay sa inyong mga balikat ang kaharian.' "[13]

**Sina propetang Joseph Smith at kanyang kapatid na si Hyrum ay nabuhay na dakila at namatay na dakila para sa kanilang mga patotoo sa ebanghelyo.**

*Tulad nang nakatala sa Doktrina at mga Tipan 135:1–6, isinulat ni John Taylor ang sumusunod noong naglilingkod siya bilang miyembro ng Korum ng Labindalawa:* "Upang tatakan ang patotoo ng Aklat na ito at ng Aklat ni Mormon, aming ipinaaalam ang martir na pagkamatay nina Joseph Smith, ang propeta, at Hyrum Smith, ang Patriyarka. Sila ay binaril sa piitan ng Carthage noong ika-27 ng Hunyo, 1844, mga ikalima ng gabi, ng mga armadong mandurumog—na napipinturahang itim—na mga 150 hanggang 200 katao. Si Hyrum ang nabaril na una at bumagsak nang mahinahon, napabulalas: *Ako ay isa nang patay na tao!* Si Joseph ay lumundag mula sa bintana, at nabaril sa kanyang pagtatangka, napabulalas: *O Panginoon kong Diyos!* Sila ay kapwa binaril pagkatapos na sila ay mamatay, sa isang malupit na pamamaraan, at kapwa nakatanggap ng apat na bala.

"Tanging sina John Taylor at Willard Richards, dalawa sa Labindalawa, ang nasa loob ng silid nang oras na yaon; ang una ay nasugatan sa malupit na pamamaraan, sa pamamagitan ng apat na bala subalit kalaunan ay gumaling, ang ikalawa, sa awa at tulong ng Diyos, ay nakatakas, na wala kahit isang butas sa kanyang bata.

"Si Joseph Smith, ang Propeta at Tagakita ng Panginoon, ay nakagawa nang higit pa, maliban lamang kay Jesus, para sa kaligtasan ng mga tao sa daigdig na ito, kaysa sa sinumang tao na kailanman ay nabuhay rito. Sa maikling panahon ng dalawampung taon, kanyang inilabas ang Aklat ni Mormon, na kanyang isinalin sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos, at siya ring naging daan ng pagkakalathala nito sa dalawang lupalop; ipinadala ang kabuuan ng walang hanggang ebanghelyo, na nilalaman nito sa apat na sulok ng mundo; inilabas ang mga paghahayag at kautusang bumubuo sa aklat na ito ng Doktrina at mga Tipan, at marami pang ibang magagaling na kasulatan at mga tagubilin para sa kapakinabangan ng mga anak ng tao; tinipon ang maraming libu-libong Banal sa mga Huling

Araw, nagtayo ng isang malaking lungsod, at nag-iwan ng katanyagan at pangalan na hindi maaaring mapatay. Siya ay nabuhay na dakila, at siya ay namatay na dakila sa paningin ng Diyos at ng kanyang mga tao; at gaya ng karamihan sa hinirang ng Panginoon noong mga sinaunang panahon, ay tinatakan ang kanyang misyon at kanyang mga gawain ng kanyang sariling dugo; at gayun din ang kanyang kapatid na si Hyrum. Sa buhay sila ay hindi nagkalayo, at sa kamatayan sila ay hindi pinaghiwalay!

"Nang si Joseph ay magtungo sa Carthage upang isuko ang kanyang sarili sa mga pakunwaring hinihingi ng batas, dalawa o tatlong araw bago ang pagpatay sa kanya, sinabi niya: "Ako ay patutungong gaya ng isang kordero sa katayan; subalit ako ay mahinahon gaya ng isang umaga sa tag-araw; ako ay may budhi na walang kasalanan sa harapan ng Diyos, at sa lahat ng tao. Ako ay mamamatay na walang kasalanan, at ito ang masasabi tungkol sa akin—siya ay pinaslang nang walang habag.'—Sa umaga ring yaon, pagkatapos na makapaghandang umalis si Hyrum—masasabi bang sa katayan? oo, sapagkat gayun na nga ito—binasa niya ang sumusunod na talata, sa bandang katapusan ng ikalabindalawang kabanata ng Eter, sa aklat ni Eter, at itinupi ang pahina nito:

"*At ito ay nangyari na, na ako ay nanalangin sa Panginoon na biyayaan niya ang mga Gentil, upang sila ay magkaroon ng pag-ibig sa kapwa-tao. At ito ay nangyari na, na sinabi sa akin ng Panginoon; Kung wala silang pag-ibig sa kapwa-tao ay hindi na ito mahalaga sa iyo, ikaw ay naging matapat; kaya nga ang iyong mga kasuotan ay gagawing malinis, at dahil sa kinilala mo ang iyong kahinaan, ikaw ay gagawing malakas, maging hanggang sa pag-upo sa lugar na inihanda ko sa mga mansyon ng aking Ama. At ngayon ako . . . ay nagpapaalam na sa mga Gentil; oo, at gayun din sa aking mga kapatid na minamahal ko, hanggang sa muli tayong magkita sa harapan ng hukumang-luklukan ni Cristo, kung saan malalaman ng lahat ng tao na hindi nabahiran ng inyong dugo ang aking mga kasuotan.* [Eter 12:36–38.] Ang mga saksi ay patay na ngayon, at ang kanilang patotoo ay may bisa.

"Si Hyrum Smith ay apatnapu at apat na taong gulang noong Pebrero, 1844, at si Joseph Smith ay tatlumpu at walo noong Disyembre, 1843; at mula ngayon ang kanilang mga pangalan ay mabibilang sa mga martir ng relihiyon; at ang mga mambabasa sa lahat ng bansa ay mapaaalalahanan na ang Aklat ni Mormon, at ang Aklat na ito ng Doktrina at mga Tipan ng simbahan, ay binayaran ng pinakamahusay na dugo ng ikalabingsiyam na siglo upang ilabas ang mga ito para sa kaligtasan ng isang nawasak na daigdig; at kung ang apoy ay makatutupok ng isang luntiang puno para sa kaluwalhatian ng Diyos, gaano kadali nitong susunugin ang mga tuyong puno upang padalisayin ang ubasan ng kabulukan. Sila ay nabuhay para sa kaluwalhatian; sila ay namatay para sa kaluwalhatian; at kaluwalhatian ang kanilang walang hanggang gantimpala. Sa pana-panahon ang kanilang mga pangalan ay maipapasa sa mga angkang susunod gaya ng mga hiyas para sa mga pinabanal."[14]

---

**Naisakatuparan ni Joseph Smith ang kanyang misyon sa lupa at tinatakan ang kanyang patotoo ng kanyang dugo.**

*Ipinahayag ni Brigham Young:* "Bagaman may kakayahang patayin ng kaaway ang ating propeta, at ito ay ang patayin ang kanyang katawan, hindi ba't naisagawa niya ang nasasaloob niya sa kanyang panahon? Nagawa na niya ito, at ito ay ayon sa tiyak na nalalaman ko."[15]



*Brigham Young*

*Itinuro din ni Brigham Young:* "Sino ang nagligtas kay Joseph Smith sa kamay ng kanyang mga kaaway [hanggang] sa araw ng kanyang kamatayan? Ang Diyos; bagaman maraming ulit siyang nabingit sa kamatayan, at sa akala ng tao ay hindi na maililigtas at wala nang pagkakataong maligtas pa. Nang [siya ay] nasa piitan ng Missouri, walang sinuman ang umasang makaliligtas pa siya sa mga kamay ng kanyang mga kaaway, nasa [akin] ang pananampalatayang taglay ni Abraham noon at sinabi

ko sa mga Kapatid, yayamang buhay ang Panginoong Diyos, makaliligtas siya sa kanilang mga kamay." Bagaman nagpropesiya siyang hindi siya mabubuhay nang lalabis pa sa apatnapung taon, gayunman umasa kaming ito ay huwad na propesiya, at makakapiling namin siya sa tuwina. Inakala naming makakayanang lampasan ito ng aming pananampalataya, ngunit kami ay nagkamali—sa huli siya ay naging martir sa kanyang relihiyon. Sinabi ko na ito ay mabuti na; ngayon ang patotoo ay may buo nang bisa, tinatakan na niya ito ng kanyang dugo."[16]

*Pinatotohanan ni Wilford Woodruff:* "Dati may kakaiba akong nadarama tungkol sa kanyang kamatayan at ang paraan ng pagkamatay niya. Ipinagpalagay ko na kung . . . ninais lamang ni Joseph, nagtungo na lamang sana siya sa Rocky Mountains. Ngunit simula noon lubusan ko nang naunawaan na ang pangyayaring iyon ay alinsunod sa plano ng Diyos, na bilang pinuno ng dispensasyong ito, kinakailangan niyang tatatakan ng kanyang dugo ang kanyang patotoo, at magtungo sa daigdig ng mga espiritu, taglay ang mga susi ng dispensasyong ito, upang simulan ang misyon na ngayon ay isinasagawa sa pamamagitan ng pangangaral ng Ebanghelyo sa 'mga espiritung nasa bilangguan.' "[17]

*Itinuro ni Joseph F. Smith, pang-anim na Pangulo ng Simbahan:* "Ano ang itinuturo sa atin ng pagkamatay [nina Joseph at Hyrum Smith] bilang martir? Ang dakilang aral na 'ang isang tipan ay may kabuluhan kung mamatay ang gumawa' (Heb. 9:16) upang mapagtibay ito. Itinuturo din nito, na ang dugo ng martir ay totoong binhi ng Simbahan. Pinahintulutan ng Panginoon ang pagsasakripisyo nang sa gayon ang patotoo ng mabubuti at mga matwid na tao ay magsilbing saksi laban sa naliligaw at napakasamang mundo. At muli, sila ay mga halimbawa ng kamangha-manghang pagmamahal na binanggit ng Manunubos: 'Walang may lalong dakilang pagibig kaysa rito, na ibigay ng isang tao ang kanyang buhay dahil sa kanyang mga kaibigan.' (Juan 15:13.) Ang kamangha-manghang pagmamahal na ito ay ipinakita nila sa Banal at sa daigdig; sapagkat kapwa nila natanto at naipahayag ang kanilang paniniwala bago simulan ang paglalakbay sa Carthage, na papunta sila sa kanilang kamatayan. . . . Ang kanilang tapang,

pananampalataya, at pagmamahal para sa mga tao ay walang hanggan; at ibinigay nila ang lahat ng mayroon sila para sa mga tao. Ang gayong katapatan at pagmamahal ay hindi nag-iwan ng pag-aalinlangan sa isipan ng mga taong pinananahanan ng Banal na Espiritu na ang mabubuti at matatapat na taong ito, ay tunay na binigyang-karapatan na mga tagapaglingkod ng Panginoon.

"Ang pagkamatay na ito bilang martir ay inspirasyon sa mga tao ng Panginoon sa tuwina. Nakatulong ito sa kani-kanilang mga pagsubok; nagbigay sa kanila ng tapang na patuloy na magpakabuti at alamin at ipamuhay ang katotohanan, at alalahanin nang may kabanalan ng mga banal sa mga Huling Araw na natutuhan nila ang dakilang mga katotohanan na inihahayag ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang tagapaglingkod na si Joseph Smith."[18]



*George Albert Smith*

*Ipinahayag ni George Albert Smith, ang pangwalong pangulo ng Simbahan:* "Isinagawa ni Joseph Smith ang kanyang misyon: at nang dumating ang oras na haharapin na niya ang kamatayan, sinabi niya, 'Ako ay patutungong gaya ng isang kordero sa katayan; subalit ako ay mahinahon gaya ng isang umaga sa tag-araw; ako ay may budhi na walang kasalanan sa harapan ng Diyos, at sa lahat ng tao. Kung ako ay kanilang papatayin, ako ay mamamatay na walang kasalanan at ang aking dugo ay daraing ng paghihiganti mula sa lupa, at ito ang masasabi tungkol sa akin—"siya ay pinaslang nang walang habag." [Tingnan sa D at T 135:4.] Siya ay hindi natatakot tumayo sa harapan ng nakalulugod na hukuman ng ating Ama sa Langit at panagutan ang kanyang mga ginawa noong siya at nabubuhay pa. Hindi siya natatakot na harapin ang paratang na nililinlang niya ang mga tao at hindi makatwiran ang pakikitungo sa kanila. Hindi siya natatakot sa kinahinatnan ng kanyang misyon sa lupa, at sa tagumpay sa huli ng gawaing alam niyang banal ang pinagmulan, at inalayan niya ng kanyang buhay."[19]

*Pinatotohanan ni Gordon B. Hinckley, panglabinlimang Pangulo ng Simbahan:* Gayon nga katiyak [si Joseph Smith] sa gawaing pinamumunuan niya, ganap na walang alinlangan sa banal na tungkuling ibinigay sa kanya, kung kaya't pinahalagahan niya ito nang higit pa sa kanyang buhay. Dahil alam niyang malapit na siyang mamatay, isinuko niya ang sarili sa mga taong maghahatid sa kanya sa mga mandurumog nang walang kalaban-laban. Tinatakan niya ng sariling dugo ang kanyang patotoo."[20]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.


- Ilang sandali bago napatay sina Joseph at Hyrum Smith, inawit ni Elder John Taylor ang "Isang Taong Manlalakbay" (mga pahina 619–20). Basahin o awitin ang mga titik ng himnong ito (*Mga Himno*, blg. 22), at pag-isipan kung paano ito nauugnay sa buhay ni Propetang Joseph Smith. Bakit akma ang himnong ito sa sitwasyong iyon?
- Repasuhin ang mga pahayag na nagpapatotoo na iginawad ni Joseph Smith ang mga susi ng priesthood sa Labindalawang Apostol (mga pahina 621–24). Sa inyong palagay bakit nadama ng mga Apostol na mahalaga ang magpatotoo tungkol sa mga karanasang ito? Ano ang inyong patotoo tungkol sa paghahalili sa pamumuno sa Panguluhan ng Simbahan?
- Pag-aralan ang tala ni John Taylor tungkol sa pagkamatay nina Joseph at Hyrum Smith bilang martir (mga pahina 625–27). Paano ninyo maipagtatanggol ang pahayag na si Joseph Smith "ay nakagawa nang higit pa, maliban lamang kay Jesus, para sa kaligtasan ng mga tao sa daigdig na ito, kaysa sa sinumang tao na kailanman ay nabuhay rito?" Bago pumunta sa Carthage Jail, binasa ni Hyrum ang Eter 12:36–38. Sa anong mga paraan naaangkop ang talatang ito kina Joseph at Hyrum? Ano ang mga nadama ninyo habang iniisip ninyo ang mga sakripisyong ginawa nina Joseph at Hyrum Smith para sa kanilang mga patotoo kay Jesucristo?

- Basahin ang mga patotoo ng mga propeta sa mga huling araw sa mga pahina 627–30). Anong mga salita ng pasasalamat at patotoo ang maidaragdag ninyo sa kanilang mga patotoo?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mga Hebreo 9:16–17; D at T 5:21–22; 98:13–14; 112:30–33; 136:37–40

## *Mga Tala*


1. Binanggit sa paghahayag ng Labindalawang Apostol (draft na walang petsa), sa pag-uulat tungkol sa pulong noong Mar. 1844; sa Brigham Young, Office Files 1832–78, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.
2. "Isang Taong Manlalakbay," *Mga Himno,* blg. 22.
3. John Taylor, sinipi sa *History of the Church,* 7:101; mula sa "The Martyrdom of Joseph Smith," ni John Taylor, sa Historian's Office, History of the Church ca. 1840s–1880, p. 47, Church Archives.
4. *History of the Church,* 5:139–40; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Ago. 31, 1842, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Eliza R. Snow; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
5. *History of the Church,* 6:58; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Okt. 15, 1843, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Willard Richards; tingnan din sa apendise, pahina 655, aytem 3.
6. *History of the Church,* 6:365; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mayo 12, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Thomas Bullock.
7. *History of the Church,* 6:500; mula sa isang talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Hunyo 18, 1844, sa Nauvoo, Illinois. Pinagsama-sama ng mga tagapagtipon ng *History of the Church* sa iisang tala ang mga ulat ng ilang nakarinig sa talumpati.
8. Liham ni Joseph Smith kay Emma Smith, Hunyo 27, 1844, Carthage Jail, Carthage, Illinois; Community of Christ Archives, Independence, Missouri; kopya sa Church Archives.
9. Wilford Woodruff, *Deseret News: Semi-Weekly,* Dis. 21, 1869, p. 2.
10. Wilford Woodruff, *Deseret Semi-Weekly News,* Mar. 15, 1892, p. 2; binago ang pagbabantas.
11. Pagpapahayag ng Labindalawang Apostol (draft na walang petsa), sa pag-uulat tungkol sa pulong noong Mar. 1844; sa Brigham Young, Office Files 1832–78, Church Archives.
12. Parley P. Pratt, "Proclamation to The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints," *Millennial Star,* Mar. 1845, p. 151.
13. Brigham Young, sinipi sa *History of the Church,* 7:230; binago ang pagkakahati ng mga talata; mula sa isang talumpating ibinigay ni Brigham Young noong Ago. 7, 1844, sa Nauvoo, Illinois.
14. Doktrina at mga Tipan 135:1–6.
15. Brigham Young, *Deseret News,* Abr. 30, 1853, p. 46; inalis ang pagkakahilig ng mga salita.
16. Brigham Young, talumpating ibinigay noong Ago. 1, 1852, sa Salt Lake City, Utah; sa Historian's Office, Reports of Speeches ca. 1845–85, Church Archives.
17. Wilford Woodruff, *Deseret News,* Mar. 28, 1883, p. 146.
18. Joseph F. Smith, "The Martyrdom," *Juvenile Instructor,* Hunyo 1916, p. 381; ginawang makabago ang pagbabantas; binago ang pagkakahati ng mga talata.
19. George Albert Smith, sa Conference Report, Abr. 1904, p. 64; ginawang makabago ang pagbabaybay.
20. Gordon B. Hinckley, sa Conference Report, Okt. 1981, pp. 6–7; o *Ensign,* Nob. 1981, p. 7.



*Napagpasiyahan sa mga kapulungan ng kawalang-hanggan, matagal pa bago nilikha ang mundo, na siya, si Joseph Smith, ang nararapat na tao, sa huling dispensasyong ito ng daigdig, na maghatid ng salita ng Diyos sa sangkatauhan."*

# "Purihin ang Propeta": Mga Patotoo ng mga Propeta sa mga Huling Araw tungkol kay Propetang Joseph Smith

*"Si Propetang Joseph Smith . . . ay tinawag ng Diyos, sa pamamagitan ng tinig ng Diyos Mismo, upang simulan ang dispensasyon ng Ebanghelyo sa mundo sa huling pagkakataon." (Joseph F. Smith)*

## Mula sa Buhay ni Propetang Joseph Smith

Kasunod ng pagkamatay nina Propetang Joseph Smith at kanyang kapatid na si Hyrum, mabilis na nagsibalik sa Nauvoo ang Korum ng Labindalawa na nagmimisyon sa Estados Unidos. Pinulong ng mga miyembro ng Labindalawa ang mga Banal noong Agosto 8, 1844 at naging tagapagsalita roon si Brigham Young, ang Pangulo ng Korum ng Labindalawa. Habang nagsasalita siya, may kakaibang pangyayaring naganap na nasaksihan ng maraming Banal. Himala na nagmistulang si Joseph Smith ang anyo at tinig ni Pangulong Young." Kung si Joseph ay bumangon mula sa mga patay at muling nagsalita sa kanila," paggunita ni George Q. Cannon, "maaaring hindi nito mahihigitan ang pagkabiglang nadama ng mga naroon sa pulong na iyon. Tinig iyon ni Joseph; at hindi lamang ang tinig ni Joseph ang narinig; ngunit tila sa mata ng mga tao ay parang si Joseph mismo ang nakatayo sa harapan nila. Wala na kaming narinig pang higit na kalugud-lugod at kahima-himalang pangyayari kaysa sa naganap nang araw na iyon sa harap ng kongregasyong iyon. Binigyan ng Panginoon ang kanyang mga tao ng patotoo na nagbigay-katiyakan sa kung sinong tao ang Kanyang pinili upang mamuno sa kanila."[1]

Sa pagtatapos ng pulong na ito, sinang-ayunan ng mga Banal ang pamumuno sa kanila ng Labindalawa. Pagkalipas ng mahigit tatlong taon, noong Disyembre 1847, inorganisang muli ang Unang Panguluhan at si Brigham Young ang sinang-ayunan bilang Pangulo ng Simbahan.

Mula pa nang panahon ni Brigham Young, bawat isa sa mga propetang nangulo sa buong Simbahan ay nagpatotoo sa kahanga-hangang misyon ni Propetang Joseph Smith. Pinili si Joseph Smith sa Kapulungan ng Langit na maging dakilang propeta at tagakita sa mga huling araw. Napakahalaga ng kanyang misyon kung kaya't sinabi na ito noon pa man ng mga sinaunang propeta, kabilang na ang propeta sa Lumang Tipan na si Jose na ipinagbili sa Egipto. Si Jose ng Egipto ay tagakita rin mismo, at nagpropesiya tungkol kay Joseph Smith:

"Isang tagakita ang ibabangon ng Panginoon kong Diyos, na maging piling tagakita sa bunga ng aking balakang. . . . At ang kanyang pangalan ay tatawagin sa pangalan ko; at ito ay isusunod sa pangalan ng kanyang ama. At siya ay magiging katulad ko; sapagkat ang bagay na isisiwalat ng Panginoon sa pamamagitan ng kanyang mga kamay, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Panginoon ay magdadala sa aking mga tao sa kaligtasan" (2 Nephi 3:6, 15; tingnan din sa 2 Nephi 3:6–22).[2]

Noong Disyembre 1834, binasbasan ni Joseph Smith Sr. si Propetang Joseph, at kinumpirma na siya ang tagakita na ipinropesiya ni Joseph noong unang panahon: "Binabasbasan kita ng mga basbas ng iyong mga amang sina Abraham, Isaac at Jacob; at maging ng basbas ng iyong amang si Joseph, ang anak ni Jacob. Masdan, pinagmalasakitan niya ang kanyang magiging inapo sa mga huling araw. . . ; masigasig niyang hinangad na malaman kung saan magmumula ang Anak na maghahatid ng salita ng Panginoon na magbibigay-liwanag sa kanila at magbabalik sa kanila sa tunay na kawan ng Diyos, at ikaw ang nakita niya, anak ko; nagalak ang kanyang puso at nasiyahan ang kanyang kaluluwa, at sinabi niya, . . . "mula sa aking binhi, na nakalat sa mga Gentil, ay ibabangon ang isang piling tagakita . . . , na ang puso ay magninilay ng dakilang karunungan, na ang katalinuhan ay sasakop at uunawa sa malalalim na bagay ng Diyos, at ang bibig

ay sasambit ng batas ng makatarungan.' . . . Tataglayin mo ang mga susi ng ministeryong ito, maging ang panguluhan ng simbahang ito, kapwa sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan."[3]

Sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang piling tagakita sa mga huling araw, ang mga doktrina at nakapagliligtas na ordenansa ng ebanghelyo ay naipahayag, at ang totoong Simbahan ni Jesucristo ay naitatag na muli sa mundo. Ang mga patotoo ng sinauna at makabagong mga propeta ay nagkaisa upang ipahayag na si Joseph Smith ay kinasangkapan ng Diyos sa pagpapanumbalik ng kaganapan ng ebanghelyo para pagpalain ang "buong sangkatauhan, mula sa kawalang-hanggan patungo sa kawalang-hanggan."[4]

## Mga Patotoo ng mga Propeta sa mga Huling Araw

**Si Joseph Smith ay naordenan noon pa man na maging propeta.**




*Pangulong Brigham Young*

*Pangulong Brigham Young:* Napagpasiyahan sa mga konseho ng kawalang-hanggan, matagal pa bago nilikha ang mundo, na siya, si Joseph Smith, ang nararapat na tao, sa huling dispensasyong ito ng daigdig, na maghatid ng salita ng Diyos sa sangkatauhan, at tumanggap ng kabuuan ng mga susi at kapangyarihan ng Pagkasaserdote ng Anak ng Diyos. Binantayan siya . . . ng Panginoon, at ang kanyang ama, at ang ama ng kanyang ama, at ang kanyang mga [ninuno mula] kay Abraham, at mula kay Abraham hanggang sa baha, mula sa baha hanggang kay Enoc, at mula kay Enoc hanggang kay Adan. Binantayan niya ang mag-anak na yaon at ang dugong nananalaytay mula sa pinagmulan niyon hanggang sa pagsilang ng taong iyon. [Si Joseph Smith] ang inordenan noon pa sa kawalang-hanggan upang mamuno sa mga ito."[5]

*Pangulong Joseph Fielding Smith:* "Si Joseph Smith ay pinili upang mamuno sa gawain ng Panginoon sa mga huling araw,

at ang kanyang gawain ay iniatas sa kanya ayon sa pagkakilala sa kanya noon pa man ng Walang Hanggang Ama sa mga kawalang-hanggan bago siya isinilang. Dumating siya sa diwa ni Elias upang ihanda ang daan para sa pagparito ng ating Panginoon. Walang propeta mula pa noong panahon ni Adan, maliban, siyempre, sa ating Manunubos ang binigyan ng mas higit na dakilang misyon."[6]



*Pangulong Ezra Taft Benson*

*Pangulong Ezra Taft Benson:* Upang makita ang kahalagahan ng misyon ng Propeta sa mundo dapat natin itong tingnan nang may pag-unawa sa kawalang-hanggan. Isa siya sa mga 'marangal at dakila' na inilarawan ni Abraham sa ganitong paraan:

" 'Ngayon ipinakita ng Panginoon sa akin, si Abraham, ang mga katalinuhang binuo bago pa ang mundo, at sa lahat ng ito ay marami ang marangal at dakila; at nakita ng Diyos ang mga kaluluwang ito na sila ay mabubuti, at siya ay tumayo sa gitna nila, at kanyang sinabi: Ang mga ito ang gagawin kong tagapamahala; sapagkat siya ay nakatayo sa mga espiritung yaon, at kanyang nakita na sila ay mabubuti; at kanyang sinabi sa akin: Abraham, isa ka sa kanila; ikaw ay pinili bago ka pa man isinilang.' (Abraham 3:22–23.)

"Ganoon din si Joseph Smith. Naroon din siya. Siya rin ay naupo sa kapulungang iyon kasama ang mararangal at dakila. Angkin ang mahalagang katayuan na marangal at namumukod-tangi, walang alinlangang tumulong siya sa pagpaplano at pagpapatupad ng dakilang gawain ng Panginoon na 'isakatuparan ang kawalang kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao,' ang kaligtasan ng lahat ng anak ng ating Ama [Moises 1:39 ]. Ang kanyang misyon ay nagkaroon at dapat magkaroon ng bisa sa lahat ng nabuhay sa mundo; sa lahat ng nabubuhay sa mundo at sa milyun-milyon pang mabubuhay. . . .

"Si Propetang Joseph Smith ay hindi lamang 'isa sa mga marangal at dakila,' kundi siya ay nagtuon at patuloy na magtutuon ng pansin sa mahahalagang gawain sa mundo maging hanggang


ngayon mula sa mga kaharian sa langit. Sapagkat sa mga mata ng Panginoon . . . ang lahat ng ito ay dakila at walang-hanggang plano na ginaganapan ng mahalagang papel ni Propetang Joseph—lahat sa pamamagitan ng walang hanggang priesthood at awtoridad ng Diyos."[7]

---

**Ang Unang Pangitain ni Joseph Smith ay mahalagang bahagi ng ating sariling mga patotoo.**

*Pangulong Joseph F. Smith:* "Ang pinakadakilang pangyayaring naganap sa daigdig simula sa pagkabuhay na mag-uli ng Anak ng Diyos mula sa libingan, at pag-akyat niya sa langit, ay ang pagpapakita ng Ama at ng Anak sa batang si Joseph Smith, upang ihanda ang daan sa paglalatag ng saligan ng kaharian [ng Diyos]—hindi kaharian ng tao—na kailanman ay hindi na mapipigilan ni mapababagsak.


"Dahil tinanggap ko ang katotohanang ito, madaling tanggapin para sa akin ang bawat isa sa iba pang mga katotohanan na kanyang sinambit at ipinahayag sa kanyang misyon . . . sa mundo. Kailanman ay hindi siya nagturo ng doktrinang hindi totoo. Hindi niya kailanman ipinamuhay ang doktrinang hindi iniutos na ipamuhay niya. Hindi siya kailanman nagmungkahi ng mali. Hindi siya nalinlang. Nakita niya; narinig niya; ginawa niya ang ipinagawa sa kanya; at samakatwid, ang Diyos ang responsable sa gawaing isinagawa ni Joseph Smith— hindi si Joseph Smith. Ang Panginoon ang may responsibilidad dito, at hindi ang tao."[8]



*Pangulong Heber J. Grant*

*Pangulong Heber J. Grant:* "Talagang nakita ni Joseph Smith ang Diyos at talagang nakipag-usap sa Kanya, at ang Diyos talaga mismo ang nagpakilala kay Jesucristo sa batang si Joseph Smith at sinabi ni Jesucristo kay Joseph Smith na magiging kasangkapan siya sa mga kamay ng Diyos sa pagtatatag muli sa mundo ng tunay na ebanghelyo ni Jesucristo—dahil kung hindi ang Mormonismong tinatawag ay isang alamat lamang. Ngunit hindi alamat ang Mormonismo! Ito ay

kapangyarihan ng Diyos tungo sa kaligtasan. Ito ang Simbahan ni Jesucristo na itinatag ayon sa Kanyang pamamahala, at hindi mababago ng lahat ng kawalang-paniniwala rito sa mundo ang mga pangunahing katotohanan na nauugnay sa Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw."[9]




*Pangulong Howard W. Hunter*

*Pangulong Howard W. Hunter:* "Nagpapasalamat ako sa pagiging miyembro ko sa Simbahan; at ang patotoo ko sa kabanalan nito ay batay sa simpleng kuwento ng isang binatilyong nanalangin at dinalaw ng mga katauhang mula sa langit—hindi lang ng isang Diyos, kundi ng dalawang hiwalay at magkaibang personahe, ang Ama at ang Anak, na inihahayag na muli sa mundo ang mga katauhan ng Panguluhang Diyos. Nakabatay ang aking pananampalataya at patotoo sa simpleng kuwentong ito, sapagkat kung hindi ito totoo, mabibigo ang Mormonismo. At kung ito ay totoo—na siyang pinatototohanan ko—ito ang isa sa pinakadakilang mga pangyayari sa buong kasaysayan."[10]

*Pangulong David O. McKay:* "Ang pagpapakita ng Ama at ng Anak kay Joseph Smith ang pundasyon ng Simbahang ito. Dito nakasalalay ang sikreto ng kalakasan at katatagan nito. Ito'y totoo at saksi ako rito. Ang isang paghahayag na iyon ang sumagot sa lahat ng tanong ng siyensya hinggil sa Diyos at sa Kanyang banal na pagkatao. Hindi ba ninyo nakikita ang kahulugan nito? Nasagot kung ano ang Diyos. Malinaw ang kaugnayan Niya sa Kanyang mga anak. Maliwanag na may malasakit Siya sa sangkatauhan dahil sa awtoridad na ipinagkatiwala sa tao. Tiyak ang patutunguhan ng gawain. Ito at ang iba pang maluwalhating mga katotohanan ang nilinaw ng maluwalhating unang pangitaing iyon."[11]


*Pangulong Ezra Taft Benson:* "Ang Unang Pangitain ni Propetang Joseph Smith ay pangunahing doktrina sa Simbahan. Alam ito ng kaaway at binatikos nito ang kredibilidad ni Joseph Smith mula sa araw na inihayag niya ang pagdalaw ng Ama at ng Anak. . . . Kailangang lagi ninyong ipahayag na totoo ang Unang

Pangitain. Totoong nakita ni Joseph Smith ang Ama at ang Anak. Nakipag-usap Sila sa kanya tulad nang sinabi niya. Ito ang pinakamaluwalhating pangyayari mula pa nang pagkabuhay na maguli ng ating Panginoon. Sinumang namumuno na makapagpapahayag nang walang alinlangan na nagpakita ang Diyos at si Jesucristo kay Joseph Smith ay magiging totoong pinuno, totoong pastol. Kung hindi natin tatanggapin ang katotohanang ito, . . . kung hindi tayo nakatanggap ng patunay tungkol sa dakilang paghahayag na ito, hindi natin mapalalakas ang pananampalataya ng mga pinamumunuan natin."[12]


*Pangulong George Albert Smith*


*Pangulong George Albert Smith:* Nang makita ng batang propeta, sa mga kakahuyan ng Palmyra, ang Ama at ang Anak, at malamang sila ay tunay na mga katauhan, na naririnig at tumutugon sila sa sinabi niya, nagpasimula ito ng bagong panahon sa mundong ito, at nagtatag ng pundasyon para sa pananampalataya ng mga anak ng tao. Makapananalangin na sila sa ating Ama sa Langit at malalaman na naririnig at sinasagot niya ang kanilang mga panalangin. Malalaman nilang may pag-uugnayan ang langit at lupa."[13]

## Si Propetang Joseph Smith ay Tinuruan ng Diyos at ng mga Anghel


*Pangulong John Taylor*

*Pangulong John Taylor:* "Sino si Joseph Smith? Sinasabi sa atin sa Aklat ni Mormon na nagmula siya sa binhi ni Jose na ipinagbili sa Egipto at samakatwid ay pinili tulad ni Abraham na magsakatuparan ng isang gawain sa mundo. Pinili ng Diyos ang binatilyong ito. Hindi siya nakapag-aral kung ibabatay sa pagkaunawa ng mundo sa mga salitang iyon, ngunit siya ang may pinakamalawak na kaalaman at pinakamatalinong


tao na nakilala ko sa buong buhay ko. Nakapaglakbay na ako ng daan-daan at libu-libong kilometro, nakarating na sa iba't ibang lupalop at nakihalubilo na sa lahat ng uri at sistema ng mga pinaniniwalaan ng tao, subalit hindi pa ako nakakilala ng taong kasing-dunong niya. At saan niya nakuha ang kanyang karunungan? Hindi sa mga aklat, hindi sa mga lohika o agham o pilosopiya ng panahon, kundi natamo niya ang mga ito mula sa mga paghahayag ng Diyos sa kanya sa pamamagitan ng walang hanggang ebanghelyo."[14]



*Pangulong Wilford Woodruff*

*Pangulong Wilford Woodruff:* Wala pa akong nabasa kahit saan, ayon sa pagkakaalam ko, tungkol sa kapangyarihan ding iyon na ipinamalas sa mga anak ng tao sa alinmang dispensasyon, na ipinamalas sa Propeta ng Diyos sa pagtatatag ng Simbahang ito, nang magpakita kapwa ang Ama at Anak sa Propetang si Joseph bilang sagot sa kanyang panalangin, at nang sabihin ng Ama, 'Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak; masdan Siya; pakinggan Siya.' Ito'y napakahalagang paghahayag, na hindi kailanman ipinamalas sa gayong paraan sa alinmang dispensasyon ng mundo, na ibinigay ng Diyos tungkol sa Kanyang gawain. Kaya sa pagtatatag nito, ang Propeta ng Diyos ay ginabayan ng mga anghel ng langit. Sila ang kanyang mga guro, sila ang kanyang mga tagapagturo, at lahat ng isinagawa niya mula sa umpisa, mula sa araw na iyon hanggang sa siya ay patayin, ay ginawa sa pamamagitan ng paghahayag ni Jesucristo."[15]

*Pangulong Lorenzo Snow:* "Si Joseph Smith na pinili ng Diyos na magtatag ng gawaing ito, ay dukha at hindi nakapag-aral, at walang kinaaaniban na bantog na relihiyon ng mga Kristiyano. Isa lamang siyang binatilyo, tapat, puno ng integridad. . . . Tulad ni Moises nadama niyang hindi niya kakayanin at hindi siya karapat-dapat sa gawain na maging tagapagbago ng paniniwala sa relihiyon, sa isang katayuang hindi madaling tanggapin ng lahat dahil ito ay pagsalungat sa mga opinyon at paniniwalang matagal



*Pangulong Lorenzo Snow*

nang umiiral at sinang-ayunan na ng mga tao, na siyang mahalaga sa pagsunod sa isang relihiyon. Ngunit siya ay tinawag ng Diyos upang iligtas ang mga maralita at matatapat ang puso sa lahat ng bansa mula sa kanilang espirituwal at temporal na pagkaalipin. At pinangakuan siya ng Diyos na sinuman ang tatanggap ng binyag para sa kapatawaran ng mga kasalanan, na may tapat na layunin, ay dapat makatanggap ng pagpapahayag mula sa langit. Dapat silang makatanggap ng Espiritu Santo, dapat makatanggap ng gayon ding ebanghelyo at mga pagpapala tulad ng ipinangako at natamo sa pamamagitan ng ebanghelyo na itinuro ng mga apostol noong una. At ang mensaheng ito, ang pangakong ito, ay dapat ipatupad saanman at kaninuman ito iparating ng mga Elder, ang mga sugong binigyan ng awtoridad ng Diyos. Gayon ang sinabi ni Joseph Smith, ang hindi nakapag-aral, ang walang nalalaman, ang pangkaraniwan, ang simple at tapat na batang lalaki."[16]



*Pangulong Harold B. Lee*

*Pangulong Harold B. Lee:* "Si Joseph Smith, ang binatilyong hindi nakapag-aral ng mga teolohiya ng ating panahon, hindi mataas ang pinag-aralan noong kanyang kapanahunan, . . . [ay] maaaring magpakumbaba sa mga aral at bulong ng Espiritu. Hindi si Joseph Smith ang nagtayo ng Simbahang ito. Hindi niya sana naihatid ang gawain ng Panginoon, ang Aklat ni Mormon. Maaari nilang hamakin si Propetang Joseph Smith bilang isang tao. Maaari nilang batikusin kung paano nagsimula ang Simbahang ito, ngunit narito ang tumatayong bantayog—ang Aklat ni Mormon mismo. Hindi sana ito magagawa ng taong si Joseph, ngunit dahil pinakilos ng kapangyarihan ng Makapangyarihang Diyos, nakaya at nagawa niya ang mahimalang paglilingkod na ipakita mula sa pagkakatago at mula sa kadiliman ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo."[17]


*Pangulong David O. McKay*

*Pangulong David O. McKay:* "Dahil kay Joseph Smith, na hindi lamang dakilang lalaki, kundi isa ring inspiradong lingkod ng Panginoon kung kaya gusto kong magsalita sa pagkakataong ito. Tunay na ang kadakilaan ni Joseph Smith ay kinapapalooban ng banal na inspirasyon. . . .


" 'Paanong nakaaalam ang taong ito ng mga karunungan, gayong hindi naman nagaral kailan man?' ang tanong ng mga Judio sa karunungan ni Jesus [Juan 7:15]. Kaya ulitin natin ang tanong hinggil kay Joseph Smith, habang iniisip nating mabuti ang kakaiba niyang nagawa sa maikling panahon ng labing-apat na taon mula nang itatag ang Simbahan hanggang sa siya'y patayin; habang iniisip nating mabuti ang perpektong pagkakatugma ng Ipinanumbalik na Ebanghelyo sa sinaunang Simbahan na itinayo ni Jesus at ng kanyang mga Apostol; habang napapansin natin ang kanyang malalim na pananaw sa mga alituntunin at doktrina; at habang nakikita natin ang walang-katulad na plano at kagalingan ng Simbahang itinatag sa pamamagitan ng inspirasyon ni Cristo na siyang pangalan na taglay nito. Ang sagot sa tanong na, 'Saan kumuha ang taong ito ng karunungan?' ay nakasaad sa nakaaantig na talata:

*"Purihin siyang kaniig ni Jehova!*
*Hinirang ni Cristo na Propeta.*
*Huling dispensasyon, sinimulan n'ya,*
*Mga hari'y pupuri sa kanya."*[18]

*Pangulong Howard W. Hunter:* "Pinupuri natin [si Joseph Smith] sa kanyang kakayahang makipag-ugnayan hindi lamang kay Jehova kundi sa iba pang mga personahe sa langit. Marami ang dumalaw, nagbigay ng mga susi, at nagturo sa 'piling tagakita" na iyon na ibinangon sa mga huling araw. . . . Pinupuri din natin si Joseph Smith sa kanyang sigasig at kakayahan na isalin at tumanggap ng libu-libong pahina ng inihayag na banal na kasulatan. Siya ang naging daluyan ng mga paghahayag. Sa pamamagitan niya, tinatayang, mas maraming kagila-gilalas na mga pahina

ng banal na kasulatan ang nagpasalin-salin kaysa sa sinumang tao sa kasaysayan ng [mundo]."[19]

### Si Propetang Joseph Smith ang tinawag ng Diyos upang buksan ang huling dispensasyon at ipanumbalik ang kabuuan ng ebanghelyo.



*Pangulong Spencer W. Kimball*

*Pangulong Spencer W. Kimball:* "Pinatototohanan ko sa mundo ngayon na sa nakalipas na mahigit na isa at kalahating siglo ang hadlang sa pagitan ng langit at lupa ay nawasak; muling nabuksan ang langit, at mula noon ay nagpatuloy ang mga paghahayag.

"Nagsimula ang bagong araw na iyon nang ang [isang] tao na may matinding pagnanais ay nagdasal at humingi ng tulong mula sa langit. May natagpuan siyang isang lugar kung saan maaari siyang mapag-isa at doo'y lumuhod, nagpakumbaba, at nagsumamo, at ang liwanag na higit pa sa liwanag ng araw ay nagningning sa daigdig—ang tabing ay hindi na muling isasara.

"Isang binatilyo . . . , si Joseph Smith, na walang kapantay ang pananampalataya, ang tumapos sa panahon ng pagkagutom sa paghahayag; winasak ang 'bakal na langit' at muling binuo ang pakikipag-ugnayan. Humalik ang langit sa lupa, pinawi ng liwanag ang dilim, at muling nakipag-usap ang Diyos sa tao, muling ihahayag ang 'kaniyang lihim sa kaniyang mga lingkod na mga propeta.' (Amos 3:7.) Isang bagong propeta ang nasa lupain at sa pamamagitan niya itinayo ng Diyos ang kanyang kaharian, hindi na kailanman wawasakin o iiwan sa iba pang tao—kahariang mananatiling nakatayo kailan pa man.

"Ang kawalang-hanggan ng kahariang ito at ang mga paghahayag na pinairal rito ay mga katotohanang di mapag-aalinlanganan. Hindi na muling lulubog ang araw kailanman; hindi na muling mapapatunayan kailanman na ganap na di karapat-dapat ang lahat ng tao na makipag-ugnayan sa kanilang Manlilikha. Hindi na

itatago kailanman ang Diyos mula sa kanyang mga anak sa mundo. Mananatili na rito ang paghahayag."[20]



*Pangulong Gordon B. Hinckley*

*Pangulong Gordon B. Hinckley:* Ang kuwento ng buhay ni Joseph ay kuwento ng isang himala. Isinilang siyang dukha. Pinalaki siya sa gitna ng kahirapan. Itinaboy siya sa bawat lugar, pinaratangan ng mali, at ikinulong nang labag sa batas. Pinaslang siya sa edad na 38. Gayunman sa 20 maiikling taon bago siya namatay, nagawa niya ang hindi nagawa ng iba sa tanang buhay nila. Isinalin niya at inilathala ang Aklat ni Mormon, isang aklat na mula noo'y muling isinalin sa maraming wika at tinanggap ng milyun-milyong katao. Ang kabuuang pahina ng aklat ay halos doble ng dami ng buong Bagong Tipan ng Biblia, at lahat ng ito'y dumating sa pamamagitan ng isang tao sa loob lamang ng ilang taon. Kasabay nito itinatag niya ang isang organisasyon . . . [na] nakalampas sa bawat problema at hamon at hanggang ngayon ay epektibo pa rin sa pamamahala sa [mga] miyembro sa buong mundo tulad noong 1830 na 300 pa lang ang mga miyembro. May mga nagdududa na pilit na inilarawan ang pambihirang organisayong ito bilang produkto ng mga pagsasamahan noong kapanahunan niya. Ang organisasyong iyon noon, sa palagay ko, ay natatangi, kakaiba, at pambihira pa ring tulad ngayon. Hindi iyon produkto ng panahon. Dumating iyon sa pamamagitan ng paghahayag mula sa Diyos. . . .

"Sa loob ng 20 taong iyon bago siya namatay, pinasimulan ni Joseph Smith ang isang programa para maihatid ang ebanghelyo sa mga bansa ng mundo. Nanggilalas ako sa [lakas ng kanyang loob na kumilos]. Kahit noong bago pa lang ang Simbahan, sa matitinding kagipitan, pinaiiwanan sa ating mga kalalakihan ang kanilang tahanan at pamilya, para tawirin ang karagatan, upang ipahayag ang Panunumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo. Sakop ng isipan ng Propeta, ng kanyang pananaw ang buong mundo.

"Para sa ating mga pulong sa pangkalahatang kumperensya na dalawang beses sa isang taon, nagtitipon ang mga miyembro sa

North, Central, at South America; sa British Isles at Africa; sa mga bansa ng Europa; sa mga pulo at kontinente ng Pasipiko; at sa mga sinaunang lupain ng Asya. Ito ay katuparan ng pangitain ni Joseph Smith, na propeta ng Diyos. Tunay na siya ay makapangyarihang tagakita na nakakita sa panahong ito at sa mga dakilang araw pang darating habang lumalaganap ang gawain ng Panginoon sa daigdig."[21]



*Pangulong Joseph F. Smith*

*Pangulong Joseph F. Smith:* "Anuman ang ginawa o gagawin ni Propetang Joseph Smith, hindi natin dapat kalimutan ang katotohanang sa milyun-milyong tao na nabuhay sa mundo noong panahong iyon—siya lang ang tanging tao, na tinawag ng Diyos, sa pamamagitan ng tinig ng Diyos Mismo, para simulan ang dispensasyon ng Ebanghelyo sa mundo sa huling pagkakataon; at ito ang pinakamagandang isipin, na siya ay tinawag ng Diyos upang ipaalam ang Ebanghelyo sa mundo, upang ipanumbalik ang banal na priesthood sa mga anak ng tao, upang iorganisa ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa mundo, at ipanumbalik ang lahat ng ordenansa ng Ebanghelyo, para maligtas hindi lamang ang mga buhay, kundi pati ang mga patay, at siya ay tinawag sa misyong ito ng Diyos Mismo. . . .

". . . Nagkaroon na ng iba pang mga propeta, at dakilang mga propeta rin, na may mga anghel na nagministeryo sa kanila at iba pa na nakakita sa daliri ng Diyos, at may mga piniling bigyan ng mas marami o mas kaunting paghahayag; ngunit saang pangyayari, at sino ang taong sabay na pinagpakitaan ng Ama at ng Tagapagligtas, at ipinakilala ang kanilang sarili sa kanya? Nasaan ang taong iyon? Hindi matatagpuan iyan sa alinmang talaan ng kasaysayan, maliban lamang kay Propetang Joseph Smith, at naganap iyan nang siya ay bata pa lamang. Bata lamang siya, at masasabi pa ring ganoon, dahil nang siya ay namatay bilang martir, siya ay 38 taon pa lamang.

". . . Si Propetang Joseph Smith . . . ay nakipag-ugnayan sa Ama at sa Anak at nakipag-usap sa mga anghel, at dumalaw sila sa kanya, at iginawad sa kanya ang mga pagpapala at kaloob at mga susi ng kapangyarihan na hindi pa kailanman naigawad sa sinumang tao sa mundo maliban sa Anak Mismo ng Diyos. Wala pang taong nabuhay sa mundo na ginawaran ng lahat ng susi ng Ebanghelyo at ng mga dispensasyon na tulad ng iginawad kay Joseph Smith sa templo sa Kirtland nang siya ay dalawin ng Anak ng Diyos, ni Moises, at nina Elias at Elijah, at nang mabuksan ang kalangitan sa kanya at matanggap niya ang mga susi ng kapangyarihan at awtoridad na siyang daan upang mailatag niya ang gawain ng Diyos, nang malawakan at malalim, upang balutan ang mundo ng kaalaman tungkol sa Diyos, at ng Kanyang kapangyarihan at kaluwalhatian."[22]

---

### Ang gawain ni Joseph Smith ay nagpapala sa mga taong nabuhay, nabubuhay, at mabubuhay pa sa mundo.

*Pangulong Joseph F. Smith:* "Ang gawaing ginampanan ni Joseph Smith ay hindi lamang para sa buhay na ito, kundi may kaugnayan rin ito sa darating na buhay, at sa buhay na nakaraan na. Sa madaling salita ito ay nauugnay sa mga taong nabuhay noon, sa mga taong nabubuhay sa kasalukuyan at sa mga taong mabubuhay pa sa mundo sa paglisan natin sa mundong ito. Hindi ito isang bagay na may kaugnayan lamang sa tao habang siya ay nabubuhay sa mundo at may katawang mortal, kundi para sa mag-anak ng sangkatauhan mula sa kawalang-hanggan patungo sa kawalang-hanggan. Bunga nito, gaya ng sinabi ko, pinagpitaganan si Joseph Smith, pinarangalan ang kanyang pangalan; libu-libong tao ang nagpasalamat sa Diyos nang kanilang buong puso at kaibuturan ng kaluluwa sapagkat ang kaalaman tungkol sa Panginoon ay naibalik sa mundo sa pamamagitan niya, at sa gayon ay nagsasalita sila nang maganda tungkol sa kanya at nagpapatotoo na siya ay mahalaga. At hindi lamang ito para sa isang nayon, ni sa isang estado, ni sa isang bansa, kundi ipinaabot ito sa bawat bansa, lahi, wika, at tao kung saan ipinangangaral ang ebanghelyo hanggang sa ngayon."[23]


*Pangulong Joseph Fielding Smith*

*Pangulong Joseph Fielding Smith:* "Tulad nang pagkaalam ko na si Jesus ang Cristo—at iyan ay inihayag sa akin ng Espiritu Santo—alam ko na si Joseph Smith ay isang propeta noon at ngayon at magiging propeta ng Diyos magpakailanman.

"Pinagpipitaganan at pinararangalan ko ang kanyang banal na pangalan. Kasama ang kanyang kapatid, ang aking lolo, si Patriarch Hyrum Smith, tinatakan niya ang kanyang patotoo ng kanyang dugo sa Carthage Jail. At ako man ay nagnanais din na maging kasangkapan sa mga kamay ng Panginoon sa pagpapabatid sa mundo na ang kaligtasan ay naritong muli sapagkat ang Panginoon ay humirang ng isang makapangyarihang tagakita sa panahong ito upang itatag muli ang kanyang kaharian sa mundo.

"Sa diwa ng patotoo at pasasalamat, magtatapos ako sa mga salitang ito na binigyang-inspirasyon mula sa Doktrina at mga Tipan: 'Si Joseph Smith, ang Propeta at Tagakita ng Panginoon, ay nakagawa nang higit pa, maliban lamang kay Jesus, para sa kaligtasan ng mga tao sa daigdig na ito, kaysa sa sinumang tao na kailanman ay nabuhay rito.' (D at T 135:3.)"[24]

*Si Pangulong Gordon B. Hinckley, sa kanyang pagsasalita sa Carthage, Illinois, noong Hunyo 26, 1994, bilang parangal sa ika-150 anibersaryo ng pagkamatay bilang martir ni Propetang Joseph Smith:* "Ang maluwalhating gawaing sinimulan niya na pinaslang sa Carthage, ay lumago sa mahimala at kalugud-lugod na paraan. . . . Ang kagila-gilalas na gawaing ito, na nagmula sa pagkakatawag bilang propeta ng isang batang taga Palmyra, ay 'lumabas mula sa ilang ng kadiliman,' at nagliliwanag na 'gaya ng buwan, maliwanag gaya ng araw, at kakila-kilabot gaya ng isang hukbo na may mga bandila,' tulad ng ipinagdasal ng Propeta na mangyari (D at T 109:73). . . .

"Sumandali tayong nagbibigay-pitagan sa gabing ito. Nininilay-nilay natin ang himala ng buhay na nagsimula sa luntiang mga

burol ng Vermont at nagwakas sa piitan sa Carthage. Maikli lamang ang buhay na iyon. Subalit ang mga ibinunga ng buhay na iyon ay isang bagay na halos hindi kayang arukin [ng tao].

"Ang dakilang gawaing ito ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay mas mahalaga pa sa buhay mismo para sa libu-libong namatay sa paglilingkod dito. Daan-daang libong saksi ang isinilang sa mundong ito upang magpatotoo sa tungkulin ni Joseph Smith bilang Propeta ng Diyos. Ang banal na priesthood na ibinalik sa pamamagitan niya ay bumagsak na parang balabal sa di mabilang na mga kalalakihang nagtataglay ng integridad at kabutihang-asal at nababalot ng banal na kapangyarihang ito. Ang Aklat ni Mormon ay lumalaganap sa iba't ibang panig ng mundo bilang isa pang tipan ng Panginoong Jesucristo.

"Babanggitin ko ang isang kawikaan na sinambit matagal nang panahon at sa iba't ibang pangyayari, 'ang dugo ng mga martir ang naging binhi ng Simbahan.' Ang mga patotoong itinatak sa mismong mga piitang ito, sa lupaing ito na pinagpupulungan natin ngayong gabi, ang mainit at maalinsangang araw na iyon 150 taon na ang nakalipas, ay siyang nangangalaga ngayon ng pananampalataya ng mga tao sa buong mundo."[25]

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xiv.

- Basahin ang pangyayaring inilarawan sa pahina 633. Pag-isipan kung ano ang maaaring nadama ng mga tao nang matanggap nila ang patunay na si Brigham Young ang susunod kay Joseph Smith bilang lider ng Simbahan. Paano natin matatanggap ang patunay na ang Panginoon ang tumawag sa Pangulo ng Simbahan ngayon?
- Si Jose ng Egipto ang isa sa maraming sinaunang propeta na nagpropesiya kay Joseph Smith at sa kanyang misyon (pahina 634). Tulad ng ipinakita sa kabanatang ito, patuloy na binig-

yang-diin ng mga propeta sa mga huling araw ang kahalagahan ni Joseph Smith. Sa inyong palagay bakit nakatanggap si Joseph Smith ng gayong atensyon, bago at pagkatapos ng kanyang misyon sa lupa?

- Pag-aralan ang mga patotoo sa mga pahina 635–37 tungkol sa pagkaorden noon pa man kay Joseph Smith. Paano nagbabago ang pagkaunawa natin sa misyon ni Joseph Smith sa mundo kapag "tinitingnan natin ito nang may pagkaunawa sa walang hanggan"?
- Basahin ang mga patotoo sa mga pahina 637–39 tungkol sa Unang Pangitain. Paano naging "pinakadakilang pangyayari ito na naganap sa mundo mula pa noong pagkabuhay na mag-uli ng Anak ng Diyos"? Paano naging "saligan ng Simbahang ito" at "sikreto ng kalakasan at katatagan nito" ang Unang Pangitain? Ano ang nakatulong sa inyo upang magkaroon ng patotoo tungkol sa Unang Pangitain?
- Ipinahayag ni Pangulong Joseph F. Smith, "Ang Diyos ang may responsibilidad sa gawaing isinagawa ni Joseph Smith—hindi si Joseph Smith" (pahina 637). Sa inyong palagay bakit mahalagang bigyang-diin ang bagay na ito tungkol sa misyon ni Joseph Smith?
- Ganito ang sabi ni Pangulong John Taylor tungkol kay Joseph Smith, "Hindi pa ako nakakilala kailanman ng taong kasingdunong niya" (pahina 640). Gayunman, binigyang-diin ni Pangulong Taylor at ng iba pang mga Pangulo ng Simbahan na hindi nagkaroon ng maraming oportunidad na makapag-aral si Joseph Smith. Bakit napalago ni Joseph ang kanyang kaalaman? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 639–43). Sa paghahangad natin ng espirituwal na kaalaman, paano natin masusundan ang halimbawa ni Joseph Smith?
- Repasuhin ang mga pahina 643–48, at bigyang-pansin ang mga katotohanan at ordenansang ipinanumbalik sa pamamagitan ni Joseph Smith. Pag-isipan kung ano ang magiging kaibhan sa buhay ninyo kung hindi ninyo nalaman ang ipinanumbalik na ebanghelyo. Bakit ninyo pinasasalamatan si Joseph Smith at ang kanyang misyon?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* 2 Nephi 3:6–19; 27:6–26; 3 Nephi 21:9–11; D at T 1:17; 5:9–10; 21:1–6

## *Mga Tala*


1. George Q. Cannon, "Joseph Smith, the Prophet," *Juvenile Instructor,* Okt. 29, 1870, pp. 174–75.
2. Isa pang tala ng mga propesiya ni Jose noong unang panahon ang ibinigay sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia, Genesis 50:24–36.
3. Basbas na ibinigay ni Joseph Smith Sr., kay Joseph Smith noong Dis. 9, 1834, sa Kirtland, Ohio; sa Patriarchal Blessings 1833–2005, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.
4. Joseph F. Smith, *Deseret News,* Mar. 7, 1883, p. 98; ginawang makabago ang pagbabantas.
5. Brigham Young, *Deseret News,* Okt. 26, 1859, p. 266.
6. Joseph Fielding Smith, "The Historical Background of the Prophet Joseph Smith," *Improvement Era,* Dis. 1941, p. 717.
7. Ezra Taft Benson, "Joseph Smith—Man of Destiny," talumpating ibinigay noong Dis. 3, 1967, sa Logan, Utah, pp. 3–4; sa *Annual Joseph Smith Memorial Sermons* (walang petsa); ginawang makabago ang pagbabantas at pagpapalaki ng mga letra; binago ang pagkakahati ng mga talata.
8. Joseph F. Smith, *Deseret Evening News,* Hulyo 14, 1917, p. 9; ginawang makabago ang pagbabantas; binago ang pagkakahati ng mga talata.
9. Heber J. Grant, "Some Things We Must Believe," *Improvement Era,* Set. 1938, p. 519.
10. Howard W. Hunter, "Joseph—The Seer," talumpating ibinigay noong Dis. 15, 1960, sa Logan, Utah; sa *Annual Joseph Smith Memorial Sermons* (1966), 2:197–98; ginawang makabago ang pagbabaybay, pagbabantas, pagpapalaki ng mga letra, at gramatika.
11. David O. McKay, "Joseph Smith—Prophet, Seer, and Revelator," *Improvement Era,* Ene. 1942, p. 54.
12. Ezra Taft Benson, talumpating ibinigay noong Mayo 20, 1984, sa Salt Lake City, Utah, p. 2; Ezra Taft Benson, Addresses 1943–89, Church Archives.
13. George Albert Smith, sa Conference Report, Abr. 1917, p. 37.
14. John Taylor, *Deseret News,* Hunyo 2, 1880, p. 275.
15. Wilford Woodruff, *Millennial Star,* Apr. 28, 1890, p. 258; ginawang makabago ang pagpapalaki ng mga letra.
16. Lorenzo Snow, *Deseret News,* Abr. 13, 1870, pp. 115–16.
17. Harold B. Lee, *Teachings of Harold B. Lee,* ed. Clyde J. Williams (1996), p. 372.
18. David O. McKay, "The Prophet Joseph Smith—On Doctrine and Organization," talumpating ibinigay noong Dis. 10, 1944, sa Logan, Utah; sa *Annual Joseph Smith Memorial Sermons* (1966), 1:9, 14; ginawang makabago ang pagbabaybay at pagpapalaki ng mga letra.
19. Howard W. Hunter, "The Temple of Nauvoo," *Ensign,* Set. 1994, p. 63; binago ang pagkakahati ng mga talata.
20. Spencer W. Kimball, sa Conference Report, Apr. 1977, pp. 114–15; o *Ensign,* Mayo 1977, p. 77.
21. Gordon B. Hinckley, "Joseph Smith Jr.—Prophet of God, Mighty Servant," *Ensign,* Dis. 2005, pp. 4–6.
22. Joseph F. Smith, sa "Joseph, the Prophet," *Salt Lake Herald Church and Farm Supplement,* Jan. 12, 1895, pp. 210–11; ginawang makabago ang pagpapalaki ng mga letra.
23. Joseph F. Smith, *Deseret News,* Mar. 7, 1883, p. 98; ginawang makabago ang pagbabantas.
24. Joseph Fielding Smith, "The First Prophet of the Last Dispensation," *Ensign,* Ago. 1971, p. 7.
25. Gordon B. Hinckley, "Joseph, the Seer," *Ensign,* Set. 1994, p. 71; binago ang pagkakahati ng mga talata.

# Apendise: Mga Sangguniang Ginamit sa Aklat na Ito

Iba't ibang sanggunian ang pinagkunan ng mga turo ni Propetang Joseph Smith, kabilang na ang *History of the Church.* Ang sumusunod na materyal ay inilaan upang tulungan kayong maunawaan ang mga sangguniang ito.

---

**Mga Sangguniang Pinagkunan ng mga Turo ng Propeta**

Ang mga turo ni Propetang Joseph Smith na kasama sa aklat na ito ay kinuha mula sa sumusunod na uri ng mga sanggunian.

*Mga Sermon.* Maraming sipi mula sa mga talumpating ibinigay ni propetang Joseph Smith ang ginamit sa aklat na ito. Ang paraan ng pagtatala sa mga sermon na ito ay iba sa paraan ng pagtatala ng mga sermon sa sumunod na mga Pangulo ng Simbahan. Ang mga Pangulo ng Simbahan na namuno pagkatapos ni Joseph Smith ay gumamit ng mga tagasulat para itala ang kanilang mga mensahe sa mga miyembro ng Simbahan gamit ang shorthand. Nang magkaroon ng mga makabagong gamit sa pagrerekord tulad ng mga tape recorder at pelikula, ginamit ang mga ito sa pagrekord ng eksaktong mga sinabi ng mga lider ng Simbahan.

Noong panahon ni Joseph Smith, hindi pa gaanong ginagamit ang shorthand. Dahil dito, ang mga sermon na ibinigay niya ay hindi naitala nang eksakto ng mga tagasulat, mga lider ng Simbahan, at iba pang mga miyembro ng Simbahan. Halos lahat ng talumpati ni Joseph Smith ay ipinahatid nang biglaan at walang nakahandang teksto, kaya ang mga isinulat lamang ng mga nakinig sa kanya ang tanging tala ng mga talumpati. Kahit may makukuha pa ring mahabang ulat ng kanyang mga talumpati, karamihan ay mga buod lamang ito ng mga mensaheng ibinigay ng propeta. Nakapanghihinayang na walang tala

ang karamihan sa mga talumpating ibinigay ni Joseph Smith. Sa mahigit 250 sermon na nalamang naibigay ni Joseph Smith, mga 50 lamang ang naiulat o naisulat ng mga tagasulat o iba pa.

*Mga Artikulo:* Ilan sa mga turo ng Propeta sa aklat na ito ay kinuha mula sa mga artikulong ginawa ni Joseph Smith para ilathala sa mga pahayagan ng Simbahan, kabilang na ang *Evening and Morning Star, Latter Day Saints' Messenger and Advocate, Elder's Journal,* at *Times and Seasons.*[1] Isinulat o idinikta ni Joseph Smith ang ilang materyal na ilalathala. Gayon din, malimit niyang inatasan ang isang tagasulat, isa pang miyembro ng Unang Panguluhan, o isa pang pinagkakatiwalaang tao na sumulat ng artikulo hinggil sa ilang partikular na bagay na nais niyang iparating. Pagkatapos ay pahihintulutan ng propetang ilathala ang teksto sa ilalim ng kanyang pangalan matapos na makitang naipahayag nito ang iniisip niya. Halimbawa, kumuha ang aklat na ito ng ilang sipi mula sa ilang editoryal na inilathala sa *Times and Seasons* noong 1842. Sa loob ng walong buwan ng taong iyon, mula Marso hanggang Oktubre, nanungkulan si Joseph Smith bilang editor ng pahayagang iyon at madalas na naglathala ng mga artikulong may lagdang "Ed." Bagaman tumulong ang iba pa sa pagsulat sa marami sa mga artikulong ito, inaprubahan at inilathala ng propeta ang mga ito sa ilalim ng kanyang pangalan.

*Mga Liham.* Sumipi ang aklat na ito mula sa maraming liham na isinulat o idinikta ni Joseph Smith. Sumipi rin ang aklat na ito mula sa mga liham na inaprubahan at nilagdaan ni Joseph Smith na inihanda ng iba nang kumpleto o nang ilang bahagi lamang sa ilalim ng kanyang tagubilin.

*Mga Journal.* Ang mga journal ng Propeta ay pinagkunan ng marami sa kanyang mga turo. Bagaman marami at mahaba ang nakasulat sa kanyang mga journal, hindi siya ang madalas na nagsulat dito, kundi may mga tagasulat siya na kanyang tinatagubilinan. Dahil dito, napagtutuunan niya ng pansin ang iba pang mabibigat na responsibilidad ng kanyang tungkulin. Bago siya namatay bilang martir ipinahayag niya, "Sa nakalipas na tatlong taon, may tala ako ng lahat ng aking mga ginawa, dahil lagi akong may kasamang ilang mababait, tapat, at mahuhusay na mga tagasulat na nagtatrabaho sa akin: sinasamahan nila ako

kahit saan, at maingat na isinusulat ang aking kasaysayan, ang aking mga ginawa, pinuntahan, at sinabi."[2] Itinala ng mga taga-sulat ng Propeta ang mga journal entry sa ikatlong panauhan [third person], at sa unang panauhan [first person] na para bang si Joseph mismo ang nagsusulat.

*Mga alaala ng ibang mga tao.* Sumipi ang aklat na ito mula sa mga alaala ng mga taong naringgang magsalita ang Propeta at itinala ang mga iyon sa kanilang mga journal at iba pang sulatin. Nang mamatay ang propeta, pinagsikapan nang husto ng mga lider ng Simbahan at mananalaysay na tipunin at ingatan ang mga naisulat na iyon at itala ang mga hindi pa naisulat na mga alaala tungkol sa Propeta. Ang gayong mga sanggunian ay ginamit lamang kapag aktwal na narinig ng tao ang mga salitang itinala niya.

*Mga Banal na Kasulatan.* Sumipi ang aklat na ito mula sa mga turo at sulatin na kalaunan ay inaprubahan bilang banal na kasulatan sa Doktrina at mga Tipan at Mahalagang Perlas. Kabilang sa mga inaprubahang sulatin ang mga tagubiling ibinigay niya tungkol sa paksang may kinalaman sa doktrina, mga naitalang pangitain, at mga liham at iba pang mga dokumentong isinulat niya. Sumisipi ang aklat na ito mula sa inaprubahang mga turo at sulatin kapag nagbibigay ito ng mga kabatiran sa mga doktrinang inilahad sa aklat na ito.

---

## *Kasaysayan ng Simbahan*

Marami sa mga sermon at sulatin ni Propetang Joseph Smith na kasama sa aklat na ito ay sinipi mula sa *History of The Church of Jesus Christ of Latter- day Saints*, na tinutukoy sa aklat na ito bilang *History of the Church.*[3] Ang unang anim na tomo ng *History of the Church* ay nagsasaad ng kasaysayan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw mula sa simula hanggang sa kamatayan ni Joseph Smith. Pangunahing inilalarawan ng kasaysayang ito ang mga pangyayari at karanasang may kaugnayan sa buhay at ministeryo ni Joseph Smith. Isa ito sa pinakamahahalagang mapagkukunan ng makasaysayang impormasyon tungkol sa buhay at turo ni Joseph Smith at sa unti-unting paglago ng Simbahan noon.

Sinimulan ni Joseph Smith ang paghahanda ng kasaysayan na sa huli'y naging *History of the Church* noong tagsibol ng 1838 para salungatin ang maling mga ulat na inilalathala sa mga pahayagan at saan man. Ang pagkukumpleto ng kanyang kasaysayan ang paksang labis niyang ipinag-alala. Noong 1843 sinabi niya, "May ilang paksa na mas ipinag-alala ko pa kaysa sa sarili kong kasaysayan, na naging napakahirap na gawain para sa akin."[4]

Ang *History of the Church* ay batay sa mga alaala, journal, at iba pang personal na tala. Inilalahad nito ang araw-araw na pagsasalaysay ng mga aktibidad ng propeta at mahahalagang pangyayari sa kasaysayan ng Simbahan. Kabilang din dito ang mga talumpati ng Propeta, mga kopya ng paghahayag na natanggap niya, mga artikulo mula sa mga pahayagan ng Simbahan, mga katitikan sa kumperensya, at iba pang mga dokumento.

Kasama si Joseph Smith sa paghahanda at pagrerepaso ng kanyang kasaysayan hanggang sa bago siya mamatay. Gayunpaman, ipinasulat niya sa iba ang karamihan sa kanyang mga gawa sa ilalim ng kanyang pangangasiwa. Ang ilan sa mga dahilan nito ay bunga ng kanyang habambuhay na pagnanais na sabihin o idikta ang kanyang iniisip kaysa isulat ang mga ito, at ang maraming oras na kailangan para sa kanyang pagmiministeryo. Ito ang nakatala sa kasaysayan ng Propeta noong Hulyo 5, 1839, "Idinidikta ko ang kasaysayan, sinasabi kong idinidikta ko, dahil bibihira akong isulat ito mismo."[5]

Isinulat ang kasaysayan mula noong Agosto 5, 1838 hanggang Hunyo 1844. Sa Piitan sa Carthage ilang oras bago siya mamatay, iniutos ng Propeta kay Elder Willard Richards, ang kanyang pangunahing tagasulat nang panahong iyon, na ipagpatuloy ang plano ng pagtitipon at pagsulat ng kasaysayan.[6] Sina Elder Richards at iba pang kalalakihang malapit sa Propeta ang nagtuloy sa kasaysayan ayon sa itinagubilin hanggang sa mamatay si Elder Richards noong 1854. Sumunod, si Elder George A. Smith, pinsan at matalik na kaibigan ng propeta ang gumawa o nagsilbing pangunahing tagapangasiwa ng pagtitipon ng kasaysayan. Si Elder George A. Smith ay naordenang Apostol noong 1839 at naging Church Historian noong 1854. Tumulong din sa pagtitipon ang marami pang ibang nagtatrabaho sa Church Historian's Office.

Isang mahalagang tungkulin ng mga tagapagtipon ng *History of the Church* ay ang pag-edit at paghahanda ng orihinal na mga dokumento na isasama sa kasaysayan. Kasama sa trabaho nila ang paggawa ng kaunting pagbabago sa halos lahat ng orihinal na dokumentong kasama sa *History of the Church.* Iwinasto ng mga tagapagtipon ang mga maling baybay ng mga salita at isinaayos ang mga bantas, pagpapalaki ng mga letra, at gramatika, ayon sa kasalukuyang pamantayan. Bukod pa riyan, sa ilang pagkakataon, gumawa ng ilang iba pang pagbabago sa orihinal na mga dokumento ang mga tagapagtipon ng kasaysayan. Nahahati sa tatlong kategorya ang mga pagbabagong ito.

1. *Pagsasama-sama ng mga tala.* Marami sa mga talumpati ni Joseph Smith ay mula sa tala ng higit pa sa isang tagapakinig. Sa ilang pagkakataon, pinagsama ng mga tagapagtipon ng *History of the Church* ang dalawa o higit pang tala ng iisang talumpati sa iisang bersyon.
2. *Pagbabago ng mga tala mula sa ikatlong panauhan sa unang panauhan.* Maraming tala tungkol sa mga turo at aktibidad ang naitala sa ikatlong panauhan. Karamihan sa mga talang ito ay isinulat ng kanyang mga tagasulat, pero ang ilang tala ay kinuha mula sa mga isinulat ng ibang nakakikilala sa Propeta at mula sa mga artikulo sa pahayagan. Habang inaayos ng mga tagapagtipon ng *History of the Church* ang mga tala, isinulat nila ang kasaysayan sa unang panauhan, na parang ang Propeta ang mismong nagsulat. Dahil dito, kinailangang palitan ang ilang tala na nasa ikatlong panauhan sa unang panauhan.
3. *Pagdaragdag o pagbabago ng mga salita o parirala.* Marami sa mga orihinal na talang kinuha sa mga sermon ng Propeta ay maikli, kulang, at hindi magkakaugnay. May mga pagkakataong isinaayos muli ng mga mananalaysay ng Simbahan ang mga sermon ng propeta batay sa mga nakuhang tala pati na rin sa kanilang mga alaala at pangyayaring kasama nila ang Propeta. Kung minsan kinailangan sa gawaing ito ang pagdaragdag o pagbabago ng mga salita o parirala para punan ang puwang at ipaliwanag ang kahulugan.

Lahat ng pagtitipon at pagsusulat ng *History of the Church* ay ginawa sa ilalim ng pangangasiwa at pagrerepaso ng mga apostol. Binasa ang kasaysayan sa mga miyembro ng Unang Panguluhan, kabilang na si Pangulong Brigham Young, at ang Korum ng Labindalawang Apostol na ang ilan ay malapit sa Propeta at nakarinig sa mga orihinal na talumpati. Inaprubahan ng mga lider na ito ang paglathala sa manuskrito bilang kasaysayan ng Simbahan sa panahong saklaw nito.

Noong Agosto 1856 nakumpleto ang kasaysayan hanggang sa kamatayan ni Joseph Smith. Inilathala ang kasaysayan nang serye-serye sa mga pahayagan ng Simbahan sa ika-19 na siglo bilang "History of the Church."[7] Inedit ni Elder B. H. Roberts, miyembro ng Panguluhan ng Pitumpu, ang kasaysayan, at inilathala sa pagitan ng 1902 at 1912 sa anim na tomo. Pinamagatan itong *History of the Church of Jesus Christ of Latter-day Saints.*

Nagbigay ng mga patunay ang mga taong nagtipon ng kasaysayan sa katumpakan ng pagtatala. Sinabi ni Elder George A. Smith: "Ginawa ang lahat ng buong pag-iingat upang maipahayag ang mga ideya nang malapit sa estilo ng Propeta hanggang maaari; at walang pagkakataon na nabago ang sentimyento nito sa pagkakaalam ko, dahil narinig ko mismo ang karamihan sa kanyang mga talumpati, malimit siyang nakasama at naging malapit sa kanya, at lubos na pamilyar sa kanyang mga prinsipyo at motibo."[8]

Ipinahayag nina Elder George A. Smith at Elder Wilford Woodruff: "Ang *History of Joseph Smith* ay narito na ngayon, at naniniwala kami na walang kasaysayan na higit ang katumpakan kaysa rito pagdating sa mga detalye, ang nailathala kailanman noon. Upang masigurong tumpak na tumpak ito, matindi ang pasakit na naranasan ng mga mananalaysay at klerk na naging bahagi ng gawaing ito. Nakita at narinig nila ang halos lahat ng naitala sa kasaysayang ito, na ang karamihan ay itinatala habang kasalukuyang nagaganap, at, kung hindi man sila personal na naroon, nakukuha nila ang impormasyon sa mga mismong naroon. Dagdag pa riyan, mula nang mamatay si Propetang

Joseph, maingat na binago ang *History* sa ilalim ng mahigpit na pagsusuri ni Pangulong Brigham Young na siya ring nag-apruba.

"Kung gayon, kami ay nagpapatotoo sa buong mundo, kung kanino ipararating ang mga salitang ito, na ang *History of Joseph Smith* ay totoo, at isa sa pinakatunay na mga kasaysayang naisulat."[9]

Sa aklat na ito, ang mga talumpati at isinulat ni Propetang Joseph Smith ay sinipi mula sa *History of the Church* maliban kung hindi kasama rito ang aktwal na talumpati o isinulat. Kapag sumisipi ang aklat na ito mula sa *History of the Church,* isinasaad sa mga endnote ang impormasyon tungkol sa mga orihinal na talumpati o isinulat, kabilang na ang mga pangalan ng mga nagtala ng mga sermon ng Propeta. Isinasaad din sa mga endnote kung gumamit ang mga tagapagtipon ng *History of the Church* ng kanilang mga alaala at mga pangyayaring naranasan nila kasama ang Propeta para magbago o magdagdag ng mga salita o parirala sa orihinal na ulat. Ang gayong mga pagdaragdag o pagbabago ay isinasaad lamang kapag nakaaapekto ang mga ito sa ibig sabihin ng sipi. Hindi na isinasaad ang mga kaunting pagbabago sa tala.

Ang aklat na pinamagatang Joseph Smith—Kasaysayan, tulad nang nakatala sa Mahalagang Perlas, ay hango mula sa unang limang kabanata sa unang tomo ng *History of the Church.*

## *Mga Tala*

1. Ang *Evening and Morning Star* ay inilathala sa Independence, Missouri, mula 1832 hanggang 1833, at sa Kirtland, Ohio, mula 1833 hangang 1834. Ang *Latter Day Saints' Messenger and Advocate* ay inilathala sa Kirtland mula 1834 hanggang 1837. Ang *Elders' Journal* ay inilathala sa Kirtland noong 1837, at sa Far West, Missouri, noong 1838. Ang *Times and Seasons* ay inilathala sa Nauvoo, Illinois, mula 1839 hanggang 1846.
2. *History of the Church,* 6:409; talumpating ibinigay ni Joseph Smith noong Mayo 26, 1844, sa Nauvoo, Illinois; iniulat ni Thomas Bullock.
3. Ang *History of the Church* ay tinutukoy din bilang Documentary History of the Church.
4. *History of the Church,* 6:66; mula sa"History of the Church" (manuskrito), aklat E-1, p. 1768, Church Archives, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.
5. *History of the Church,* 4:1; mula sa "History of the Church" (manuskrito), book C-1, p. 963, Church Archives.
6. Tingnan ang liham ni George A. Smith kay Wilford Woodruff, Abr. 21, 1856, Salt Lake City, Utah; sa Historical Record Book, 1843–74, p. 219, Church Archives.

7. Ang "History of Joseph Smith" ay inilathala sa *Times and Seasons* mula Mar. 15, 1842, hanggang Peb. 15, 1846. Ipinagpatuloy ito sa *Deseret News* mula Nob. 15, 1851, hanggang Ene. 20, 1858. Inilimbag itong muli sa *Millennial Star* mula Hunyo 1842 hanggang Mayo 1845; at mula Abr. 15, 1852, hanggang Mayo 2, 1863.
8. Liham ni George A. Smith kay Wilford Woodruff, Abr. 21, 1856, Salt Lake City, Utah; sa Historical Record Book, 1843–74, p. 218, Church Archives.
9. George A. Smith at Wilford Woodruff, *Deseret News,* Ene. 20, 1858, p. 363; binago ang pagkakahati ng mga talata.

# Listahan ng mga Biswal


Pabalat: *Kapatid na Joseph,* ni David Lindsley. © 1998 David Lindsley.

Pahina vi: *Joseph Smith,* ni Alvin Gittins. © 1959 IRI.

Pahina xxiv: *Pagkatapos ng Lubos na Pagninilay-nilay,* ni Al Rounds. © 1989 Al Rounds. Hindi maaaring kopyahin.

Pahina 5: Larawang Kuha ni George Edward Anderson. Sa Kagandahang-loob ng Museum of Church History and Art.

Pahina 7: *Emma Hale Smith,* ni Lee Greene Richards. © 1941 IRI.

Pahina 25: Larawan sa kagandahang-loob ng Daughters of Utah Pioneers.

Pahina 30: *Unang Pangitain ni Joseph Smith,* ni Greg K. Olsen. © 1988 Greg K. Olsen.

Pahina 35: *Naghanap si Joseph Smith ng Karunungan mula sa Biblia,* ni Dale Kilbourn. © 1975 IRI.

Pahina 42: *Ang Unang Pangitain,* ni Glen S. Hopkinson. © 1994 Glen S. Hopkinson. Hindi maaaring kopyahin.

Pahina 47: Larawang Kuha ni Steve Bunderson. © 2005 Steve Bunderson.

Pahina 54: *Nagpakita ang Panginoon sa Kirtland Temple,* ni Del Parson. © 2001 IRI.

Pahina 59: *Bakit Ka Umiiyak,* ni Simon Dewey. © 2006 Simon Dewey, Altus Fine Arts.

Pahina 63: *Si Cristo kasama ang mga Bata,* ni Harry Anderson. © 1975 IRI.

Pahina 68: *Tinatanggap ni Joseph Smith ang mga Lamina,* ni Kenneth Riley. © 1968 IRI.

Pahina 82: *Si Cristo sa Getsemani,* ni Harry Anderson. © IRI.

Pahina 86: *Alibughang Anak,* ni Clark Kelley Price. © 1989 IRI.

Pahina 92: *Ang Pagpapanumbalik ng Aaronic Priesthood,* ni Del Parson. © 1984 IRI.

Pahina 97: *Binibinyagan ni Juan Bautista si Jesus,* ni Harry Anderson. © IRI.

Pahina 104: *Pagbibinyag kay Joseph Smith Sr.,* ni Robert T. Barrett. © 2007 Robert T. Barrett.

Pahina 109: *Nagbibinyag si Alma sa mga Tubig ng Mormon,* ni Minerva Teichert. Sa kagandahang-loob ng Museum of Art, Brigham Young University.

Pahina 112: Larawang Kuha ni by Derek Israelsen. © 2002 Derek Israelsen.

Pahina 118: *Ang Pagpapanumbalik ng Melchizedek Priesthood,* ni Kenneth Riley. © 1965 IRI.

Pahina 123: *Binabasbasan ni Adan ang Kanyang Angkan,* ni Clark Kelley Price. © 1997 Clark Kelley Price.

Pahina 143: *Si Abraham sa mga Kapatagan ng Mamre,* ni Harry Anderson. © 1976 IRI.

Pahina 146: *Ipinakikita ng Isang Anghel ang mga Gintong Lamina kina Joseph Smith, Oliver Cowdery, at David Whitmer,* ni William Maughan. © 1988 William Maughan.

Pahina 158: *Mga Unang Bunga,* ni Jeffrey Hein. © 2005 Jeffrey Hein.

Pahina 162: *Inorganisa ang Simbahan ni Jesucristo, 1830,* ni Joseph Brickey. © Joseph Brickey. Hindi maaaring kopyahin.

Pahina 172: *Nangangaral si Joseph sa Nauvoo,* ni Sam Lawlor. © 2001 Sam Lawlor.

Pahina 184: *Si Joseph Smith sa Newel K. Whitney Store,* ni Paul Mann. © 1986 Paul Mann.

Pahina 194: *Si Pablo sa Cesarea,* ni Stecher. Providence Lithograph Collection. Lahat ng karapatan ay nakalaan.

Pahina 200: *Regalo ng Isang Ama,* ni Liz Lemon Swindle. © 1998 Liz Lemon Swindle, Foundation Arts. Hindi maaaring kopyahin.

Pahina 206: Larawang Kuha ni Robert Casey. © 2007 Robert Casey.

Pahina 212: Lote ng Lungsod ng Sion. Sa kagandahang-loob ng Museum of Church History and Art.

Pahina 216: Larawang Kuha ni Robert Casey. © 2007 Robert Casey.

Pahina 224: *Tumatanggap si Joseph Smith ng Paghahayag,* ni Dan Lewis. © 2007 Dan Lewis.

Pahina 234: *Nilait ang Ipinangangaral ni Noe,* ni Harry Anderson. © IRI.

Pahina 240: *Nagpakita ang Panginoon kay Moises,* ni Wilson Ong. © 2002 IRI.

Pahina 258: Larawang Kuha ng © Photospin.

Pahina 264: *Nilusob si Propetang Joseph ng mga Mandurumog,* ni Sam Lawlor. © 2001 Sam Lawlor.

Pahina 272: Larawang Kuha ni by Robert Casey. © 2007 Robert Casey.

Pahina 276: *Pagdalaw ng Pamilya sa Liberty Jail* ni Joseph Brickey. © 1996 Joseph Brickey. Hindi maaaring kopyahin.

Pahina 299: *Walang Pagkapoot,* ni Nancy Glazier-Koehler. © 1984 Nancy Glazier-Koehler.

Pahina 304: *Ipinahayag ang Word of Wisdom,* ni Kenneth A. Corbett. © 2005 Kenneth A. Corbett. Hindi maaaring kopyahin.

Pahina 311: Larawang Kuha ni David Stoker. © 2005 David Stoker.

Pahina 316: *Nililinis ni Hyrum Smith ang Lupain,* ni Joseph Brickey. © 1999 Joseph Brickey.

Pahina 322: Larawang Kuha ni Robert Casey. © 2007 Robert Casey.

Pahina 328: Larawang Kuha ni Steve Bunderson. © 2000 Steve Bunderson.

Pahina 338: *Tumulong si Joseph na Iahon ang Bagon sa Latian,* ni Clark Kelley Price. © 1994 IRI.

Pahina 342: *Estudyante ng Propeta,* ni Paul Mann. © 1998 Paul Mann.

Pahina 347: *Ang Manghahasik,* ni Coller. Providence Lithograph Collection. Lahat ng karapatan ay nakalaan.

Pahina 352: Larawang Kuha ng © Dynamic Graphics, Inc.

Pahina 358: *Nagpakita si Elijah sa Kirtland Temple,* ni Dan Lewis. © 2007 Dan Lewis.

Pahina 366: Larawang Kuha ni Derek Israelsen. © 2001 Derek Israelsen.

Pahina 377: *Ipinagkanulo ni Judas si Cristo,* ni Ted Henninger. © 1976 IRI.

Pahina 384: *Sina Heber C. Kimball at Joseph Fielding sa Chatburn, England,* ni Paul Mann. © 1987 Paul Mann.

Pahina 398: *Nakapagpapabagong Personahe ,* ni Jeffrey Hein. © 2007 Jeffrey Hein.

Pahina 401: *Ang Pangangaral sa Bundok,* ni Harry Anderson. © IRI.

Pahina 410: *Pinagsasabihan ni Joseph Smith ang mga Gwardya sa Richmond Jail,* ni Sam Lawlor. © 2007 Sam Lawlor.

Pahina 416: *Kayamanang Nakatago sa Bukid,* ni Coller. Providence Lithograph Collection. Lahat ng karapatan ay nakalaan.

Pahina 420: *Si Joseph Smith sa Liberty Jail,* ni Greg K. Olsen. © 1990 Greg K. Olsen.

Pahina 428: *Si Cristo sa Harapan ni Pilato,* ni Mihaly von Munkacsy.

Pahina 434: *Nang may Iisang Puso: Tinatawid ni Emma ang Niyebe,* ni Liz Lemon Swindle. © 1998 Liz Lemon Swindle, Foundation Arts. Hindi maaaring kopyahin.

Pahina 438: *Paglisan sa Missouri,* ni C. C. A. Christensen. Sa kagandahang-loob ng Museum of Art, Brigham Young University.

Pahina 444: *Pagpapagaling kay Elijah Fordham,* ni Jeffrey Hein. © 2007 Jeffrey Hein.

Pahina 458: *Ang Babaeng Nangalunya,* ni Harry Anderson. © Seventh-day Adventist Church. Hindi maaaring kopyahin.

Pahina 466: *Joseph Smith at William W. Phelps,* ni Robert Anderson McKay. © 1997 Robert Anderson McKay.

Pahina 472: Larawang Kuha ni Robert Casey. © 2007 Robert Casey.

Pahina 477: *Nangangaral si Cristo sa Daigdig ng mga Espiritu,* ni Robert T. Barrett. © 1985 Robert T. Barrett.

Pahina 496: Larawang Kuha ni Don Thorpe. © 1986 IRI.

Pahina 504: *Pagtatayo ng Dampa para sa isang Balo,* ni Adam Abram. © 2001 Adam Abram.

Pahina 506: *Emma Smith, ang Hinirang na Babae,* ni Theodore Gorka. © 1996 IRI.

Pahina 510: *Nagsusulat si Joseph Smith,* ni Dale Kilbourn. © 1981 Dale Kilbourn. Hindi maaaring kopyahin.

Pahina 516: *Tinanggap ni Joseph Smith ang Tungkuling Pangalagaan ang mga Lamina,* ni Gary E. Smith. © Gary E. Smith.

Pahina 526: *Come, Let Us Rejoice,* by Walter Rane. © 2005 IRI. Sa kagandahang-loob ng Museum of Church History and Art.

Pahina 530: Larawang Kuha ni Robert Casey. © 2007 Robert Casey.

Pahina 538: *Nakatayo sa Tabi ng Ilog sina Joseph at Hyrum Smith,* ni Theodore Gorka. © 1996 IRI.

Pahina 545: *Babaeng Tagapaglingkod ng Iowa,* ni Joseph Brickey. © Joseph Brickey. Hindi maaaring kopyahin.

Pahina 555: Larawang Kuha ni Mark Cannon. © 1989 IRI.

Pahina 570: *Si Joseph Smith Sr. Habang Binabati ng Kanyang mga Anak,* ni Paul Mann. © 2001 Paul Mann.

Pahina 572: *Ikinukwento ng Batang si Joseph Smith sa Kanyang Pamilya ang Nangyari sa Kanya sa Hill Cumorah,* ni Robert T. Barrett. © 1987 Robert T. Barrett.

Pahina 578: *Si Joseph Smith Habang Nagsasalita sa mga Banal sa Pontiac Michigan Branch, 1834,* ni Robert T. Barrett. © 1986 Robert T. Barrett.

Pahina 594: *Si Joseph Smith sa Nauvoo Temple,* ni Gary E. Smith. © 1975 Gary E. Smith.

Pahina 604: *Pinunasan ni Joseph ang aming Luhaang mga Mukha,* ni Clark Kelley Price. © 1996 IRI.

Pahina 612: *Si Joseph sa Nauvoo, 1840,* ni Theodore Gorka. © 1996 IRI.

Pahina 618: *Mga Mandurumog sa Carthage Jail,* ni William Maughan. © 1986 IRI.

Pahina 622: *Ang Huling Pakikipagpulong ni Joseph Smith sa mga Apostol,* ni Robert T. Barrett. © 2004 Robert T. Barrett.

Pahina 632: *Nangangaral si Joseph Smith sa Nauvoo,* ni Paul Mann. © 1994 Paul Mann.

# Indeks

## A

Aaronic Priesthood
diwa ni Elias, 99–100
ginawa nang walang sumpa, 127
korum itinatag, mga, 15
Juan Bautista nagtaglay ng, 98
maytaglay kailangang tawagin ng Diyos, mga, 128
nangangasiwa sa mga panlabas na ordenansa, 127
pagganap sa mga katungkulan sa, 130
panunumbalik ng, vii, 9, 91–94, 99, 103
Abel, 56–57, 109, 125
Abraham, 57–58, 110–11, 142, 148–50, 267–68
Abraham, aklat ni, xx, xxiii, 13–15, 512
Adan
Adan-ondi-Ahman, 122–24
ama ng mag-anak ng tao, 121–22, 124
Joseph Smith nakita si, 120
malaking kapulungan, idaraos ni, 122
Melchizedek Priesthood, unang tumanggap ng, 121–22, 124–26
Miguel ang Arkanghel, 120–21, 125
natanggap ang mga ordenansa mula sa Diyos, 125–26
nilikha sa wangis ng Diyos, 48
sa Adan-ondi-Ahman, 122–24
Adams, James, 208, 485
Agingay, talinghaga ng trigo at mga, 349–51
Aklat ng mga Kautusan, xix, 13, 225. *Tingnan din sa* Doktrina at mga Tipan
Aklat ni Mormon
huwag ipagkanulo ang mga paghahayag sa, 77–78, 437–38
kahalagahan ng pagbabasa ng, 74–78
kailangan sa ating relihiyon, 227
lamina nina Lehi at Nephi, mga, 74
laminang ginto, nakasulat sa, mga, 7, 67–73, 133, 514–17
Martin Harris isinangla ang bukirin para sa, 9, 157
Moroni ibinigay kay Joseph Smith ang, xv–xvi, 6–8, 67–71, 120–21, 239, 361, 514–15
Moroni hawak ang mga susi ng, 67
nilalaman ng, 74–75, 515–16
pagkawala ng 116 na mga pahina, xvi, 8, 73–74, 81–84
paglilimbag ng, xvii, 9, 157
pahinang pamagat ng, 72–73, 133, 157–59
pang-uusig dahil sa, 211, 438
patotoo ni Joseph Smith tungkol sa, 70–75
pinakatumpak sa alinmang aklat, 74
saksi sa, mga, xvii, 145–48, 353–54
talinghaga ng binhi ng mustasa inilalarawan ang, 166, 351–52
talinghaga ng lebadura inilalarawan ang, 353–54
*Tingnan din sa* Aklat ni Mormon, pagsasalin ng; Laminang ginto, mga; Moroni; Urim at Tummim
Aklat ni Mormon, pagsasalin ng
Joseph Smith ay may kaloob na, si, 133–36
Joseph Smith nadama ang pag-iisa sa, 145
proseso ng, xvi–xviii, 8–9, 69–70, 133–36, 157–59
sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, 70–74, 133, 174
sa tahanan ni Peter Whitmer Sr., xvii, 9, 135
tagasulat, Emma Smith bilang, 133
tagasulat, Martin Harris bilang, xvi, 8, 70
tagasulat, Oliver Cowdery bilang, xvi, 8–9, 91, 133–36
tulong ni Joseph Knight Sr. sa, 133
umaakay sa panalangin tungkol sa binyag, 91–94
Urim at Tummim ginamit sa, 8, 70, 73, 83, 135, 515

Ama. *Tingnan sa* Magulang, mga
Ama sa Langit. *Tingnan sa* Diyos Ama
Amerika
Jesucristo itinatag ang Simbahan sa, 161–63, 517
Sion itinayo sa, 218–29, 521–22
Anak ng Tao, palatandaan ng, 292–94
Anak o bata, mga
hindi kailangang binyagan, 110–11
iginagalang ang mga magulang, 567–68
magulang dapat mahalin ang, mga, 278–86, 569–74
na magkakaroon ng, sa kawalang-hanggan, 563–65
na namatay ay babangon bilang mga bata, 205–7
na namatay ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan, 110–11, 205–7
nina Joseph at Emma Smith, 21, 199–202
pagmamahal ni Joseph Smith sa, 278–86, 503–4, 505, 604, 606
tinubos ni Jesucristo, 110–11
Antas ng kaluwalhatian, tatlong, 255–61
Anthon, Charles, xvi
Apostasiya
bunga ng, mga, 375–79
kilos at pag-uugaling humahantong sa, mga, 369–72
pagkamatay ni Jesucristo, 31
pagsunod sa mga lider nakahahadlang sa, 379–80
sa Kirtland, 369–72
Satanas inaakay ang mga tao tungo sa, 375–76, 379
Apostol, Korum ng Labindalawang
Joseph Smith ibinigay ang mga susi ng priesthood sa, xxiii, 26, 164, 617, 621–24
mamumuno sa Simbahan pagkamatay ni Joseph Smith, 633
misyon sa England, mga, 16–17, 383–86
pagkakaisa sa, 163–65
pagtatatag ng, xx, 15, 19, 330–31
pulong ng, matapos paslangin bilang martir, 633
responsibilidad ng, mga, 163–65
Arkanghel. *Tingnan sa* Adan
Asawa, Kabiyak. *Tingnan sa* Kasal, walang hanggang
Asawang babae, 565–66. *Tingnan din sa* Kasal, walang hanggang
Asawang lalaki, 565–66. *Tingnan din sa* Kasal, walang hanggang
Aso, ni Joseph Smith, 21, 280, 284
Awa
kababaihan sa Relief Society nagpapakita ng, 532–33
ng Diyos, 45–46, 83, 87–89, 474–75
sa lahat ng tao, 501–3
sa pagpapatawad sa iba, 461–68
sa pagtubos sa mga patay, 477–78, 552–53
*Tingnan din sa* Pagpapatawad

## B

Bago at walang hanggang tipan ng kasal, xxiii, 257, 563–65. *Tingnan din sa* Kasal, walang hanggang
Bagong Jerusalem, 218–220. *Tingnan din sa* Jerusalem
Bahaghari, 293
Baldwin, Caleb, 423
Banal na Espiritu ng pangako, 256
Banal na Kasulatan, mga
kahalagahan ng, sa mga huling araw, 225
pag-aaral ng, 75–78
pagmamahal ni Joseph Smith para sa, 4–6, 33–35, 211–13, 341–44
pagsunod sa, 77
turo ni Joseph Smith tungkol sa, 341–44
*Tingnan din sa* Biblia; Aklat ni Mormon; Doktrina at mga Tipan; Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia; Mahalagang Perlas
Barnes, Lorenzo D., 203–4
Barstow, George, 512
Batas, mga. *Tingnan sa* Pagsunod
Behunin, Isaac, 378–79
Biblia
huwag ipagkanulo ang mga pagpapahayag sa, 77–78, 437–38
kahalagahan ng pagbabasa ng, 75–78
pagmamahal ni Joseph Smith sa, 211, 341–44
talatang hindi malinaw sa, mga, 239–42
*Tingnan din sa* Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia; Banal na Kasulatan, mga

Bilangguan ng mga espiritu, 476, 480, 556
Binhi ng mustasa, talinghaga ng, 124, 165–66, 351–53
Binyag
at kaloob na Espiritu Santo, 105–6, 111–13
bata hindi kailangan ng, mga, 110–11
para maging miyembro ng Simbahan, 178
para mapadakila, 106–8, 256–58
ni Jesucristo, 94–98, 109–10
ni Joseph Smith Sr., 103, 105
nina Hyrum at Samuel Smith, 105
nina Joseph Smith at Oliver Cowdery, xvii, 9–10, 91–94, 103–6
sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig, 106, 111, 521
sa pangalan ni Jesucristo, 106–10
saplad para sa, nasira, 173
sinaunang Banal tumanggap ng, mga, 108–10
Binyag para sa mga patay
bautismuhang yari sa kahoy ginawa para sa, xxii, 24, 549–51
gugugol ng mahabang panahon, 552
isinagawa sa mga templo, 489–90, 555–56
nag-uugnay, 558–59
pagpapahayag tungkol sa, xxii, 24, 553–54
pag-iingat ng talaan para sa, 551
susi ng pagbubuklod ginawang posible ang, mga, 363–64
tungkulin at pribilehiyo, 479–80, 553–54
unang isinagawa sa mga ilog, 24, 549
*Tingnan din sa* Kaligtasan para sa mga patay
Boggs, Lilburn W., xxi, 409, 423, 426, 519
Brunson, Seymour, 554
Budhi, kalayaan ng, 403–6, 522
Buell, Presendia Huntington, 545–46
Buhay bago isilang
batas na itinakda sa, mga, 191
Jesucristo hinirang sa, 242
Joseph Smith inorden sa, 598, 634–37
Kapulungan ng Langit ginanap sa, 191, 242, 598, 634–37
ordenasyon sa mga katungkulan sa, 598
plano ng kaligtasan inilahad sa, 242
Satanas nagrebelde sa, 242
Buhay na walang hanggan. *Tingnan sa* Kahariang selestiyal; Kaligtasan
Bundok ng Sion, mga tagapagligtas sa, 480, 554–57
Burgess, Margarette McIntire, 606–7

## C

Cain, 126
Caldwell County, Missouri
Banal nanirahan sa, mga, 19, 397, 519
Banal pinag-usig at itinaboy mula sa, mga, xxi, 19, 409–12, 421–25, 433–36, 519
*Tingnan din sa* Far West, Missouri
Carter, Johanna, 280, 287
Carthage Jail
Joseph Smith nagpatotoo sa, 393
Joseph Smith pinaslang bilang martir sa, xxiii, 26–27, 620, 625–30
larawan ng, mga, 27, 618
pakikipagkaibigan ni Willard Richards sa, 539–40
Clay County, Missouri, 17–18, 329, 397, 518
Clayton, William, 563–64
Cleveland, Sarah M., 528
Colesville, New York
branch itinatag sa, 11
Joseph Smith nangaral sa, 173
Melchizedek Priesthood ipinanumbalik malapit sa, xvii, 119
miyembro sa Colesville Branch nanirahan sa Missouri, mga, 213
saplad itinayo para sa mga pagbibinyag sa, 173
Columbia, Missouri, xxi, 21, 435
Commerce, Illinois
pagkakasakit ng mga Banal sa, 445–48, 503–7
paninirahan sa, xxii, 21, 378–79, 445, 459
*Tingnan din sa* Nauvoo, Illinois
Cook, Margaret A., 525
Cornelio, 113, 128
Cowdery, Oliver
Aaronic Priesthood, natanggap ni, xvii, 9, 91–94
bininyagan ang mga Banal sa Colesville, 173

bininyagan si Samuel Smith, 105
binyag ni, xvii, 9, 91–94, 103–6
Melchizedek Priesthood, natanggap ni, xvii, 9, 119
misyon sa mga Lamanita, 174
nagtatag ng Simbahan, isa sa mga, 159
naniwala sa mga maling paghahayag, 227–28
naorden bilang elder, 160
pangitain sa Kirtland Temple, mga, xx, 16, 54–55, 358–62
pangitain tungkol sa Tagapagligtas, 54–55
tagasulat para sa pagsasalin ng Aklat ni Mormon, xvi, 9, 91, 133–36
Tatlong Saksi, isa sa, xvii, 145–48
Cowles, Elvira, 528
Culver, Aaron, 174
Cumorah, 3, 120

## D

Dampa, nagtayo si Joseph Smith ng, 503
Dampang yari sa troso, pagtatayo ng, 503–4
Daviess County, Missouri, 519
Digmaan, mangyayari bago ang Ikalawang Pagparito, mga, 289–94
Digmaan sa langit. *Tingnan sa* Buhay bago isilang
Digmaang Sibil, 289–90
Dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon
Joseph Smith mayhawak ng mga susi ng, 120, 595–96, 598, 628, 634–35, 646
kabuuan ng ebanghelyo ipinanumbalik sa, 595–601
lahat ng bagay ay sama-samang titipunin sa isa, 123
lahat ng Banal ay tumutulong sa, 599–601
naghahanda para sa Ikalawang Pagparito, 596–97
pagtitipon kailangan sa, 599
Diwa ni Elias. *Tingnan sa* Elias
Diwa ni Elijah. *Tingnan sa* Elijah
Diwa ng propesiya, 226, 450–51
Diyablo. *Tingnan sa* Satanas
Diyos, yaong mga padadakilain ay magiging mga, 61–62, 257–58, 564, 620–21
Diyos Ama
Ama ng buong sangkatauhan, 45, 474–75
awa ng, 45, 83, 87–89, 474
banal na kasulatan, nagsasalita sa pamamagitan ng, mga, 76–77
batas, itinakda, mga, 189–91, 244
gawain at kaluwalhatian ng, 242
kaalaman at kapangyarihan ng, 309–10
kaibigan, 282
kalooban ng, nangingibabaw sa ating kalooban, 87
katalinuhan hindi nilikha ng, 243–44
katarungan ng, 474–75, 477–8, 552–54
katawan na may laman at mga buto, 48–49
laging ginagawa ang tama, 207–8
manalangin sa, at tumanggap ng paghahayag, 48, 148–54, 228–29
nagpapatawad sa mga kasalanan, 87–89, 466–68, 502–3
nakatira sa kawalang-hanggan, 557
pag-ibig ng, 45, 386–87, 499
pagkahabag ng, sa pagliligtas sa mga patay, 474–75, 477-79, 552–54
pagkatao ng, 45–48
paglikha, isinaayos ang mga espiritu bago ang, 122
pagsisisi humahantong sa, 84–87
pagsubok, nagpapalakas sa oras ng mga, 207–8, 269–70, 413, 424, 427–29, 440–41
pananampalataya ni Joseph Smith sa, 43–45
Panguluhang Diyos, namumuno sa, 48–49
pinadakilang tao, 47–48
priesthood, inihahayag ang mga layunin sa pamamagitan ng, 126–28
Unang Pangitain, xv, 5–6, 36–37, 44–45, 513–14
*Tingnan din sa* Panguluhang Diyos
Doktrina at mga Tipan
huwag ipagkanulo ang mga paghahayag sa, 77–78, 437–38
kahalagahan ng, 225
pag-aaral ng, 75–78
paglalathala ng, 13–14, 225
Pagsasalin ni Joseph Smith at, 241, 253–55
pambungad sa, 223–26

talinghaga ng lebadura inilalarawan ang, 353–54
unang edisyon ng, xix
*Tingnan din sa* Aklat ng mga Kautusan; Mga Banal na Kasulatan

## E

Ebanghelyo
ipangaral sa lahat, 175–78
kabuuan ng, ipinanumbalik, 595–601
sakop ang lahat ng katotohanan, 307–9
Egyptian papyri, xx, 15
Elder, Joseph Smith naorden bilang, 160
Elias
ay tagapanguna, 365–66, 636
diwa ni, 99–100
diwa ni, inihayag kay Joseph Smith, 99–100, 636
diwa ni, si Juan Bautista ay mayroong, 99–10
nagpakita sa Kirtland Temple, xx, 16, 120, 361, 646
Elijah [Elias]
espiritu, kapangyarihan, at katungkulan ni, 364–65
ibinaling ang puso ng mga ama sa mga anak, 554–59
ibinigay ang mga susi ng priesthood kina Pedro, Santiago, at Juan, 122
ipinanumbalik ang mga susi ng pagbubuklod kay Joseph Smith, xx, 16, 361–66, 598
kahinaan ng pagkatao ni, mga, 609
Malakias ipinropesiya ang pagdating ni, 361–62
naghahanda para sa Ikalawang Pagparito, 365–66
nagpakita sa Kirtland Temple, xx, 16, 120, 358–64, 646
pananampalataya ni, 142
Endowment. *Tingnan sa* Temple endowment
Endowment sa templo
Brigham Young nangasiwa sa, 24, 486, 595
Joseph Smith nangasiwa sa, xxiii, 24, 483–85
lahat ng Banal ay makatatanggap ng, 486
liwanag, inihahatid tayo sa, 485–86
pagparito ng Diyos, paghahanda para sa, 485, 488–91
sa mga templo, 485–91, 556, 593–96
England, mga misyon sa, 16, 383–86
Enoc, 109
Espiritu. *Tingnan sa* Espiritu Santo, kaloob na; Paghahayag
Espiritu, masasamang
kaalaman nagbibigay ng kapangyarihang higit kaysa, 309–10
kinakalaban ang Simbahan, 436–37
paghiwatig sa, 451–54
walang mga katawan, 245–47
Espiritu, mga
Diyos isinaayos ang, 122
paghiwatig sa, 451–54
pag-unlad ng, 244
tumatanggap ng paghahayag, 557
walang hanggang katangian ng, 243–44
Espiritu Santo
miyembro ng Panguluhang Diyos, 48–50
personaheng espiritu, 48–50
tagapaghayag, 153–54
tanda ng kalapati, 94
Espiritu Santo, kaloob na
apostasiya humahantong sa pagkawala ng, 375–79
at binyag, 105, 111–13
ay laging aakay sa tama, 114, 153–54
espirituwal na kaloob sa pamamagitan ng, mga, 114–5, 138–42, 448–50
ituro ang ebanghelyo ayon sa patnubay ng, 389–91
kaalaman sa pamamagitan ng, 153, 312
kahariang selestiyal, kailangan upang magmana ng, 256–58
karunungan sa pamamagitan ng, 332–35
lahat ng konsiderasyon nasa, 113
miyembro ng Simbahan, kailangang maging, 178–79
nagpapatotoo tungkol kay Jesucristo, 114–15
natanggap nang itatag ang Simbahan, 105–6
nauunawaan ang lahat ng bagay, 153
paghahayag sa pamamagitan ng, 153–54

pagkakaiba sa pagitan ng Espiritu Santo at, 113
paglilingkod nakakatulong upang matanggap natin ang, 501
sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, 111–13
umaaliw sa oras ng paghihirap, 114, 429–30
Espirituwal na kaloob, mga
bawat Banal sa mga Huling Araw ay mayroong, 136
Joseph Smith mayroong, 133
kailangan sa Simbahan, 136–37, 139–40, 515, 521
kaloob na Espiritu Santo kailangan sa, 114–15, 138–42, 448–50
na magpropesiya, 226, 450–51
na makapagpagaling, 445–48
na mga wika, 448–50
na paghiwatig sa mga espiritu, 451–54
pananampalataya at pagsunod kailangan sa, 137–38
tahimik na natanggap, 137–42
Estados Unidos, pangulo. *Tingnan sa* Pangulo ng Estados Unidos
Evangelista, 163. *Tingnan din sa* Patriarch

## F

Far West, Missouri
Banal nanirahan sa, mga, 19–20, 397, 519
Banal pinag-usig at itinaboy mula sa, mga, xxi, 19–20, 409–12, 421–25, 433–36, 519
Joseph Smith dinalaw ng mga sundalo sa, 397–400
Joseph Smith inaresto sa, 19, 393, 409–12, 573
Joseph Smith sa, xxi, 17, 19, 397
templo itatayo sa, 19, 397, 483
Fayette, New York
branch itinatag sa, 11
Joseph Smith lumipat sa, xviii, 11, 185, 228
Joseph Smith nagsalin sa, xvii, 9, 135
Simbahan inorganisa sa, xvii, 9–11, 159–61, 517
Tatlong Saksi sa, xvii, 145–48
unang kumperensya ginanap sa, xviii, 160–61
Female Relief Society ng Nauvoo, 525–29. *Tingnan din sa* Relief Society
Fielding, Joseph, 385
Follett, King, 202
Fordham, Elijah, 445–47

## G

Gabriel, 103–4. *Tingnan din sa* Noe
Gallatin, Missouri, xxi, 21, 435
Gause, Jesse, xix, 28
Genealogy. *Tingnan sa* Kaligtasan para sa mga patay
Germany, misyon ni Orson Hyde sa, 385
Goodson, John, 385
Grandin, Egbert B., xvii, 9, 157
Greenville, Indiana, 278
Grouard, Benjamin F., 385

## H

Hale, Emma. *Tingnan sa* Smith, Emma
Hale, Isaac at Elizabeth, 7–8, 69
Hancock, Mosiah L., 506–7
Hanks, Knowlton F., 385–86
Harmony, Pennsylvania
Aaronic Priesthood ipinanumbalik malapit sa, xvii, 9, 91–94, 103
anak na lalaki nina Joseph at Emma namatay sa, 199
Joseph at Emma Smith nanirahan sa, xvi–xvii, 7–8, 11, 69, 185
Joseph Smith nagsalin sa, xvi, 9, 69, 83–84, 91, 133–36
Melchizedek Priesthood ipinanumbalik malapit sa, xvii, 9, 119–20
Harris, Martin
isinangla ang sakahan, 9, 157
pagkawala ng 116 na mga pahina, xvi, 8, 73–74, 81–84
sa New York City, xvi
tagasulat sa pagsasalin, xvi, 8, 70
Tatlong Saksi, isa sa, xvii, 145–48
Harris, Preserved, 73
Hebreo, nag-aral si Joseph Smith ng, 341
Hiram, Ohio
Joseph Smith nanirahan sa, 239, 253, 265, 289
kumperensya ginanap sa, 223–25
pangitain tungkol sa Tagapagligtas sa, 53–56

*Tingnan din sa* Kirtland, Ohio
"History of Lucy Smith, Mother of the Prophet," 41
*History of the Church*
inilathala sa *Times and Seasons,* 511–13
paggawa at paglalathala ng, xxi, 653–57
Hodge, Abraham C., 273
Horne, Mary Isabella, 207
Huling araw, mga. *Tingnan sa* Ikalawang Pagparito
Huling dispensasyon. *Tingnan sa* Dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon
Huwad na espiritu, pagkilala sa mga, 451–54. *Tingnan din sa* Espiritu, masasamang
Huwad na propeta, mga, 233–36
Hyde, Orson, 383–86, 390

## I

Ikalawang Pagparito
bahaghari babawiin bago ang, 293
huling dispensasyon naghahanda para sa, 596–97
Jerusalem muling itatayo bago ang, 218–19, 293
kahatulan, hindi matatakasan ng mga Banal, mga, 294
kahirapan pangungunahan ang, 289–94
kapulungan maghahanda para sa, 121–22
pagdating ni Elijah bago ang, 365–66
paghahanda para sa, 295–98
paghahayag tungkol sa, mga, 289–91
pagsunod naghahanda para sa, 295–98
palatandaan ng Anak ng Tao, 293–94
palatandaan ng, mga, 291–94
panahon ng, 294–95
talinghaga ng trigo at mga agingay, 349–51
Ikapu, para sa Nauvoo Temple, 319–21
Illinois. *Tingnan sa* Nauvoo, Illinois; Quincy, Illinois; Ramus, Illinois
Ilog ng Mississippi, xxii, 21, 433, 445, 459, 537, 549, 595, 619
Ilog ng Missouri, 426
Ilog ng Susquehanna, xvii, 9, 103, 119
Impiyerno
batang namatay ay hindi napupunta sa, mga, 110–11
hindi mananaig laban sa Simbahan o sa mga Banal, 161, 178, 371–72, 426–27, 620
kapahamakan ng, 106, 259–60
na itatapon sa, 259–60
*Tingnan din sa* Satanas
Ina. *Tingnan sa* Magulang, mga
Independence, Missouri
Aklat ng mga Kautusan inilimbag sa, xix, 13, 225
Joseph Smith ikinulong sa, 19, 289–91
pagtatayuan ng templo sa, xix, 13, 213, 483
tampok na lugar ng Sion, xviii-xix, 13, 213, 277
*Tingnan din sa* Jackson County, Missouri
Indian, mga. *Tingnan sa* Lamanita, mga
Inorden noon pa man, si Joseph Smith ay, 598, 634–37
Iowa, Montrose, 445
Israel, panunumbalik ng, 58, 72, 168, 213, 215–19, 292, 361–62, 390, 473, 514, 521–22

## J

Jackson County, Missouri
Banal nanirahan sa, mga, 17–18, 214, 517
Banal pinag-usig at itinaboy mula sa, mga, xx, 17, 214–15, 329–31, 397, 517
Kampo ng Sion humayo patungong, xx, 18, 329–31, 335–38
misyonero nagturo sa, mga, 174
tinukoy bilang Sion, xviii–xix, 11–12, 211–15, 277
*Tingnan din sa* Independence, Missouri
Jerusalem
misyon ni Orson Hyde sa, 385, 390
muling itatayo bago ang Ikalawang Pagparito, 218–20, 293
*Tingnan din sa* Bagong Jerusalem
Jesucristo
alam ang lahat ng bagay, 476–77
at Panguluhang Diyos, 48–49

bata, tinubos ni, mga, 110–11, 205–7
bininyagan sa pangalan ni, 106–110
binyag ni, 94–98, 110
buhay bago isilang, hinirang sa, 242
dakilang High Priest, 122
halimbawa ng sakdal na buhay, 62–64, 195–96, 412–14
Ikalawang Pagparito ni, 121, 291–98
kaaway sinikap sirain si, mga, 233–34, 376, 610
kaharian, ibibigay sa Ama ni, 127
kaligtasan para sa mga patay, 475–77, 552
kasamang mga tagapagmana ni, 61–62, 77, 176–79, 256–58, 307–9, 473, 491
katalinuhan ni, 62
katawang may laman at mga buto, 48–49
Melchizedek Priesthood, maytaglay ng, 97, 161–62, 242, 480
Milenyo, maghahari sa, 298–300
mundo ay mapapasa-Kanya, 300
nagpakababa sa lahat ng bagay, 429
Pagbabayad-sala ni, 56–62, 110–11, 256–58, 475–77, 521
pagkabuhay na mag-uli ni, 58–61
paglalarawan kay, 55
pagpapatawad, halimbawa ng, 461–63
pagsubok, pinalalakas tayo sa oras ng mga, 267–68, 427–29
pananampalataya kay, 56–58, 180, 521
patotoo tungkol kay, 114–15, 226, 450–51
sa Adan-ondi-Ahman, 122-24
sa Kirtland Temple, xx, 15–16, 55, 360, 646
sa pangitain na nakatala sa D at T 76, 53–56, 253–54
sakripisyo nakatuon sa, mga, 56–58
Simbahan, itinatag sa lupalop ng Amerika, 161–63, 517
Simbahan, ulo ng, 161–63
susi ng priesthood, ibinigay kina Pedro, Santiago, at Juan, mga, 122
tagapamagitan ng bagong tipan, 257
talinghaga, nagturo gamit ang mga, 344–46
Unang Pangitain, xv, 6, 36–37, 44, 513
*Tingnan din sa* Pagbabayad-sala; Pagkabuhay na Mag-uli; Ikalawang Pagparito
Johnson, Benjamin F., 537–40, 563
Johnson, John at Alice, 239, 252–53, 265
Jose ng Egipto, 634
Journal entry ni Joseph Smith, mga, 537, 540–43
Juan Bautista
Aaronic Priesthood, iginawad ang, xvii, 9, 91–94, 98, 103
Aaronic Priesthood, maytaglay ng, 98
diwa ni Elias, 99–100
inihanda ang landas para sa Tagapagligtas, 94
legal na tagapangasiwa, 93–98
nagbinyag sa Tagapagligtas, 94–98, 109–10
pinamahalaan ang binyag ni Joseph Smith, 103
propeta, isa sa mga pinakadakilang, 94–95
tanda ng kalapati, nakita ni, 94
Judas, 376

## K

Kaalaman
Diyos magbubuhos ng, 426
Diyos may malaking, 309–11
Espiritu Santo kailangan sa, 153, 312
Joseph Smith nagmahal sa, 305–7
kaligtasan, kailangan sa, 245–47, 309–11
ordenansa ng ebanghelyo humahantong sa, mga, 491
pag-aaral at panalangin humahantong sa, 310–12
pagtatamo ng, 153, 305–13, 389–90, 426, 491
paunti-unti, 312–13
*Tingnan din sa* Katalinuhan
Kababaihan. *Tingnan sa* Relief Society; Asawang babae
Kabaitan, may malaking kapangyarihan, 502
Kabataan ni Joseph Smith, xv, 2–4, 31–33, 43–44
Kadakilaan. *Tingnan sa* Kahariang selestiyal; Kaligtasan

Kaganapan ng mga panahon. *Tingnan sa* Dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon
Kaharian ng Diyos, 93–98. *Tingnan din sa* Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Ang
Kaharian ng kaluwalhatian, mga, 255–61. *Tingnan din sa* Kahariang selestiyal
Kahariang selestiyal
bata ay ligtas sa, mga, 110–11
batas ng Diyos naghahanda para sa, mga, 189–91
binyag kailangan para sa, 256–58
diyos, yaong mga mapapadakila ay magiging, 61–62, 256–57, 564, 620–21
gantimpala sa mabubuting babae sa, 532
na magkakaroon ng mga anak sa, 563–65
na magmamana ng, 179, 245, 256–58
para sa mga taong hindi nakarinig sa ebanghelyo, 473
tapat na magtiis upang magmana ng, 268, 379, 416–17, 620–21
templo naghahanda para sa, 490–91
walang hanggang kasal kailangan para sa, 257, 563–65
Kahariang telestiyal, 259–60
Kahariang terestriyal, 258–59
Kalapati, sagisag ng, 94
Kalayaan sa relihiyon, 403–6
Kalayaang pumili
gamitin sa pagsunod sa Diyos, 247–48
hayaan ang lahat ng tao sa kanilang, 405
Satanas walang kapangyarihan maliban kung payagan natin siya, 247–48
Kalayaang sumamba, 403–6, 521
Kaligayahan
kabutihan kailangan sa, 247
katawan kailangan sa, mga, 245–47
Kaligtasan
binyag kailangan sa, 106–8, 256–58
dakilang gawaing matututuhan ang, 312
kaalaman kailangan sa, 245–47, 309–10
kalayaang pumili kailangan sa, 247–48
katapatan sa mga pagsubok kailangan sa, 267–68
katawan kailangan sa, 245–47
ordenansa sa templo kailangan sa, mga, 488–91
paghahayag kailangan sa, 226
pagsunod kailangan sa, 189–91, 244
tagumpay laban sa mga kaaway, 246–47
*Tingnan din sa* Kahariang selestiyal; Plano ng kaligtasan
Kaligtasan para sa mga patay
gugugol ng mahabang panahon, 551
Jesucristo ginawang posible ang, 475–77
Jesucristo isinaayos ang mga espiritu, 475–76, 480, 556
Joseph Smith ipinahayag ang, xxii, 24, 473, 554
kapangyarihang magbuklod at, 363–65
katarungan ng Diyos sa, 474–75, 477–79, 552–54
misyon ni Elijah at, 554–59
nag-uugnay, 558–59
pagiging sakdal, hindi maaari kung wala ang ating mga yumao, 558–59
pagkamatay ni Alvin Smith at, 471–74
tagapagligtas sa Bundok ng Sion, mga, 480, 554–57
tungkulin, 479–80, 552–54, 557–59
*Tingnan din sa* Binyag para sa mga patay; Kapangyarihang magbuklod
Kaloob, espirituwal na mga. *Tingnan sa* Espirituwal na kaloob, mga
Kaloob na Espiritu Santo. *Tingnan sa* Espiritu Santo, kaloob na
Kaluwalhatian, mga kaharian ng, 255–61. *Tingnan din sa* Kahariang selestiyal
Kamatayan
bata babangon sa pagkabuhay na mag-uli, mga, 205–7
karanasan ni Joseph Smith sa, mga, 199–202, 203–4
lahat ng tao ay dapat paghandaan ang, 205
mabubuti babangon sa kaluwalhatian pagkatapos ng, 202–4

magtiwala sa Diyos sa oras ng, 207–8
makikita ang mga mahal sa buhay pagkatapos ng, 202–5
talumpati ni Joseph Smith sa mga burol, mga, 202–8
*Tingnan din sa* Pagkamatay bilang martir

Kampo ng Sion
pagbubuwag ng, xx, 330
paggaling nina Joseph at Hyrum sa, 569–72
paghayo ng, xx, 18, 329–33, 335–38
pagsasanay ng mga lider sa, 19, 330, 335–38
tinustusan ang mga Banal sa Missouri, xx, 527
Smith, Agnes, 206–7

Kapahamakan. *Tingnan sa* Impiyerno

Kapangyarihang magbuklod
Elijah ipinanumbalik ang, xx, 16, 361–66, 554–59, 597
kahulugan ng, 363–65
pamilya ibinubuklod sa pamamagitan ng, mga, 364–65
patay naligtas sa pamamagitan ng, mga, 552–59
*Tingnan din sa* Elijah; Kasal, walang hanggan; Kaligtasan para sa mga patay

Kapayapaan, sa lahat ng tao, 397–406

Kapulungan ng Langit, 191, 242, 598, 634–37. *Tingnan din sa* Buhay bago isilang

Kasal
nina Joseph at Emma Smith, xvi, 7–8, 69
nina Joseph Smith Sr. at Lucy Mack Smith, 2

Kasal, walang hanggang
bago at walang hanggang tipan ng, xxiii, 257, 563–65
Joseph Smith itinala ang D at T 132, xxiii, 24, 563–65
Joseph Smith itinuro ang, 563–65
kahariang selestiyal, kailangan para sa pinakamataas na antas ng, 257, 563–65
mag-asawa nagmamahalan, mga, 565–66
*Tingnan din sa* Pamilya

Kasal na walang hanggan. *Tingnan sa* Kasal, walang hanggang

Kasalanan. *Tingnan sa* Pagpapatawad; Pagsisisi; Satanas; Walang kapatawarang kasalanan

Kasamang mga tagapagmana ni Jesucristo, 61–62, 77, 176–78, 256–58, 307–9, 473, 491

Kasaysayan ng pamilya, 554–59. *Tingnan din sa* Kaligtasan para sa mga patay

Katalinuhan
Diyos ay perpektong, 46
ni Jesucristo, 63
pagkabuhay na mag-uli, babangon sa, 310
pagkakaroon ng, 153, 312, 390–91
walang hanggang katangian ng, 243–44
*Tingnan din sa* Kaalaman

Katangiang tulad ng kay Cristo, pagkakaroon ng mga, 62–64, 412–14

Katapatan, 310–12, 389, 414, 522

Katarungan ng Diyos, perpektong, 474–75, 477–49, 552–54

Katawan, mga
Diyos Ama at si Jesucristo may, 48–49
kailangan sa kaligayahan, 245–47
masasamang espiritu walang, 245–47

Katotohanan
ebanghelyo sakop ang lahat, 307–9
Joseph Smith itinuro ang, 341–44
nalalaman sa pamamagitan ng mga ordenansa, 491
pagtatamo ng kaalaman sa, 312–13
pang-uusig hindi mapipigilan ang, 165, 520
talinghaga ng manghahasik at ang, 346–49
tanggapin ang lahat ng, 307–9

Katungkulan, pagganap sa mga, 130

Katungkulan sa Simbahan, pagganap sa mga, 130

Kautusan, mga. *Tingnan sa* Pagsunod

Kimball, Heber C., 16, 383–86, 485

Kimball, Sarah Granger, 525

Kirtland, Ohio
apostasiya sa, 369–72
Banal nagtipon sa, mga, xviii, 11–13, 185–87
Banal nilisan ang, mga, xxi, 17, 397
headquarters ng Simbahan sa, 11, 213, 277

institusyong pinansyal sa, pagkabigo ng, 369
Joseph Smith dumating sa, xviii, 11, 184–87, 199
paghahayag natanggap sa, mga, 13–15, 223–26
Sidney Rigdon nabinyagan sa, 11, 174
stake inorganisa sa, 13–15
*Tingnan din sa* Hiram, Ohio; Kirtland Temple
Kirtland Temple
Banal napilitang lisanin ang, mga, xxi, 17, 397
Jesucristo nagpakita sa, xx, 16, 55, 360, 646
Joseph Smith nakita sa pangitain ang, 317
larawan ng, 14
Moises, Elias, at Elijah nagpakita sa, xx, 16, 120, 360–62, 646
paglalaan ng, xx–xxi, 15, 231, 359–61, 492–93
pagtatayo ng, xix–xx, 15–16, 317–19, 329, 341, 483, 486, 527
Knight, Joseph, Jr., 173
Knight, Joseph, Sr., 135, 173, 542–43
Knight, Polly, 174, 213
Kolera
Joseph at Hyrum Smith gumaling mula sa, 571–72
sa Kampo ng Sion, 337–38
Kongreso ng Estados Unidos, xxii
Korum, priesthood, itinatag, mga, 15
Korum ng Labindalawang Apostol. *Tingnan sa* Apostol, Korum ng Labindalawang
Korum ng Pitumpu. *Tingnan sa* Pitumpu, Korum ng
Korum ng Priesthood, itinatag, mga, 15

## L

Labindalawang Apostol. *Tingnan sa* Apostol, Korum ng Labindalawang
Lakas ng loob o katapangan, tiisin ang mga pagsubok at pang-aapi nang may, 267–68, 273, 412–13, 435, 437–41
Lamanita, mga
misyon sa, xviii, 11, 174, 527
ng sambahayan ni Israel, 72
Lambat na inihagis sa dagat, talinghaga ng, 354
Lamina, mga gintong. *Tingnan sa* Laminang ginto, mga
Lamina nina Lehi at Nephi, mga, 73–74
Laminang ginto, mga
Aklat ni Mormon nakasulat sa, 7, 67–73, 133, 514–17
binawi mula kay Joseph Smith, 8, 83
Joseph Smith nakuha ang, xv–xvii, 7–8, 68–71, 515
mandurumog sinubukang nakawin ang, mga, xvi, 8, 69
paglalarawan sa, 70–73, 514–17
saksi nakita ang, mga, xvii, 145–48
*Tingnan din sa* Aklat ni Mormon; Aklat ni Mormon, pagsasalin ng; Moroni
Leach, James, 497–99
Lebadura, talinghaga ng, 353–54
Legal na tagapangasiwa, 93–98
Legal na kaso ni Joseph Smith, mga, 17, 277–79
Lehi, mga lamina ni, 74
Levitical Priesthood. *Tingnan sa* Aaronic Priesthood
Liberty Jail
damdamin ni Joseph Smith tungkol sa, 269–70, 429–30
Joseph Smith ikinulong sa, xxi, 19–20, 421–30, 433
Joseph Smith nilisan ang, xxi, 21, 435
Joseph Smith sumulat sa mga Banal sa, xxi, 181, 267–68, 423–29, 440–41, 543–46
Joseph Smith sumulat sa pamilya sa, 280–84, 422
paglalarawan sa, 421–23
pananampalataya ni Joseph Smith sinubukan sa, 267–68
Libing nina Joseph at Hyrum Smith, xxiii
Lider, mga. *Tingnan sa* Lider ng Simbahan, mga
Lider ng Simbahan, mga
hindi tayo ililigaw ng landas, 379–80
kababaang-loob ng, 332–35
Kampo ng Sion, pamumuno ni Joseph Smith sa, 18, 329–31, 335–38

karunungan mula sa Espiritu, 332–36
nagtuturo ng mga tamang alituntunin, 331–32
pagmamahal sa, 335, 611–14
pagsang-ayon sa mga, 230–33, 372–75, 379–80, 607–9
pambabatikos, humahantong sa apostasiya, 372–75
Liham, mga
ni Joseph kay Emma Smith, 208, 278–86, 391, 411, 422, 621
ni Joseph Smith mula sa Liberty Jail, xxi, 181, 267–68, 280–84, 422–29, 440–41, 543–46
Lucifer. *Tingnan sa* Satanas
Lyman, Amasa, 411

## M

Magigiting, mga taong, 412–13
Magkakapatid, pagmamahalan ng, 541, 568–69. *Tingnan din sa* Pamilya
Magulang, mga
dapat igalang ng mga anak, 567–68
iginalang ni Joseph Smith, 567–68
ipinagdarasal ang mga anak, 569–74
magkakaroon ng mga anak na namatay sa kawalang-hanggan, 110–11, 205–77
nagmamahal at nangangalaga sa mga anak, 279–86, 569–74
Mahabang pagtitiis ukol sa iba, 501–3
Mahalagang Perlas, xix, xxiii, 15, 75–78, 241–42, 521–24. *Tingnan din sa* Banal na Kasulatan, mga
Major, aso ni Joseph Smith, 21, 280, 284
Malakias, 361–62
Malaria, 445, 527
Maling tradisyon, mga, 307–9
Manchester, New York, xvi, 11, 70, 81
Manghahasik, talinghaga ng, 346–49
Mansion House, 21
Mapa, mga, 3, 12
Maralita at nangangailangan, mga
Espiritu Santo ibinuhos sa mga taong nangalaga sa, 501
obligasyong pangalagaan ang, 501–2, 544
Relief Society nangangalaga sa, 529–31
*Tingnan din sa* Pag-ibig, Pagmamahal
Marks, Ephraim, 207
Masasama, parusa sa, 106, 259–60
Masasamang espiritu. *Tingnan sa* Espiritu, mga, masasama
Maysakit, pagpapagaling sa. *Tingnan sa* Pagpapagaling
McRae, Alexander, 422, 423
Meyor ng Nauvoo, xxiii, 23, 511
Melchizedek Priesthood
Adan, unang ibinigay kay, 121–26
buhay na walang katapusan, kapangyarihan ng, mga, 127
Diyos inihahayag ang mga layunin sa pamamagitan ng, 126–28
gumaganap ng mga katungkulan sa, 130
Jesucristo maytaglay ng, 97, 161–62, 242, 480
kaganapan ng, sa mga templo, 485–91
maytaglay kailangang maging mabubuti, 124–26
maytaglay kailangang tawagin ng Diyos, mga, 128
nagtatag ng mga korum ng, 15
paghahayag dumarating sa pamamagitan ng, mga, 127, 163, 229
paghiwatig sa mga espiritu, kailangan sa, 453–54
pagiging sakdal, humahantong sa, 127
panunumbalik ng, xvii, 9, 93, 119–21, 582
pinakamataas na awtoridad, 126–28
pinasimulan bago nilikha ang mundo, 126–28
propeta mayhawak ng, mga, 127
Relief Society inorganisa sa ilalim ng, 528
sumpa at tipan ng, 127
susi ng kaharian ng Diyos, hawak ang mga, 126–28
walang katapusan, 121–22
Michigan, 138, 277, 392–93, 589
Miguel ang Arkanghel. *Tingnan sa* Adan
Milenyo, 298–300
Miller, George, 485
Missouri. *Tingnan sa* Far West, Missouri; Jackson County, Missouri. *Tingnan din sa* Caldwell County, Missouri; Clay County, Missouri;

Columbia, Missouri; Daviess County, Missouri; Gallatin, Missouri; Independence, Missouri; Richmond, Missouri
Misyon
damdamin ni Joseph Smith tungkol sa, 607–14
Joseph Smith gumanap ng, sa lupa, 627–30
propeta nagpupunta sa, mga, 610–11
Mitchill, Samuel L., xvi
Moises
batas ibinigay kay, 95, 109, 228, 299, 308–9
binyag ni, 109
hangad na dalhin ang Israel sa kinaroroonan ng Diyos, 123
ipinanumbalik ang mga susi kina Pedro, Santiago, at Juan, 122
Panginoon nagpakita kay, 142, 241–42
sa Kirtland Temple, xx, 16, 120, 360–61, 646
Moises, aklat ni, xix, 15, 241
Montrose, Iowa, 445–46
Morley, Isaac, 199
Mormon, mga. *Tingnan sa* Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Ang
Moroni
bumanggit ng mga talata sa Biblia, 239, 361
dinalaw si Joseph Smith at ibinigay sa kanya ang mga laminang ginto, xv–xvi, 6–8, 67–71, 121, 239, 361, 514–16
ipinakita ang mga laminang ginto sa mga saksi, xvii, 145–48, 353–54
mayhawak ng mga susi ng Aklat ni Mormon, 69
*Tingnan din sa* Aklat ni Mormon
Mundo
pinutungan ng kaluwalhatiang selestiyal, 300
Urim at Tummim, isang, 300
Murdock, John, 199
Murdock, Joseph. *Tingnan sa* Smith, Joseph Murdock
Murdock, Julia (ina), 199
Murdock, Julia (anak na babae). *Tingnan sa* Smith, Julia Murdock

**N**

Nangangailangan. *Tingnan sa* Maralita at nangangailangan
*Nauvoo Expositor,* 617
Nauvoo, Illinois
Joseph Smith pinangalanan ang, xvi, 21, 459
meyor ng, xxiii, 23, 511
pagtatatag ng, xvi, 21, 445, 459, 497–500, 503–07, 519, 20
pag-unlad ng kultura at mga tao ng, 23, 497, 511, 519–20
propesiya na lilisanin ng mga Banal ang, 605
*Tingnan din sa* Commerce, Illinois; Nauvoo Temple
Nauvoo Legion, xxii, 511
Nauvoo Temple
binyag para sa mga patay isinagawa sa, mga, xxii, 24, 549–50
endowment isinagawa sa, mga, xxiii, 24, 483–86, 593
ikapu ginamit sa pagtatayo, 319–321
larawan ng, mga, 25, 484, 550, 594
pagkasira ng orihinal, 596
pagtatayo ng bagong, 595
pagtatayo ng, xxii, 20–24, 319–321, 325, 483–491, 593–596
Nephi, mga lamina ni, 74
New York. *Tingnan sa* Colesville, New York; Fayette, New York; Manchester, New York; New York City; Palmyra, New York
New York City, xvi–vii, 277, 391–92
Nightingale, Agnes at Henry, 497–99
Nilikha, katalinuhan ay hindi, 243–44
Ninuno ni Joseph Smith, mga, 1–2, 635–36
Noe, 108–9,120–21, 233, 293, 364, 476, 479–80

**O**

Ohio. *Tingnan sa* Hiram, Ohio; Kirtland, Ohio; Painesville, Ohio
Operasyon ni Joseph Smith, xv, 2
Orakulo, buhay na mga, 230–31. *Tingnan din sa* Pangulo ng Simbahan; Propeta, mga
Ordenansa, mga
Banal sa lahat ng dispensasyon tumatanggap ng, mga, 108–10

hindi nagbabago magpakailanman, 124–26
natanggap ni Adan, 124–26
templo, isinasagawa lamang sa mga, 488–91
*Tingnan din sa* Binyag; Binyag para sa mga patay; Kasal, walang hanggang; Kaligtasan para sa mga patay; Endowment sa templo
Organisasyon ng Simbahan, xvii, 9–10, 105–6, 159–63, 517

## P

Paaralan ng mga Elder, 341–44
Paaralan ng mga Propeta, xix, 138, 150, 305–7
Pablo, 38–40, 192–93
Pag-aaral ni Joseph Smith, 3–4, 32, 305–7, 639–43
Pag-aasawa ng mahigit sa isa, xii, 24
Pagbabayad-sala
bata tinubos sa pamamagitan ng, mga, 110–11, 205–7
ituro sa lahat ng tao, 176–79
kadakilaan posible sa pamamagitan ng, 610062, 256–58, 521
lahat ng Banal umaasa sa, 56–58
pagkabuhay na mag-uli posible sa pamamagitan ng, 58–61
patay tinubos sa pamamagitan ng, mga, 475–77, 552–53
*Tingnan din sa* Jesucristo; Pagkabuhay na Mag-uli
Pagbuhos ng alkitran at balahibo kay Joseph Smith, 265–67
Pagdurusa. *Tingnan sa* Pagsubok, mga
Page, Hiram, 227–29
Paghahabla kay Joseph Smith, mga, 17, 277–79
Paghahanda para sa Ikalawang Pagparito, 295–98
Paghahayag
Diyos nagbibigay sa lahat ng naghahangad ng, 47–48, 148–54, 229
Espiritu Santo, natatanggap sa pamamagitan ng, 153–54
espiritu tumatanggap ng, mga, 557
kaligtasan, kailangan para sa, 226
mag-ingat sa huwad na, 228–29
ni Joseph Smith, 223–25, 289–91, 306
pagsunod kailangan sa, 153
Pangulo ng Simbahan tumatanggap ng, 227–31, 294–95
Simbahan ginagabayan sa pamamagitan ng, 226–27
tanggapin ang lahat ng, 307–9
unang pahiwatig ng, 153
Paghihirap. *Tingnan sa* Pagsubok, mga
Paghiwatig sa mga espiritu, 451–54
Pag-ibig, Pagmamahal
kapangyarihang nangingibabaw sa kaisipan, 502–3
kapayapaan ay bunga ng, 402–3
katangian ng Diyos, 45–46, 386–87, 499
lider mayroong, mga, 335
mahabang pagtitiis at maawaing, 501–3
misyonero ay may, mga, 386–87
miyembro ng pamilya mayroong, mga, 565–74
para sa buong sangkatauhan, 499–500
para sa mga maralita at nangangailangan, 500–1, 529–31, 544
*Tingnan din sa* Pagkakaibigan; Maralita at nangangailangan
Pag-ibig sa kapwa-tao. *Tingnan sa* Pag-ibig, Pagmamahal
Pag-iingat ng mga talaan, mga binyag para sa mga patay, 551
Pagkabuhay na Mag-uli
batang namatay ay ibabangon sa, mga, 110–11, 205–7
Jesucristo ginawang posible ang, 58–61
katalinuhan ibabangong kasabay natin sa, 310
kawalan pupunan sa, 60
mabubuti babangon sa kaluwalhatian sa, 202–3
mahal sa buhay, magkikita-kita sa, mga, 202–5
ni Jesucristo, 58–61
*Tingnan din sa* Pagbabayad-sala
Pagkahulog ni Adan, 476, 521
Pagkakaisa
Kirtland Temple, sa pagtatayo ng, 319
layunin ng Diyos naisasakatuparan sa pamamagitan ng, mga, 319–21
ng mga miyembro ng Panguluhang Diyos, 49
ng mga miyembro ng Simbahan, 167–68, 319–25

ng namumunong mga korum, 163–65
pagiging di-makasarili humahantong sa, 321–24
pagpapala mula sa, 325–26
pagpapatawad humahantong sa, 462–65
pagsunod humahantong sa, 321–24
pakikipagkaibigan humahantong sa, 543
Pagkalason ni Joseph Smith, 279
Paglalaan ng Kirtland Temple, xx–xxi, 15–16, 231, 359–61, 492–93
Paglilimbag ng Aklat ni Mormon, xvii, 9, 157
Paglilingkod. *Tingnan sa* Pakikipagkaibigan; Pag-ibig, Pagmamahal; Maralita at nangangailangan
Paglilingkod ng misyonero
ebanghelyo naghahatid ng liwanag sa mundo, 175–78
Espiritu, pagtuturo sa pamamagitan ng, 389–91
kaloob na mga wika para sa, 447–50
kwalipikasyon para, mga, 386–87
ni Joseph Smith, 16, 105, 173–75, 277–78, 391–93
pagmamahal kailangan sa, 386–87
pagpapakumbaba, pagtuturo nang may, 387–89
pagsisisi, pagtuturo ng, 178–79
pandaigdigang pag-unlad ng Simbahan, 124, 159–60, 165–67, 180–81, 351–54, 386, 426–27, 520
patotoo, mga oportunidad na magbahagi ng, 391
sa England, 16, 383–86
sa mga Lamanita, xviii, 11, 174, 527
saplad para sa binyag sinira, 173
talinghaga ng manghahasik, 346–49
talinghaga ng trigo at mga agingay, 349–51
tungkulin, napakahalaga, 386–87
Paglulubog, binyag sa pamamagitan ng, 106–7, 111, 521
Pagpapagaling
espirituwal na kaloob na [makapagpagaling], 136–37, 140, 447, 517, 521
hindi lahat ng mabubuti ay pinagagaling, 447
kay Joseph Smith, 278, 571–72
kay Joseph Smith Sr., 567
ni Elijah Fordham, 445–47
pananampalataya na [mapagaling], 445–48
sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, 447
Pagpapakumbaba
Banal dapat magkaroon ng, mga, 375
ituro ang ebanghelyo nang may, 387–89
Joseph Smith nagpakita ng, 8, 81–84
lider dapat magkaroon ng, mga, 332–35
pagsisisi, kailangan sa, 81–89, 467
pakitunguhan ang iba nang may, 403
Pagpapatawad; Kapatawaran
humahantong sa pagkakaisa, 462–65
ibigay ang, sa lahat ng tao, 461–68
Joseph at William Smith pinatawad ang isa't isa, 464–65
Joseph Smith pinatawad ang miyembrong nag-apostasiya, 459–60
Joseph Smith pinatawad si William W. Phelps, 465–68
ng Diyos Ama, 87–89, 466–67, 502–3
ni Jesucristo, 461–63
sa mga kahinaan ng iba, 462–65
*Tingnan din sa* Awa
Pagpapatong ng mga kamay
para magpagaling ng maysakit, 447
para matanggap ang kaloob na Espiritu Santo, 111–13
Pagpaslang kina Joseph at Hyrum Smith bilang martir, xxiii, 26, 539–40, 619–20, 625–30
Pagsamba, kalayaan sa, 403–6, 522
Pagsang-ayon sa mga lider ng Simbahan, 230–33, 372–75, 379–80, 607–9
Pagsansala, ibinibigay ng mga propeta, 611–14
Pagsasalin, kaloob na, 133–36
Pagsasalin ng Aklat ni Mormon. *Tingnan sa* Aklat ni Mormon, pagsasalin ng
Pagsasalin ng Biblia. *Tingnan sa* Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia
Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia
Doktrina at mga Tipan at, 241, 253–54
Emma Smith dinala ang mga manuskrito ng, 433

gawain sa, xviii, xix, 14–15, 239–41, 290
itinuturo ang plano ng kaligtasan, 239–42
pangangailangan sa, 239–42
talinghaga ng lebadura inilalarawan ang, 353–54
*Tingnan din sa* Banal na Kasulatan, mga
Pagsilang ni Joseph Smith, xv, 2, 513
Pagsisisi
ituro sa lahat ng tao, 178–79
miyembro ng Simbahan, kailangan ng mga, 178–79
ni Joseph Smith, 81–85, 135–36
Pagbabayad-sala ginawang posible ang, 56–58
pagpapaliban, hindi nararapat, 85–86
pinatatawad ng Diyos ang mga nagsisisi, 87–89, 466–68, 502–3
sa lahat ng kasalanan, 84–87
tinutulungan tayong maging katulad ng Diyos, 84–87
Pagsubok, mga
Banal hindi matatakasan ang, mga, 294
Diyos nagpapalakas sa oras ng, 269–70, 412–13, 423–24, 427–30, 440–41
Espiritu Santo umaaliw sa oras ng, 114, 429–30
Ikalawang Pagparito, mauuna sa, 289–94
napapatunayan tayo, 267–68
pagkamasayahin sa oras ng, 412–13
pagsunod sa oras ng, 270–71
pagtanaw ng utang na loob sa oras ng, 270–71
pakikipagkaibigan sa oras ng, 540–43
pananampalataya at tapang sa oras ng, 207–8, 267–68, 273, 412–13, 435–36, 437–40
para sa ating ikabubuti, 267–68, 426
sumandali lamang, 425
tiwala sa Diyos sa oras ng, 272–73
*Tingnan din sa* Pang-uusig
Pagsunod
apostasiya bunga ng hindi, 372–75
banal na kasulatan at, mga, 76–77
espirituwal na kaloob at, mga, 137–38
halimbawa ni Pablo ng, 192–93
humahantong sa kadakilaan, 189–91, 243–44
humahantong sa mga kayamanan ng kaalaman, 306–7
humahantong sa pagkakaisa, 321–24
humahantong sa pagkaunawa sa Diyos, 189
humahantong sa putong ng kabutihan, 191–96, 416–17
humahantong sa selestiyal na kapahingahan, 189–91
Ikalawang Pagparito at, 295–98
Jesucristo halimbawa ng, 195–96
kaalaman at, 271, 309–10
kalayaang pumili at, 247–48
kasamang mga tagapagmana ni Jesucristo sa pamamagitan ng, 61–62
katangiang tulad ng kay Cristo, at, mga, 411–14
natutuhan ni Joseph Smith ang, 73–74, 81–84
paghahayag at, 153
panuntunan ni Joseph Smith, 187
sa mga kautusan, 187–89
sa mga pagsubok, 270–71
Pagtitiis hanggang wakas, 267–73, 416–17, 620–21
Pagtitipon
kailangan sa huling dispensasyon, 599
sa Jackson County, Missouri, 11, 211–15
upang makapagtayo ng mga templo, 488–90
*Tingnan din sa* Israel, panunumbalik ng; Jackson County, Missouri
Pagtubos sa mga patay. *Tingnan sa* Kaligtasan para sa mga patay
Pahina ng manuskrito, Aklat ni Mormon, pagkawala ng, mga, xvi, 8, 73–74, 81–84
Pahinang pamagat ng Aklat ni Mormon, 70–73, 133, 157–59
Painesville, Ohio, 278
Pakikipagkaibigan
Joseph Smith isang halimbawa ng, 537–43, 546
miyembro ng Simbahan nagpakita ng, mga, 544–46
ni Willard Richards, 539–40

pinagkakaisa ang pamilya ng tao, 543–44
sa kahirapan, 540–43
*Tingnan din sa* Pag-ibig, Pagmamahal
Palatandaan ng Anak ng Tao, 293–94
Palatandaan ng Ikalawang Pagparito, mga, 291–94
Palmyra, New York
Aklat ni Mormon inilimbag sa, xvii, 9, 157–59
Joseph Smith nanirahan sa, xv, 2–7, 31–33, 67–70, 513
mapa ng, 3
Pamantayan ng katotohanan, 165, 520
Pambungad sa Doktrina at mga Tipan, 223–26
Pamilya
liham ni Joseph Smith sa, mga, 277–86
pagbubuklod ng, para sa kawalang-hanggan, 364–65
pagmamahal ng mga anak sa mga magulang, 567–68
pagmamahal ng mga magulang sa mga anak, 569–74
pagmamahalan ng magkakapatid, 541, 568–69
pagmamahalan ng mga mag-asawa, 565–66
*Tingnan din sa* Kasal, walang hanggang
Pamumuno, ituro ang mga wastong alituntunin sa, 331–32. *Tingnan din sa* Lider ng Simbahan, mga
Panalangin
Diyos nakikinig, at nagbibigay ng paghahayag, 47–48, 148–54, 229
ipagdasal ang lahat ng bagay, 150–52
kaalaman tungkol sa Diyos nakakatulong sa atin sa, 47–48
kabutihan sa, 152
mabisang, ni Joseph Smith, 147–48, 151–52
magtamo ng kaalaman sa pamamagitan ng, 310–13
magulang ni Joseph Smith tinuruan tungkol sa, mga, 43–44
ng mga magulang, para sa mga anak, 569–73
ni Joseph Smith, humantong sa Unang Pangitain, xv, 4–6, 35–37, 145, 513–14
pananampalataya at kasimplihan sa, 152
Pananampalataya
at mga espirituwal na kaloob, 137–38
at panalangin, 152
kay Jesucristo, 56–58, 179, 521
na maging miyembro ng Simbahan, 179–80
na magmana ng kahariang selestiyal, 245, 256–58, 416–17
na mapagaling, 447
natatamo sa pakikinig sa salita ng Diyos, 451
tiisin ang mga pagsubok nang may, 207–8, 267–68, 273, 412–13, 435–36, 437–41
Pandaigdigang pag-unlad ng Simbahan, 124, 159, 165–67, 180–81, 351–54, 385, 426–27, 520
Pangalan ng Simbahan, xvi, 8
Pangulo ng Estados Unidos
Joseph Smith dumalaw sa, xxii, 113, 117
Joseph Smith kumandidato sa pagiging, xxiii, 23
Pangulo ng High Priesthood, xix
Pangulo ng Simbahan
Diyos inihahayag ang Kanyang kalooban sa, 227–31
kahatulan sa mga taong tumanggi, mga, 233–36
kinatawan ng Diyos sa atin, 230
pagsang-ayon sa, 230–33, 372–75, 379–80, 607–9
Pangulo ng High Priesthood, xix
*Tingnan din sa* Propeta, mga
Panguluhang Diyos
Diyos Ama namumuno sa, 49
miyembro ng, ay nagkakaisa, mga, 49
tatlong personahe sa, 48–49
Pang-uusig
apostasiya humahantong sa, ng Simbahan, 375–79
Banal laging nahaharap sa, mga, 267–68, 436–37
dahil sa Aklat ni Mormon, 211–13, 438
Diyos nagpapalakas sa oras ng, 269–70, 412–13, 423–24, 427–30, 440–41
kay Joseph Smith matapos ang Unang Pangitain, 38–40

kay Joseph Smith sa Kirtland, 17, 265–67, 277–79, 369–72, 377–78, 397
kay Joseph Smith sa Nauvoo, 26–28, 537, 605–7, 610–11, 617–21
lahat ng bagay ay kumikilos para sa kabutihan sa oras ng, 269–70, 429–30
pananampalataya at tapang sa oras ng, 267–68, 273, 412–13, 435, 437–41
pasasalamat sa oras ng, 270–71
propeta dumanas ng, mga, 610–11
sa mga Banal sa Caldwell County, xxi, 19–20, 409–12, 421–25, 433–36, 519
sa mga Banal sa Jackson County, xix, 17, 213–14, 329–31, 397, 518
sa mga Banal sa Kirtland, xxi, 17, 397
Satanas inuusig ang mga Banal, 17, 178, 436–37
Simbahan magtatagumpay laban sa, 165–67, 351–53, 426–27, 520
*Tingnan din sa* Pagsubok, mga
Panunumbalik ng kabuuan ng ebanghelyo, 595–601. *Tingnan din sa* Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Ang; Dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon
Papyri, Egyptian, xx, 15
Pasasalamat. *Tingnan sa* Pagtanaw ng utang na loob
Pasasalamat; Pagtanaw ng utang na loob
pagpapahayag ni Joseph Smith ng, mga, 271, 285, 336, 537, 540–44, 567–68
sa kabila ng paghihirap, 270–71
Pasko, paghahayag na natanggap tungkol sa, 289
Patay, binyag para sa mga. *Tingnan sa* Binyag para sa mga patay; Kaligtasan para sa mga patay
Patotoo
Joseph Smith tinatakan ng dugo ang, 627–30
maghanap ng mga pagkakataong magbahagi, 391–93
pananampalataya dumarating sa pamamagitan ng pakikinig, 451
sa Unang Pangitain ay mahalaga, 637–39
Patotoo tungkol kay Jesus
ay diwa ng propesiya, 226, 450–51
Espiritu Santo, sa pamamagitan ng, 114–15
kahariang selestiyal, kailangan sa, 256–59
Patriarch
evangelista ay, 163
sa Simbahan, xx
Pedro, Santiago, at Juan
ipinanumbalik ang Melchizedek Priesthood, xvii, 9, 93, 118–21, 582
natanggap ang mga susi ng priesthood, 122
Peterson, Ziba, 174
Phelps, William W., 225, 359, 465–68
Philadelphia, Pennsylvania, 174, 278
Pitumpu, Korum ng, xx, 15, 19, 163–65, 330
Plano ng kaligtasan
buhay bago isilang, inilahad sa, 242
gawain at kaluwalhatian ng Diyos, 241–42
inihayag sa pamamagitan ng priesthood, 121
kalayaang pumili kailangan sa, 247–48
katawan kailangan sa, mga, 245–47
layunin ng, mga, 242–48
nagliligtas ng mga buhay at patay, 473–81, 552–54
walang hanggang katangian ng katalinuhan, 243–44
*Tingnan din sa* Kaligtasan
Pontiac, Michigan, 138, 277–78, 392–93, 589
Pratt, Addison, 385
Pratt, Parley P., 174, 223, 411, 564
Priesthood. *Tingnan sa* Aaronic Priesthood; Legal na tagapangasiwa; Melchizedek Priesthood
Propesiya, diwa ng, 226, 450–51
Propeta, mga
diwa ng propesiya binubuo ng, 450–51
Diyos inihahayag ang lahat ng bagay sa, 227–31, 227–29
huwad na, 233–36
kahinaan ng tao, mga, 609–10
magturo, tungkuling, 607–9
Melchizedek Priesthood, mayhawak ng, 127

misyon ng, ibinigay ng Diyos, mga, 610–11
pagmamahal at paglilingkod ng, 335–36, 611–14
pagsabihan, tungkuling, 611–14
pagsang-ayon sa, 230–33, 372–75, 379–80, 607–9
pagtanggi sa, mga bunga ng, 233–36
*Tingnan din sa* Pangulo ng Simbahan
Puno ng ubas at mga sanga, talinghaga ng, 189
Putong ng kabutihan, 191–96, 416–17

## Q

Quincy, Illinois, xxi, 20, 433–36, 445

## R

Ramus, Illinois, 563
Red Brick Store
D at T 132 idinikta sa, 563–65
endowment isinagawa sa, mga, xxiii, 24, 483–86
Relief Society inorganisa sa, 525–28
tanggapan at negosyo ni Joseph Smith sa, 497–99, 507, 606–7
Relief Society
anghel kasamahan ng, mga, 532
awa, ipinapakita ng mga miyembrong babae, 532–33
Emma Smith, pangulo ng, xxiii, 527–29, 531–32
lider ng priesthood, pagsang-ayon sa mga, 528–29
nagliligtas ng mga kaluluwa, 531–32
organisasyon ng, xxiii, 525–29
organisasyong pangkawanggawa, 529–31
susi, ipinagkaloob ni Joseph Smith, 529
tagubilin sa, 531–32
Richards, Willard, 26, 385, 485, 527, 539, 619, 625
Richmond, Missouri, 19, 280–81, 393, 411, 573–74
Rigdon, Sidney
pagbabalik-loob ni, 11, 174
pangitain sa D at T 76, 53–56, 253–54
sa araw ng paggaling, 445–47
sa Hiram, Ohio, 265
sa Kirtland Temple, 317, 359
sa Missouri, xix, 211–14, 411
sa Unang Panguluhan, xix, 28, 306
Robinson, George W., 411
Rocky Mountains
nabunton kay George A. Smith, 273
propesiya ni Joseph Smith tungkol sa, 606
Rogers, Noah, 385
Russell, Isaac, 385

## S

Sacrament, 87, 160–61, 448
Sagradong Kakahuyan, 5
Sakripisyo
ng mga Banal noong una, 56–58, 124–26
ng Tagapagligtas, 56–58
Saksi, mga. *Tingnan sa* Walong Saksi; Tatlong Saksi
Saligan ng Pananampalataya, mga, 513, 521–22
Sambahayan ni Israel. *Tingnan sa* Israel, panunumbalik ng
Sampung Lipi, 218, 521
Satanas
apostasiya humahantong kay, 375–79
inuusig ang mga Banal, 17–18, 178, 436–37
Joseph Smith, tinangkang sirain ni, 35–36
kaalaman kailangan o magiging katulad tayo ni, 309–10
kalapati, hindi magpapakita sa anyo ng, 94
karunungan ng Diyos ay higit kaysa kay, 73
katawan, walang, 245–47
nanlilinlang, 85
paghiwatig kay, 453
pagkawasak ng kaharian ni, 273, 300
sa buhay bago isilang, 242
Simbahan, hindi mapipigilan ang pag-unlad ng, 165–67, 351–53, 426–27
walang kapangyarihan maliban kung payagan natin, 247–48
wika, nagsasalita sa mga, 449–50
*Tingnan din sa* Impiyerno
Sermon ni Joseph Smith, mga, 23, 577–80, 651
Sharon, Vermont, xx, 2, 513

Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Ang
apostasiya humahantong sa pang-uusig sa, 375–79
Jesucristo ang ulo ng, 161–63
kailangan upang mapabilang sa, mga, 179
kailangang gabayan ng Diyos, 187–88
nalinis mula sa kasamaan, 84–85
organisasyon ng, xvii, 9–10, 105, 159–63, 517
pagkakaisa sa, 167, 319–25
pag-unlad ng, walang makapipigil sa, 165–67, 351–54, 426–27, 520
paghahayag gumagabay sa, 226–27
pandaigdigang pag-unlad ng, 124, 159, 165–67, 180–81, 351–54, 385–86, 426–27, 520
pangalan ng, xvii, 10
pang-uusig sa, 436–37
responsibilidad ng mga miyembro sa, mga, 167–69, 599–601
templo ay kailangan sa, mga, 487–88
Unang Panguluhan at Labindalawang Apostol namumuno sa, 163–65
Singsing, nagturo si Joseph Smith gamit ang, 243
Sion
pagtatayo ng, 211–18, 599–601
responsibilidad ng mga miyembro sa, mga, 167–69, 174, 215–18
sa Jackson County, Missouri, xix, 13, 17–19, 174, 211–15, 277
sa lupalop ng Amerika, 218–20, 521–22
tutubusin, 214–15
*Tingnan din sa* Bundok ng Sion, mga tagapagligtas sa
Smith, Alexander, 22, 201, 280
Smith, Alvin (kapatid ni Joseph Smith), 2, 4, 201, 207, 471–74, 568–69
Smith, Alvin (anak ni Joseph Smith), 22, 81, 199
Smith, Asael, 53
Smith, David, 22, 201
Smith, Don Carlos (kapatid ni Joseph Smith), 2, 201, 206–7, 569
Smith, Don Carlos (anak ni Joseph Smith), 22, 201
Smith, Emma
anak ni, mga, 22, 199–202
binyag ni, 173–74
gintong lamina at, mga, 69
Ilog Mississippi, lumakad patawid, 433–34
Joseph humingi ng kapatawaran kay, 135–36
journal entry ni Joseph tungkol kay, 540–41
kambal, pag-ampon sa at pagkamatay ng anak na lalaki, 22, 29, 185, 199, 265–67
kasal ni, xvi, 7–8, 69
Kirtland, lumipat sa, 11–13, 185–87, 199
Liberty Jail, dinalaw si Joseph sa, 422
liham kay Joseph, 20
liham mula kay Joseph, mga, 208, 278–86, 391, 411, 422–23, 621
Nauvoo, binisita si Joseph malapit sa, 537
pagkamatay ng panganay na anak, 22, 81, 199
paglilingkod ni, 318, 445, 503–7, 527
Pagsasalin ni Joseph Smith at si, 433
puno ng alkitran at balahibo, nakita si Joseph na, 266
Quincy, nakipagkita kay Joseph sa, 435
Relief Society, pangulo ng, xxiii, 527–28, 531–32
tagasulat sa pagsasalin, 133
Smith, Ephraim, 2, 201
Smith, Frederick, 22, 201, 280–82, 284
Smith, George A., 273, 389, 546, 654–57
Smith, Hyrum
anak, pagkamatay ng, 208
binyag ni, 105
Commerce, pagkakasakit sa, 504–5
endowment, tumanggap ng, 485
Kanluran, lumisan para magpunta sa, 619
Kirtland Temple, gawain sa, 317–19
kolera, gumaling mula sa, 571–72
kumatawan sa binyag ni Alvin Smith, 473
libing ni, xxiii
Nauvoo, pagdalaw kay Joseph malapit sa, 537
pagpaslang kay, bilang martir, xxiii, 26, 539–40, 619, 625–30
pagpupugay ni Joseph Smith kay, mga, 541, 569
pamilya ni, 2
Richmond, ikinulong sa, 19, 411

sa Liberty Jail, 421–24
tagapagtatag ng Simbahan, 159
Smith, John L., 505
Smith, Joseph, heneral
anak ni, mga, 22, 199–201
banal na kasulatan, pagmamahal sa mga, 4–6, 32–35, 211–13, 341–44
Elias, diwa ni, inihayag kay, 99–100, 636
kahinaan ng tao, mga, 609–10
legal na kaso ni, mga, 17, 277–79
misyon sa lupa ni, 627–30
pag-aaral ni, 3–4, 32, 305–7, 638–43
paghahayag, proseso ng pagtanggap ng mga, 223, 289–91, 306
pagkamatay ng mga miyembro ng pamilya, 22, 29, 81, 199–202, 203, 265–67
pag-orden noon pa man kay, 598, 634–37
pagsisikap ni, sa misyon, 16, 105, 173–75, 277–78, 391–93
pisikal na anyo ni, 31, 583–85
sermon ni, mga, 23, 577–80, 651
susi ng priesthood, mayhawak ng mga, 120, 596, 598, 628, 634–36, 646
tagakita, 186, 291, 625, 634, 642
turo ni, 331–32, 341–44, 391–93, 577–80, 585–90, 607–9
Smith, Joseph, buod ng buhay (ayon sa pagkakasunud-sunod)
angkang pinagmulan ni, 1–2
lolo, nagpropesiya tungkol kay, 53
magulang ni, mga, 43
pagsilang ni, xv, 2, 513
kabataan ni, xv, 2–4, 31–33, 43
operasyon sa binti, xv, 2
Palmyra, lumipat sa, xv, 3, 31, 513
Unang Pangitain ni, xv, 4–6, 32–40, 44, 513
Moroni, mga pagdalaw ni, xv, 6–7, 67–70, 120–21, 239, 361, 514
Manchester, lumipat sa, xvi
Harmony, nagtrabaho sa, 7, 69
kasal ni, xvi, 7, 69
gintong lamina, natanggap ni, mga, xvi, 7–8, 68–71, 514–15
Aklat ni Mormon, pagsasalin ng, xvi–xvii, 8–9, 69, 91, 133–36, 157, 174
pagkawala ng 116 na pahina ng manuskrito, xvi, 8, 73–74, 81–84
Aaronic Priesthood, natanggap ni, xvii, 8–9, 91–94, 99, 103
binyag ni, xvii, 9, 91–94, 103–6
Melchizedek Priesthood, natanggap ni, xvii, 9, 93, 119–21, 582
Tatlong Saksi at si, xvii, 145–48
Aklat ni Mormon, paglilimbag ng, xvii, 9, 157–59
Simbahan, itinatag ang, xvii, 9–10, 159–63, 517
Pagsasalin ni Joseph Smith at si, xviii, xix, 14–15, 239–42, 290
Fayette, lumipat sa, xviii, 11, 185, 228
Kirtland, dumating sa, xviii, 11–13, 185–87, 199
Kirtland, mga paghahayag sa, 14–15, 223–26
Jackson County, Sion sa, xviii–xix, 11, 211–15, 277
Kirtland, mga pang-uusig sa, 17, 265–67, 277–79, 369–72, 377–78, 397
Paaralan ng mga Propeta, xix, 138, 150, 305–7
Word of Wisdom, natanggap ang, 306
Kampo ng Sion, pinamunuan ni, xx, 19, 329–31, 335–38, 571–72
Egyptian papyri, isinalin ang, xx, 15
Kirtland Temple, paglalaan ng, xx, 15–16, 231, 359–61, 492–93
misyonero sa England, mga, xx, 16, 383–86
Far West, lumipat sa, xxi, 17, 19, 397
*History of the Church,* sinimulan ang, xxi
sundalo bumisita sa Far West, mga, 397–400
Far West, inaresto sa, 19, 393, 409–12, 572–74
Independence, ikinulong sa, 19, 409–12
Richmond, ibinilanggo sa, 19, 411
Liberty Jail, ibinilanggo sa, xxi, 19–20, 421–29, 433
Missouri, nakatakas mula sa, xxi, 21, 435
Quincy, dumating sa, xxi, 21, 433–36
Commerce, itinatag ang, xxii, 21, 378–79, 445, 459
Commerce, mga basbas ng pagpapagaling sa, 445–48
Washington, D.C., mga pagbisita sa, xxii, 113, 117

binyag para sa mga patay, ipinahayag, xxii, 24, 473, 553–54
Nauvoo Temple, pagtatayo ng, xxii, 24–25, 320–21, 325, 483–88
Nauvoo Legion, kumander, xxii, 511
Red Brick Store ni, 496–99, 507
*Times and Seasons,* editor ng, xxii, 511–13, 652, 657
Wentworth Letter, isinulat ang, xxiii, 512–22
Relief Society, inorganisa ang, xxiii, 525–29
endowment, pinangasiwaan ni, xxiii, 24, 483–86, 595–96
Nauvoo, meyor ng, xxiii, 23, 511
Nauvoo, mga pang-uusig sa, 26–28, 537, 605–7, 610–11, 617–20
pangulo ng Estados Unidos, kumandidato bilang, xxiii, 23
Apostol, ibinigay ang mga susi sa mga, xxiii, 26, 164, 617, 621–24
*Nauvoo Expositor,* pagkasira ng, 617
Kanluran, lumisan para magtungo sa, 619
Carthage Jail, ibinilanggo sa, 26, 393, 540, 619
Pagpaslang kay, bilang martir, xxiii, 26–27, 540, 620, 625–30
libing ni, xxiii
Smith, Joseph, III, 22, 201, 280, 289
Smith, Joseph Murdock, 22, 29, 199, 265–67
Smith, Joseph, Sr.
Alvin Smith, nakita bago namatay, 473
basbas kay Joseph Smith, 201, 634
binyag ni, 104, 105
kasal ni, 2
kaugaliang pangrelihiyon ni, mga, 4–6, 43
pagkamatay ni, 201
pagmamahal ni Joseph Smith para sa, 567–68
pagpapagaling kay, 567
pagpapatawad sa kanyang pamilya, 465
Palmyra, lumipat sa, 3
pamilya ni, xv, 2, 26, 31
Patriarch sa Simbahan, xx
trabaho ni, mga, 3
Smith, Julia Murdock, 22, 29, 199, 201, 278–81, 289
Smith, Louisa, 22, 185, 199
Smith, Lucy, 504, 572–74
Smith, Lucy Mack
kasal ni, 2
kasaysayang isinulat ni, 41
kaugaliang pangrelihiyon ni, mga, 4, 43–44
pagmamahal ni Joseph Smith kay, 567–68
pamamaalam sa mga anak na lalaki, 572–74
pamilya ni, xv, 2, 28, 31
panalangin para sa mga anak na lalaki, 569–72
Relief Society, payo sa, 527
Tatlong Saksi at si, 147
Unang Pangitain at si, 36
Smith, Nathan, Dr., 2
Smith, Samuel, 91, 105, 159
Smith, Thadeus, 22, 199
Smith, William, 43, 87, 464–65
Snow, Eliza R., 525, 528
Snyder, John, 385
Stake, pagtatayo ng Sion sa, mga, 215–18. *Tingnan din sa* Sion
Stake (mga hangganan), mga, 307–9
Stowell, Josiah, 7
Sumpa at tipan ng priesthood, 127
Sundalo, bumisita kay Joseph Smith, mga, 397–400
Susi, mga. *Tingnan sa* Susi ng priesthood, mga
Susi ng priesthood, mga
Adan unang nakatanggap ng, 121, 124–26
ibinigay ni Joseph Smith sa mga Apostol ang lahat ng, xxiii, 26–28, 164, 617, 621–24
ipinanumbalik ng mga sinaunang maytaglay ng priesthood, 91–94, 119–24
ipinanumbalik sa Kirtland Temple, xx, 16, 120, 360–66, 555
Joseph Smith mayhawak ng, 120, 598, 628, 634–35, 646
lahat ay ipinanumbalik sa huling dispensasyon, 485, 596
Melchizedek Priesthood mayhawak ng, 126–28

## T

Tagakita, Joseph Smith, 186, 291, 625, 634, 642
Tagapagligtas sa Bundok ng Sion, mga, 480, 554–57. *Tingnan din sa* Binyag para sa mga patay; Kaligtasan para sa mga patay
Tagapamayapa, mga, 399–403
Tagasulat, pagsasalin ng Aklat ni Mormon, mga
  Emma Smith, 133
  Martin Harris, xvi, 8, 70
  Oliver Cowdery, xvi, 8–9, 91, 133–36
Tahiti, itinuro ang ebanghelyo sa, 386
Talento, pagpapahusay ng ating mga, 415–16
Talinghaga
  ng binhi ng mustasa, 124, 165–66, 351–53
  ng kasal ng anak na lalaki ng hari, 191–93
  ng lambat na inihagis sa dagat, 354
  ng lebadura, 353–54
  ng manghahasik, 346–49
  ng mga talento, 415–16
  ng puno ng ubas at mga sanga, 189
  ng trigo at mga agingay, 349–51
Talinghaga, mga
  nagturo si Jesus gamit ang, 344–46
  sa Mateo, 344–54
Talumpati ni Joseph Smith sa mga burol, mga, 202–8
Tanner, John, 318
Tanod, pinagalitan ni Joseph Smith, mga, 411
Tatlong Saksi, xvii, 145–48, 353–54
Taylor, John
  sa Carthage Jail, 26, 539, 619, 625
  sa organisasyon ng Relief Society, 527
  *Times and Seasons* at si, 511
Taylor, Leonora Cannon, 207
Templo, itinayo o ipinlano, mga
  Far West, Missouri, pagtatayuan ng, 19, 397, 483
  Independence, Missouri, pagtatayuan ng, xviii-xix, 13, 213, 483
  *Tingnan din sa* Kirtland Temple; Nauvoo Temple
Templo, mga
  Banal inutusang magtayo ng, mga, 486–88
  binyag para sa mga patay isinasagawa sa, mga, 490, 556
  endowment ibinibigay sa, 486–91, 556, 593–96
  kabuuan ng Melchizedek Priesthood nakakamtan sa, 485–92
  ordenansa ng, kailangan sa kaligtasan, mga, 488–91
  pagtitipon kailangan upang maitayo, 488–90
  pagtuon ni Joseph Smith sa, 483–85
  pinakadakilang mga pagpapala ng Diyos natatanggap sa, 492–93
  *Tingnan din sa* Endowment sa templo
Thompson, Mercy Fielding, 422, 486
Tibagan ng bato, nagtrabaho si Joseph Smith sa, 318–19
*Times and Seasons,* xxii–xxiii, 511–13, 652, 657
Tindahan ni Newel K. Whitney
  Joseph Smith dumating sa, 172–75
  Joseph Smith lumipat sa, 289
  Paaralan ng mga Propeta sa, 305
  Pagsasalin ni Joseph Smith sa, 290
  *Tingnan din sa* Whitney, Newel K.
Tinyente heneral, Joseph Smith, xxii
Tipus, Joseph Smith nagkasakit ng, xv, 2
Tradisyon, mga maling, 307–9
Trigo, talinghaga ng, at mga agingay, 349–51
Turo ni Joseph Smith, 331–32, 341–44, 391–93, 577–80, 585–90, 607–9
Tyler, Daniel, 378–79

## U

Unang Pangitain
  Ama sa Langit at si Jesucristo nagpakita sa, xv, 4–6, 36–37, 44–45, 513–14
  kaalaman tungkol sa Diyos sa pamamagitan ng, 6, 44–45
  paghahanap sa katotohanan humahantong sa, 4–6, 32–35, 513–14
  pang-uusig matapos ang, 38–40
  patotoo sa, ay mahalaga, 637–39
  pinakadakilang kaganapan, 637–39
Unang Panguluhan
  pagtatatag ng, xix, 15
  responsibilidad ng, mga, 163–65
  *Tingnan din sa* Pangulo ng Simbahan

Utos na paglipol, xxi, 409, 519
Urim at Tummim
daigdig ay magiging, 300
Joseph Smith, binawi kay, 8, 83
pagsasalin, ginamit sa, 8, 71, 73, 83, 135, 515
Tatlong Saksi, ipinakita sa, 145–48

## V

Van Buren, Martin, xxii, 113, 117
Vermont. *Tingnan sa* Sharon, Vermont

## W

Walang kapatawarang kasalanan, 89, 552
Walong Saksi, xvii
Washington, D.C., xxii, 113, 278
Wentworth, John, 512
Wentworth Letter, xxiii, 512–22
Whitlock, Harvey, 88
Whitmer, David, 18, 135, 145–48, 159, 378, 567
Whitmer, Peter, Jr., 159, 174
Whitmer, Peter, Sr., xvii, 9, 135, 159
Whitney, Elizabeth Ann, 186, 391–92, 505, 528
Whitney, Newel K.
binasbasan si Joseph Smith, 278
endowment, tumanggap ng, 485
Joseph nakitira sa tahanan ni, 186, 289
journal entry tungkol kay, 537, 540–42
naglakbay kasama ni Joseph, 278, 391
nakipagkita kay Joseph, 185–87
nakitira kay Joseph, 505
salu-salo ginanap sa tahanan ni, 544
*Tingnan din sa* Tindahan ni Newel K. Whitney
Wight, Lyman, 337, 411, 423
Wika, kaloob na mga, 448–50
Williams, Frederick G., xix, 28, 306, 317
Woodruff, Wilford, xiv, 331, 445–47
Word of Wisdom, 306

## Y

Young, Brigham
at *History of the Church,* 656–57
buhay na orakulo, nagturo tungkol sa mga, 230–31
endowment, nangasiwa sa mga, 24, 485, 595
endowment, tumanggap ng, 24, 485
Illinois, pinamunuan ang mga Banal papunta sa, 21, 433
Joseph Smith, kamukha ni, 633
Joseph Smith, sinang-ayunan si, 371
Kirtland Temple, gawain sa, 318
misyon sa England, 372–74, 385
pangitain tungkol kay Joseph Smith, 114
Pangulo ng Simbahan, 633
sa araw ng pagpapagaling, 446
sa Kampo ng Sion, 330–31

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG
4 02364 81893 0
36481 893